

ترجمة الخطب المنبرية
باللغة الفلبينية - تفالوغ

SALIN NG AL-KHUTAB
AL-MIMBARIYAH
SA WIKANG FILIPINO

VOLUME 2

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NG
ACADEMIC COMMITTEE
www.lastmsg.org.ph



ترجمة الخطب المنبرية
Salin ng Al-Khutab Al-Mimbariyah
VOL.2



المقدمة

PANIMULA

بسم الله الرحمن الرحيم

إن الحمد لله نحمده ونستعينه ونستغفره، ونعوذ بالله من شرور أنفسنا وسيئات أعمالنا، من يهده الله فلا مضل له ومن يضلل فلا هادي له، وأشهد أن لا إله إلا الله وحده لا شريك له، وأشهد أن محمدا عبده ورسوله. أما بعد:

قال الله تعالى ﴿سَابِقُوا إِلَى مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا كَعَرْضِ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أُعِدَّتْ لِلَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ ذَلِكَ فَضْلُ اللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَاءُ وَاللَّهُ ذُو الْفَضْلِ الْعَظِيمِ﴾ | الحديد: ٢١ |

ألا وإن من أعظم المسابقة إلى الخيرات اتباع الحسنات بالحسنات، ولما كان يوم الجمعة عيد الأسبوع، وخير يوم طلعت عليه الشمس، ولأهمية خطبة الجمعة في شريعتنا الغراء، ولما لاحظناه من إقبال الخطباء على الاستفادة من الخطب المترجمة في المجلد الأول؛ حرصنا على استمرار مشروع ترجمة الخطب المنبرية باللغة الفلبينية وإصدار المجلد الثاني من المشروع بفضل الله تعالى.

وإننا بهذه المناسبة العظيمة لنشكر الله تعالى أن يسر لنا إتمام هذا الإصدار، ثم نشكر أصحاب الفضل من أبطال مشروع الرسالة الأخيرة الذين قاموا بالترجمة والمراجعة والإخراج، وكذلك نشكر الداعمين لهذا المشروع ونسأل الله تعالى للجميع التوفيق القبول، وأن يكلل هذه الجهود بنفع عظيم يعود على أمة الإسلام، والله وحده المستعان وعليه التكلان، وصلى الله وسلم على نبينا محمد وعلى آله وصحبه أجمعين.

محمد بن الشيبة الشهري

Panimula

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain

Tunay na ang papuri ay para lamang sa Allah. Siya'y ating pinupuri, sa Kanya tayo humihingi ng tulong at sa Kanya tayo humihingi ng kapatawaran. At tayo'y nagpapakupkop sa Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at kasamaan ng ating mga gawain. Sinuman ang gabayan ng Allah ay walang sinumang makapag-ligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang iligaw ay walang sinumang makapag-gabay sa kanya. Ako'y sumasaksi na walang ibang diyos na marapat sambahin liban sa Allah, ang Nag-iisa at walang katambal at ako'y sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿سَابِقُوا إِلَى مَغْفِرَةٍ مِنْ رَبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا كَعَرْضِ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أُعِدَّتْ لِلَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ﴾

ذَلِكَ فَضْلُ اللَّهِ يُؤْتِيهِ مَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ ذُو الْفَضْلِ الْعَظِيمِ ﴿٢١﴾ | الحديد:

“Mag-unahan tungo sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon at Paraiso na ang lapad nito ay tulad ng lapad ng langit at lupa na inihanda para sa mga nanampalataya sa Allah at sa Kanyang Sugo. Yaon ay biyaya ng Allah na ibinibigay Niya sa naisin Niya. Ang Allah ay nagtatagpalay ng biyayang dakila.” [Hadid:210].

Tunay na ang pinakadakilang pag-uunahan sa kabutihan ay ang sundan ang kabutihan ng isang pang kabutihan, at dahil ang araw ng Jumuah ay siyang naging lingguhang kapistahan, at ang pinakamabuting araw na sumikat dito ang araw, at dahil sa kahalagahan ng Khutbah sa araw ng Jumuah sa ating marangal na batas, at dahil sa nakitang pagtanggap ng mga Khutabaa' sa pakinabang ng mga isinaling mga Khutbah sa unang volume; aming pinagsikapan ang pagpapatuloy sa proyektong pagsasalin ng mga Al-Khutab Al-Mimbariyyah sa wikang Filipino, at paglalathala ng ikalawang Volume ng proyektong ito sa pamamagitan ng biyaya ng Allah.

At sa dakilang pagkakataon na ito nais naming magpasalamat sa Allah dahil ginawa niyang madali para sa amin ang pagtapos ng paglalathala nito, at pagkatapos kami ay nagpapasalamat sa mga kapitapitangang miyembro ng LastMsg Project na silang nagsawaga ng pagsasalin, pagwawasto, at paglalathala, at ganon rin kami ay nagpapasalamat sa mga tumulong sa proyektong ito.

Ihinihingi naming sa Allah para sa lahat ang Tawfeeq at Qabul, at mapasaating lahat ang pagsisikap na ito sa pamamagitan ng dakilang pakinabang na babalik sa Ummatul Islam. Sa Allah lamang hinihingi ang tulong at sa Kanya lamang ang pagtitiwala, At ang pagpapala ng Allah at kapayapaan ay mapasa Kanyang Propeta na si Muhammad at sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang kasamahan.

Shaykh Mohammed Ebnasheba As-Shihri

President of Ayah Center, Last Message, and Al-Huda Center

2021 CE- 1442 AH

المجلد الثاني

VOLUME 2



Ang Tawheed Arrububiyah

الخطبة الأولى:

O kayong mga mananampalataya! Katiyakan ang pinakamainam na gawain para sa Allah ang isakatuparan ang paniniwala sa Kanya, at ito ang pinakadakilang obligasyon na inatas Niya sa tao sa mundong ito, sapagka't ito ang dakilang karapatan ng Allah sa Kanyang alipin, at kung sinuman ang ginampanan nang ganap ang karapatang ito, tiyak na makakamit niya ang tagumpay at pangangawisa sa mundo. At kung sinuman ang nagpabaya nito, tiyak na sila ang nalugi at talunan sa mundong ito at sa kabilang buhay, at ito ang malinaw at katiyakang pagkatalo. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَنْ كَانَ فِي هَذِهِ أَعْمَىٰ فَهُوَ فِي الْآخِرَةِ أَعْمَىٰ وَأَضَلُّ سَبِيلًا ۖ﴾

" At sinuman ang bulag dito sa mundo, katiyakan na siya ay magiging bulag din sa kabling buhay at siya ay higit na naligaw sa tuwid na landas."

Kabilang sa nararapat kailangan sa paniniwala sa Allah, mapayapang pananampalataya, at kadalisayan ng Relihiyon, ay ang paniniwala sa Tawheed Arrububiyya, at ang kahulugan nito; Ang matatag at ganap na paniniyak at paniniwala na ang Allah ﷻ ay ang Panginoon ng lahat. Siya ang hari, ang tagapaglikha, tagapamahala at tagapangasiwa nito. At Siya ang tagapanustos nagbibigay ng biyaya ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito. Siya ang nagbibigay ng kapakinabangan, at kapinsalaan, wala Siyang katambal sa kanyang kaharian at wala Siyang tagapangalagang nagmumula sa kahinaan, at walang

sinuman ang makapipigil sa Kanyang utos at walang sinuman ang makapigil sa pagliban ng Kanyang paghatol. Siya ang ganap na may kakayahan sa lahat ng bagay at mga pangyayari.

Katotohanan ang buong daigdig sa paglikha at pangagasiwa nito ay sumasaki at nagpapatotoo sa kaisahan ng Allah sa Kanyang Rububiyyah. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إِنَّ رَبَّكُمُ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ اسْتَوَىٰ عَلَى الْعَرْشِ يُغْشَىٰ اللَّيْلَ النَّهَارُ يَطْلُبُهُ حَثِيثًا وَالشَّمْسُ

وَالْقَمَرُ وَالنُّجُومُ مُسَخَّرَاتٌ بِأَمْرِهِ ۗ أَلَا لَهُ الْخَلْقُ وَالْأَمْرُ ۗ تَبَارَكَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ ﴿٥٤﴾ [الأعراف: 54]

“Katotohanan, ang inyong Panginoon ay ang Allah Na Siyang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw. Pagkaraan, Siya ay pumaitaas [istawa] sa Trono. Kanyang tinatakpan ang gabi ng araw - matuling sinusundan ito, at [Kanyang nilikha] ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, itinalaga sa pamamagitan ng Kanyang kautusan. Walang alinlangan, nasa Kanya ang [kapangyarihan ng] paglikha at pag-uutos. Mapagpala ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.”

At naiulat ni Muslim sa kanyang aklat na Saheh; Katotohanan ang Sugo ng Allah ay nabigay ng khutba o sermon at kabilang sa kanyang nasabi sa kanyang khutba:

"إِنَّ رَبِّي أَمَرَنِي أَنْ أَعْلَمَكُمْ مَا جَهِلْتُمْ مِمَّا عَلَّمَنِي فِي يَوْمِي هَذَا: كُلُّ مَالٍ نَحْلَتُهُ عِبَادِي حَلَالٌ، وَإِنِّي خَلَقْتُ عِبَادِي

حَنَفَاءَ كُلِّهِمْ، وَإِنَّمِ اتَّهَمَ الشَّيَاطِينُ فَاجْتَالَتْهُمْ عَنْ دِينِهِمْ وَأَمَرْتُهُمْ أَنْ يَشْرَكُوا بِي مَا لَمْ أَنْزِلْ بِهِ سُلْطَانًا "

“Katotohanan ako ay nautusan ng aking Panginoon na turuan kayo nang mga bagay na hindi ninyo alam na itinuro sa akin sa araw na ito: Ang lahat ng kayamanan na ipinagkaloob sa Aking mga alipin ay halal, sila ay Aking nilikha na matuwid na naniniwala sa kaisahan ng Allah, at dumating sa kanila ang shaytan at iniligaw sila sa kanilang relihiyon at initusan sila na magtamabal sa akin.”

Tulad kung papaano ang mga nilalang ay likas na sa kanila ang paniniwala sa kaisahan ng Allah sa Kanyang rububiyyah(pagkapanginoon) at tiyak na Siya ang

pinakamalaki, pinakadakila at pinakakompleto sa lahat ng bagay. At tunay na Siya ang tagapaglikha, tapagtustos, ang nagbibigay ng buhay at kumukuha nito. Siya ang hari at ang tagapangasiwa ng daigdig na ito sa paglikha at pagkontrol nito na hindi kailangan pang saliksikin at bigyan ng katuwiran, tunay na ito ang mapayapang likas na paniniwala na hindi nabago at napalitan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿فَأَنزَلَ لِّلدِّينِ حَنِيفًا ۖ فِطْرَتَ اللَّهِ الَّتِي فَطَرَ النَّاسَ عَلَيْهَا لَا تَبْدِيلَ لِخَلْقِ اللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ الدِّينُ الْقَيِّمُ وَلَٰكِن أَكْثَرُ النَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ﴾

[الرُّوم: 30]

"Kaya, iyong ibaling ang iyong mukha [o sarili] tungo sa [matwid na] relihiyong Hanifah [ang tuwirang pagsamba sa Allah]. [Sumunod sa] Fitrah ng Allah [likas na pagkilala sa Allah] na kung saan ito [ang Fitrah] ay Kanyang nilikha para sa [lahat ng] tao. Walang [dapat magkaroon ng] pagbabago sa mga nilikha ng Allah. Iyan ang matçwid na relihiyon, nguni't karamihan sa mga tao ay hindi nakababatid [nito]"

At sa hadith na nagmula kay Abu Huraira-kalugdan nawa siya ng Allah- Ang Sugo ng Allah ay nagsabi:

"كل مولود يولد على الفطرة فأبواه يهودانه أو ينصرانه أو يمجسانه."

"Ang lahat ng tao na ipinanganak ay may likas na paniniwala sa Allah, ngunit sila ay naging hudyo, kristiyano at pagano dahil ito ang ipinamulat sa kanila ng kanilang mga magulang."

O kayong mga mananampalataya! Kung ito nga ang kahulugan ng Tawheed Arrububiyah, tiyak na ito ay may dakilang kahalagahan sa buhay ng mga alipin, at ito ay mayroong mga kainaman at kabutihan. At ito ay mababatid lamang nang sinumang nagpapatunay at nagpapatotoo sa Allah sa kaisahan ng Kanyang Rububiyah mula sa paglikha, pagbuhay, pagpatay, kapakinabanagan, kapinsalaan, kaligayahan, kalungkutan, kaharian, pamamahala sa sandaigdig ay tiyak na isusuko

ang kanyang sarili at tatalima sa kaisahan ng Allah na Makapangyarihan sa lahat ng bagay. At batid niya na anumang mga bagay o pangyayari na dumating sa kanya ito ay itinakda para sa kanya, at anumang mga bagay na hindi itinakda para sa kanya ay hindi darating sa kanya. At ang lahat ay nangyayari sa utos at kapasyahan ng Allah. At kapag siya ay nakapasok ng paraiso ito ay dahil sa patnubay at kabutihan ng Allah, at kapag siya ay nakapasok sa impiyernong apoy ito ay dahil sa karunungan at katarungan ng Allah. At kung ito ay kanyang nalaman siya ay babalik sa kanyang Lumikha upang humingi ng tulong sa mga bagay na magbibigay sa kanya ng kapakinabangan at ilayo siya sa mga bagay na makakapinsala sa kanya at hihiling ng gabay at patnubay na matahak ang tuwid na landas. At ito ang dahilan na magbibigay ng malaking pagmamahal sa puso ng alipin sa kanyang Panginoon, at uunahin niya ang mga bagay o gawain na ninanais ng kanyang Panginoon para sa kanya at ito ang dahilan upang makamit ang pagkatakot sa Allah, ang Kanyang kadakilaan at paggalang sa Kanya. Ang Tawheed Arrububiyyah ang siyang pintuan upang makapasok ang alipin sa Tawheed Al-uluhiyyah, kaya't huwag ibaling ang mga pagsamba o pagsunod o anumang mga gawain maliban na ito ay para sa Allah lamang na nag-iisa upang sa gayun ay mabubuo sa sarili ng isang alipin ang pagmamahal, pangangamba, pagkakontento, at pagbabalik-loob, pagpapahalaga at paggalang sa Allah na bukod tangi.

At kabilang sa kanyang kainaman; tiyak na hindi mawawala ang kalungkutan sa sarili, mananatiling magulo ang mga kaisipan at hindi matatanggal ang pagkabahala at pagkabalisa sa mga dibdib maliban kung ang mga pananaw ay maging tiyak at isusuko ang mga kaisipan na Siya ang Allah ang nag-iisa, ang bukod-tangi na inaasahan ng Kanyang mga alipin sa lahat ng kanilang pangangailangan, ang Ganap at sandigan o inaasahan ng lahat, ang Tagapagpuwersa na kontrolado Niya ang lahat, ang tanging Makapagmamalaki, ang Tagapabigay ng buhay at bumabawi nito, na sa Kanyang mga kamay ang lahat ng pangyayari at nasa Kanya din ang pagbabalik ng lahat ng pangyayari.

﴿ قُلْ مَنْ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أَمَّنْ يَمْلِكُ السَّمْعَ وَالْأَبْصَارَ وَمَنْ يُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ الْمَيِّتَ مِنَ الْحَيِّ وَمَنْ يُدِيرُ الْأَمْرَ

فَسَيَقُولُونَ اللَّهُ فَقُلْ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٣١﴾ [يونس: 31]

“Sabihin: “Sino ang nagbigay-panustos sa inyo mula sa kalangitan at sa kalupaan? At sino ang nakapangyayari [upang kayo ay magkaroon] ng pandinig at paningin? At sino ang bumubuhay sa mga patay at sino ang nagdudulot ng kamatayan sa mga nabubuhay? At sino ang tagapangasiwa ng mga pangyayari?” Sila ay magsasabi: “Ang Allah.” Kaya sabihin: “Hindi ba kayo, kung gayon natatakot sa Kanya?”

O kayong mga Muslim! Kabilang din sa mga kainaman nito; tunay na ang isang alipin, kung natitiyak niya na mayroon siyang Panginoon na may kakayahan ng lahat, maawain sa Kanyang mga tagapaglingkod, at Siya ang Makatarungan na hindi gumagawa ng pandaraya at hindi nalulugod sa paggawa nang kawalang-katarungan, at gumaganti sa paggawa ng pandaraya at tumutulong sa mga naapi, nagtiis at naging matatag sa kaisahan ng Allah at sa pagsunod sa Kanya, naging malaya mula sa pagkaalipin ng mga nilalang, hindi nagpatalo sa mga tukso at pagsubok, tumungo siya sa kanyang Panginoon sa pamamagitan ng pagdarasal, paghahanap ng kanlungan at pagpapakupkop sa Kanya, lagi siyang natatakot sa kanyang kapabayaan at pagkakasala at wala na sa kanyang puso ang pagkatakot maliban sa Allah ang Makapangyarihan sa lahat, at nanabik sa kanyang paraiso, tunay na iyon ay kabilang sa pinakadakilang pagpapala at biyaya. At katotohanan ang shaytan ay walang kapangyarihan laban sa mga tunay na naniniwala sa kaisahan ng Kanyang Panginoon. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ إِنَّهُ لَا يَسْ لَهٗ سُلْطٰنٌ عَلَى الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَلٰى رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٩٩﴾ [النحل: 99]

“Katotohanan, ang shaytan ay walang kapangyarihan laban sa mga naniniwala at nagtitiwala sa kanilang Panginoon.”

At sa pamamagitan lakas ng paniniwala ng alipin sa kaisahan ng Allah ay may mas lalong siyang pangangalagaan at ipagtatanggol ng Allah. Sinabi ng Allah:

﴿ إِنَّ اللَّهَ يُدْفِعُ عَنِ الَّذِينَ ءَامَنُوا إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ كُلَّ خَوَّانٍ كَفُورٍ ﴾ [الحج: 38]

"Katotohanan, ipinagtatanggol ng Allah yaong mga naniniwala. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang lahat ng nagtataksil [at] walang pasasalamat."

At kung sinuman ang isinakatuparan ang tawheed, tunay na siya pangangalagaan ng Allah mula sa mga kasamaan at kasalanan. Sinabi ng Allah:

﴿ كَذَلِكَ لِنَصْرِفَ عَنْهُ السُّوءَ وَالْفَحْشَاءَ إِنَّهُ مِنْ عِبَادِنَا الْمُخْلَصِينَ ﴾ [يوسف: 24]

"Ganyan nga Namin inilayo sa kanya ang kasamaan at kahalayan. Katotohanan, siya ay isa sa Aming mga [pinili] matapat na alipin."

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah! pagkatapos nating nalaman ang tunay na konsepto ng Tawheed Arrububiyyah at ang mga kahalaganaan at maraming kainaman nito na makakamit ng mga alipin sa mundong ito at sa kabilang buhay, gayunpaman, may mga iilang mga maling paniniwala na marapat nating mabatid at malaman upang ito ay maiwasan, at ito ang mga sumusunod:

Ang paniniwala na mayroon sa mga awliyah na kakayahang mangasiwa ng sandaigdigan. At sila ay nakakapagbigay ng kapakinabangan at kapinsalaan, at ang ganitong uri ng paniniwala ay kabilang sa shirkh o pagtatambal sa tawheed arrububiyyah, sapagka't ang Allah lamang ang Siyang tanging tagapangasiwa at may ganap na kakayahan sa lahat ng bagay. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَالَّذِينَ تَدْعُونَ مِنْ دُونِهِ مَا يَمْلِكُونَ مِنْ قِطْمِيرٍ ﴾ [١٣] إِنَّ تَدْعُوهُمْ لَا يَسْمَعُوا دُعَاءَكُمْ وَلَوْ سَمِعُوا مَا اسْتَجَابُوا لَكُمْ وَيَوْمَ

الْقِيَامَةِ يَكْفُرُونَ بَشِرْكُمْ وَلَا يُبَيِّنُكَ مِثْلُ خَبِيرٍ ﴿ [فاطر: 14-13]

“Subalit ang inyong mga sinasamba bukod sa Kanya ay wala silang pagmamay-ari na kahit na kasinglaki ng Qitmīr-manipis na hibla na nakabalot sa buto ng datiles, Kung kayo ay dumalangin [o manawagan] sa kanila, sila ay hindi nakaririnig ng inyong mga panalangin; at kung [sakali mang] sila ay nakaririnig, sila ay hindi makatutugon para sa inyo. At sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, kanilang itatakwil ang inyong ugnayan [o pagtatambal] sa kanila. At walang makapagbabalita [nito] sa iyo [O, Muhammad] tulad ng [Isang] Nakababatid [ng lahat].

Gayundin ang paniniwala na ang mga Jinn ay nagtataglay na mga gawain na labas sa kagustuhan ng Allah, yaon ang dahilan na sila ay pinapangambahan at kinakatakutan. At ito ang nagdala sa kanila upang mag-alay ng mga hayop at humingi ng tulong sa kanila. Tunay na kung sinuman ang gumawa nito ay nakagawa ng shirk o pagtatambal at hindi isinakatuparan ang tawheed arrububiyah, sapagka’t ang Allah lamang ang nag-iisang tagapangasiwa ng lahat ng bagay sa sandaigdigan.

At kabilang din sa maling paniniwala sa tawheed arrububiyah ang pagpapahintulot sa mga ipinagbawal at pagbabawal sa mga ipinahintulot at pagpapatupad ng mga batas na salungat sa mga utos ng Allah, tunay na ito ay shirk o pagtatambal sa tawheed arrububiyah; sapagka’t ang nagmamay-ari lamang ng pag-uutos at paghahatol at pagsasabatas ay ang Allah lamang.

At gayundin ang paniniwala na mayroong pang ibang nakaaalaman ng mga gayb-mga lingid na mga bagay-maliban sa Allah na walang pahintulot o hindi kabilang sa mga taong pinagsabihan ng Allah. Tunay na sila ay mga mushrikoon walang paniniwala sa tawheed arrububiyah; sapagka’t ang pagkakaroon ng kaalaman hinggil sa mga lingid na mga bagay ay kabilang sa katangian ng Panginoon na Siyang may hawak na buhay at kamatayan ng Kanyang mga nilikha, ang paraiso at impiyerno. Siya ang Allah ang Tagapaglikha at Tagapangasiwa ng lahat. At mayroon ding paniniwala na may mga katulong ang Allah sa paglikha, pangagasiwa

at pag-utos, o di kaya'y ang paniniwala na ang Allah ay may anak at iba pa. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿شَهِدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُوا الْعِلْمِ قَائِمًا بِالْقِسْطِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ﴾ [آل

عمران: 18]

"Ang Allah ay sumasaksi na walang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya, at [sumasaksi rin] ang mga anghel at yaong mga may kaalaman; [Kanyang] pinangangalagaan [ang Kanyang mga nilikha] nang makatarungan. Walang diyos maliban sa Kanya; ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."

Mga Alipin ng Allah! Katotohanan ang kaisahan ng Allah ay maihahalintulad sa isang hiyas o kayamanan na marapat na pangalagaan mula sa sarili, pagnanasa at sa satanas, sapagka't ito ang pinakamahalaga at pinakamamahal na mayroon ang isang tao. Ito ang makapagbibigay sa kanya ng kasiyahan sa kanyang Relihiyon, sa mundong ito at sa kabilang buhay, at ito din ang nag-iisang dahilan upang siya ay makapasok sa paraiso at makaligtas sa impiyerno, kaya't pangalagaan ang inyong tawheed sa inyong Panginoon at patatagin ang inyong pananampalataya upang sa gayun ay magtagumpay kayo sa mundo at sa kabilang buhay, sinabi ng Propeta ﷺ:

"خير ما قلت أنا والنبيون من قبلي: لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، وهو على كل شيء

قدير" (رواه الترمذي)

"Ang pinakamainam na sinabi ko at ang mga naunang mga Propeta bago ako ay ang pagsabi ng: walang ibang Diyos na marapit sambahin maliban sa Allah na nag-iisa at walang pagtatambal sa Kanya, sa Kanya ang kaharian at kapurihan, at Siya ang may kakayahan ng lahat."



Ang Tawheed Al-Uluhiyyah

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa pananampalataya! Inyong alamin -kahabagan nawa kayo ng Allah- katiyakan ang layunin kung bakit inangat ang kalangitan, ipinatag ang kalupaan, ipinanaog ang mga kasulatan, ipinadala ang mga Sugo at Propeta, ipinatupad ang mga kaparusahan, isinabatas ang mga batas, inilabas ang mga espada para sa pakikibaka sa landas ng Allah at dahil dito ay nahati ang mga nilikha sa dalawang bahagi; Sila yaong mga nagtagumpay at mga napahamak at nalugi. At ang layuning ito ay walang iba kundi ang Kaisahan ng Allah sa pagsamba sa Kanya at pagbubukod-tangi sa Kanyang Uluhiyyah na kung saan ito ang karapatan ng Allah sa Kanyang mga alipin. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَا خَلَقْنَا السَّمَاءَ وَالْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا لِعِبَادٍ ۚ لَوْ أَرَدْنَا أَنْ نَتَّخِذَ لَهُمْ لَآخِذَةً مِّنْ لَّدُنَّا إِن كُنَّا فَاعِلِينَ ۝﴾ [الأنبياء: 16]

[17]

“At hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa pagitan ng mga ito para sa paglalaro lamang, at kung Aming ninais lamang na kumuha ng libangan, Kami ay maaaring kumuha nito mula sa [anumang] nasa Aming Sarili, kung [tunay nga na] Aming gagawin [ang gayon].

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِعِبَادِي ۚ مَا أُرِيدُ مِنْهُمْ مِنْ رِّزْقٍ وَمَا أُرِيدُ أَنْ يُطْعَمُوا ۚ إِنَّ اللَّهَ هُوَ الرَّزَّاقُ ذُو الْقُوَّةِ الْمَتِينُ ۝﴾

[الذاريات: 56-58]

“At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban upang sila ay sumamba sa Akin [tanging sa Akin lamang] wala Akong hinahangad mula sa kanila ng anumang panustos. At wala Akong hinahangad na Ako ay kanilang pakainin Katotohanan, ang Allah ay Siyang [lagi nang] Tagapanustos, ang matatag na nagtataglay ng Lakas”...

Tunay na sila ay nilikha upang sambahin lamang Siya. Manampalataya sila sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya. Nilikha sila upang kilalanin Siya ng lubusan, manumbalik sa Kanya at sa Kanya lamang humingi ng tulong sa lahat ng bagay at pangyayari.

Ano nga ba ang tunay na konsepto ng Tawheed Al-uluhiyyah? Ano pa ang ibang katawagan sa kanya? at ano ang mga bagay na kinakailangan gawin sa paniniwalang ito?

Ang tunay na konsepto ng Tawheed Al-uluhiyyah; ang pagkakaroon ng kaalaman ng isang alipin at panininiwala na may kalakip na kaalaman at katiyakan na ang Allah ang Siyang “Ma’luh” at ang “Ma’bud” ang Diyos na marapat lamang sambahin at marapat pag-ukulan ng pagsamba. At ang katangian ng Uluhiyyah at ang mga kahulugan nito ay walang nagtataglay ni isa sa Kanyang mga nilikha at hindi ito nararapat para sa kanila maliban sa Allah lamang, at ang lahat ng sinamba na mga diyus-diyosan bukod sa Allah ay kabulaanan at kasinungalingan, at ang lahat ng pagsamba na ibinaling sa iba bukod sa Kanya, ito ay kaligawan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ذَٰلِكَ بِأَنَّ اللَّهَ هُوَ الْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُونَ مِن دُونِهِ هُوَ الْبَاطِلُ وَأَنَّ اللَّهَ هُوَ الْعَلِيُّ الْكَبِيرُ﴾ [الحج: 62]

“Iyan ay sapagka’t ang Allah, Siya ang Katotohanan at ang anumang kanilang tinatawagan [dinadalanginan] bukod sa Kanya ay kabulaanan, at sapagka’t ang Allah ang Kataas-taasan, ang Dakila.

Samakatuwid, ang kinakailangan sa paniniwalang ito na marapat na isaalang-alang ang Kaisahan ng Allah sa pagsamba sa Kanya at sa Kanya lamang iukol ang lahat ng uri ng pagsamba at hindi sa iba, kaya’t sambahin lamang ang Allah at huwag siyang ipagtambal.

Mga alipin ng Allah! Katotohanan ang Tawheed Al-Uluhiyyah ang pinakamahalagang uri ng tawheed at may pinakamataas na antas at katayuan. Sinabi ni Shiekh Al-Islam Ibn taymiyyah-kaawaan nawa siya ng Allah- habang siya ay nagpapaliwanag hinggil sa tawheed al-uluhiyyah: Tunay na ang pagsamba sa Allah ang siyang pinakalayunin na kaibig-ibig at kalugud-lugod para sa Kanya na kung kaya't nilikha ang mga nilalang, tulad ng sinabi ng Allah:

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ٥١﴾

“At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban upang sila ay sumamba sa Akin [tanging sa Akin lamang]”

At ito rin ang dahilan sa pagpadala sa mga Propeta, tulad ng sinabi ni Nuh sa kanyang nasyon, Sinabi ng Allah:

﴿فَقَالَ يَتَوَمَّرُ أَعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِّنْ إِلَهِ غَيْرُهُ ٥١﴾

“O aking mga sambayanan! sambahin ninyo ang Allah, wala kayong ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya.

Ang kahalagahan ng Tawheed Al-uluhiyyah pinapanatili nito ang katotohanan na ito ang layunin sa paglikha at paglalang, ito ang landas sa tagumpay at kaligayahan, at ang tanging paraan upang maabot ang Panginoon ng mga alipin; sapagkat ang isang tao ay hindi magiging matuwid sa relihiyon, at hindi magiging maayos para sa kanya ang mundo, at hindi siya maliligtas sa kabilang buhay kung hindi niya sasambahin ang Allah sa pamamagitan ng paniniwala sa tawheed, at maging Ikhlas (dalisay) ang kanyang pagsamba at layuan ang lahat ng sinasamba maliban sa Kanya.

O Kayong mga Muslim! Ang katibayan mula sa Banal na Qur'an ay nagpakarami at napakalinaw, at gayun din mula sa Sunnah. At napakaraming mga katibayan na tumtukoy sa pag-obliga ng kaisahan sa pagsamba sa Allah. Minsan ang

mga teksto ay nagpapahiwatig bilang direktang pag-uutos sa Tawheed, at kung minsan ay dumarating upang ipaliwanag ang layunin kung bakit nilikha ang jinn at sangkatauhan, at kung minsan ay bilang babala mula sa mga kahihinatnan ng paglabag sa uri ng tawheed na ito, at kung minsan ay bilang paglilinaw sa mga gantimpala sa sinumang ginampanan ang tawheed na ito dito sa mundo at sa kabilang buhay, at parusa sa sinumang nag-iwan nito at kinalaban ang mga naniwala dito.

Matatagpuan sa Qur'an at Sunnah ang katibayan na nagpapasya at nagpapatotoo ng tawheed Al-uluhiyyah na may pinakamahusay na ulat at may pinakamatibay na katibayan, na hindi kailanman kayang talunin ng isang kalaban at sa harap ng isang taong malakas makipagtalo, at ang mga ito ay may iba't ibang uri: ang ilan sa mga ito ay bilang isang obligasyon para sa mga walang pananampalataya na naniniwala sa Tawheed-Arrubiyyah upang paniwalaan ang pagkakaugnay ng tawheed al-uluhiyyah na kanilang itinatanaggi. At kabilang din sa mga ito ay ang pagpapahayag ng mga katangian ng Diyos na kanilang sinasamba bukod sa Allah dito sa mundo at sa kabilang buhay na tumutukoy na hindi sila karapat-dapat sambahin, at bukod dito ay ang paalala sa mga hindi mananampalataya sa mga bagay na nagpapaalala sa kanilang mga sarili sa paniniwala sa tawheed at sila ay walang sapat na katibayan o argumento sa kanilang pagtatambal, at kabilang din dito ang pagpapahiwatig na ang paghahatol at paghuhukom ay tanging sa Allah lamang bilang batas at gantimpala, at napapaloob din dito ang pagsang-ayon sa mga makalangit na mga kapahayagan na ang Allah lamang ang marapat sambahin.

Kabilang sa mga katibayan nito mula sa Banal na Qur'an at Sunnah na pag-oobliga na ang Allah lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba at ang paniniwala sa tawheed Al-uluhiya ay ang mga sumusunod na mga talata:

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ اعْبُدُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ وَالَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿٢١﴾﴾ [البقرة: 21]

"O sangkatauhan, sambahin ninyo ang inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay [matutong] matakot [sa Kanya]."

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾

"At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban upang sila ay sumamba sa Akin [tanging sa Akin lamang]"

﴿إِنَّا نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ تَسْتَعِينُ﴾ [الفاتحة: 5]

"[Tanging] Ikaw lamang po ang aming sinasamba, at [tanging] Ikaw lamang po ang aming hinihingan [ng tulong]"

At ang mga katibayan mula sa Sunnah ng Propeta ﷺ ang hadeeth na nagmula kay Mu'ad Ibn Jabal –kalugdan nawa siya ng Allah- kanyang sinabi:

عن معاذ -رضي الله عنه- قال: كنت رديف النبي -صلى الله عليه وسلم- على حمار فقال لي: "يا معاذ، أتدري ما حق الله على العباد؟ وما حق العباد على الله؟"، قلتُ: الله ورسوله أعلم، قال: "حق الله على العباد أن يعبدوه ولا يشركوا به شيئاً، وحق العباد على الله ألا يعذب من لا يشرك به شيئاً"، قلت: أفلا أبشّر الناس؟ قال: "لا تبشّروهم فيتكلّوا".

"Noong ako ay nakasakay sa isang asno kasama ang Propeta ﷺ, Siya ay nagsabi: 'O Mua'd! Alam mo ba ano ang karapatan ng Allah sa Kanyang mga alipin? At ano ang ang karapatan ng mga alipin sa Allah? Sabi ko: Tanging ang Allah at ang Kanyang sugo lamang ang nakaaaalam, kanyang sinabi: 'Ang karapatan ng Allah sa Kanyang mga alipin ang sambahin lamang Siya at huwag Siyang ipagtambal kahit kanino man, at ang karapatan ng mga alipin sa Allah na huwag parusahan ang sinumang hindi nagtambal sa Kanya' at ang sabi ko: sasabahin ko ba ito sa mga tao? Sagot niya: 'huwag mong sasabihin sa kanila at sila ay aasa na lamang dito."

Mga alipin ng Allah! Ang Tawheed Al-uluhiya ay mayroong mga malaking kainaman, magandang mga epekto at mabuting mga bunga na makakamit ng isang tunay na nanampalataya sa kaisahan ng Allah at ito ay ang mga sumusunod:

Ang lahat ng mga gawain ng mga alipin lantaran man o lingid ito'y tatangapin lamang, makukompleto at makakamit ang gantimpala nito sa pammagitan ng tawheed. At sa tuwing lumalakas o tumitibay ang tawheed ng isang alipin at ang ikhlas o kadalisan sa Allah ay mas lalong lalakas at makukompleto ito. Sinabi ng Allah:

﴿فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا﴾ [الكهف: 110]

“Sinumang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon - hayaan siyang gumawa ng mga gawaing matwid at huwag siyang magtambal ng isa man sa pagsamba sa kanyang Panginoon.”

At kabilang din sa mga kainaman nito ay makakamit ng alipin ang kumpletong gabay at ganap at kapayapaan at kapanatagan sa kabilang buhay, at tunay na hindi ito makakamit maliban sa tawheed. Sinabi ng Allah:

﴿الَّذِينَ آمَنُوا وَلَمْ يَلْبِسُوا إِيمَانَهُمْ بِظُلْمٍ أُولَٰئِكَ لَهُمُ الْأَمْنُ وَهُمْ مُهْتَدُونَ﴾ [الأنعام: 82]

“[Ang may karapatan sa kaligtasan ay] yaong mga naniniwala at hindi hinahaluan ang kanilang paniniwala ng kamalian, sila yaong may kaligtasan at sila ay [matwid na] napatnubayan.”

At kabilang din sa kainaman at mga bunga nito; ng dahil sa naging ganap ang tawheed sa puso ng isang alipin ang mga kaunting mga gawain ay nagiging madami at nadudoble ang mga gantimpala nito na hindi nabibilang. Sinabi ni Shiekh Abdurahman Assediy- kahabagan nawa siya ng Allah: “kabilang sa mga dahilan kung bakit dinudoble ang gantimpala ng mga mabuting Gawain; tamang aqeeda o

paniniwala at malakas at matibay na pananampalataya sa Allah at sa Kanyang mga katangian’

At kabilang din sa kainaman nito: Ang mga taong naniwala dito sila ang mga yaong nagtagumpay sa pamamagitan ng tulong ng Allah. Sinabi ng Allah:

﴿وَعَدَ اللَّهُ الَّذِينَ آمَنُوا مِنْكُمْ وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ لَيَسْتَخْلِفَنَّهُمْ فِي الْأَرْضِ كَمَا اسْتَخْلَفَ الَّذِينَ مِنْ قَبْلِهِمْ وَلَيُمَكِّنَنَّ لَهُمْ دِينَهُمُ الَّذِي ارْتَضَى لَهُمْ وَلَيُبَدِّلَنَّهُمْ مِنْ بَعْدِ خَوْفِهِمْ أَمْنًا يَعْبُدُونَنِي لَا يُشْرِكُونَ بِي شَيْئًا ۚ﴾ [النور: 55]

“Pinangakuan ng Allah yaong mga naniwalang kabilang sa inyo at gumawa ng mga gawaing matwid; na katiyakan, sila ay pagkakalooban Niya nito [ng karapatang] halinhan [o palitan] ang [pamunuan ng] kalupaan tulad ng pagkakaloob Niya nito sa mga nauna sa kanila. At katiyakan na itatatag Niya [rito] para sa kanila ang kanilang relihiyon na Kanyang pinili para sa kanila at katiyakang pagkaraan ng kanilang pangamba, ito ay papalitan Niya ng katiwasayan para sa kanila [sapagka't] sila ay sumasamba sa Akin, sila ay hindi nagtatambal sa Akin ng anupaman. Nguni't sinuman ang mga di-naniwala pagkaraan niyan - sila ang mga suwail.”

At kabilang sa pinakamainam na bunga na makakamit ng isang alipin mula sa tawheed na ito; ito ang dahilan na makakapasok siya ng paraiso at hadlang sa Impiyerno. Tulad sa Hadeeth na mula kay itbha'n: Sinabi ng propeta ﷺ:

"فَإِنَّ اللَّهَ قَدْ حَرَّمَ عَلَى النَّارِ مَنْ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ يَبْتَغِي بِذَلِكَ وَجْهَ اللَّهِ"

“Katiyakan na ipinagbawal ng Allah ang Impiyerno sa sinumang nagsabi: walang ibang Diyos na marapat sambahin maliban sa Allah, at kanyang hinahangad dito ang gantimpala ng Allah”

At sinabi din ng Propeta ﷺ:

"من مات وهو يعلم أن لا إله إلا الله دخل الجنة" (رواه مسلم).

“Sinuman ang namatay at batid niya na walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allah ay makakapasok na paraiso”

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah! Pagkatapos nating marinig ang mahalagang katayuan at kainaman o kahigitan ng Tawheed al-uluhiya, nararapat lamang sa isang muwahhid o naniwala sa kaisahan ng Allah na mag-ingat sa lahat ng mga nakakabawas o nakakasira ng kanyang tawheed, huwag ibaling sa iba ang mga gawaing pagsamba maliban sa Allah, ito man ay pagsamba sa pamamagitan ng puso, salita o gawa, sapagka't ito ay nararapat na dalisay para sa Allah lamang na hindi marapat na ibaling sa iba. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ ﴾ [الإسراء: 23]

“At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya,”

O kayong mga Muslim! Napakarami ng mga larawan at halimbawa ng mga gawain ng pagtatambal sa tawheed al-uluhiya, kaya't magbabangit tayo ng ilang mga halimbawa nito:

Kabilang dito; Ang pagtatambal sa pamamagitan ng layunin at kagustuhan, at ang ganitong uri ng pagtatambal ay walang ibang gumagawa nito maliban ang mga taong munafiq o magpagkunwari, at ito ay kabilang sa malaking nifaq na kung saan pinapahayag ng lantaran ang Islam at itinatago ang kufur. Sinabi ng Allah:

﴿ وَإِذَا لَقُوا الَّذِينَ ءَامَنُوا قَالُوا ءَامَنَّا ﴾ [البقرة: 14]

“At kapag kanilang nakakaharap yaong mga naniniwala, sila ay nagsasabi: “Kami ay naniniwala.”

At kabilang din sa uri ng pagtatambal; ang panunumpa sa iba bukod sa Allah, sinabi ng Propeta ﷺ:

"من حلف بغير الله فقد أشرك" (رواه أبو داود والترمذي).

“Sinuman ang nanumpa sa iba bukod sa Allah ay nakagawa ng Shirk o pagtatambal”.

At gayun din ang manalangin sa iba bukod sa Allah, na hihingi ang tao bukod sa Allah ng dalangin upang siya ay biyayaan ng kanyang mga ninanais o ilayo siya sa mga kapahamakan, at napapaloob din dito ang paghingi ng tulong, pagpapakupkop, paghingi ng saklolo at paghingi ng proteksyon.

At kabilang sa pinakamalaking uri o larawan ng pagtatambal; Ang pag-alay sa iba bukod pa sa Allah upang mapalapit sa nilikha bilang pagdadakila at pagpapakumbaba. Kaya’t sinuman ang nag-alay upang mapalapit sa nilikha tiyak na siya ay nakagawa ng malaking pagtatambal. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ قُلْ إِنْ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١٦٢﴾ لَا شَرِيكَ لَهُ ۚ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ ﴿١٦٣﴾ ﴾ [الأنعام: 162-163]

“Sabihin, “Katotohanan, ang aking pagdarasal, ang aking ritwal [ng pag-aalay], ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha”

Mag-ingat na baka ikaw ay madulas na makagawa ng kamangmangan sa gawaing shirk at mga antas ng kaligawan sapagka’t ang iba nito ay malinaw at malinawag, at ang iba naman ay nakatago at nakalingid. Walang nakakabatid nito maliban sa mga yaong pinagkalooban ng Allah na kaalaman at patnubay.



Ang Kaisahan Ng Allah Sa Kanyang Mga Pangalan At Katangian

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pag-alam at pagkilala sa Allah ay isang haligi mula sa mga haligi ng paniniwala, bagkus ito ang punot-dulo ng paniniwala, at ang lahat ng ibang paniniwala ay kasunod lamang sa paniniwala at pagkilala sa Allah. At ang pag-aaral sa mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah ay ang pinakamainam at pinakanararapat na malaman at maintindihan ng ating mga puso at pag-iisip. Sinabi ni Ibn Al-Qayyim rahimahullah:

(أَطْيَبُ مَا فِي الدُّنْيَا مَعْرِفَتُهُ سُبْحَانَهُ وَجَبَّتْهُ)

“Ang pinakamaganda at pinakadalisay na napapaloob sa mundo ay ang pagkilala sa Allah, at ang pagmamahal sa Kanya.”

Inyong alamin na ang pinakamahalagang parte ng paniniwala sa Allah -na kung saan ang pinaka-unang dapat paniwalaan ng isang tao- ay ang pag-alam at pagtuklas sa mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah. Dahil katotohanan na ang kaalamang makukuha sa pag-aaral ng mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah ay ang pinakamarangal at pinakadakilang kaalaman na makukuha ng tao. Ito’y dahil ang karangalan ng kaalaman ay depende kung patungkol saan ito; at tunay nga na ang kaalaman ng pag-aaral sa mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah ay patungkol sa Allah (ang Panginoon ng sanlibutan). At kung sinuman ang manaliksik ng kaalamang ito ay tunay ngang nanaliksik ng pinakamataas at pinakamarangal na kaalaman.

Mga alipin ng Allah, ang dahilan kung bakit ang pinakamahalaga at pinakamarangal na kaalaman ay ang pag-aaral sa mga mabubuting pangalan at mga katangian ng

Allah ay dahil ito’y bahagi ng paniniwala sa Allah. Na kung saan hindi magiging wasto at kumpleto ang paniniwala sa Allah ng isang alipin kung hindi niya ito aaralin o aalamin. At kung hindi ito paniwalaan ng isang alipin tulad kung paano ito pinaniwalaan ng mga Salaf ay hindi niya masasamba ng tama ang Allah, at maaring siya ay mahulog o makasama sa mga taong naligaw ng landas na sila’y paparusahan ng Allah. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿وَذَرُوا الَّذِينَ يُلْحِدُونَ فِي أَسْمَاءِهِ سَيُجْزَوْنَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ﴾ [الأعراف: 180]

“At lisanin yaong (pangkat ng) mga nagsisilihis hinggil sa Kanyang mga pangalan. Sila ay babayaran para sa mga anumang lagi nilang ginagawa.”

Mga kapatid sa Islam, ang pag-aaral, pagsasa-isip at pag-intindi ng totoong ibig-sabihin ng mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay nagdudulot ng dakila, mabubuti, at magagandang resulta para sa isang alipin. At ito’y tumutulong sa kanya na mas masamba pa niya ang Allah sa maraming paraan, at mas makikilala niya ang Allah na Siyang lumikha sa kanya, at para maisagawa niya ang dahilan kung bakit siya nilikha ng Allah; at iyon ay ang sambahin Siya. At kapag hindi makilala ng isang alipin ang Allah ng wasto at tama ay hindi niya maisasagawa ng mabuti ang kanyang pagsamba; kaya naman nararapat sa kanya na kilalanin ng husto ang Allah sa pamamagitan ng pag-alam ng Kanyang mga mabubuting pangalan at mga katangian.

Ang pag-alam at pagkilala sa Allah ng isang alipin ay katotohanang tinutulak siyang mas mahalín ang Allah, mas matakot at mangamba sa Allah, at mas pagbutihin niya ang kanyang mga gawa na inaalay niya para sa Allah na kung saan ang mga ito ay nagiging dahilan ng kanyang pagiging pinakamasayang alipin ng Allah.

Ang pagiging malinis at dalisay ng ating mga puso at sarili, at pagiging matibay at matuwid sa pagsamba sa Allah ay katunayang resulta rin ng pag-aaral at pagtuklas sa mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah.

At ang pag-aaral at pagtuklas sa mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay nagliligtas sa isang alipin mula sa mga masasama, gumagabay at nagtuturo sa kanya sa kabutihan, at nagpapatibay sa kanya sa kanyang paniniwala, at nagpapalakas ng kanyang pagtitimpi.

Mga kapatid sa Islam, kapag nakilala ng isang alipin ang Allah, at kanyang nalaman ang mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah, at kanyang inisip at isinapuso ang mga ibig-sabihin at mga katangian nito, ay tiyak na makakaapekto ito sa kanya ng napakalaki. Dahil ang mga pangalan at katangian ng Allah na tulad ng Al-Adheem (Ang Dakila) at Al-Kabir (Ang Malaki); ay pupunoin nito ang puso ng isang alipin ng lubos na pagdadakila sa Allah. Ang mga pangalan namang Al-Jameel (Ang Dalisay), Al-Barr (Ang Mabuti), Al-Muhsin (Ang Mabait), Ar-Rahman at Ar-Raheem (Ang Mahabagin at Maawain), Al-Jawwaad (Ang Mapagbigay); ay pupunoin nito ang puso ng isang alipin ng pagmamahal at pagkagustong makita ang Allah, at gagawin nito ang puso na puriin at pasalamatan ang Allah.

Ang mga pangalan naman na Al-'Azeez (Ang Marangal), Al-Hakeem (Ang tigib ng karunungan), Al-'Aleem (Ang Lubos na Nakakaalam), at Al-Qadeer (Ang Lubos na may kakayahan); ay pupunoin nito ang puso ng isang alipin ng pagpapakumbaba, pag-sunod, at pagpapaubaya ng sarili sa harapan ng Allah.

Ang mga pangalan naman na Al-Khabeer (Ang Nakakabatid), Al-Muheet (Ang Nakapaligid), Ar-Raqeeb (Ang Nakabantay), at As-Shaheed (Ang Saksi); ay pupunoin nito ang puso ng isang alipin ng pangangamba at pagiging alisto o alerto sa kanyang

bawat kilos at salita, hayag man o nakatago. At matatakot siyang gumawa o mag-isip ng masama dahil alam niyang palaging nakabantay at nakababatid ang Allah.

Ang mga pangalan naman na Al-Ghaniy (Ang Mayaman) at Al-Lateef (Ang Maawain) ay pupunoin nito ang puso ng isang alipin ng pagiging lubos na nangangailangan sa tulong at habag ng Allah sa lahat ng oras.

Mga alipin ng Allah, sinumang alipin ang alam niya at napag-aralan niya ang mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay nakatitiyak siya na ang lahat ng mga bagay ay nasa kontrol at pamamahala ng Allah, kaya hindi siya matatakot o mangangamba sa anumang mangyari. Siya ay magiging panatag at mapayapa dahil alam niyang may masasandalan siya anumang oras.

Sinumang alipin ang alam niya at napag-aralan niya ang mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay hindi siya matatakot sa mga kalaban, sa sinumang manakit sa kanya, at sa sinumang gustong kumuha ng kanyang buhay o kayamanan. Dahil nakatitiyak siya na ang nagbibigay ng buhay at kayamanan o biyaya ay tanging ang Allah lamang, at Siya rin mag-isa ang kukuha at babawi nito. At ang alipin na yaon ay mas magiging matapang at matuwid sa pagsamba sa Allah, at mas pagtitiwalaan niya ang Allah sa lahat ng bagay.

Sinumang alipin ang alam niya at napag-aralan niya ang mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay kapag siya'y tinamaan ng sakit na kung saan maaaring hindi na ito magamot, o mas lumala ang sakit na ito at mawalan na siya ng pag-asang gumaling pa. Ngunit, naalala niya na ang Allah ang As-Shaafee (Ang Nagbibigay Lunas); kaya itataas niya ang kanyang mga kamay at kanyang hihilingin sa Allah ang lunas sa kanyang sakit. Mabubuhay ang kanyang pag-asa, at kalaunan ay gagaling siya sa kanyang sakit, o di kaya ay ililigtas siya ng Allah mula sa sakit na mas malala

pa sa kanyang sakit, o di kaya naman ay bibiyayaan siya ng Allah ng lakas ng loob at haba ng pasensya at pagtitiis, hanggang sa mapagtagumpayan niya ang laban sa kanyang sakit.

Mga alipin ng Allah, sinuman ang alam niya at napag-aralan niya ang mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah ay katotohanang mas kumpleto at tama ang kanyang Tawheed o pagtatangi sa Allah, na kung saan kaunti lang sa mga tao ang tunay na mayroon nito. Mas madadagdagan ang kanyang paniniwala sa Allah, na gagawin siyang mas mahalín ang Allah, at mas magtiwala sa Allah. Sinabi ng Allah:

﴿وَالَّذِينَ أَهْتَدُوا زَادَهُمْ هُدًى وَآتَاهُمْ تَقْوَاهُمْ ۖ﴾ [محمد: 17]

“At yaong mga napatnubayan (mga naniniwala), Kanyang dinaragdagan ang kanilang patnubay at ipagkakaloob sa kanila ang kanilang (katangian ng pagkakaroon ng) takot (sa Kanya).”

Mga alipin ng Allah, kasama sa mga mabubuting maidudulot ng pag-alam sa mga mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah, ay kapag ang isang alipin ay nakagawa ng kasalanan at naging mahirap sa kanya ang mga bagay-bagay, at pagkatapos ay darating at lalapit sa kanya ang Shaitan na gagawin siyang maging masama ang tingin o hinala sa Allah ay kanyang maalala ang ilan sa mga mabubuting pangalan at mga katangiang ito. Maalala niya na ang Allah ay Ar-Raheem, At-Tawwaab, at Al-Ghafoor (Ang Maawain, Ang Tumatanggap ng Pagsisisi, at Ang Nagpapatawad); kaya hindi siya magpapalunod sa paggawa niya ng kasalanan at iiwan niya ito, at magsisisi siya, magbabalik-loob sa Allah, at hihingi siya sa Allah ng kapatawaran. At maaawa sa kanya ang Allah at siya ay kanyang papatawarin. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"قَالَ اللَّهُ: يَا ابْنَ آدَمَ: إِنَّكَ مَا دَعَوْتَنِي وَرَجَوْتَنِي غَفَرْتُ لَكَ عَلَى مَا كَانَ فِيكَ وَلَا أُبَالِي، يَا ابْنَ آدَمَ: لَوْ بَلَغَتْ ذُنُوبُكَ عَنَانَ السَّمَاءِ ثُمَّ اسْتَغْفَرْتَنِي غَفَرْتُ لَكَ وَلَا أُبَالِي، يَا ابْنَ آدَمَ إِنَّكَ لَوْ أَتَيْتَنِي بِقُرَابِ الْأَرْضِ خَطَايَا ثُمَّ لَقِيتَنِي لَا تَشْرُكَ بِي شَيْئًا لِأَتَيْتُكَ بِقُرَابِهَا مَغْفِرَةً"

“Sinabi ng Allah; O anak ni Adam, kailan mo man akong tawagin at humiling sa akin ng kapatawaran ay papatawarin ko ang mga nagawa mo at hindi ko ito papansinin (kahit gaano pa man ito kalaki). O anak ni Adam, kung umabot man sa mga ulap ng kalangitan ang iyong mga kasalanan at humingi ka ng kapatawaran ay papatawarin kita at hindi ko ito papansinin (kahit gaano pa man ito kalaki) . O anak ni Adam, kung nakaharap mo ako (sa Araw ng Paghuhukom) na ikaw ay may dala-dalang kasalanan na kasinlawak ng kalupaan, ngunit hindi ka nagtambal ng pagsamba sa Akin, ay haharapin kita at ibibigay ko sa iyo ang kapatawaran na kasinlawak (rin) ng kalupaan.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, tunay nga na ang pag-alam at pagkilala sa Allah ay nagdudulot ng pagmamahal sa Kanya, pagkatakot Kanya, pananabik na makita Siya, palaging pagsaisip sa Kanyang presensya, at nagdudulot sa tao o alipin ng pagpapaganda ng kanyang mga kilos at gawa para sa Allah. Ito ang tunay na kasiyahan ng isang alipin na kung saan hindi niya lubos na makikilala ang Allah maliban sa pag-alam, pagtuklas, at pag-iintindi sa mga kahulugan ng kanyang mabubuting mga pangalan at katangian. Sinabi ng Allah:

﴿اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَى﴾ [طه:8]

“Allah, walang ibang diyos maliban sa Kanya. Sa Kanya ang (pagmamay-ari ng) mga pinakamagagandang Pangalan.”

At sinabi ni As-Sa'dee rahimahullah patungkol sa Ayah na ito, "Ibig sabihin, ang Allah ay nagtataglay ng marami at kumpletong magagandang mga pangalan na kabilang sa kagandahan nito; Ang lahat ng pangalan ng Allah ay nagpapakita at nagpapatunay ng pagiging karapatdapat ng Allah na puriin at luwalhatiin siya. Ang lahat ng ito'y hindi lamang basta-bastang mga pangalan ngunit ang mga ito'y mga pangalan at katangian na tumutukoy sa pagiging dakila ng Allah. At ang mabubuting katangiang ito ng Allah ay kumpleto, wasto, angkop, at tunay na nababagay sa pagiging dakila ng Allah. At kabilang sa kagandahan nito; ay inutusan ng Allah ang Kanyang mga alipin na gamitin ang mga mabubuting pangalan at mga katangiang ito upang sambahin ang Allah at mas mapalapit sa Kanya. At kung saan, minamahal at iniibig ng Allah ang sinuman ang magustuhan ang mga pangalan at katangiang ito, ang mangalaga ng mga ito, at ang tumuklas at mag-aral ng mga kahulugan nito." Sinabi ng Allah:

﴿وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا﴾ [الأعراف:180]

"At sa Allah ang (pagmamay-ari ng) mga pinakamagagandang pangalan, kaya manawagan sa pamamagitan ng mga ito."

﴿قُلِ ادْعُوا اللَّهَ أَوْ ادْعُوا الرَّحْمَنَ أَيًّا مَا تَدْعُوا فَلَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ﴾ [الإسراء:110]

"Sabihin; Kayo ay manawagan sa Allah o manawagan sa Mahabagin. Anumang (Kanyang Pangalan) ang inyong tawagin, sa Kanya ang pagmamay-ari ng pinakamagagandang Pangalan."

Ibig sabihin, walang pangalan o katangian ang Allah maliban na ito ay maganda o mabuti, (kaya napakaganda nitong gamitin sa ating mga Dua). Gagamitin natin ang mga pangalan at katangian ng Allah sa ating mga Dua at katunayang tatanggapin ito ng Allah; ito'y kung magamit natin ang wasto at nababagay na pangalan sa ating mga hiling. Tulad ng paggamit ng pangalan ng Allah na Ar-Raaziq (Ang Siyang Nagbibigay ng Panustos o Biyaya) kapag humihiling tayo sa Kanya ng biyaya.

Mga alipin ng Allah, mayroong mga alituntunin na dapat nating malamang patungkol sa paniniwala sa mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah.

Una; ang mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah ay Tawqifiyyah (mula sa Qur'an at Sunnah) na kung saan walang lugar ang pag-iisip o utak na magbigay ng karagdagan o pagkukulang ng impormasyon sa kung anuman ang ipinahayag ng Allah sa Qur'an at ng Propeta Muhammad ﷺ sa mga Hadith. Dahil ang utak o pag-iisip ng tao ay hindi nito maabot ang sapat na kaalaman para malaman ang mga karapat-dapat na mabubuting pangalan at mga katangian ng Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَلَا تَقْفُ مَا لَيْسَ لَكَ بِهِ عِلْمٌ إِنَّ السَّمْعَ وَالْبَصَرَ وَالْفُؤَادَ كُلُّ أُولَٰئِكَ كَانَ عَنْهُ مَسْفُورًا﴾ [الإسراء:36]

“At huwag mong sudin (gawin o sabihin) ang anumang (bagay o pangyayari na) wala kang kaalaman dito. Katotohanan ang pandinig, at ang paningin, at ang kalooban (ng puso), ang ukol sa lahat ng mga ito ay itatanong (ng Allah).”

Kaya nararapat na paniwalaan ang kung ano lang ang mga nasabi ng Allah sa Qur'an at nasabi ng Propeta ﷺ sa kanyang mga Hadith patungkol sa mga pangalan at katangian ng Allah, at walang lugar ang ang Ijtihad sa paksang ito.

Pangalawa; ang mga katangian ng Allah ay mas malawak o marami kaysa sa mga pangalan ng Allah. Dahil lahat ng mga pangalan ng Allah ay pwede ritong makuha ang kanyang katangian; tulad ng Al-Hakeem (Ang tigib ng karunungan), siya Ang tigib ng karunungan, kaya nararapat na Siya'y magtangi ng karunungan. Ngunit hindi lahat ng katangian ng Allah ay maaari ritong makuha ang Kanyang pangalan; tulad ng katangian ng Allah na pagsasalita na kung saan walang pangalan ang Allah na Al-Mutakallim (Ang Nagsasalita). At dahil dito, mas malawak ang mga katangian ng Allah kaysa sa Kanyang mga pangalan. At ang Allah ay may katangian ng pagsasalita, kagustuhan, pagbaba, at pagtawa, ngunit ang mga katangiang ito ay

hindi natin maaaring ipangalan sa Kanya. At hindi Siya maaaring tawagin 'ang nagsasalita, ang nagkagusto, ang bumababa, at ang tumatawa. Dahil ang mga pangalang ito ay hindi nakakapagpabigay sa Allah ng pagpupuri at pagpaparangal sa Kanya.

At sa kabila nito'y ang mga katangian ng Allah tulad ng 'ang pagtaas, ang pagkaalam, ang may kakayahan o may lakas, ay maaaring maging pangalan rin ng Allah tulad ng Al-Aliy (Ang Mataas), Al- 'Aleem (Ang Maalam), at Al-Qadeer (Ang Nakakagawa ng Lahat).

Pangatlo; lahat ng pangalan ng Allah ay mabubuti at magaganda. At katunayang nasabi ito ng Allah sa Qur'an sa apat na mga Ayah:

﴿وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا﴾ [الأعراف:180]

“At sa Allah ang (pagmamay-ari ng) mga pinakamagagandang pangalan, kaya manawagan sa pamamagitan ng mga ito.”

﴿قُلْ ادْعُوا اللَّهَ أَوْ ادْعُوا الرَّحْمَنَ أَيًّا مَا تَدْعُوا فَلَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ﴾ [الإسراء:110]

“Sabihin; Kayo ay manawagan sa Allah o manawagan sa Mahabagin. Anomang (Kanyang Pangalan) ang inyong tawagin, sa Kanya ang pagmamay-ari ng pinakamagagandang Pangalan.”

﴿اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ﴾ [طه:8]

“Allah, walang ibang diyos maliban sa Kanya. Sa Kanya ang (pagmamay-ari ng) mga pinakamagagandang Pangalan.”

﴿هُوَ اللَّهُ الْخَلِيقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ يُسَبِّحُ لَهُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ﴾

[الحشر:24]

“Siya ang Allah, ang Tagapaglikha, ang Tagapagsimula (ng lahat), ang Tagapaghubog (ng anyo o hugis). Sa Kanya ang (pagmamay-ari ng) mga

pinakamagagandang Pangalan. Anomang nasa mga kalangitan at kalupaan ay (patuloy na) lumuluwalhati (dumadakila, pumupuri at nagbubunyi) sa Kanya.”

At katunayang ang mga pangalan ng Allah ay ang pinakamabuti at pinakamaganda. Ang mga ito’y napakakumpleto rin at may napakarangal na kahulugan. Halimbawa na ang pangalan ng Allah na Al-Hayy (Ang Palaging Buhay) ay sumasaklaw sa pananatiling buhay ng Allah mula noon hanggang ngayon magpakailanman, at Siya’y hindi nagmula sa wala, at hindi mawawala. At ang pangalan ng Allah na Ar-Rahman (Ang Mahabagin) ay sumasaklaw sa Kanyang habag sa sanlibutan, sa lahat ng nilalang, masasama man sila o mabubuti.

Pang-apat; Ang mga pangalan ng Allah at katangian ay hindi mabibilang at hindi malilimitahan. Dahil may mga pangalan ang Allah na Siya lamang ang nakakaalam. Hindi ito alam ng sinumang napakalapit na anghel sa Kanya at hindi rin ito alam maging ng Propeta Muhammad ﷺ. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"أَسْأَلُكَ بِكُلِّ اسْمٍ هُوَ لَكَ سَمِيَتْ بِهِ نَفْسُكَ أَوْ عَلِمْتَهُ أَحَدًا مِنْ خَلْقِكَ أَوْ أَنْزَلْتَهُ فِي كِتَابِكَ، أَوْ اسْتَأْثَرْتُ بِهِ فِي عِلْمِ الْغَيْبِ عِنْدَكَ"

“Ako ay humihingi sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan Mo na kung saan ito’y itinawag Mo sa Iyong Sarili, o itinuro Mo ito sa isa sa mga nilikha Mo, o ito’y ipinahayag Mo sa iyong aklat, o ito’y Iyong itinangi (sa Iyong sarili) mula sa Iyong kaalaman sa Gayb”

Panglima; ang paniniwala sa mga pangalan ng Allah ay may mga parte;

Una; ang matibay na paniniwala sa mismong pangalan ng Allah. Pangalawa; ang paniniwala sa kung ano ang kahulugan ng pangalan o katangiang iyon ng Allah. Pangatlo; ang paniniwala sa kung anuman ang mga karunungan o kaalamang konektado rito. Tulad ng pangalan ng Allah na As-Samee’ (Ang Nakakarinig), na

kung saan, paniniwalaan nating totoong nakakarinig ang Allah at Siya'y may pandinig na nakakarinig ng ating mga salita na nakahayag o nakatago (mahihinang salita o bulong). At kung kaya, dahil sa paniniwalang ito, ay mahihiya, matatakot at mangangamba na tayo'y makapagsalita ng di magagandang salita.

Mga kapatid sa Islam, sa oras na malaman ng isang alipin ang kagandahan at pagiging kumpleto ng mga pangalan ng Allah ay nararapat sa kanyang mahal niya at dakilain niya ang Allah. Dahil dito, siya'y mananabik na makita at makaharap ang Allah. At katunayang sinuman ang manabik na makaharap ang Allah, ang Allah ay nanabik rin na makaharap siya. At ang pananabik na ito ng isang alipin ay itutulak siyang gumawa ng maraming pagsamba sa Allah.

﴿فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا﴾ [الكهف: 110]

“Kaya, sinumang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon, hayaan siyang gumawa ng mga gawaing matuwid at huwag siyang magtambal ng isa man sa pagsamba sa kanyang Panginoon.”

Katotohanan nga, na ang lahat ng pagsamba sa Allah ay konektado sa lahat ng mga pangalan at katangian ng Allah, kaya nararapat sa isang Muslim na kanyang alamin at aralin ang mga mabubuting pangalan at katangian ng Allah, dahil ito ay gagabay sa kanya tungo sa tama at wastong pagsamba sa Allah, at tungo sa kanyang ikakasaya at ikakatagumpay dito sa mundo at sa kabilang buhay.

At katotohanan na ang isang alipin na totoong naniniwala sa kaisahan ng Allah ay mahahanap niya sa mga pangalan at katangian ng Allah ang patunay sa pagiging dakila at totoong Diyos ng Allah na makadadag sa kanya ng pagmamahal sa Allah, pagpapakumbaba sa Kanya, pagkatakot Kanya, pangamba at hiya sa Kanya, pagrespeto at pagdakila sa Kanya, at pagkagusto na makuha ang kaluguran Niya, at paglapit sa Kanya



Ang Tunay Na Konsepto Hinggil Sa Pagsaksi Na

Si Muhammad ﷺ Ay Sugo Ng Allah ﷻ

الخطبة الأولى:

O kayong mga Muslim! Tunay na may isang mahalagang kataga na lagi nating inuulit araw-araw na nagdadala sa loob nito ng maraming magagandang kahulugan na siyang magiging dahilan ng kaligayahan sa mundo at biyaya sa kabilang buhay. At ang katagang ito ay ang pagsabi natin ng: Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. Ngunit ang tanong? nababatid ba natin ng lubos ang kahulugan nito?! At kung alam natin ang kahulugan nito, ito ba ay ating isinasabuhay?

Tunay na ang mga kapahamakan at mga pagsubok na dinaranas ng mga Muslim sa panahong ito, ang kahihiyan, pagsuway at mga alitan sa pagitan nila, ang mga problema na kanilang hinaharap sa lipunan at pamilya at ang lahat ng mga problema; ang lahat ng ito ay dahil sa malaking kawalan ng pag-unawa sa Islam, paglayo nila dito at paghihiwalay nito sa kanilang buhay. At ang pinakamalaking halimbawa na ating sinasabi hinggil sa maikling pananaw na iyon, at ang limitadong kaalaman sa pagsaksi o pagpatotoo na si Muhammad ay Sugo ng Allah na kung saan ay naging bahagi ng buhay ng marami ay naging isang simpleng kataga na lamang, na nawalan ng saysay at halaga.

At iyong pagmasdan kung iyong nanaisin sa bansa ng mga Muslim sa ngayon, makikita mo sa kanila ang mga hindi kaaya-ayang mga pag-uugali at mga maling paraan na kanilang sinusunod, na isinagawa ng mga grupo ng mga tao at indibidwal na naging sanhi ng pagkawasak ng lipunan, edukasyon, administratibo at organisasyon, at paglihis sa pag-uugali at intelektwal. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ظَلُمْتُ بَعْضَهَا فَوْقَ بَعْضٍ إِذَا أَخْرَجَ يَدَهُ لَمْ يَكِدْ يَرَهَا وَمَنْ لَمْ يَجْعَلِ اللَّهُ لَهُ نُورًا فَمَا لَهُ مِنْ نُورٍ﴾ [النور: 40]

"Mga kadiliman na ang mga iba nito ay nakapatong sa iba. [Kaya] kapag ilalagay ng isa ang kamay niya [ritol], ito ay mahihirapan niyang makita. At sinuman ang hindi pinagkalooban ng Allah ng liwanag, - sa kanya ay walang [makikitang] liwanag."

O kayong mga Muslim! Katiyakan ang pagsaksi na “walang ibang Diyos na marapat sambahin maliban sa Allah” ito ang dalisay na salita, at ang tawheed ay nangangailangan ng patunay na pagsamba sa Allah lamang na nag-iisa at paglayo sa pagsamba sa iba, at ang pagpapakumbaba at pagsunod sa Kanyang mga utos ay marapat lamang sa kanya at hindi maaring ibaling sa iba. At Ang Allah Siya lamang ang taga Hatol at ang Batas ang may karapatan sa pagpapahintulot at pagbabawal, at ang utos na dapat ipatupad ay Kanyang utos. At kung sinuman ang sumalungat at sumaway sa Kanyang mga batas o pinasinungaligan ito ang o di kaya’y isinawalang bahala ang mga batas at ang utos ng Allah, siya ay maituturing na masamang tao na kabilang sa mga binalaan ng Allah ng kaparusahan at kasawian dito sa mundo at sa kabilang buhay.

At walang ibang paraan upang masunuod natin ang pamantayan na nais sa atin ng Allah maliban sa pagsunod sa kapamaraan at turo ng Sugo ng Allah, na Siya mismo ang Allah ang nagbigay ng detalye at kaalaman sa Kanyang Sugo ﷺ. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَا يَنْطِقُ عَنِ الْهَوَىٰ ۚ إِنْ هُوَ إِلَّا وَحْيٌ يُوحَىٰ﴾ [النجم: 3-4]

“At siya ay hindi nagsasalita mula sa kanyang sariling pagnanasa, Sapagka’t ito ay kapahayagan na ipinahayag sa kanya.”

Nangangahulugan lamang na ang pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah ang siyang interpretasyong pangkaalaman sa salitang sinseridad o kadalisayan at ang tawheed(monoteismo).

At ang kahulugan ng dalawang salitang pinagsama: na ikaw - aking kapatid na Muslim – sabihin mo: Kinikilala at inaamin ko at sumasaksi ako na hindi ako sumasamba, hindi ako nagpapakumbaba at hindi ako susunod sa isang batas maliban ang batas ng Allah.

Katulad ng pikikipagusap mo sa iyong Panginoon, at sinasabi mo: Ako, aking Diyos, ay pinapatunayan at inaamin ko, at pinatotohanan at sumasaksi ako na si Muhammad ay Iyong lingkod, na Iyong isinugo sa amin, at ang Iyong banal na kasulatan ang Qur'an at ang Sunnah ng Propeta ay ang dalawang mapagkakatiwalaang batayan, kung saan mayroong isang detalyado at praktikal na programa para sa buhay na minamahal at kalugud-lugod para-Allah.

Tunay na ikaw kung saan binibigkas mo ang dalawang shahada, at napagpasyahan mo ang iyong sarili sa lahat ng ito, at ipinangako mo sa iyong sarili ang aplikasyon at pagpapatupad nito. Ano kaya sa palagay mo sa mga yaong sumisira sa bisa ng shahada na ito? At nagkukunwari sa kanyang pagpapatotoo hinggil dito? At itinatangi ang pagkilala at pag-amin nito sa pamamagitan ng kanyang mga salita at kilos na taliwas sa batas ng Allah? Walang pag-aalinlangan ng dahil sa mga ginawa niya na pagsuway sa mga utos ng kanyang Panginoon ay kanyang napawalan ng saysay o bisa ang kanyang pagpapatotoo o pagsaksi sa Shahada na ito.

Ang Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah, ay nangangahulugan; ang pagsunod ng mga Muslim sa Aklat ng Allah at sa Sunnah ng Kanyang Sugo sa lahat ng kanilang mga gawain sa buhay, at ang pagbabalik nila dito na magsisilbing

batayan sa usaping ekonomiya, pagpupulong, edukasyon at iba, katulad na pagbalik nila dito sa sa pagtataguyod ng salah, pag-aayuno at Haji.

Maaaring magtaka ang mga tao sa usaping ito, ngunit para sa atin ito ay hindi masydong nakakapagtaka. Ang isang Muslim na hindi pinag-aaralan ang kanyang relihiyon at tumanggap o kumuha ng mga hinala at agam-agam sa mga walang pananampalataya, na kung saan sila ay may galit at selos sa Relihiyon na ito, ay dapat magulat sa mga salitang ito, at magtatanong: Ano ang kinalaman ng Relihiyon upang pasukin ang larangan ng politika? Ano ang kanyang pakialam sa ekonomiya?! Ano ang kanyang kinalaman sa pamamahala at organisasyon?! Ipapasok at isasama ninyo ang Relihiyon sa lahat ng aspeto ng buhay? Ang kaisipan na ito ay mali sa pag-unawa sa Islam, kinuha o nagmula ito sa walang dalisay na mapagkukunan o batayan. Ang sitwasyong ito ay nanawagan para sa isang taimtim na aral mula sa mga pantas ng Islam, at isang tuluy-tuloy na pagsisikap mula sa mga mangangaral, kung saan ipinapaliwanag nila sa mga tao ang Islam sa tama at komprehensibong paraan nito na saklaw ang mga aktibidad ng buong buhay.

Tunay na ang Sugo ng Allah ﷻ ay itinatag niya ang isang mahusay na estado sa Madinah na kung saan ang batas ng Islam ang umiiral dito. At pagkatapos nito ay naitatag ang mahusay na estado ng Islam, sa panahon ng Mga Khulafa Arra'shidoon(Caliphate Empire)-kalugdan nawa sila ng Allah-. Ang sistemang pampulitika, pang-ekonomiya, at pang-administratibo at mga sistema nito ay nagmula sa Qur'an at Sunnah, at dahil rito ang mga estado ng Caliphate ng Islam ay naging lunas ng ilang mga paglabag sa batas na hindi nakakaapekto sa Sharia.

Pagkatapos ang pagsunod sa batas ng Allah ay unti-unting nagsimulang humina, hanggang sa tuluyang naglaho ang Utthman Islamic caliphate.

At aking ilalahad dito mga kapatid sa pananampalataya - ang mga teksto ng dalawang kapahayagan ang Qur'an at ang Sunnah na matatagpuan dito ang utos sa

pagpapatupad na itayo ang mga kaparusahan katulad ng pagbato sa taong nangalunya, pagpatay sa taong pumatay ng kanyang kapwa, pagputol ng kamay ng taong magnanakaw at iba pa. Sino kaya ang nagpapatupad ng mga limitasyong ito?! Hindi ba't ang estado ng Islam?! pagkatapos nito ay tatanungin ng mga tao kung ano ang kinalaman ng relihiyon sa politika?!

Hindi ba't ipinagbawal ng Sugo ng Allah ﷻ ang riba (pagpapatubo)? Sinusumpa ang kumakain nito, ang nagbibigay nito, ang tagasulat nito at ang dalawang saksi nito at ipinagbabawal din ang Ihtikatr (monopolyo). Pagkatapos nito ay magatatanong ang mga tao kung ano ang kinalaman ng Relihiyon sa ekonomiya?

Hindi ba't isinugo ng Propeta ﷺ si Mu-ad-kalugdan nawa siya ng Allah- sa bansang Yemen bilang isang hukom at tagapagturo nila. At ipinadala niya ang mga mambabasa ng banal na Qur'an sa lugar ng Amsar upang sila ay turuan tungkol sa kanilang relihiyon at pagbabasa ng Qur'an? at pagkatapos nito sila ay magtatanong kung ano ang kinalaman ng Relihiyon sa edukasyon at pagdidisiplina? Tunay yaon ang ang mga likas na mga bagay na mayroon ang Ummah ng Islam noon unang panahon.

Ngunit ang mga bansa ng mga muslim sa panahong ito ay tilang nabaliktad o naiba ang sitwasyon, tunay na sila ay lumayo sa batas ng Islam at hiniwalay nila ito sa pagsasagawa ng kanilang pamumuhay, na kung saan ang naging batayan at namamahala sa usaping politika, ekonomiya at paghatol ay batas na gawa ng tao na nagmula sa mga walang pananampalataya, at naging saligan ito ng pag-aaral, at naging mangmang sa kaalaman ng batas ng Islam maliban sa mga kakaunting kaalaman nito. Kaya't ng dahil dito ay naglaho ang lahat ng mga mga aktibidad ng buhay sa mga bansang Muslim.

Kung ganun, nasaan na ang pagsaksi at pagpapatoo na si Muhammad ay Sugo ng Allah? Nasaan na ito o mga Muslim?

Hindi ba't si Muhammad ﷺ ay nag-utos ng pagdidisiplina sa mga bata at dalhin sila patungo sa mga Masjid? Turuan sila magbasa ng banal na Quran, at disiplinahin sila sa mga pamantayan ng magandang asal at pag-uugali ng Islam ?! Ano kaya ang katayuan ng mga batang Muslim na naglalakad sa mga daanan at mga lansangan sa panahon ng pagtataguyod ng mga Salah? at pinupuno ang mundo ng ingay pagkatapos ng mga kompetisyon at wala silang prayoridad sa kanilang buhay maliban ang sining paglilibang at mga sports ball ?!

Hindi ba't inutusan ng Propeta ﷺ ang kababaihan na manatili sa kanyang tahanan at pangalagaan ang kanyang sarili? Ano kaya ang katayuan ng mga kababaihang Muslima na laging pumupunta sa mga palengke, at sila ang nagpupuno sa mga tindahan, mga malls sa umaga at gabi?!

O kayong mga Muslim! Tunay na ang sukatan ng katapatan at kadalisayan ng Shahada Muhammad rasullullah: Ang pagsunod sa kanyang mga batas na itinalaga at pagsunod sa mga pamamaraan ng kanyang hatol, pamamahala, politika at ekonomiya, edukasyon, tahanan at pamilya, at sa kalsada, palengke, at sa pamamaraan ng pagsamba, pagsunod, pangangalakal at sa pag-uugali. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّى يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنْفُسِهِمْ حَرَجًا مِمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا ﴾

[النساء: 65]

“Nguni’t hindi! Sumpa man sa iyong Panginoon, sila ay hindi [tunay na] naniniwala hanggang ikaw [O Muhammad] ay kanilang gawing tagapaghatol sa anumang hidwaang namamagitan sa kanila, at [hanggang] walang makikitang

hinanakit [o bahid ng pagtutol] sa kanilang mga sarili hinggil sa anumang iyong hinatol at tumatalima nang [buong] pagtalima.”

الخطبة الثانية:

O kayong mga Muslim! Malinaw na ngayon kung gaano tayo kalayo mula sa totoong konsepto ng pagpapatotoo na si Muhammad ay Sugo ng Allah, maging sa ating personal na buhay, o sa ating mga pangkalahatang kalagayan. At maaaring magtanong ang mga tapat na mananampalataya; ano ang daan pabalik pagkatapos na kaligawan na ito ? Mayroon bang paraan upang bumalik sa Allah?

Ang landas na nararapat tahakin - O mga mananampalataya - ay magsisimula sa inyo, kung ang isang indibidwal ay bumalik sa kanyang Panginoon ay magiging matuwid ang kanyang kalagayan, at kung ang iba ay bumalik tiyak na magiging matuwid ang kalagayan ng lipunan. Kung ang bawat isa sa atin ay bumalik sa kanyang sarili nang nag-iisa lamang, pagkatapos ay susuriin niya ang kanyang sarili, at ilalahad niya ang lahat ng kanyang mga gawa, at ilahad niya ang mga ito kung ito ba ay alinsunod sa aklat ng Allah at ang Sunnah ng kanyang Sugo o tinanong niya ang mga taong maalam kung hindi niya alam, kung ito man ay kanyang nakita na hindi tama, bumalik siya at magsisi bago mahuli ang lahat bago siya kukunin mula sa kanyang pamilya at mga anak, at haharap siya sa Kanyang Panginoon na nag-iisa malungkot na wala siyang kakayahan at walang lakas.



Ang Paniniwala sa Allah ﷻ

الخطبة الأولى:

O kayong mga Muslim! Hadith na isinalaysay ni Omar Ibn Al-khattab (kalugdan nawa siya ng Allah), siya ay nagsabi:

"بَيْنَمَا نَحْنُ جُلُوسٌ عِنْدَ رَسُولِ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - جَاءَ رَجُلٌ حَسَنُ الْوَجْهِ حَسَنُ الشَّعْرِ عَلَيْهِ ثِيَابٌ بَيَاضٌ، قَالَ: فَمَا الْإِيمَانُ؟ قَالَ: "أَنْ تُؤْمِنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ، وَالْجَنَّةِ وَالنَّارِ، وَالْبَعْثِ بَعْدَ الْمَوْتِ، وَالْقَدَرِ كُلِّهِ" (متفق عليه).

"Habang kami ay nakaupo kasama ang Propeta ﷺ, may dumating na isang lalaki na may magandang pagmumukha, at magandang buhok na siya ay nakasuot ng puting damit. Sinabi niya: "Ano ang ibig sabihin ng Iman(Pananampalataya)? Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Ito ay ang paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Paraiso, Impiyerno, sa muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, at sa lahat ng tadhana".

Ang dakilang hadith na ito ay nagpapatunay na ang paniniwala sa Allah ang siyang unang haligi ng Pananampalatayang Islam, na kung saan ito ang saligan ng paglikha ng kalangitan at kalupaan, paglikha ng Paraiso at Impiyerno, at ang Timbangan at ang Tulay sa kabilang buhay. At ang Paniniwala sa Allah ay napapaloob dito ang apat na mahalagang bagay: Ang Paniniwala sa pagkakaroon o pag-iral ng isang tunay na Diyos ang- Allah, Ang Paniniwala sa Kanyang Rububiyya, Ang Paniniwala sa kanyang Uluhiyya, at ang Paniniwala sa kanyang mga Asma wa Assifat (mga Pangalan at katangian).

Tunay na nilikha ng Allah ang lahat ng nilalalang na may likas na paniniwala sa daking tagapaglikha na hindi nangangailangan ng pag-iisip o pag-aaral pa dito, at hindi mababago ang likas na paniniwala na ito maliban sa sinuman na ang kanyang puso ay naligaw mula sa likas na daloy ng fitra sapagkat ang Sugo ng Allah ay nagbigay ng paliwang tungkol dito, sinabi ng Propeta ﷺ:

"مَا مِنْ مَوْلُودٍ إِلَّا يُولَدُ عَلَى الْفِطْرَةِ، فَأَبَوَاهُ يُهَوِّدَانِهِ وَيُنَصِّرَانِهِ وَيُمَجْسِنَانِهِ"

“Walang anak na isinilang maliban na may likas na paniniwala sa Allah, subalit ang kanyang mga magulang ang siyang nagnais na sila ay maging hudyo, isang Kristiyano o isang Pagano.”

Mga minamahal kong kapatid sa pananampalataya! napakarami ng mga nilikha ng Allah dito sa kalupaan at kalangitan na nagpapatunay ng Kanyang pag-iral at kadakilaan, at gayundin, ang karaniwang kaisipan ay nagpapatotoo sa pag-iral ng Allah; lahat ng nilikha, maging ang mga nauna at mga susunod pang nilikha ay nararapat lamang na may isang lumikha na nagbigay buhay sa kanila sapagka’t hindi maaaring sila ay nabuhay o nagkaroon ng buhay sa sarili nilang pagkukusa sapagka’t bago pa man siya magkaroon ng buhay siya ay nasa kalagayan at panahong walang buhay, samakatuwid papaano ang isang nilikha ay magiging isang Tagapaglikha?

At hindi rin maari na ang isang nilikha ay nagkaroon ng buhay na nagkataon lamang, sapagka’t bawat pangyayari ay nangangailangan ng isang Tagapagsimula, sapagka’t ang kanyang pagkakaroon ng buhay ay isang kahanga-hangang kaayusan at may ganap na kaugmaan at kaangkupan sanhi ng ugnayang namamagitan sa pamamaraan at kadahilanan ng kanyang pagkakalikha, tunay nga na ito ay hindi lamang isang pagkakataon. Kaya, kung imposible nga na ang isang nilikha ay nabuhay ng kusa at hindi rin maari na mabuhay nang dahil lamang sa pagkakataon, samakatuwid tunay na mayroong dakilang lumikha nito at nagbigay buhay sa kanila, at Siya ang Allah ang Panginoon ng sanlibutan.

Ayon kay Jubair Ibn Mut-im (Kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsabi: narinig ko ang Sugo ng Allah na binabasa niya sa Salat ul Magrib ang Surah ng Attur- bago niya niyakap ang Islam- at nang siya ay umabaot sa talatang ito:

﴿ أَمْ خُلِقُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمُ الْخَالِقُونَ ﴿٢٥﴾ أَمْ خَلَقُوا السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ بَلْ لَا يُوقِنُونَ ﴿٢٦﴾ أَمْ عِنْدَهُمْ خَزَائِنُ رِزْقِ رَبِّكَ أَمْ هُمُ الْمُصْطَبِرُونَ ﴾



“Sila ba ay nilikha na walang pinagmulan, o sila ba ang lumikha ng kanilang mga sarili? O sila ba ang lumikha sa mga kalangitan at sa kalupaan? Bagkus, sila (na

nag-aalinlangan) ay walang matibay na pananampalataya. O nasa kanila ba ang kaban ng yaman ng iyong Panginoon? O sila ang mga tagapamahahalagang susupil sa mga ito?”

Sinabi ni Jubair: Ang aking puso ay tila ba lumipad nang marinig ko ang matibay na argumentong ito. Sa ibang hiwalay na salaysay, si Jubair ay nagsabi: At yaon ang kauna-unahang pagkakataon na ang Iman (pananampalataya sa Allah) ay unang nanatili sa aking puso.

Mga kapatid sa pananampalataya! Kabilang din sa mga katibayan na magpapatunay sa pag-iral ng Allah ay ang pagtugon ng Allah sa mga dalangin ng mga nagsusumamo at humihingi ng kalinga mula sa mga taong nagdadalamhati o nagdurusa at iba. Ito ay binubuo ng walang kapantay na ebidinsya para sa matatag na paniniwala na mayroong nag-iisang diyos.

Ang Allah ay nagsabi patungkol kay Nuh (alayhi Assalam):

﴿فَدَعَا رَبَّهُ أَنِّي مَغْلُوبٌ فَأَنْتَصِرْ ۖ فَفَتَحْنَا أَبْوَابَ السَّمَاءِ بِمَاءٍ مُنْهَمِرٍ ۖ وَفَجَّرْنَا الْأَرْضَ عُيُونًا فَالْتَفَى الْمَاءُ عَلَى أَمْرٍ قَدْ فُدِرَ ۚ وَحَمَلْنَاهُ

عَلَى ذَاتِ الْوَجِّ وَدُسِّرَ ۚ﴾

“Kaya siya (Nuh) ay nanalangin sa kanyang Panginoon,”katotohan, ako ay mahina sa pakikipaglaban sa kanila, kaya ako ay iyong tulungan, tinugunan Namin ang kanyang panalagin, at binuksan Namin ang mga pintuan ng kalangitan na bumuhos mula roon ang masaganang Ulan, at pinagbibiyak Namin ang kalupaan at bumulwak mula roon ang iba’t ibang bukal, na kung kaya, nagpang-abot ang tubig ng kalangitan at kalupaan upang sila ay puksain sa pamamagitan ng itinakda ng Allah sa kanila na parusa. At siya (si Nuh) ay Aming isinakay sa sasakyang-dagat na yari mula sa mga pinagputul-putol na kahaoy at pako.”

At ang ating Propeta ﷺ ay humihingi ng dalangin sa Allah at ito ay agad-agad na tinutugon sa kanya ng Allah, ayon sa salaysay ni Anas Ibn Malik, siya ay nagsabi: “Minsan sa buhay ng Sugo ng Allah, ang mga tao ay dumanas ng tagtuyot (pagkagutom). Habang ang Sugo ng Allah ay nagbibigay ng Khutbah sa araw ng Biyernes, isang Bedouin (arabo na nagmula sa disyerto) ay tumayo at nagsabi: 'O Sugo

ng Allah, ang aming mga ari-arian ay nawasak at ang aming mga anak ay nagugutom; ikaw ay dumalangin sa Allah ng ulan. 'Kaya, itinaas ng Sugo ng Allah ang kanyang mga kamay (at dumalangin sa Allah para sa ulan). At noong oras ding iyon, wala man lamang mababanaag na ulap sa kalangitan. Isinusumpa ko sa Allah, na Siyang may tangan ng Aking kaluluwa, ang mga ulap ay nagsipagtipon na tila mga bundok, at bago siya nakababa sa kanyang kinalalagyan, aking natanaw ang ulan na pumapatak sa kanyang mga balbas. Umulan sa araw na iyon, at nang sumunod pang mga araw hanggang Biyernes. Ang Bedouin ding iyon ay tumayo muli at nagsabi: 'O Sugo ng Allah! Ang aming mga bahay ay nasira, ang aming mga ari-arian at hayupan ay nalunod; ikaw ay dumalangin sa Allah para sa amin (upang pawiin ang ulan)'. Kaya, ang Sugo ng Allah ay muling itinaas ang dalawang kamay at dumalangin. Kaya, kahit saan mang direksiyon ituro ng kanyang kamay, ang mga ulap ay nagsipaglaho at naging maliwanag ang kalangitan.

Mga Kapatid! tunay na nanatiling tinutugon ng Allah ang mga dalangin ng sinumang humihingi ng panalangin sa Kanya hanggang sa panahon nating ito sa sinumang naging matapat at nagbalik loob sa Kanya at ginawa ang mga kondisyon upang tugunan ng Allah ang mga dalangin.

At ganyun din ang mga himala na binigay na Allah sa mga Propeta na tinatawag ng Mu'jizaat ito ay nagpapahiwatig ng isang maliwanag na patunay sa pagiral ng Allah, ang Mu'jizaat ay ang mga bagay o pangyayari na lagpas sa kakayahan ng sangkatauhan na pinapahintulutan ng Allah na magawa sa mga kamay ng Kanyang mga Propeta upang bigyang katatagan ang kanilang mensahe at bilang tulong sa kanila sa sinumang hindi sumang-ayon at hindi nanampalataya sa kanila.

Halimbawa, ang himala na ipinagkaloob kay Propeta Musa nang hampasin ang dagat sa pamamgitan ng kanyang tungkod, ang dagat ay nahati sa labindalawang daan na ito ay tuyo na napapaligiran ng tubig na tila mga naglalakihang mga bundok. At gayun din ang himala na ipinagkaloob sa ating Propeta ﷺ na kung saan ang mga Quraish ay humingi ng Himala bilang patunay ng kanyang pagiging Propeta, itinuro niya ang buwan at ito ay nabiyak at ito ay nasaksihan ng mga tao.

Mga Alipin ng Allah! kabilang sa mga bagay na napapaloob sa Paniniwala sa Allah ﷻ; Ang Paniniwala sa kanyang Rububiyyah; ibigsabihin na ang Allah ang siyang bukod tangi at nag iisang Panginoon lamang na walang katambal at walang katulong, Siya ang Tagapaglikha, Tagapanustos at Siyang naggagawad ng Buhay at Kamatayan sa lahat. Tunay na walang sinuman sa mga nilikha ang nagtakwil sa Allah sa Kanyang rububiyyah maliban sa sinumang mapagmataas na hindi naniniwala sa Kanyang sinasabi, katulad ng nangyari kay Paraon nang siya ay nagsabi sa kanyang mamamayan:

﴿ فَقَالَ أَنَا رَبُّكُمُ الْأَعْلَى ﴾

“At kanyang sinabi: “Ako ang inyong Rabb (Panginoon) ang katas-taasan.”

At kabilang din sa mga bagay na napapaloob sa Paniniwala sa Allah ﷻ; Ang Paniniwala sa kanyang Uluhiya; ibig sabihin na Siya lamang ang bukod-tangi nag-iisang Diyos na marapat lamang sambahin na walang katambal. Ang **“Ilaah”** ay nangangahulugan ng Al-Ma’looh, ibig sabihin ang bukod-tangi at nag-iisang tunay na Diyos na dapat sambahin nang dahil sa pagmamahal at pagdadakila.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَاللَّهُمُّ إِلَٰهٌ وَحْدٌ لَا إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ ﴾

“At ang inyong diyos ay tanging nag-iisang Diyos, walang ibang diyos maliban sa Kanya, ang Mahabagin, ang Maawain.”

Kaya’t marapat sa isang Muslim na maniwala na ang Allah lamang ang nag-iisang Diyos na marapat sambahin at pag-ukulan ng pagsamba sa lahat ng uri ng Ibadah, katulad ng pagtataguyod ng Salah, Zakah, Sawm, Hajj, Dua, Pagsakripisyo, Annadar (Panata), Al-isti-ana (paghingi ng tulong), Al-istigatha(Pagsaklolo), Attawaf(Pag-ikot), jihad at iba pa sa mga gawaing ibadah.

Mga minamahal kong kapatid! tunay na ang paghingi ng dua (panalangin) bukod pa sa Allah, o kahit sa Propeta ﷺ o di kaya ang pag-alay para sa iba bukod sa Allah o kahit sa mga mabuting tao, o ang pagtawaf(pag-ikot) sa libingan kahit ito man

ay libingan ng Propeta; ito ay matatawag na Shirk (Pagtatambal) at makakalabas ang tao sa kanyang Relihiyon.

At kabilang din sa mga bagay na napapaloob sa Paniniwala sa Allah ﷻ; ang Paniniwala sa mga Pangalan at Katangian ng Allah: ito ay nangangahulugan ang pagpapatunay na dapat paniwalaan at tanggapin ang mga Pangalan at Katangian na ipinahayag mismo ng Allah sa kanyang Sarili mula sa Aklat at Sunnah ng Kanyang Sugo ﷺ sa paraang naangkop sa Kanya na walang Tahreef (pagbigay na maling kahulugan), Ta'teel (pagtanngal o pagtanggap sa kahulugan), Tak'yeef (paglalarawan ng pamamaraan sa anumang katangian), at Tamtheel (paghahambing o paghahalintulad sa anumang katangian).

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا وَذَرُوا الَّذِينَ يُلْحِدُونَ فِي أَسْمَائِهِ سَيُجْزَوْنَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴾ (١٨)

“At ang Allah ay nagtataglay ng mga Pinakamagagandang Pangalan, kaya manawagan kayo sa pamamagitan ng mga ito, at iwasan lisanin ninyo ang mga yaong binabago nilihis nila ang mga Pangalan ng Allah, at walang pag aalinlangan, sila ay mananagot sa kanilang mga masamang ginagawa.”

At Sinabi pa ng Allah ﷻ:

﴿ لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ ﴾ (١١)

“Walang bagay ang makakatulad sa kanya, at Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakakita.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Pananampalataya! Inyong alamin na ang Paniniwala sa Allah ay may mga magagandang bunga, aral at kainaman at ito ay ang mga sumusunod:

Ang kumpletong kapanatagan kapayapaan at kumpletong patnubay, ang Pananampalataya ang nagsisilbing dahilan upang makamit ang kapanatagan, kapayapaan, kaligtasan at patnubay dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿الَّذِينَ آمَنُوا وَلَمْ يَلْبِسُوا إِيمَانَهُمْ بِظُلْمٍ أُولَٰئِكَ لَهُمُ الْأَمَنُ وَهُمْ مُهْتَدُونَ﴾

“Ang mga yaong naniwala sa Allah at hindi nila hinaluan ang kanilang paniniwala ng pandaraya kamalian (Shirk o Pagtatambal), ang para sa kanila ay kapanatagan, kapayapaan at sila ang tunay na ginabayan o pinatnubayan.”

Ang tinutukoy na Dhulm sa talata na ating nabanggit ay Shirk o Pagtatambal, kaya’t sinuman ang hindi niya hinaluan ang kanyang paniniwala ng Shirk tunay na makakamit ang kumpletong kapanatagan at kumpletong patnubay, at kung sinuman ang hindi niya hinaluan ang kanyang paniniwala ng pagtatambal ngunit siya ay nakakagawa ng kamalian at kasalanan ay makakamit niya parin ang patnubay at kapayapaan kahit na ito ay hindi niya nakuha ng kumpleto.

At kabilang din dito sila ay pagkakalooban ng Allah ng karapatan upang pamunuan ang kalupaan, kapangyarihan at lakas upang pangasiwaan ito.

Sinabi ng Allah:

﴿وَعَدَ اللَّهُ الَّذِينَ آمَنُوا مِنْكُمْ وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ لَيَسْتَخْلِفَنَّهُمْ فِي الْأَرْضِ﴾

“Pinangakuan ng Allah yaong mga naniniwala mula sa inyo at gumawa ng mga kabutihan, na kung saan sila ay pagkakalooban ng karapatang pamunuan ang kalupaan.”

At gayun din ang pagkakaroon ng matiwasay at magandang pamumuhay ng mga mananampalataya, pagkakalooban sila ng kabutihan tulad ng panatag na puso at sarili, biyayaya na nagmula sa halal na paraan na hindi nila ito namamalayan, Sinabi ng Allah:

﴿مَنْ عَمِلَ صَالِحًا مِّن ذَكَرٍ أَوْ أَنَّىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهٗ حَيٰوةً طَيِّبَةً وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٩٧﴾﴾



“Sinuman ang gumawa ng kabutihan, maging siya man ay lalaki o babae, at siya ay naniniwala sa Allah at sa kanyang Sugo, katiyakan Aming ipagkakalob sa kanya ang magandang buhay at katiyakan na sila ay Aming gagantimpalaan(sa kabilang buhay) nang ayon sa anumang pinakamabuti na kanilang ginagawa.”

Kabilang din sa kainaman ng paniniwala sa Allah; pagbuhos ng biyaya ng Allah mula sa kalangitan, at pagbibigay ng kabutihan sa kalupaan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَلَوْ أَنَّ أَهْلَ الْقُرَىٰ ءَامَنُوا وَأَتَّقَوْا لَفَتَحْنَا عَلَيْهِم بَرَكَاتٍ مِّنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ وَلَٰكِن كَذَّبُوا فَأَخَذْنَاهُم بِمَا كَانُوا يَكْسِبُونَ ﴿٩٨﴾﴾



“At kung ang mga mamamayan ng mga bayan ay naniwala lamang at nagkaroon ng takot sa Allah, katiyakan, Aming bubuksan para sa kanila ang mga biyaya mula sa kalangitan at kalupaan.”

At kabilang din sa kainaman nito: Ang mga yaong naniwala sa Allah at gumawa ng kabutihan sila ay pinangakuan ng Allah na mapapasakanila ang pagmamahal ng Kanyang mga alipin na malalapit sa Kanya at ang mga alipin niya na nasa kalangitaan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ سَيَجْعَلُ لَهُمُ الرَّحْمَٰنُ وُدًّا ﴿٩٩﴾﴾

“Katotohanan, yaong mga naniwala at gumawa ng mga kabutihan, walang pag-aalinlanagan sila ay pagkakalooban ng Allah ng pagmamahal na sila ay mamahalin ng Kanyang mga alipin.”

At ang pinakadakila na biyaya na ipagkakaloob ng Allah ang biyaya ng pananatili sa katotohanan ang Relihiyong Islam. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَالَّذِينَ آمَنُوا زَادَهُمْ هُدًى وَءَاتَاهُمْ تَقْوَاهُمْ ﴿١٠٠﴾﴾

“At yaong mga napatnubayan, ay daragdagan pa sila ng Allah ng gabay at ipagkakaloob sa kanila ang kanilang katangian ng pagkakaroon ng takot sa Kanya.”

Tunay na ang sangkatauhan sa panahong ito ay labis na nangangailangan ng paniniwala sa Allah ang Panginoon ng sanlibutan, pagtitiwala sa Kanya, pagkalugod sa Kanyang batas, pagsunod sa utos ng Propeta, at panghawakan ng mabuti ang tunay ng relihiyon ang Islam; upang sa gayun sila ay magtagumpay dito sa mundo at makakmit ang habag ng Allah sa kabilang buhay.



Ang Paniniwala sa mga Anghel

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa pananampalataya! Hadith na inulat ni Iman Al-bukhari at Imam Muslim na isinalaysay ni Omar Ibn Al-Khattab (kalugdan nawa siya ng Allah): “Tunay na dumating si Jibreel (alayhi Assalam) sa Propeta ﷺ sa anyo ng isang lalaki na walang nakakakilala sa kanya mula sa mga Sahaba, at siya ay nagtanong ng mga bagay patungkol sa Relihiyon, at kabilang sa kanyang mga itinanong sa Propeta ﷺ: Sabihin mo sa akin ano ng ibig sabihin ng Iman (Pananampalataya)? At ang sagot ng Propeta ﷺ: “Ang paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan at sa Kanyang mga Propeta.

Ang Hadith na ito ay ay nagpapatunay na ang Paniniwala sa mga Anghel ay kabilang sa mga haligi at saligan ng Pananampalatayang Islam, na kung saan ay hindi magiging kumpleto ang pananampalataya ng bawat isa hanggang ito ay kanyang paniwalaan. At ang paniniwala sa mga Anghel ay may apat na bagay na napapaloob dito na nararapat paniwalaan; Ang Paniniwala na sila’y umiiral, ang Paniniwala sa kanilang mga pangalan na ating nalaman, katulad ni Jibreel, Israfeel, Mikael at Malik, at ang paniniwala sa sa mga pangalan na hindi nabanggit o hindi natin nalaman. Ang Paniniwala kung ano ang ating nalaman mula sa kanilang mga katangian, at ang Paniniwala kung ano ang ating nalaman tungkol sa mga tungkulin na kanilang tinutupad bilang kautusan ng Allah.

Mga kapatid sa pananampalataya! Ang mga Anghel ay mga nilikha ng Allah na may daigdig na Al-ghayb (di-nakikitang daigdig). Sila ay mayroong magandang kaanyuan na mula sa liwanag na kung saan ay walang kakayahan ang sangkatauhan na sila ay makita sa tunay nilang kaanyuan, sapagka’t tayo ay hindi pinagkalooban ng Allah ng kakayahan na makita sila, at wala sa mga Ummah ng Propeta na nakakita

sa mga Anghel sa tunay na anyo nito maliban sa Propeta ﷺ sapagka't kanyang nakita si Jibreel sa tunay na anyo nito sa paglikha sa kanya ng Allah.

Ang mga Anghel ay mayroong kakayahan na magpalit ng anyo, manggaya ng mga itsura ayon sa kapahintulutan ng Allah. sila ay nagtataglay ng pambihirang lakas, kakayahang lumipad at lumipat sa ibat-ibang lugar, sila ay napakarami walang nakakaalam ng kanilang bilang maliban sa Allah. Sila ay pinili ng Allah upang sambahin lamang Siya , itaguyod ang kanyang mga ipinag-utos at sila ay binigyan ng lakas upang itaguyod ito at hindi sila sumusuway sa mga utos ng Allah. Sinabi ng Allah:

﴿وَمَنْ عِنْدَهُ لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِ وَلَا يَسْتَحْسِرُونَ ١٩ يُسَبِّحُونَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ لَا يَفْتُرُونَ ٢٠﴾

“At silang (mga Anghel na) malalapit sa kanya ay hindi nagmamataas at hindi nagsasawa sa pagsamba sa Kanya, Niluluwalhati at pinupuri nila Ang Allah sa gabi at araw na sila ay hindi napapagod at hindi sila nagsasawa.”

Tunay na nilikha ng Allah ang mga Anghel mula sa Liwanag, Sa Hadith na inulat ni A'isha (kalugdan nawa siya ng Allah) kanyang sinabi: Sinabi ng Propeta ﷺ:

"خُلِقَتِ الْمَلَائِكَةُ مِنْ نُورٍ، وَخُلِقَ الْجَانُّ مِنْ مَّارِجٍ مِنْ نَارٍ، وَخُلِقَ آدَمُ مِمَّا وُصِفَ لَكُمْ"

“Nilikha ang mga Anghel mula sa liwanag, nilikha ang mga Jinn mula sa Apoy at nilikha si Adan kung paano siya inilarawan sa inyo.”

Mga kapatid sa pananampalataya! Tunay na inilarawan ng Allah ang mga Anghel sa Banal na Qur'an at sa Hadith ng Propeta ﷺ ang kanilang mga katangian, at kabilang sa katangian nila na nakasaad sa Qur'an na sila ay nilikha na may maganda anyo. Sinabi ng Allah bilang paglalarawan kay Jibreel:

﴿ذُو مِرَّةٍ فَاسْتَوَى ١﴾

“Si Jibreel nagtataglay ng lakas ng (katawan at isip) at siya ay lumitaw sa kanyang likas na anyo.”

Ayon sa Tafseer ang ibig sabihin ng talatang ito ay; si Jibreel ay nagtataglay ng lakas at may magandang anyo.

At sila ay inilarawan din ng Allah na nagtataglay na lakas at mababagsik. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿يَتَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا فَوْا أَنفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَاطٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ ۝٦﴾

“O kayong mga naniniwala, inyong pangalagaan ang inyong mga sarili at ang inyong mga anak mula sa apoy ng Impiyerno na ang mga panggatong ay mga tao at bato, doon ay may itinalagang mga Anghel na nagpaparusa na sila ay mababagsik at mahihigpit, sila ay hindi sumusuway sa Allah sa anumang Kanyang ipinag-uutos sa kanila at kanilang ginagawa ang anumang ipinag-uutos.”

At kabilang din sa kanilang katangian sila ay may malalaking pangangatawan o kaanyuan. Ayon sa hadith na isinalaysay ni Abdullah ibn Mas-ud (Kalugdan nawa siya ng Allah) kanyang sinabi:

رَأَى رَسُولُ اللَّهِ -صلى الله عليه وسلم- جِبْرِيلَ فِي صُورَتِهِ وَلَهُ سِتْمِائَةُ جَنَاحٍ، كُلُّ جَنَاحٍ مِنْهَا قَدْ سَدَّ الْأُفُقَ،

“Nakita ng Propeta ﷺ si Jibreel sa likas na anyo nito at siya ay mayroong anim na daan na pakpak, sa bawat pakpak nito na natatakpan ang kaulapan.”

At ito ay katibayan lamang na napakadakila ang paglikha sa kanila ng Allah, at gayun din naman maari din silang magpalit ng ibang mga anyo, katulad ng pagpalit ni Jibreel ng kayang anyo ng isang lalaki na nakasuot ng maputing damit, at sobrang itim ng kanyang buhok, katulad sa hadith na isinalaysay ni Omar Ibn Al-khattab o mas kilala sa katawagan na Hadith ni Jibreel. At ganun din ang pagpalit ng anyo ni Jibreel sa anyo ng isang Sahabi na si Dehya Al-kalbiy, at gayundin noong siya nagpakita kay Maryam sa kaanyuan ng isang tao.

Kabilang din sa mga katibayan na tumutukoy sa pagkadakila ng paglikha sa kanila ng Allah ang Hadith na isinalaysay ni Jaber Ibn Abdullah (kalugdan nawa siya ng Allah): Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"أُذِنَ لِي أَنْ أُحَدِّثَ عَنْ مَلِكٍ مِنْ مَلَائِكَةِ اللَّهِ، مِنْ حَمَلَةِ الْعَرْشِ، إِنَّ مَا بَيْنَ شَحْمَةِ أُذُنِهِ إِلَى عَاتِقِهِ مَسِيرَةُ سَبْعِمِائَةٍ عَامٍ" (رواه أبو داود وصححه الألباني).

"Ipinahintulot sa akin ng Allah na magsalita tungkol sa isang Anghel ng Allah na nagtatangan ng Kanyang trono, na kabilang sa kanyang katangian ang distansya sa pagitan ng laman na dulo ng kanyang tainga at ng kanyang balikat ay katumbas ng pitong daang taon na paglalakbay."

Mga kapatid sa pananampalataya! Hindi marapat na ilarawan ang mga Anghel na sila ay may kasarian, lalaki o babae. Sinabi ng Allah bilang pagtanggì sa sinabi ng mga Mushrikun (hindi mananampalataya):

﴿وَجَعَلُوا الْمَلَائِكَةَ الَّذِينَ هُمْ عِبَادُ الرَّحْمَنِ إِنثًا أَشْهَدُوا خَلَقَهُمْ سَتُكْتَبُ شَهَادَتُهُمْ وَيُسْأَلُونَ ۝١٩﴾

"At kanilang ginawang mga babae yaong mga anghel na alipin ng Mahabagin, (Subali't) nasaksihan ba nila ang kanilang pagkakalikha? isusulat ang kanilang pagsaki at sila ay Kanyang tatanungin."

At kabilang din sa kanilang katangian, sila ay hindi kumakain at umiinom. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿فَلَمَّا رَأَوْا أَيْدِيَهُمْ لَا تَصِلُ إِلَيْهِ نَكِرَهُمْ وَأَوْحَسَ مِنْهُمْ خِيفَةً قَالُوا لَا تَخَفْ إِنَّا أُرْسِلْنَا إِلَى قَوْمِ لُوطٍ ۝٧﴾

"Nang nakita niyang ito (ang inihaw na baka) ay hindi inabaot ng kanilang mga kamay (hindi sila kumain mula rito), sila ay kanyang pinaghinalaan, at nakaramdam ng takot mula sa kanila. Sila (mga Anghel) ay nagsabi: Huwag kang matakot, kami ay ipinadala sa mga mamamayan ni lut."

At kabilang din sa kanilang katangian; Sila ay ay hindi nagsasawa at napapagod sa pagtaguyod ng ipinag-uutos ng Allah at hindi natutulog. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَنْ عِنْدَهُ لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِ وَلَا يَسْتَحْسِرُونَ ۝٩ يُسَبِّحُونَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ لَا يَفْتُرُونَ ۝١٠﴾

“At silang (mga Anghel na)mamalpit sa kanya ay hindi nagmamataas at hindi nagsasawa sa pagsamba sa Kanya, Niluluwalhati at pinupuri nila Ang Allah sa gabi at araw na sila ay hindi napapagod at hindi sila nagsasawa.”

At kabilang din sa kanilang katangian; sila ay mayroong mga pakpak, katulad ng binalita sa atin ng Allah, mayroon sa kanila na may dalawa, tatlo, apat na pakpak, at ang iba sa kanila ay mas marami pa. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ جَاعِلِ الْمَلَائِكَةِ رُسُلًا أُولِي أَجْنِحَةٍ مَثْنَى وَثُلَاثَ وَرُبْعَ بَزِيدٍ فِي الْخَلْقِ مَا يَشَاءُ إِنَّ اللَّهَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ

قَدِيرٌ ﴿٥١﴾

“Ang papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, Tagapagsimula sa paglikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, Siya ang gumawa sa mga anghel bilang mga sugong mayroong mga pakpak, dalawa o tatlo o apat. Kanyang dinaragdagan sa paglikha ang anumang Kanyang naisin. Katotohanan, ang Allah ay Ganap na may Kakayahan sa lahat ng bagay.”

At ang tirahan ng mga anghel ay ang kalangitan, katulad ng sinabi ng Allah ﷻ:

﴿كَأَدُ السَّمَوَاتِ يَنْفَخْنَ مِنْ فَوْقِهِنَّ وَالْمَلَائِكَةُ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَيَسْتَغْفِرُونَ لِمَنْ فِي الْأَرْضِ أَلَا إِنَّ اللَّهَ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ

﴿٥٢﴾

“Halos magkabiyak-biyak ang mga kalangitan mula sa kanilang itaas, at ang mga anghel ay lumuluwalhati ng papupuri sa kanilang Panginoon, at sila ay humihingi ng kapatawaran para sa mga nasa lupa. Walang alinlangan, ang Allah ang Siyang Mapagpatawad, ang Mahabagin.”

At sila ay bumababa sa kalupaan sa pamamagitan ng utos ng Allah upang gampanan ang kanilang tungkulin na inutos sa kanila. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَا نَنْزِلُ إِلَّا بِأَمْرِ رَبِّكَ ﴿٥٣﴾

“ At kami(mga Anghel) ay hindi bumababa maliban sa kautusan ng iyong Panginoon.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa pananampalataya! Tunay na ang mga Anghel ay napakarami walang nakakaalam ng kanilang bilang maliban sa lumikha sa kanila ang Allah ﷻ:

﴿وَمَا يَعْلَمُ جُودَ رَبِّكَ إِلَّا هُوَ ۝﴾

“At walang sinuman ang nakakabaitid ng mga kawal(mga anghel) ng iyong Panginoon maliban sa Kanya”

At kung ninanais mong mabatid kung gaano sila karami, pakinggan mo ang sinabi ni Jibreel patungkol sa Al-Bayt Al-Ma'moor(Sagradong bahay sa kalangitan sa ibabaw ng Ka'bah), nang tinanong siya ng Propeta ﷺ sa gabi ng Israh: Sinabi ni Jibreel:

هَذَا الْبَيْتُ الْمَعْمُورُ يُصَلِّي فِيهِ كُلَّ يَوْمٍ سَبْعُونَ أَلْفَ مَلَكٍ إِذَا خَرَجُوا لَمْ يَعُودُوا إِلَيْهِ آخِرَ مَا عَلَيْهِمْ". (متفق عليه).

“Ito ang Al-Bayt Al-Ma'moor, nagdarasal dito ang pitumpong libong anghel araw-araw, kapag sila ay nakalabas dito ay hindi na sila muli pang makakabalik.”

Ang mga anghel ay makakaranas din ng kamatayan katulad ng mga tao at jinn, Sinabi ng Allah:

﴿وَنُفِخَ فِي الصُّورِ فَصَعِقَ مَنْ فِي السَّمَوَاتِ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ إِلَّا مَنْ شَاءَ اللَّهُ ثُمَّ نُفِخَ فِيهِ أُخْرَىٰ فَإِذَا هُمْ قِيَامٌ يَنْظُرُونَ ۝﴾

“At hihipan ng Trumpeta [sa unang pagkakataon], kaya sinuman ang nasa mga kalangitan at sinuman ang nasa kalupaan ay malilipol, maliban sa sinumang ninais ng Allah. At ito ay muling hihipan [sa ikalawang pagkakataon], bilang umpisa ng muling pagkabuhay at sila ay magsisitayuan, na nakatingin [at naghihintay sa kahihinatnang paghatol].”

At Sinabi pa ng Allah ﷻ:

﴿هُوَ كُلُّ شَيْءٍ هَالِكٌ إِلَّا وَجْهَهُ ۝﴾

“ Ang lahat ng bagay ay mawawasak at maglalaho maliban sa Kanyang Mukha.”

Hinihiling natin sa Allah naway kanyang punuin ang ating mga puso ng pananampalataya at pagdadakila sa Kanya, at naway patawarin Niya ang ating mga kasalanan, ayusin Niya ang ating mga kalagayan, tunay na Siya ang may Ganap na kakayahan sa lahat ng bagay.



Ang Paniniwala sa mga Kasulatan

الخطبة الأولى:

O kayong mga mananampalataya! Kabilang sa mga matatalinghagang salita ng Propeta ﷺ ay ang mabuting pananalita na kung saan dito umiikot ang Relihiyong Islam, napapaloob dito ang matibay na saligan ng pananampalatayang Islam, at ito ang Hadith na inulat ni Iman Al-bukhari at Iman Muslim na isinalaysay ni Omar Ibn Al-Khattab(kalugdan nawa siya ng Allah): “ Tunay na dumating si Jibreel(alayhi Assalam) sa Propeta ﷺ sa anyo ng isang lalaki na walang nakakakilala sa kanya sa mga sahaba(kasamahan ng Propeta), at siya ay nagtanong ng mga bagay patungkol sa Relihiyon at kabilang sa kanyang mga itinanong sa Propeta ﷺ: Sabihin mo sa akin ano ng ibig sabihin ng Iman(Pananampalataya)?At ang sabi ng Propeta ﷺ:

"أَنْ تُؤْمِنَ بِاللَّهِ، وَمَلَائِكَتِهِ، وَكُتُبِهِ، وَرُسُلِهِ، وَالْيَوْمِ الْآخِرِ، وَتُؤْمِنَ بِالْقَدَرِ خَيْرِهِ وَشَرِّهِ"

“ Ang paniniwala sa Allah sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga Propeta, sa huling araw, at ang paniniwala sa tadhana mabuti man ito o masama.”

Katotohanan ito ang anim na saligan ng pananampalataya na kung saan ay hindi tatanggapin ng Allah ang pananampalataya ng isang alipin hanngang ito ay kanyang paniwalaang lahat, at kung sinuman ang hindi paniwalaan ang isa sa saligan nito tiyak na hindi tatanggapin sa kanya ng Allah ang kanyang pananampalataya. Ang paksa na ating tatalakayin sa oras na ito ay tungkol sa pangatlong saligan ng pananampalataya: Ang paniniwala sa mga kasulatan o kapahayagan ng Allah na Kanyang ipinanaog sa Kanyang mga Propeta at Sugo bilang liwanag sa sinumang naisin ng Allah sa kanya ang kaligtasan at bilang katibayan o saksi sa sinumang dumating sa kanya at kanya itong narinig.

Mga alipin ng Allah! Tunay na ipinag-utos ng Allah sa mga muslim na kanilang sambitin ng kanilang dila ang kanilang paniniwala sa mga kasulatan na ibinaba ng Allah: Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ قُولُوا ءَامَنَّا بِاللَّهِ وَمَا أُنْزِلَ إِلَيْنَا وَمَا أُنْزِلَ إِلَىٰ إِبْرَاهِيمَ وَإِسْمَاعِيلَ وَإِسْحَاقَ وَيَعْقُوبَ وَالْأَسْبَاطِ وَمَا أُوتِيَ مُوسَىٰ وَعِيسَىٰ وَمَا أُوتِيَ النَّبِيُّونَ مِنْ رَبِّهِمْ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْهُمْ وَنَحْنُ لَهُ مُسْلِمُونَ ﴾

“Sabihin O kayong mga mananampalataya : “Kami ay naniniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag sa amin at sa anumang ipinahayag kina Abraham, Ismael, Isha’q ya’qub at sa tribu [asbat] [59] at sa anumang [Kasulatang] ipinagkaloob kay Musa at kay Eisa, [60] at sa anumang ipinagkaloob sa mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi [o kaibhan] sa pagitan ng sinuman sa kanila, at sa Kanya, kami ay tumatalima [bilang mga Muslim].”

Ang mga kasulatang ito ay ibinaba ng Allah na kung saan ay napapaloob dito ang mga tanda, mga katibayan, mga batas at mga batayan upang matukoy ng mga alipin na ang Allah ang Siyang Diyos na marapat lamang samabahin, at napapaloob din dito ang mga magaganda at katas-taasang mga Pangalan at kumpetong katangian ng Allah na naangkop lamang sa Kanya, tunay na wala ng ibang diyos na marapat sambahin maliban sa Kanya. At gayun din ang pagbibigay ng magandang balita at paghihikaya’t sa paggawa ng kabutihan, pagbibigay na babala sa paggawa ng kasalanan, at bilang panuntunan ng mga tao sa anumang bagay na hindi nila pinagkasunduan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ كَانَ النَّاسُ أُمَّةً وَاحِدَةً فَبَعَثَ اللَّهُ النَّبِيِّنَ مُبَشِّرِينَ وَمُنْذِرِينَ وَأُنْزِلَ مَعَهُمُ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ لِيَحْكُمَ بَيْنَ النَّاسِ فِي مَا اخْتَلَفُوا فِيهِ وَمَا اخْتَلَفَ فِيهِ إِلَّا الَّذِينَ أُوتُوهُ مِنْ بَعْدِ مَا جَاءَتْهُمْ الْبَيِّنَاتُ بَغْيًا بَيْنَهُمْ فَهَدَىٰ اللَّهُ الَّذِينَ آمَنُوا لِمَا اخْتَلَفُوا فِيهِ مِنَ الْحَقِّ بِإِذْنِهِ وَاللَّهُ يَهْدِي مَنْ يَشَاءُ إِلَىٰ صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ ﴾

“Ang sangkatauhan [noon] ay iisang pamayanan [na sumasamba lamang sa Allah bago sila nagkawatak-watak] at ang Allah ay nagpadala ng mga propeta bilang tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala. At kasama na ibinaba ng Allah sa kanila ay mga kasulatan na nagsasaad ng katotohanan bilang panuntunan ng mga tao sa anumang bagay na hindi nila pinagkasunduan.”

Ang mga kasulatang ito ay ibinaba ng Allah na nagsasaad ng katotohanan upang mapanatili ng tao ang diwa ng katarungan. Tunay na walang katuturan ang mga tao sa kanilang kalagayan at patutunguhan maliban sa Kanyang patnubay, at hindi nila makakamit ang patnubay liban sa Kanyang liwanag, at hindi magiging matiwasay ang kanilang pamumuhay sa mundong ito liban kung sila ay sumunod sa Kanyang batas at alituntunin, sapagka't ito ay nagmula sa Allah ang Maalam sa pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha, ang Ganap na maalam. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿لَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلَنَا بِالْبَيِّنَاتِ وَأَنْزَلْنَا مَعَهُمُ الْكِتَابَ وَالْمِيزَانَ لِيَقُومَ النَّاسُ بِالْقِسْطِ﴾ ﷻ

“Katiyakan, Aming ipinadala ang Aming mga sugo na may malilinaw na katibayan, at Aming ipinahayag sa kanila ang Kasulatan at ang timbangan [ng katarungan] upang mapanatili ng tao ang [diwa ng] katarungan [sa kanilang mga gawain].”

Mga kapatid sa pananampalataya! Ang pinakamarangal na mga kasulatan ng ipinanaog ng Allah sa mga Propeta ay walang iba kundi ang Aklat ng Tawraah, Al-Injeel, at ang Qur'an. At ang pinakamainam sa lahat ay ang Banal na Qur'an at pagkatapos ay ang Tawraah, kaya't pinagsama ng Allah ang dalawang kasulatang ito na Kanyang binabanggit sa kanyang aklat. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمِنْ قَبْلِهِ كِتَابُ مُوسَى إِمَامًا وَرَحْمَةً وَهَذَا كِتَابٌ مُصَدِّقٌ لِّسَانًا عَرَبِيًّا لِّنَذِرَ الَّذِينَ ظَلَمُوا وَبُشْرَى لِّلْمُحْسِنِينَ﴾ ﷻ

“At bago pa ang Banal na Qur'an na ito, ang kasulatan ni Musa ay [nagsilbing] patnubay at habag. At ito [ang Qur'an] ay isang nagpapatunay na Aklat sa wikang Arabe upang bigyang babala yaong mga nakagawa ng kamalian, at bilang magandang balita para sa mga mapaggawa ng kabutihan.”

Tunay na ang aklat ng Tawraah ang siyang pinakamainam na aklat na ibinaba para sa mga angkan ng Israel, sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إِنَّا أَنْزَلْنَا التَّوْرَةَ فِيهَا هُدًى وَنُورٌ يَحْكُمُ بِهَا النَّبِيُّونَ الَّذِينَ أَسْمَوْا لِلَّذِينَ هَادُوا وَالرَّحَابِيُّونَ وَالْأَنْحَارُ بِمَا اسْتَحْفَظُوا مِنْ

كِتَابِ اللَّهِ وَكَانُوا عَلَيْهِ شُهَدَاءً﴾ ﷻ

“Katotohanan aming ipinahayag ang Torah [kay Moises], na nagsilbing patnubay at liwanag. Yaong mga propetang tumalima [sa Allah] ay humatol sa pamamagitan

nito para sa mga Hudyo katulad ng ginawang [paghatol ng] mga rabbaniyyun [kagalang-galang] at mga maaalam nang ayon sa anumang ipinagkatiwala sa kanila sa Kasulatan ng Allah, at bukod pa rito, sila ay naging mga saksi”

Pagkatapos ay ibinaba ng Allah ang aklat na Injeel kay Propeta Eisa-alayhis salam-. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَأَتَيْنَاهُ الْإِنْجِيلَ فِيهِ هُدًى وَنُورٌ وَمُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ التَّوْرَةِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ﴾ (١٦)

“At Aming ipinagkaloob sa kanya [kay Eisa] ang Injeel na siyang patnubay at liwanag at nagpapatunay sa anumang sinundan nito ng Torah [ni Musa] bilang isang patnubay at isang tagubilin para sa mga natatakot [sa Allah].”

At kabilang din sa mga kasulatan na ibinaba ng Allah ang Suhuf ni Ibrahim at Musa, at mayroon ding binigyan ang Allah ang ibang mga Propeta na hindi ito pinaalam sa atin, nararapat parin natin itong paniwalaan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿كُلٌّ مِّنْ عِنْدِ رَبِّنَا﴾ (٧)

“Ang lahat ng ito ay nagmula sa aming Panginoon”

Ang lahat ng mga kasulatan (maliban ang Banal na Qur'an) ay inutos ng Allah na ito'y pangalagaan ng mga taong ipinanaog ito sa kanila kaya't ang mga ito ay hindi naging mapayapa sa kamay ng mga taong manloloko, at sa kamay ng mga taong binabago at pinapalitan ang mga salita ng Allah, wala silang matibay na basihan na nag-uugnay sa mga katuruan ng Propeta, lalo't higit na hindi ito naiulat sa kanila sa pamamagitan ng tawatur, at matatagpuan sa kanilang aklat na ipinahayag ay mayroong ibat-ibang kopya nito na magkakaiba ang nilalaman. Sinasalungat ang ibang kopya nito, at ang iba naman ay may karagdagan na wala sa iba o may kulang. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿يُخْرِفُونَ إِلِكُم مِّنْ بَعْدِ مَوَاضِعِهِ يَقُولُونَ إِن أَوْتِينَاهُ هَذَا فَخُذُوهُ وَإِن لَّمْ تَأْتَوْهُ فَاحْذَرُوا﴾ (١١)

“kanilang pinapalitan [o binabago] ang mga salita mula sa [tamang] kinalalagyan [o kahulugan] ng mga ito; na nagsasabing, “Kung kayo ay binigyan ng ganito [nang

ayon sa katuruan nito], ito ay inyong kuhanin, nguni't kung kayo ay hindi binigyan nito, samakatwid, kayo ay mag-ingat!"

At mayroon sa mga aklat na yaon na nagsasaaad ng paglalapastangan sa Allah, at inilarawan ang hindi pagkakompleto ng mga katangian ng Allah, at inilarawan ang mga Propeta at Sugo ng hindi magagandang katangian, bagkus sila ay pinaratangan ng paggawa ng mga malalaswa at hindi kaaya-ayang mga gawain na ikinagalit at ikinamuhi ng puso ng mga mananampalataya, paano masasabi na ito ay aklat na nagmula sa Allah na ganito ang nilalaman? Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿سُبْحَنَ رَبِّكَ رَبِّ الْعِزَّةِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿١٨٠﴾ وَسَلَامٌ عَلَى الْمُرْسَلِينَ ﴿١٨١﴾ وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١٨٢﴾﴾

“Luwalhati sa Allāh na Siya ay Rabb na Tagapaglikha na Dakila, na Siya ay malayo sa anumang itinatangi nila na mga kasinungalingan laban sa Kanya, at kapayapaan sa mga sugo, ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.”

At sa kabila ng mga pagbabago, pagpapalit, pagdadagdag ng mga salita ng Allah sa mga kasulatan na Kanyang ipinahayag, ay mayroon paring natitira na mga salita ng Allah na hindi napalitan, kaya't pinagbawalan ang mga Muslim na magtanong sa mga taong pinagkalooban ng aklat patungkol sa kanilang pananampalataya o Relihiyon upang sila ay hindi malinlang sa sagot ng mga iyon, ang mga mali ay kanilang paniniwalaan at ang totoo ay kanilang papasinungalingan.

At gayun din naman na sila ay pinagbawalan na tumingin o basahin ang mga naunang kasulatan na ipinahayag maliban sa mga may kaalaman na ang kanilang layunin ay ang pakikipagdebate sa kanila sa magandang paraan, at pagpapaliwanag sa mga bagay na taliwas sa tamang paniniwala at kamalian na mayroon sila, at pagtukoy sa mga talata patungkol sa pagiging Sugo ng huling propeta na nakasaaad sa kanilang aklat na pinapaniwalaan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿الَّذِينَ يَتَّبِعُونَ الرَّسُولَ النَّبِيَّ الْأُمِّيَّ الَّذِي يَجِدُونَهُ مَكْنُوبًا عِنْدَهُمْ فِي التَّوْرَةِ ﴿١٥٧﴾﴾

“Yaong mga sumunod sa sugo, ang Propeta na hindi nag-aral [o di- makabasa at di-makasulat], [siya ay] kanilang matatagpuang nakasulat [o binanggit] sa anumang nasa kanila sa Torah at sa Injeel”

الخطبة الثانية:

O kayong mga mananampalataya! Alalahanin ninyo na kayo ay pinili ng Allah sapagka't ipinanaog sa inyo ang pinakamainam ng kasulatan na nagsisilbing patnubay, pinatotohanan nito ang mga naunang Aklat. Ito ay nangingibabaw at nagsisilbing pamantayan, saksi sa naunang mga aklat at tagapangalaga nito. Nagpawalang-bisa sa kanila at ang natitirang tagapaghatol na walang makakapagpawala ng bisa sa kanya hanggang sa dumating ang utos ng Allah.

Kahit na ito ay pinasinungalingan ng mga naunang mga tao ngunit batid nila na ang nagpahayag nito ay nagmula sa Allah ﷻ:

﴿ أَفَعَيِّرَ اللَّهُ أَتَّبِعِي حَكَمًا وَهُوَ الَّذِي أَنْزَلَ إِلَيْكُمُ الْكِتَابَ مُفَصَّلًا وَالَّذِينَ ءَاتَيْنَاهُمُ الْكِتَابَ يَعْلَمُونَ أَنَّهُ مُنَزَّلٌ مِنْ رَبِّكَ بِالْحَقِّ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ الْمُمْتَرِينَ ﴾

[Sabihin] “Kaya, ako ba [kung gayon] ay dapat humanap ng ibang tagapaghatol bukod sa Allah samantalang Siya ang nagbaba [o nagpahayag] sa inyo ng Aklat [ang Qur'an bilang batas] na masusing ipinaliwanag?” At yaong Aming [mga naunang] pinagkalooban ng kasulatan ay kanilang nababatid na ito ay ipinahayag [o ibinaba] mula sa iyong Panginoon sa [ganap na] katotohanan. Kaya, huwag kang makibilang sa mga mapag-alinlangan.

Tunay na ang Banal na Qur'an ay ibinaba sa isang Propeta na hindi marunong sumulat at bumasa bilang isang maliwanag na tanda. Tunay na ang pagiging Ummy (hindi marunong sumulat at bumasa) ng ating Propeta ﷺ para sa kanyang katayuan ito ay kapuri-puri, sapagka't mayroong wisdom/hikma sa likod nito, at kung ito man ay ibinaba sa isang tao na marunong bumasa ito ay magiging isang shubha(nakakalitong bagay) sa mga yaong hindi naniniwala sa Qur'an at kanilang sasabihin

na ito ay kinuha niya lamang mula sa mga naunang mga kasulatan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَمَا كُنْتَ تَتْلُو مِنْ قَبْلِهِ مِنْ كِتَابٍ وَلَا تَخُطُّهُ بِيَمِينِكَ إِذًا لِآرْتَابَ الْمُبِطِينَ ﴿٩٤﴾ بَلْ هُوَ آيَاتٌ بَيِّنَاتٌ فِي صُورٍ ﴿٩٥﴾ الَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ وَمَا يَجْحَدُ بِآيَاتِنَا إِلَّا الظَّالِمُونَ ﴿٩٦﴾ ﴾

“At ikaw [O Muhammad] ay hindi nakapagbasa ng alinmang aklat na una pa rito [sa Qur’an], at hindi rin nakapagsulat ng alinmang aklat sa iyong kanang kamay. Kaya, [kung nangyari nga ang gayon, maaaring] ang mga mapaggawa ng kabulaanan [ay nakapagdulot na] ng pag-aalinlangan [tungkol dito, Bagkus, ito [Qur’an] ay mga malilinaw na kapahayagan [na itinanim] sa dibdib ng mga yaong mga pinagkalooban ng kaalaman. At walang sinuman ang tumatanggi sa Aming mga ayaat [kapahayagan] maliban sa mga mapaggawa ng kamalian”

Ang Banal ng Qur’an ay nananatiling himala na kung saan ang Allah ay hinamon ang mga arabo na gumawa ng katulad nito o kahit man lang sampong birsikulo, o isang birsikulo man lamang kung tunay na sila ay nagsasabi ng katotohanan.

Ang Banal ng Qur’an ay totoong salita ng Allah. Siya ay nagsalita dito na binubuo ng mga titik, tinig, at ito ay narinig ni Jibreel alayhis salam mula sa Kanya. At ito ay ibinababa niya sa Propeta ﷺ, at ito ay hindi salita ng tao. Ttiyak na kung sinuman ang nag akala na ito ay salita ng tao tunay na siya pinangakuan na makakapasok sa Impiyerno.

At Ito ay pinangalagaan ng Allah sa pamamagitan ng Kanyang pangangalaga sa salita at kahulugan nito. Kanyang sinabi:

﴿ إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ ﴿٩٧﴾ [الحجر: 9] ﴾

“Walang pag-aalinlangan, Kami ang nagbaba ng Qurân kay Propeta Muhammmad (ﷺ) at walang pag-aalinlangan na Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas, o sa anumang kasiraan”

Ang Banal na Qur'an ay nagpapatnubay sa mga tao tungo sa pinakamabuting paraan, at nagbibigay ng magandang balita sa mga mananampalataya, at nabibigay ng babalala sa mga walang pananampalataya. Ito ang pinakamakatatotohanang salita, pinakamainam na landas, pangaral, gamot, patnubay, liwanag, naglililaw ng lahat ng bagay, paalala, katatagan at habag para sa lahat. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿أَوَلَمْ يَكْفِهِمْ أَنَّا أَنْزَلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ يُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَرَحْمَةً وَذِكْرَىٰ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ﴾ [العنكبوت: 51]

“At hindi pa ba sapat para sa kanila na Aming ipinahayag sa iyo ang Aklat [ang Qur'an] na [iyong] binibigkas sa kanila? Katotohanan, naririto ang isang habag at paalaala para sa mga mananampalataya”



Ang Paniniwala sa mga Propeta

الخطبة الأولى:

O kayong mga Muslim! Katotohanan ang mga biyaya ng Allah sa Kanyang mga alipin ay napakarami, at kabilang sa pinakamainam na biyaya na ipinagkaloob ng Allah sa kanila, Siya ay nagpadala ng mga Sugo bilang tagapaghatid ng magandang balita, tagpagbabala, at sa kanila ay ibinaba ang Kasulutan upang mabatid nila ang mga bagay o gawain na ikalalapit nila sa kanilang Panginoon at makaiwas sa mga bagay na makakapinsala o makakapahamak sa kanila dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Tunay na ang Allah ay hindi niya nilikha ang sangkatauhan, tinipon sa mundong ito at sila ay hahayaan na lamang na walang gabay at pagkatapos ay lilitisan sa kabilang buhay hangga't sila ay papadalahan ng isang Sugo na magbibigay sa kanila ng mensahe upang samabahin at katakutan ang Allah. At ibinaba sa kanila ang Kasulatan upang magsilbing gabay sa kanila, sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَا كَانَتْ أَلَلَّةٌ لِّضَلِّ قَوْمًا بَعْدَ إِذْ هَدَيْنَاهُمْ حَتَّىٰ يُبَيِّنَ لَهُم مَّا يَتَّقُونَ﴾ (١١٥)

“At hindi hahayaang maligaw ng Allah ang isang mamamayan pagkaraang ito ay Kanyang patnubayan hanggang gawin Niyang malinaw para sa kanila ang anumang kanilang nararapat na iwasan.”

Mga alipin ng Allah! Kabilang sa saligan ng pananampalatayang Islam; Ang paniniwala sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo, kaya't marapat sa bawat mananampalataya na sila ay paniwalaan bilang mga Propeta at Sugo ng Allah, tunay na inilarawan ng Allah sa Banal na Qur'an ang pananampalataya ng mga Mu'mineen. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ءَاَمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ ءَاَمَنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ﴾



“Ang Sugo [si Muhammad] ay naniniwala sa anumang ibinaba [o ipinahayag] sa kanya mula sa kanyang Panginoon at gayundin ang mga mananampalataya. Silang lahat ay naniniwala sa Allah at sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Aklat, at sa Kanyang mga Sugo. [Sila ay nagsasabing]: “Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi sa pagitan ng sinuman sa Kanyang mga sugo.”

At ganun din ang katibayan na nagmula sa hadith ng Propeta ﷺ; naiulat ni Abu hurayrah(kalugdan nawa siya ng Allah), ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"الْإِيمَانُ أَنْ تُؤْمِنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ، وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ، وَلِقَائِهِ، وَتُؤْمِنَ بِالْبَعْثِ الْآخِرِ". [متفق عليه].

“Ang Iman ay ang maniwala ka sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga propeta, sa paghaharap sa Kanya, at paniniwala sa muling pagkabuhay”

At ang kahulugan ng paniniwala sa mga Propeta at Sugo; ay ang matapat na paniniwala na ang Allah ay nagpadala sa bawat nasyon ng Sugo, upang anyayahan sila sa paniniwala sa Allah, sambahin Siya ng bukod tangi at nag-iisa lamang, umiwas at lumayo sa lahat ng uri ng diyus-diyosan na sinasamba. At ang paniniwala na silang lahat ay isinugo, matutuwid, moral at makokotahan, at tunay na ipinarating nila ang lahat ng inutus sa kanila ng Allah. At mayroon sa kanila na ating nalaman ang kanilang mga pangalan at mayroon namang hindi at ito ay eksklusibo lamang sa kaalaman ng Allah.

At ginawang obligado ng Allah sa atin na sila ay ating mahalin, purihin na walang halong pagmamalabis, galangin, at paniwalaan ang mga makatotohanang mga balita, at mga pangyayari kasama ang kanilang mga nasyon o sambayanan. At gayun din, sila ang huwaran natin pagdating sa usaping paniniwala, tamang pananampalataya, kumpletong Tawheed(ka-isahan ng Allah), mabuting pag-uugali, at ang pagtataguyod ng mga batas na ipinarating sa atin ng ating Sugo na walang iba kundi ang selyo ng mga Propeta, ang pinakamainam sa kanila at kanilang pinuno, ang isinugo sa lahat ng sangkatauhan na siyang si Propeta Muhammad ﷺ, tunay na

kung sinuman ang hindi pinaniwalaan ang isa sa kanila tunay na sila ay nawalan ng paniniwala sa lahat ng Propeta o Sugo.

Mga Alipin ng Allah! Ang bilang ng mga Propeta at Sugo ay walang nakaaalam nito maliban sa Allah lamang, mayroon sa kanila na nabanggit ang kanilang mga pangalan sa Banal na Qur'an at naisalaysay sa atin ang kanilang mga kasaysayan at mga pangyayari at ang bilang nila ay dalawampu't lima. Marapat na sila ay ating paniwalaang lahat at ang kanilang kasaysayan na dumating sa atin. At mayroon din sa kanila ang hindi nabanggit ang kanilang mga pangalan at hindi nakarating sa atin ang kanilang mga kasaysayan at pangyayari, kaya't marapat parin natin silang paniwalaan bilang paniniwala sa balita ng Allah hinggil sa kanila, sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ مِنْهُمْ مَّن قَصَصْنَا عَلَيْكَ وَمِنْهُمْ مَّن لَّمْ نَقْصُصْ عَلَيْكَ وَمَا كَانَ لِرَسُولٍ أَنْ يَأْتِيَ بِآيَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ

اللَّهِ ﷻ﴾

“At katiyakan, Aming ipinadala ang mga sugo nang una sa iyo [O, Muhammad]: ang iba sa kanila ay Aming isinalaysay sa iyo [ang kanilang kasaysayan]. At ang iba sa kanila ay hindi Namin isinalaysay sa iyo [ang kanilang kasaysayan]. Hindi marapat sa sinumang sugo na siya ay magdala ng ayaat [kapahayagan o himala] maliban sa kapahintulutan ng Allah.”

At ang pinaka mainam na mga Propeta ay lima, sila ang tinatawag na mga **“Ulul Azam”** (mga tanyag) na propeta, na binanggit ng Allah sa Banal ng Qur'an:

﴿سَرَعَ لَكُم مِّنَ الدِّينِ مَا وَصَّى بِهِ نُوحًا وَالَّذِي أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى وَعِيسَى أَنْ أَقِيمُوا الدِّينَ وَلَا

تَتَفَرَّقُوا فِيهِ ﷻ﴾

“Kyang itinakda para sa inyo sa relihiyon ang anumang Kyang inihabilin kay Noah at ang anumang Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad] at ang anumang Aming inihabilin kina Abraham at Moises at Hesus – upang itatag ang relihiyon at huwag kayong magkawatak-watak dito.”

At ang Propeta Muhammad ﷺ, siya ang selyo o huling Sugo na ipinada ng Allah, wala ng Sugo pagkatapos niya at wala ng Propeta na papalit pagkatapos niya.

Isinugo siya ng Allah bilang habag sa sanlibutan at patnubay sa mga tao at jinn. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِّن رِّجَالِكُمْ وَلَكِن رَّسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ ۚ وَكَانَ اللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمًا ۝ ﴾

“Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, nguni’t [siya ay] Sugo ng Allah at pinakaselyo o pinakahuli sa lahat ng mga propeta. At ang Allah ay Ganap na nakaaalam sa lahat ng bagay”

At naiulat ni Jaber Ibn Abdullah(kalugdan nawa siya ng Allah), kanyang sinabi: Sinabi ng Propeta ﷺ:

“أُعْطِيتُ خَمْسًا لَمْ يُعْطَهُنَّ أَحَدٌ مِّنَ الْأَنْبِيَاءِ قَبْلِي: منها.. وَكَانَ النَّبِيُّ يُبْعَثُ إِلَى قَوْمِهِ خَاصَّةً، وَبُعِثْتُ إِلَى النَّاسِ كَافَّةً، [البخاري (438)].

“Ako ay binigyan ng Allah ng limang bagay na hindi naibigay ni isa sa mga Propeta na nauna sa akin, at kabilang dito,,tunay na ang bawat propeta ay ipinadala sa kanyang sambayan lamang at ako ay ipinadala para sa lahat ng sangkatauhan.”

O kayong mga Muslim! Ang mga Propeta ay mga tao lamang na nilikha ng Allah, kumukain, umiinum, nag-aasawa, natutulog, nakakalimot, nagkakasakit at dumarating sa kanila ang kamatayan. Sila ay katulad ng mga tao na walang angking anumang katangian upang sila ituring bilang panginoon at diyos, at wala rin silang kaalaman hinggil sa mga Gayb (lingid) na kaalaman maliban sa itinuro sa kanila ng Allah. Bagkus, sila ay ipinadala ng Allah sa sangkatuhan bilang manghikaya’t sa pagsamba sa Allah ng nag-iisa lamang at bigyan sila ng babala sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ ۝ ﴾

“At katiyakan, Aming ipinadala sa bawa’t pamayanan ang isang sugo [na nag-aanyayang]: “Sambahin ang Allah [tanging Siya], at iwasan ang [pagsamba sa] mga huwad na diyos.”

At tunay na sila ay inutusan ng Allah upang ituro ang landas patungo sa Kanya nang sa gayon ay hindi magkaroon ng katwiran ang mga tao laban sa kanila, at sila ay ipinada bilang habag sa sangkatauhan. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَالَمِينَ ﴾

“At ikaw O Muhammad ay hindi Namin ipinadala maliban bilang isang habag sa sangkatauhan”

Ang mga naunang mga makalangit na batas lahat ng ito ay kinumpleto ng Allah sa pamamagitan ng Islam, at ang Propeta ay dumating upang kumpletuhin ang natitirang bahagi sa pagtatag ng gusali ng pananampalataya, upang ito ay maging bukas at nababagay sa lahat ng sangkatauhan hanggang sa kabilang buhay. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتِمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا ﴾

“Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at ikinalugod ko para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon”

At sa Hadith na isinalaysay ni Abu Huraira(kalugdan nawa siya ng Allah) kanyang sinabi: tunay na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"إِنَّ مَثَلِي وَمَثَلَ الْأَنْبِيَاءِ مِنْ قَبْلِي، كَمَثَلِ رَجُلٍ بَنَى بَيْتًا، فَأَحْسَنَهُ وَأَجْمَلَهُ إِلَّا مَوْضِعَ لَبْنَةٍ مِنْ زَاوِيَةٍ، فَجَعَلَ النَّاسُ يَطُوفُونَ بِهِ، وَيَعْجَبُونَ لَهُ وَيَقُولُونَ: هَلَا وُضِعَتْ هَذِهِ اللَّبْنَةُ؟ قَالَ: فَأَنَا اللَّبْنَةُ، وَأَنَا خَاتِمُ النَّبِيِّينَ" (البخاري و مسلم).

“Katotohanan na ang kahalintulad ko at ng mga naunang Propeta ay kahalintulad ng isang lalaki na gumawa ng isang bahay, at ito ay kanyang pinaganda maliban sa lugar ng isang laryo sa bandang sulok, at ang mga tao ay umiikot dito, at sila ay nagtataka dito at kanilang sinasabi: bakit ang laryong ito ay hindi inilagay? sabi ng Propeta: ako ang laryo at ako ang selyo ng mga Propeta.”

الخطبة الثانية:

O kayong mga Muslim! Katunayan na ang tungkulin lamang ng Propeta ay pagpaparating ng mensahe. At ang kaugnayan lamang ng mga tao sa Propeta na kung sinuman ang sumunod sa kanyang utos ay sinunod niya ang Allah at kung sinuman ang sumuway, tumalikod at pinasinungalingan ang Propeta tiyak na ang Allah ang bahala sa kanya sa paglilitis at pagpaparusa. At hindi isinugo ang Propeta upang pilitin ang sinuman na sila ay magabayan at yakapin ang relihiyong Islam. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إِنَّكَ لَا تَهْدِي مَنْ أَحْبَبْتَ وَلَكِنَّ اللَّهَ يَهْدِي مَنْ يَشَاءُ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ﴾ (٥٦)

“Katotohanan, [O Muhammad] hindi mo mapapatnubayan ang sinumang iyong kinalulugdan, nguni’t ang Allah ang nagpapatnubay sa sinumang Kanyang naisin. At Siya ang higit na Maalam sa [sinumang] napatnubayan.”

At hindi kabilang sa tungkulin at kakayahan ng Propeta ang pangalagaan at bantayan ang mga alipin mula sa pagkalimot at pagkaligaw, bagku’s ito’y hawak ng Allah, at katiyakan ang Allah ay hindi Niya inatasan ang Kanyang mga Sugo upang gabayan ang mga yaong tumalikod at hindi naniwala sa kanila pagkatapos nilang iparating ang kanilang mensahe. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿فَإِنْ أَعْرَضُوا فَمَا أَرْسَلْنَاكَ عَلَيْهِمْ حَفِيظًا إِنَّ عَلَيْكَ إِلَّا أَلْبَاسٌ﴾ (٥٨)

“At kapag sila ay tumalikod sa paniniwala sa Allah, O Muhammad, ikaw ay hindi Namanin ipinadala sa kanila bilang tagapagmatyag o tagabantay, sapagka’t ang tungkulin mo lamang ay magparating ng mensahe”

O kayong mga Muslim! Katotohanan ang mga yaong hindi naniwala o tumanggi na ang Allah ay nagpadala ng mga Propeta at sila ay isinugo sa sangkatauhan hindi nila iginalang ang Allah nang karapat-dapat na paggalang para sa Kanya, hindi nila batid ang mga Wisdom/Hikmah, habag, katarungan, kabutihan, at karangalan ng Allah. Tunay na sila ay mga mangmang sa kanilang Panginoon. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَمَا قَدَرُوا اللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِ إِذْ قَالُوا مَا أَنْزَلَ اللَّهُ عَلَى بَشَرٍ مِّن شَيْءٍ قُلْ مَن أَنْزَلَ الْكِتَابَ الَّذِي جَاءَ بِهِ مُوسَى نُورًا وَهُدًى لِّلنَّاسِ﴾ (١١)

“Hindi nila iginalang ang Allâh nang karapat-dapat na paggalang para sa Kanya, Sabihin mo sa kanila, noong sila ay hindi naniwala na ang Allâh ay nagpahayag ng anumang kapayahagan sa sinumang tao. O Muhammad (ﷺ): Kung ang katulad ng inyong inaangkin ay katotohanan, sino kung gayon, ang nagpahayag ng Aklat na dala-dala ni Mousâ sa kanyang sambayanan bilang Liwanag sa sangkatauhan at Gabay sa kanila?”

Mga kapatid sa pananampalataya! Walang pagdududa na ang mga Sugo ng Allah ay ipinarating nila ang mensahe ng Allah, ginampanan nila ang Amana(pinagkatiwala) sa kanila at nakibaka sa landas ng Allah ng tunay na pakikibaka mula sa unang naging Sugo na si Noah hanggang sa pinakahuling Propeta na isinugo na si Propeta Muhammad ﷺ. At tunay na nanatili ang tungkuling ito pagkatapos nila para sa mga mananampalataya ang ipagpatuloy ang pagpaparating ng mensahe ng Allah ﷻ.

Kaya’t magtiis sa pagtaguyod ng tungkulin na ito na ayon sa paraan na tinahak ng ating Propeta ﷺ sa pagsusumikap, pagsasakripisyo, pagkakaroon ng wisdom/hikmah, awa, habag, pagtitimpi, pagbibigay ng kabutihan, paghihikaya’t at paghingi ng panalangin. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ قُلْ هَذِهِ سَبِيلِي أَدْعُو إِلَى اللَّهِ عَلَى بَصِيرَةٍ أَنَا وَمَنِ اتَّبَعَنِي وَسُبْحَانَ اللَّهِ وَمَا أَنَا مِنَ الْمُشْرِكِينَ ﴾

“Sabihin mo [sa kanila O Muhammad]: “Ito ang aking landas; ako ay nag-aanyaya tungo sa Allah nang may [tamang] kaalaman [o pang-unawa], ako at yaong mga sumunod sa akin. At Luwalhati sa Allah; at ako ay hindi nabibilang sa mga nagtatambal [sa Kanya].”



Ang Paniniwala sa Huling Araw

الخطبة الأولى:

Mga Alipin ng Allah! Hindi makukumpleto ang pananampalataya ng isang Muslim hanggang sa siya ay maniniwala sa huling araw at sa mga malalaking kaganapan na mangyayari dito kung saan ay titipunin ng Allah ang mga nilikha upang sila ay litisin sa lahat na kanilang mga ginawa sa mundong ibabaw. Naiulat ni Imam Muslim mula sa hadith na isinalaysay ni Omar Ibn Al-Khattab(kalugdan nawa siya ng Allah); Tunay na si Jibreel ay nagtanong sa Propeta ﷺ patungkol sa Iman? kanyang sinabi:

"أن تؤمن بالله وملائكته وكتبه ورسله واليوم الآخر.." (صحيح مسلم: 8)،

"Ang paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga kasulatan at sa huling araw"

Ang paniniwala sa huling araw ay kabilang sa saligan ng pananampalataya, na kung saan ay hindi magiging tama ang pananampalataya ng isang alipin hanggang kanya itong paniwalaan at may katiyakan na walang halong pagdududa na mayroong tinakdang araw na babalik ang tao sa Allah upang tanungin at lilitisin ang mga mabubuti at masasama, gagawaran ng gantimpala ang taong mabuti ayon sa kanyang ginawang kabutihan, at paparusahan ang masasama ayon sa kasamaan na kanilang ginawa.

At ang paniniwala sa huling araw ay kabilang sa dakilang saligan ng pananampalataya pagkatapos ng paniniwala sa Allah, sapagka't ang paniniwala sa huling araw ay nakabatay sa pananampalataya, pagtitiwala sa katarungan at Karunungan ng Allah, at huwag hintayin o akalain ng isang alipin na ang Allah ay magkapantay o magkapareho lamang ang tingin Niya sa mga propeta at sa kanilang mga kaaway, ang pumatay at pinatay, ang umapi at ang naapi at ang sinumang nag ayuno, nagtaguyod ng pagdarasal, sinamba ang Allah at ang sinumang sumuway, nagkasala? ang katarunagan at karunungan ng Allah ay tumatanggi na mamuhay si

Musa at Paraon at pagkatapos silang dalawa ay mamamatay na lamang at wala nang susunod pagkatapos? at doon na lamang magwawakas? tiyak ang kasagutan ay hindi! Ang Allah ay lubos na maalam sa Kanyang pagpapasya at makatarungan sa lahat, kaya't mayroon Siyang inihandang lugar para sa paglilitis ng lahat at tunay na ang Allah ay walang dadayain sa Kanyang paglilitis sa kaninuman sa Kanyang mga nilikha.

Tunay na ang Banal na Qur'an at Hadith ng Propeta ﷺ ay punong-puno ng paglalahad ng mga kaganapan na mangyayari pagdating sa araw ng paghuhukom. Kaya't halina't ating pagmuni-munihan ang mga bahagi ng kaganapang ito na nabanggit sa Banal na Qur'an, sinabi ng Allah ﷻ:

﴿وَنُفِخَ فِي الصُّورِ فَصَعِقَ مَنْ فِي السَّمَوَاتِ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ إِلَّا مَنْ شَاءَ اللَّهُ ثُمَّ نُفِخَ فِيهِ أُخْرَىٰ فَإِذَا هُمْ قِيَامٌ يَنْظُرُونَ ﴿١٠١﴾ وَأَشْرَقَتِ الْأَرْضُ بِنُورِ رَبِّهَا وَوُضِعَ الْكِتَابُ وَجِئَ بِالنَّبِيِّينَ وَالشُّهَدَاءِ وَقُضِيَ بَيْنَهُم بِالْحَقِّ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١٠٢﴾ وَوُفِّيَتْ كُلُّ نَفْسٍ مَا عَمِلَتْ وَهُمْ أَعْلَمُ بِمَا يَفْعَلُونَ ﴿١٠٣﴾﴾

“At hihipan ang Trumpeta, na sa pamamagitan nito ay mamamatay ang lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, maliban sa sinumang naisin ng Allâh na hindi mamatay, pagkatapos ay hihipan ng anghel sa ikalawang pag-hip bilang pagumpisa ng muling pagkabuhay sa lahat ng nilikha para sa Paghuhukom sa harapan ng Allâh na kanilang Rabb na Tagapaglikha, at doon sila ay nakatayo lahat na buhay mula sa kanilang libingan na nakamasid lamang at naghihintay sa anumang gagawin sa kanila, At ang kalupaan ay mangingislap sa liwanag ng Panginoon nito: at ang talaan [ng gawa] ay ilalagay [nang nakabukas]: at ang mga propeta at ang mga saksi ay dadalhin sa harapan; at ito [ang talaan] ay maghahatol sa kanilang pagitan nang makatotohanan, at sila ay hindi dadayain [sa paghuhukom], At bawat tao ay babayaran ng katumbas ng kanyang ginawa, masama man ito o mabuti, at Siya, ang Allâh ay Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga ginawa rito sa daigdig na pagsunod o hindi kaya ay paglabag.

At ang mga talatang ito ay magpapaalala sa atin ng pagkakaroon ng paniniwala sa araw ng paghuhukom na kung saan ito ay siguradong magaganap.

At sa araw ding ito ay ilalahad ang mga aklat ng talaan ng mga gawain at mababatid ng tao ang kanyang mga ginawa, at ang isang mananampalataya ay matutuwa at masisiyahan sa pagkuha ng kanyang aklat sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, at ang walang pananampalataya at ang masasama ay matatakot at mangangamba at hindi niya alam kung ano ang gagawin sa kanya, at itataas sa kanila ang Impiyerno at kakaladkarin ang mga walang pananampalataya na may kalupitan tungo sa Impiyerno na sila ay nasa masidhing pagkauhaw at sila ay babagsak sa Impiyerno katulad ng bagsak ng mga tipaklong.

At ang mga yaong may pananampalataya sila ay ipapahuli at gayun din ang mga yaong nahaluan ang kanilang mga mabuting gawa na masamang gawa sila ay nasa delikadong sitwasyon, at sa araw na yaon ay malalaman ng bawat isa ang kanilang kahihinatnan hanggang sa darating ang araw na itinakda ng Allah na mababalot ng kadiliman, bago sila makarating sa tulay at itataas ng Allah ang Tulay na kung saan ang ilalim nito ay ang Impiyerno, at ang mga Propeta ay magsasabi habang sila ay kasalukuyan na tumatawid sa Sirat: O Allah, iligtas Mo ako! dahil sa tindi na mga kaganapan, ang bawat isa ay magiging abala lamang sa kanyang sarili, at tatawid ang mga may pananampalataya sa tulay ayon sa kanilang ginawa sa mundong ibabaw, makikita ng kanilang mga mata ang tulay na ito at ang iba ay hindi para sa kanila ay napakadilim, sapagka't silang mga mananampalataya ay pinagkalooban ng liwanag, at mayroon sa kanila na tatawid na kasingbilis ng kidlat, ang iba ay kasingbilis ng nakasakay sa kabayo, ang iba ay naglalakad at ang iba ay tumatawid na nakagapang, at ang mga puso ay natatakot sa mga pangyayari na magaganap, sapagka't pagkatapos nito ay kaparusahan o di kaya'y kaginhawaaan.

At ang mga tao kapag sila ay nakatawid sa tulay na yaon, maari na sila ay mapayapang maliligtas o malalaglag sa Impiyerno, lilinisin ng Allah ang mga taong may pananampalataya sa kaisahan ng Allah na nakapasok ng Impiyerno kapag hindi ninais ng Allah na patawarin ang kanilang mga kasalanan, lilinisin ang kanilang mga

puso mula sa mga dumi, sapagaka't ang puso ng makasalanan ay madumi kaya't nararapat lamang na ito ay linisin, at ito ay Kanyang lilinin sa pamamagitan ng Kanyang kabutihan, upang sa ganun ang Impiyerno ay para lamang sa lahat ng walang pananampalataya, at ang pinakamataas na antas nito ay para sa mga taong may pananampalataya sa kaisahan ng Allah, at sila ay mananatili dito sa mahabang panahon na sila ay nasa matinding kaparusahan sa isang araw na ang haba nito nito ay katumbas ng limampung libong taon hanggang sa dumating ang mga Shufaa (taga pamagitan) at hanggang sa matitira na lamang ang Shafaa ng Allah at hanggang sa huling mga bagay na magaganap.

At kapag nalampasan at natawid ng mga mananampalataya ang tulay na iyon sila ay titipunin sa isang lugar bago sila makapasok ng paraiso, at ang huling makakapasok ng paraiso ang mga mayayaman at ang pagitan o haba ng panahon na kanilang pag-aantay ay kalahating araw, at ang katumbas ng kalahating araw na yaon ay limang daang taon, at ang unang makakapasok ng paraiso ang mga mahihirap, sapagka't ang karapatan ng kayamanan ay napakalaki at napakahalaga at magkakaroon ito ng paglilitis at tatanongin sila kung naibigay ba nila ang karapatan ng kanilang kayamanan sa mga taong karapatdapat.

Magtiwala sa Allah mga kapatid sa pananampalataya! Katotohanan ang paniniwala sa huling araw ay nagbubunga ng mga kabutihan, at kabilang dito; Ang paniniwala sa huling araw ang siyang pumipigil sa pag-uunahan sa paggawa ng makamundong bagay, at pumipigil sa paggawa ng mga ipinagbabawal. Sapagka't ang pamumuhay sa kabilang buhay ay punong-puno ng kabutihan, kayamanan, at mga bagay na hindi nakamit sa mundong ibabaw. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من ترك شيئاً لله عوضه الله خيراً منه" (صححه الألباني).

"Sinuman ang umiwan ng isang bagay para sa Allah, ito ay papalitan ng Allah sa kanya ng mas mainam"

Mga alipin ng Allah! tunay na ang paniniwala sa kabilang buhay ang siyang namamahala sa pagpigil ng pagnanasa sa sarili at nag-uudyok at minumulat ang tao

sa pagsagawa ng tapat na pagsunod at matiyagang tuparin ang mga tungkulin sa pag-asang matamo ang gantimpala ng huling araw.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa pananampalataya! tunay na ang paniniwala sa Gayb (lingid) ang siyang nagkokontrol sa katangian na mayroon ang tao, at napapaloob dito ang saligan ng paniniwala sa huling araw. Sapagka't ang isang tao kapag hindi naniwala sa huling araw saan at kanino siya matatakot at mangangamba? Ano ang nagtutulak sa iyong kamay kapag nakita mo ang isang mahina na nilalampastanganan ang kanyang karapatan? Hindi ba ang paniniwala mo sa huling araw? Ano ang pumipigil sa iyo na huwag kainin o kunin ang ari-arian ng tao na walang katarungan? Tunay na ang paniniwala sa huling araw ang siyang sikretong nagtutulak sa tao upang mapanatili ang kanyang mabuting katangian at asal, sapagka't alam mo na ang lahat ng gawain na iyong ginawa ito ay naisulat saiyo, at ikaw ay tatanungin hinggil dito ng Allah, tunay kung wala ang paniniwala sa kabilang buhay, ang mundo ang siyang magiging layunin ng tao, at magiging marahas ang paraan ng kanilang pamumuhay, sapagka't mangingibabaw ang mga taong makapangyarihan at mawawasak ang mga taong mahihina, mawawalan ng saysay ang mga karapatan, papahintulutan ang paggawa ng mga ipinagbabawal, kukunin ang mga ari-arian, at lalapastanganin ang mga dangal.

Katotohanan ang tunay na pinangangambahan ng mga mananampalataya ay ang paglilitis ng Allah sa kabilang buhay, at ang pinangangambahan din ng mga walang pananampalataya ang paglilitis ng Allah sa kabilang buhay, sapagka't ang mga walang pananampalataya kahit na sila ay hindi naniniwala sa kabilang buhay ay mayroon sa loob ng kanilang puso na bagay na kanilang pinangangambahan, ang mga namamatay na kanyang nakikita at nababalitaan sa kanyang mga pamilya at sa kanyang sambayanang ito ang nagiging dahilan na napupuno ng takot at pangamba

ang kanyang buhay at kanyang maiisip na hindi kumpleto ang pamumuhay sa mundong ito.

Mga alipin ng Allah! Marapat na ating paghandaan ang araw pagdating ng dakilang araw na yaon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya, paggawa ng kabutihan, agarang pagbabalik-loob sa Allah at paghingi ng kapatawaran sa lahat ng pagkakasala, pagkakamali at pagkukulang. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَلْتَنْظُرْ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ لِغَدٍ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾﴾

“O kayong mga naniniwala, inyong katakutan ang Allah at hayaang suriin ng sinuman sa inyo ang anuman na kanyang nagawang gawain para sa kabilang buhay, at inyong katakutan ang Allah, katotohanan, ang Allah ay nakababatid sa anumang inyong ginawa”

Kaya’t sinuman ang kanyang nabatid na siya ay muling babalik sa Allah, siya ay lilitisin sa lahat ng kanyang nagawa, malaki man ito o maliit, lantaran man o di kaya lingid na mga gawa, at batid niya na ang Allah ay hindi gumagawa ng pandaraya kahit na katiting na gantimpala ng gawain ng sinuman; marapat sa kanya na gumawa ng kabutihan, mangamba, at mag-ingat sa pagkalimot. At kung sinuman ang naniwala sa kaisahan ng Allah at naging panatag sa pag-alaala sa Kanya, pinaniwalaan ang mga Sugo, at sinunod ang mga batas nito, tunay na siya ang nagtagumpay sa kabilang buhay. Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿يَا أَيُّهَا النَّفْسُ الْمُظْمِئَةُ ﴿١٧﴾ ارْجِعِي إِلَىٰ رَبِّكِ رَاضِيَةً مَّرْضِيَّةً ﴿١٨﴾ فَأَدْخُلِي فِي عِبَادِي ﴿١٩﴾ وَأَدْخُلِي جَنَّتِي ﴿٢٠﴾﴾

“Sasabahin sa isang matapat na mananampalataya “ O kaluluwang matiwasay! bumalik ka sa iyong Panginoon nang kalugud-lugod at ang Allah ay katiyakang nasiyahan o nalugod sa iyo, na kung kaya, pumasok ka na kabilang sa mga ikinarangal at mabubuti mula sa Aking mga alipin, at ikaw ay pumasok sa Aking paraiso!”



Ang Paniniwala Sa Qadr

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanang ang Islam ay dumating sa sangkatauhan upang ayusin nito ang kanilang mga paniniwala, pag-iisip, pag-uugali, at wala itong iniwang bagay maliban na ang Islam ay nagbigay gabay at katuruan sa mga tao patungkol rito. Sinabi ng Allah:

﴿ مَا قَرَّظْنَا فِي الْكِتَابِ مِنْ شَيْءٍ ﴾ [الأنعام: 38]

“Wala Kaming nakaligtaang (anumang) bagay sa (talaang) Aklat.”

At kasama sa mga katuruang dinala ng Islam sa sangkatauhan ay ang paniniwala sa Qadha at Qadr; mga itinadhana at itinakda.

Mga alipin ng Allah, inyong alamin na ang totoong Muslim ay dapat na maniwala sa kaisahan ng Allah sa Kanyang paglikha sa lahat ng mga nilikha, at Siya rin ang mag-isa ang may kontrol at namamahala sa lahat ng mga ito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ أَلَا لَهُ الْخَلْقُ وَالْأَمْرُ تَبَارَكَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ ﴾ [الأعراف: 54]

“Kung kaya, na Siya (ang Allah) lamang ang Bukod-Tanging Lumikha ng lahat at ganoon din ang lahat ng Pag-aatas (Pag-uutos). Mapagpala ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.”

At kasama sa Kanyang mga nilikha ay ang Kanyang itinadhana, ang Kanyang pagtatakda, at ang Kanyang mga gawa. At ang mga pag-aatas naman ng Allah ay ang Kanyang batas at ang Kanyang relihiyon. At katunayang Siya ang lumikha, ang gumawa ng batas, at ang nag-utos.

At ang Kanyang mga kautusan (Ahkaam) ay nakatakda na at naisabatas na. At walang sinumang nilalang ang makakawala sa kung anuman ang napagpasyahan ng Allah

na mangyayari sa buong sanlibutan. At ang pagpapasyang ito ng Allah, ay parehong nakasulat na; naitadhana na at naitakda na, na mangyayari sa bawat nilalang o nilikha ng Allah.

Naiulat ni Abdullah bin 'Amr bin Al-'Aas radiyallahu anhuma na kanyang narinig ang Propeta Muhammad ﷺ na nagsabi:

"كَتَبَ اللَّهُ مَقَادِيرَ الْخَلَائِقِ قَبْلَ أَنْ يَخْلُقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ بِخَمْسِينَ أَلْفَ سَنَةٍ، قَالَ: وَعَرْشُهُ عَلَى الْمَاءِ"

“Isinulat ng Allah ang mga tadhana ng mga nilikha limang daang libong taon bago pa Niya nilikha ang mga kalangitan at kalupaan at ang Kanyang Arsh ay nasa itaas ng tubig”

Katotohanan na ang Allah ay lubos na nakakaalam sa lahat ng bagay. At ang kaalaman ng Allah ay walang nakaraan para sa Kanya, walang kasalukuyan, at walang hinaharap. Dahil katotohanan na ang mga panahon at mga oras na ito ay para lamang sa ating mga nilalang na kalaunan at di-tatagal ay maglalaho rin at mawawala.

Ang totoong Muslim ay naniniwala sa Qadha at Qadr; nakatadhana at nakatakda. Na kung saan ito ay kasama sa anim na haligi ng Imaan o paniniwala; na hindi niya makukumpleto ang kanyang Imaan kung hindi niya ito paniniwalaan. At katotohanan na nagpapatunay ang Qur'an at ang Sunnah, ang lahat ng mga Muslim, at ang sinumang may mabuting pagkatao at pag-iisip sa pagiging Waajib o obligado ng paniniwala sa Qadha at Qadr. At sinuman ang hindi maniwala rito ay katotohanang kanyang itinanggi ang Allah at hindi siya naniniwala sa Kanya, at katunayang nakalabas siya sa relihiyong Islam.

Mga alipin ng Allah, inyong alamin na ang paniniwala sa Qadr ay nasa dalawang antas;

Unang antas; ang paniniwala na ang Allah ay nauna na Niyang malaman, lubos na niyang alam, ang lahat ng mga gagawin ng Kanyang mga alipin mapamabuti man ito o masama, maging masunurin man sila o suwail; bago pa man sila likhain ng Allah sa mundong ito. At alam na ng Allah kung sino-sino sa kanila ang mga makakapasok ng Paraiso o ng Impyerno. At nakapaghandang rin Siya para sa kanila ng mga kaukulang gantimpala at parusa bago pa man sila likhain. At ang lahat ng mga ito ay nakasulat na sa talaan ng Allah.

Naiulat ni Ali radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"مَا مِنْكُمْ مِنْ أَحَدٍ، إِلَّا وَقَدْ كُتِبَ مَقْعَدُهُ مِنَ النَّارِ، وَمَقْعَدُهُ مِنَ الْجَنَّةِ"

“Walang sinuman sa inyo, maliban na naisulat na sa kanya ang kanyang lugar sa Impiyerno o kanyang lugar sa Paraiso”

At nagtanong ang mga Sahaba radiyallahu anhum: “O Sugo ng Allah, kung ganun, pwede ba naming hayaan na kung anong nakatakda sa amin at wala na kaming gagawin?” At sagot ng Propeta ﷺ:

"اعْمَلُوا فَكُلُّ مُيَسَّرٍ لِمَا خُلِقَ لَهُ، أَمَّا مَنْ كَانَ مِنْ أَهْلِ السَّعَادَةِ، فَيُيَسَّرُ لِعَمَلِ أَهْلِ السَّعَادَةِ وَأَمَّا مَنْ كَانَ مِنْ أَهْلِ الشَّقَاءِ فَيُيَسَّرُ لِعَمَلِ أَهْلِ الشَّقَاوَةِ"

“Magtrabaho kayo, bawat isa’y madali para sa kanya kung anuman ang nilikha para sa kanya. Sinuman ang kabilang sa mga taong magiging masaya ay ipapadali sa kanila ang gawain ng mga taong magiging masaya, at sinuman ang kabilang sa mga taong malulungkot ay ipapadali sa kanila ang gawain ng mga taong malulungkot”

At pagkatapos ay binasa ng Propeta ﷺ:

﴿ فَأَمَّا مَنْ أَعْطِيَ وَاتَّقَى ۖ وَصَدَّقَ بِالْحُسْنَى ۖ فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْيُسْرَى ۖ ﴾ [البقره: 5-7]

“Kaya sinuman ang nagbigay (sa kawanggawa) at natakot (sa Allah). At naniwala sa pinakamabuti (ang pag-asam ng gantimpala). Magkagayon, Aming gagawing magaan o madali para sa kanya ang pagtungo sa (landas na) magaan o madali.”

Pangalawang antas; ang paniniwala na ang Allah ay ginawa Niya ang lahat ng mga gawain; ito man ay paniniwala o gawa ng di-paniniwala, at mabubuting gawa man ito o masasamang gawa. Ang lahat ng mga gawaing ito ay Kanyang ipinahihintulot habang Kanyang kinamumuhian ang mga ito at sinuman ang mga gumawa nito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّاهَا ۖ فَأَلْهَمَهَا فُجُورَهَا وَتَقْوَاهَا ۗ﴾ [الشمس: 7-8]

“At (sumpa ko) sa tao o kaluluwa at sa Kanya na humubog nito. Kaya, Kanyang ipinakita sa tao ang kasamaan nito at kabutihan nito.”

Kaya ang isang alipin ay napag-utusan at pinagbawalan, gagantimpalaan at paparusahan, naniniwala at tumatanggi, siya'y nagsa-Salah (nagdarasal) at nag-aayuno, nagbibigay ng Zakah at nagha-Hajj, pumapatay at nagnanakaw, sumusunod at sumusuway; ang lahat ng mga ito'y dahil sa pahintulot at kagustuhan ng Allah. Ang Allah ang Siyang lumikha sa Kanyang alipin pati na rin sa kanyang mga katangian at mga gawain. Ang isang alipin ay may kagustuhan rin, at ang Allah ang lumikha ng kagustuhang ito. Ang isang alipin ay may kakayahan o lakas, at ang Allah ang lumikha ng lakas na ito.

O sangkatauhan, katotohanang ang buong sanlibutan, ang sangkalawakan, at ang lahat ng mga napapaloob rito at ang lahat ng mga nangyayari rito ay Lubos na alam ng Allah. Ang lahat ng nangyari at lahat ng mangyayari pa, mabuti man ito o masama; lahat ng ito ay may kaakibat na kabutihan o kadahilanan na ang Allah lamang ang nakakaalam, mabatid man o hindi ito mabatid ng Kanyang mga alipin. Naiulat ni Suhayb radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"عَجَبًا لِأَمْرِ الْمُؤْمِنِ؛ إِنَّ أَمْرَهُ كُلَّهُ خَيْرٌ، وَلَيْسَ ذَاكَ لِأَحَدٍ إِلَّا لِلْمُؤْمِنِ؛ إِنْ أَصَابَتْهُ سَرَاءٌ شَكَرَ، فَكَانَ خَيْرًا لَهُ، وَإِنْ أَصَابَتْهُ ضَرَاءٌ صَبَرَ فَكَانَ خَيْرًا لَهُ"

“Nakakamangha ang isang mananampalataya, tunay na ang lahat ng kanyang kalagayan ay nasa kabutihan at walang nagtataglay nito maliban lamang sa isang mananampalataya. Kapag siya’y datnan ng bagay na nakakapasaya sa kanya, siya’y nagpapasalamat at ito’y nakabuti para sa kanya. At kapag siya’y datnan ng kapighatian/kahirapan siya’y nagtitimpi at ito’y nakabuti para sa kanya”

At katunayan na ang isang Muslim o Mu’min ang lahat ng nangyayari sa kanya ay umiikot sa dalawang kalagayang ito na kung saan dapat niyang paniwalaan na lahat ng nangyayari sa kanya ay itinakda ng Allah at ito’y mayroong kapalit na benepisyo o kabutihan para sa kanya.

At ang nararapat sa isang Muslim ay kapag siya’y nakagawa ng mabuting bagay ay kanyang isipin na ito’y biyaya mula sa Allah, na ginawang madali para sa kanya ng Allah at pinahintulot niya na magawa ito ng Kanyang alipin. At huwag siyang mamangha sa kanyang sarili, dahil katotohanan nga na isa itong biyaya mula sa Allah.

At kung makagawa naman siya ng isang masama o kasalanan, ay humingi siya ng kapatawaran sa Allah at magbalik-loob siya sa Kanya. At kung tamaan siya ng unos, problema, o sakuna dahil sa anumang kasalanang nagawa ng ibang mga alipin ng Allah, ay kanyang isipin na ito’y itinakda ng Allah na tumama sa kanya, at dapat talagang mangyari iyon sa kanya. At kanyang isipin na lahat ng mga itinatakda ng Allah at Kanyang pinagpasyahan na mangyari sa Kanyang alipin ay may dala-dalang kabutihan, aral, leksyon, o katuruan.

Mga alipin ng Allah, katotohanang ang Propeta Muhammad ﷺ ay ginabayan tayo, na kanyang Ummah, sa dalawang bagay na magiging dahilan ng ating pagiging masaya at matagumpay dito sa mundo; ang paniniwala sa Qadr, mga itinakda ng Allah, at ang paggawa ng mga bagay na makakabuti at pag-iwas o paglayo sa mga bagay na makakasama. Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"الْمُؤْمِنُ الْقَوِيُّ خَيْرٌ وَأَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنَ الْمُؤْمِنِ الضَّعِيفِ، وَفِي كُلِّ خَيْرٍ، اِخْرَصَ عَلَى مَا يَنْفَعُكَ، وَاسْتَعِنَ بِاللَّهِ وَلَا تَعْجِزْ، وَإِنْ أَصَابَكَ شَيْءٌ فَلَا تَقُلْ لَوْ أَنِّي فَعَلْتُ كَانَ كَذَا وَكَذَا. وَلَكِنْ قُلْ: قَدَّرَ اللَّهُ وَمَا شَاءَ فَعَلَ، فَإِنَّ لَوْ تَفْتَحُ عَمَلَ الشَّيْطَانِ"

“Ang malakas na Mu’min ay mas mainam at mas kaibig-ibig sa Allah kaysa sa Mu’min na mahina. Ngunit parehong may kabutihan sa kanilang dalawa. Magsumikap ka sa bagay na mapapakinabangan mo, humingi ka ng tulong sa Allah at huwag kang panghinaan ng loob. At kung tamaan ka o mangyari sa’yo ang di kaaya-ayang bagay ay huwag mong sabihin na ‘Kung sana ginawa ko lang ito o ito ay magiging ganito at ganito’. Bagkus, ang sabihin mo (kapag may masamang nangyari sa’yo) ‘Itinakda ito ng Allah, at anuman ang Kanyang gustuhin ay Kanyang gagawin’, dahil katotohanan na ang pagsabi ng ‘Kung’ ay nagbubukas ng gawain ng Shaitan.”

Kaya’t isipin ninyo at isapuso ang payo ng Propeta Muhammad ﷺ na tayo’y magpursige at magsumikap sa mga bagay na ikabubuti natin sa ating relihiyon at sa ating makamundong buhay. At pagkatapos ay pinayuhan niya tayong humingi ng tulong sa Allah, habang ginagawa natin ang makakaya nating gawin. At pagkatapos ay ginabayan tayong iwan ang hindi paniniwala o di pagtalima sa kung anuman ang itinakda ng Allah, at iwasan ang makapagbukas tayo ng gawain ng Shaitan.

Dahil katotohanan na kapag ginawa natin ang nararapat nating gawin, at ginamit natin ang ibat-ibang pwedeng pamamaraan, ay kahit ano pa man ang magiging

resulta ng ating gawa ay huwag tayong magalit at madismaya, dahil ang mga ito'y sa pagpapasya na ng Allah. At tunay nga, na walang makakagawa nito, maliban sa totoong mga naniniwala at mga mananampalataya.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, pagkatapos nating ipaliwanag na anumang itinadhana at itinakda ng Allah para sa Kanyang mga alipin ay mayroong kabutihan at aral. At pagkatapos nating talakayin kung ano ang nararapat sa isang Muslim na paniwalaan niya patungkol sa Qadha at Qadr, ay nararapat sa kanya na huwag makipagdebate patungkol sa paksang ito. Huwag niyang pasukin ng malalaliman ang paksang ito dahil katotohanan na ipinagbawal rin ito ng Propeta Muhammad ﷺ. Sa isang Hadith na naiulat ng lolo ni 'Amr bin Shu'ayb ay isang beses ay nadatnan ng Propeta ﷺ ang ilan sa mga Sahaba na pinag-uusapan nila ang patungkol sa Qadr; at dahil dito'y nagalit ang Propeta ﷺ sa kanila at kanyang sinabi na ang mga naunang nasyon ay nawasak at nasira dahil sa gawaing ito na pagtatalakay ng malaliman sa usaping Qadr.

Kaya naman ang mga Salaf ay di nila nagugustuhan ang pakikipag-argumento patungkol sa Qadr, at kanilang ipinagbabawal ang pagsasagawa nito. Bagkus, ang kanilang ipinang-hihikayat ay ang tamang pag-intindi sa paksang ito na kung saan ang maidudulot lang nito sa bawat Muslim ay wasto at tamang pamumuhay dito sa mundo.

Mga alipin ng Allah, ilan sa mga mabubuting resulta ng paniniwala sa Qadha at Qadr; itinadhana at itinakda, ay ang pagpapakita nito sa atin ng tamang daan na maglalayo sa atin mula sa Shirk o pagtatambal sa Allah. Dahil ang isang Muslim na naniniwala nito (sa Qadha at Qadr) ay makatitiyak siyang ang lahat ng nilalang o nilikha sa sangkalawakan ay mayroon lamang nag-iisang tagapamahala at taga-kontrol, kaya

mayroon ding nag-iisa lamang na dapat sambahin. At sinuman ang hindi maniwala dito ay katotohanang kumuha siya ng ibang diyos maliban sa Allah na kanyang sinasamba.

Kasama rin sa mga mabubuting resulta ng paniniwala sa Qadha at Qadr, ay ang pagkaramdam ng kapayapaan at kasiyahan. Dahil sinuman ang naniniwala nito ay alam niya sa kanyang sarili na ang lahat ng bagay ay sa mga kamay ng Allah; ang mabubuti at masasama, ang mga matatamis at mapapait. Napupuno ang kanyang puso ng pagkakontento at pagkagaan ng kalooban, at siya ay nagpapatuloy sa kanyang pamumuhay na wala siyang iniisip na nakakaisturbong mga bagay.

﴿الَّذِينَ إِذَا أَصَابَهُمْ مُصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ ﴿١٥٦﴾ أُولَٰئِكَ عَلَيْهِمْ صَلَوَاتٌ مِنْ رَبِّهِمْ وَرَحْمَةٌ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْتَخُونَ﴾

﴿١٥٦﴾ [البقرة: 156]

“(Ang mga matiisin ay) yaong, kapag tinamaan ng pinsala o sakuna ay nagsasabing; Katotohanan, kami ay sa Allah (nagmula) at sa Kanya, kami ay muling magbabalik. Sila yaong mga nagawaran ng Salawaat (pagpapala at kapatawaran) mula sa kanilang Panginoon at ng (Kanyang) habag at sila yaong mga (matuwid na) napatnubayan.”

Kasama rin sa mga mabubuting resulta ng paniniwala sa Qadha at Qadr, ay ang pagiging matuwid at matibay ng tao sa kaginhawaan at sa kagipitan. Na hindi siya malilinlang ng mga biyaya at hindi siya mahila pababa ng anumang problema.

﴿لَا يَكْنِيْلَا تَأْسَوْا عَلَىٰ مَا فَاتَكُمْ وَلَا تَفْرَحُوا بِمَا آتَاكُمْ وَاللَّهُ لَا يُحِبُّ كُلَّ مُخْتَالٍ فَخُورٍ ﴿٢٣﴾﴾ [الحديد: 23]

“Upang kayo ay hindi maghinagpis sa anumang lumagpas sa inyo, at (upang) kayo ay hindi magmalaki sa anumang biyayang ipinagkaloob sa inyo. Hindi minamahal ng Allah ang mga nagmamagaling, (at) mga mapagyabang.”

Kapag siya ay nakakuha ng mabubuting bagay ay alam niyang hindi niya nakuha ang mga iyon dahil sa kanyang galing o talino, bagkus dahil sa Allah. At kapag siya naman ay tinamaan ng anumang problema o kagipitan ay alam niyang kagustuhan iyon ng Allah at iyon ay isa lamang pagsubok. Kaya hindi siya magagalit o madidismaya, bagkus siya ay magtitiis at magtitimpi, at kanyang ipagkakatiwala ang anumang kanyang pangangailangan sa Allah.

At kabilang sa pinakaimportanteng resulta ng paniniwala sa Qadha at Qadr, ay ang pagkakaroon ng isang alipin ng lakas ng loob na harapin ang anumang problema, at mas nadadagdagan ang kanyang determinasyon.

﴿الَّذِينَ قَالَ لَهُمُ النَّاسُ إِنَّ النَّاسَ قَدْ جَمَعُوا لَكُمْ فَاخْشَوْهُمْ فَزَادَهُمْ إِيمَانًا وَقَالُوا حَسْبُنَا اللَّهُ وَنِعْمَ الْوَكِيلُ﴾ [آل عمران: 173]

“Yaong mga naniniwala na pinagsabihan ng mga taong (mapagkunwari), ‘Katotohanan ang mga tao (mga pagano) ay nagsama-sama laban sa inyo, kaya sila ay inyong pangambahan’. Ngunit ito’y nakaragdag lamang sa kanila ng higit pang (katatagan ng) Imaan (pananampalataya). At sila ay nagsabi, ‘Ang Allah ay Sapat na para sa amin at napakabuti Niyang Tagapangasiwa (ng lahat).”

Ang isang alipin ay mas nananatiling matatag at matapang sa lugar o panahon ng labanan at hindi siya matatakot na mamatay; dahil alam niya na ang oras ng kanyang kamatayan ay nakatakda na at hinding-hindi mauuna o mahuhuli. At ang isang alipin naman na nagda-Da’wah o nanghihikayat ng mga tao tungo sa landas ng Allah ay hinding-hindi rin matatakot sa anumang sabihin o maaring gawin sa kanya ng mga tao. Dahil kung anuman ang naitakda na ay katunayang mangyayari at anuman ang hindi naitakda ay hinding-hindi mangyayari. Ang lahat ng mga ito ay nasa kamay at kontrol ng Allah.

O kayong mga naniniwala, nararapat sa lahat ng naniniwala sa Qadr o itinakda ng Allah na palaging maging alerto sa anumang bagay na dumating sa kanya na

makapagliligaw sa kanya. Tulad ng kanyang pagiging alerto na baka ang huli niyang magawa sa mundong ito habang siya ay nabubuhay pa ay masamang gawa o kasalanan. Dahil dito, hindi maaaring magtatamad-tamara siya na gumawa ng maraming bagay na nakakabigay pakinabang sa kanya at mabubuting mga bagay. Lumayo dapat siya sa mga masasamang bagay at sa paggawa ng mga kasalanan. Dahil ang puso ng tao ay palaging konektado sa Lumikha sa kanya. Kaya't nararapat na manalangin siya sa Kanya, at hilingin niya sa Kanya na protektahan siya sa kung anumang masamang bagay na tatama sa kanya, at gabayan siya sa mga bagay na makakabuti sa kanya.

Mga alipin ng Allah, mahalín ninyo ang Allah dahil sa napakaraming mga biyaya na binibigay niya sa inyo. At makontento kayo at tumalima, at tanggapin ninyo ang lahat ng mga itinadhana at itinakda ng Allah. Dahil katotohanan na lahat ng itinakda ng Allah sa inyo ay lahat makakabuti sa inyo alam niyo man ito o hindi.



Ang Panganib Ng Pag-Takfir

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang Allah ay binigyan at biniyayaan niya tayo ng relihiyong Islam na dapat nating sundin at dapat nating ipanghikayat sa sangkatauhan. At katotohanan na lahat ng relihiyon maliban sa Islam, at lahat ng batas maliban sa batas na nakasaad sa Qur'an at Sunnah o Hadith ay kaligawan, na kung saan walang maidudulot sa mga sumusunod nito maliban sa paglayo mula sa Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ إِنَّ الدِّينَ عِنْدَ اللَّهِ الْإِسْلَامُ ۚ ﴾ [العمران: 19]

“Katunayan, ang tanging tunay na relihiyon para sa Allah ay ang Islam.”

At Kanya ring sinabi:

﴿ وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ ﴾ [العمران: 85]

“At sinumang humanap ng ibang relihiyon bukod sa Islam, ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya, at sa kabilang buhay siya ay kabilang sa mga talunan.”

At ang relihiyong ito, ang relihiyong Islam, na pinili ng Allah para sa atin at para sa sangkatauhan, ay may mga batas na dapat masunod. Ito ay may mga katuruan na dapat nating isagawa, mga ipinagbabawal na dapat nating layuan, at mga limitasyon na di natin pwedeng lampasan.

At ang mga kautusang ito ay mayroon ditong Waajib o obligado na dapat nating gawin o dapat nating iwan, at mayroon din namang Mustahabb o boluntaryo lamang ang paggawa nito o ang pag-iwan nito. Dahil katotohanan na lahat ng Deen o relihiyon ay may mga kautusan, batas, at mga limitasyon, at alinmang Deen o

relihiyon ang wala nito ay katunayang hindi totoong relihiyon. At ang halimbawa nito ay ang mga makabago at napapanahon daw na mga relihiyon, kung saan wala silang katuruan maliban sa pawang mga payo lamang at kasabihan. Kanila itong sinasabi sa kanilang mga taga-sunod ngunit walang silang batas na pinapairal.

At ang Islam ay malayo sa mga katulad nito, dahil katotohanang sinabi ng Allah:

﴿ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَقْرُبُوهَا ﴾ [البقرة: 187]

“Ito ang mga hangganan ng Allah, kaya, huwag ninyong lapitan ang hanggananang ito.”

﴿ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَعْتَدُوهَا وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ ﴾ [البقرة: 229]

“Iyan ang batas ng Allah bilang panuntunan (sa pagitan ng ‘Halal’ ipinahihintulot at ‘Haram’ ipinagbabawal), na kung kaya huwag ninyo itong labagin. Sinuman ang lalabag sa hanggananang itinakda ng Allah, samakatuwid, sila yaong mapaggawa ng kamalian.”

At ang kaparasuhan ng Allah ay hindi lamang niya igagawad sa huling araw, bagkus ang Islam ay naglaan din ng karampatang parusa dito sa daigdig para sa silang mga lumabag sa mga kautusan ng Allah, gumawa sa Kanya ng mga kasalanan, at sinuway ang Kanyang mga ipinagbabawal.

At ang mga parusa sa paggawa ng mga bagay na ipinagbawal ng Allah ay Qisas, ang pagganti ng mata sa mata, ilong sa ilong, taenga sa taenga, ngipin sa ngipin, at iba pa. Ang pagputol sa kamay ng magnanakaw, ang paglalatigo o pagbato sa mga nag-Zina (nakiapid o nangalunya), ang pagkrusipika, ang pagpatay, o ang pagpapaalis sa lugar para sa mga naghahasik ng kalagiman sa mga tao, ang paglalatigo sa mga sinungaling at umiinom ng alak, at ang paglaban sa mga pasaway na mga tao hanggang sa sila ay magbalik-loob sa Allah.

﴿ وَإِنْ طَائِفَتَانِ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ اقْتَتَلُوا فَأَصْلَحُوا بَيْنَهُمَا فَإِنْ بَغَتْ إِحْدَاهُمَا عَلَى الْأُخْرَىٰ فَقَاتِلُوا الَّتِي تَبْغِي حَتَّىٰ تَفِيءَ إِلَىٰ أَمْرِ اللَّهِ فَإِنَّ فَاتًا

فَأَصْلَحُوا بَيْنَهُمَا بِالْعَدْلِ وَأَقْسِطُوا إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ ﴿٩﴾ [الحجرات:9]

“At kapag ang dalawang grupo ng mga mananampalataya ay naglaban, pag-ayusin ninyo, (O kayong mga mananampalataya) ang pagitan ng dalawang grupong ito, at kapag ang isa sa dalawang grupo ay gumanti at hindi tumugon sa pagpasya na ito, ay makipaglaban kayo sa grupong yaon hanggang sa ito ay bumalik sa Batas ng Allah, at kapag ito ay bumalik sa dating kasunduan ay pag-ayusin ninyo ang pagitan ng dalawang grupong ito nang patas, at maging makatarungan kayo sa inyong paghatol. Katiyakan, ang Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan.”

At sinabi ng Propeta ﷺ:

"ومن بدل دينه فاقتلوه"

“Sinuman ang ipagpalit niya ang kanyang relihiyon (Islam) ay paslangin ninyo.”

At sinuman ang gumawa ng kasalanan o krimen sa Islam ay katunayang siya ay paparusahan base sa kanyang kasalanang nagawa, at upang makapagbigay babala sa ibang mga tao na gawin rin ang kanyang kasalanang ginawa. At katotohanang walang malayang Muslim na kanyang sinusunod ang kung anumang bagay na kanyang naisin, bagkus ang isang totoong Muslim ay isa lamang alipin na nagpapakumbaba, tumatalima, at sumusunod lamang sa gusto ng kanyang Panginoon at ng Islam.

Mga alipin ng Allah, ang paksa ng Imaan at Kufr o ng paniniwala at hindi-paniniwala ay napakalaking paksa na marami sa mga tao ang nagkamali ng pag-intindi at pag-unawa. Na silang mga tao ay nahahati sa dalawang grupo; grupo na kanilang pinapasok sa Islam ang hindi mga totoong Muslim, at grupo na kanilang pinalabas sa Islam ang mga totoong Muslim. At katunayang napakarami ng mga taong napapabilang sa alinman sa dalawang grupo na ito mula noon hanggang ngayon.

Ang grupo ng mga Murjiah, ay kanilang nilunod ang mga tao sa paggawa ng kasamaan at kasalanan at kanilang inihalal sa mga tao ang pagsunod sa kanilang mga sariling pagnanasa. Dahil sapat na daw sa kanila, para sa isang tao, na sabihin ng kanyang dila na siya ay naniniwala, at dahil sa napakaraming pangako ng Allah sa Qur'an na nagsasabing siya ay magpapatawad at magpapapasok ng sinuman sa Paraiso dahil sa kanyang awa.

At ang mga Khawaarij naman ay kanilang pinaliit at pinasikip ang malawak at malaking Islam. Kanilang ginawa at tinawag na Kaafir o di naniniwala ang sinumang Muslim na nakagawa ng pagkakamali o kasalanan. Dahil raw ito sa napakaraming pangako ng Allah na nabanggit sa Qur'an, na kanyang paparusahan at papahirapan ang mga makasalanang tao at papasukin niya sila sa Impyerno.

At katotohanan na walang panahon mula noon hanggang ngayon, at walang lugar sa bawat sulok ng mundo maliban na mahahanap mo ang dalawang grupong ito. Dahil kung makakita ka ng mga Murjiah sa isang lugar ay tiyak na mayroon din doong Khawaarij, at kapag ang Khawaarij ang nakita mo sa isang lugar ay tiyak na mayroon din doong Murjiah. At hindi mo malalabanan ang dalawang grupong ito maliban sa pananatili mo sa tuwid na landas, pagsunod mo sa katuruan ng Islam, at pagkuha sa lahat ng mga nakasaad sa Qur'an at Sunnah, at pagsunod sa kung ano ang pag-unawa at kapaliwanagan ng mga Ulama o iskolar ng Islam sa mga nakasaad sa Qur'an at Sunnah.

Mga kapatid sa Islam, inyong alamin, na sinuman ang bumanggit at sumaksi ng Shahada at kanyang tinanggap ang katotohanan, ang Islam, ay katunayang kanyang niyakap ang Islam at pumasok rito. At hindi siya makakalabas mula rito maliban na gawin niya ang mga bagay na magpapalabas sa kanya mula rito. At kung makagawa

man siya ng kasalanan, maging ito man ay napakalaking kasalanan, ay katotohanang hindi masasabing siya’y hindi naniniwala. Maliban na lamang na ang kanyang kasalanan ay hayag na sumasalungat at lumalabag sa mismong Qur’an at Sunnah.

At minsan, pwedeng ang isang Muslim ay makapagsabi, makagawa, o maniwala ng isang bagay na magpapalabas sa kanya ng Islam, ngunit hindi niya alam ang patungkol rito o siya’y pinilit lamang na sabihin ito o gawin; ay katotohanang hindi pwedeng sabihin na siya ay naging Kafir o di-naniniwala. Ngunit kapag sinabi, ginawa, o pinaniwalaan niya ang ganitong bagay at naipaliwanag sa kanya na ang bagay na ito ay magpapalabas sa kanya sa Islam at siya ay nanatili sa ganitong sitwasyon, ay katotohanang hindi na natin siya matatawag na isang Muslim dahil kanyang tinalikuran at di-pinaniwalaan ang mismong Islam.

At alamin ninyo, mga alipin ng Allah, na ang pag-Takfir o pagsabing hindi naniniwala ang isang tao ay isang hukom na ang tanging makakapagdesisyon lang nito ay ang Allah at ang Kanyang Sugo. Tulad ng pagsasabing ang isang bagay ay Halal o Haram ay tanging ang makakagawa lang nito ay ang Allah at ang Kanyang Sugo. At hindi naman lahat ng mga bagay na hindi paniwalaan ng isang tao, na kung saan ito’y inutos ng Islam na paniwalaan natin, ay magpapalabas sa tao mula sa Islam.

Kaya naman, dahil sa ang Allah at Kanyang Sugo lamang ang pwedeng mag-Takfir, ay hindi pwedeng sabihin ng isang tao sa isang tao na siya ay Kafir o di naniniwala maliban na siya ay makapagbigay ng maliwanag na pruwera mula sa Qur’an at Sunnah. Hindi puwedeng gawin at sabihin ito dahil lamang sa hinala at akala, dahil nagdudulot ito ng napakapeligrong Hukom o batas. At dahil na rin na ang Hudud o mga parusa ay hindi naisasagawa dahil ang basehan ay hinala lamang, ay ganun din na ang pag-Takfir ay di pwedeng sabihin o gawin dahil ang basehan lamang ay hinala.

At dahil dito, katotohanang ang Propeta Muhammad ﷺ ay lubos na nagbabala sa pag-Takfir sa maraming mga Hadith tulad ng kanyang sinabi:

"إِنْ قَالَ الرَّجُلُ لِأَخِيهِ يَا كَافِرٍ وَجَبَ الْكُفْرُ عَلَى أَحَدِهِمَا"

“Kapag sinabi ng isang lalaki sa kanyang kapatid ‘Ya Kafir’ (O ikaw na dinaniniwala), ay magiging karapat-dapat ang kufr sa isa sa kanilang dalawa.”

At sa ulat naman ni Abu Dharr radiyallahu anhu, kanyang narinig ang Propeta ﷺ na kanyang sinabi:

"مَنْ دَعَا رَجُلًا بِالْكَفْرِ أَوْ قَالَ يَا عَدُوَّ اللَّهِ وَلَيْسَ كَذَلِكَ إِلَّا حَارَّ عَلَيْهِ"

“Sinuman ang tawagin niya ang isang lalaki na kafir o sabihin niya ‘O kalaban ng Allah’ at hindi naman ito totoo maliban na lamang na ito ay babalik sa kanya”

At katotohanan, na isa sa mga Hadith ng Propeta ﷺ ay nagsasabing ang pagbibintang lang ng Kufr sa isang tao ay tulad ng pagpatay sa kanya. Dahil tulad ng isang Muslim na kanyang iniwan at tinalikuran ang Islam, na ang parusa sa kanya ay ang pagpaslang sa kanya, ay ganoon din na kapag sinabi ng isang tao sa isang Muslim na siya ay Kafir ay para na rin niyang ibinigay ang hatol na paslangin ang Muslim na iyon.

Naiulat ni Thabit bin Dhahhaak radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"مَنْ لَعَنَ مُؤْمِنًا فَهُوَ كَقَتْلِهِ، وَمَنْ قَذَفَ مُؤْمِنًا بِكَفَرٍ فَهُوَ كَقَتْلِهِ"

“Sinuman ang isumpa niya ang isang mananampalataya, ito’y katulad ng pagpatay sa kanya. At sinuman ang nag-akusa sa isang mananampalataya na siya’y kafir, ito’y katulad ng pagpatay sa kanya”

At sinabi rin ng Propeta Muhammad ﷺ:

"إن العبد إذا لعن شيئاً صعدت اللعنة إلى السماء، فتغلق أبواب السماء دونها، ثم تهبط إلى الأرض فتغلق أبوابها دونها، ثم تأخذ يميناً وشمالاً؛ فإذا لم تجد مساعداً رجعت إلى الذي لعن، فإن كان لذلك أهلاً، وإلا رجعت إلى قائلها"

"Katotohanan na ang isang alipin kapag kanyang isinumpa ang isang bagay ito'y aakyat sa langit at magsasara ang mga pinto ng kalangitan at pagkatapos ito'y bababa sa lupa at magsasara ang mga pinto nito at pagkatapos ito'y pupunta sa kanan at kaliwa. Kapag wala na itong madadaan ito'y babalik sa kanya na siyang isinumpa kapag siya'y karapat-dapat dito. At kung hindi (siya karapat-dapat sa sumpa na ito) ito'y babalik sa sinumang nagsabi nito"

Katotohanan na nagkaisa ang Ahlus Sunnah Wal Jama'ah na ang isang Muslim ay kahit gaano pa man kalaki ang nagawa niyang kasalanan ay hindi siya makakalabas sa Islam. At ang nararapat ay kapag ang isang Muslim ay pinagbintangang Kafir ay dapat na magkaisa ang lahat sa kanyang pagiging Kafir, at dapat na mayroong napakahayag at napakaklarong pruwera mula sa Qur'an o Sunnah.

Sinabi ni Shaykhul Islam Ibn Taimiyah rahimahullah:

"وليس لأحد أن يُكفّر أحداً من المسلمين وإن أخطأ وغلط، حتى تقام عليه الحجة، وتُبين له المحجة، ومن ثبت إسلامه بيقين لم يزل ذلك عنه بالشك..."

"Hindi maaari sa sinuman ang kanyang itakfir ang sinuman sa mga Muslim kahit na ito'y magkamali at magkasala hangga't sa maiparating sa kanya ang patunay dito at maipaliwanag ito sa kanya. Sinumang ang napatunayan ang kanyang pagiging Muslim ay hindi ito maaalis sa pamamagitan lamang ng pag-aalinlangan"

Hilingin natin sa Allah na ipakita sa atin ang katotohanan at gabayan niya tayong sundin ito. At ipakita niya sa atin ang kamalian at gabayan niya tayong iwasan ito.

﴿ رَبَّنَا لَا تُزِغْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ هَدَيْتَنَا وَهَبْ لَنَا مِنْ لَدُنْكَ رَحْمَةً إِنَّكَ أَنْتَ الْوَهَّابُ ﴾ [العمران:8]

“At sinasabi nila: ‘O aming Panginoon, huwag Mo pong tulutang ang aming mga puso ay lumihis (sa katotohanan) pagkaraan na kami ay Iyong patnubayan, at igawad Mo po sa amin mula sa Iyong Sarili ang habag. Tunay na ikaw ang Tagpaggawad ng habag’.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na ang paglaganap at pagdami ng pag-Takfir, pamamaratang, pagbibintang at pang-aakusa ng masasamang mga bagay sa kapwa, ay dahilan ng pagwawatak-watak at hindi pagkakaisa ng mga kamusliman ngayon. Ito ay dahilan din ng maraming pag-aaway, pagpapatayan, at pagpapadanak ng dugo ng walang katarungan.

At katotohanang ang paghiwa-hiwalay at hindi pagkakaisa ng mga Muslim ay ang pinakadahilan ng kanilang pagkatalo, pagkabigo, at pag-aalipusta o pagmamaliit sa kanila ng mga kalaban tulad ng nangyayari ngayon.

Ang mga Muslim sa panahon ngayon ay lubos na nangangailangan na magkaisa at magtulungan upang maharap ang mga nais sumira at kumalaban sa kanila. Ngunit kung mayroon sa kanilang mga Muslim, na paparatangan at aakusahan niya ang kanyang kapwa ng anu-anong mga masasamang bagay na walang pruweba at matibay na dahilan ay katotohanang guguhos sila at matatalo. Magsisimula sa kanila ang pag-aaway at sila ay magwawatak-watak. At walang matutuwa at makikinabang sa sitwasyong ito, kung saan naglalaban-laban ang mga Muslim, kundi ang mga kaaway ng Islam.

At katotohanan na hindi tayo maliligtas mula sa kasamaang ito at sa peligro nito maliban na dakilain natin ang Allah, dakilain natin ang Kanyang batas, panghawakan

natin ito, at kunin at sundin natin ang mga katuruan nito ng kumpleto at buo; ng sa gayon ay makuha natin ang tagumpay at tulong mula sa Allah.

Huwag tayong maging katulad ng mga silang mga Ahlul Kitab (mga Hudyo at mga Kristiyano) na kung saan kanila lamang pinili ang mga sinunod nilang mga kautusan mula sa Allah, at kanilang binalewala at hindi pinansin ang ibang mga katuruan ng Allah. Dahil doon ay nagalit sa kanila ang Allah at isinumpa sila, at pinarusahan sila sa pamamagitan ng pagkawatak-watak at pag-aaway-away, at inalis sa kanila ng Allah ang masigla at payapang pamumuhay.

At katotohanang nagbabala na rin ang Allah sa kanilang mga ginawa, at nagbabala rin Siya na sundin ang kanilang mga yapak. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِينَ تَفَرَّقُوا وَاخْتَلَفُوا مِنْ بَعْدِ مَا جَاءَهُمُ الْبَيِّنَاتُ وَأُولَٰئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ﴾ [العمران: 105]

“At huwag ninyong gayahin ang mga pamayanang nagkawatak-watak at nagkaiba-iba pagkaraan ng anomang dumating sa kanilang mga malilinaw na katibayan. At sila yaong magkakaroon ng malaking parusa.”

﴿وَلَا يَكُونُوا كَالَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ مِنْ قَبْلُ فَطَالَ عَلَيْهِمُ الْأَمَدُ فَقَسَتْ قُلُوبُهُمْ وَكَثِيرٌ مِنْهُمْ فَاسِقُونَ﴾ [الحديد: 16]

“At hindi maging matigas ang kanilang mga puso na tulad ng mga pinagkalooban ng Aklat na nauna sa kanila na mga Hudyo at mga Kristiyano na sa paglipas sa kanila ng matagal na panahon ay tumigas ang kanilang mga puso, at karamihan sa kanila ay hindi sumusunod sa kagustuhan ng Allah.”



Ang Paniniwala Ng Ahlus-Sunnah Patungkol Sa Mga Sahaba

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, ang henerasyon ng mga magigiting na Sahaba ay ang pinakadakila at pinakamabuting henerasyon na nasaksihan ng sangkatauhan. Ang mga Sahaba radiyallahu anhu ay ang mga taong kanilang lubos na pinatunayan ang kanilang paniniwala at pagsunod sa Allah. Sila ang mga naunang tao na yumakap sa relihiyong Islam at kanila itong isinabuhay sa pinakawasto at kumpletong pagsasabuhay, at kanilang sinunod ang mga katuruan at mga gabay nito ng buong-buo na hindi na mapapantayan ng sinumang mga tao sa mundo.

Sila ang mga Sahaba o mga kasamahan ng Propeta Muhammad ﷺ, ang mga ilaw ng sanlibutan, ang mga lider ng ating Ummah, ang mabubuting huwaran ng bawat Muslim, at ang pinakamabuting tao sa balat ng lupa pagkatapos ng mga Sugo at Propeta.

Sila ang may pinakamaraming kaalaman, ang may pinakamalalim na katalinuhan, ang may pinakatotoong paniniwala, at ang may pinakamagandang mga gawa. Dahil sa kanilang pawis, dugo, at mga yaman ay umabot ang Islam sa bawat sulok ng mundo, at dahil sa kanilang pagsisikap at tiyaga ay naipatayo ang relihiyong Islam at natalo ang mga gawaing pagtatambal sa kaisahan ng Allah.

Naniwala sila sa Propeta Muhammad ﷺ noong siya ay pinasingungalingan ng mga tao, pinangalagaan nila ang Propeta ﷺ noong siya ay saktan ng mga tao, at kinupkop nila at inalagaan ang Propeta ﷺ noong siya ay paalisin at itaboy ng mga tao.

Sila ang grupo ng mga tao na pinili ng Allah upang samahan ang Kanyang mahal at mabuting kaibigan (ang Propeta Muhammad ﷺ), at sila ang pinili ng Allah upang ipaabot nila ang mensahe ng Kanyang Sugo at Propeta. Sila ang tunay na sinsero sa pagsunod sa relihiyon ng Allah, kanilang dinala ang Qur'an at ang Sunnah at kanilang ginabayan at pinatnubayan ang sangkatauhan patungo rito. Kaya naman, sila ang pinaka-nagustuhan at pinaka-minahal ng Allah, at dahil dito'y Kanya silang pinatawad at pinapasok sa Paraiso. At katotohanang sila ang pinakamabuting grupo ng mga tao na ipinadala para sa kapakanan ng sanlibutan.

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na ang pag-alam at pagtuklas sa kung ano ang katayuan at karangalan ng silang mga Sahaba at kung gaano sila kadakila, ay isa sa mga importanteng bagay na dapat malaman ng isang Muslim para maging maayos at tama ang kanyang 'Aqeedah o paniniwala, at para manatili siya sa tamang landas. Dahil dito, ang mga Ulama o mga Iskolar ng Islam ay kanilang isinasali sa mga libro na tumatalakay sa 'Aqeedah ang katayuan at posisyon ng mga Sahaba sa ating Ummah. Dito ay kanilang binabanggit ang mga kabutihan at kalamangan ng mga Sahaba, ang kanilang mga katuruan at mga gabay, at pagprotekta sa kanilang dangal at imahe. Dahil katunayan na ang pagprotekta sa kanila ay pagprotekta rin sa Propeta ﷺ; dahil sila ay kanyang mga kasamahan at pamilya, at ang pagprotekta sa kanila ay pagprotekta rin sa Islam; dahil sila ang mga nagdala nito at nagpaabot nito sa atin.

At ang Allah ay sumaksi at tumestigo sa kanilang mabuting kalooban at sa kanilang pagiging matuwid. Kanilang minahal ang Allah, at dahil dito'y minahal sila ng Allah.

﴿لَقَدْ رَضِيَ اللَّهُ عَنِ الْمُؤْمِنِينَ إِذْ يُبَايِعُونَكَ تَحْتَ الشَّجَرَةِ فَعَلِمَ مَا فِي قُلُوبِهِمْ فَأَنْزَلَ السَّكِينَةَ عَلَيْهِمْ وَأَثَبَهُمْ فَتْحًا قَرِيبًا﴾

[الفتح:18]

“Katiyakan, ang Allah ay nasisiyahan sa mga naniniwala ng sila ay nagbigay ng pangako ng katapatan sa iyo (O Muhammad) sa ilalim ng isang punongkahoy. At Kanyang nababatid ang anumang nasa kanilang mga puso kaya ibinaba Niya ang

katiwasayan sa kanila at sila ay ginantimpalaan ng isang nalalapit na tagumpay (ang pagbubukas ng Makkah)."

At katunayan na ang mga Sahaba radyallahu anhum ay ang naging pinakamagandang halimbawa sa kung paano dapat ipagtanggol ang relihiyong Islam at kung paano dapat sundin ang Allah at ang Kanyang Sugo ﷺ. Sinabi ng Allah sa Qur'an bilang patunay:

﴿ الَّذِينَ اسْتَجَابُوا لِلَّهِ وَالرَّسُولِ مِنْ بَعْدِ مَا اَصَابَهُمُ الْقَرْحُ لِلَّذِينَ احْسَنُوا مِنْهُمْ وَاتَّقُوا اَجْرُ عَظِيمٌ ﴾ [الَّذِينَ اسْتَجَابُوا لِلَّهِ وَالرَّسُولِ مِنْ بَعْدِ مَا اَصَابَهُمُ الْقَرْحُ لِلَّذِينَ احْسَنُوا مِنْهُمْ وَاتَّقُوا اَجْرُ عَظِيمٌ]

النَّاسَ قَدْ جَمَعُوا لَكُمْ فَاخْشَوْهُمْ فَزَادَهُمْ اِيْمَانًا وَقَالُوا حَسْبُنَا اللَّهُ وَنِعْمَ الْوَكِيلُ ﴿١٧٢﴾ [آل عمران: 172-173]

"Yaong mga (naniniwala na) tumugon sa (panawagan ng) Allah at ng (Kanyang) Sugo pagkaraang magtamo ng sugat (sa Landas ng Allah); yaong mga gumawa ng kabutihan mula sa kanila at kinatakutan (ang Allah), ay may dakilang gantimpala. Yaong mga (naniniwala na) pinagsabihan ng mga taong (mapagkunwari), 'Katotohanan ang mga tao (mga pagano) ay nagsama-sama laban sa inyo, kaya sila ay inyong pangambahan'. Ngunit ito'y nakaragdag lamang sa kanila ng higit pang (katatagan) ng Eeman (pananampalataya). At sila ay nagsabi; 'Ang Allah ay sapat na para sa amin at napakabuti Niyang Tagapangasiwa (ng lahat)'."

Mga alipin ng Allah, at kung titingnan at babasahin naman natin ang mga naulat sa mga Hadith ng Propeta ﷺ ay tiyak na mahahanap at mababasa natin rito ang pagmamahal ng Propeta ﷺ sa mga Sahaba. Kabilang dito ay ang kanyang pagbabawal sa pagmura o pagsabi ng masama sa kanyang mga Sahaba, at kung gaano kataas ang kanilang antas na hinding-hindi maabot ng sinuman. Katulad ng sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا تسبوا أصحابي، فوالذي نفسي بيده لو أنفق أحدكم مثل جبل أحد ذهباً ما بلغ مد أحدهم ولا نصيفه"

"Huwag ninyong murahin ang aking mga Sahaba, sumpa man sa Kanya na may hawak ng aking sarili! Kahit na gumastos ang isa sa inyo ng ginto na kasinglaki ng

bundok ng Uhod ay hindi nito maaabot ang dakot ng isa sa kanila (mga sahaba) o kalahati man nito"

At noong nakita ng Propeta ﷺ ang pagod at paghihirap ng mga Sahaba noong kanilang hinuhukay ang Khandaq na magpoprotekta sa kanila sa digmaan ng Ahzaab o Khandaq ay kanyang sinabi sa kanila bilang awa at pagmamahal:

"اللهم لا عيش إلا عيش الآخرة، فأصلح الأنصار والمهاجرة"

"O Allah, walang tunay na pamumuhay maliban sa pamumuhay sa kabilang buhay, Kaya't gawin Mong mabuti/maayos ang mga Ansar at Muhajirun"

At sinabi ng Propeta ﷺ sa mga nakalahok sa digmaan ng Badr:

"لعل الله اطلع عليهم فقال: اعملوا ما شئتم"

"Marahil ang Allah ay tumingin sa kanila kaya't Kanyang sinabi: 'Gawin ninyo kung anuman ang naisin ninyo'"

At sinabi naman ng Propeta ﷺ sa mga Sahaba ng Bay'ah Ar-Ridhwan na nangako at sumumpa sa kanya sa ilalim ng puno:

"لا يدخل النار -إن شاء الله- من أصحاب الشجرة أحد الذين بايعوا تحتها"

"Hindi makakapasok ng impyerno -sa kagustuhan ng Allah- ang sinumang nanumpa ng katapatan sa ilalim ng Puno."

At ang Propeta Muhammad ﷺ ay hindi linisan ang mundong ito maliban na siya'y natuwa at kanyang minahal ang kanyang mga Sahaba, at dahil doon ay minahal rin lahat sila ng Allah.

Katunayang sila nga ang pinakamabuting henerasyon, ang henerasyon na hindang hindi na mauulit pa. Dahil ang mga kabutihan at kalamangan na tinataglay ng mga Sahaba ay kailanman ay hindi mapapantayan ng sinuman.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, mananatiling nasa mabuting kalagayan ang Ummah hanggang sa kanilang pinapahalagahan ang mga karapatan ng mga Sahaba. At karapatan ng mga Sahaba na kapag malaman natin o marinig ang kanilang mga mabuting gawa, gabay, at mga katuruan ay sundin natin ito at panghawakan. Karapatan din nila na ipamahayag at ipalaganap natin ang kanilang mga kabutihan at kalamangan, at ang turuan ang mga makabagong henerasyon kung paano sila nadisiplina sa mga kamay ng Propeta ﷺ, at ang mahalin natin sila ng buong-puso.

Kabilang din sa kanilang karapatan ay ang pagprotekta at pangangalaga sa mabuti nilang imahe at dangal, pag-iingat sa kanilang mga legasiya, at ang pagtatanggol sa kanila mula sa kasamaan ng mga gustong sumira sa kanila.

At kabilang sa pundasyon ng kumpletong paniniwala ng isang Muslim ay ang pagrespeto sa mga Sahaba radiyallahu anhum, ang pananalangin para sa kanila ng kapatawaran, ang pagmamahal sa kanila, at ang pananahimik sa kung anumang nangyaring pag-aaway o hindi pagkakaunawaan na namagitan sa kanila. Dahil katotohanan na ang bawat isa sa kanila ay may isa o dalawang gantimpala, na kung saan ang mga nagsumikap at sila ay nasa katotohanan ay mayroon silang dalawang gantimpala, at ang mga nagsumikap naman ngunit nagkamali ay mayroon silang isang gantimpala dahil sa kanilang pagsusumikap.

At silang mga nagkamali ngunit sila ay nagsumikap ay katotohanang nagtataglay din sila ng mga mabubuting katangian, at sila rin ay nasa mataas na antas na pwedeng wala sa iba. At wala tayong sasabihin patungkol sa kanila maliban sa kung ano ang iniutos sa atin ng Allah na dapat nating sabihin para sa kanila;

﴿وَالَّذِينَ جَاءُوا مِنْ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ وَلَا تَجْعَلْ فِي قُلُوبِنَا غِلًّا لِلَّذِينَ آمَنُوا رَبَّنَا إِنَّكَ

رَءُوفٌ رَحِيمٌ ﴿١٠﴾ [الحشر: 10]

“O aming Panginoon, patawarin Mo po kami at yaong aming mga kapatid na nauna sa amin sa Eeman (pananampalataya) at huwag Mo pong ilagay sa aming mga puso ang anomang hinanakit sa kanila na naniniwala. Aming Panginoon, Tunay na Ikaw ay Mabait, Maawain.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, pagkatapos nating malaman ang mga kabutihan, kalamangan, at mataas na katayuan ng mga Sahaba ay dapat na pag-usapan natin ang mga taong kumakalaban sa kanila. Kanilang inakusahan at pinagbintangan ang mga Sahaba ng mga bagay-bagay sa kanilang intensyon at sa kung paano nila isinabuhay ang relihiyong Islam. At ng sa gayon ay malaman natin kung sino nga ba silang mga gumagawa ng kalapastanganang ito sa mga Sahaba at kung ano ang kanilang lugar sa Islam.

Katotohanang binura na ng Allah ang mga Sahaba sa mga puso ng silang grupo na tinatawag na Raafidhah. Na kung saan, wala silang tinanggap at pinaniwalaan na ni-isang kabutihan ng mga Sahaba. Hindi nila kinonsidera ang karangalan ng mga Sahaba, bagkus, kanilang kinainggitan ang mga Sahaba at sila’y nagsinungaling at gumawa ng mga kuwento-kuwento na ikasisira ng mga Sahaba.

Ang paniniwala ng mga Rawaafidh; ay ang mga Sahaba raw, pagkatapos pumanaw ng Propeta ﷺ, ay lahat sila’y nag-Murtad o kanilang iniwan ang kanilang pagiging Muslim maliban lang sa kaunting mga Sahaba. Kanilang sinabi na ang mga Sahaba raw ay pawang pakitang-tao lamang ang kanilang pagsunod sa Islam at para lamang daw sa makamundong mga bagay.

Ang kanilang mga libro ay punong-puno ng mga hayag at klarong mga ulat o kasabihan patungkol sa pagmumura, pagsumpa, at pag-Takfir o pagbibintang ng di-

paniniwala sa mga Sahaba. At higit pa rito, sila’y gumawa ng isang relihiyon na kung saan ang pagsira at pagdungis sa imahe ng mga Sahaba ay isang paraan upang maging mas malapit sa Allah.

﴿ قُلْ هَلْ نُنَبِّئُكُمْ بِالْأَخْسَرِينَ أَعْمَالًا ۖ الَّذِينَ ضَلَّ سَعْيُهُمْ فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا وَهُمْ يَحْسَبُونَ أَنََّّهُمْ مُحْسِنُونَ صَعًّا ﴾ [الكهف: 103-104]

“Sabihin mo, O Muhammad –sa mga tao bilang babala–: “Nais ba ninyong sabihin Namin sa inyo kung sino ang pinakatalunan na tao kung patungkol sa kanyang gawain? Katiyakan, sila ay ang mga yaong naligaw ang kanilang mga gawain dito sa daigdig na iniisip nila na sila ay mga mabubuti sa kanilang mga gawain.”

At para hindi maging paratang lamang sa kanila ang ating sinasabi ay hayaan nating ang kanilang mga libro ang magsabi kung ano nga ba ang tunay nilang paninindigan sa mga Sahaba ng Propeta ﷺ, lalo na kina Abu Bakr, Omar, at kay Aisha –kalugdan lahat sila ng Allah–.

O kayong mga naniniwala, si Abu Bakr As-Siddiq radiyallahu anhu ay isa sa mga pinakaunang yumakap sa Islam at pinakamalapit sa puso ng Propeta Muhammad ﷺ. Siya’y hindi nag-atubili na tanggapin agad ang imbitasyon sa kanya ng Islam at kanyang inialay ang kanyang mga yaman at sarili para sa Islam. Maraming mga Sahaba ang yumakap ng Islam dahil sa kanya at marami ring mga alipin ang naging malaya dahil sa paggastos niya ng kanyang mga yaman para sila ay palayain. Siya ay pinangakuan ng Propeta ﷺ ng Paraiso, at siya ang pinili ng Propeta ﷺ na sumama sa kanya sa kanyang pag-Hijra.

Ngunit sa kabila ng mga mabubuti at mararangal na katangiang ito ay pinagsasabihan siya ng mga Rawaafidh ng masasamang mga salita at paratang. At ang isa sa mga Iskolar nila na si Al-Jazaa’eri ay kanyang sinulat sa kanyang libro na ‘Al-Anwar An-Nu’maniyah’ na si Abu Bakr radiyallahu anhu ay isa raw masamang lalaki.

At si Al-Bahrani naman sa kanyang libro na 'Al-Burhan', kanyang sinabi na si Abu Bakr radiyallahu anhu raw ay kumakain at umiinom sa araw ng Ramadan, siya ay umiinom ng alak, at kanya raw pinagsasabihan ng masama ang Propeta ﷺ.

At ayon naman kay At-Tawsiy na isa rin sa mga Iskolar ng mga Rawaafidh ay si Abu Bakr radiyallahu anhu raw ay hindi sigurado ang kanyang Imaan o paniniwala, at hindi niya raw lubos na kilala ang Allah -Subhaanahu Wa Taala-.

Patungkol naman kay Omar Bn Al-Khattab radiyallahu anhu na kanyang pinaghiwalay ang tama sa mali, at dahil sa kanyang pagyakap sa Islam ay naging mas makapangyarihan ang Islam at mas lumawak ang naabot nito. At ginawa ng Allah sa kanyang dila at puso ang katotohanan, ang mga hari ng Roma ay natakot sa kanya, at ang apoy ng Majoosiyah ay natupok ng kanyang kasundaluan. At ang kanyang pagiging makatarungan, mapagkumbaba, matatakutin sa Allah ay isang natatanging halimbawa sa kasaysayan ng Ummah, ano sa tingin ninyo ang sinasabi sa kanya ng mga Rawaafidh?

Katunayang kanila siyang kinamuhian ng lubos, at maraming masasamang mga bagay ang kanilang ipinaratang sa kanya. Tulad ng sinabi ni Al-Majlisiy patungkol sa kanya, "Hindi normal para sa sinumang may matinong pag-iisip ang hindi niya panghinalaan ang pagiging Kafir ni Omar." At pagkatpos ay kanyang isinumpa si Omar radiyallahu anhu at kanyang isinumpa ang sinumang maniwala na Muslim si Omar. Bagkus kanya ring isinumpa ang hindi isumpa si Omar. At sinabi rin ni Al-Majlisiy, "Ang ating paniniwala (ang paniniwala ng Raafidhah) ay ang maging inosente tayo mula sa apat na mga rebulto; sina Abu Bakr, Omar, 'Uthman, at Mu'aawiyah. At ang apat na babaeng rebulto; sina Aisha, Hafsa, Hind, at Ummul Hakam. At tayo'y inosente mula sa sinumang kanilang pamilya at mga tagasunod nila. At sila ang pinakamasamang nilikha ng Allah sa balat ng lupa."

At katunayan rin na ang mga Rawaafidh ay kanilang ginawang Eid o pyesta ang araw kung saan namatay si Omar radiyallahu anhu at sila ay nagpapakasaya sa araw na yaon. At kanila ring pinaniwalaan na ang pumatay sa kanya na si Abu Lu'lu Al-Majoosiy ay isang matapang na Muslim. Sila'y gumawa para sa kanya ng isang malaking estatwa o rebulto sa Kashan, Iran na kanilang pinag-aakalang doon raw ang kanyang libingan. At sa tuwing ika-19 at ika-17 ng Rabiul Awwal taon-taon ay kanilang inaalala si Abu Lu'lu at kanilang pinupuntahan ang kanyang libingan.

Mga alipin ng Allah, si Aisha radiyallahu anhu, ang ina ng mga naniniwala tulad ng pagkakasabi ng Qur'an, at siya rin ang mas nakakalamang at nauuna sa puso ng Propeta Muhammad ﷺ kumpara sa iba niyang mga asawa. Siya ay iniligtas ng Allah, at ang Allah na nasa itaas ng pitong kalangitan ay tumestigo sa kanyang pagiging inosente. Walang napakasalang babae ang Propeta ﷺ na birhen maliban sa kanya, ang Propeta ﷺ ay namatay na ang kanyang ulo ay nasa kanyang dibdib, at ang libingan ng Propeta ﷺ ay nasa loob ng kanyang bahay. Ito ay mga patunay na lubos siyang minahal ng Propeta at minahal niya rin ng lubos ang Propeta ﷺ.

Ngunit minahal din ba ng mga Shi'ah si Aisha radiyallahu anha at kanila siyang nirespeto? Trinato ba nila si Aisha radiyallahu anha ng tulad ng pagtrato sa kanya ng Allah at ng Kanyang Sugo ﷺ?

Katotohanan na sinaktan nila ang pamilya ng Propeta ﷺ na tulad ng pananakit ng mga Munaafiq sa Propeta ﷺ noong siya'y nabubuhay pa. At pinapaniwalaan nila na si Aisha radiyallahu anha raw ang tinutukoy sa Ayah na ito:

﴿وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِي تَضَعْتَ غَزْلَهَا مِنْ بَعْدِ قَوْوِ أَنْكَثَ﴾ [النحل: 92]

“At huwag kayong maging katulad ng isang babaeng kinalas (sinira) ang sinulid na kanyang inikit matapos na ito ay naging matibay.”

At sinabi naman ni Al-Qami na sikat na Mufassir sa kanila patungkol sa Ayah na ito:

﴿صَرَبَ اللَّهُ مَثَلًا لِّلَّذِينَ كَفَرُوا أَمْرَاتٍ نُوحٍ وَأَمْرَاتٍ لُّوطٍ ۚ كَانَتَا تَحْتَ عَبْدَيْنِ مِن عِبَادِنَا صَالِحَيْنِ فَخَانَتَاهُمَا ۚ﴾

[التحریم: 10]

“Ang Allah ay naglahad ng isang halimbawa para sa mga di-naniniwala, na katulad ng kalagayan ng asawa ng Propeta Nuh at asawa ng Propeta Lut: dahil sa ang dalawang kababaihan na ito ay pareho nilang tinraydor ang mga propeta.”

Ang tinutukoy daw na nagtraydor na ito ay si Aisha. Subhaanallah!

At hanggang sa sinabi nila na si Aisha radiyallahu anha raw ay ina ng mga Shaitan at mga kasamaan. Na siya raw ay naglalakbay kasama ang mga kalalakihan, nagsisinungaling raw siya sa Propeta ﷺ, at siya raw ay nakipag-Zina والعياذ بالله

Mga alipin ng Allah, ito ang ilan sa mga paniniwala at sinasabi ng mga Rawaafidh sa kanilang tatlo, at katunayang ang kanilang mga libro ay punong-puno ng mga ganitong kasamaan at kalapastanganan. Kaya naman, napaka-importanteng sila ay iwasan at layuan dahil sila ay nagdudulot ng pagkasira ng Islam. Sinabi ni Imam Ahmad rahimahullah:

"إِذَا رَأَيْتَ أَحَدًا يَذْكُرُ أَصْحَابَ رَسُولِ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- بِسُوءٍ فَاتَّهَمَهُ عَلَى الْإِسْلَامِ"

“Kapag makita mo ang isang tao na nagbabanggit ng kasamaan sa mga Sahaba ay paghinalaan mo kanyang pagiging Muslim”



Ang Kaigihan Ng Pananaliksik Ng Kaalaman

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pinakamarangal at pinakamabuting hanapin o abutin ng isang tao ay ang 'Ilm As-Shar'ei o Islamikong kaalaman. Ang pananaliksik niya at ang pagpapahalaga niya ng kaalamang ito ay katunayang isang napakamabuting biyaya para sa kanya mula sa Allah. At dahil dito, makakakuha ang sinumang nanaliksik ng Islamikong kaalaman ng napakaraming kabutihan. Tulad ng sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفَقِّهْهُ فِي الدِّينِ"

"Sinuman ang gustuhin sa kanya ng Allah ang kabutihan, ay ipapaintindi sa kanya ng Allah ang relihiyong Islam."

At kanya ring sinabi:

"خَيْرُكُمْ مَنْ تَعَلَّمَ الْقُرْآنَ وَعَلَّمَهُ"

"Ang pinakamabuti sa inyo ang sinumang pinag-aralan niya ang Qur-an at itinuro ito"

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pangangailangan ng isang Muslim sa pag-aaral o pananaliksik ng 'Ilm As-Shar'ei at ang pagpapahalaga niya nito ay isa sa pinakaimportanteng pangangailangan ng isang tao. Dahil ang kanyang pagiging masaya at matagumpay dito sa mundo at sa kabilang buhay ay nakasalalay sa kung anong kaalaman ang mayroon siya, at dahil walang paraan na makakapasok ang isang tao sa Paraiso, at hindi niya maabot ang kanyang pinapangarap maliban na magkaroon siya ng kaalaman. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"ومن سلك طريقًا يلتمس فيه علمًا، سهّل الله له به طريقًا إلى الجنة، وإنّ الملائكة لتضع أجنحتها رِضًا لطالب العلم، وإنّ العالم ليستغفر له من في السموات ومن في الأرض حتى الحيّتان في الماء، وإنّ فضل العالم على العابد كفضل القمر ليلة البدر على سائر الكواكب، وإنّ العلماء ورثة الأنبياء، وإنّ الأنبياء لم يُورثوا دينارًا ولا درهماً إنّما ورثوا العلم، فمن أخذه أخذ بحظّ وافرٍ"

“Sinuman ang tumahak ng isang daan at siya’y nananaliksik dito ng kaalaman, ay papadaliin sa kanya ng Allah ang kanyang daan patungo sa paraiso. At tunay na ang mga anghel ay ibinababa nila ang kanilang mga pakpak dahil sa pagkalugod sa mga nananaliksik ng kaalaman. At katotohanan na ang nananaliksik ng kaalaman ay humihingi para sa kanya ng kapatawaran ang sinumang nasa langit at nasa lupa hanggang sa ang mga balyena sa karagatan. At tunay na ang kaigihan ng isang may-alam sa isang palasamba(lamang) ay tulad ng kaigihan ng buwan sa gabi ng kabilugan nito sa lahat ng mga bituin. At tunay na ang mga may kaalaman ay mga tagapagmana ng mga Propeta, at tunay na ang mga Propeta ay walang ipinamanang dinar at dirham bagkus ang kanilang ipinamana ay kaalaman, kaya’t sinuman ang nakakuha nito ay nakakuha ng maraming parte”

At sapat ng karangalan at kabutihan para sa mga Ulama at mga nananaliksik ng kaalaman, na ang kanilang pagtestigo ay naisama at naidugtong sa pagtestigo ng Allah at ng mga anghel sa isang Ayah sa Qur’an.

﴿ شَهِدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُو الْعِلْمِ قَائِمًا بِالْقِسْطِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴾

[العمران:18]

“Tumitestigo ang Allah; at kasabay ng Kanyang pagtestigo ay ang pagtestigo ng mga anghel; at maging yaong mga Ulama, nagtatangan ng kaalaman, ay sinaksihan ang napakadakilang bagay na ito - ang Kanyang Kaisahan at sa Kanyang pananatili sa pagiging makatarungan sa Kanyang mga nilikha. Walang diyos maliban sa Kanya; ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.”

At dagdag pa rito ay ang mga paglalarawan ng Allah sa maraming mga Ayah sa Qur'an patungkol sa kanilang kabutihan at mga kalamangan kumpara sa ibang mga alipin ng Allah. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿قُلْ هَلْ يَسْتَوِي الَّذِينَ يَعْلَمُونَ وَالَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ﴾ [الزمر: 9]

“Sabihin mo, O Muhammad: “Maaari bang magkapantay ang mga may kaalaman sa tunay na ‘Deen,’ sa mga yaong wala silang kaalam-alam?”

﴿يَرْفَعُ اللَّهُ الَّذِينَ ءَامَنُوا مِنْكُمْ وَالَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ دَرَجَاتٍ﴾ [المجادلة: 11]

“Iniaangat ng Allah sa antas ang mga mananampalataya at iniaangat din ng Allah sa antas ang mga nagtatangan ng kaalaman ng mga matataas na antas na kalugod-lugod sa Allah.”

At sinabi rin ng Allah:

﴿أَمْنَ يَمْشِي مُكِبًّا عَلَى وَجْهِهِ أَهْدَىٰ أَمَّنْ يَمْشِي سَوِيًّا عَلَىٰ صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ﴾ [الملك: 22]

“Ang siya bang naglalakad na ang kanyang mukha ay nakababa (di-nakakakita) ay higit na napatnubayan, o ang isang naglalakad ng maayos sa matuwid na landas?”

At napakarami pang ibang mga Ayah ang naglalarawan sa silang mga may kaalaman o nanaliksik ng kaalaman.

Ang kaalaman ay liwanag para sa nagtataglay nito at ito'y ilaw para sa kanila sa kadiliman. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَكَذَلِكَ أَوحَيْنَا إِلَيْكَ رُوحًا مِّنْ أَمْرِنَا مَا كُنتَ تَدْرِي مَا الْكِتَابُ وَلَا الْإِيمَانُ وَلَٰكِن جَعَلْنَاهُ نُورًا نَّهْدِي بِهِ مَن نَّشَاءُ مِنْ عِبَادِنَا وَإِنَّكَ لَتَهْدِي

إِلَىٰ صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ﴾ [الشورى: 52]

“At kung paano Kami nagpahayag sa mga Propeta na nauna sa iyo, O Muhammad, ay ganoon din, nagpahayag din Kami sa iyo ng Qur'an na mula sa Amin, na hindi

mo batid kung ano ang mga naunang mga Aklat, at hindi mo rin batid ang tunay na paniniwala, subalit itinalaga Namin bilang liwanag ang Qur'an na ito para sa sangkatauhan na Aming nais mula sa Aming alipin tungo sa Matuwid na Landas. At katiyakang ikaw, O Muhammad, ay magtuturo at maggagabay sa kapahintulutan ng Allah tungo sa Matuwid na Landas."

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang mga 'Ulama ay kanilang kinokonsidera na ang isang araw na hindi sila makapanaliksik rito ng kaalaman ay isang araw ng pagkalugi. Dahil nararapat sa isang Muslim na isipin niyang ang pananaliksik ng kaalaman ay isa sa mga importanteng bagay na dapat niyang ginagawa. At ito ay mapapatunayan natin sa isang Hadith na ang Propeta ﷺ ay kanyang palaging pinapanalangin araw-araw pagkatapos niyang mag-Salah ng Fajr na biyayaan siya ng Allah ng mabuting kaalaman. At ito ang kanyang ipinagdu-Dua:

"اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ عِلْمًا نَافِعًا، وَرِزْقًا طَيِّبًا، وَعَمَلًا مُتَقَبَّلًا"

"O Allah, tunay na ako'y humihingi sa iyo ng kaalamang may pakinabang, at dalisay na biyaya, at gawaing katanggap-tanggap"

Kaya naman, pagkatapos malaman ng isang alipin o ng isang Muslim ang kahalagahan ng pananaliksik ng kaalaman, ay dapat na kanyang isa-isip kung paano niya magagawa ito araw-araw. Nararapat sa kanya na magkaroon ng kahit kaunting mabuting kaalaman sa isang araw upang ito ay kanyang magamit sa kanyang pamumuhay at hindi masayang ang kanyang araw at hindi siya malugi sa araw na yaon.

Mga alipin ng Allah, bukod pa sa pananaliksik ng isang Muslim ng kaalaman ay ang kanyang pagpapahalaga sa kanyang mga kilos at ugali. Nararapat sa kanya na magkaroon siya ng kumpleto at mabubuting mga ugali at asal upang makamit niya, makuha, at mapag-aralan ng wasto ang relihiyon.

Katotohanan na ang disiplina ay may napakaimportanteng posisyon at katayuan sa pamumuhay ng tao. Na kung saan, kapag kaunti ang disiplina ng isang tao at naging mababa ang kanyang mabuting pag-uugali, ay magiging mababa rin ang pagkuha niya ng kaalaman. At kapag ang isang tao naman ay nakumpleto niya ang mabubuting ugali at siya ay may natatanging disiplina ay magiging daan niya ito para makakuha ng maraming mga kaalaman.

Kaya naman, nararapat sa isang Muslim na kanyang sikapin na magkaroon ng mabubuting ugali, sanayin niya ang kanyang sarili na umasta ng maayos sa lahat ng bagay. Maging disiplinado siya sa kanyang pakikitungo sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya at mga kasama, at sa mga mabiyayang libro na pinagkukunan niya ng maraming mga kaalaman.

O sangkatuhan, kapag ang isang tao ay nabiyayaan ng kaalaman dahil sa kanyang pananaliksik nito at pagpapahalaga nito ay tiyak na mahahanap niya ang tamis at sarap ng pagkakaroon ng kaalaman. Ito ay kahit na sa simula ay natikman niya ang pait at hirap ng pananaliksik ng kaalaman ay tiyak na makakamit pa rin niya ang tamis ng tagumpay. Kaya naman, dapat sa isang Muslim na magtiis at magtimpi sa kanyang pananaliksik ng kaalaman dahil kung wala siya nito ay hindi niya matitikman ang tamis at sarap ng kaalaman at hindi siya magtatagumpay.

Hilingin natin sa Allah na biyayaan niya tayo ng mabuting kaalaman at tulongan niya tayo sa pananaliksik nito, biyayaan niya tayo ng dalisay at Halal biyaya, at tanggapin niya ang ating mga gawa.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, tandaan natin na ang pananaliksik ng kaalaman ay isang ‘Tbaadah o pagsamba at ito’y dahilan ng pagiging malapit natin sa Allah. Bagkus, isa itong dakilang paraan upang tayo ay mas mapalapit sa Allah. Sinabi ng ilan sa mga Salaf; “Walang bagay ang maikukumpara sa pananaliksik ng kaalaman sa pagiging malapit ng isang alipin sa Allah.” At dahil ang pananaliksik ng kaalaman ay isang ‘Tbaadah, ay hindi ito tatanggapin ng Allah maliban na ito ay gawing ikhlas lamang para sa Kanya. Kanyang sinabi sa Qur’an:

﴿وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ﴾ [البينة: 5]

“At walang ipinag-utos sa kanila maliban na sila ay nararapat sumamba sa Allah, (maging) matapat sa Kanya sa relihiyon.”

Dahil dito, ang isang Muslim ay hindi siya mananaliksik ng kaalaman upang magpakitang-tao lamang, hindi para sa makamundong bagay lamang, hindi para maging sikat, hindi para makipagdebate sa ibang ‘Ulama, hindi para maliitin ang mga walang pinag-aralan, hindi para tingalain siya ng maraming tao, at hindi sa iba pang mga bagay maliban sa pagiging Ikhlas o sinsero para sa Allah. Dahil katotohanan na kapag ginawa niya ito maliban para sa Allah, ay wala siyang mahahanap na gantimpala para rito sa huling araw. At dahil ang Allah, ay Kanya lamang ginagantimpalaan ang mga bagay o gawa na ginawa alang-alang sa Kanya.

Mga alipin ng Allah, manaliksik kayo ng ‘Ilm As-Shar’ei o Islamikong kaalaman dahil ito ay siyang gabay para sa sangkatuhan. Pag-ara lan ninyo ito at ng sa gayon ay maturuan ninyo ang inyong pamilya, mga kapitbahay, mga kasama at mga kaibigan, at ang ibang mga tao. Dahil katunayan na ang pangangailangan dito ng lahat ng tao ay napakatindi at napakaimportante, na mas importante pa sa pangangailangan natin sa tubig, pagkain, gamot, at hangin.

Pag-aralan ninyo ang kaalaman at inyo itong ituro, dahil ito ay isang liwanag na magiging ilaw natin sa kadiliman at isang daan tungo sa Paraiso. Dahil dito ay malalaman natin ang karapatan ng Allah sa Kanyang mga alipin, malalaman natin ang mga batas, at ang mga Halal at mga Haram. Dahil dito ay magiging malakas ang koneksyon ng magkakamag-anak, mapupukso at mababawasan ang paggawa ng mga kasalanan, at lalaganap ang paggawa ng mga kabutihan.

Manaliksik kayo ng kaalaman, O kayong mga alipin ng Allah, gawin niyo ito na para lamang sa Allah upang kayo'y mapabilang sa mga totoong natatakot sa Kanya at upang inyong masunod ang Propeta ﷺ. At alamin ninyo na ang kaalaman ay nagdudulot ng pagkatakot sa Allah, at kung walang maidulot itong pagkatakot sa kanyang puso ay kanyang alamin na hindi nakakabuti sa kanya ang kaalamang mayroon siya. Ang kaalamang mayroon siya ay magiging pabigat lamang sa kanya at ito'y magiging saksi laban sa kanya. Na kung kaya, manaliksik kayo ng kaalaman upang magkaroon kayo ng takot sa Allah, at katunayan na ang kaalamang ito ay matatagpuan natin sa Qur'an at Sunnah ng Propeta ﷺ.



Ang Kaigihan Ng Mga Ulama

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanang ang mga Ulama o ang ating mga Iskolar sa Islam ay sila ang mga pumalit sa mga Sugo at Propeta, at itinaas ng Allah ang kanilang antas o posisyon dahil sa kanilang kaalaman. Dahil sa kanila ay malalaman natin kung ano ang Halal at kung ano ang Haram, kung ano ang katotohanan at ano ang kamalian, kung ano ang makakabuti at ano ang makakapinsala, at kung ano ang maganda at ano ang masama. Sila ang haligi ng mga Hukom o batas at sila rin ang mga abogado at tagapagtanggol nito. Kanilang pinoprotektahan ang relihiyong Islam mula sa mga gustong sumira nito, at ang kamusliman mula sa mga gustong magligaw sa kanila. Ilang mga estudyante ba ang kanilang naturuan? Ilang mga naligaw ba ang kanilang nagabayan? At ilang mga taong nalilito ba ang kanilang binigyang liwanag at tinuruan?

Ang mga Ulama ang liwanag ng sangkatauhan, sila ang ilaw sa mga bayan, sila ang sandata ng katarungan, at sila ang kalaban ng mga Shaitan. Dahil sa kanila ay nabubuhay ang mga puso ng mga makatarungan at namamatay ang mga puso ng mga masasama.

Sila ay lumiliwanag dito sa kalupaan na tulad ng pagliwanag ng mga bituin sa kalangitan, na ginagabayan nila ang sinumang nasa kalupaan at nasa karagatan. Na kapag nawala ang mga bituin ay malilito ang mga tao at maliligaw, ngunit kapag lumitaw sila (ang mga bituin at ang mga Ulama) sa dilim ay gagabayan nila ang sanlibutan.

Mga alipin ng Allah, sapat ng karangalan at kabutihan para sa mga Ulama, na ang kanilang mga pangalan ay naisama at naidugtong sa pagbanggit ng pangalan ng Allah at ng mga anghel sa isang Ayah sa Qur'an.

﴿ شَهِدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُو الْعِلْمِ قَائِمًا بِالْقِسْطِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴾

[العمران: 18]

“Tumitestigo ang Allah; at kasabay ng Kanyang pagtestigo ay ang pagtestigo ng mga anghel; at maging yaong mga Ulama, nagtatangan ng kaalaman, ay sinaksihan ang napakadakilang bagay na ito - ang Kanyang Kaisahan at sa Kanyang pananatili sa pagiging makatarungan sa Kanyang mga nilikha. Walang diyos maliban sa Kanya; ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.”

Kaya, nang magkasabay o maisama ang pagsaksi ng mga Anghel at ng mga Ulama sa pagsaksi ng Allah sa Kanyang kaisahan, ay nangangahulugan na sila ay binigyan ng Allah ng higit na karangalan at pagkilala mula sa Kanya.

Kasama rin sa karangalan ng silang mga Ulama ay ang pag-uutos ng Allah sa Propeta Muhammad ﷺ sa isang Ayah na humingi siya na dagdagan ang kanyang kaalaman:

﴿ وَقُلْ رَبِّ زِدْنِي عِلْمًا ﴾ [طه: 114]

“At sabihin mo: “O aking Panginoon, Dagdagan Mo pa ako sa kaalaman.”

Dahil kung mayroong bagay ang mas marangal, dakila, o mabuti pa kaysa sa kaalaman ay ipinag-utos na ito ng Allah sa Propeta ﷺ na humingi siya na madagdagan ito. Ngunit wala! ang pinakamainam na bagay na dapat nating hilingin na madagdagan pa tayo nito ay ang kaalaman.

At isang masayang pagbati para sa silang mga Ulama, dahil ang Allah ay tumestigo at sumaksi na sila ang mga pinakamatatakutin sa Allah sa lahat ng tao.

﴿ إِنَّمَا يَخْشَى اللَّهَ مِنْ عِبَادِهِ الْعُلَمَاءُ إِنَّ اللَّهَ عَزِيزٌ غَفُورٌ ﴾ [فاطر: 28]

“At ang tunay lamang na natatakot sa Allah (sa Kanyang parusa) ay ang mga maalam (ang mga Ulama). Katotohanan, ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, Mapagpatawad.”

O kayong mga naniniwala, katotohanang ang Islam ay pinahalagahan ang kaalaman ng lubos na pagpapahalaga. Dahil ito ay landas tungo sa pagkilala sa Allah, sa Kanyang kaisahan, at sa pagsamba sa Kanya ng nag-iisa. Dahil ang kaalaman ay ang pundasyon ng paglago at pag-unlad ng isang nasyon o sibilisasyon, at dahil rin na ang pagiging masaya ng isang tao dito sa mundo at sa kabilang buhay ay base sa kanyang kaalaman.

Kaya naman, walang duda na ang pinaka-unang Ayah na pinahayag sa Propeta ﷺ ay nanghihiikayat ng pagkakaroon ng kaalaman. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ أَقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ۝ خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ ۝ أَقْرَأْ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ ۝ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ۝ عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ ۝ ﴾

﴿ [العلق: 1-5] ﴾

“Bigkasin mo (o Basahin mo), O Muhammad! Sa Pangalan ng iyong Panginoon na lumikha. Lumikha sa tao mula sa namuong dugo na malapot. Bigkasin mo (o Basahin mo), at ang iyong Panginoon ay Lubos na Mapagbigay. Na nagturo (sa paggamit) ng panulat. (Siya na) nagturo sa tao ng (mga bagay na) hindi niya nalalaman.”

At ang Propeta Muhammad ﷺ ay hinikayat tayong manaliksik ng kaalaman at kanyang nabanggit na ito ay isang daan tungo sa paraiso. Kanyang sinabi:

”ومن سلك طريقاً يلتمس فيه علماً، سهّل الله له به طريقاً إلى الجنة، وما اجتمع قومٌ في بيتٍ من بيوتِ الله، يتلون كتابَ الله، ويتدارسونه بينهم، إلا نزلت عليهم السكينة، وغشيتهم الرحمة وحفّتهم الملائكة، وذكرهم الله فيمن عنده

”

“Sinuman ang tumahak ng isang daan at siya’y nananaliksik dito ng kaalaman, ay papadaliin sa kanya ng Allah ang kanyang daan patungo sa paraiso. At hindi magtitipon ang mga tao sa isa sa mga bahay ng Allah na binabasa nila ang aklat ng Allah, at pinapag-aralan nila ito, maliban na maibaba sa kanila ang kapanatagan, mababalot sila ng awa ng Alah, at papalibutan sila ng mga Anghel. At ang Allah ay babanggitin sila sa Kanyang mga anghel”

At sa Hadith naman na ito ay inilalarawan ng Propeta ﷺ ang posisyon, katayuan, karangalan o kabutihan ng sillang mga Ulama.

"إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ وَأَهْلَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِينَ حَتَّى الثَّمَلَةِ فِي جُحْرَهَا وَحَتَّى الْحُوتِ لِيُصَلُّوا عَلَى مُعَلِّمِ النَّاسِ الْخَيْرِ"

“Katotohanang ang Allah, at ang mga anghel, at sinumang nilalang na nasa mga kalangitan at mga kalupaan, hanggang sa mga langgam sa kanilang mga lungga, at maging ang mga balyena sa karagatan, silang lahat ay nananalangin para sa nagtuturo ng kabutihan sa mga tao.”

At sinabi ng Propeta ﷺ na kapag nagustuhan ng Allah ang Kanyang alipin ay bibiyaan Niya siya ng mabuting kaalaman. Tulad ng kanyang sinabi sa isang Hadith:

"مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفَقِّهْهُ فِي الدِّينِ"

“Sinuman ang gustohin sa kanya ng Allah ang kabutihan, ay ipapaintindi sa kanya ng Allah ang relihiyong Islam.”

Mga alipin ng Allah, dahil sa katayuang ito at maraming kabutihan na nakakamit ng silang mga Ulama ay nararapat sa atin na mahalín sila, respetuhin sila, at ibigay sa kanila ang kanilang mga karapatan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لَيْسَ مِنْ أُمَّتِي مَنْ لَمْ يُجَلِّ كَبِيرَنَا وَيَرْحَمْ صَغِيرَنَا، وَيَعْرِفْ لِعَالِمِنَا حَقَّهُ"

“Hindi kasama sa aking Ummah ang sinumang hindi niya respetuhin ang matatanda sa amin, at di niya mahalín ang mga bata sa amin, at di niya nalalaman ang karapatan ng may alam sa amin.”

At katotohanang kasama sa mga karapatan sa atin ng mga Ulama; ay ang respetuhin sila, magpakumbaba sa kanila, kausapin sila ng maayos, at maging mabuti sa kanila.

Mga kapatid sa Islam, katotohanang palagi nating kailangan ang mga Ulama kaya dapat palagi rin natin silang kinukunsolta. Lalong-lalo na sa mga panahon ng mga pagsubok at sakuna. Ngunit dapat rin nating isipin, na silang mga Ulama ay mga tao rin tulad natin na hindi malaya sa pagkakamali. Minsan ay nagkakamali rin sila sa ibang mga bagay pero nararapat na ito’y masolusyunan ng maayos.

Halimbawa, kung ang isang ‘Aalim o Iskolar ng Islam ay nagkamali sa isang bagay ay hindi dapat na ikonekta ito sa Islam, ito ay sarili niyang pagkakamali at dapat na ito’y itama sa maayos na paraan. Hindi siya dapat pahiyain o pagsabihan ng masasamang salita, bagkus ipapaliwanag sa kanya ang kanyang pagkakamali at irerespeto ang kanyang katayuan.

Dahil katotohanan na marami ring mga libro ang naisulat ng mga Ulama sa larangan ng Hadith, Fiqh, at iba pa na sumasalungat sa opinyon ng ibang mga Ulama o nagpapaliwanag sa kanilang mga kamalian, ngunit di natin mababasa dito na sila ay gumamit ng mga masasamang salita, bagkus kanilang kinonsidera at kinilala ang katayuan ng kapwa nilang mga Ulama. At ganito nila pakitunguhan ang isa’t-isa at ang kaalaman.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, mayroong mga importanteng bagay ang dapat nating isipin kapag mayroon tayong narinig o nalaman na ang ibang mga Ulama raw ay gumawa o nakagawa ng kamalian.

Tulad halimbawa, na ang iba sa mga tao ay mabilis nilang ikinakalat ang mga balita patungkol sa isang ‘Aalim ng walang kasiguradohan o hindi nila inaalam kung ito ba ay totoo o hindi. At katunayang napakarami ng mga Fatwa ang kanilang ikinakalat na sinabi daw ng iba sa mga Ulama ngunit kalaunan ay mapag-aalamang hindi pala totoo o kasinungalingan lamang.

Ang makabagong teknolohiya at ang makabagong kumonikasyon o ang social media ay sa kabila ng marami nitong mga magagandang naidudulot ay ang mabilis at malawakan ring pagpapakalat nito ng maling mga balita o impormasyon. Hanggang sa ito ay gamitin ng ibang tao para atakehin at masamain ang imahe ng mga Ulama.

Hanggang sa ito ay maging isang lugar na pinagmumulan ng mga masasamang bagay tulad ng panlilibak, pangtsi-tsismis, at paninirang puri. At hanggang sa ang mga Ulama at mabubuting mga tao ay hindi na rin nakaligtas sa mga kasamaang ito. At hanggang sa nagkaroon na rin ang mga tao ng mga boses, at malaya na nilang sinasabi, “Itong si ‘Aalim ay mali, at ito namang si ‘Aalim ay tama.”

Mga kapatid sa Islam, sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ فَسْأَلُوا أَهْلَ الذِّكْرِ إِنْ كُنْتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴾ [الأنبياء: 7]

“Kung gayon, tanungin ninyo ang mga nagtatangan ng kaalaman (ang mga Ulama) kung ito ay hindi ninyo batid.”

Ang Ayah na ito ay tumutukoy na kapag mayroon tayong hindi alam patungkol sa isang bagay (sa relihiyong Islam) ay nararapat na ang tanungin natin ay ang mga

Ulama. Dahil katotohanan na napakaraming mga tao ang naliligaw at pumupunta sa mga maling tao na kanilang tinatanong. At katotohanan na ang Kaalaman ng relihiyong Islam ay tulad din ng ibang kaalaman na ang tanging makakasagot lamang sa mga bagay na may kinalaman rito ay silang mga mayroong kaalaman patungkol rito.

Ngunit sa kabila nito ay napakarami na ring nagsasalita patungkol sa relihiyong Islam na wala naman silang sapat na kaalaman. Kaya naman, nakakapagsabi sila ng mga di pangkaraniwan at malalayong bagay patungkol sa katuruan ng Islam. Di nila alam na ang kaalaman ng relihiyong Islam ay may mga pundasyon, mga Hukom o batas, at mga Daleel o pruweba na nangailangan ng malalimang pag-iintindi gamit ang tama at wastong mga katuruan ng silang mga Ulama.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang Waajib o obligadong gawin natin kapag nakaharap natin ang anumang hindi pagkakaunawaan o kalituhan ay ang balikan natin ang Qur'an at ang Sunnah. Tulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِي الْأَمْرِ مِنْكُمْ فَإِنْ تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِنْ كُنْتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ

الْآخِرِ ذَلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا ﴿٥٩﴾ [النساء: 59]

“O kayong mga naniwala, sumunod kayo sa Allah at sumunod sa Sugo (si Muhammad), at sa mga namumunong kabilang sa inyo. At kung kayo ay hindi magkasundo hinggil sa anomang bagay, inyong isangguni ito sa Allah at sa (Kanyang) Sugo, kung (tunay nga na) kayo ay naniniwala sa Allah at sa Huling Araw. Iyan ang pinakamabuting (paraan) at higit na makahulugan (bilang paliwanag).”

At tulad ng sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"فإنه من يعش منكم فسيرى اختلافاً كثيراً، فعليكم بسنتي وسنة الخلفاء الراشدين المهديين من بعدي"

“At sinuman ang mamuhay sa inyo (sa mga huling panahon) ay tiyak na makakakita ng maraming hindi pagkakasunduan. Kaya naman, panghawakan ninyo ang aking Sunnah, at ang sunnah ng mga Khalifa na nagabayan pagkatapos ko.”

At katunayan na kasama sa pinakamagandang aksyon na dapat nating gawin ay ang panghawakan natin ang mga patunay mula sa Qur'an at Sunnah, at palagi natin itong unahin at tanggapin. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّى يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنْفُسِهِمْ حَرَجًا مِمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا ﴾

[النساء: 65]

“Sumumpa ang Allah sa Kanyang Sariling Kataas-taasan, na kailanman ay hindi sila magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ka nila ginagawang hukom, O Muhammad, sa anumang hindi nila napagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol, at sila ay susunod nang ganap na pagsunod.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang hindi pag-respeto sa mga Ulama at ang pagsira sa kanilang imahe ay isa sa mga nais ng mga kalaban ng Islam at ng mga Muslim. Lalong-lalo na silang mga Hudyo, na ang kanilang pinaka-gustong mangyari ay ang mawalan ng karangalan ang ating mga Ulama. Dahil alam nila na kapag mawalan na ng lugar o katayuan ang mga Ulama sa puso at paningin ng mga Muslim ay mapapadali na ang kanilang masasamang balak laban sa Islam.

Kaya nararapat lang sa atin –o kayong mga alipin ng Allah at mga kapatid sa Islam– na ingatan at protektahan ang ating mga Ulama sa kanilang pamumuno at paggabay sa ating Ummah. Respetuhin natin sila at igalang, sundin natin ang kanilang mga sinasabi, at huwag natin silang pag-isipan ng masasama.



Ang Kongregasyon Na Pagdarasal

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa pananampalataya! katakutan ninyo ang Allah -ﷻ-, at inyong igalang at dakilain ang mga palatandaan ng Allah -ﷻ-:

﴿ ذَٰلِكَ وَمَنْ يُعِظْ شَعَائِرَ اللَّهِ فَإِنَّهَا مِنْ تَقْوَى الْقُلُوبِ ﴾ [الحج: 32]

"Na kung kaya, sinuman ang susunod sa ipinag-utos ng Allah at igagalang ang anumang mga palatandaan ng Allah -ﷻ-, tunay na ito ay kabilang sa mga gawain ng mga nagtatangan ng mga mabubuting kalooban at pusong natatakot sa Kaisahan ng Allah "

At isa sa pinakamahalaga at pinakamainam sa mga palatandaang ito ay ang sama-samang pagdarasal sa loob ng Masjid.

Oo, tunay na ang katayuan ng kongregasyon/sama-samang pagdarasal sa Islam ay dakila at mataas ang antas nito para sa Allah -ﷻ-, na kung saan isinabatas Niya ang pagtatayo ng mga masjid at hinimok ang mga muslim para dito, at Kanyang sinabi:

﴿ فِي بُيُوتٍ أُذِنَ لِلَّهِ أَنْ تَرْفَعَ وَيُذَكَّرَ فِيهَا أَسْمُهُ يُسَبِّحُ لَهُ فِيهَا بِالْغُدُوِّ وَالْآصَالِ ۖ رِجَالٌ لَا تُلْهِيهِمْ تِجَارَةٌ وَلَا بَيْعٌ عَنْ ذِكْرِ اللَّهِ ﴾

[النور: 36-37]

"Sa mga Tahanan ng Allah (Masjid) na kung saan ipinag-utos Niya na ito ay iangat sa pagpaparangal nito at pagtatayo nito, na inaalaala at pinupuri dito ang Kanyang Pangalan sa pamamagitan ng pagbibigkas o pagbabasa ng Kanyang Aklat at pagpuri at pagluwalhati, at iba pang pamamaraan ng papuri na kung saan dito nagdarasal ang sinuman sa Allah sa umaga at hapon. Mga kalalakihan na hindi naabala ng negosyo at pagbebenta mula sa pag-alaala nila sa Allah"

At ang unang hakbang na isinagawa ng Sugo -ﷺ- noong matapos ang paghijra (pagdating sa Madinah) ay ang itayo ang kanyang masjid at wala siyang unang inasikaso maliban dito, upang dito isakatuparan ang tungkuling pagdarasal ng sama-sama o Jamaah.

At isinabatas para sa palatandaang ito (Jamaah) ang panawagan o mas kilala sa katawagang “adhan” na sinasagawa sa mataas na lugar o bahagi ng Masjid nang mayroong malakas na boses o pagsigaw, at naghanda ang Allah -ﷻ- para sa panawagang ito ng mga gantimpala at maraming pagpapala.

O kayong mga naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo! Katotohanan ang sama-samang pagsasalah ay obligado sa mga kalalakihan maging sila man ay nasa kanilang lugar o kaya nasa paglalakbay, sa kalagayang may kapayapaan man o kaya may kinatatakutan, ito ay obligado sa bawat indibidwal.

Ito ay pinatutunayan ng Qur'an at sunnah ng Sugo -ﷺ-, at ganoon din ang gawa ng mga muslim sa bawat naunang mga henerasyon sa sambayanang ito, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَأَقِمُوا الصَّلَاةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ وَارْكَعُوا مَعَ الرَّاكِعِينَ﴾ [البقرة: 43]

“At isagawa ninyo ang pagsa-Salah. At ibigay ninyo ang karapatan mula sa inyong mga kayamanan (tinatawag na Zakah) at yumuko kayong kasama ng mga yaong yumuyuko mula sa Ummah (sambayanan) ni Propeta Muhammad (ﷺ).”

Sinabi ni Shayk As-sa'di -kaawaan nawa siya ng Allah-:” ibig sabihin nito ay: isagawa ninyo ang salah ng sama-sama, sa talatang ito ay mayroong pag-uutos na gawin ang Salah na Jamaah at pagka-obligado nito”

At inutos ng Allah -ﷻ- sa Kanyang Sugo ang pagsasalah na Jama'ah sa panahon o kalagayan na mayroong kinatatakutan, samantalang kung tutuusin ito ang

pinakapangunahing dahilan upang iwan ang Jama`ah o sama-samang pagdarasal, at tandaan; ang utos ng Allah -ﷻ- sa Kanyang Sugo ay utos din sa sambayanan ni Propeta Muhammad -ﷺ- hangga't walang malinaw na katibayan na ito ay pagbubukod-tangi sa Kanya, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَإِذَا كُنْتَ فِيهِمْ فَأَقَمْتَ لَهُمُ الصَّلَاةَ فَلْتَقُمْ طَائِفَةٌ مِنْهُمْ مَعَكَ وَلْيَأْخُذُوا أَسْلِحَتَهُمْ فَإِذَا سَجَدُوا فَلْيَكُونُوا مِنْ وَرَائِكُمْ وَلْتَأْتِ طَائِفَةٌ أُخْرَى لَمْ يُصَلُّوا فَلْيُصَلُّوا مَعَكَ وَلْيَأْخُذُوا حِذْرَهُمْ وَأَسْلِحَتَهُمْ﴾ [النساء: 102]

“At kapag ikaw, O Muhammad (r), ay nasa lugar ng labanan na kasama nila at nais mo silang pamunuan sa ‘Salah,’ samakatuwid ay tatayo ang isang grupo mula sa kanila, na kasama ka sa pagsa -Salah at na hawak-hawak nila ang kanilang mga sandata. At kapag sila ay natapos nang magpatirapa ay tatayo naman ang isang grupo at pupunta sa inyong likuran na nakaharap sa inyong kalaban at magtatapos ang unang grupo sa kanilang pangalawang ‘raka`at’ at magsa-‘Salam,’ pagkatapos darating naman ang pangalawang grupo na hindi pa nakapag-simula ng ‘Salah’ at susunod sa iyo para sa kanilang unang ‘raka`at,’ pagkatapos ay bubuuin nila nang sila-sila na lamang ang kanilang pangalawang ‘rak`at,’ at maingat sila sa kanilang mga kalaban at hawakan nilang maigi ang kanilang mga sandata.)) Qur’an An-nisa` : 102.

Sinabi ng ating shayk na si Muhammad Al-uthaymin -rahimahullah-:” ang makukuhang aral mula sa talatang ito ay katotohanan ang pagsasalah sa jama`ah ay obligado sa bawat indibidwal, tunay ngang inutos ito ng Allah-ﷻ-sa kabila ng ganitong sitwasyon na napakahirap at may kinatatakutan,at inutos na hatiin ang mga sundalo sa dalawang grupo,kung ito ay obligado lamang sa pangkalahatan at hindi sa indibidwal ay sapat na sana ang sinagawang pagdarasal ng unang grupo sa jama`ah”

At kabilang din sa mga katibayan ng pagka-obligado ng pagsasalah ng Jama`ah ay ang naiulat mula kay Abu Hurayrah -رضي الله عنه- na kanyang sinabi: sinabi ng Sugo -ﷻ-:

"إِنَّ أَثْقَلَ صَلَاةٍ عَلَى الْمُنَافِقِينَ صَلَاةُ الْعِشَاءِ، وَصَلَاةُ الْفَجْرِ، وَلَوْ يَعْلَمُونَ مَا فِيهِمَا لَأَتَوْهُمَا وَلَوْ حَبَوًّا، وَلَقَدْ هَمَمْتُ أَنْ أَمُرَّ بِالصَّلَاةِ، فَتُقَامَ، ثُمَّ أَمُرَ رَجُلًا فَيُصَلِّيَ بِالنَّاسِ، ثُمَّ أَنْطَلِقَ مَعِيَ بِرَجَالٍ مَعَهُمْ حُزْمٌ مِنْ حَطَبٍ إِلَى قَوْمٍ لَا يَشْهَدُونَ الصَّلَاةَ، فَأُحَرِّقَ عَلَيْهِمْ بُيُوتَهُمْ بِالنَّارِ".

"Ang pinakamabigat na dasal sa mga munafiq (hipokrito) ay ang dasal ng Isha` at ang dasal ng fajr, kung nalalaman lamang nila kung ano ang kabutihang nakapaloob rito ay darating sila kahit pa sila ay gumapang, at tunay na aking napag-isipang iutos ang salah at ito ay itatayo, at mag-uutos ako ng isang tao na pamunuan ang salah, at pagkatapos ay aking pupuntahan kasama ng mga kalalakihang may dalang mga panggatong, aming pupuntahan ang mga kalalakihang hindi nagsasalah sa masjid at aking susunugin ang kanilang mga bahay "

Mga kapatid sa Islam! ang Propeta -ﷺ- na kung saan inilarawan siya ng Allah -ﷻ- sa Kanyang sinabi:

﴿لَقَدْ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مِنْ أَنْفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ حَرِيصٌ عَلَيْكُمْ بِالْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَحِيمٌ﴾ [التوبة: 128]

"Katiyakan, dumating sa inyo, O kayong mga mananampalataya ang Sugo na mula sa inyo, na naghihirap ang kanyang kalooban sa anumang natatamo ninyong kahirapan o kapinsalaan, nagmamalasakit sa inyo upang maituwid ang inyong paniniwala at maging mabuti ang inyong kalagayan, at siya ay napakamaawain at napakamapagmahal sa mga mananampalataya"

Ibig sabihin: siya ang Sugo na mayroong matinding pagmamahal at awa sa atin, siya ay naaawa sa atin at nahihigitan pa nito ang awa ng ating mga magulang para sa atin, wala siyang ibang hangad sa atin kundi ang kabutihan at kung paano tayo mapapabuti, nagsusumikap siya upang makarating sa atin ang mga kabutihan, ginagawa ang lahat upang tayo ay magabayan tungo sa landas ng pananampalataya, at kinasusuklaman niya ang anumang ikasasama natin, at gagawin niya ang lahat upang maiwasan at malayuan natin ang mga kasamaan.

Itong Propeta na mapagmahal at maawain, siya ang nagpasya na sunugin ang mga bahay ng mga yaong lumabag sa pagsasalah ng Jama`ah sa pagdarasal ng `Isha` at Fajr, ayon sa hadith na ating nabanggit kanina: “at pagkatapos ay aking pupuntahan kasama ng mga kalalakihang may dalang mga panggatong, aming pupuntahan ang mga kalalakihang hindi nagsasalah sa masjid at aking susunugin ang kanilang mga bahay ” O Allah! tunay na ito ay napakatinding banta at babala!

At dumating ang isang lalaking bulag sa Sugo -ﷺ- at hinihiling nito na bigyan siya ng kapahintulutan na hindi dumalo sa masjid para sa pagdarasal ng Jama`ah at gawin na lamang ang salah sa bahay, at kanyang sinabi: wala akong makakasama o sinuman na maaring gumabay sa akin patungong masjid, at pinagbigyan siya ng Sugo -ﷺ-. At noong ito ay tumalikod na, ay kanya itong tinawag at kanyang sinabi -ﷺ-:

"هَلْ تَسْمَعُ النَّدَاءَ بِالصَّلَاةِ؟" قَالَ: نَعَمْ، قَالَ: "فَأَجِبْ" (رَوَاهُ مُسْلِمٌ عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ).

“Naririnig mo ba ang panawagan sa pagdarasal (adhan)? Kanyang sinabi: opo, sinabi ng Sugo -ﷺ-: “kung ganoon obligado sa iyo ang pumunta sa masjid” Inulat ni Muslim mula sa salaysay ni Abu Hurayra -ﷺ-.

وَعَنْ أَبِي الدَّرْدَاءِ -رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ- قَالَ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- يَقُولُ: "مَا مِنْ ثَلَاثَةٍ فِي قَرْيَةٍ وَلَا بَدْوٍ لَا تُقَامُ فِيهِمُ الصَّلَاةُ إِلَّا قَدْ اسْتَحْوَذَ عَلَيْهِمُ الشَّيْطَانُ، فَعَلَيْكَ بِالْجَمَاعَةِ فَإِنَّمَا يَأْكُلُ الدَّبَّ الْقَاصِيَةَ" (رواه أبو داود والنسائي وحسنه الألباني).

At sinalaysay ni Abu Ad-darda` -radiyallahu anhu- kanyang sinabi: narinig ko ang Sugo -ﷺ- nagsasabi: **“walang tatlo (na lalaking Muslim) sa bayan o bukid na hindi nagsasagawa ng pagdarasal (ng sama-sama) liban na mananaig sa kanila ang satanas, kaya nararapat na manatili ka sa grupo o jama`ah, tunay na ang kinakain ng mababangis na hayop ay ang nag-iisa o malayo sa grupo”** Inulat ni Abu Dawud at Nasai at mabuting hadith ayon kay Al-albani.

At nagpapatunay din dito ang mga gawain ng mga Sahaba, tunay na sinabi ni Abdullah Ibnu Mas`ud -radiyallahu anhu-: “ sinuman ang nagagalak na makatagpo ang Allah -ﷻ- bukas na siya ay isang muslim, ay marapat na pangalagaan niya itong mga pagdarasal na pinapanawagan ang pagsasagawa nito sa masjid, katotohanan ang Allah -ﷻ- ay nagsabatas sa ating Propeta ng mga kaparaanan tungo sa landas ng gabay at patnubay, at isa na dito ang pagdarasal ng sama-sama sa masjid, at kung inyong isasagawa ang pagdararasal sa inyong mga bahay katulad ng mga yaong sumusuway, ay tunay ngang naiwanan ninyo ang katuruan at pamamaraan ng inyong propeta, at kung inyong naiwanan ang sunnah ng inyong Propeta walang duda na kayo ay maliligaw, at walang lalaki na naglilinis para sa pagdarasal at pinag-igihan ito, pagkatapos ay tumungo sa isa sa mga Masjid, maliban na isusulat para sa kanya sa bawat hakbang ang gantimpala, at itataas ang kanyang antas sa pamamagitan nito, at buburahin ang kanyang kasalanan sa pamamagitan nito. At tunay na aking nasaksihan na walang sumusuway sa pagsasalah sa Jama`ah maliban sa mga silang munafiq o mapagkunwari, at mayroong ilan sa mga kalalakihan ang pinapatayo ng dalawang tao (dahil sa kahinaan o katandaan) para lamang sumali sa linya sa pagsasalah ng Jama`ah”

Mga kapatid sa Islam! tunay ngang napakaganda nitong salita, bilang paglalarawan ng mga naunang pantas mula sa mga Sahaba sa kung paano nila pinapahalagahan ang pagdarasal ng sama-sama o Jama`ah ng may katapatan. At Alhamdulillah nasasaksihan natin ang ilan sa mga kalalakihan sa mga masjid sa ating panahon ngayon na kung saan pinadali at pinagaan ng Allah -ﷻ- sa kanila ang kanilang kalagayan, pumupunta sila sa masjid upang magsagawa ng pagdarasal sa Jama`ah at pagdarasal ng Jumu`a na sila ay nakaupo sa isang upuan na gumagalaw mag-isa, at ang ilan sa kanila naman ay tinutulak ang upuang di-gulong ng ibang tao para makarating sa Masjid.

At ang ilan sa kanila ay umaasa lamang sa mga tungkod para makarating sa Masjid at nagmamadali sa kabila ng kapansanan sa tuwing naririnig ang panawagang “hayya alas-salah, hayya alalfalah, as-salatu khairun minan nawm” (halina sa pagdarasal, halina sa tagumpay, ang pagdarasal ay higit na mainam kaysa sa pagtulog), at ang sinabi ng Sugo -ﷺ- sa isang lalaki: **“Naririnig mo ba ang panawagang ‘hayya alas-salah, hayya alalfalah?’ Sinabi ng lalaki: ‘Oo’ kanyang sinabi: ‘kung ganoon pumunta ka’ at hindi nila ito pinagpaliban kahit na ang kanilang mga kalagayan ay nararapat bigyan ng pagpapagaan at pagpapadali sa Relihiyon.**

Kaya pagbati para sa kanila, sa kanilang kasipagan at pagsusumikap sa kabutihan, at nawa ay isusulat para sa kanila ang gantimpala kapalit ng mga dinanas nilang paghihirap at pasakit sa pagsabuhay nila ng kautusan ng Allah-ﷻ-, at ibalita sa kanila ang magandang balita na ang kanilang gantimpala ay nakadepende sa pagod at hirap na kanilang naranasan. Kaya nasaan na ang mga pabaya sa kanilang tungkulin bilang muslim, sa mga halimbawa na ating nabanggit?

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam! at kabilang sa malaking gantimpala na kung saan dahil dito, ay naging higit na mainam ang pagsasalah ng sama-sama kaysa sa pagsasalah ng nag-iisa. Mula kay Ibnu Umar -radiyallahu ahuma- na katotohanan ang Sugo -ﷺ- ay nagsabi:

"صَلَاةُ الْجُمُعَةِ تَفْضُلُ صَلَاةَ الْفَجْرِ بِسَبْعٍ وَعِشْرِينَ دَرَجَةً" (متفق عليه).

“Ang Salah sa Jama`ah ay higit na mainam kaysa sa Salah ng nag-iisa ng dalawampu’t pitong antas” Hadith na napagkasunduan ni Bukari at Muslim.

At kabilang din sa kahigitan ng pagdarasal ng sama-sama: tunay na ang Propeta -ﷺ- ay nagsabi:

"إِذَا أَمَّنَ الْإِمَامُ فَأَمَّنُوا؛ فَإِنَّهُ مَنْ وَافَقَ تَأْمِينُهُ تَأْمِينَ الْمَلَائِكَةِ غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ" (رواه البخاري ومسلم عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ)

“Kapag ang Imam (pinuno sa pagdarasal) ay nagsabi ng “Ameen” ay magsabi din kayo ng Ameen, dahil katotohanan sinuman ang nasabayan ng kanyang pagsabi ng ameen ang pag “Ameen” ng mga anghel, ay pinatawad para sa kanya ang kanyang naunang kasalanan” Inulat ni Al-bukari mula kay Abu Hurayra -radiyallahu anhu-. Ibig sabihin nito kapag natapos na ang Imam sa pagbabasa ng Al-fatihah at doon na siya sa pagsasabi ng “walad dallin”, tunay na sasabihin niya bilang kasunod nito ang Ameen, at ganoon din ang mga anghel ay magsasabi rin ng ‘Ameen’, at ganoon rin ang mga muslim na nagsasalah sa likod ng Imam, kaya magkakasabay ang kanilang pagsasabi ng ‘ameen’; kaya pinapatawad para sa mga Muslim na nagdarasal doon ang kanilang naunang kasalanan, at itong kainaman na ito ay hindi makukuha ng mga yaong hindi dumadalo sa Masjid upang isagawa ang Salah ng Jama`ah.

At kabilang din sa kahigitan ng Salah sa Jama`ah: tunay na ang Sugo -ﷺ- ay nagsabi:

"إِذَا قَالَ الْإِمَامُ سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ فَقُولُوا: اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ؛ فَإِنَّهُ مَنْ وَافَقَ قَوْلُهُ قَوْلَ الْمَلَائِكَةِ غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ" (متفق عليه عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ).

“Kapag sinabi ng Imam: “sami`allahu liman hamidah”-, ay inyong sabihin: Allahumma Rabbana lakal hamd; katotohanan sinumang nasabayan ng kanyang pagbigkas ng mga katagang ito ang pagbigkas ng mga anghel ay pinatawad para sa kanya ang nauna niyang kasalanan”. Hadith na napagkasunduan ni Bukari at Muslim mula kay Abu Hurayrah -radiyallahu anhu-.

At ang ibig sabihin nito; kapag ang Imam ay bumabalik sa pagkatayo mula sa pagkayuko sa loob ng Salah ay kanyang sinasabi; sami`allahu liman hamidah (dininig

ng Allah ang sinumang pumuri sa Kanya), at kapag siya ay ganap ng nakatayo ay kanyang sinasabi: Allahumma Rabbana wa lakal hamd, at sinumang Muslim na nagsasalah sa likod ng Imam na ito at tumayo mula sa pagkayuko, noong ang Imam ay ganap ng nakatayo at nasabi na ang sami`allahu liman hamida , at noong nakatayo na ang ma'mum ay nagsabi ng: Rabbana wa lakal hamd ,tunay na nasabayan niya ang salita ng Imam at ganoon din ang salita ng mga anghel, kaya pinatawad dahil dito ang kanyang naunang kasalanan.

Aking minamahal na kapatid! Sa tuwing nakakasama ang isang tao sa pagsasalah ng Jama`ah mula umpisa ng Salah, ilan na nga ba ang ganitong kainaman ang kanyang makukuha? Hindi ba napakarami paano kung araw-araw ay nasa Jama`ah siya? At ilan naman sa mga gantimpala ang nawala mula sa kanila na mga pabaya sa pagsasalah ng Jama`ah at nauwi sa pagkalugi?

At kabilang din sa kainaman ng pagsasalah sa Jama`ah: ay ang inulat ni Abu Dawud at mabuting hadith ayon kay Al-albani mula kay Ubay ibn Ka`ab -radiyallahu anhu- kanyang sinabi: isang araw ay pinamunuan kami ng Sugo -ﷺ- sa pagdarasal sa madaling araw, at kanyang -ﷺ- sinabi:

.. "وَأَنَّ صَلَاةَ الرَّجُلِ مَعَ الرَّجُلِ أَزْكَى مِنْ صَلَاتِهِ وَحْدَهُ [أي: أكثر أجراً] وَصَلَاتُهُ مَعَ الرَّجُلَيْنِ أَزْكَى مِنْ صَلَاتِهِ مَعَ الرَّجُلِ وَمَا كَثُرَ فَهُوَ أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ -تَعَالَى-".

“At katotohanan ang pagsasalah ng isang lalaki kasama ang isang lalaki ay higit na malaki ang gantimpala kaysa sa pagsasalah niyang mag-isa, at ang pagsasalah niya kasama ang dalawang lalaki ay higit na malaki ang gantimpala kaysa sa pagsasalah na kasama ang isang lalaki at ang marami ay higit na kamahal-mahal sa Allah -ﷻ-”

Mga kapatid sa Islam! ilan na nga ba sa mga kabutihan at gantimpala na ipinangako para sa mga naglalakad patungong Masjid upang magsagawa ng Salah, at ilan sa mga kasalanan niya ang nabura at pinatawad, tunay na sa bawat hakbang

ay sinusulat para sa kanya ang kabutihan at binubura ang kanyang kasalanan. At ganoon din ang kainamang nakukuha ng isang nanatili sa loob ng masjid upang hintaying itayo ang susunod na pagsasalah na kung saan siya ay katulad ng isang nasa landas ng pakikibaka alang-alang sa Allah -ﷻ- hangga't ang Salah ang siyang nagpanatili sa kanya dito, at ang mga anghel ay humihingi ng kapatawaran para sa kanya, at siya ay katulad ng isang nagdarasal habang hinihintay ang pagdarasal.

At ang pagsasalah sa Jama`ah ay mayroon ding kabutihan para sa isang pamayanan o pagitan ng mga muslim sa isang lugar; kabilang na dito ang pagkaroon ng pagkakilanlan sa pagitan ng mga nagsasalah, at pagtutulungan sa pagitan nila sa mga mabubuti at gawaing kabanalan.

At ang pagsasalah o pagdarasal sa Jama`ah ay higit na nakakamit dito ang pagiging taimtim at kapanatagan ng puso sa loob ng pagsasalah, at ito ay kabilang sa mga dahilan upang maisagawa ang pagsasalah sa tamang oras, at makikita ng isang tao ang malaking kaibahan ng kanyang pagdarasal mag-isa at pagdarasal niya sa Jama`ah.



Ang Araw Ng Biyernes

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa Islam, hindi lahat ng mga bagay o nilikha ng Allah ay magkakapareho o magkakapantay-pantay ng kabutihan. May mga bagay na pinili, ibinida, at dinagdagan ng Allah ng karagdagang kabutihan at karangalan kumpara sa iba. Tulad ng pagkaiba-iba ng kabutihan ng bawat araw sa isang linggo, ang pagkaiba-iba ng mga buwan, at ang pagkaiba-iba ng ilang araw o panahon sa ibang normal na mga araw.

Katotohanan na ang araw ng Jumuah ay ang pinakadakilang araw para sa Allah, pinakamarangal, at pinakamarami ang kabutihan. Pinili ito ng Allah mula sa ibang mga araw at ibang mga panahon, at kanya itong ibinigay sa pinili niyang Ummah o nasyon. Ang mga hudyo at mga kristiyano ay naligaw at nalayo sa kagandahan ng araw na ito, at ang Islam naman, ang mga Muslim ay lubos na nasisiyahan sa maraming barakah at kabutihan na dala ng araw na ito.

Sa Sahih Muslim, naiulat na ang Propeta ﷺ ay kanyang sinabi:

"أضل الله عن الجمعة من كان قبلنا، فكان لليهود يوم السبت، وكان للنصارى يوم الأحد، فجاء الله بنا، فهدانا

ليوم الجمعة"

"Niligaw ng Allah sa araw ng Jumuah ang mga nasyon na nauna sa atin; ang mga hudyo ay araw ng Sabado, at ang sa mga kristiyano ay araw ng linggo. At tayo'y nilikha ng Allah, at Kanya tayong ginabayan sa araw ng Jumuah."

Tunay na ang araw ng Jumuah ay siya ang pinuno ng lahat ng mga araw, binigyan ito ng Allah ng maraming kahigitan at kalamangan. At nagtataglay ang araw na ito ng mga katangi-tanging kabutihan na hindi mahahanap sa ibang mga araw. At ang Allah

ay kanyang hinikayat ang kanyang mga alipin na gumawa rito ng mabubuting gawain at mag-unahan sa pagsamba sa kanya.

Mga alipin ng Allah, ang kabutihan ng araw ng Jumuah ay napakarami at magbabanggit tayo ng ilan mula sa mga ito.

Una; ito ang pinakamainam at pinuno ng lahat ng mga araw. Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"خير يوم طلعت فيه الشمس يوم الجمعة، فيه خُلِقَ آدم، وفيه أُدخل الجنة، وفيه أُخرج منها، ولا تقوم الساعة إلا

في يوم الجمعة"

"Ang pinakamagandang araw na sinikatan ng araw ay araw ng Jumuah. Sa araw na ito nilikha si Adam, at sa araw rin na ito siya ay nakapasok sa Paraiso at nakalabas mula rito. At hindi mangyayari o magaganap ang huling-araw maliban sa araw ng Jumuah."

At ayon naman kay Abu Lubaba Al-Badri radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إن يوم الجمعة سيد الأيام، وأعظمها عند الله، وهو أعظم عند الله من يوم الأضحى ويوم الفطر، فيه خمس خلال:

خلق الله -عز وجل- فيه آدم، وأهبط الله فيه آدم إلى الأرض، وفيه توفى الله آدم، وفيه ساعة لا يسأل الله فيها

العبد شيئاً إلا أعطاه ما لم يسأل حراماً، وفيه تقوم الساعة، ما من ملك مقرب، ولا سماء ولا أرض ولا رياح ولا

جبال ولا بحر إلا وهن يشفقن من يوم الجمعة"

"Tunay na ang araw ng Jumuah ay ang pinuno at ang pinakadakilang araw para sa Allah, mas dakila pa ito sa araw ng Eidul Adha at sa araw ng Eidul Fitr. Mayroon itong limang katangian; sa araw na ito nilikha si Adam, sa araw na ito siya ay dinala sa lupa, sa araw na ito pumanaw si Adam, napapaloob rito ang isang oras na kapag ang isang alipin ay nanalangin sa Allah ay kanyang ibibigay sa kanya maliban sa mga bagay na haram, at sa araw na ito mangyayari ang huling-araw. At walang

anghel, langit, lupa, hangin, bundok, o dagat, ang hindi nagagalak sa (pagdating ng) araw ng Jumuah.”

Pangalawang kabutihan; ang isang oras na napapaloob sa araw na ito kung saan tinatanggap ng Allah ang lahat ng mga Dua o panalangin. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"وفيه ساعة لا يوافقها عبد مسلم يسأل الله شيئاً إلا أعطاه إياه"

“Napapaloob sa araw na ito ang isang oras na kapag ang isang alipin ay nanalangin sa Allah ay kanyang tatanggapin at ibibigay sa kanya.”

At sinabi ni Imam Ahmad rahimahullah; “Karamihan sa Hadith na tumutukoy sa isang oras sa araw ng Jumuah kung saan natatanggap ang mga panalangin rito ay sa mga oras pagkatapos ng Salatul ‘Asr.”

At sa ibang Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"التمسوها آخر ساعة بعد العصر"

“Hintayin ninyo o asahan ninyo ang isang oras na ito sa huling oras pagkatapos ng ‘Asr.”

Pangatlong kabutihan; ang malaking gantimpla ng pagbabasa ng Surah Al-Kahf. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من قرأ سورة الكهف في يوم الجمعة أضاء له من النور فيما بينه وبين الجمعتين"

“Sinuman ang magbasa ng Surah Al-Kahf sa araw ng Jumuah ay magkakaroon siya ng liwanag sa pagitan ng dalawang araw ng Jumuah.”

Pang-apat na kabutihan; ang panghihikayat na magparami ng ‘Salawaat o Dua para sa Propeta ﷺ. Dahil katotohanan na isa sa mga mabuti at dakilang pagsamba sa gabi at araw ng Jumuah ay ang pagpaparami ng ‘Salawaat sa Propeta ﷺ. Ito ay ang pagsabi

ng Sallallahu Alayhi Wasallam o ang mas kumpletong ‘Salawaat tulad ng ating sinasabi sa Tahiyaat o kapag umupo tayo sa ikalawang Rak’ah sa ating mga Salah.

“Al-la-hum-ma salli `a-laa Muhammad wa `a-laa aa-li Muhammad ka-maa sal-lay-ta `aa-laa Ibraahim wa `a-laa aa-li Ibraahim in-na-ka ha-mi-dun ma-jîd, Al-la-hum-ma baa-rik `a-laa Muhammad wa `a-laa aa-li Muhammad kamaa baa-rak-ta `a-laa Ibraahim wa `a-laa aa-li Ibraahim in-na-ka hamidun majid.”

Ayon kay Aws bin Aws radiyallahu anhu ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"إن من أفضل أيامكم يوم الجمعة، فأكثرُوا عليَّ من الصلاة فيه؛ فإنَّ صلاتكم معروضة عليَّ"

“Katunayan na ang pinakamainam na araw para sa inyo ay ang araw ng Jumuah, kaya magparami kayo dito ng pagbibigay ng ‘Salawaat para sa akin, dahil ang inyong mga ‘Salawaat ay umaabot sa akin.”

Sa ibang ulat naman ay sinabi ni Anas bin Maalik radiyallahu anhu na ang Propeta ﷺ ay kanyang sinabi:

"أكثرُوا من الصلاة عليَّ يوم الجمعة وليلة الجمعة"

“Paramihin niyo ang pag-‘Salawaat o pananalangin para sa akin sa araw ng Jumuah at sa gabi ng Jumuah.”

Sinabi ni Imam Bn Al-Qayyim rahimahullah: “Ang Propeta ﷺ ay pinuno ng lahat ng tao at ang araw ng Jumuah naman ay pinuno ng lahat ng araw. Kaya ang pananalangin o pag-‘Salawaat para sa Propeta ﷺ sa araw na ito ay katangi-tangi at naiiba sa ibang mga araw. At lahat ng mabuting nangyari sa nasyong ito ay dahil o ang naging dahilan ay ang Propeta ﷺ. Kaya ang dalawang mabuti sa mundong ito at sa kabilang buhay ay naipon at nagsama; na ang kabutihang makakamit ng tao sa Paraiso tulad ng kanilang pagpasok sa kanilang mala-mansyong bahay, at ang araw

ng pyesta at pagiging masaya naman ng tao dito sa mundo ay sa araw ng Jumuah. Sa araw na ito ay sasagutin ng Allah ang mga nananalangin sa kanya at kanyang tutulungan ang mga nangangailangan sa kanya. Hindi natin malalaman ang mga kabutihang ito sa araw ng Jumuah kung hindi dahil sa Propeta ﷺ. Kaya naman, para mapasalamatan siya at maibigay natin ang isa sa kanyang mga karapatan ay magparami tayo ng ‘Salawaat para sa kanya sa gabi at araw ng Jumuah. At katunayang sinabi ng Allah sa Qur’an,

﴿إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا﴾ [الأحزاب: 56]

“Katiyakan, ang Allah at ang mga anghel ay nag-gawad ng salaad (o pagpapala) sa Propeta (Muhammad). O kayong mga naniwala, inyong hingin (sa Allah na igawad) ang pagpapala sa kanya at hingin (sa Allah na igawad sa kanya) ang kapayapaan.”

Panglimang kabutihan; ang pagtatayo ng Salat ul Jumuah. Katotohanang isa ito sa mga dakilang sumisimbolo sa Islam. Napakaimportante ng pagsasagawa nito, karangalan ang pagiging Waajib nito, at napakarami din ang mga gantimpala at mga kabutihan nito.

At sa pagpapahalaga ng Islam rito ay ipinag-utos nito ang mga karagdagang bagay na dapat gawin bago ito isagawa o itayo ng mga Muslim sa mga Masjid. Tulad ng pagligo, paglilinis at pag-aayos ng sarili, pagpapabango, pag-alis ng mga masasamang amoy sa katawan, pagpunta sa Masjid ng maaga, pagsusuot ng maganda, malinis at maayos na damit, ang paglapit sa Imaam, at ang pakikinig ng mabuti at ang pagsasaisip at pasasapuso ng mga leksyon at aral na makukuha sa Khutbah.

Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"من اغتسل يوم الجمعة غسل الجنابة ثم راح في الساعة الأولى فكأنما قرب بدنة، ومن راح في الساعة الثانية فكأنما قرب بقرة، ومن راح في الساعة الثالثة فكأنما قرب كبشاً أقرن، ومن راح في الساعة الرابعة فكأنما قرب دجاجة، ومن راح في الساعة الخامسة فكأنما قرب بيضة، فإذا خرج الإمام حضرت الملائكة يستمعون الذكر"

"Sinuman ang maligo sa araw ng Jumuah (ng kumpleto at wastong pagligo tulad ng pagligo ng Junub) pagkatapos ay sa unang oras sa araw ng Jumuah ay siya ay pumunta agad sa Masjid ay (isusulat ng mga Anghel na) parang siya ay nag-Qurban o nag-alay ng isang kamelyo. At sinuman ang pumunta sa ikalawang oras ay katumbas ng pag-Qurban ng isang baka. At sinuman ang pumunta sa ikatlong oras ay katumbas ng Qurban ng isang kambing. At sa pang-apat na oras ay katumbas ng Qurban ng isang manok. At sa ikalimang oras ay tulad ng nag-Qurban ng isang itlog. At kapag lumabas na ang Imam at siya ay tumayo sa Mimbar ay makikinig na ang mga anghel (at titigil na sila sa pagsulat)."

At ayon naman kay Samura bin Jundub radiyalahu anhu, sinabi ng Propeta ﷺ:

"احضروا الجمعة، وادنوا من الإمام، فإن الرجل ما يزال يتباعد حتى يُؤخَّر في الجنة وإن دخلها"

"Dumalo kayo sa pag-Salah o pagtayo ng Salat ul Jumuah at lumapit kayo sa Imam. Dahil katotohanan na ang isang lalaki ay kapag lumayo siya sa Imam ay mailalayo rin siya sa Paraiso at kung makakapasok siya ay mahuhuli siyang pumasok (sa paraiso)."

O kayong mga alipin ng Allah, kasama sa mga nararapat gawin ng isang Muslim ay ang kanyang pag-iwas na makaabala o makaisturbo sa ibang mga tao. Tulad halimbawa kung itataas niya ang kanyang boses sa pagbabasa niya ng Qur'an. At katunayang ipinagbawal din ito ng Propeta ﷺ sa mga Sahaba noong magtaasan ang kanilang boses sa pagbabasa ng Qur'an. Kanyang sinabi,

"لا يجهر بعضكم على بعض بالقرآن"

“Huwag kayong magpalakasan ng mga boses sa pagbabasa ng Qur’an.”

At ang masama pa rito ay kapag ikaw ay nakaabala o nakaisturbo dahil sa iyong pag-uusap kasama ang iyong kaibigan ng mga makamundong bagay, lalo na kapag sa kasagsagan ng pag-Khutbah. Dahil katotohanan na isa itong tanda ng pagiging walang disiplina at kawalan ng respeto sa mga mabubuting bagay na sinasabi ng nagkhu-khutbah. Katulad din nito ay ang paglalaro o pagbibigay mo ng atensyon sa mga maliliit na bagay na maglalayo sa’yo sa pakikinig ng khutbah, tulad ng paglalaro sa iyong telepono o sa iba pang mga bagay. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من مس الحصى فقد لغا"

“Sinuman ang humawak ng maliliit na bato, (paglaruan niya ito) ay katotohanang siya ay nakagawa ng walang kabuluhan.”

At naiulat din ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إذا قلت لصاحبك: أنصت، يوم الجمعة والإمام يخطب فقد لغوت"

“Kapag sinabi mo sa kasama mo, ‘Tumahimik ka’ habang ang Imam ay nagbibigay ng Khutbah sa araw ng Jumuah ay tunay na ika’y nakagawa ng walang kabuluhan.”

Kaya nararapat sa atin na maging disiplinado at mag-ugali ng mabubuting ugali habang may nagbibigay ng Khutbah upang sa ganon ay makuha natin ang maraming mga gantimpala kaysa naman sa makulangan ang ating mga mabubuting gawa o pagsamba.

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah, inyong alamin na kasama sa mga malalaking kasalanan ay ang hindi pagdalo at pagsali sa pag-Salah ng Salatuh Jumuah ng walang katanggap-

tanggap na dahilan. At katunayan na nakapagbigay babala ang Propeta ﷺ sa silang mga hindi sumasali sa Salat ul Jum'ah na magiging sarado at matigas ang kanilang mga puso. At sinuman ang maging sarado at matigas ang kanyang puso ay mabubulag at maliligaw sa tamang landas. Naiulat sa Hadith na sinabi ng Propeta ﷺ:

"لينتهين أقوام عن ودعهم الجمعات أو ليختمن الله على قلوبهم ثم ليكونن من الغافلين"

"Magsitigil ang mga tao sa kanilang pag-iwan at di pagsali sa Salat ul Jum'ah, dahil kung di sila titigil ay tatakpan ng Allah ang kanilang mga puso at sila ay magiging mga pabaya (sila ay maliligaw ng landas)."

At ayon naman kay Abu Qataadah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"من ترك الجمعة ثلاث مرات من غير ضرورة طبع الله على قلبه"

"Sinuman ang iwan niya ang pagdalo sa Salat ul Jum'ah ng tatlong beses ay tatakpan ng Allah ang kanyang puso."

Naway iligtas tayo ng Allah.

Ikaw na kapatid kong Muslim, kapag nasa Masjid ka na ay gumawa ka ng maraming mga pagsamba tulad ng Salah, Dhikr o pag-alaala sa Allah, o pagbabasa ng Qur'an, hanggang sa di pa dumarating ang Imam. At kapag ang Imam ay umakyat na sa Minbar at magsimulang mag-Khutbah ay makinig ka ng maayos, kumuha ka ng mga aral at leksyon mula sa kanyang mga sinasabi; mula sa mga Ayah sa Qur'an, mga Hadith ng Propeta ﷺ, mga paalala patungkol sa Allah, patungkol sa kabilang buhay, patungkol sa kung paano pag-aralan at isabuhay ang iyong relihiyon, at paano mag-utos ng mabuti at magbawal ng masama.

Pagkatapos ay kapag itayo niyo na ang Salah ay gawin mo ito ng mataimtim, isapuso mo ang mga binabasang Ayah ng Imam, ipakita mo ang iyong lubos na pangangailangan sa Allah dahil isa ka lamang alipin ng Allah. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من توضأ فأحسن الوضوء ثم أتى الجمعة فاستمع وأنصت، غفر له ما بينه وبين الجمعة، وزيادة ثلاثة أيام"

"Sinuman ang mag-Wudhu (mag-ablasyon) ng maayos, pagkatapos siya ay pumunta sa Masjid para mag-Salah ng Salatuh Jumua, at siya ay nakinig ng maayos, ay papatawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan sa pagitan ng dalawang Jumua at (ang kanyang mga kasalanan sa loob ng) karagdang tatlong araw."

At ingatan mo rin na gumawa ng mga bagay na ipinagbawal ng Islam at mga bagay na ikakabawas ng iyong gantimpla. Halimbawa ay kapag huli ka ng dumalo o dumating sa Masjid at gusto mong pumunta sa unahan ngunit naabala mo ang mga tao. Katulad sa Hadith na noong nagbibigay ng Khutbah ang Propeta ﷺ ay may isang lalaki ang huling pumasok sa Masjid at siya'y pumunta sa unahan. Ngunit naabala na niya ang marami sa mga tao, kaya sinabi sa kanya ng Propeta ﷺ:

"اجلس فقد آذيت وآنيت"

"Umupo ka, tunay na nakasakit ka(nakaisturbo ka) at nahuli ka"

Kaya katakutan ninyo ang Allah, O kayong mga alipin ng Allah, at samantalain ninyo ang mabiyayang araw na ito para makagawa ng maraming pagsamaba at nang kayo ay makakuha ng maraming gantimpala at kayo'y mapalapit sa Allah. At hilingin ninyo sa Allah ang kanyang habag at awa sa araw na ito dahil katotohanang isa ito sa mga dahilan ng pagkapanalo at tagumpay ng isang tao dito sa mundo at sa kabilang buhay.



Ang Salah Ng Taong May 'Udhur

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, kabilang sa pagmamahal ng Allah sa ating Ummah ay kanyang ginawa ang ating relihiyon na napakadali, napakaluwag sa maraming mga bagay, at walang mga pagpapahirap at mga pagsasapilitan. Ang mga katuruan sa relihiyong Islam ay nababagay lahat sa sitwasyon at kalagayan ng bawat indibidwal, at katunayang ito nga ay relihiyon ng pagpapadali, pagbibigay solusyon sa mga problema, at pagtugon sa mga pangangailangan.

Isa sa mga halimbawa ng pagiging madali ng Islam ay ang pagpapagaan nito ng (pagtatayo ng) Salah para sa sinuman ang mayroong 'Udhur, tulad ng sakit, paglalakbay, o takot. At sinuman ang magkaroon siya ng alinman sa mga 'Udhur na ito ay siya'y pinahintulotan na mag-Salah ayon sa kanyang kakayanan. At hindi niya pwedeng iwan ang pag-Salah sa kahit anumang sitwasyon hanggang sa nasa tama siyang pag-iisip.

Ang taong may sakit, nararapat sa kanya na mag-Salah ng nakatayo kung kailanganin niyang sumandal o kumapit sa isang tungkod o iba pa ay kanyang gagawin.

Ngunit kapag hindi niya kayaning tumayo dahil wala siyang lakas, o nahihirapan siya, o natatakot siya na lumala ang kanyang sakit, o baka mas tumagal ang kanyang paggaling ay nararapat sa kanyang mag-Salah ng nakaupo. Siya ay uupo ayon sa kung saan siya komportable at kapag siya ay magru-Ruku ay kanya lamang iyuko ang kanyang ulo at kanyang sabihin ang 'Subhaana Rabbiyal Adheem'.

At kapag siya naman ay magsu-Sujod o magpapatirapa ay kung kayanin niyang gawin ito sa lupa o sa sahig ay mas mabuti. Ngunit kung hindi niya kayanin ay iyuko

niya lamang ang kanyang ulo ng mas mababa sa pagyuko niya sa kanyang pag-Ruku, at sabihin niya ang ‘Subhaana Rabbiyal A’la’.

Ngunit kapag hindi niya rin kayanin ang pag-Salah ng nakaupo ay mag-Salah siya ng nakahiga o nakatagilid, at ang mas mainam ay ang mahiga siya sa kanang bahagi ng kanyang katawan at siya’y nakaharap sa direksyon ng Qiblah. Ngunit kapag di niya alam ang direksyon nito at wala siyang kasamang magtuturo nito sa kanya, at natatakot siyang baka lipasan siya ng oras ng Salah ay pwede na niyang gawin ang kanyang Salah sa kahit anong sitwasyon at sa kung anong direksyon.

At ang patunay natin sa mga paraang ito ng pagsa-Salah ng taong may sakit ay ang Hadith na naiulat ni ‘Emran bin Husayn radiyallahu anhu na kanyang sinabi, ‘Ako’y may sakit at tinanong ko ang Propeta ﷺ kung ano ang aking gawin kapag ako’y mag-Salah, at ang sagot ng Propeta ﷺ:

"صَلِّ قائماً، فإن لم تستطع فقاعداً، فإن لم تستطع فعلى جنبك، فإن لم تستطع فمستلقياً"

“Mag-Salah ka ng nakatayo, at kung di mo kayanin ay nakaupo, at kung di mo kayanin ay nakatagilid, at kung hindi mo kayanin ay nakahiga.”

At sinabi ng Allah:

﴿لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا﴾ [البقرة: 286]

“Hindi ipinag-utos ng Allah sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na hindi nila makakayanan.”

At kung umabot sa lagay na hindi na kayang iyuko o igalaw ng isang may sakit ang kanyang ulo ay siya’y mag-Salah pa rin at kanyang igalaw ang kanyang mga mata, at ito ay napagkasunduan ng maraming mga Ulama.

Dahil dito, masisigurado natin na ang Salah ay hindi pwedeng iwan ng may sakit kahit gaano pa katindi o kalala ang kanyang sakit, hanggang sa mayroon pa siyang tamang pag-iisip. Siya ay magsa-Salah base sa kanyang kakayahan at sitwasyon at hindi pwedeng ihuli o ipagpaliban niya ang kanyang pagsa-Salah.

Ang Salah ay obligadong isagawa batay sa kakayanan ng isang tao; na kung hindi niya kayaning gawin ang ilan sa mga kondisyon, mga haligi, at mga waajib nito ay kanya lamang iwan ang mga iilang bagay na ito at hindi ang buong pagsa-Salah. At dahil sinabi ng Allah sa banal na Qur'an:

﴿ فَاتَّقُوا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ ﴾ [التغابن: 16]

“Katakutan ninyo ang Allah sa hangganan ng inyong kakayanan.”

At kung kayanin din naman ng isang may sakit na siya ay mag-Wudho o ablusyon gamit ang tubig ay gawin niya ito, ngunit kapag hindi, ay siya'y mag-Tayammum. Kanyang ipagpag ang kanyang mga kamay sa lupa, buhangin, o alikabok na malinis o sa mga bagay na malinis na mayroong lupa, buhangin o alikabok tulad ng higaan, pader, dingding, kisame, o sahig at iba pa. Ipapagpag niya ulit ang kanyang mga kamay at pagkatapos ay kanyang ipahid ang natitirang lupa, buhangin o alikabok sa kanyang mga palad, sa kanyang mukha at sa kanyang mga kamay.

At kung parehong walang tubig o lupa at iba pa, at natatakot siyang lumipas sa kanya ang oras ng pag-Salah ay siya'y mag-Salah ng walang Wudhu o Tayammum. Ang kanyang pagsa-Salah na iyon ay tama at tatanggapin ng Allah dahil kanyang ginawa ang maabot ng kanyang kakayanan. At dahil sinabi rin ng Allah:

﴿ فَاتَّقُوا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ ﴾ [التغابن: 16]

“Katakutan ninyo ang Allah sa hangganan ng inyong kakayanan.”

At kung ang mga bahagi ng kanyang katawan na dapat niyang pag-Ablusyonan (tulad ng kamay at paa) ay mayroon doong sugat, o ito’y inoperahan, o ito’y may mga benda, ay kanya lamang pahiran o punasan ng tubig ang mga ito kaysa ito ay basain ng tubig.

At ang damit naman ng may sakit na nalagyan ng Najaasah o maruming bagay ay dapat na hugasan o palitan, o di kaya ay ialis sa oras ng pagsa-Salah ng may sakit. Ngunit kung hindi na kayaning mahugasan, mapalitan, o maialis ang damit na ito na mayroong Najaasah, at ang taong may sakit ay takot siyang lipasan siya ng oras ng Salah, ay gawin na niya ang kanyang pagsa-Salah, at ang kanyang Salah ay tama at katanggap-tanggap.

At kung kailanganin ng isang taong may sakit na pagsamahin ang dalawang Salah sa iisang oras ay pwede niya itong gawin kung mahirapan siyang gawin ito sa dalawang panahon. Tulad halimbawa na pagsamahin niya ang Salah ng Maghrib at Isha sa oras ng Maghrib o Isha, o pagsamahin niya ang Dhuhr at ‘Asr sa oras ng Dhuhr o ‘Asr.

Mga alipin ng Allah, kabilang sa mga taong may ‘Udhur o katanggap-tanggap na dahilan ay silang mga manlalakbay o naglalakbay sa malalayong lugar. Dahil sila’y pwedeng mag-Salah ng Qasr/dalawang Rakaah kapalit ng mga Salah na may apat na Rakaah tulad ng Dhuhr, ‘Asr, at Isha, bilang Rukhsa o permiso na ibinigay ng Allah para maging madali at magaan ang kanilang pagsa-Salah. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ صَرَيْتُمْ فِي الْأَرْضِ فَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَنْ تَقْصُرُوا مِنَ الصَّلَاةِ ﴾ [النساء: 101]

“At kapag kayo ay naglakbay sa kalupaan ng Allah, O kayong mga mananampalataya, wala kayong kasalanan kapag pinaikli ninyo ang inyong mga ‘Salah’.”

At ang pwede lang i-Qasr o paiksiin na mga Salah ay ang Dhuhur, Asr, at Isha; dahil ang Maghrib ay itinuturing na Witr sa araw, at ang Fajr naman ay obligadong isagawa ng dalawang Rakaah sa anumang sitwasyon.

Hindi magsisimulang mag-Qasr ang isang manlalakbay hanggang sa makalabas siya sa kanyang lugar, baryo o syudad. At pwede siyang mag-Qasr ng paulit-ulit kahit na regular ang kanyang paglalakbay tulad ng piloto, ng isang taong nagde-deliver ng mga bagay sa malalayong lugar, at silang mga tsuper, ng Cargo truck o rental car halimbawa, na palagian o malayo ang kanilang paglalakbay.

Ngunit kapag ang isang manlalakbay ay nag-Salah sa likod ng isang tao na nagsa-Salah ng apat na Rakaah ay dapat sa kanya na sumunod at mag-Salah rin ng apat na Rakaah. At kung naisin niya, ng manlalakbay, ang manatili sa isang malayong lugar na kanyang pupuntahan ng apat na araw o higit pa ay hindi siya maaring mag-Qasr dahil hindi siya matatawag na manlalakbay.

At kung ang kanya namang intensyon sa pagpunta niya sa malayong lugar ay mananatili siya doon ng hindi tataas sa apat na araw ay pwede siyang mag-Qasr doon, o kapag hindi niya alam kung ilang araw siya mananatili roon, kahit gaano pa ito katagal, ay maaari sa kanyang mag-Qasr sa mga araw na pananatili niya roon.

At sa mga Nawaafil o boluntaryong mga Salah naman, ang mga importanteng Salah lamang na dapat pahalagahan ng isang manlalakbay ay ang Witr, ang iilang boluntaryong pag-Salah sa gabi, at ang dalawang Rakaah bago ang Fajr. Dahil ang ibang mga Nawaafil ay hindi naiulat sa mga Hadith na ito ay ginagawa ng Propeta Muhammad ﷺ kapag siya ay naglalakbay.

At pinapahintulot rin sa manlalakbay ang Al-jam' o o pagsamahin niya ang pagsa-Salah ng Dhuhr at 'Asr o Maghrib at Isha sa iisang oras lamang. Tulad ng pag-Salah niya ng Dhuhr at 'Asr sa oras ng Dhuhr o 'Asr, at ang pag-Salah niya ng Maghrib at Isha ng magkasama sa oras ng Maghrib o Isha.

Halimbawa, kapag bago siya sasakay ng sasakyan, barko o eroplano ay dumating na ang oras ng Dhuhr o Maghrib ay magsa-Salah na siya ng magkasama ng Dhuhr at 'Asr o Maghrib at Isha sa oras ng Dhuhr at Maghrib. At kung ang pagpasok naman ng oras ng Dhuhr at Maghrib ay siya ay nasa sasakyan, barko o eroplano, ay magsa-Salah siya ng Dhuhr at 'Asr o Maghrib at Isha sa mga oras ng 'Asr o Isha kapag nakababa na siya ng kanyang sinasakyan.

Ngunit kapag siya ay nakasakay sa eroplano o sasakyan, at hindi siya makakababa maliban sa pagkatapos lumipas ng oras ng 'Asr o Isha ay dapat na siya ay mag-Salah sa oras ng 'Asr at Isha sa loob ng sasakyan o eroplano at hindi na niya dapat hintaying makababa pa.

At kung ang manlalakbay naman ay naglalakad o nasa daan (o madali lang sa kanya ang paghinto sa saan mang lugar) ay siya'y magsa-Salah ng Qasr at hindi niya kailangang pagsamahin ang dalawang Salah. Dahil ang Propeta ﷺ ay kanya lamang pinagsasama ang dalawang Salah kapag naging mahirap ang kanyang paglalakbay.

At ang Al-jam' o o pagsasama ng dalawang Salah ng Maghrib at Isha ay pwede ring gawin ng mga taong nasa kanilang mga bayan, o sa mga hindi manlalakbay. Tulad halimbawa na kapag malakas ang ulan o matinding lamig sa gabi, ay pwedeng pagsabayin ang pag-Salah ng Isha sa oras ng Maghrib upang hindi na mahirapang bumalik ang mga tao sa Masjid upang mag-Salah ng Isha. Dahil naiulat sa isang

Hadith na isang beses ay pinagsama ng Propeta ﷺ ang pag-Salah ng Maghrib at Isha sa gabi na malakas ang ulan.

Mga alipin ng Allah, kasama sa mga taong may 'Udhur ay silang mga natatakot na hindi nila maisagawa ang wasto at kumpletong Salah tulad ng pagsasagawa nito sa normal na sitwasyon. Kapag sila ay natatakot sa kanilang sitwasyon o kalagayan ay dapat na kanila ring isagawa ang pag-Salah sa kung saan sila komportable at base sa kanilang kakayanan.

At silang mga taong natatakot ay nasa dalawang kalagayan;

Unang kalagayan; sa oras ng matinding pagkatakot. Katulad ng isang taong tumatakas papalayo sa kalaban, o sa baha, o sa mabangis na hayop; sila ay magsa-Salah ng Salatul Khawf na sila ay naglalakad o nakasakay, na silay nakaharap sa direksyon ng Qibla o sa ibang direksyon. Tulad ng sa Ayah na sinabi ng Allah:

﴿ فَإِنْ خِفْتُمْ فَرَجَلًا أَوْ زُكْبَانًا ﴾ [البقرة: 239]

“At kung kayo ay natakot (sa inyong mga kalaban), mag-‘Salah’ kayo ng naglalakad man o di kaya ay nakasakay.”

Sinabi ni Imam Al-Bagawiy rahimahullah patungkol sa Ayah na ito, “Kapag hindi ninyo makayang mag-Salah ng wasto, normal, at sa maayos na paraan dahil sa takot, ay mag-Salah kayo ng naglalakad o habang kayo ay nasa inyong sasakyan (o kayo’y nakasakay sa hayop). Ito ay sa sitwasyon ng digmaan at pakikipaglaban, na kung saan siya ay magsa-Salah ng naglalakad o nakasakay habang nakaharap siya sa Qiblah o sa ibang direksyon. Kapag siya ay magru-Ruku o yuyuko ay ibaba lamang niya ang kanyang ulo at kapag siya ay magsu-Sujod ay mas ibaba pa niya ang kanyang ulo.”

At ito ay katulad din sa sitwasyong kapag siya ay hinahabol ng mabangis na hayop o sa likod niya’y rumaragasang tubig-baha. Hanggang sa siya ay tumakbo at niyuyuko-yuko niya ang kanyang ulo o mata habang siya ay nagsa-Salah sa mga sitwasyong ito, ay katunayan na katanggap-tanggap rin ang kanyang Salah.

Ikalawang kalagayan; sa oras ng di matinding pagkatakot. Halimbawa ay kapag ang mga kalaban ay nasa kanilang harapan at malapit sila sa kanila, na kinatatakutang baka sumalakay ang mga kalaban kahit anumang oras. At sa ganitong sitwasyon ay hahatiin ng Imam ang kanyang mga kasamang kasundaluan sa dalawang grupo upang mag-Salah ng Salatul Khawf.

Ganito ang mangyayari sa Salatul Khawf; ang isang grupo (Group A) ay magsa-Salah kasama ang Imam hanggang sa unang Rakaah habang ang isang grupo (Group B) ay nakabantay habang nagsa-Salah ang Group A at Imam sa ika-unang Rakaah. Sa pagtayo ng Imam sa pangalawang Rak’ah ay mananatili ang Imam na nakatayo, habang ang kanyang mga kasama na Ma’mum (Group A) ay kukumpletuhin nila ang kanilang pangalawang Rakaah na di kasama ang Imam at sila ay magsa-Salam. Pagkatapos ay papalitan ng grupong nagbantay (Group B) ang Group A na kakatapos lang mag-Salah at sila naman ang magbabantay. Itutuloy ng Imam ang kanyang pangalawang Rakaah kasama ang bagong grupo (Group B) na sila’y magsa-Salah palamang ng kanilang unang Rakaah. Kapag umupo ang Imam dahil sa ito’y pangalawa na niyang Rak’ah ay hihintayin niya ang kanyang mga kasama na kumpletuhin ang kanilang pangalawang Rakaah hanggang sa sila ay makaupong lahat para sa Tashahhud, at magsa-Salam silang lahat kasabay ng Imam.

At mayroon ding ibang paraan ng pagsasagawa ng Salatul Khawf na nabanggit sa ibang mga Hadith ang nababagay rin sa iba pang sitwasyon ng mga natatakot na magsagawa ng kanilang Salah.

At Alhamdulillah, pagpupuri para sa Allah na ginawa niyang madali ang kanyang relihiyon, at hilingin natin sa kanya na pagtibayin at panatilihin niya tayo sa kanyang relihiyon, at panghawakan natin ang kanyang Qur'an at ang Sunnah ng Propeta Muhammad ﷺ.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, katakutan ninyo ang Allah at alamin ninyo ang antas ng Salah sa Islam. Dahil katotohanan na ito ay hindi pwedeng iwan o hindi gawin ng silang mga may sakit, mga manlalakbay, at silang mga natatakot. Kaya naman, kailanman ay hindi rin maaaring ihuli o ipagpaliban ang pagsa-Salah sa kahit anong sitwasyon.

Ngunit anong dahilan at rason ng karamihan sa atin ngayon na kanilang binabalewala at di pinapansin ang pagsa-Salah ng Jamaa'ah o grupo sa mga Masjid. Na ang mga Masjid ay kalapit rin naman ng kanilang bahay, naririning at nakikita rin naman nila ito, at sila rin naman ay malulusog at walang karamdaman?

At anong dahilan at rason ng karamihan sa atin na kanilang hinuhuli o ipinagpaliban ang kanilang pagsa-Salah, na kanila itong ginagawa pagkatapos nilang matulog, o pagkatapos nilang gawin ang kanilang mga trabaho?

Hindi pa ba dumating ang panahon para sa kanila na katakutan ang Allah, at iligtas ang kanilang sarili at ang kanilang pamilya mula sa apoy ng impiyerno? Gusto ba nilang maging matuwid at manatili sa tamang landas na hindi sila nagsa-Salah? At gusto ba nilang tanggapin ng Allah ang kanilang Salah na hindi naman nila kinukumpleto ang mga kundisyon nito?

Katakutan ninyo ang Allah, O kayong mga alipin ng Allah, at protektahan ninyo ang inyong mga sarili at ang mga dapat ninyong protektahan na mga mahal niyo sa buhay mula sa naglalagablab na apoy ng impiyerno. Gawin ninyo ito sa pamamagitan ng pagtayo ninyo ng Salah at pag-akay o pag-imbeta ninyo sa inyong pamilya na itayo rin ang kanilang pagsa-Salah.

Hilingin natin sa Allah na gawin niya tayo at ang ating pamilya na kasama sa mga masigasig na nagtatayo ng Salah, dahil katotohanang siya ang lubos na nakakaalam at nakakarining ng mga Dua at panalangin.



Ang Pamamaraan Ng Propeta ﷺ Sa Buwan Ng Pag-Aayuno

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah na nanampalataya, nabuksan na ang mga pinto ng Paraiso, at naisara na ang mga pinto ng Impyerno, at ang mga demonyo ay naikadena na at hindi na malaya! At may isang tumatawag na kanyang sinasabi, “Sino ang gusto ng maraming kabutihan? Halika! At sino ang gusto ng masasama? Tumigil ka!

Katotohanan na ang mga kabutihan at kayamanan ng Allah ay bumubuhos ng napakarami sa Kanyang mga alipin. Ang mga kasalanan ay napapatawad, ang mga kamalian ay naikukubli, at ang mga awa at pagmamahal ay dumadaloy mula sa habag ng Panginoon. Paglaya mula sa apoy ng Impiyerno, mga panalanging natatanggap at nasasagot, at ang mga sarili’y nalilinis at nadadalisay. Ito ang panahon ng maraming kabutihan at pagkabura ng maraming kasalanan at kamalian,

"وَرَمَضَانُ إِلَى رَمَضَانَ، مُكْفِرَاتٌ مَا بَيْنَهُنَّ إِذَا اجْتَنِبْتَ الْكَبَائِرَ"

“At ang Ramadan tungo sa susunod na Ramadan, ay pagkabura sa mga kasalanan sa pagitan ng mga ito kapag nilayuan ang mga malalaking kasalanan”

Ito ang ilan lamang sa maraming kabutihan ng banal na buwan ng Ramadan. At ngayon, ay ipagpaliban muna natin ang paksang ito at ating talakayin ang taong hindang-hindi magsasawa sa pagbanggit sa dakilang buwan na ito.

Siya ang nakakaalam kung gaano kadakila ang buwan ng Ramadan kaya minahal niya ito. At dahil doon, ay nalaman natin kung paano mamuhay sa dakilang buwan na ito ng may gabay at pananampalataya.

Aalamin natin ang kanyang kalagayan; paano niya sinalubong ang banal na buwan na ito, paano siya nag-aayuno at paano niya itinayo ang kanyang mga Salah, at paano niya ginugol ang mga araw nito. Dahil katotohanan na ang pag-alam at pag-intindi kung paano niya ginawa ang mga bagay na ito ay isa sa dalawang mga kondisyon para matanggap ang ating mga gawa.

O kayong mga mananampalataya, siya ang Propeta Muhammad ﷺ na dapat nating alamin ang kanyang mga gabay at katuruan patungkol sa banal na buwan ng Ramadan. Palagi niyang pinapanalangin na abutan niya ang papalapit na Ramadan, at kapag isang buwan na lang bago ito sumapit ay nadadagdagan ang kanyang pagkatuwa. At doon ay magsisimula siyang batiin ang mga Sahabah, at ibabahagi niya ang kanyang pagkagalak sa dami ng mga biyaya, at kabutihan na dala ng buwan ng Ramadan. Kanyang sinasabi sa kanyang mga kasamahan:

"قد جاءكم رمضان، شهر مبارك، افترض عليكم صيامه، تفتح فيه أبواب الجنة، وتغلق فيه أبواب الجحيم وتغل

فيه الشياطين، فيه ليلة خير من ألف شهر، مَنْ حُرِمَ خيرها فقد حرم"

"Tunay na dumating na sa inyo ang Ramadan, buwan na mabiyaya. Obligado sa inyo ang pag-aayuno dito. Bubuksan dito ang mga pintuan ng paraiso at isasara dito ang mga pintuan ng impiyerno, at ikakadena dito ang mga satanas. Napapaloob dito ang isang gabi na mas higit pa sa isang libong buwan. Sinuman ang napagkaitan ng kabutihan nito ay tunay na napagkaitan(nalugi)"

At kapag ang araw ay sumikat na sa unang araw ng Ramadan ay huwag mo ng itanong kung ano ang sitwasyon ng Propeta ﷺ kasama ang kanyang Panginoon at ang kanyang pakikipag-usap sa Kanya. Dahil katotohanan na nahahanap dito ng Propeta ﷺ ang sarap at kapayapaan ng kanyang puso at isip na nagtutulak sa kanya na pagdugtungin o pagsamahin ang dalawang araw na pag-aayuno; na walang pagkain at tubig. Ito ay tinatawag na *Wisaal* na kanyang ipinagbawal na gawin ng mga Sahaba.

O kayong angkan ng Qur'an, katotohanang napakagandang pag-usapan ang Qur'an. Ito ang susi ng koneksyon natin sa Allah sa anumang oras. Ngunit sa buwan ng Ramadan, ang Qur'an ay mas nagiging dakila at mas nagtataglay ito ng maraming kabutihan, tulad halimbawa na sa buwan na ito ibinaba ang Qur'an. Kaya naman, ang Propeta ﷺ ay mas nagsisipag at nagtitiyaga na makasama ang Qur'an sa tuwing umaga hanggang gabi. Kanyang binabasa ang Qur'an ng taimtim, kanyang binabasa ang Qur'an sa kanyang puso at isip; kanya itong pinag-aaralan, at kanyang binabasa ang Qur'an upang ito ay manatili sa kanyang memorya at di niya malimutan.

Lumalambot ang kanyang puso, nangininginig ang kanyang katawan, at siguro ay naluluha ang kanyang mga mata kapag narinig niya ang mga Ayah sa Qur'an.

﴿اللَّهُ نَزَلَ أَحْسَنَ الْحَدِيثِ كِتَابًا مُتَشَابِهًا مَثَانِيَ تَقْشَعُرُ مِنْهُ جُلُودُ الَّذِينَ يَخْشَوْنَ رَبَّهُمْ ثُمَّ تَلِيَتْ جُلُودُهُمْ وَقُلُوبُهُمْ إِلَى ذِكْرِ اللَّهِ﴾

﴿٣٣﴾ [الزمر: 23]

“Ibinaba o ipinahayag ng Allah ang pinakamabuting salaysay; (ito ay) isang mapananaligang Aklat (ang Qur'an) na kung saan inulit-ulit (ang paalala nito). Kaya ang mga balat niyaong mga natatakot sa kanilang Panginoon ay nangininginig mula rito (kung kanilang binibigkas o naririnig ito); pagkaraan, ang kanilang mga balat at ang kanilang mga puso ay tiwasay sa (pagbibigay) alaala sa Allah.”

At sa kabila ng kasipagan ng Propeta ﷺ sa pagbabasa ng Qur'an at sa kanyang pagsasaulo nito para di niya makalimutan o makaligtaan ay inaaral niya ito kasama si Jibreel alayhis-salam ng isang beses sa buwan ng Ramadan. At noong huling Ramadan na ng Propeta ﷺ ay inaral nila ito ng dalawang beses.

O kayong mga alipin ng Allah, inyong alamin na ang kadakilaan o karangalan ng isang naniniwala ay nasa kanyang pagtayo ng Salah sa gabi. Tulad ng sinabi ni Jibreel alayhis-salam sa Propeta ﷺ:

"واعلم أن شرف المؤمن قيامه بالليل وعُزُّه استغناؤه عن الناس"

"Iyong alamin na katotohanan na ang karangalan ng isang mananampalataya ay ang kanyang pagdarasal sa gabi, at ang kanyang dangal ay ang kanyang hindi pangangailangan sa mga tao"

Dahil dito, ipinag-utos ng Propeta ﷺ sa kanyang Ummah na mag-tayo ng Salah sa mga gabi ng Ramadan. Kanyang sinabi:

"من قام رمضان إيماناً واحتساباً غفر له ما تقدم له ما تقدم من ذنبه"

"Sinuman ang magtayo ng Salah sa Ramadan dahil siya ay naniniwala at siya ay nag-aasam ng gantimpla ay papatawarin ang kanyang mga naunang kasalanan."

Noong unang gabi ng Ramadan, ay nag-Salah ang Propeta ﷺ ng kanyang Salah (ang Taraaweh) sa Masjid at sinamahan siyang mag-Salah ng mga tao. Nang kinaumagahan, pinag-usapan ng mga tao ang pag-Salah ng Propeta ﷺ ng Taraweh sa unang beses kaya naman mas dumami ang nag-Salah kasama niya sa ikalawang gabi. At kinaumagahan ay pinag-usapan ulit ito ng mga tao at mas dumami ulit silang nag-Salah kasama ng Propeta ﷺ sa ikatlong gabi. Ngunit noong ika-apat na gabi ay napuno ang Masjid ng mga tao na gustong mag-Salah ng Taraweh kasama ng Propeta ﷺ. Ngunit sa pagkakataong iyon ay hindi pumunta ang Propeta ﷺ sa Masjid dahil natatakot siya na baka maging obligado ang pag-Salah ng Taraweh at mahirapan ang mga tao.

Ang bilang ng mga Rak'ah sa Taraweh na ginawa ng Propeta ﷺ ay labing-isang (11) Rak'ah at minsan ay labing-tatlong (13) Rak'ah. At di mo na maitatanong kung gaano kaganda ang kanyang pag-iimaam at gaano ito katagal. Dahil katotohanan na kanyang pinapahaba ang kanyang pagtayo, nabubuhay siya sa pagbabasa ng Qur'an, isinasaisip niya ang mga kahulugan nito, at siya'y natatakot at umiiyak. Hindi niya

mababasa ang Ayah na patungkol sa Rahma o awa ng Allah maliban na siya ay humingi ng Rahma, at hindi niya mababasa ang Ayah na patungkol sa parusa ng Allah maliban na siya ay nagpapakupkop sa Allah.

Minsan ay babasahin niya sa isang Rak'ah ang isang mahabang Surah ng kumpleto. At pagkatapos ay siya'y magru-Ruku' rin ng matagal, na luluwalhatiin niya rito ang Allah at kanyang pupuriin. Pagkatapos siya'y magpatirapa rin nang matagal, siya ay nananalangin rito ng mga kabutihan para sa mundo at sa kabilang buhay. Isang buong Rak'ah lamang iyon na napakataimtim. Tunay nga ang sinabi ni Aisha radiyallahu anha:

"فلا تسأل عن حسنهن وطولهن"

"At huwag mo nang itanong ang ganda ng mga ito at haba ng mga nito"

Mga alipin ng Allah, ang pagiging mapagbigay naman ay ang pagiging mapagmahal, maluwa at mabuti ng puso. At kung ang pag-uusapan ay ang pagiging mapagbigay ng Propeta ﷺ ay tunay na siya'y hindi magkukulang. Ang kanyang pagiging mapagbigay ay nakasulat na sa kanyang mga palad at dumadaloy na sa kanyang dugo.

Kailanman ay hindi siya umayaw sa mga nanghingi sa kanya at hindi siya tumanggi sa mga nagpatulong sa kanya. Siya ay nagbibigay ng lubos at hindi na niya iniisip na baka siya ang maghirap. Tulad noong siya ay nagbigay ng mga kambing na sa dami nito ay mapupuno ang pagitan ng dalawang bundok. At binigyan niya rin ang isang lalaki na gustong-gusto ng mga kambing ng isang daan, at dinagdagan pa niya ng isang daan, at dinagdagan pa niya ulit ito ng isang daang kambing. Pagkatapos ay ang lalaking iyon ay mabilis na bumalik sa kanyang mga katribo at mga kasamahan at kanyang sinabi sa kanila:

"أسلموا، فإن محمداً يُعطي عطاءً من لا يخشى الفقر"

“Mag Muslim kayo! Dahil tunay na si Muhammad ﷺ ay namimigay nang pagbigay ng sinumang hindi natatakot sa kahirapan”

At hanggang sa mga damit ng Propeta ﷺ ay kanyang binibigay sa mga humihingi nito sa kanya.

At ang pagiging mapagbigay ng Propeta ﷺ ay maraming uri; minsan ay nagbibigay siya ng kanyang kayamanan, minsan ay ang kanyang pagkain, at minsan ay ang kanyang mga damit. At ang kanyang mga pinamimigay ay ibat-ibang uri rin; minsan ito’y regalo, minsan naman ito’y Sadaqah, at minsan naman ay kapag siya ay umutang ay kapag binalik niya ito ay dadagdagan niya ng kusa.

Katotohanan na sa kanyang pagbibigay ay nagiging mas masaya pa siya kaysa sa taong kanyang napagbigyan.

Ngunit sa kabila ng kanyang pagiging mapagbigay ay ang kanyang pagiging matiisin. Ang Propeta Muhammad ﷺ ay kanyang itinatali ang bato sa kanyang tiyan dahil sa tindi ng gutom. Lumilipas at dumadaan ang tatlong buwan at hindi nasisindihan ang apoy sa kanilang bahay dahil wala silang malulutong pagkain. At ang Propeta ﷺ ay natutulog sa isang matigas na banig, na ito’y umiiwan ng bakas sa kanyang balat.

Ito ang ilang halimbawa sa pagiging mapagbigay at matiisin ng Propeta ﷺ sa mga normal na araw o buwan. At kapag sumapit ang buwan ng Ramadan ay mas nadadagdagan ang kanyang pagiging mapagbigay at matiisin. Sinabi ni Ibn ‘Abbaas radiyallahu anhu patungkol sa pagiging mapagbigay ng Propeta ﷺ:

"كان أجود بالخير من الريح المرسلة"

“Siya’y mas mabilis pa kaysa sa malakas na hangin sa paggawa ng kabutihan”

At hindi niyo na maitatanong pagkatapos nito kung ano ang salitang pagiging mapagbigay, dahil hindi na ito makakayang ilarawan pa ng dila at maisulat ng mga kamay.

Mga alipin ng Allah, kabilang sa mga gabay ng Propeta ﷺ sa pag-aayuno ay ang unang pag-Iftar ng mga sariwang Tamr, at kung wala nito ay kahit ordinaryong Tamr, at kung wala rin nito ay mag-iftar muna sa pag-inom ng tubig.

At sinasabi ng Propeta ﷺ kapag siya ay nag-iftar:

"اللهم لك صمت وعلى رزقك أفطرت"

"O Allah, nag-ayuno ako para sa'yo at nag-Iftar ako sa biyayang Mo."

"ذهب الظمأ، وابتلت العروق، وثبت الأجر إن شاء الله"

"Napawi ang uhaw, at nabasa ang mga ugat, at nakamtan na ang gantimpala sa kapahintulutan ng Allah."

Binibilisan rin ng Propeta ﷺ ang pag-Iftar o nag-iiftar siya agad sa paglubog ng araw o sa pagtawang ng Adhan ng Maghrib. Kanyang sinabi:

"لا يزال الدين ظاهراً ما عجل الناس الفطر؛ لأن اليهود والنصارى يؤخرون"

"Mananatiling malakas ang Relihiyon kapag ang mga Muslim ay nagmamadali sa pag-iftar; sapagkat ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay kanilang hinuhuli(ang kanilang pag-iftar)"

At ang Propeta Muhammad ﷺ ay nanghihikeyat na magpa-Iftar, magpakain o magbigay ng pagkain para sa mga nag-aayuno. Kanyang sinabi:

"من فطر صائماً فله مثل أجره"

“Sinuman ang magpa-Iftar sa nag-aayuno ay gagantimpalaan ng tulad ng kanyang gantimpla”

Ang hapunan naman ng Propeta ﷺ ay pagkatapos ng Salat Maghrib. At ang kanyang hapunan ay sapat at simple lamang. Ayon kay Abdullah bin Unays radiyallahu anhu na noong pumunta siya sa bahay ng Propeta ﷺ upang magtanong tungkol sa Laylatul Qadr, nang siya ay nasa pinto ay pinapasok siya ng Propeta ﷺ. Inilagay at inialok ng Propeta ﷺ ang kanyang hapunan kay Abdullah at si Abdullah ay tumanggi dahil sa kaunti ang pagkain at ito’y sapat lang sa Propeta ﷺ.

Ang Sahur naman ay kailanman ay hindi pinalipas ng Propeta ﷺ. Kanya itong tinatawag na "الغداء المبارك", o “Ang mabiyayang pagkain.” At kanya ring sinabi patungkol rito:

"تسحروا؛ فإن في السحور بركة"

“Kumain kayo ng Sahur, dahil katotohanan sa suhor ay mabiyaya.”

"إن الملائكة يصلون على المتسحرين"

“Katotohanan na ang mga anghel ay nananalangin para sa mga kumakain ng Sahur.”

At ang Propeta ﷺ ay kanyang pinagpapaliban ang pagkain ng Sahur hanggang sa huling mga oras ng gabi, o siya ay kumakain ng Sahur ng ilang minuto bago ang pagtawag ng Adhan ng Fajr.

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay palaging pinapaalalahanan ang mga tao na ingatan ang kanilang mga katawan at salita, at protektahan ang kanilang pag-aayuno. Kanyang sinabi:

"رَبِّ صَائِمٍ حَظُّهُ مِنْ صِيَامِهِ الْجُوعُ وَالْعَطَشُ، وَرَبِّ قَائِمٍ حَظُّهُ مِنْ قِيَامِهِ السَّهَرُ"

“Maaaring ang gantimpala ng isang nag-aayuno mula sa kanyang ayuno ay gutom at uhaw, at maaaring ang gantimpala ng nagdarasal sa gabi ay pagkapuyat”

At sinabi rin ng Propeta ﷺ:

"ليس الصيام عن الأكل والشرب، إنما الصيام عن اللغو والرفث".

“Ang pag-aayuno ay hindi patungkol(sa pag-iwas) ng pagkain at inumin, ngunit katotohanan na ito’y patungkol(sa pag-iwas) mula sa mga walang kwentang bagay at mga masasama”

At pinapayuhan naman ng Propeta ﷺ ang mga nag-aayuno na magtiis at pabayaan ang mga silang nagbibiro at mga nakakasakit, mapapisikal man o emosyonal. Kanyang sinabi:

"فإن ساءَ أحدٌ فليقلِ إليّ امرؤٌ صائمٌ"

“At kung siya ay murahin, kanyang sasabihin ‘tunay na ako’y nag-aayuno’ ”

Nagpayo rin ang Propeta ﷺ at nagbabala na huwag sobrahan ang pagmugmog at pagsinghot ng tubig upang ito’y di umabot sa tiyan.

At katotohanan na ang Propeta ﷺ ay namumuhay ng normal kapag siya ay nag-aayuno dahil kanya ring hinahalikan ang kanyang mga asawa, at minsan ay aabutin siya ng Fajr at siya ay Junub.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, at kabilang sa mga gabay ng Propeta ﷺ sa banal na buwan na ito ay ang kanyang madalas na paggamit ng Siwaak habang siya ay nag-aayuno. Sinabi ni Asiha radiyallahu anha:

"رَأَيْتَ النَّبِيَّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- مَا لَا أَحْصِي يَتَسَوَّكُ وَهُوَ صَائِمٌ"

"Nakita ko ang Propeta ﷺ na nagsi-Siwaak habang siya ay nag-aayuno at ito'y hindi ko mabilang kung ilang beses"

At kapag uminit naman ang panahon at kapag nakaramdam ng uhaw ang Propeta ﷺ ay kanyang babasain ang kanyang ulo o bubuhusan niya ito ng tubig. Upang maibsan ang init ng panahon o ang init na dala ng uhaw.

At minsan naman ay naglalakbay ang Propeta ﷺ at siya ay nag-aayuno. Ngunit minsan ay naglalakbay siya at hindi siya nag-aayuno. Naglalakbay siya at depende sa sitwasyon kung mag-aayuno siya o hindi.

At habang nag-aayuno rin ang Propeta ﷺ ay hindi niya nakakaligtaan na turuan ang mga tao. Dahil minsan noong siya ay nasa kanyang I'tikaaf ay lumabas siya ng Masjid at kanyang sinabi sa mga Sahaba:

"إِنَّ الْمُصَلِّيَّ يَنَاجِي رَبَّهُ؛ فَلْيَنْظُرْ أَحَدَكُمْ بِمَا يَنَاجِي رَبَّهُ، وَلَا يَجْهَرُ بَعْضُكُمْ عَلَى بَعْضٍ فِي الْقِرَاءَةِ"

"Katotohanan na ang taong nagdarasal ay kanyang kinakausap ang kanyang Panginoon; Kaya't tingnan ng isa sa inyo kung ano ang kanyang sasabihin sa kanyang Panginoon. At huwag palakasin sa bawat isa sa inyo ang pagbabasa"

At kapag makita naman ng Propeta ﷺ sa isang tao ang kanyang pagkagutom at ang panghina ng kanyang katawan dahil sa pag-aayuno ay kanyang sasabihin sa kanila, bilang pagpapagaan ng loob:

"والذي نفسي بيده لخلوف فم الصائم أطيب عند الله من ريح المسك"

"Sumpa man sa Kanya na may hawak ng aking sarili; tunay na ang amoy ng bunganga ng taong nag-aayuno ay mas mabango pa kaysa sa Musk para sa Allah"

At ang Propeta ﷺ ay kanyang gustong masagot ang mga katanungan ng mga Sahaba sa kanya, at masolusyunan ang kanilang mga problema. Tinanong siya ni Hamza bin 'Amr; "O sugo ng Allah, nakikita kong may lakas naman akong mag-ayuno kapag ako ay naglalakbay. May problema ba kung mag-ayuno ako?" At sagot ng Propeta ﷺ sa kanya:

"هي رخصة من الله، فمن أخذ بها فحسن، ومن أحب أن يصوم فلا جناح عليه"

"Ito ay kapahintulutan ng Allah, sinuman ang tanggapin ito ay mabuti at sinuman ang nais niyang mag-ayuno ay walang kasalanan sa kanya"

At katotohanan na ang Propeta ﷺ ay hindi nagalit sa sinumang tao ang nakasira ng kanyang pag-aayuno, at pagkatapos siya ay nagbalik-loob at humingi ng kapatawaran. Tulad ng lalaking kanyang ginalaw ang kanyang asawa sa araw ng Ramadan, naputol ang kanyang pag-aayuno ngunit di nagalit sa kanya ang Propeta ﷺ.

At kung ang katapangan at pagsasakripisyo naman ng Propeta ﷺ sa buwan ng Ramadan ang pag-uusapan, ay katunayan na siya ay nakipagdima ng siyam (9) na digmaan sa mga buwan ng Ramadan.

Ang mga ito, o kayong mga alipin ng Allah, ay ilan sa mga katangian, gawa o kilos, mga gabay at katuruan ng Propeta Muhammad ﷺ sa buwan ng Ramadan. Sundin ninyo siya sa kanyang landas, at manatili kayong nakakapit sa kanyang mga Sunnah

dahil katotohanan na naririto ang maraming kabutihan, ang tagumpay, ang gabay, at ang pagkaligtas. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَإِنْ تُطِيعُوهُ تَهْتَدُوا﴾ [النور: 54]

“At kung sundin ninyo siya (ang Propeta Muhammad) ay magagabayan kayo.”



Ang Laylatul Qadr

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, palakasin at pagtibayin natin ang ating paniniwala na ang Allah lamang ay nag-iisa at natatangi. Siya ang nag-iisang Tagapaglikha at ang tanging may karapatan at kakayanang pumili at gumawa ng kung ano ang Kanyang gustohin. Tulad ng kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿وَرَبُّكَ يَخْلُقُ مَا يَشَاءُ وَيَخْتَارُ ۚ﴾ [الفصص: 68]

“At ang iyong Panginoon ay lumika ng anumang Kanyang nais at piliin.”

Ang Allah lamang mag-isa ang kumukontrol at namamahala sa sanlibutan ayon sa Kanyang gusto, ayon sa Kanyang dunong, at ayon sa Kanyang habag. At dahil sa Kanyang kagustuhan, Kanyang pinipili mula sa Kanyang mga nilikha; mga lugar, mga tao, mga oras, ang alinman mula rito para Kanyang dakilain at dagdagan ng maraming kabutihan. Nasa Kanya lamang mag-isa ang lahat ng desisyon.

Mga alipin ng Allah, ang Allah ay binigyan niya ng biyaya ang Ummah na ito ng isang dakilang gabi mula sa mga gabi ng dakilang buwan ng Ramadan. At ito ang gabi ng Laylatul Qadr; ang gabi ng pagtatakda o ang gabi ng kapangyarihan. Ang gabing ito ay dinakila ng Allah, Kanya itong pinarangalan, at Kanya itong binigyan at nilagyan ng maraming mga biyaya at kabutihan. At katotohanan na ang gabing ito ay napapamahal sa maraming mga Muslim dahil sa maraming Barakah o biyaya at kabutihan nito. Kabilang sa mga Barakah nito ay ang mga sumusunod;

Unang Barakah; Napakamabuti ng gabing ito dahil ito'y pinili ng Allah na gawing oras o panahon ng pagbaba ng Kanyang mga salita. Sa gabing ito ay binaba ng Allah ang Qur'an. Kanyang sinabi:

﴿ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ مُبَرَّكَةٍ ۚ إِنَّا كُنَّا مُنذِرِينَ ۚ فِيهَا يُفْرَقُ كُلُّ أَمْرٍ حَكِيمٍ ۚ أَمْرًا مِّنْ عِندِنَا إِنَّا كُنَّا مُرْسِلِينَ ۚ رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ إِنَّهُ هُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ۝ ﴾ [الدخان: 3-6]

﴿ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ مُبَرَّكَةٍ ۚ إِنَّا كُنَّا مُنذِرِينَ ۚ فِيهَا يُفْرَقُ كُلُّ أَمْرٍ حَكِيمٍ ۚ أَمْرًا مِّنْ عِندِنَا إِنَّا كُنَّا مُرْسِلِينَ ۚ رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ إِنَّهُ هُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ۝ ﴾ [الدخان: 3-6]

“Katiyakan, ibinaba Namin ito sa pinagpalang gabi. Katotohanan, Kami ay lagi ng nagbabala (para sa sangkatauhan). Doon (sa pinagpalang gabing iyon) ay itinatakda ang bawat kautusan na matalinong pinagpasyahan (ukol sa mga pangyayari o bagay). (Ito ay) kautusan na nagmumula sa Amin. Katotohanan, Kami ay lagi ng nagpapadala ng mga sugo. (Bilang) isang habag mula sa iyong Panginoon. Katotohanan, Siya ang lubos na Nakakaranig, ang Maalam.”

At sinabi rin ng Allah sa Surah Al-Qadr:

﴿ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ ۚ وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ ۚ لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَبْرٌ مِّنْ أَلْفِ شَهْرٍ ۚ تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ ۚ﴾

﴿ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ ۚ وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ ۚ لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَبْرٌ مِّنْ أَلْفِ شَهْرٍ ۚ تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ ۚ﴾ [سورة القدر: 1-5]

“Katotohan, Aming ibinaba o ipinahayag ito (ang Qur’an) sa gabi ng kapasyahan. At ano ba ang makapagpapaliwanag sa’yo kung ano ang gabi ng kapasyahan? Ang gabi ng kapasyahan ay higit na mabuti kaysa sa isang libong mga buwan. Dito (sa gabing ito) ay bumababa ang mga anghel at ang (Banal na) Espirito na si (Jibreel) sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay (na napagpasyahan). May kapayapaan sa gabing ito hanggang sa pagsapit ng buwang-liwayway.”

Pangalawang Barakah; ang Allah ay ginawa ang gabing ito na punong-puno ng biyaya at kabutihan.

﴿ إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ مُبَرَّكَةٍ ۚ﴾

“Katiyakan, ibinaba Namin ito sa pinagpalang gabi.”

Na kung saan, ang mga oras o mga panahon, ang mga gawain o pagsamba, at ang mga gantimpala na makukuha natin sa isang gabing ito ay napakamabuti at may dala-dalang napakaraming mga biyaya.

Pangatlong Barakah; ang gabing ito ay ginawa ng Allah na mas mainam pa sa isang-libong buwan o higit pa sa walumpot-tatlong (83) taon! Na ang isang mabuting gawain o pagsamba rito ay mas mainam pa sa pagsamba na ginawa sa loob ng walumpot-tatlong taon. Napakalaki nga ng gantimpalang napapaloob rito, napakadakila nga ng gabing ito, at napakamabuti ng Allah sa atin, na Kanyang mga alipin. Kaya ano pa nga ba ang dapat nating gawin maliban na tayo'y magsumikap na makagawa ng maraming mabubuting gawa o pagsamba sa gabing ito ng Laylatul Qadr.

Pang-apat na Barakah; ang mga anghel kasama si Jibreel ay nagsisibabaan sa gabing ito. Ang mga anghel ay naririto sa mundo na sila'y nagdadala ng maraming kabutihan at mga biyaya. Sila ay mga anghel ng awa na nagsasaboy ng maraming kabutihan sa sangkatauhan.

﴿ نَزَّلَ الْمَلَكُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِنْ كُلِّ أَمْرٍ ﴾ [سورة القدر: 4]

“Dito (sa gabing ito) ay bumababa ang mga anghel at ang (Banal na) Espirito na si (Jibreel) sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay (na napagpasyahan).”

Panglimang Barakah; ang pagiging mapayapa ng buong gabi ng Laylatul Qadr hanggang sa sumapit ang Fajr. Ito ay isang gabi na punong-puno ng kabutihan at walang kasamaan. Ang bawat isa ay maliligtas mula sa anumang kasamaan at kapinsalaan, at ang bawat isa ay walang makukuha kundi kabutihan.

Pang-anim na Barakah; ang naiulat sa Hadith ng Propeta Muhammad ﷺ na kanyang sinabi:

"من قام ليلة القدر إيمانًا واحتسابًا غُفر له ما تقدم من ذنبه"

"Sinuman ang magtayo ng Salah sa gabi ng Laylatul Qadr, na siya ay naniniwala at nag-aasam ng gantimpala mula sa Allah, ay papatawarin ang nauna niyang mga kasalanan."

Mga alipin ng Allah, kasama sa mga natatanging taglay ng gabing ito ay ang pagtatakda ng Allah sa lahat ng mga mangyayari sa bawat bagay dito sa mundo. At katotohanan na isa nga sa kahulugan ng Laylatul Qadr ay ang gabi ng pagtatakda, dahil sa gabing ito naitatakda ang tadhana ng bawat bagay sa isang buong taon hanggang sa dumating ang Laylatul Qadr sa susunod na taon o Ramadan.

Sa gabing ito ay isusulat ang lahat ng mangyayari sa bawat tao o bawat bagay, kung ano ang mangyayari sa kanila o ano ang mangyayari sa mundo sa loob ng isang taon. Ngunit ang pagsusulat sa Tadhanang ito, sa gabi ng Laylatul Qadr, ay maliban sa nakasulat ng buo at kumpletong Tadhana sa Lawhul Mahfooz.

Katunayan nga na ang gabing ito ay punong-puno ng mga biyaya at kabutihan, ito'y napakadakila, at ito'y pinarangalan ng Allah kumpara sa ibang normal na mga gabi. Kaya nararapat lamang sa ating mga alipin ng Allah na magsipag at magsumikap sa gabing ito, upang tayo'y magustuhan at kahabagan ng Allah, at ng sa ganun ay makuha natin ang maraming biyaya at kabutihan na napapaloob sa gabing ito.

At katunayan na ang Propeta Muhammad ﷺ ay mas nagsisipag at nagsusumikap gumawa ng maraming mabuti at pagsamba sa huling sampung gabi ng Ramadan kumpara sa ibang mga gabi. Sinisikap niyang mas mapalapit sa Allah at makapag-alay ng maraming pagsamba sa mga gabing ito. Sinabi ni Aisha radiyallahu anha,

"كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يجتهد في هذه العشر ما لا يجتهد في غيرها"

“Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsisipag at nagsusumikap sa huling sampung gabi ng Ramadan na hindi niya ginagawa sa ibang mga gabi.”

At naiulat sa ibang Hadith:

"كان رسول الله -صلى الله عليه وسلم- إذا دخلت العشر شدَّ مَنَزَرُهُ، وأحْيَى لَيْلَهُ، وأَيْقَظَ أَهْلَهُ"

“Ang Propeta ﷺ kapag dumating ang huling sampung araw ay kanyang hinihigpitan ang kanyang sinturon, at binubuhay niya ang kanyang gabi, at ginigising niya ang kanyang pamilya.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ito ay oras at mga panahon ng pagsusumikap at pagsiseryoso, pagiging malapit sa Allah, pagbabasa ng Qur'an, pag-aalaala at paggunita sa Allah, pagtatayo ng mga Salah, at paggawa ng maraming mabubuting bagay at mga pagsamba na ikalulugod ng Allah.

At katotohanan din na napakalaking kalugian para sa silang mga tao na dumaan sa kanila ang mga gabing ito at kanilang binalewala ang mga kabutihang mga napapaloob rito. Kalugian sa sinumang Muslim na hindi niya pahalagahan ang mga gabing ito, hindi niya paghandaan ang mga gabing ito, at hindi siya magsumikap at magsipag na gumawa ng maraming kabutihan sa mga gabing ito. Kalugian sa kanya sa patuloy niyang pagsunod sa kanyang sariling kagustuhan at sa pagpapakalunod niya sa mga makamundong bagay.

Mga alipin ng Allah, kung hindi lalambot ang ating mga puso, kung hindi ito magiging mas mapalapit sa pagsamba sa Allah sa mga panahong ito, at sa banal na buwang ito, ay kailan? Kailan pa, at sa anong oras o mga panahon tayo magbabalik-loob sa Allah? Kailan pa tayo hihingi ng kapatawaran mula sa Allah at kailan pa tayo lalapit sa kanya kung hindi sa mabiyaya at dakilang mga panahong ito?

Katotohanan na ang nararapat sa atin ay lumapit sa Allah at magbalik-loob tayo ng taos-puso sa Kanya. Humingi tayo ng kapatawaran mula sa ating mga kasalanan, at hilingin natin sa Kanya na tulungan niya tayong gumawa ng mga mabubuting bagay at mga pagsamba para sa Kanya.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, isa sa mga importanteng bagay na dapat nating gawin sa gabi ng Laylatul Qadr ay ang pagpaparami ng Dua. Lalo na ang Dua na itinuro ng Propeta Muhammad ﷺ kay Aisha radiyallahu anha noong kanyang tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang kanyang sasabihin o ipapanalangin sa pagsapit ng Laylatul Qadr. At sinabi ng Propeta ﷺ:

"اللهم إنك عفو تحب العفو فاعف عني"

"O Allah, katotohanang ikaw ay mapagpatawad, at gusto mong magpatawad, kaya patawarin mo ako."

Napakadakilang Dua, at napakagandang Dua sa gabi ng Laylatul Qadr. At ang Dua na ito ay napakatugma sa gabi ng Laylatul Qadr na kung saan tulad ng ating nabanggit, sa gabing ito sinusulat ang Tadhana ng bawat tao at bawat nilalang. Na kapag ang isang tao ay naisulat sa kanyang tadhana, o sa gabi ng Laylatul Qadr, na siya ay humihingi ng kapatawaran at pinatawad siya ng Allah ay katotohanang napakabuti at napakaganda. At katotohanan na sinuman ang pinatawad ng Allah ay nakakuha ng napakaraming kabutihan.

Kasama rin sa mga importanteng bagay na dapat nating isaisip, lalo na ang mga magulang at may mga anatas na manguna at isama ang mga anak o ang mga kabataan sa pagsasabuhay ng huling sampung gabi ng Ramadan. Dahil katunayan na maging

ang Propeta ﷺ ay kanyang ginigising ang kanyang pamilya sa mga gabing ito at di niya sila pinapabayaan.

Nararapat sa mga magulang na kanilang hikayatin ang kanilang mga anak na magsagawa ng maraming pagsamba sa mga gabing ito, at ituro sa kanila ang mga gantimpalang makukuha mula rito, at kung gaano kadakila at kahalaga ang mga gabing ito lalo na ang gabi ng Laylatul Qadr. Nararapat sa kanila na obserbahan ang mga gabing ito ng magkakasama at ng sa gayun ay makakuha ang lahat ng maraming gantimpala.

At sa kabila nito, iwasan rin ng parehong mga kalalakihan at mga kababaihan na kanilang gugulin ang kanilang mga oras sa mga palengke, sa labas ng mga bahay, o sa ibang mga lugar na maglalayo sa kanila mula sa paggawa ng mga pagsamba sa Allah. Dahil katotohan na ang pagiging dakila ng huling sampung gabi ng Ramadan ay mas nakakamtan kapag ang mga tao ay nagsagawa rito ng mga pagsamba sa Allah at kanilang iniwan ang mga makamundong bagay.

Katotohanan na ang dakilang panahong ito, ang marangal at mabiyayang buwan na ito, at mga mapagpalang mga oras nito ay lilisan din ng napakabilis. Hindi natin mamalayan na iiwan na tayo nito, kaya dapat lang na samantalahin natin ang mga natitirang mga oras nito sa pamamagitan ng pagsiseryoso, pagsisikap at pagsisipag na gumawa ng maraming kabutihan at mga pagsamba. Sikapin nating mapalapit sa Allah at humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya.

Hilingin natin sa Allah na tulungan niya tayo sa paggawa ng mga pagsamba sa Kanya, sa paggunita sa Kanya, at sa pagpapasalamat sa Kanya. At hilingin din natin sa Kanya na gabayan Niya tayo tungo sa nag-iisang tama at matuwid na landas.



Ang Mga Pinahihintulatang Huminto Sa Pag-Aayuno At Mga Alituntunin Ng Pagbabayad

الخطبة الأولى:

O kayong mga mananampalataya! Ito ang mabiyayang buwan ng Ramadan, na kung saan ang puso ng mga mananampalataya ay punong-puno ng pananabik sa pagdating nito, dahil sa ito ay panahon ng kabutihan at napapaloob dito ang maraming pagpapala, kainaman at gantimpala mula sa Allah -ﷻ-, ang Panginoon ng sanlibutan, ang labis na mapagpatawad. Hingiin natin sa Allah -ﷻ- na nawa ay mapadali para sa atin na mabuo ang mga araw at mga gabi ng buwang ito sa pamamagitan ng pagsagawa ng mabubuting salita at gawa, katotohanan Siya ay lubos na mapagbigay at maawain.

Mga kapatid ko sa pananampalataya! kabilang sa habag ng Allah -ﷻ- sa kanyang mga alipin ay pinahintulutan niya ang ilang grupo ng mga tao na ipagpaliban ang pag-aayuno sa araw ng Ramadan; katulad ng mayroong sakit at isang naglalakbay, bukod pa dito may mga grupo ng tao na pinagbawal sa kanila ang pag-aayuno tulad ng babae na may buwanan ng dalaw at mga babae na dinudugo dahilan ng panganganak, lahat ng ito ay pagpapadali at pagpapagaan mula sa Allah -ﷻ-, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ﴾ [البقرة: 185]

“Hangad ng Allâh (ﷻ) na maging madali para sa inyo ang Kanyang batas. At hindi Niya nais na kayo ay pahirapan”

Subalit ganon pa man, ay may mga ilang pagkakataon na ang paghinto sa pag-aayuno o pagpaliban nito, ay obligado itong bayaran o palitan, at minsan naman ay nagiging obligado ang pagpapakain, at minsan naman ay hindi hinihingi sa tao na magpakain o magbayad. At dahil sa kakulangan ng kaalaman ng ilan patungkol sa alituntunin ng pagbabayad ng pag-aayuno, at minsan nagbabayad sila sa mga hindi nila napag-ayunuhan kapag pumasok na ang pangalawang Ramadan ng wala namang katanggap-tanggap na dahilan, sa ganitong gawain ay nilagay lamang nila ang sarili nila sa kasalanan, ng dahil dito ay minabuti namin na ibahagi sa inyo ang mga alituntunin ng pagbabayad ng pag-aayuno bilang payo at aral sa kanila na hindi pa ganoon kalalim ang kaalaman sa Islam, at upang hikayatin silang mga hindi pinapahalagahan ang anumang inobluga sa kanila (maging ito man ay pagbayad sa hindi napag-ayunohan o kaya magkain) tungo sa pagmamadali na isagawa ito bago pa mahuli ang lahat, lalong-lalo na kung ang natitirang panahon ng pagbabayad ay kaunti na lamang, sa kadahilanang ang natitira sa buwan ng Sha'ban ay iilang araw na lamang.

Mga kapatid ko sa Islam! Katotohanan kabilang sa mga pinahintulutan ng Allah -ﷻ- na huminto sa pag-aayuno sa araw ng Ramadan; ay ang matanda, na kung saan umabot na sa gulang na siya ay ulyanin na at hindi na alam ang sinasabi at ginagawa, hanggang sa minsan ay nahahalintulad na sa bata ang mga ginagawa nito. Ang ganitong, uri ay hindi obligado sa kanya ang mag-ayuno o kaya magpakain, dahil hindi na siya sakop ng mga kautusan dahil sa kanyang kalagayan at wala ring hinihingi sa kanyang mga tagapangalaga bilang kapalit ng hindi niya pag-ayuno sa Ramadan.

Subalit kung ang matanda ay nakakasama niya ang matinong pag-iisip mula madaling araw hanggang paglubog nito sa araw ng Ramadan ay nararapat sa kanya na pag-ayunuhan ang araw na iyon, at gagawin niya ito sa tuwing tumitino ang

kanyang pag-iisip sa kundisyong kaya ng kanyang katawan ang mag-ayuno. At kung hindi kaya ng kanyang katawan ang mag-ayuno o kaya bayaran ito pagkatapos ng Ramadhan ay magpakain na lamang siya sa isang pulubi katumbas ng isang araw na pag-aayuno.

At may mga ilang tao na hininto ang pag-aayuno noong nakaraang Ramadan dahil sa wala itong kakayanan mag-ayuno, at nanatili sa kanya ang kalagayang ito, tulad ng isang tinamaan ng sakit at nagpapahirap sa kanya ang mag-ayuno at hindi alam kung kailan mawala ang sakit na ito at maaring panghabang buhay na sakit. Ang ganitong uri ng mga tao ay hindi obligado sa kanila ang magbayad sa mga hindi napag-ayunuhan, dahil sa wala silang kakayanan. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ﴾ [الحج: 78]

“Nagmagandang-loob Siya (Allah) sa inyo noong ginawa Niya para sa inyo ang makatarungan at ganap na batas, na walang anumang pagmamalupit at pagpapahirap sa anumang ipinag-uutos at mga alintuntunin nito”

Subalit sa sinumang ganito ang kalagayan niya ay obligado sa kanya ang magpakain sa isang mahirap kada araw na hindi niya napag-ayunuhan.

Sinabi ni Al-bukhari -kaawaan nawa siya ng Allah- : At patungkol naman sa isang taong matanda na, kung saan ay hindi na kayang mag-ayuno; ay katotohanang nagpakain ng tinapay at karne si Anas Bin Malik -radiyallahu anhu- kapalit ng pag-ayuno sa Ramadan, isang taon o kaya dalawa noong siya ay matanda na. At ganoon din nabanggit ni Ibnu Abbas -radiyallahu anhuma- patungkol sa matandang babae at lalaki na hindi na kayang mag-ayuno na magpakain na lamang sila ng isang mahirap kada araw na hindi napag-ayunuhan. Kaya sinuman ang ganito ang kalagayan niya nakaraang Ramadan at hindi siya nag-ayuno, at hindi din siya nagpakain bilang kapalit ng pag-ayuno niya ay nararapat sa kanya na magmadali sa pagpakain ngayon bilang katumbas ng mga araw na hindi niya napag-ayunohan dahil sa katandaan at kahinaan niya.

At sa sinumang huminto ang pag-ayuno sa nakaraang Ramadan dahilan ng paglalakbay o kaya panandaliang sakit, ay tunay na obligado sa kanya ang bayaran ang mga araw na hindi niya napag-ayunohan bago pa man dumating ang panibagong buwan ng Ramadan, katulad ng sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿وَمَنْ كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ﴾ [البقرة: 185]

“Magkagayunpaman, pinahihintulutan sa mga maysakit at manlalakbay na kumain at hindi mag-ayuno, nguni’t pagkatapos ay babayaran na lamang nila ang mga bilang ng araw na kanilang itinigil (hindi ipinag-ayuno). Hangad ng Allâh (ﷻ) na maging madali para sa inyo ang Kanyang batas. Hindi Niya nais na kayo ay pahirapan”

Ang babayaranang pag-aayuno ay nakadepende sa kung ilang araw ang hindi napag-ayunuhan.

At ganoon din ang mga kababaihang may buwanan ng dalaw at may nifas (dugong lumalabas dahilan ng panganganak) ay obligado sa kanila ang bayaran ang mga araw na hindi napag-ayunohan dahilan ng regla at nifas, dahil saklaw ito ng talatang sinabi ng Allah -ﷻ :

﴿فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ﴾ [البقرة: 184]

“Ito ay nararapat niyang palitan sa ibang mga araw”

Tinanong si Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- :

"ما بال الحائض تقضي الصوم ولا تقضي الصلاة؟ قالت: "كان يصيبنا ذلك فنؤمر بقضاء الصوم ولا نؤمر بقضاء الصلاة".

“ Anong mayroon sa isang may buwanan ng dalaw, binabayaran ang pag-aayuno at hindi binabayaran ang Salah? Sinabi niya -kalugdan nawa siya ng Allah- : “dinatnan din kami nito at inutusan kaming bayaran ang pag-aayuno at hindi kami inutusang bayaran ang salah o mga hindi naisagawang pagdarasal dahilan ng buwanan ng

dalaw". Ibig sabihin nito ay dinatnan din sila sa panahon ng Sugo -ﷻ- at inutusan sila ng Sugo -ﷻ- na bayaran ang mga hindi napag-ayunohang araw at hindi sila inutusang bayaran ang Salah.

At ganoon din ang isang buntis at Ina na nagpapasuso sa kanyang sanggol, kapag sila ay huminto sa pag-aayuno sa kadahilanang baka mapahamak ang sarili, ay nararapat din sa kanila na bayaran ang mga bilang ng araw na hindi napag-ayunohan. Dahil dito ay marapat na malaman ng bawat muslim na sinumang huminto sa pag-ayuno sa Ramadan ay kailangan niyang bayaran ang mga araw na iyon, maliban sa isang matandang ulyanin na at mahina na sapagkat wala siyang gagawing pagbabayad at iba pa. At ganoon din ang isang may sakit na pangmatagalan na kung saan hindi matukoy kung kailan ito gagaling at isang matanda na nahihirapang mag-ayuno ay hindi na nila kailangang bayaran ang mga araw na hindi napag-ayunuhan subalit magpakain sila sa isang miskin katumbas ng isang araw na hindi napag-ayunohan.

At sinumang obligado sa kanya ang magpakain ay nararapat na magpakain siya ng isang mahirap bawat araw na hindi niya napag-ayunohan, at maari siyang pumili sa pagitan ng pagbigay ng isang dakot na harina kada isang miskin at kalahating salop naman sa ibang pagkain tulad ng bigas at iba pa, o kaya ay magluto siya ng makain at imbitahan ang bilang ng mga miskin depende sa dami ng araw na hindi niya napag-ayunohan. Dalangin ko sa Allah -ﷻ- na ipaunawa sa atin ang mga alituntunin ng ating Relihiyon at biyayaan tayo ng mabuting kaalaman at ang paggawa ng mga kabutihan.

Ako ay magpapakupkop sa Allah -ﷻ- laban sa sinumpang Satanas :

﴿ شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَاكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴾ [البقرة: 185]

“Sa buwan ng Ramadhan, sinimulan ng Allâh (ﷻ) ang paghahayag ng banal na Qur’ân sa ‘Laylatul Qadr’ bilang patnubay sa mga tao tungo sa katotohanan, at mga malinaw na palatandaan hinggil sa patnubay ng Allâh (ﷻ), at ang mga pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kamalian. Kung kaya, sinuman sa inyo ang inabot ng buwan ng Ramadhan, na nasa malusog na kalagayan at nakatigil lang siya sa kanyang bayan, nararapat sa kanyang mag-ayuno sa mga araw na ito. Magkagayunpaman, pinahihintulutan sa mga maysakit at manlalakbay na kumain at hindi mag-ayuno, nguni’t pagkatapos ay babayaran na lamang nila ang mga bilang ng araw na kanilang itinigil (hindi ipinag-ayuno). Hangad ng Allâh (ﷻ) na maging madali para sa inyo ang Kanyang batas. Hindi Niya nais na kayo ay pahirapan, kundi ang nais (lamang) Niya ay mabuo ninyo ang buwan ng pag-aayuno ng isang buwan at pagkatapos ay magtapos kayo sa pamamagitan ng pagbibigkas ng Takbir – pagsasabi ng Allâhu Akbar (ang Allâh ay Pinakadakila) sa araw ng ‘Eid (Pagdiriwang), at Siya ay inyong dakilain dahil sa Kanyang patnubay sa inyo, at tumanaw kayo ng utang na loob sa Kanya sa lahat ng mga biyaya at kagandahang-loob na ipinagkaloob sa inyo, bilang gabay at pagpapagaan ng mga bagay para sa inyo”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid ko sa Islam! Tunay na ang orihinal na alituntunin ng pagbabayad ay ang gawin itong agaran at madaliin habang maaga, at mas unahin ito kaysa sa mga boluntaryong pag-aayuno. Subalit pinapahintulot naman ang ipagpaliban ito hanggang sa walang matira sa mga panahon ng pagbabayad maliban sa iilang araw na lamang tulad halimbawa; ang mga natitirang araw sa Sha’ban ay sakto na lamang

sa araw ng pagbabayad. At nararapat sa isang muslim na isipin sa kung ano ang mas makakabuti sa kanya upang hindi mailagay ang sarili sa alanganin. May mga pagkakataon nahihirapang magbayad kahit isang araw na lang, at laging sinasabi: “sa sunod nalang”, at minsan abutan na siya ng pangalawang Ramadan at hindi pa rin nakakapagbayad.

Ganito ang resulta sa tuwing pinagpapaliban ang mga gawain, at ito ay bukod tangi sa sinumang may kakayahang magbayad kaagad at sinadya niya itong ipahuli. Subalit ang isang tao na mayroong katanggap-tanggap na dahilan kaya hindi agad nakapagbayad katulad ng isang may sakit na tumagal ang paggaling nito hanggang sa siya ay binawian ng buhay bago paman mabayaran ang utang na pag-aayuno, tunay na ay walang obligadong bayad na gagawin para sa kanya, at hindi rin kinakailangang bayaran ng kanyang mga tagapagmana.

Samantalang sinuman ang mayroong kakayahang magbayad subalit pinatagal niya dahilan ng pagpapabayad mula sa kanya at sinadyang hindi binayaran hanggang sa binawian siya ng buhay, ay nararapat sa kanyang mga Waliy na bayaran itong mga araw na hindi napag-ayunuhan, sa kabila ng kakayahang mayroon siya at hindi niya binayaran. Sinabi ng Propeta -ﷺ-:

"مَنْ مَاتَ وَعَلَيْهِ صِيَامٌ عَنْهُ وَلِيُّهُ"

“Sinumang binawian ng buhay at may naiwang obligadong pag-aayuno, ay mag-aayuno para sa kanya ang kanyang Waliy”

At ang ibig sabihin ng tagapangalaga: ay ang mga kamag-anak, maging sila man ay tagapagmana o hindi, at kung ayaw ng waliy ang mag-ayuno para sa kamag-anak niyang namatay at nakaiwan ng obligadong pag-aayuno ay nararapat sa Waliy ang magpakain mula sa kayamanan nitong may utang, kada araw ng hindi napag-ayunohan ay isang miskin ang papakainin bilang katumbas nito.

At sinumang may pagdududa sa bilang ng araw na hindi niya napag-ayunohan ay kukunin niya ang mas malapit sa tama sa pamamagitan ng pagkuha ng mas mataas na numero, halimbawa; nagdadalawang isip kung ang utang ba ay limang araw o kaya ay anim, ay kunin niya ang anim dahil mas malapit ito sa tama at upang makawala sa bagay na inobliga sa kanya.

O aking mga kapatid sa pananampalataya! ito ang ilan sa mga alituntunin ng pagbabayad sa mga araw na hindi napag-ayunohan sa Ramadan. At wala ng natitirang araw sa buwan na ito (Sha'ban) maliban sa kakaunti na lamang, kaya samantalain ninyo ito at magmadali sa pagbabayad bago pa man dumating ang bagong Ramadan. At nararapat sa isang ama, asawang lalaki at ina na paalalahanan ang mga nasa ilalim ng kanilang pangangalaga mula sa mga anak, mga asawa at iba pa na utusan silang magmadali sa pagbayad sa mga utang nila na pag-aayuno.

Hingiin natin sa Allah -ﷻ- na gawin para sa atin at sa ating mga kapatid sa Islam ang buwan na ito, na buwan ng pagbabalik loob, buwan ng kapatawaran sa ating mga kasalanan, buwan ng pagpaparami ng mabubuting gawain, buwan na isang tulong mula sa Allah -ﷻ- upang lalong magwawagi at mangingibabaw ang Islam at mga muslim, at pag-isahin nawa ng Allah ang ating mga salita sa pagsunod, kabanalan, kabutihan at pagsunod sa batas ng Islam sa silangang bahagi man ng kalupaan o kanluran nito.



Ang Tamang Pamamaraan Ng Diborsyo At Maling Pamamaraan Nito

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah! Ang pag-aasawa ay isang magandang kasunduan sa Islam na binubuo ng mga haligi at mga kundisyon. Ito ay isang pagbubuklod sa pag-iisa ng isang lalaki at ng isang babae para sa pang-habambuhay na layunin na mahalin ang isa't-isa, pagtulong sa isa't-isa, at sa pagpaparami at pagpapalaki ng mga anak upang maging mabubuting Muslim.

Subalit ang mga magagandang layunin ng pag-aasawa na nabanggit kanina ay minsan hindi ito makikita sa dalawang mag-asawa, dahil sa mga suliraning nangyayari sa pagitan nila. At sinubukan lahat ng paraan upang magkaayos ngunit walang natagpuang solusyon maliban sa paghihiwalay, nawa ay pagkalooban ang bawat isa ng Allah -ﷻ- pagkatapos nito ng kabutihan at gabay.

Ngunit ganoon paman ang paghihiwalay na ito at pagputol ng ugnayang mag-asawa, ay hindi ito hinayaan ng Islam at ilagay ang kalayaan sa isang lalaki na gawin niya kung kalian niya gusto at kung paano niya nais alang-alang lamang sa sarili niyang pagnanasa, bagkus ito ay nilagyan ng Allah ng mga batas, pamamaraan at mga panuntunan nang sa ganoon ang paghihiwalay na ito ay maging alinsunod sa batas ng Allah -ﷻ-. At kung kailan nawala ang isa sa mga batas na ito sa isang paghihiwalay ay hindi na ito matatawag na tamang paghihiwalay, ito ay paghihiwalay na bid'iy (paghihiwalay na wala sa sunnah), minsan mauwi sa haram o kaya makruh (kasuklam-suklam). Ano nga ba ang tamang paraan ng paghihiwalay ng sa ganoon ay masunod natin ito? At ano naman ang maling paghihiwalay ng sa

ganoon ay maiwasan natin ito? Ang mga kasagutan nito ay siyang ating tatalakayin sa sermon na ito.

Mga kapatid sa Islam! Ang orihinal na hatol ng paghihiwalay ay makruh (kinasusuklaman) dahil sa pamamagitan nito ay mawawala ang mga kabutihan at benepisyo ng pag-aasawa na nabanggit sa taas, at maging dahilan din ito ng pagkawatak-watak ng pamilya. At naiulat sa ilang mga hadith : **“ang kinamumuhian ng Allah -ﷻ- sa mga pinahihintulutang bagay ay ang paghihiwalay”**

Ngunit dahil sa pangangailangan ng tao sa paghihiwalay minsan, dahil sa mga pinsalang natatanggap ng babae sa pananatili nito sa piling ng lalaki, o pinsalang natatanggap ng lalaki sa babae at iba pa na mga kadahilanan ay kabilang sa awa ng Allah-ﷻ- at pagiging kumpleto nitong ating relihiyon ay pinahintulot ang paghihiwalay at pinadali ito sa atin.

Ang paghihiwalay ay hindi isang laro o kaya libangan para isipin ng isang lalaki na siya ay nag-aangkin ng kalayaang hiwalayan ang asawa niya kahit kailan niya naisin o kung paano niya naisin. Bagkus ang paghihiwalay ay makalangit na batas na mayroong mga alituntunin na nagmula sa Allah -ang nakakaalam ng lahat – para sa Kanyang mga alipin, bilang awa sa kanila, at solusyon sa problema at mga suliranin sa pagitan ng mag-asawa, ganoon din upang matigil ang pamiminsala ng bawat isa. At nilagyan ito ng Allah ng mga batas at mga makatarungang hangganan na hindi maari ang sinuman na lumampas dito, at nagbigay ng babala sa sinumang hindi sumunod.

Kaya matatagpuan mo kapatid sa Islam, sa mga talata ng Qur'an patungkol sa paghihiwalay na inuulit ng Allah-ﷻ- ang pagbanggit sa mga hangganan at batas at

pinagbabawal Niya na labagin ang mga ito. At nagbabawal din Siya sa anumang uri ng pamiminsala:

﴿ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَعْتَدُوهَا وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ ﴾ [البقرة: 229]

“Iyan ang batas ng Allâh (ﷻ) bilang panuntunan sa pagitan ng ‘Halal’ (ipinahihintulot) at ‘Haram’ (ipinagbabawal), na kung kaya huwag ninyo itong labagin. Sinuman ang lalabag sa hangganan ng Allâh (ﷻ), sila samakatuwid ang naghimagsik – itinulak nila ang kanilang sarili sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ)”

﴿ وَتِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ يُبَيِّنُهَا لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴾ [البقرة: 230]

“At ito ang mga batas at hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ), na ginawa Niyang malinaw para sa mga taong mayroong kaalaman hinggil dito”

﴿ وَلَا تُمْسِكُوهُنَّ ضَرَارًا لِتَعْتَدُوا وَمَنْ يَفْعَلْ ذَلِكَ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُ وَلَا تَتَّخِذُوا آيَاتِ اللَّهِ هُزُوًا ﴾ [البقرة: 231]

“At ingatan ninyo na ang inyong layunin sa pakikipagbalikan sa kanila ay para ipahamak sila. At sinuman ang gagawa nito, katiyakan, sinira niya ang kanyang sarili at itinulak niya patungo sa kaparusahan. At huwag ninyong paglaruan o gawing laruan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga batas”

﴿ وَاعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي أَنْفُسِكُمْ فَاحْذَرُوهُ ﴾ [البقرة: 235]

“At dapat ninyong malaman na batid ng Allâh (ﷻ) kung ano ang nasa inyong kaisipan, kung kaya’t matakot kayo sa Kanya”

Mga kapatid sa Islam! Lahat ng mga talatang ito ay puro babala sa sinumang ginagawang laruan ang mga talata at mga batas ng Allah. Tunay na ang unang nararapat gawin ng isang asawa sa tuwing naiisip niyang hiwalayan ang kanyang maybahay, matapos niyang gawin ang lahat ng paraan at solusyon sa mga problema nila bilang mag-asawa, sa tuwing maisip niya ang paghihiwalay ay nararapat sa kanya na magtimpi at huwag magmadali sa kanyang disisyon baka sakali na ang Allah -ﷻ- ay may inihandang kabutihan pagkatapos nito.

Tanungin niya ang kanyang sarili kung ano ang katanggap-tanggap na dahilan at bagay na nagtutulak sa kanya para maisip ito, nang sa ganoon ay hindi niya malabag ang batas ng Allah -ﷻ-. Nararapat sa kanya na pag-isipan ng mabuti kung ano ang maging resulta ng paghihiwalay, tulad ng pagkasira at pagkawatak-watak ng pamilya at mapabayaang ang mga anak, pag-isipan niya ang mga ito, timbangin ang kabutihang makukuha sa paghihiwalay at kabutihang makukuha sa pananatili nila bilang mag-asawa.

At pagkatapos nito ay humingi siya ng gabay at tulong sa Allah -ﷻ-, hingiin niya na patnubayan siya sa tamang pagpapasya at piliin ang disisyon na makakabuti sa kanyang sa mundong ito at sa kanyang relihiyon. At pagkatapos nito kung sakali ang napili niya at naging malinaw sa kanya ay ang hiwalayan ang asawa ay nararapat niyang alamin ang mga sumusunod na panuntunan upang maging ang paghihiwalay ay naaayon sa batas ng Islam :

Una: Nararapat na huwag niyang hiwalayan ang kanyang asawa sa panahon na mayroon itong regla, at kung nahiwalayan niya ang kanyang asawa habang siya'y may regla tunay na nalabag niya ang Allah -ﷻ- at ang Sugo -ﷻ- at tunay na nakagawa siya ng haram (gawaing pinagbabawal), at nararapat sa kanya na agad itong balikan at hintaying huminto ang regla nito bago pa niyang pagpasyahang hiwalayan kung nais niya. At ang mas mainam ay hintayin niya muna ang ikalawang buwanan ng dalaw nito hanggang sa huminto ang ikalawang dalaw saka niya pag-isipan kung hihiwalayan ba niya o hindi.

Nabanggit sa hadith na matatagpuan sa dalawang Sahih na libro: na si Ibnu Umar -رضي الله عنه- ay hiniwalayan niya ang kanyang asawa habang ito ay may regla, at binanggit ito ni Umar -رضي الله عنه- sa Sugo -ﷻ- at ikinagalit ito ng Sugo -ﷻ- at kanyang sinabi :

"فَلْيُرَاجِعْهَا ثُمَّ يَمْسُكُهَا حَتَّى تَطْهَرَ ثُمَّ تَحِيضُ فَتَطْهَرَ، فَإِنْ بَدَأَ لَهُ أَنْ يَطْلُقَهَا فَلْيَطْلُقْهَا قَبْلَ أَنْ يَمْسُكَهَا....."

“Balikan niya ito at manatili sa kanya hanggang sa mawala ang regla nito, at pagkatapos ay hayaan siyang datnan ulit ng dalaw at hintaying mawala ang ikalawang dalaw nito, at pagkatapos nito kung nanaisin niya pa ring hiwalayan ay hiwalayan niya bago pa niya ito magalaw”

Pangalawa: Hindi pinahihintulot sa isang lalaki ang hiwalayan ang kanyang maybahay sa panahon na wala itong dalaw subalit nakipagtalik siya dito maliban na lamang kung napatunayan na ito ay buntis. At kung nais ng isang lalaki ang hiwalayan ang kanyang maybahay na nakipagtalik siya dito noong natapos ang dalaw nito ay hindi pinahihintulot sa kanya na hiwalayan siya hanggang sa ito ay datnan muli ng dalaw at naging malinis mula sa ikalawang dalaw niya kahit pa ito ay tumagal. At pagkatapos nito ay saka pa lamang niya hiwalayan kung nais niya sa kundisyong hindi siya makipagtalik dito mula noong natapos ang dalaw nito, maliban na lang kung ito ay malinaw na buntis ay walang problema na hiwalayan niya ito sa ganitong kalagayan, sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿يَأْتِيهَا النَّبِيُّ إِذَا طَلَّقْتُمُ النِّسَاءَ فَطَلَّقُوهُنَّ لِعَدَّتِهِنَّ﴾ [الطلاق: 1]

“O Propeta, kung nais ninyo na hiwalayan ang inyong mga asawa ay hiwalayan ninyo sila sa kanilang mga `Iddah – na ang ibig sabihin ay malinis na wala sa kalagayan ng buwanang-dalaw (o regla) at walang nangyaring pakikipagtalik”

Sinabi ni Ibnu Abbas radiyallahu anhum: “hindi niya hihiwalayan habang ang kanyang maybahay ay may regla, at ganon din matapos ang dalaw nito kung siya ay nakipagtalik muna dito, bagkus ay hayaan niya muna datnan ulit at matapos ang ikalawang dalaw nito saka niya hihiwalayan”

Pangatlo: Kabilang sa panuntunan ng paghihiwalay (diborsyo) upang maganap ito; ay ang hiwalayan ng isang lalaki ang kanyang maybahay nang hindi lalampas sa isang beses, kaya hindi maari na sabihin niya halimbawa: ‘ikaw ay hiniwalayan ko’ ng dalawang beses (sa mismong oras na iyon), at hindi rin maari na sabihin niyang: ‘ikaw ay hiniwalayan ko na ng tatlong beses na hiwalayan’, at hindi niya din sabihin; ‘ikaw ay hiwalay na ikaw ay hiwalay na ikaw ay hiwalay na’. Dahil ang ganitong paraan ng pagdiborsyo ay haram (pinagbabawal), at kabilang ito sa diborsyo na mali at hindi naaayon sa batas ng Islam. Inulat ni An-nasai sa kanyang libro mula kay Mahmud Ibnu Labib -رحمه الله- sinabi niya:

أخبر رسول الله -صلى الله عليه وسلم- عن رجل طلق امرأته ثلاث تطليقات جميعا فقام -صلى الله عليه وسلم- غضبان ثم قال: "أيلعب بكتاب الله وأنا بين أظهركم؟"، حتى قام رجل وقال: "يا رسول الله، ألا أفتله؟!".

“Naibalita sa Sugo -رحمه الله- na ang isang lalaki ay diniborsyo ang kanyang maybahay ng tatlong beses na magkasabay, ikinagalit ito ng Sugo -رحمه الله- at siya ay tumayo at kanyang sinabi: **‘paglalaruan ba niya ang Aklat ng Allah -ﷻ- at ako ay nabubuhay pa na kasama ninyo?** hanggang sa mayroong tumindig na isang lalaki at nagsabi: O Sugo ng Allah! hindi ko ba siya papatayin?”

Kabilang sa kakulangan ng pag-iisip mga kapatid sa Islam; ay ang hiwalayan ng lalaki ang maybahay niya ng lampas sa isang beses na magkasabay, dahil ito ay maling paraan ng pagdiborsyo, minsan ay makruh (kasuklam-suklam) at minsan naman ay haram. At ang lalaki kung magdiborsyo siya ng isang beses mayroon bang mawawala sa kanya? Kinakatakot ba niyang bumalik sa kanya ang maybahay niya? Tunay na hindi siya makakabalik maliban na lamang na ginusto iyon ng lalaki, kung ganoon bakit kaylangang lumampas sa batas ng Allah -ﷻ- at magawang magdiborsyo ng lampas sa isang beses?

Ang mga nabanggit ay mga pangunahing panuntunan ng tamang paghihiwalay ayon sa katuruan ng Islam, na kung saan ang mga ito ay nakuha natin mula sa Qur'an at mga hadith, at ito ay batas ng Allah -ﷻ- matuwid at napakalinaw, na siyang nararapat na sundin at tahakin ng isang taong nasa landas ng gabay, na kung saan tinitingnan dito ang mga ikakabuti ng dalawang mag-asawa at pinangalagaan dito ang Karapatan ng bawat isa sa kanila.

Dalangin natin sa Allah -ﷻ- na patnubayan tayong lahat sa pag-unawa sa ating Relihiyon.

Ako ay nagpapakupkop sa Allah -ﷻ- laban sa sinumpang Satanas:

﴿الطَّلُقُ مَرَّتَانٍ فَاِمْسَاكِ بِمَعْرُوفٍ اَوْ سَرِيحٍ بِاِحْسَنِ وَلَا يَحِلُّ لَكُمُ اَنْ تَاْخُذُوْا مِمَّا ءَاتَيْتُمُوْهُنَّ شَيْئًا اِلَّا اَنْ يَخَافَا اَلَّا يُقِيْمَا حُدُوْدَ اللّٰهِ فَاِنْ خِفْتُمْ اَلَّا يُقِيْمَا حُدُوْدَ اللّٰهِ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِمَا فِيمَا افْتَدَتْ بِهٖ تِلْكَ حُدُوْدُ اللّٰهِ فَلَا تَعْتَدُوْهَا وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُوْدَ اللّٰهِ فَاُولٰٓئِكَ هُمُ الظَّالِمُوْنَ ﴿٢٢٩﴾﴾

[البقرة: 229]

“Maaari lamang magkabalikan ang mag-asawa kung ang paghihiwalay o diborsiyo ay nangyari ng dalawang beses. Ang batas ng Allâh (ﷻ) pagkatapos ng bawa’t paghihiwalay: maaaring panatilihin niya ang kanyang asawa sa pamamagitan ng magandang pamamaraan at maayos na pakikisama pagkatapos nilang magkabalikan o dili kaya ay hayaan na lamang niyang magpatuloy ang kanilang paghihiwalay sa maayos na paraang may kasamang kabutihang-loob at bilang pagbibigay (na rin) sa kanyang karapatan (bilang babae). At hindi siya maaaring bumanggit ng anumang masama laban sa kanyang asawa. At hindi rin pinahihintulutan sa inyong mga kalalakihan, na angkinin ang kahit na anumang bagay mula sa ibinigay ninyong ‘Mahr’ at iba pa, maliban na lamang kung nangangamba ang magkabilang panig, na hindi nila magagampanan ang kanilang tungkulin bilang mag-asawa. Sa ganitong pangyayari, nararapat na isangguni nilang pareho sa kanilang mga magulang ang bagay na ito at kung nangangamba

ang kanilang mga magulang na hindi na nila kapwa makakayanan bilang mag-asawa na gampanan ang mga batas ng Allâh (ﷻ), walang kasalanan sa dalawa kung magbibigay ang babae ng kaukulang halaga bilang kapalit ng kanyang paghihiwalay. Iyan ang batas ng Allâh (ﷻ) bilang panuntunan sa pagitan ng ‘Halal’ (ipinahihintulot) at ‘Haram’ (ipinagbabawal), na kung kaya huwag ninyo itong labagin. Sinuman ang lalabag sa hangganan ng Allâh (ﷻ), sila samakatuwid ang naghimagsik”

الخطبة الثانية:

Mga Alipin ng Allah! Kabilang sa nararapat na gawin ng isang lalaki na nais idiborsyo ang kanyang maybahay, kapag nakumpleto na ang mga panuntunan nito ay ang kumuha siya ng dalawang lalaking magiging saksi.

At kung ang pagdiborsyo niya ay diborsyong maaring balikan ang asawa niya, halimbawa; isang beses (unang diborsyo), o kaya ay pangalawang paghihiwalay. Sa ganitong sitwasyon ay obligado sa maybahay niya na manatili ito sa tahanan ng lalaki hanggang sa matapos ang Iddah (panahon ng paghihintay) nito, at ang asawang babae sa panahon ng iddah ay (maaari) magpapaganda siya sa harap ng lalaki na nagdiborsyo sa kanya, at hindi siya maghihijab o takip sa harap nito, dahil siya ay asawa pa rin ng lalaki at susunod siya sa batas at gawin ang obligasyon niya bilang asawa hanggang sa matapos ang kanyang Iddah bago siya tuluyang lumabas sa puder ng lalaki.

At hindi pinapahintulot sa babae ang lumabas ng bahay (bahay ng asawang lalaki), at hindi rin maari na ilabas siya ng sinuman sa mga kamag-anak niya, sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿يَا أَيُّهَا النَّبِيُّ إِذَا طَلَّقْتُمُ النِّسَاءَ فَطَلِّقُوهُنَّ لِعَدَّتِهِنَّ وَأَحْصُوا الْعِدَّةَ وَاتَّقُوا اللَّهَ رَبَّكُمْ لَا تُخْرِجُوهُنَّ مِنْ بُيُوتِهِنَّ وَلَا يَخْرُجْنَ إِلَّا أَنْ يَأْتِيَنَّ بِفَحْشَةٍ

مُبَيِّنَةٍ وَتِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُ لَا تَدْرِي لَعَلَّ اللَّهَ يُحْدِثُ بَعْدَ ذَلِكَ أَمْرًا ﴿١﴾﴾ [الطلاق: 1]

“O Propeta, kung nais ninyo na hiwalayan ang inyong mga asawa ay hiwalayan ninyo sila sa kanilang mga `Iddah – na ang ibig sabihin ay malinis na wala sa kalagayan ng buwanang-dalaw (o regla) at walang nangyaring pakikipagtalik – at pangalagaan ninyo ang `Iddah; upang malaman ninyo ang eksaktong panahon ng inyong pakikipagbalikan kung nais ninyong makipagbalikan sa kanila, at katakutan ninyo ang Allah na inyong ‘Rabb’ na Tagapaglikha At huwag ninyong palabasin ang mga hiniwalayan na mga asawa sa kanilang mga tahanan na kung saan sila ay naninirahan hanggang sa matapos ang `Iddah, maliban na lamang sa mga yaong nakagawa ng malinaw na kasalanan na tulad ng pakiki-apid. At ito ay mga alituntunin na batas na itinala ng Allah -ﷻ- sa Kanyang mga alipin. At sinuman ang lalabag sa mga batas na ito ay katiyakang hinamak niya ang kanyang sarili at inilagay niya sa kapahamakan. Hindi mo alam, O ikaw na nakipaghiwalay, na ang Allah ay maaaring magpalitaw ng pangyayari pagkatapos ng paghihiwalay na magiging sanhi ng pakikipagbalikan mo sa kanya”

Kapag ang babae naman ay hiniwalayan ng lalaki at natapos na ang kanyang iddah ay maaari na siyang lumbas at umalis sa bahay ng lalaki, o kaya siya ay nasa pangatlong diborsyo ay maari na niyang hintaying matapos ang iddah niya at siya ay nasa bahay ng kanyang mga kamag-anak.

Mga kapatid sa Islam! Tunay na kabilang sa kagandahan ng asal at pag-uugali ay ang panatilihin ang magandang pakikitungo kahit natapos na ang paghihiwalay at pagpapakita ng magandang pag-uugali sa bawat isa. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ فَأَمْسِكُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ أَوْ سَرِّحُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ ﴾ [البقرة: 231]

“makipagbalikan kayo sa kanila, na ang layunin ay gagampanan ninyo ang inyong tungkulin sa kanila sa maayos at legal na pamamaraan, o di kaya ay hayaan na lamang ninyo sila hanggang sa matapos ang kanilang ‘iddah.’”

At kung naganap na ang paghihiwalay ay nararapat sa bawat isa ang pangalagaan ang lihim na bawat isa, at hindi hayaan na maapektuhan ang kanilang mga anak at huwag hayaang mapariwara ang mga ito. At hindi rin nararapat sa sinuman sa dalawa ang pigilang makita ng isa man sa kanila ang kanilang mga anak at ganoon din na makasama sila.

Dalangin natin sa Allah -ﷻ- na patnubayan tayo sa kaalaman at sa pagsabuhay ng mga kaalamang mayroon tayo.



Khutba ng Eid Al-adha

الخطبة الأولى:

الله أكبر الله أكبر، لا إله إلا الله و الله أكبر الله أكبر والله الحمد.

(Ang Allah ang pinakadakila, ang Allah ang pinakadakila walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Allah ang pinakadakila at ang papuri ay sa Kanya).

Mga alipin ng Allah-ﷻ! Katotohanan ang araw na ito ay isa sa pinakamahalagang araw, araw ng An-nahar “pagsakripisyo ng hayop”, pinakadakila sa mga araw ng hajj, sa kadahilanang naiipon sa araw na ito para sa mga naghahajj ang maraming gawaing pagsamba na dapat nilang tuparin; tulad ng pagbabato sa Jamratul Aqabah, pagkatay ng hayop o alay, pagpapakalbo o pagpapaiksi ng buhok, pagsagawa ng tawaf o pag-ikot ng pitong beses sa Ka’bah, at ang paglakad sa pagitan ng As-safah at Almarwah. At ang mga muslim na hindi naman naghahajj ay nagsasagawa ng pagdarasal (salah sa eid), at pagkatapos nito ay kanilang isasagawa ang malaking pagsamba at iyon ay ang pagkatay ng Udhiya (pagkatay ng hayop bilang alay), ng dahil sa mga nabanggit natin ay naging pinakamahalaga sa atin ang araw na ito at ito ay dakilang araw na kamahal-mahal sa Allah -ﷻ-, hanggang sa may salaysay na ito ang pinakamainam na araw sa buong taon, sinabi ng Sugo -ﷻ- :

"إن أعظم الأيام عند الله -تعالى- يوم النحر".

“Tunay na ang pinakadakila sa mga araw sa paningin ng Allah-ﷻ- ay ang ang araw ng An-nahar/pagsakripisyo o pag-alay”

Mga kapatid sa Islam! Tunay na ang Eid Alfitr at Eid Al-adha ay mga pagdiriwang na sinabatas ng Islam, ang dhikr (pag-alaala sa Allah) sa dalawang araw

na ito ay dakilang gawain, nagtitipon-tipon ang mga Muslim at pinag-iisa sila ng kanilang paniniwala at pananampalataya, kahit na sa kabila nito ay magkaiba-iba ang kanilang mga lugar, salita at maging ang kanilang mga kulay.

Mga kapatid sa Islam! Isa sa mga gawain na dapat nating bigyan ng pagpapahalaga sa dakilang araw na ito at ganoon din sa tatlong araw na kasunod nito (mga araw ng Tashriq); ay ang “pagtatakbir” -pagdadakila sa Allah-ﷻ, dahil sa mga araw na ito ay kanais-nais ang pagtatakbir, sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿وَاذْكُرُوا اللَّهَ فِي أَيَّامٍ مَّعْدُودَاتٍ﴾ [البقرة: 203]

“At alalahanin ninyo ang Allâh (ﷻ), dakilain at luwalhatiin sa mga nabibilang na mga araw”

Sinabi ni Ibnu Abbas-radiyallahu anhu-: “ang nabibilang na mga araw, ay ito ang mga araw ng Tashriq”. At hindi pinahihintulot ang boluntaryong pag-ayyuno sa mga araw na ito, dahil ito ay mga araw ng padiriwang nating mga muslim, sinabi ng Sugo -ﷻ:

“أيام أكل وشرب وذكر لله عز وجل” (رواه مسلم).

“mga araw ng pagkain, pag-inom at pag-alaala sa Allah-ﷻ”

At kabilang sa dhikr (pag-alaala sa Allah) sa mga araw ng Tashriq ay ang pagtatakbir sa bawat hulihan ng obligadong pagdarasal, magsisimula ito sa Fajr ng araw ng Arafa (ika-9 ng Dhul Hijjah) sa mga hindi naghahaj hanggang Asr ng huling araw ng Tashriq (ika-13 ng Dhul Hijjah). At kabilang sa paraan ng pagtatakbir (pagdadakila) ay ang pagsasabi ng “Allahu Akbar, Allahu Akbar, lailaha illallah, wa Allahu Akbar, Allahu Akbar walillahil hamd”. At naiulat din ang paraan ng pagtatakbir ni Ibnu Abbas-radiyallahu anhu-: “Allahu Akbar kabiran, Allahu Akbar kabiran, Allahu Akbar wa Ajal, Allahu Akbar wa lillahil hamd”.

Pangalagaan at paramihin ang pagtatakbir sa mga araw na ito, gawin ito sa bawat katapusan ng obligadong pagdarasal ,at gawin din ito kahit anong oras maging kayo man ay naka-upo o kaya nakatayo, magtakbir kayo maging kayo man ay nasa inyong tahanan, pamilihan o kaya nasa sasakyan, ang mga kababaihan ay magtatakbir sa kanilang mga tahanan habang naglilinis man o kaya nagluluto..

الله أكبر الله أكبر لا إله إلا الله والله أكبر الله أكبر والله الحمد.

Mga alipin ng Allah -ﷻ! Ang araw ng An-nahar (pagsakripisyo o pag-alay) ay mayroon itong mga alituntunin na dapat nating malaman at ito ang sumusunod :

Una: kanais-nais sa isang muslim na tumungo sa pook dasalan ng Eid nang nakaayos, mabango, at magsuot ng pinakamagandang kasuutan bilang pagsunod sa katuruan ng ating mahal na Propeta -ﷺ.

Pangalawa: Pinahihintulot ang pagbabatian sa araw ng Eid, at tinanong si Shaykh Al-islam Ibnu Taymiyah -kaawaan nawa siya ng Allah-: Ang pagbabatian ba, na nakasanayan ng mga tao sa Eid, tulad ng pagsasabi ng “Eid Mubarak” at iba pa, matatagpuan ba ito sa sharia? At siya ay sumagot : “Ang pagpapalitan ng pagbabatian sa araw ng Eid sa pagitan ng mga muslim pagkatapos ng Salah (pagdarasal sa Eid): “Taqabballahu minna wa minkum...” (nawa ay tanggapin ng Allah mula sa amin at sa inyo ang mga mabubuting gawa) “ at iba pa, ito ay naiulat mula sa mga bilang ng Sahaba na ito ay kanilang ginagawa, at pinahintulot ito ng mga ilang pantas katulad ni Imam Ahmad at iba pa, kaya ang paggawa nito at pag-iwan ay walang problema, dahil parehong may pinagmumulan..dito nagtatapos ang salita ng Shaykh.

Pangatlo: Pagdalo sa pagdarasal ng Eid at hindi nararapat na iwanan ito ng sinumang may kakayahang dumalo, may mga ilang pantas na ang kanilang pananaw na ito ay obligado, tulad ni Ibnu Taymiyah at si Ibnu Alqayyim -kaawaan nawa sila ng Allah-, sinabi ni Ibnu Taymiyah: “ At ang sinasabi nila: na hindi ito obligado, ito

ay napakalayo; sa kadahilanang ang pagdarasal sa Eid ay kabilang sa mahalagang ritwal sa Islam, ang mga tao ay nagtitipon-tipon para dito, ng mas marami at malaki kaysa sa pagtitipon sa araw ng biyernes, at inuutos ng Sharia ang pagtatakbir. Dito natapos ang salita ng Shaykh. At ang Sugo -ﷺ- : ay inutos sa mga kababaihan at kahit ang may regla (ngunit lalayo sila sa mismong pagdasalan) at iba pa na dumalo at saksihan ang pagdarasal sa Eid. Nababagay ba sa iyo na magpahuli o pabayaang ang iyong mga pamilya sa hindi nila pagdalo kasama ang mga Muslim?

Pang-apat : pagsunod sa Sunnah (pamamaraan) ng ating Ama na si Ibrahim at Sunnah ng ating Propeta na si Muhammad -ﷺ- sa pagkatay ng sakripisyo bilang alay sa Allah -ﷻ-, at ang kakataying hayop na kumpleto at maayos na katangian nito ay magkakamit ng mas malaking gantimpala mula sa Allah -ﷻ-. Dahil sa ito ay kabilang sa pagdakila sa mga ritwal na ipinag-uutos ng Allah -ﷻ-, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ قُلْ إِنْ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١٦٢﴾ لَا شَرِيكَ لَهُ ۚ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ ﴿١٦٣﴾ ﴾ [الأنعام: 162-163]

“Sabihin mo, O Muhammad, sa kanila na mga ‘Mushrikin:’ “Katiyakan ang aking ‘Salah,’ ang aking pagsasakripisyo na katulad ng pagkatay ng hayop sa Pangalan ng Allâh (ﷻ) na Nag-iisa, at ang aking buhay, at ang aking kamatayan ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na ‘Rabb’ ng ‘Al-`Âlamin’ (lahat ng nilikha).” * “Na Siya ay walang katambal sa Kanyang pagiging ‘Ilah’ (Diyos na sinasamba) at sa Kanyang pagiging ‘Rabb’ na Tagapaglikha, at wala rin Siyang katambal sa Kanyang mga Katangian at mga Pangalan, at sa pamamagitan ng Kanyang dalisay na Kaisahan ay inutusan Niya ako, na aking ‘Rabb’ na Kataas-taasan, na ako ang kauna-unahang tumestigo at sumunod at magpasailalim sa Kanya mula sa sambayanang ito.”

At tunay na ang mga Muslim sa panahon ng Propeta ﷺ ay sobrang binigyan ng pagpapahalaga ang usaping hadiy (kakataying hayop sa hajj) at pang-udhiya (kakatayin bilang sakripisyo at alay sa Allah), at pinipili nila ang mas mataba at

kumpleto ang mga bahagi ng katawan nito. Nabanggit sa libro ni Al-bukari mula kay Umama Ibn Sahl, sinabi niya:

"كنا نسَمِّن الأضحية بالمدينة، وكان المسلمون يسمنون، فكلما كانت الأضحية أغلى وأكمل في الصفات فهي أحب إلى الله، وأعظم في الأجر لصاحبها"

"Sa aming kapanahunan ay pinapataba namin ang pang-udhiya sa Madina, sa tuwing ang pang-udhiya ay mas mataba, mas mahal at kumpleto ang katangian nito ay mas lalo itong kamahal-mahal sa Allah at mas malaking gantimpala ang makukuha ng may-ari nito"

Ang ilan sa inyo ay masayang nagkakatay ng mga alay na hayop, kaya alalahanin na mayroon din sa mga tao na gustong magkatay subalit sila ay kapos at hindi makahanap ng kakatayin, kaya gawin ninyo ang inyong mga kinatay na daan upang mapalakas ang ugnayan ninyo sa kanila at ng sa ganoon ay bahagian sila ng kasiyahan na mayroon kayo.

Mga alipin ng Allah! ang Allah-ﷻ-ay mayroong awa sa Kanyang mga alipin, at may mga regalo Siyang binibigay sa kanila, at may mga panahon Siyang pinipili na napapaloob dito ang maraming kapakinabangan at kabutihan para sa mga alipin Niya, at iyon ang mga araw ng Hajj. Dahil ang kainaman ng mga araw na ito ay saklaw ang lahat ng uri ng mabubuting gawain sa lahat ng lugar, kaya ang pinaka-kainaman ng mga araw na ito ay sapat ng sabihing: ito ang panahon na nakapainam magparami ng mabubuting gawa.

At kabilang sa kabutihang makukuha sa mga araw na ito; ay ang paglantad ng tawhid (kaisahan ng Allah) sa pamamagitan ng pag-alaala at pagdadakila, at ito ang pinakamahalagang kabutihan sa lahat, ay ang mapatotohanan ang kaisahan ng Allah-ﷻ- at pagdakila sa Kanya. At walang saya na mas hihigit pa sa mararamdaman ng

isang Muslim sa tuwing maririnig niyang inuulit-ulit ang kaisahan ng Allah-ﷻ sa mga araw na ito.

At kabilang din sa kabutihan ng mga araw na ito; ay ang pag-alay ng hayop bilang pagsamba sa Allah-ﷻ, at makamit ang pagkaroon ng takot sa Kanya sa pamamagitan nitong pag-alay, at pagdakila sa mga kautusan sa pamamagitan nito, dahil ito ay ritwal sa araw ng pagdiriwang na ito.

At ganoon din kabilang sa kabutihan nito; ang mga mahihirap ay mabubusog mula sa mga karne na ireregalo sa kanila o ibibigay sa kanila, at minsan ay makakapagtago pa sila nito bilang pagkain nila na tatagal ng ilang araw, at ito ay napakagandang pangyayari na masasaksihan, ang pagkakaroon ng pagmamahalan at awa sa pagitan ng mga Muslim. At kabilang din sa kabutihan ay ang mga nagaganap sa pagitan ng mga muslim tulad ng pagtitipon-tipon, pag-uusap, nangingibabaw ang pagmamahalan at awa sa pagitan nila, ang mga taga bayan ay naiipon sila ng eid, at ang Muslim na naiipon naman dahilan ng panahon, ay naiipon sila ng panahon ng Hajj.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid ko sa Islam! Ang ganitong panahon ay dakila para sa mga mananampalataya, kaya magdadagdag ito sa kanilang pagiging matuwid at mabuting Muslim. Pinapayuhan ko ang bawat isa na pangalagaan ninyo ang pagsasalah, at ito ay habilin ng ating mahal na Propeta bago pa man siya bawian ng buhay, ito ay isa sa mga haligi ng Islam, at huwag kayong maging pabaya sa pagpapatupad nito, nang sa ganon ay hindi kayo mapabilang sa sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿ فَخَلَفَ مِنْ بَعدِهِمْ خَلْفٌ أَضَاعُوا الصَّلَاةَ وَاتَّبَعُوا الشَّهْوَةَ فَسَوْفَ يَلْقَوْنَ عَذَابًا ﴾ [مريم: 59]

“At dumating pagkatapos nila na mga biniyayaan ang mga masasama na hindi na nagsasagawa ng Salah o kung isinasagawa man nila ito ay wala na sa tamang oras,

o di kaya ay nawala na ang mga yaong haligi o pundasyon ng Salah at mga obligasyon nito na gawain, at ang sinunod lamang nila ay ang kanilang sariling kagustuhan. Na kung kaya, walang pag-aalinlangang matatamo nila ang pagkasawi sa Impiyerno”

Magbigay ng kawanggawa at panatilihin ang pagkaroon ng awa, pagdadamayan at pagmamahalan sa pagitan ninyo, at gumawa kayo ng mabuti, tunay na sa pagsunod sa Allah-ﷻ- ay mayroong biyaya at kabutihan, tulad ng: kapanatagan ng loob at kaluwagan, gantimpala at kaligayahan dito sa mundo at kabilang buhay. Sinabi ng Allah -ﷻ- :

﴿وَلَوْ أَنَّهُمْ فَعَلُوا مَا يُوعَظُونَ بِهِ لَكَانَ خَيْرًا لَهُمْ وَأَشَدَّ ثَبَاتًا ۖ وَإِذَا لَأَتَيْنَهُمْ مِّن لَّدُنَّا أَجْرًا عَظِيمًا ۖ وَلَهْدَيْنَهُمْ صِرَاطًا مُسْتَقِيمًا ۝ وَمَن يُطِيعِ اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِم مِّنَ النَّبِيِّينَ وَالصِّدِّيقِينَ وَالشُّهَدَاءِ وَالصَّالِحِينَ وَحَسُنَ أُولَٰئِكَ رَفِيقًا ۝﴾ [النساء: 66-69]

“Subali’t kung sinunod lamang nila ang anumang ipinayo sa kanila, ito ay magdudulot ng kapakinabangan para sa kanila at magpapatibay ng kanilang Pananampalataya,*at pagkakalooban Namin sila ng dakilang gantimpala mula sa Amin, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay,*at gagabayan Namin sila at papatnubayan patungo sa Matuwid na Landas.*At sinuman ang susunod sa mga kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa patnubay ng Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ), ay itinaas nila ang kanilang mga antas at kabilang sila sa mga hanay ng mga biniyayaan ng Allâh (ﷻ) at pinagkalooban ng ‘Al-Jannah’ (Hardin), na mga propeta, mga matutuwid na mga naniwala nang buong katapatan, at mga ‘Shuhadah’ (namatay nang alang-alang sa Allâh ﷻ), at mga mabubuting mananampalataya, na sila ang mga pinakamabubuting kasamahan sa ‘Al-Jannah’ (Hardin”

Iwasan ang lahat ng uri ng mga kasalanan at mga paglabag, sapagkat ito ay gawaing kasuklam-suklam at nagpapahamak sa gumagawa nito ganon din sa lipunan, sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿أَوَلَمْ يَسِيرُوا فِي الْأَرْضِ فَيَنْظُرُوا كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الَّذِينَ كَانُوا مِنْ قَبْلِهِمْ كَانُوا هُمْ أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً وَءَانَارًا فِي الْأَرْضِ فَأَخَذَهُمُ

اللَّهُ بِذُنُوبِهِمْ وَمَا كَانَ لَهُمْ مِنَ اللَّهِ مِنْ وَاقٍ ﴿٢١﴾﴾ [غافر: 21]

“Hindi ba naglakbay sa kalupaan ang mga di-naniniwala sa iyong mensahe, O Muhammad, upang makita nila kung ano ang kinahinatnan ng mga nauna kaysa sa kanila na mga sambayanan? Sila ay higit na nangingibabaw kaysa sa kanila sa lakas at sa mga naiwan na kanilang mga bakas sa kalupaan, subali’t kailanman ay hindi nila napakinabangan ang kanilang kalakasan at ang mga matitipuno nilang mga pangangatawan, at pinuksa sila ng Allah bilang kaparusahan sa kanila; dahil sa kanilang di-paniniwala at pagsagawa ng mga kasalanan, at wala silang naging tagapangalaga mula sa parusa ng Allah upang mailigtas sila mula rito”

Iwasan ang pagiging suwail sa mga magulang, tunay na ito ay kabilang sa mga malalaking kasalanan, at iwasan din ang pagputol sa ugnayan ng pagkakamaganakan, dahil sinusumpa ng Allah ang taong pinuputol ito. At layuan ang hindi pagiging makatarungan sapagkat ito ay isisingil sa kabilang buhay. Layuan ang mga gawaing kahalayan at pakikiapid, dahil ito ay kapahamakan sa mundo lalong-lalo na sa Akhira.

Layuan ang pag-inom ng alak, sapagkat ito ay sumisira sa utak at nagpapawala ng selos para sa relihiyon at mga malalapit na kamag-anak. Layuan ang Riba’ (mga transaksyong may patubo), sapagkat ito ay pinagbabawal at nakakasira sa paglago ng kayamanan, alagaan ninyo ang inyong mga dila mula sa panlilibak, paninirang puri, pagsisinungaling, tunay na ang singilan sa kabilang buhay ay magaganap, sinabi ng Sugo -ﷻ:

"إِنَّ الْمُفْلِسَ مِنْ أُمَّتِي يَأْتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ بِصَلَاةٍ وَصِيَامٍ وَزَكَاةٍ، وَيَأْتِي قَدْ شَتَمَ هَذَا وَقَذَفَ هَذَا، وَأَكَلَ مَالَ هَذَا، وَسَفَكَ دَمَ هَذَا وَضَرَبَ هَذَا، فَيُعْطَى هَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ وَهَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ، فَإِنْ فَنِيتَ حَسَنَاتَهُ قَبْلَ أَنْ يُقْضَى مَا عَلَيْهِ أُخِذَ مِنْ خَطَايَاهُمْ فَطُرِحَتْ عَلَيْهِ ثُمَّ طُرِحَ فِي النَّارِ" (مسلم).

"Ang tunay na nalugi mula sa aking sambayanan sa araw ng paghuhukom ay siyang mayroong salah, pag-aayuno at zakah, subalit ay nagawa niyang siraan ng puri at libakin ang iba, kainin ang kayaman ng iba, pumatay, at nanakit, kaya pagdating ng kabilang buhay ay babawasan ang kanyang mabuting gawa bilang bayad sa bawat isa sa kanila, at kung hindi nabayaran lahat at naubos na ang kanyang nagawang mabuti ay ililipat sa kanya ang kasalanang mayroon sila at pagkatapos noon ay itatapon siya sa Impiyerno"

Mga kapatid ko sa Islam! naisabatas ang Eid bilang pagdiriwang at pagsasaya sa pamamagitan ng mga pinahihintulutang gawain at hindi upang takasan ang kautusan ng Allah-ﷻ, kaya mag-ingat mula sa paggawa ng mga kasalanan sa Eid, tulad ng: pagsayaw, hindi pagtakip ng mga kababaihan, pakikinig ng musika at paghalubilo ng mga kababaihan at kalalakihan sa publiko man o mga pasyalan, dahil hindi sa ganito ang pagsalubong sa mga panahon na ginawa upang sumunod sa Allah-ﷻ. At ang isang tao na piniling tagapangalaga at pinagkatiwalaan ay nararapat na alagaan ang pinagkatiwala sa kanya, nabanggit sa hadith: "na ang bawat isa sa atin ay tagapangalaga at mayroon tayong tungkulin na pananagutan natin sa kabilang buhay, ang isang pinuno ay may tungkulin, ganoon din ang isang lalaki, at ang babae sa loob ng tahanan ng kanyang asawa.."

Mga kababaihang Muslim! Huwag kayong magpalinlang sa mga gawain ng ilang kababaihan na labas sa Islam, tulad ng paglalantad ng hugis ng katawan, kanilang kagandahan at palamuti sa katawan sa tuwing lumalabas, tunay na sila ay nasa kaligawan at kapahamakan, sapagkat nabanggit sa hadith na inulat ni

Muslim,” na isa sa mga grupo na makakapasok sa Impiyerno ay ang mga kababaihan na halos walang kasuotan at tinutukso ang mga kalalakihan, ang mga buhok ay parang likod ng kamelyo, sila ay hindi makakapasok sa Paraiso at hindi makaaamoy ng halimuyak nito”

O ikaw na isang Muslima! Manatili sa pagsunod sa Allah -ﷻ-, tunay na ang mabuting Muslima, ay mapapasa kanyang asawa at mga anak ang kaligayahan na ibibigay ng Allah-ﷻ-. Lumayo sa mga panggagaya sa mga hindi mananampalataya at huwag magpalinlang sa gawaing kinakalat nila upang sirain ang dangal mo bilang Muslima, gawin mong pamarisan sina Khadija, Aisha, Ummu Salama at Sumayya - kalugdan nawa sila ng Allah-, dahil sila ay mga mabubuting kababaihan at mga palasamba sa Allah-ﷻ-, at umasa sa magandang balita na mapapasa iyo ang lugod at habag ng Allah-ﷻ-, sinabi ng Propeta -ﷺ-:

" إِذَا صَلَّتِ الْمَرْأَةُ حَمْسَهَا، وَصَامَتْ شَهْرَهَا، وَحَفِظَتْ فَرْجَهَا، وَأَطَاعَتْ زَوْجَهَا قِيلَ لَهَا: ادْخُلِي الْجَنَّةَ مِنْ أَيِّ أَبْوَابِ الْجَنَّةِ شِئْتَ "

“kapag ginampanan ng babae ang pagdarasal ng limang beses araw-araw, pag-ayuno sa Ramadan, pag-aalaga sa pribadong bahagi ng katawan at dangal, at pagsunod sa kanyang asawa, ay sasabihin sa kanya: pumasok ka sa Paraiso sa alinmang pintuan nito na iyong nanaisin”

Mga alipin ng Allah! ang mga araw na ito ay mainam na mga araw, ang bawat pagsambang gagawin dito ay may malaking gantimpala, ang sinumang pabaya sa mga araw na ito ay kalugian para sa kanya at mawala sa kanya ang maraming kabutihan, ang ganitong mga panahon ay minsan lamang dumarating sa ating buhay.



Khutba ng Eid Al-fitr

الخطبة الأولى:

الله أكبر الله أكبر، لا إله إلا الله و الله أكبر الله أكبر والله الحمد.

(Ang Allah ang pinakadakila, ang Allah ang pinakadakila walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Allah ang pinakadakila at ang papuri ay sa Kanya).

Allahu Akbar na Siyang lumikha sa lahat ng mga nilalang at bawat isa sa mga ito ay babalik sa Allah sa araw ng paghuhukom.

Allahu Akbar, ang ating Panginoon, Siya ang lumikha sa mga tao at mga jinn (engkanto) upang sila ay sumamba lamang sa Kanya ng nag-iisa, at ang lahat ng mga nilalang ay nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan, Allahu Akbar sa tuwing ang mga alipin ay gumagawa ng pag-alaala sa Kanya, Allahu Akbar sa tuwing dinadakila Siya ng Kanyang mga alipin at binabanggit ang kanyang kaisahan, Allahu Akbar nagsipag-ayuno ang Kanyang mga alipin at hininto ito alang-alang sa Kanya, Allahu Akbar sa tuwing kanilang binabasa ang aklat ng Allah (Qur'an) at pagnilay-nilayan ang mga nilalaman nito, Allahu Akbar sa mga ginugugol ng mga mabubuting tao mula sa kanilang yaman alang-alang sa Kanya, at silang mga nakaranas ng pagsubok sa buhay subalit patuloy ang pasasalamat at pagtitimpi alang-alang sa Kanya .

Mga alipin ng Allah -ﷻ! Tunay na ang buwan ng Ramadan ay paaralan para sa lahat ng mga muslim upang palakasin ang pananampalataya, pagdidisiplina, at pagsasaliksik ng kaalaman, kaya mapalad ang mga silang nagsumikap at ginamit ang oras sa kabutihan sa loob ng buwan na ito, para sa kanilang kabilang buhay at upang dalisayin ang kanilang mga sarili, at mapalad ang silang mga nakamit nila ang banal na layunin ng pag-aayuno, kabilang na dito ay ang mapabilang sa mga may takot sa

Allah -ﷻ- at ganoon din ang baguhin ang sarili upang manatili ito sa paggawa ng mga kabutihan hanggang sa bawian ng buhay. Tunay na ang pagkatakot sa Allah -ﷻ- ay napapaloob dito ang kaligtasan at daan tungo sa tagumpay at pagmumulan ng maraming kabutihan.

At kung nais ninyo ng tunay na kaligayahan at tagumpay, at hinahanap ninyo ang gabay at kaayusan ng buhay, at inaasam-asam ninyo ang kabutihan at kaligtasan ay nararapat sa inyo na panghawakan ang pagkatakot sa Allah. O kaya ay nais ninyo na yumaman kahit walang ari-arian, tumaas ang antas sa lipunan kahit na hindi naluklok sa anumang posisyon sa pamahalaan, tinitingala kahit na wala sa propesyon ay nararapat na panghawakan ang pagkatakot sa Allah-ﷻ-. Dahil ito ay daan tungo sa lahat ng kabutihan, at ito ay matibay na proteksyon ng tao mula sa lahat ng kapahamakan at trahedya. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٨٣﴾﴾ [البقرة: 183]

﴿إِن تَتَّقُوا اللَّهَ يَجْعَلْ لَّكُمْ فُرْقَانًا وَيُكَفِّرْ عَنْكُمُ سَيِّئَاتِكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ﴿٢٩﴾﴾ [الأنفال: 29]

“O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo! Ang pag-aayuno ay ipinag-utos Niya sa inyo, na tulad ng Kanyang pagkakautos sa mga nauna sa inyo, nang sa ganoon ay magkaroon kayo ng takot sa inyong ‘Rabb’ na Tagapaglikha, maglagay kayo ng harang sa pagitan ninyo at ng pagkakasala sa pamamagitan ng pagsunod at Bukod-Tanging pagsamba lamang sa Allâh (ﷻ).) Qur’an Albaqara: 183. At Kanya pang sinabi: ((kung kayo ay natatakot sa Allah sa pagsagawa ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal ay gagawa ang Allah ng kaparaanan para sa inyo na kayo ay makalabas sa anumang pagsubok at kahirapan dito sa daigdig, at patatawarin sa inyo ang anumang nagawa ninyong kasalanan at pagtatakpan para inyo upang hindi na kayo parurusahan”

At ang pagiging buhay ng islamikong nasyon at mga mabubuting kabataan nito, at paglaganap ng kabutihan sa bawat pamayanan nito, at pagbaba ng tuloy-tuloy

na biyaya, lahat ng ito ay hindi makakamit kundi sa pamamagitan ng pagkatakot sa Allah -ﷻ-, sinabi ng Allah -ﷻ- :

﴿ وَلَوْ أَنَّ أَهْلَ الْقُرَىٰ ءَامَنُوا وَأَتَّقَوْا لَفَتَحْنَا عَلَيْهِم بَرَكَاتٍ مِّنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ ﴾ [الأعراف: 96]

“At kung ang lahat ng mga tao sa bawa’t bayan ay naniwala, at nagkaraoon sila ng ‘Taqwâ’ – sinunod nila ang ipinag-utos at iniwasan ang anumang ipinagbawal ng Allah sa kanila, walang pag-aalinlangang bubuksan Namin sa kanila ang mga pintuan ng mga biyaya mula sa kalangitan at kalupaan”

Napatotohanan ba ng pag-aayuno natin sa buwan ng Ramadan ang takot sa Allah ng sa ganoon ay mamuhay tayo ng matuwid at maayos natin ang ating kalagayan? Napatotohanan ba ng pag-aayuno natin ang pagkatakot sa Allah -ﷻ- at pananatili nito sa bawat isa ng sa ganoon ay kakalat ang kabutihan sa kalupaan, at mapalakas ang pagkakapatiran, pagdadamayan, mapangalagaan ang mga Karapatan, at ganoon din mapangalagaan ang dugo ng bawat isa, at mahinto ang mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga kamusliman.

Tunay na sobra ang ating pangangailangan na mapalakas at mapanatili ang takot sa Allah -ﷻ- sa ating mga puso, sa pamamagitan ng pagsagawa sa mga inobliga sa atin at paramihin ang mga gawaing sunnah (mga blountaryong pagsamba), pagbabasa ng Qur’an at pagnilay-nilayan ang bawat talata nito at tuparin ang mga alituntuning napapaloob dito, pagpaparami ng dhikr, pag-aaral ng talambuhay ng Propeta -ﷺ- at ng mga kasamahan niya, pagsasaliksik ng islamikong kaalaman at marami pang iba.

Ang pagkaroon ng takot sa Allah ay siyang pinakamahalagang resulta na makukuha mula sa pagkalabas sa paaralan ng pag-aayuno at pagdarasal sa gabi, sa paaralan ng Ramadan. Kaya pangalagaan ninyo ang biyayang ito sa kahabaan ng taon. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ لَيْسَ إِلَهَ أَنْ تُؤَلُّوا وَجُوهَكُمْ قَبْلَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ وَلَكِنَّ الْإِلَهَ مَنْ ءَامَنَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَالْمَلَائِكَةِ وَالْكِتَابِ وَالنَّبِيِّينَ وَءَاتَى الْمَالَ عَلَى حُبِّهِ ذَوِي الْقُرْبَى وَالْيَتَامَى وَالْمَسْكِينِ وَأَنْزَلَ السَّلِيلَ وَالْإِسْلَامَ فِي الْقُرْبَابِ وَأَقَامَ الصَّلَاةَ وَءَاتَى الزَّكَاةَ وَالْمُؤْمِنُونَ بِعَهْدِهِمْ إِذَا عَاهَدُوا وَالصَّابِرِينَ فِي الْبَأْسَاءِ وَالضَّرَّاءِ وَحِينَ الْبَأْسِ أُولَئِكَ الَّذِينَ صَدَقُوا وَأُولَئِكَ هُمُ الْمُتَّقُونَ ﴾ [البقرة: 177]

((Hindi kabutihan sa paningin ng Allâh (ﷻ) ang ilingon ang inyong mga mukha sa silangan o sa kanluran sa tuwing magsa-Salah. Subali't ang tunay na kabutihan ay ang gawain ng sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) – na Siya lamang ang nararapat na sinasamba, bukod-tangi at walang katambal; at naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Araw ng Paghuhukom, at naniwala sa lahat ng mga anghel, at sa lahat ng mga ipinahayag na mga Aklat, at sa lahat ng mga Propeta at Sugo nang walang pagtatangi, at nagbibigay ng kawanggawa dahil sa labis niyang pagma-mahal – sa mga kamag-anak at mga ulilang nangangailangan, at mga mahihirap na naghihikahos, at mga manlalakbay na nangangailangan ng panggastos dahil sa nalayo sila sa kanilang pamilya at kayamanan, at sa mga namamalimos na napilitang gumawa ng ganitong bagay dahil sa tindi ng pangangailangan, at paggasta sa pagpapalaya ng alipin at mga bihag, at pagsa-Salah, at pagbibigay ng obligadong kawanggawa (Zakah), at yaong mga tumutupad sa kanilang pangako, at nagtitiis dahil sa kahirapan, karamdaman at gayundin sa mga matitinding labanan (sa Daan patungo sa Allâh). Ang mga nagtatangan ng ganitong katangian o pag-uugali, sila ang matatapat sa kanilang paniniwala at sila ang natatakot sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, iniwasan nila ang mga pagkakasala.)) Qur'an Albaqara: 177

Mga alipin ng Allah -ﷻ! Ngayon ay dumating ang araw ng pagdiriwang (eid al-fitr) at ito ay nagpapaalala sa atin na tayo ay isang sambayanan, mga magkakapatid at naipapakita dito ang pagkakaisa ng mga kamusliman sa buong mundo, nagtitipon-tipon sa kabila ng pagkakawatak watak na dulot ng pananakop ng mga hindi Muslim. Dumating ang Eid Al-fitr upang igabay ang mga muslim tungo sa kanilang Relihiyon at kanilang misyon bilang isang sambayanan noong sinimulan na ang

panawagan sa Salah ng Eid,at noong inuulit ulit nila ang pagtatakbir (pagsabi ng Allahu Akbar) kahit saan mang lugar,nagpapasalamat sa Allah-ﷻ sa biyaya ng Islam, na kung saan napapaloob sa relihiyong ito ang kanilang walang hanggang kaligayahan sa akhira, at ito ang pagtaas ng antas at kaligtasan nila sa kabilang buhay.

At dumating ang Eid upang lalong ipaunawa sa mga muslim ang kahulugan ng tunay na pagkakapatiran, pagmamahalan sa pagitan ng mga magkakapatid sa pananampalataya, at itanim sa kanilang mga puso ang pagkaroon ng awa,malakas na ugnayan at kabutihan sa bawat isa,at dumating ang Eid upang ipalarawan sa mga muslim ang kasiyahan at kagalakan.

At pinapasigla nito ang mga muslim kada taon, at nagbibigay ng kagaanan sa kanila sa kabila ng mga trahedya at pagsubok na tumatama sa kanila,kaginhawaan pagkatapos ng kagipitan, at naghahatid ng pag-asa sa kanila,sa kabila ng nangingibabaw ang kahinaan, ang kawalan ng katarungan at pagmamaltrato ng ilang pamahalaan sa iilang lugar na nagdudulot ng kaguluhan at hidwaan at pagdanak ng dugo.Nawasak ang mga tahanan at nasira ang buong bayan,pagkawatak-watak at paghati-hati ng mga muslim sa iba-ibang grupo.At nakialam ang maraming bansa mula kanluran at silangan na kung saan nagdulot ng mas lalong paglaganap ng kaguluhan sa mga bansang muslim, ang nararapat sana bago ito nangyari ay pinapangalagaan natin ang ating mga sarili sa papamamagitan ng pagpapatupad ng katarungan at pagrespeto sa karapatan ng bawat isa at ang pagtuunan ng pansin kung ano ang ikakabuti sa sambayanang muslim.

At sa usaping ekonomiya at mga yaman ng mga kamusliman na kung saan dahil sa hindi maayos na pamamahala at kakulangan ng kaalaman sa pagpapalago nito ay nauwi ito sa pagbagsak at hindi pag-unlad ng islamikong pamayanan o ng mga kamusliman.Ng dahil dito napahamak ang maraming mga muslim dahil sa

kahirapan ng pamumuhay at hindi balanse ang pagtakbo ng kabuhayan, samantalang nalulutas ang ganitong problema kung mayroon lamang pagkakaisa at pagtutulongan sa pagitan ng mga muslim at pagkaroon ng malinis na hangarin upang mapalago ang ating ekonomiya.

At sa ugnayang panlipunan; ay nagsilitawan ang inggitan, pagkawatak-watak at hindi pagkakaunawaan. Paghihiwalay sa pagitan ng mga bansa at mga bayan at ganoon din laganap ang pagkawatak-watak mismo sa loob ng isang bansa sa pagitan ng mga magkakaibang grupo at tribong naririhan sa loob nito, at nahahati-hati sila dahil sa pagkakaiba-iba ng pananaw at opinyong sinusunod at ang bawat isa ay pinagtatanggol ang grupo o pananaw na pinapanigan niya, hanggang sa umabot sa libakan at siraan ng puri ang kawpa niyang muslim. At nakalimutan na nila ang tunay na kaaway nila. At Nawala na sa pansin ang mga nangyayaring pagpatay sa mga kabataang muslim sa ibang lugar tulad ng Palestin, pagpatay sa mga kababaihan, pagsira sa mga kabahayan at pagkamkam sa mga lupain nito na gawa ng mga kumakalaban sa Islam, at ito ay dahil sa kawalan ng pagkakaisa at pagtutulongan.

At marami pang suliraning hinaharap ang mga muslim maliban sa mga nabanggit. At ang mga ito ay malayong mangyari kung pinanghahawakan lamang natin ng mahigpit ang Aklat ng Allah -ﷻ- at sunnah ng Kanyang Sugo -r-, at hindi ito mangyari kung inunawa natin ng mabuti ang ating relihiyon at tinupad ng bawat isa ang kanyang tungkulin bilang muslim, at naunawaan na tayo ay iisang nasyon at lahat tayo ay magkakapatid sa pananampalataya, at ang pinakamainam sa atin ay yaong nakakahigit sa atin sa pagkatakot sa Allah -ﷻ-.

Ganito ang matatagpuan nating kakulangan sa ating mga sarili sa maraming aspeto ng buhay, kaya dumating ang Ramadhan at sumunod dito ang Eid Al-fitr

upang ipaalala sa ummah ang tungkuling dapat gampanan nito, at upang mapaunlad at mapabuti ang pamayanang muslim, at iparating sa Ummah sa pananatili nito ang patungkol sa tunay na kahulugan ng pagkakapatiran, pagtutulungan at pagkakaisa at kung paano malutas ang mga suliraning kinakaharap nila.

Mga kapatid ko sa Islam! Ang ating Ummah sa ngayon ay napapaloob dito ang maraming miyembro, mga grupo, mga bansa, mga pinuno, at mga mamatalinong dalubhasa na kung saan alam natin lahat na kaya nating magplabas ng mas maunlad at mapayapang pamayanan. Nagpapatupad ng batas ng Allah-ﷻ, paghusayan ang bawat gawain at paghusayan ang mga produktong magagawa, at putulin ang mga pagtatalo-talo at hidwaan sa pamamagitan ng maayos na pag-uusap at negosasyon, laging pairalin at ipangibabaw kung ano ang ikakabuti sa nakakarami at unahin ito kaysa sa kapakanan ng sarili. Palakasin ang ugnayang magkakapatid sa Islam, pangalagaan ang bawat karapatan at huwag hayaang may maapi na muslim, magutos ng kabutihan at magbawal ng kasamaan.

Umasa at maghangad ng kabutihan, manalig sa Allah-ﷻ, dahil ang Ummah na ito sa kabila ng mga pagsubok na tumatama ay hindi ito mabubura at mawawala bagkos babalik at babalik ang sigla at lakas nito, at maunawaan nito ang tunay na misyon at tungkulin nito sa bawat miyembro nito at ganoon din sa mga magugulong daigdig na nakapalibot dito. Mula kay Ubay Bin Kaab, mula sa Propeta -ﷺ- sinabi niya: "بَشِّرْ هَذِهِ الْأُمَّةَ بِالسَّنَاءِ، وَالنَّصْرِ، وَالتَّمَكُّينِ، فَمَنْ عَمِلَ مِنْهُمْ عَمَلًا آخِرَةً لِلدُّنْيَا، لَمْ يَكُنْ لَهُ فِي الْآخِرَةِ نَصِيبٌ" (رواه أحمد).

"Ipamalita sa Ummah ang magandang balita na mapapasa kanila ang karangalan, pagtaas ng antas, tulong ng Allah, at ipapagaan sa kanila ang buhay at ipadali sa kanila, sinuman ang gumawa mula sa kanila ng gawaing pangkabilang buhay para

sa mundong ito ay wala siyang makukuhang gantimpala sa kabilang buhay” Inulat ni Ahmad.

Gawin natin itong Eid na isang magandang simula sa pagpapabuti at lalong paghusayan ang ating mga gawa at pag-uugali, lahat tayo ay magsumikap na baguhin ang ating mga sarili sa kung ano ang mas nakakabuti sa ating buhay.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam! O kayong mga nilisan ng mabiyayang buwan, kayo ay nag-ayuno sa bawat araw nito, at binuhay ang gabi nito sa pagsagawa ng mga nakakayanang pagsamba, at nagsumikap kayo sa pagbabasa ng Qur'an, at inyong pinarami ang dhikr(pag-alaala) at dua (panalangin), kayo ay tumulong at nagbigay ng mga kawanggawa, at nagsagawa kayo ng maraming pagsamba upang lalong mapalapit sa Allah -ﷻ- at bilang paghahangad ng gantimpala mula sa Kanya, at paglayo sa parusa.

Lumisan ang buwan ng Ramadan, at tunay na marami sa mga tao ang nagpakabuti sa loob nito, at marami din sa kanila ang walang idinagdag kundi ang kasalanan at kasamaan, at ito ay maging saksi para sa atin o di kaya ay laban sa atin. Maging saksi para sa isang taong nag-ayuno, nagdasal at iba pa, saksi naman laban sa silang mga naging pabaya, lailaha illallah; ilan na nga ba sa mga nasisiyahan at nagagalak sa pagkatanggap sa kanilang mga gawain sa araw na ito? Lailaha illallah; at ilan na nga ba sa mga nagdadalamhati dahil sa hindi natanggap ang kanilang gawa sa araw na ito? Nawa ay ibilang tayo ng Allah -ﷻ- sa mga silang tinanggap ang kanilang gawaing mabuti.

At aming ipinapayo sa silang mga naghahangad ng kabutihan, lugod ng dakilang Tagapaglikha at sabik na makapasok sa Paraiso ng kanilang Panginoon na

mag-ayuno ng anim na araw sa buwan ng Shawwal, na kung saan nabanggit ang kainaman nito sa hadith; sinabi ng Propeta ﷺ:

"من صام رمضان ثم أتبعه ستاً من شوال كان كصيام الدهر" (صحيح مسلم).

“Sinuman ang nag-ayuno sa Ramadhan at pagkatapos ay sinundan niya ng anim na araw sa Shawwal ay katulad ito ng pag-aayuno ng buong taon”

At ating payuhan ang ating mga sarili na magpatawad sa isat-isa, at palakasin ang kapatiran, at makitungo sa bawat isa ng may kabutihan, palakasin ang ugnayan ng pagkakamag-anakan, at manatili sa pagparami ng gawaing pagsamba pagkatapos nitong Ramadan.

At gawin natin itong mga araw, bilang araw ng pagsasaya at padiriwang maging sa ating mga tahanan kasama ang pamilya, mga kamag-anak at mga kapit bahay. Dahil ito ay binigyang pansin ng ating relihiyon, sapagkat ang ating relihiyon ay tinitingnan nito ang likas na mayroon sa tao tulad ng pagmamahal sa mabubuti at mga bagay nakakapagbigay saya.



Pagdadakila Sa Mga Palatandaan Ng Allah At Mga Ginawa Niyang Sagrado

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pinakamahalagang bagay na dapat ipamulat natin sa ating mga mata at dapat nating isapuso ay ang pagdadakila sa Allah. Dahil katotohanan na ang ating Ummah ay hindi nanghina at naging napakababa, at hindi rin nagkalat ang mga kasamaan at paggawa ng mga kasalananan dito maliban na noong lumayo tayo at iwan ang pagdadakila sa Allah. At ang pagdadakila sa Allah ay ang pagtalima ng ating mga puso at paniniwala, na wala ng mas dadakila pa kaysa sa Allah sa lahat ng bagay. Katotohanang Siya ang *Al-'Ali Al-'Adheem*, Ang Pinakamataas at Ang Pinakadakila. Ang pagiging dakila at pagmamalaki ay kanyang katangian, kaya inutusan niya ang kanyang mga alipin na dakilain siya at ipagmalaki, at kinamuhian niya naman ang alipin na hindi Siya dakilain o ipagmalaki.

Sinabi ng Allah patungkol sa sinabi ni Propeta Nuh alayhis-salam:

﴿ مَا لَكُمْ لَا تَرْجُونَ لِلَّهِ وَقَارًا ﴾ [نوح: 13]

“Ano ba ang (nangyayari) sa inyo, na hindi kayo kumikilala sa Allah (ng kaukulang) pitagan (respeto)?”

Ang pagdadakila sa Allah ay binubuo ng dalawang bagay:

Una; ang pagdadakila sa mga palatandaan ng Allah, at ito ang Kanyang mga ipinag-utos. Ito ay ang dakilain natin ang bawat kautusan ng Allah, malaki man ito o maliit, mahirap man o madali. Dapat nating bigyan ng halaga ang bawat kautusan ng Allah at ilagay ito ng maayos sa ating mga puso at isip. Dapat natin itong tanggapin ng

buong-puso at dapat rin nating isagawa ang mga ito ng maayos sa abot ng ating makakaya. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ ذَٰلِكَ وَمَنْ يُعْظَمْ شَعَائِرَ اللَّهِ فَإِنَّهَا مِنْ تَقْوَى الْقُلُوبِ ﴾ [الحج:32]

“Iyan nga (iyon). At sinuman ang dumadakila sa mga sagisag (o palatandaan) ng Allah, katotohanan, ito ay nagmula sa kabanalan (o kalinisan) ng mga puso.”

At ang Pangalawa; ay ang pagdadakila sa mga bagay na ginawang sagrado ng Allah. Ito ang mga bagay na ipinagbawal ng Allah sa kanyang mga alipin na lahat naman ay nakakasama sa ating sarili o sa iba. Dakilain natin ang mga ito sa pamamagitan ng hindi paggawa nito o di-paglapit, o pag-iwas sa mga ito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ ذَٰلِكَ وَمَنْ يُعْظَمْ حُرْمَتِ اللَّهِ فَهُوَ خَيْرٌ لَهُ عِنْدَ رَبِّهِ ﴾ [الحج:30]

“Iyan (ay ipinag-utos) at sinumang dumakila sa mga sagradong alituntunin ng Allah (mga kanyang ipinagbawal), ito ay pinakamabuti para sa kanya sa paningin ng kanyang Panginoon.”

Sinabi ni Ibn Kathir, “Sinuman ang lumayo sa mga gawaing kasalanan o sa mga bagay na ipinagbawal ng Allah, dahil dinadakila niya ito, hindi niya ito minamaliit, ay katotohanang mapapasakanya ang maraming kabutihan at dakilang gantimpala.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang ating buhay sa mundong ito ay napupuno at napapalibutan ng mga palatandaan ng Allah. At ang mga palatandaan ng Allah ay may maraming uri; Mga palatandaan na konektado sa oras, mga palatandaan na konektado sa lugar, at mga palatandaan na konektado sa pagsamba.

Ang unang uri, ang mga palatandaan na konektado sa oras o panahon ay ang mga oras na pinili ng Allah at Kanya itong ginawa na banal. Na kung saan, ang mga

gawain sa mga oras na ito ay madodoble-doble ang mga gantimpala nito. Tulad halimbawa sa mga oras o sa panahon ng Ramadan.

Ang buwan ng Ramadan ay buwan na dinakila ng Allah. Sa buwan na ito Kanyang ipinadala ang Kanyang mga sugo at Kanya ring ibinaba ang Kanyang mga aklat. Kaya naman, inutusan tayo ng Allah na dakilain rin ang buwan na ito.

﴿ شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ ﴾ [البقرة: 185]

“Sa buwan ng Ramadan, sinimulan ng Allah ang paghahayag ng Dakilang Qur’an, (ito ay nagsisilbing) patnubay para sa sangkatauhan at (bilang) mga malilinaw na katibayan ng patnubay at pamantayan sa pagitan ng wasto at mali.”

Naririto sa buwan na ito ang Laylatul Qadr o ang “Gabi ng Pagpapasya”. Pinangalanan itong Laylatul Qadr dahil sa kabanalan at kadakilaan nito.

Al-Ashur Al-Hurum, o ang apat na sagradong buwan na Dhul Qa’dah, Dhul Hijjah, Muharram at Rajab, ay kasama rin sa mga pananahon na inutusan tayo ng Allah na dakilain. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ إِنَّ عِدَّةَ الشُّهُورِ عِنْدَ اللَّهِ اثْنَا عَشَرَ شَهْرًا فِي كِتَابِ اللَّهِ يَوْمَ خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ مِنْهَا أَرْبَعَةٌ حُرُمٌ ذَلِكََ الَّذِي يُبَيِّنُ الْقِيَمُ

﴿ فَلَا تَظْلِمُوا فِيهِنَّ أَنْفُسَكُمْ ﴾ [التوبة: 36]

“Katiyakan, ang bilang ng mga buwan sa batas ng Allah ay labingdalawang buwan (sa isang taon), mula sa Araw na kanyang likhain ang mga kalangitan at kalupaan; kabilang sa mga buwang ito, ang apat nito ay sagrado. Iyan ang matuwid na relihiyon, kaya’t huwag kayong gumawa ng kamalian sa inyong mga sarili sa panahon ng mga ito.”

Ang unang sampung araw sa buwan ng Dhul Hijjah ay dapat din nating dakilain. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"ما من أيامٍ العمل الصالح فيها أحب إلى الله -عز وجل- من هذه الأيام"

“Walang mga araw na kung saan ang mabuting Gawain dito ay kaibig-ibig sa Allah maliban sa mga araw na ito”

Nagtanong ang mga Sahabah sa Propeta ﷺ: “Kahit ba ang pag-Jihad sa landas ng Allah?” At sagot ng Propeta ﷺ:

"ولا الجهاد في سبيل الله إلا رجلاً خرج بنفسه وماله، ثم لم يرجع من ذلك بشيء"

“Kahit pa ang Jihad sa landas ng Allah, maliban sa lalaking lumabas(nag-jihad) sa pamamagitan ng kanyang sarili at kayamanan at pagkatapos ay wala nang bumalik mula dito na anumang bagay”

Kabilang rin sa mga palatandaan ng Allah na konektado sa oras o panahon na dapat nating dakilain ay ang araw ng Jumuah. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"خير يوم طلعت عليه الشمس يوم الجمعة، فيه خُلِقَ آدم، وفيه أُدْخِلَ الجنة، وفيه أُخْرِجَ منها، ولا تقوم الساعة

إلا في يوم الجمعة"

“Ang pinakamainam na araw na sinikatan ng araw ay ang araw ng Jumuah. Sa araw na ito nilikha si Adan, at sa araw na ito siya ay pinasok sa Paraiso, at sa araw rin na ito siya ay napalabas mula sa Paraiso. At hindi mangyayari ang huling oras maliban sa araw ng Jumuah”

At katinayan na mayroong isang oras sa araw ng Jumuah na kung saan sasagutin ng Allah ang mga Dua rito. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"وفيه ساعة لا يصادفها عبدٌ مسلمٌ وهو يصلي يسأل الله شيئاً إلا أعطاه إياه"

“Napapaloob dito (Araw ng Jumuah) ang oras na kung saan kapag ang isang aliping Muslim ay matapat dito habang siya ay nagdarasal, nananalangin sa Allah ng isang bagay maliban na lamang na ito ay ibibigay sa kanya ng Allah”

Ang pangalawang uri naman, patungkol sa mga palatandaan ng Allah na konektado sa lugar, ay inutusan tayo ng Allah na dakilain ang ibang mga lugar na ginawa niya itong sagrado. Tulad ng mga Masjid. Sinabi ng Allah sa Qur'an patungkol sa mga Masjid:

﴿ فِي بُيُوتٍ أُذِنَ لِلَّهِ أَنْ تَرْفَعَ وَيُذَكَّرَ فِيهَا أَسْمُهُ ﴾ [النور: 36]

“Sa mga Tahanan ng (pagsamba sa) Allah (‘Masjid’) na ipinag-utos Niya na itayo ang mga ito, at ang kanyang pangalan ay banggitin (luwalhatiin) doon.”

At sinabi naman ng Propeta ﷺ:

"أحب البلاد إلى الله مساجدها"

“Ang pinakaibig-ibig na lugar sa Allah ay ang mga Masjid”

Dadakilain natin ang mga Masjid sa pamamagitan ng paglilinis nito, pagpapalakas ng mga Adhan nito, pagpaparami ng pagsamba rito tulad ng pag-Salah o pagbabasa ng Qur'an, at ilayo natin ito sa mga makamundo nating mga gawain. At katotohanan na ang pinakadakila sa lahat ng Masjid dito sa ibabaw ng lupa ay ang tatlong masjid; ang Al-Masjid Al-Haram, Al-Masjid An-Nabawiy, at Masjid Al-Aqsa. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"صلاة في مسجدي أفضل من ألف صلاة فيما سواه إلا المسجد الحرام، وصلاة في المسجد الحرام أفضل من مائة"

ألف صلاة فيما سواه"

“Ang isang Salah sa Masjid ko ay mas nakakahigit kaysa sa isang libong Salah mula sa ibang lugar maliban sa Al-Masjid Al-Haram. At ang Salah sa Al-Masjid Al-Haram ay mas nakakahigit kaysa isang daang libong Salah mula sa ibang lugar”

At sinabi rin ng Propeta Muhammad ﷺ:

"فضل الصلاة في المسجد الحرام على غيره مئة ألف صلاة، وفي مسجدي هذا ألف صلاة وفي مسجد بيت

المقدس خمسمائة صلاة"

"Ang kaigihan ng Salah sa Al-Masjid Al-Haram mula sa ibang lugar ay isang daang libong Salah, at sa aking masjid na ito ay isang libong Salah, at sa Bayt Al-Maqdis ay limang daang Salah"

Ang mga lugar na pinagsasagawaan ng Hajj ay dapat rin nating dakilain. Dahil ang mga ito ay pinili at ginawa ng Allah na maging parte ng pagsasagawa ng Hajj. Ang mga lugar na ito ay tulad ng, Ka'bah, ang lugar na tinayuan ni Ibrahim alayhis-salam, ang Safa at ang Marwah, ang Muzdalifah at ang Mina, at ang lugar ng Makkah at Madinah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ وَإِذْ جَعَلْنَا الْبَيْتَ مَثَابَةً لِّلنَّاسِ وَأَمِّنًا ۚ ﴾ [البقرة: 125]

"At alalahanin mo rin, nang ginawa Namin ang Tahanan (ang 'Ka'bah' sa Makkah) na isang lugar na pupuntahan ng mga tao, na isang lugar na ligtas at hindi nilulusob ng mga kaaway."

﴿ جَعَلَ اللَّهُ الْكَعْبَةَ الْبَيْتَ الْحَرَامَ قِيَمًا لِّلنَّاسِ ۚ ﴾ [المائدة: 97]

"Ginawa ng Allah ang Ka'bah, ang sagradong bahay-dalanginan. (Ito ay) itinayo bilang sangtuwaryo ng kaligtasan para sa sangkatauhan."

Ang Ka'bah ay dinakila ng Allah mula sa ibang lugar sa mundo dahil kasama ito at parte ng mga kautusan ng Allah na dapat nating dakilain.

Ang pangatlong uri naman, mga palatandaan ng Allah na konektado sa pagsamba, siya ang bawat utos ng Allah na dapat nating isagawa upang masamba natin Siya ng maayos at mapalapit tayo sa Kanya. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَجْلُوْا سَعِيرَ اللَّهِ وَلَا الشَّهْرَ الْحَرَامَ وَلَا الْهَدْيَ وَلَا الْقَلَائِدَ وَلَا ءَامِينَ الْبَيْتِ الْحَرَامَ يَنْتَعُونَ فَضْلًا مِّن رَّبِّهِمْ

وَرِضْوَانًا ﴿ [المائدة:2]

“O kayo na naniwala sa Allah, sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang batas! Huwag kayong lumabag sa hangganan ng batas ng Allah at sa mga palatandaan nito; at huwag ninyong ipahintulot ang patayan sa mga Sagradong Buwan, At huwag ninyong pakikialaman ang mga hayop na gagamitin sa pagsasakripisyo sa ‘Hajj,’ ganoon din ang mga hayop na sinabitan ng kuwintas sa leeg, at ang taong nagmamay-ari nito ay nagnanais magsagawa ng ‘Hajj,’ at huwag din ninyong pahintulutan ang inyong mga sarili na makipaglaban sa mga nagnanais magtungo sa ‘Al-Masjid Al-Haram’ sa Makkah, na ang kanilang hangarin ay kabutihan mula sa kagandahang-loob ng Allah, na makabubuti sa kanilang buhay at kalugod-lugod sa kanilang ‘Rabb”

Ang mga palatandaan ng Allah na nabanggit sa Ayah na ito ay ang kanya ring mga ipinag-utos at mga ipinagbawal. Kaya naman, dapat lahat ng ipinag-utos ng Allah na parte ng pagsasagawa ng Salah, Zakah, Pag-aayuno, o Hajj ay dapat nating dakilain. Tulad ng nabanggit sa Ayah na inutusan tayong huwag pakialaman ang mga hayop na isasakripisyo sa Hajj. Inutusan tayong huwag lumabag sa hangganan ng batas ng Allah, at sa pamamagitan nito ay ating dinadakila ang mga palatandaan ng Allah. Ang pagsasagawa rin nito ng maayos, tulad ng pagsasakripisyo ng hayop sa Hajj, ay paraan din ng ating pagdadakila sa palatandaan ng Allah.

Kabilang din sa pangatlong uring ito, ay ang pagdadakila natin sa mga palatandaan na konektado sa ating mga paniniwala. Tulad ng pagdadakila sa salita ng Allah. Sinabi ni Imaam An-Nawawi:

"أجمع المسلمون على وجوب تعظيم القرآن العزيز على الإطلاق وتنزيهه وصيانته"

“Nagkaisa ang lahat ng mga Muslim na obligado ang pagdakila sa Qur-an, paggalang dito at pag-alaga nito”

At sinabi ni Al-Qadhi 'Eyadh:

"من استخف بالقرآن أو بالمصحف أو بشيء منه فهو كافر بإجماع المسلمين"

“Sinuman ang maliitin niya ang Qur'an, o ang Mushaf, o anumang bahagi nito, ay isang Kafir ayon sa napagkaisahan ng mga Muslim”

Kabilang rin sa pangatlong uri, ay ang pagdadakila sa Propeta Muhammad ﷺ at ang unahin ang kanyang mga salita at kautusan sa sinuman. Dadakilain natin ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ng pagtalima sa kanyang relihiyon, pagsunod sa kanyang mga Sunnah, pagmamahal sa kanya at pagrespeto sa kanya.

﴿ إِنَّا أَرْسَلْنَاكَ شَهِيدًا وَمُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ۖ لِتُؤْمِنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ۖ وَتُعَزِّرُوهُ وَتُوَقِّرُوهُ ۖ وَتُسَبِّحُوهُ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ۝ ﴾ [الفتح: 8-]

[9]

“Katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay Aming ipinadala bilang isang saksi, at isang tagapaghatid ng magagandang balita at tagapagbabala. Upang kayo (O Sangkatauhan) ay maniwala sa Allah at sa kanyang Sugo, at (upang siya ay inyong) parangalan, at siya ay igalang, at luwalhatiin Siya (ang Allah) sa umaga at sa hapon.”

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَقْدِمُوا بَيْنَ يَدَيِ اللَّهِ وَرَسُولِهِ ۖ وَاتَّقُوا اللَّهَ ۚ إِنَّ اللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ۝ ﴾ [الحجرات: 1]

“O kayong mga naniwala sa Allah, huwag ninyong pangunahan ang Allah at ang Kanyang Sugo at inyong katakutan ang Allah. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakakarinig, Maalam.”

Ibig sabihin, huwag kayong magsalita ng mga bagay o gumawa ng mga bagay na wala sa mga katuruan ng Allah at ng Kanyang Sugo.

Kayong mga naniniwala, katotohanan na ang mga tao ay nahahati sa tatlong uri pagdating sa kanilang pagdadakila sa mga kautusan ng Allah. Ang unang uri ay silang mga nagmalabis sa pagdadakila. Nagmalabis sila sa mga bagay na kanilang dinadakila, ito man ay sa oras, panahon, o lugar. Kanilang dinadakila ang mga lugar na hindi nabanggit ng Islam na dapat dakilain. Tulad halimbawa ng kanilang pagpunta sa Gaar Hira, ang kuweba kung saan pumupunta at namamalagi ang Propeta ﷺ noong hindi pa dumating ang Islam. Nagsa-Salah sila sa Gaar Hira, at sila rin ay namimili ng ibang lugar sa Makkah o Madina na kanilang dinadakila kahit wala silang basehan. Katulad ng kanilang pagpili rin ng ibang mga panahon o araw na kung saan, sila ay gumagawa rito ng mga pagsamba na di nabanggit sa Qur'an at sa mga Hadith. Halimbawa ay ang pagtatayo raw ng Salah sa buong gabi ng ika-15 araw ng Sha'ban, ika-27 araw ng Rajab, o ang selebrasyon na kanilang ginagawa sa araw ng kapanganakan ng Propeta ﷺ. Lahat ng kanilang mga ginagawa ay mga inobasyon o Bid'ah na di pwedeng gawin.

Ang pangalawang uri ng mga tao ay silang mga walang pakialam sa mga kautusan ng Allah. Hindi nila pinapansin ang mga kautusan ng Allah na konektado sa oras, panahon o lugar. Para sa kanila, lahat ng panahon o lugar ay magkakapareho. Wala silang bagay na dinadakila tulad ng Masjid o araw ng Jumuah. Kaya naman, makikita natin silang hindi nagsisipag at nagsisikap na gumawa ng mabubuting bagay sa mga panahon o lugar na dinakila ng Allah. Sila yaong mga tao na naging bato ang kanilang mga puso at naligaw ng landas ang kanilang mga kaisipan. Iligtas sana tayo ng Allah.

At ang pangatlong uri naman ng mga tao ay silang mga nasa gitna. Sila yaong nasa katotohanan at sila yaong mga nagabayan. Sila ang mga tao na kanilang dinadakila ang mga bagay na dinadakila ng Allah at kanilang iniwan ang mga bagay na hindi dinakila ng Allah. Kapag sila ay nasa banal na lugar ay gagawin nila rito kung ano ang ipinag-utos sa kanila ng Allah. At kung nasa mga panahon naman sila na dinakila

ito ng Allah ay sila ay magsisikap na gumawa rito ng maraming mabuting gawa at pagsamba. Sila ang mga tao na pinanghawakan nila ang mga Sunnah ng Propeta ﷺ at kanila itong sinundan at di sila gumawa ng mga bid'ah.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ang mga bagay na ipinagbawal ng Allah na gawin natin ay ang kanyang mga hangganan o limitasyon. Hindi nararapat sa isang Muslim ang gawin ito o lapitan ito.

﴿ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَعْتَدُوهَا وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ ﴾ [البقرة: 229]

“Ito ang mga hangganang itinakda ng Allah, kaya huwag ninyong labagin ito. At sinomang lumabag sa mga hangganang itinakda ng Allah, samakatuwid, sila yaong mga mapaggagawa ng kamalian.”

At sa Hadith ay sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"أَلَا وَإِنْ لِكُلِّ مَلِكٍ حِمًى أَلَا وَإِنْ حِمَى اللَّهِ مَحَارِمَهُ"

“Katotohanang ang bawat hari ay may bakod o bakuran, at ang bakuran ng Allah ay ang kanyang mga ipinagbabawal.”

Kaya sinuman ang lumapit sa bakod (bakuran) o hangganan na ito, o ang mga ipinagbabawal ng Allah, ay katotohanan na nilagay niya ang kanyang sarili sa kapahamakan.

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang tunay na mananampalataya ay siyang dinakila ang mga ipinagbawal ng Allah. Isinasaisip niya ang kadakilaan ng Allah, mahihiya siya sa kanya, at matatakot siya kapag nagalit ang Allah. Sinabi ng Propeta

ﷺ:

"وَاللَّهِ مَا مِنْ أَحَدٍ أَعْيَرُ مِنَ اللَّهِ أَنْ يَزِيَّ عَبْدُهُ أَوْ تَزِيَّ أُمَّتُهُ"

“Sumpa man sa Allah! Walang sinuman ang mas nagagalit kaysa sa Allah kapag ang Kanyang aliping lalaki ay mangalunya o ang Kanyang aliping babae ay mangalunya”

Sinabi ni Shaykhul Islam ibn Taimiyah, “Ang unang hakbang para dakilain ng isang alipin ang kanyang Panginoon ay ang kanyang dakilain ang kanyang mga kautusan at mga ipinagbawal.”

Kaya naman, ang pagbabalewala sa paggawa ng mga kasalanan o ang patuloy na pagsuway sa Allah ay hindi ugali ng silang mga dinadakila ang Allah. Sinabi ni Ibn Mas’ud radiyallahu anhu:

"إِنَّ الْمُؤْمِنَ يَرَى ذُنُوبَهُ كَأَنَّهُ قَاعِدٌ تَحْتَ جَبَلٍ يَخَافُ أَنْ يَقَعَ عَلَيْهِ، وَإِنَّ الْفَاجِرَ يَرَى ذُنُوبَهُ كَذُبَابٍ مَرَّ عَلَى أَنْفِهِ
فَقَالَ بِهِ هَكَذَا"

“Tunay na ang mananampalataya ay nakikita niya ang kanyang mga kasalanan na para siyang nakaupo sa ilalim ng bundok at siya’y natatakot na ito ay babagsak sa kanya. At tunay na ang masamang tao ay kanyang nakikita ang kanyang kasalanan na parang isang langaw na dumaan sa kanyang ilong at kanyang sinabi ay ganito (kanya itong pinaalis sa pamamagitan ng kanyang kamay)”

Mga alipin ng Allah, kasama sa pagdadakila ng isang alipin sa Allah ay ang kanyang pagdadakila ng karapatan ng kanyang kapwa tao. Irerespeto niya ang kanyang karapatan at lalayuan niya ang mga bagay na ikakasakit niya sa kanyang kapwa. Naikwento ng ama ni Abdurrahman na si Abu Bakrah; isang araw ay umupo ang Propeta Muhammad ﷺ sa kanyang kamelyo at nagtanong, **“Anong araw ngayon?”** Natahimik kami at akala naming papangalanan ng Propeta ﷺ ang araw na iyon ng bagong pangalan, ngunit kanyang sinabi, **“Hindi ba araw ngayong ng Nahr (Pagkatay)?** sumagot kami ng “Oo”. Nagtanong ulit ang Propeta ﷺ, **“Anong buwan**

ngayon?" Natahimik kami ulit at akala naming bibigyan ito ng Propeta ﷺ ng bagong pangalan, at siya ay nagsabi, **"Hindi ba ngayon ay buwan ng Dhul Hijjah?"** at sumagot kami, Oo. At kanyang sinabi,

"فَإِنَّ دِمَاءَكُمْ وَأَمْوَالَكُمْ وَأَعْرَاضَكُمْ بَيْنَكُمْ حَرَامٌ كَحُرْمَةِ يَوْمِكُمْ هَذَا فِي شَهْرِكُمْ هَذَا فِي بَلَدِكُمْ هَذَا"

"Katotohanan na ang inyong mga dugo, ang inyong mga kayamanan, at ang inyong dangal ay sagrado, katulad ng pagiging sagrado ng araw na ito, ng buwan na ito, at ng lugar na ito."

At alamin ninyo, na ang pagpadanak ng dugo ng isang mananampalataya ay mas karumal-dumal pa sa pagsira sa Ka'bah. Katulad ng sinabi ni Omar Bn Al-Khattab radiyallahu anhu noong siya ay nakatingin sa Ka'bah:

"ما أعظمك وأعظم حرمتك والمؤمن أعظم حرمة عند الله منك"

"Napakadakila mo at napakadakila ng pagiging sagrado mo, at ang mananampalataya ay mas dakila ang kanyang pagiging sagrado kaysa sa iyo para sa Allah"

Bagkus, ang pagiging sagrado ng dugo ng mananampalataya ay mas matindi at dakila pa sa pagiging sagrado na sirain ang mundo at ang mga napapaloob rito. Naiulat ni Abdullah bin Omar na sinabi ng Propeta ﷺ:

"لِزَوَالِ الدُّنْيَا أَهْوَنُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ قَتْلِ رَجُلٍ مُسْلِمٍ بِغَيْرِ حَقٍّ"

"Ang paglaho ng mundo ay mas maliit para sa Allah kaysa sa pagpatay ng isang lalaking Muslim nang walang katarungan"

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagdadakila sa mga palatandaan ng Allah at mga ginawa Niyang sagrado ay isa sa mga importanteng bagay na dapat nating gawin upang mapabilang tayo sa mga matatakutin sa Kanya.

﴿ذَلِكَ وَمَنْ يُعْظَمْ شَعَائِرَ اللَّهِ فَإِنَّهَا مِنْ تَقْوَى الْقُلُوبِ﴾ [الحج:32]

“Iyan nga (iyon). At sinuman ang dumadakila sa mga sagisag (o palatandaan) ng Allah, katotohanan, ito ay nagmula sa kabanalan (o kalinisan) ng mga puso.”



Ang Mga Gawain ng Puso, Mga Antas at Kahalgahan nito

الخطبة الأولى:

Mga Alipin ng Allah! Katotohanan na sa puso ay may malaking lugar at mahalagang ginagampanan na kailanman ay hindi mapapantayan. Dahil sa pagiging matuwid ng puso ay nagiging maayos ang lahat ng mga gawain, kalagayan at pisikal na pangangatawan at nasisira ang mga ito sa kasiraan nito. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"أَلَا وَإِنَّ فِي الْجَسَدِ مُضْعَةً إِذَا صَلَحَتْ صَلَحَ الْجَسَدُ كُلُّهُ، وَإِذَا فَسَدَتْ فَسَدَ الْجَسَدُ كُلُّهُ، أَلَا وَهِيَ الْقَلْبُ"

"At hindi ba't sa katawan ay may isang parte na kapag maayos ay maayos din ang lahat ng parte ng katawan at kapag ito ay masira ay masisira din ang lahat ng parte ng katawan at hindi nga ba't ito ay ang puso"

Ang puso ay may pananagutan sa pagkakaroon ng epekto at pagtugon sa emosyonal ng katawan ng isang tao, kung kaya't ang Sugo ng Allah (ﷻ) ay kanyang dinadamihan ang pagbigkas ng:

"يَا مُقَلِّبَ الْقُلُوبِ ثَبِّتْ قَلْبِي عَلَى دِينِكَ"

"O', Tagapagbaliktad ng mga puso, patatagin mo sa Iyong Relihiyon ang aking puso."

At ang mga gawain pangpuso ay siyang mga gawain na kung saan ang lugar nito ay sa puso at palaging nakakabit dito at ang isa pinakamalaking gawain ng puso ay ang Pananampalataya sa Allah at ang ilan sa uri ng pananampalataya sa Allah ay ang pagmamahal, pagkatakot, pag-aasam ng pag-asa, pagbabalik loob, pagtitiwala, katiyakang paniniwala, pagpapakumbaba, pagkapangamba, pagkapayapa at iba pa.

O Kayong mga Muslim! Katunayan na ilan sa katibayan ng kahalagahan ng pangpuso na mga gawain ay siya mas mainam sa mga pangpisikal na mga gawain. Katunayan na ang pagkakaroon ng depekto sa mga gawaing pagsamba na may kinalaman sa pangpuso na mga gawain ay maaaring sumira sa mga gawaing pagsamba na may kinalaman sa pangpisikal na mga gawain. Ang pagiging taos sa puso ay isang uri ng pangpuso na gawain, at kapag nawala ang pagiging taos-puso mula sa puso ng isang mananampalatayang alipin ay hahantong siya sa

pagtatambal, pagkukunwari at pagpapakitang tao at kasunod niyan ay pagkasira ng kanyang gawain dahil katotohanan na ang Allah ay mabuti at hindi Niya tinatanggap maliban na lamang sa mabuti.

At ilan sa mga nagpapatunay sa mga kahalagahan nito; Katunayan na ang mga Gawain ng puso ay siyang pundasyon ng pagkaligtas mula sa impierno at pagkatagumpay sa paraiso. Katulad ng Tawheed o pakikiisa sa pananampalataya sa Allah. Ito ay gawain lamang ng puso at ang pagkatiwasay ng kalooban ng mga Muslim, ito din ay gawain lamang din ng puso. At hindi lingid sa kaalaman mula sa inyo ang balita ng isa sa mga sahabah na ang Propeta Muhammad ﷺ ay nabanggit na katunayan na may isang taong taga paraiso o mapapabilang sa paraiso na tataas ang antas niya kaysa sa inyo ng tatlong beses dahil sa kadahalinan na hindi siya nagtatangan ng kahit anuman pandaraya o pagkainggit sa kanyang puso para sa kanyang kapatid na muslim sa kung anumang biyaya na ipinagkaloob sa kanila ng Allah.

Ang gawaing pagsamba ng puso ay mas mabigat kaysa sa pangpisikal na gawain. At ang ilan sa mga ito ay katunayan na ang gawaing pangpuso ay may mas malaking epekto kaysa sa pisikal na gawain. Katunyan na ang ilan sa mga Salaf o ang mga matutuwid na mananampalataya na nauna sa atin ay nagsasabi:

"مساكين أهل الدنيا خرجوا من الدنيا وما ذاقوا أطيب ما فيها، قالوا: وما أطيب ما فيها؟ قال: محبة الله والأنس به والشوق إلى لقائه والإقبال عليه والإعراض عما سواه"

"Ang mga mahihirap na mga tao mula sa mundo noong sila ay nakalabas mula dito ay walang silang nalasap na kaginhawaan maliban sa isang bagay mula dito: At sila ay nagtanong: "Anong kaginhawaan ang nalasap nila mula mundo? Siya ay nagwika: "Ang pagmamahal sa Allah at pagkalugod sa Kanya at pananabik na makakaharap Siya at pagtungo sa Kanya at paglayo sa iba bukod sa Kanya."

At ang ilan sa mga gawain na ito, katunayan na ang gawaing pangpuso ay mas maraming gantimpala mula sa Allah kaysa sa pisikal na gawaing pagsamba. At ang ilan sa mga sa Salaf ay mas pinapahalagahan ang gawaing pagsamba ng puso kaysa sa pagpaparami ng pisikal na gawaing pagsamba ngunit ganunpaman ay hindi nila pinababayaang ang pisikal na gawaing pagsamba. Nagwika si Abu Darda :

"تفكر ساعة خير من قيام ليلة".

" Ang pagmumuni muni sa Allah ng isang oras ay mas mainam kaysa sa pagdarasal na nakatayo ng buong magdamag."

At ilan sa mga nagpapahiwatig ng kahalagahan nito; Katunayan na ang gawaing pagsamba ng puso ay maaaring pamalit mula sa pisikal na gawain na

pagsamba. Katulad ng pakikibaka sa landas ng Allah. May dumating na mga kalalakihan sa Propeta Muhammad ﷺ na nagnanais na sumama sa kanya. Ang mga tao na iyon ay katulad nang pagwiwika ng Propeta Muhammad ﷺ:

"إِنَّ بِالْمَدِينَةِ لَرِجَالًا مَا سِرْتُمْ مَسِيرًا، وَلَا قَطَعْتُمْ وَادِيًا، إِلَّا شَرَكُوكُمْ فِي الْأَجْرِ"

"Katotohanan na sa Madina ay may mga tao na kung saan anuman paglalakbay ang lakbayin niyo o anumang lambak ang tawirin niyo maliban na lamang na sila ay kasali sa gantimpala na makukuha niyo."

At bakit? Dahil katunayan na may isang bagay na nakapagpigil sa kanila. Ang ilang mananampalataya ay maaaring hindi makagawa ng ilang mga gawain ngunit sila ay maaaring magkamit ng gantimpala katulad sa gumagawa nito sa pamamagitan ng kanilang mga intensyon.

O Kayong mga mananampalataya, napag-alaman niyo na ang puso ay may malaking ginagampanan sa gawaing pagsamba kung kaya't kailangan na umiwas tayo mula sa mga bagay na nakakasira nito. Ang ilan sa mga nakakasira dito ay ang sumusunod;

Pag-uugnay ng puso sa iba bukod sa Allah, dahil ang pagiging alipin ng puso ay mas mabigat kaysa sa pagiging alipin ng katawan. At ang pagkahumaling ng husto sa mundo at pagkapanatag dito na may kasamang pagkalimot sa kabilang buhay ay isa sa nakakasira ng puso.

At ang ilan din sa nakakasira nito; Ang pagbibigay ng sobrang pansin sa ibang bagay katulad ng masyadong pagbibigay ng importansya sa pagkain at sa inumin at sa pagtulog at sa pagsasalita at sa pakikilahok sa iba at pakikipagkwentuhan masyado sa kanila at sobrang pagtawa at lahat ng mga gawain na lumalagpas sa hangganan ng pangangailangan ay ilan lamang sa nakakasira sa puso ng tao. Sinabi ni Al-Fudayl bin Iyaad:

"خصلتان تقسيان القلب: كثرة الكلام وكثرة الأكل". ويقول أبو سليمان الداراني: "لكل شيء صدى وصدأ القلب الشبع"

"Dalawang uri ng bagay na nakakasira sa puso; Pagpaparami sa pananalita at pagpaparami sa pagkain."

At sinabi ni Abu Sulayman Addaaraniy ni:

"لكل شيء صدى وصدأ القلب الشبع"

"Sa bawat bagay ay may kalawang at ang kalawang ng puso ay pagkabusog."

O mahal kong kapatid! Gamutin mo ang iyong puso dahil ito ang lugar na kung saan tinitingnan ng Allah. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ لَا يَنْظُرُ إِلَى صُورِكُمْ وَأَمْوَالِكُمْ، وَلَكِنْ يَنْظُرُ إِلَى قُلُوبِكُمْ، وَأَعْمَالِكُمْ"

"Katotohanan na ang Allah ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo at kayamanan ninyo ngunit Siya ay tumitingin sa mga nilalaman ng mga puso ninyo at mga gawain ninyo."

At ang ilan sa gamot at pang-ayos ng puso; Ang pakikibaka sa kanyang sarili. Kinakailangan ng isang tao ang palagian at patuloy na pakikibaka para dito. Sinabi ni Ibnu Al-Munkadir kahabagan nawa siya ng Allah:

"كابدت نفسي أربعين سنة حتى استقامت لي."

"Nakipaglaban ako sa aking sarili ng apatnapung taon hanggang sa naging matuwid at maayos ito."

At paano tayo makakaabot sa ganitong antas sa pagbibigay ng malaking oras sa pagsamba at sa paglasap sa tamis nang pananampalataya at pananabik dito na kung saan tayo naman ay nasa sitwasyon na kapag dinagdagan ng Imam ng kaunting oras ang pagsasalah o pagdarasal sa kung anong nakasanayan ay magsisimula tayong mapagod o maumay at maiinip at pararamihin natin ang paggalaw. Ang ilan sa atin ay gagalawin ang kanyang mga daliri at papalagatukin ang mga ito o meron namang titingin sa kanyang orasan o tataliin ang kanyang imama o turban sa kanyang ulo o di kaya ay pagkatapos ng Imam ay atin siyang pagagalitan o pagsasabihan dahil sa pagpapahaba niya ng oras nang pagdarasal.

Kung ang mga puso natin ay panatag lamang sa pagmamahal sa Allah at sa pagsunod sa Kanya ay hindi tayo mabubusog sa ating mga pagdarasal at mga gawaing pagsamba. Anong sitwasyon pa ba ang mas mainam kaysa sa sitwasyon ng isang alipin na nasa harapan ng kanyang Panginoon at kanyang Tagapaglikha na kanyang isinasagawa ang mga pamaraan ng pagsamba.

At kabilang rin sa nakakapabuti sa puso; Ang pagparami ng pag-alaala sa kamatayan, pagbisita sa libingan at pagtingin sa taong nasa bingit ng kamatayan, dahil tunay na ito ang mga sandali na kung saan lalabas ang isang tao mula sa mundo at kanyang iiwan ang mga sariling pagnanasa at mga kaaliwan. At kanyang iiwan ang kanyang pamilya at kanyang kayamanan na kung saan pinagod niya ang kanyang sarili upang ipunin ito. Ito ang sandali na kung saan magpapakumbaba dito ang mga mapagmalaki at mapagmataas at hindi magkakaroon ng anumang koneksiyon sa mundo. Dahil dito'y ang pag-aalala sa kamatayan ay nakakabuhay ng puso. Sinabi ni said bin jubayr, rahimahullah;

"لو فارق ذكر الموت قلبي لخشيت أن يفسد علي".

"Kapag iiwan ng puso ko ang pag-aalala sa kamatayan, ako'y natatakot na ito'y masisira"

At kabilang rin sa nakakabuhay ng puso; Ang pakikihalubilo sa mga saliheen/mga mabubuting tao na kung saan kanilang inaalala ang Allah at iyong maalala ang Allah kapag ika'y tumingin sa kanilang mga mukha. Meron sa mga tao na kung saan kapag tumingin ka sa kanyang mukha ay magiging magaan ang iyong dibdib. Nabanggit sa isang hadith mula sa Propeta ﷺ:

"خيار عباد الله الذين إذا رؤوا ذكر الله". ولهذا قيل: "ما أسرَّ أحد سريرة إلا أظهرها الله على صفحة وجهه وفلتات لسانه"

"Ang pinakamaiging mga alipin ng Allah ay sila yaong kapag sila'y nasisilayan ay naaalala ang Allah"

Kaya dahil dito'y kanilang sinabi:

"ما أسرَّ أحد سريرة إلا أظهرها الله على صفحة وجهه وفلتات لسانه".

"Walang sinuman ang maglihim ng isang bagay maliban na lamang na ito'y ilalabas ng Allah mula sa kanyang pagmumukha, at kanyang pananalita"

At kabilang din sa mga nakakabuhay ng puso; kanyang iugnay ang kanyang puso sa kanyang Panginoon, kanyang Tagapaglikha at sinasamba. Tunay na ang Allah ay nilikha Niya ang puso at ito'y hindi magiging maayos sa anumang kalagayan maliban na lamang na kapag kanya itong iuugnay sa kanyang Panginoon. Dahil dito'y sinabi ni Ibno Al-Qayyim rahimahullah:

"إن في القلب وحشة لا يذهبها إلا الأنس بالله، وفيه حزن لا يذهب إلا السرور بمعرفته، وفيه فاقة لا يذهب إلا صدق اللجأ إليه، ولو أعطي الدنيا وما فيها لم تذهب تلك الفاقة أبداً"

"Tunay na ang puso ay may pagkabagsik/pagtalikod at ito'y hindi maaalis maliban na lamang na ito'y iuugnay sa Allah, at ito'y may kalungkutan na kung saan hindi mapapawi maliban na lamang sa kasiyahan na Siya'y makilala, at ito'y mayroong kahirapan na kung saan hindi maaalis maliban na lamang sa totoong pagsusumamo sa Kanya. Kahit na ibigay pa ang buong mundo at nilalaman nito ay hindi maaalis ang kahirapan na iyon"

الخطبة الثانية:

O mga Muslim! Kasama sa mga paraan na siyang tutulong upang maayos ang puso ay ang mga mabuting gawain. Tulad ng sinabi ni ibno Abbas radiyallahu anhu:

"إن للحسنة نوراً في القلب، وضياء في الوجه، وقوة في البدن، وزيادة في الرزق، ومحبة في قلوب الخلق، وإن للسيئة سواداً في الوجه، وظلمة في القلب، ووهن في البدن، ونقصاً في الرزق، وبغضاً في قلوب الخلق".

"Tunay na ang kabutihan ay may liwanag sa puso, kislap sa mukha, lakas sa pangangatawan, karagdagan sa biyaya at pagmamahal sa puso ng mga nilikha. At tunay na ang kasamaan ay maitim sa mukha, kadiliman sa puso, kahinaan sa pangangatawan, kakulangan sa biyaya, at pagkapoot sa puso ng mga nilikha"

At kabilang din sa mga nakakaayos ng puso; ang pag-aalala sa Allah at pagbasa ng Qur-an. Sinabi ni Sulayman Al-Khawwas rahimahullah;

"الذكر للقلب بمنزلة الغذاء للجسد، فكما لا يجد الجسد لذة الطعام مع السقم، فكذلك القلب لا يجد حلاوة الذكر مع حب الدنيا"

" Ang pag-aalala sa Allah ay katulad ng pagkain sa katawan. Katulad ng katawan na hindi makakaramdan ng sarap ng pagkain kapag mayroong sakit ay ganun din ang puso, hindi makakaramdam ng tamis ng pag-aalala sa Allah kapag ito'y may pagmamahal sa mundo"

Mga Alipin ng Allah, katakutan ninyo ang Allah. At inyong ayusin ang inyong mga puso dahil dito'y magiging maayos ang inyong mga gawain. Sinabi ng Allah:

﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴾ [الأنفال:

[2]

"Katotohanan, ang tunay lamang na mananampalatya ay ang mga yaong kapag binaggit ang Allah, ang kanilang mga puso ay nanginginig sa takot, at kapag ang Kanyang mga Ayah ay binibigkas sa kanila, ito ay nakakaragdag sa kanilang mga pananampalataya at sila'y sa kanilang Panginoon ay nagtitiwala"



Ang Lubos Na Pangangailangan Ng Tao Sa Allah

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pangangailangan ng lahat ng mga nilikha o mga nilalang sa Allah ay hindang-hindi mailalarawan, dahil katotohanang ang bawat nilikha o nilalang ay lubos na nangangailangan sa Allah sa lahat ng sitwasyon, at hindi maaaring sa isang saglit lamang ay hindi sila tulongan ng Allah. Ang Allah ang Siyang lumikha sa kanila mula sa wala, ang Allah ang nagbigay sa kanila ng maraming mga biyaya, ang Allah ang umalalay at gumabay sa kanila sa kung anumang makakabuti sa kanila, at ang Allah ang pumuprotekta sa kanila mula sa anumang makakasama sa kanila. At ano pa nga ba ang halaga ng isang nilalang o nilikha kung wala ang kanyang tagapaglikha?

Katotohanang ang Allah, ang ating Panginoon, ang lumikha sa atin, ay nilikha Niya tayo hindi dahil kailangan Niya tayo, hindi upang maging marami ang mga bagay; dahil noon ay kaunti ang mga ito, hindi upang maging malakas ang mga bagay-bagay; dahil noon ay mahina ang mga ito, at hindi dahil may pangangailangan ang Allah sa atin o sa alinmang bagay.

Ang Allah ay nilikha Niya lamang tayo dahil sa Kanyang kabutihan at maraming gantimpala. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿يَخْلُقُكُمْ فِي بُطُونِ أُمَّهَاتِكُمْ خَلْقًا قَدْ بَعِدَ خَلْقِي فِي ظُلُمَاتٍ ثَلَاثٍ ذَٰلِكُمْ اللَّهُ رَبُّكُمْ لَهُ الْمُلْكُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ فَأَنَّى تُصْرَفُونَ ﴿٦﴾﴾

﴿[الزمر:6]

“Siya ang lumilikha sa inyo sa mga sinapupunan ng inyong mga ina: paglikha na sinundan ng paglikha sa tatlong (bahagi ng) kadiliman. Ganyan ang Allah, ang

inyong Panginoon. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng kapamahalaan. Walang ibang diyos maliban sa Kanya. Paano nga bang kayo ay lumalayo?”

Isipin mo, kapatid sa Islam, kung ikaw ay hindi nilikha ng Allah, ano ka at saan ka ngayon? Naiisip mo ba ang mundo kung wala ka? Kakailanganin ba ng mundo o ng sinuman ang presensya mo? Hindi ba’t lumipas ang maraming panahon at ikaw ay wala? Ang mundo ay mundo; at walang ni-isang bagay ang kakailanganin ka niya upang ito ay mabuhay, at lahat ng bagay na nabubuhay ay mabubuhay pa rin kahit ikaw man ay mawala o maglaho sa mundong ito.

Ang mundo ay mundo, at ang tao ay mga tao pa rin. Na walang nilikha o nilalang ang nangangailangan ng iyong presensya para sila’y mabuhay. At walang nasira o masisirang sistema kung ikaw ay mawawala o mamamatay. Ito ang katotohanan na binanggit ng Qur’an na hinding-hindi mababago. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿أَوَلَا يَذْكُرُ الْإِنْسَانُ أَنَّا خَلَقْنَاهُ مِن قَبْلُ وَلَمْ يَكُ شَيْئًا ۚ﴾ [مرم:67]

“Hindi nga kaya naaalala ng tao na siya ay Aming nilikha noon, nang siya (sa panahong iyon) ay walang anopamang bagay?”

﴿هَلْ أَتَى عَلَى الْإِنْسَانِ حِينٌ مِّنَ الدَّهْرِ لَمْ يَكُنْ شَيْئًا مَّذْكُورًا ۚ﴾ [الإنسان:1]

“Hindi ba dumating sa tao ang isang (yugto ng) panahon, na siya ay bagay na hindi (man lamang) nabanggit?”

At noong marinig ni Jubair bn Mut’im, noong siya ay hindi pa naniniwala sa Propeta, ang Propeta Muhammad ﷺ na nagbabasa ng Qur’an sa Surah At-Tur; at nang umabot ang Propeta sa pagbasa ng Ayah na:

﴿أَمْ حُلِفُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمُ الْخَالِفُونَ ۚ﴾ [الطور:35]

“O sila ba ay nilikha mula sa walang (pinagmulang) bagay, o sila ang mga tagapaglikha ng kanilang mga sarili?”

Nang marinig ni Jubair ang Ayah na ito ay kanyang sinabi; “Parang ang aking puso ay lumilipad.”

Mga alipin ng Allah, katunayan, pagkatapos ng bawat indibidwal, na mangailangan sa Allah upang sila ay Kanyang protektahan, ay ang lahat ng mga tao ng sama-sama ay dapat na kanilang ipakita sa Allah ang kanilang pangangailangan na huwag silang wasakin o palitan. Dahil ang Allah ay lubos na may kakayanan sa pagwasak sa lahat ng tao, at (may kakayanan na) lumikha Siya ulit ng mga panibagong mga tao. At ang Allah ay lubos rin na may kakayanan na alisin at palitan ang ating lahi o ang lahi ng buong sangkatauhan, at Siya ay lumikha ng panibagong lahi ng mga nilalang. Na sila ay mas sinasamba nila ang Allah at hindi nila sinusuwat ang Kanyang mga ipinag-uutos.

Ang Qur'an, mga alipin ng Allah, ay punong-puno ng mga Ayaat o bersikulo o pahayagan na nagpapatunay ng ating pagiging mahirap at mahinang nilalang sa harapan ng Allah. Lubos nating kailangan ang Allah na protektahan tayo at magpatuloy pa ang ating mga salinlahi. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَرَبُّكَ الْغَنِيُّ ذُو الرَّحْمَةِ إِنْ يَشَأْ يُدْهِبْكُمْ وَيَسْتَخْلِفْ مِنْ بَعْدِكُمْ مَا يَشَاءُ كَمَا أَنْشَأَكُمْ مِنْ ذُرِّيَةِ قَوْمٍ

ءآخِرِينَ ﴿١٣٣﴾ [الأنعام: 133]

“At ang iyong Panginoon ay Mayaman (walang pangangailangan) tigib ng habag. Kung Kanyang nais, Kanyang magagawang kayo ay alisin, at magbibigay ng inyong kahalili pagkaraan sa sinomang Kanyang nais tulad ng Kanyang pagkalikha sa inyo mula sa mga lahi ng ibang mamamayan.”

﴿إِنْ يَشَأْ يُدْهِبْكُمْ أَهْلَهَا النَّاسَ وَيَأْتِ بِآخَرِينَ وَكَانَ اللَّهُ عَلَى ذَلِكَ قَلِيلًا ﴿١٣٣﴾﴾ [النساء: 133]

“Kung Kanyang nais, Kanyang magagawang kayo ay alisin, O kayong mga tao, at magparating ng iba (bilang inyong magiging mga kapalit). At ang Allah ay Lagi ng may Kakayahan na gawin iyan.”

﴿ أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ بِالْحَقِّ إِنَّ يَئُوسَ إِذْهَبَكُمْ وَيَأْتِ بِخَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿١٩﴾ وَمَا ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ بِعَزِيزٍ ﴿٢٠﴾ ﴾

[إبراهيم: 19-20]

“Hindi ba ninyo nakikita na ang Allah ang Siyang lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan sa katotohanan? Kung Kanyang nais, kayo ay Kanyang mapapaalis at magdadala ng panibagong nilikha. At iyan ay hindi mahirap (gawin) para sa Allah.”

﴿ فَلَا أَقْسَمُ بِرَبِّ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ إِنَّا لَقَادِرُونَ ﴿٤١﴾ عَلَى أَنْ نُبَدِّلَ خَيْرًا مِنْهُمْ وَمَا نَحْنُ بِمَسْبُوقِينَ ﴿٤٢﴾ ﴾ [المعارج: 40-41]

“Kaya, ako ay sumusumpa (bilang) Panginoon ng mga silangan at mga kanluran, katotohanang Kami ay may Ganap na Kakayahan. Upang sila ay palitan ng (ibang nilikhang) nakahihigit kaysa sa kanila at Kami ay hindi (nila) magagawang maunahan (madaig o mahigitan).”

﴿ نَحْنُ خَلَقْنَاهُمْ وَشَدَدْنَا أَسْرَهُمْ وَإِذَا شِئْنَا بَدَلْنَا أَمَثَلَهُمْ تَبْدِيلًا ﴿٢٨﴾ ﴾ [الإنسان: 28]

“Kami ang lumikha sa kanila at sila ay Aming ginawang malalakas. At kung Aming naisin, sila ay Aming magagawang palitan ng mga ibang nakakatulad nila ng ganap na pagpapalit.”

Bukod pa sa mga Ayaat na ito ay napakaliwanag ring sinabi ng Allah sa Qur'an ang katotohanan kung bakit tayo'y lubos na nangangailangan sa Allah, at kung bakit kailangan natin ang Allah upang maprotektahan ang lahat ng lahi ng sangkatauhan. Sinabi ng Allah:

﴿ يَا أَيُّهَا النَّاسُ أَنْتُمُ الْفُقَرَاءُ إِلَى اللَّهِ وَاللَّهُ هُوَ الْغَنِيُّ الْحَمِيدُ ﴿٥﴾ إِنْ يَشَأْ يُذْهِبْكُمْ وَيَأْتِ بِخَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿٦﴾ وَمَا ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ بِعَزِيزٍ ﴿٧﴾ ﴾

[فاطر: 15-17]

“O sangkatauhan, kayo ang may pangangailangan sa Allah, samantalang ang Allah ay Mayaman (walang pangangailangan sa inyo), ang Kapuri-puri. Kung Kanyang naisin, magagawa Niyang kayo ay alisin at magpalitaw ng panibagong nilikha. At iyan ay hindi mahirap sa Allah na gawin.”

Lubos tayong mahirap na nangangailangan sa Allah na tayo ay Kanyang gabayan tungo sa katotohanan, sa Islam, at sa pananampalataya at pagsamba natin sa Kanya. Dahil katotohanang kung hindi dahil sa Allah ay hindi tayo mga Muslim, hindi tayo naniniwala, hindi tayo nagsa-Salah, hindi tayo mag-aayuno, hindi tayo gagawa ng mabubuti, at hindi natin lalayuan ang mga masasama. Kung hindi dahil sa Allah, ay walang magiging halaga ang pagiging tao natin, hindi tayo makakapag-isip ng maayos, at hindi natin maipagtatangol ang ating mga sarili. Kung hindi dahil sa Allah ay hindi tayo magagabayan, at tayo'y magiging katulad ng mga taong kanyang niligaw.

﴿قُلْ لَا تَمْنُوا عَلَيَّ إِسْلَامَكُمْ بَلِ اللَّهُ يَمُنُّ عَلَيْكُمْ أَنْ هَدَيْكُمْ لِلْإِيمَانِ إِنْ كُنْتُمْ صَادِقِينَ﴾ [الحجرات: 17]

“Sabihin mo (O Muhammad): Huwag ninyong ituring ang inyong pagyakap sa Islam bilang kabutihang loob sa akin. Bagkus, ang Allah ay naggawad ng kabutihang-loob sa inyo na kayo ay Kanyang pinatnubayan tungo sa paniniwala, kung tunay nga na kayo ay makatotohanan.”

At sinabi ng Allah sa Hadith Qudsi:

"يا عبادي كلکم ضال إلا من هديته فاستهدوني أهدکم"

“O aking mga alipin, lahat kayo ay naligaw maliban sa Aking ginabayan. Kaya hilingin ninyo na gabayan Ko kayo at gagabayan Ko kayo.”

Palagi tayong nangangailangan sa Allah na panatilihin Niya ang ating paniniwala, at ang maging matatag tayo sa paghawak natin at pagsunod sa Islam. Dahil katotohanan na hindi tayo mananatili sa ating paniniwala, at hindi tayo magiging matatag, maliban na lamang na tayo ay gabayan at tulongan ng Allah. Sinabi ng Allah patungkol sa mga may kaalaman:

﴿رَبَّنَا لَا تُزِغْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ هَدَيْتَنَا﴾ [آل عمران: 8]

“O Allah, aming Panginoon, huwag mong iligaw ang aming mga puso, pagkatapos mo kaming gabayan (sa tamang landas).”

At kaya naman, ang bawat nagsa-Salah ay kanyang binabanggit sa bawat Rakaah:

﴿ أَهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ۝ ﴾ [الفاتحة:6]

“Gabayan Mo kami sa tuwid na landas.”

Palagi tayong mahirap na nangangailangan sa Allah na bigyan Niya tayo ng biyaya. Dahil sino pa nga ba ang magbibigay sa atin ng mga bagay-bagay na ikakabuhay natin maliban sa lumikha sa atin at nagbibigay sa atin ng mga biyaya? At katotohanan, na ang isang nilalang ay kahit gaano pa man ito kadakila, gaano pa man siya kalakas o kahit saan pa man siya umabot, ay hinding-hindi niya maibibigay sa kanyang sarili ang mga kailangan nito upang siya ay mabuhay; at paano pa siya makabuhay ng ibang tao kung ang kanyang sarili ay di niya kayang buhayin. Kaya naman, lahat sila ay mga mahihina at nangangailangan sa Allah, na ang Allah lamang ang makapagbibigay sa kanilang lahat ng kanilang ikabubuhay.

﴿ وَمَا مِنْ دَابَّةٍ فِي الْأَرْضِ إِلَّا عَلَى اللَّهِ رِزْقُهَا ۝ ﴾ [هود:6]

“At walang nilikhang gumagala sa kalupaan maliban na nasa Allah ang panustos (Rizq o biyaya) nito.”

﴿ وَكَأَيِّنْ مِنْ دَابَّةٍ لَا تَحْمِلُ رِزْقَهَا اللَّهُ يَرْزُقُهَا وَإِذَا كَفَّ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ۝ ﴾ [العنكبوت:60]

“At gaano karami ang mga nilikhang gumagala ang hindi nagpapasan ng (sariling) panustos nito (upang mabuhay)? Ang Allah ang Siyang nagkakaloob (ng panustos) para sa kanya at para sa inyo. At Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Maalam.”

At katotohanang nabanggit ng Allah sa maraming mga Ayaat sa Qur'an ang lubos nating pangangailangan sa Kanya. Na tayo'y walang lakas o kakayanan na mapanatili ang ating lahi, o ang mabuhay tayo ng matagal at mapayapa, maliban na tayo'y

tulongan, gabayan, at bigyan ng Allah ng mga panustos o biyaya na magiging dahilan ng ating pamumuhay sa mundo.

﴿اللَّهُ الَّذِي خَلَقَكُمْ ثُمَّ رَزَقَكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يُحْيِيكُمْ هَلْ مِنْ شُرَكَائِكُمْ مَنْ يَفْعَلُ مِنْ ذَلِكَ شَيْئًا سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿40﴾﴾

﴿[الروم:40]﴾

“Ang Allah ang lumikha sa inyo, pagkaraan ay nagkaloob sa inyo (ng panustos), pagkaraan ay Kanyang pinangyarihing kayo ay mamatay, pagkaraan (Siya) ay magbibigay buhay sa inyo (sa Araw ng Paghuhukom). Mayroon ba sa alinmang (inyong itinuturing bilang) mga katambal (ng Allah) ang makakagawa ng anomang bagay na tulad niyon? Luwalhati sa Kanya! At Siya ay Mataas ng higit sa kaysa sa anomang kanilang itinatambal (sa Kanya).”

At katotohanan na tayo’y inutusan ng Allah na palaging tandaan ang mga biyayang ito ng Allah sa atin at huwag natin itong kalimutan.

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ أذكُرُوا اللَّهَ عَلَيْكُمْ هَلْ مِنْ خَلْقٍ غَيْرِ اللَّهِ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ ﴿3﴾﴾ [فاطر:3]

“O sangkatuhan, inyong alalahanin ang pagpapala ng Allah sa inyo. Mayroon pa bang tagapaglikha bukod sa Allah na nagbibigay panustos sa inyo mula sa kalangitan at kalupaan?”

At kung ititigil ng Allah ang panunustos sa atin ay sinong magbibigay sa atin nito?

﴿أَمَّنْ هَذَا الَّذِي يَرْزُقُكُمْ إِنْ أَمْسَكَ رِزْقَهُ ﴿21﴾﴾ [الملك:21]

“O sino kaya ang maaaring makapagbigay sa inyo ng panustos kung Kanyang ipagkait ang Kanyang panustos?”

At katotohanan na ang panustos o Rizq, ay hinihingi lamang sa sinumang kayang makapagbigay nito. At tunay nga na ang Allah ang may hawak at may kontrol ng lahat ng yaman dito sa kalupaan at sa kalangitan.

﴿ إِنَّمَا تَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ أَوْثَانًا وَتَخْلُقُونَ إِفْكًا إِنَّ الَّذِينَ تَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ لَا يَمْلِكُونَ لَكُمْ رِزْقًا فَابْتَغُوا عِنْدَ اللَّهِ

الرِّزْقَ وَأَعْبُدُوهُ وَاشْكُرُوا لَهُ ۖ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿١٧﴾ [العنكبوت: 17]

“Katotohanan, yaong mga sinasamba bukod sa Allah ay walang taglay na kapangyarihan para sa inyo (upang magbigay) ng panustos. Kaya, inyong hanapin sa Allah ang inyong panustos, at Siya ay inyong sambahin at kayo ay magpasalamat sa Kanya. (Sapagkat) sa Kanya kayo ay ibabalik.”

Palagi tayong nangangailangan sa Allah na bigyan Niya tayo ng ating makakain, maiinom, masusuot; na bigyan Niya tayo ng malusog na pangangatawan, at mga gamot na ipang-gagamot natin sa ating mga sakit, at sa lahat ng bagay. At katotohanang nabanggit ng Allah sa Hadith Qudsi:

"يا بني آدم كلکم کان ضالا إلا من هدیت، وكلکم کان عاريا إلا من کسوت، وكلکم کان جائعا إلا من أطعمت، وكلکم کان ظمأنا إلا من سقیتم، فاستهدونی أهکم، واستکسونی أكسکم، واستطعمونی أطعکم، واستسقونی أسقکم"

"O kayong mga anak ni Adam, lahat kayo ay naligaw maliban sa Aking ginabayan. Lahat kayo ay hubot-hubad maliban sa Aking binigyan ng kasuotan. Lahat kayo ay gutom maliban sa Aking pinakain. Lahat kayo ay uhaw maliban sa Aking pinainom. Kaya hilingin ninyo na gabayan Ko kayo at gagabayan Ko kayo. Hilingin ninyo na bigyan Ko kayo ng kasuotan at bibigyan Ko kayo. Hilingin ninyo na pakainin Ko kayo at papakainin ko kayo. Hilingin ninyo na painumin kayo at papainumin ko kayo."

At katunayan na ang pagiging mahirap natin na nangangailangan sa Allah ay palagian. Na sa lahat ng sitwasyon at pagkakataon, ay ang ating mga kilos at gawa ay nakadepende sa kagustuhan at kontrol ng Allah. Na kung tatanggapin ng alipin ang kanyang sitwasyon na binigay sa kanya ng Allah ay mabibilang siya sa mga

matagumpay at mga nanalo. At kung ang isang alipin naman ay tumanggi, o inayawan niya ang kanyang sitwasyon o lagay na binigay sa kanya ng Allah, ay katunayang siya ay nalugi at natalo.

Kaya naman, kilalanin ninyo ang Allah at alamin ninyo ang Kanyang mga karapatan, tanggapin ninyo ng lubos ang Kanyang mga kagandahang-loob, at inyong alalahanin at pakatandaan na ang lahat ng kontrol at lakas ay nasa Allah lamang, لا حول ولا قوة إلا بالله.

Dahil ang paniniwalang ito ay katunayang magpapaalala sa atin ng ating pagiging lubos na mahirap sa harap ng Allah.

Naiulat ni Abu Musa Al-Ash'ariy radiyallahu anhu na isang beses ay dumating sa kanya ang Propeta Muhammad ﷺ at kanyang sinabi, "لا حول ولا قوة إلا بالله".

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, katotohanang isa sa mga ginagawa at pinapaniwalaan ng mga Sugo, Propeta, at mga mabubuting tao na nauna sa atin, ay ang pagiging lubos nilang mahirap na nangangailangan sa Allah. Sila ay lumuluhod at kanilang itinataas ang kanilang mga kamay sa Allah, at kanilang inaamin ang kanilang pagiging mahirap, mahina, at ang lubos nilang pangangailangan sa Allah. Kanilang iniisip, inaamin, at tinatalima na ang lakas at kontrol ay wala sila, at ito lamang ay nasa mga kamay ng Allah.

Kaya naman, si Propeta Ibrahim alayhis-salam ay kanyang itinanggi at tinalikuran ang mga rebultong sinasamba ng kanyang nasyon, at kanyang ideneklara at pinahayag na ang kanya lamang pangangailangan ay nasa Allah (ang Allah lamang

ang makakapagbigay nito), na Siya lamang ang makakapamahala sa kanyang buhay dito sa mundo.

﴿ قَالَ أَفَرَأَيْتُمْ مَا كُنْتُمْ تَعْبُدُونَ ۖ أَنْتُمْ وَءَابَاؤُكُمْ الْأَقْدَمُونَ ۖ فَإِنَّهُمْ عَدُوٌّ لِي إِلَّا رَبَّ الْعَالَمِينَ ۖ ۞ ۷٦ ۝ الَّذِي خَلَقَنِي فَهُوَ يَهْدِينِ ۖ ۞ ۷٧ ۝ وَالَّذِي هُوَ يُطْعِمُنِي وَيَسْقِينِ ۖ ۞ ۷٨ ۝ وَإِذَا مَرِضْتُ فَهُوَ يَشْفِينِ ۖ ۞ ۷٩ ۝ وَالَّذِي يُمِيتُنِي ثُمَّ يُحْيِينِ ۖ ۞ ۸٠ ۝ وَالَّذِي أَطْمَعُ أَنْ يَغْفِرَ لِي خَطِيئَتِي يَوْمَ ٱلَّذِينَ ۖ ۞ ۸١ ۝ ﴾ [الشعراء: 75-82]

“Siya (si Ibrahim) ay nagsabi: Nakikita ba ninyo kung ano ang inyong mga sinasamba? Kayo at ang inyong mga ninuno? Katotohanan, sila ay aking mga kaaway, maliban sa Panginoon ng lahat (lahat ng nilikha). Na Siyang lumikha sa akin, at Siyang papatnubay sa akin. At Siya ang nagpapakain sa akin at nagbibigay sa akin ng inumin. At kapag ako ay nagkasakit, Siya ang nagpapagaling sa akin. At Siyang magtutulot na ako ay mamatay, pagkaraan ay muling bubuhayin. At Siya ang aking inaasahang magpapatawad sa aking mga kasalanan sa Araw ng Pagbabayad.”

Ito nga ay napakaliwanag na deklarasyon ng Propeta Ibrahim alayhis-salam kung gaano niya lubos na kailangan ang Allah.

Lagi tayong lubos na nangangailangan sa Allah na gawin niyang maayos ang ating mga puso, ang tulongan Niya tayong maging mabuti ang ating mga gawa, ang tulongan Niya tayong maging matatag sa ating relihiyon; dahil katotohanang ang lahat ng mga ito ay nasa mga kamay ng Allah. Dahil katotohan na ang ating mga puso ay nasa pagitan ng mga daliri ng Allah na Kanya itong pinapaikot-ikot kung paano niya naisin.

Lagi tayong lubos na nangangailangan sa Allah na ingatan Niya at pangalagaan ang ating mga sarili, ang ating mga anak at pamilya, at ang ating mga yaman, mula sa mga sakit at mga di-inaasahang pangyayari.

Lagi tayong lubos na nangangailangan sa Allah na protektahan Niya ang ating Ummah, ang ating bayan, at lahat ng bayan ng mga Muslim, mula sa kasamaan ng mga di-naniniwala at mga hipokritong Muslim.

Lagi tayong lubos na nangangailangan sa Allah na panatilihin Niya ang pagbibigay sa atin ng mga biyaya at huwag Niya itong itigil. Dahil katotohanang siya ang may kakayahan na itigil ito at hindi Niya tayo bigyan ng Rizq.

Maging lubos tayong nangangailangan sa Allah lamang at hindi sa iba pa bukod sa Kanya.



Ang Pagsunod Sa Sariling Pagnanasa

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanang tayo ay nilikha ng Allah at Kanya tayong inutusan na mamuhay sa mundong ito at sundin natin ang Kanyang mga batas, na kung saan ito ang magpoprotekta sa ating maayos na pamumuhay dito sa daigdig at magbibigay sa atin ng mabuting kahahantungan sa kabilang buhay. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿فَمَنِ اتَّبَعَ هُدَايَ فَلَا يَضِلُّ وَلَا يَشْقَىٰ ۖ وَمَنْ أَعْرَضَ عَن ذِكْرِي فَإِنَّ لَهُ مَعِيشَةً ضَنْكًا يَخْشُرُهُ يَوْمَ الْقِيَمَةِ أَعْمَىٰ ۝﴾

[طه: 123-124]

“Samakatuwid, ang sinumang susunod sa Aking Gabay ay hindi maliligaw, at hindi magdurusa (sa kabilang buhay). Ngunit sinumang lumayo sa Aking paalaala (o babala), katotohanan, kanyang matatamo ang isang masaklap na buhay at siya ay Aming bubuhaying bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.”

Ibig sabihin, ang sukatan ng pagiging masaya at matagumpay na pamumuhay dito sa mundo ay depende sa pagsunod sa mga kautusan ng Allah at sa Kanyang mga batas. At ang tunay na pagkalugi naman ay nakabase sa pagsalungat o hindi pag-sunod ng tao sa mga kautusan ng Allah at sa pagsunod niya sa kanyang sariling pagnanasa.

At katunayang ang Allah ay nagbabala sa mga tao sa pagsunod nila sa kanilang sariling pagnanasa sa kanilang mga salita at kilos. At nararapat sa Muslim na huwag niyang sundin ang kanyang sarili na kung saan ito ay sumasalungat sa kung ano ang katuruan ng Islam. Kahit pa na ang isang bagay na kanyang pinakanais na gawin o pinakanais makuha ay labag sa katuruan ng Islam, ay huwag niya itong ipilit na magawa o makamtan. Dapat niyang mas unahin ang batas ng Islam, dahil dito niya

mapapatunayan ang kanyang totoong paniniwala, at kung gusto niyang magkaroon ng maayos at matuwid na pamumuhay, at kung gusto niyang maging masaya at matagumpay sa kabilang buhay.

Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّى يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنْفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا ﴾

﴿ [النساء: 65] ﴾

“Sumumpa ang Allah, na kailanman ay hindi sila magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ka nila ginagawang hukom sa anumang hindi nila napagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol, at sila ay susunod nang ganap na pagsunod.”

﴿ فَإِنْ لَمْ يَسْتَجِيبُوا لَكَ فَاعْلَمْ أَنَّمَا يَتَّبِعُونَ أَهْوَاءَهُمْ وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّنِ اتَّبَعَ هَوَاهُ بِغَيْرِ هُدًى مِّنَ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ ﴾

﴿ [الفصل: 50] ﴾

“At kapag hindi sila tumugon sa iyo, magkagayon dapat mong malaman na sila ay sumusunod lamang sa kanilang (sariling) pagnanasa. At sino nga ba ang higit na naliligaw kundi ang isang sinusunod ang sariling pagnanasa, na walang patnubay mula sa Allah? katotohanan, hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga mapaggawa ng kamalian.”

At katotohanan, na sinuman ang hinayaan niya ang kanyang sarili na kontrolin siya, at manipulahin ang kanyang mga salita at gawa ng walang konsiderasyon sa mga katuruan ng Islam, mga batas ng Islam, at kung ano ang mga nakakabuting mga ugali at asal, ay katotohanang sinuway niya ang Allah at ang Kanyang Sugo ﷺ. At katotohanan na kanyang hinayaan ang kanyang sarili na malayo sa pagmamahal at gabay ng Allah dito sa mundo at sa kabilang buhay. At dahil nga ito, na mas

pinahalagahan niya ang kanyang sariling kagustuhan at kanya itong sinunod kaysa sa Allah.

﴿أَفَرَأَيْتَ مَنِ اتَّخَذَ إِلَٰهَهُ هَوَاهُ وَأَصْلَهُ اللَّهُ عَلَىٰ عِلْمٍ وَخَتَمَ عَلَىٰ سَمْعِهِ وَقَلْبِهِ وَجَعَلَ عَلَىٰ بَصَرِهِ غِشَاوَةً فَمَنْ يَهْدِيهِ مِنْ بَعْدِ اللَّهِ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ﴾

﴿[الجاثية: 23]﴾

“Nakikita mo ba, ang isang nagturing sa kanyang pagnanasa bilang kanyang diyos, at siya ay hinayaan ng Allah na maligaw (batay) sa (Kanyang) kaalaman (tungkol sa tunay niyang hangarin) at sinarhan ang kanyang pandinig at ang kanyang puso at nilagyan ang paningin ng takip. Sino pa kaya ang papatnubay sa kanya pagkaraan ng Allah? Kaya, hindi ba kayo makaaalala?”

Mga kapatid sa Islam, ang halimbawa ng agad na pagsunod sa mga kautusan ng Allah at ng Kanyang sugo, at ang hindi pagsunod sa sariling pagnanasa ay makikita natin sa isang lalaking Sahaba ؓ noong nakita siya ng Propeta ﷺ na suot-suot ang gintong singsing sa kanyang daliri. Kinuha ito ng Propeta ﷺ sa kanya at kanya itong itinapon, at pagkatapos ay kanyang sinabi:

"يعمد أحدكم إلى جمره من نار فيجعلها في يده"

“Kukunin ba ng isa sa inyo ang isang nagbabagang uling mula sa apoy at ilalagay niya ito sa kanyang kamay?”

At noong umalis ang Propeta ﷺ ay sinabi sa lalaking iyon na may-ari ng singsing, “Pulutin mo, kunin mo ang singsing at pakinabangan mo ito”. Ngunit ang kanyang sagot, “Hindi, sumpa man sa Allah! Hinding-hindi ko kukunin ang isang bagay na tinapon ng Propeta ﷺ.”

Siya’y hindi na nagpumilit pa, hindi na nagmalaki, hindi na nagbangan, hindi na niya sinunod ang kagustuhan ng kanyang sarili. Dahil narinig na niya at nalaman kung ano ang batas ng Islam sa pagsusuot niya ng gintong singsing. Nagmadali siyang

sundin ito at kanyang nirespeto at inuna ang batas ng Allah, at siya ay natakot sa kadakilaan ng Allah.

﴿ فَأَمَّا مَنْ طَغَى ﴿٣٧﴾ وَءَاثَرَ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا ﴿٣٨﴾ فَإِنَّ الْجَحِيمَ هِيَ الْمَأْوَى ﴿٣٩﴾ وَأَمَّا مَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِ وَنَهَى النَّفْسَ عَنِ الْهَوَى ﴿٤٠﴾ فَإِنَّ الْجَنَّةَ هِيَ

الْمَأْوَى ﴿٤١﴾ [النازعات: 37-41]

“Kaya para sa sinumang sumuway, at higit na pinagtutuunan (o pinili) ang buhay sa mundong ito. Katotohanan, ang (kanyang) kanlungan ay ang Apoy ng Impyerno. Ngunit para sa sinumang kinatakutan ang (pagharap sa) kinatatayuan ng kanyang Panginoon at tinimpi ang sarili mula sa (bawal na) pagnanasa. Katotohanan, ang kanyang kanlungan ay ang Paraiso.”

Katotohanan na walang mahahaluan ang pagnanasa o kagustuhan ng sarili na isang bagay maliban na ito ay kanyang sirain. Dahil sa sariling pagnanasa ay nalalayo ang isang tao mula sa Sunnah patungong Bid’ah. Dahil sa sariling pagnanasa ay nalalagay sa paggawa ng Shirk o pagpapakitang tao ang isang alipin. Dahil sa sariling pagnanasa ay nadudungisan ang dangal ng tao, naaabuso ang pera at kayamanan, nasasaktan ang sarili, dumadanak ang dugo, nababale-wala ang katotohanan, napapaniwalaan ang kasinungalingan, lumalaganap ang pag-aaway, at nangyayari ang maraming kasamaan.

At katotohanang hindi nasira ang mga relasyon sa pagitan ng magulang at kanilag mga anak, ng mga magkakapatid, ng mga magkakamag-anak, ng mga magkakapit-bahay, ng mga magkakaibigan, at hindi rin nasira ang kanilang pamumuhay at dumami ang kanilang mga problema maliban na ito’y dahil sa pagsunod nila sa kanilang sariling pagnanasa. At dahil ang pagsunod ng sariling pagnanasa ay ang simula ng lahat ng masama at dahilan ng paggawa ng mga kasalanan.

At katunayang ito nga ang ipinagbawal ng Allah noong kanyang sinabi sa Qur’an:

﴿ وَلَوْ أَتَبَعَ الْحَقُّ أَهْوَاءَهُمْ لَفَسَدَتِ السَّمَوَاتُ وَالْأَرْضُ وَمَنْ فِيهِنَّ بَلْ أَتَيْنَهُمْ بِذِكْرِهِمْ فَهُمْ عَنْ ذِكْرِهِمْ مُعْرِضُونَ ﴾ [المؤمنون: 71]

“At kung sinunod ng Katotohanan (ng Allah), ang kanilang mga (imbing) pagnanasa, ang mga kalangitan at ang kalupaan, at sinumang naroroon sa mga ito ay nangyari ngang naging tiwali. Ngunit Aming dinala sa kanila ang kanilang paalala ngunit sila ay nagsitalikod mula sa kanilang paalala.”

At sinabi rin ng Allah, na ang pagsunod sa sariling pagnanasa ay nagliligaw ng isang tao mula sa landas patungo sa Allah. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿ يَدَاوُدُ إِنَّا جَعَلْنَاكَ خَلِيفَةً فِي الْأَرْضِ فَاحْكُم بَيْنَ النَّاسِ بِالْحَقِّ وَلَا تَتَّبِعِ الْهَوَىٰ فَيُضِلَّكَ عَنْ سَبِيلِ اللَّهِ ﴾ [ص: 26]

“(Aming sinabi sa kanya), ‘O Dawod, katotohanan, ikaw ay Aming ginawang Khalifah (kahalili ng sinundang henerasyon) sa balat ng lupa, kaya ikaw ay maghatol sa pagitan ng mga tao ng makatotohanan at huwag mong sundin ang iyong (sariling pagnanasa), sapagkat ito ay maghahatid sa iyo sa pagkaligaw mula sa landas ng Allah.”

At pagkatapos nito’y sinabi ng Allah ang kahahantungan ng silang mga naligaw mula sa kanyang batas.

﴿ إِنَّ الَّذِينَ يَضِلُّونَ عَنْ سَبِيلِ اللَّهِ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ يَمَّا نَسُوا يَوْمَ الْحِسَابِ ﴾ [ص: 26]

“Katotohanan, yaong mga naliligaw mula sa landas ng Allah, para sa kanila ay matinding parusa ng dahil sa kanilang paglimot sa Araw ng Pagtutuos.”

Kaya naman, sinabi ng ilan sa mga Salaf:

علام الموقعين (153/1) "احذروا من الناس صنفين: صاحب هوى فتنه هواه، وصاحب دنيا أعجبته دنياه" (إ)

“Umiwas kayo sa dalawang uri ng tao: una; ang taong sumusunod sa kanyang sariling pagnanasa, siya’y niligaw ng kanyang sariling pagnanasa. At pangalawa; ang taong makamundo, siya’y binighani ng kanyang mundo”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pinaka-hangarin ng isang alipin ay ang kanyang masamba ang kanyang Panginoon kung paano siya inutusang gawin ito. At ang gawin niya ang mga ikakatuwa ng kanyang Panginoon maging ito man ay labag sa kanyang sariling pagnanasa at pangangailangan. At katotohanang ito, ang siyang tunay na pagsamba at pagsunod sa kanyang Panginoon. At kung saan, ang Allah ay ginatimpalaan niya ang gumawa nito ng masaya at mapayapang pamumuhay dito sa mundo, at ng paraiso na may mga hardin at dumadaloy na mga ilog sa kabilang buhay. At katotohanang, ang pagmamahal ng Allah ang mas mainam pa at malaki sa mga gantimpalang ito.

﴿وَمَنْ يُطِيعِ اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ مِنَ النَّبِيِّينَ وَالصَّدِّيقِينَ وَالشُّهَدَاءِ وَالصَّالِحِينَ وَحَسُنَ أُولَٰئِكَ رَفِيقًا﴾ [النساء: 69-70]

رَفِيقًا ﴿٦٩﴾ ذَلِكَ الْفَضْلُ مِنَ اللَّهِ وَكَفَىٰ بِاللَّهِ عَلِيمًا ﴿٧٠﴾ [النساء: 69-70]

“At sinumang sumunod sa Allah at sa Sugo (si Muhammad), sila yaong mga makakasama niyaong mga pinagpala ng Allah, ang mga propeta, ang mga makatotohanan (mga matatapat), ang mga nasawi (sa landas ng Allah), at ang mga matutuwid. At sila yaong mga mabubuting kasamahan. Iyan ang biyayang nagmula sa Allah.”

At katotohanan, na ang isang tao ay kapag sinunod niya ang kanyang sariling pagnanasa ay tiyak na malulugi siya dito sa mundo at sa kabilang buhay. Dahil ang kanyang sariling pagnanasa ay bubulagin siya sa katotohanan at pipigilan siya sa pagsunod nito, maging ito man ay makita niya ng napakaliwanag sa harapan ng kanyang mga mata.

﴿ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ اسْتَحَبُّوا الْحَيَاةَ الدُّنْيَا عَلَى الْآخِرَةِ وَأَنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الْكَافِرِينَ﴾ [النحل: 107]

“Iyan ay sa dahilang kanilang kinalugdan ang (kasiyahan ng) buhay sa mundong ito ng higit kaysa sa (kasiyahan ng) kabilang buhay. At hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga taong hindi naniniwala (sa Kanyang kaisahan at sa mga mahahalagang aral ng Islam.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ingatan ninyo na masunod ninyo ang inyong sariling pagnanasa, dahil katotohanan na pinagbawalan ng Allah maging ang Kanyang Sugo. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿ فَلِذَلِكَ فَادْعُ وَاسْتَقِمْ كَمَا أُمِرْتَ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَاءَهُمْ ﴾ [الشورى: 15]

“Kaya, sa ganyan (na relihiyon ng Allah) ikaw (O Muhammad) ay mag-anyaya at maging matatag sa anomang ipinag-utos sa iyo at huwag kang sumunod sa kanilang mga (masasamang) pagnanasa (mga pansariling kagustuhan).”

At katotohanan na ang Propeta Muhammad ﷺ ay siya'y nagpapakupkop at nanalangin sa Allah na siya'y protektahan mula sa pagsunod sa sariling pagnanasa. Sa isang Hadith ay sinabi ni Qutbah bin Malik na palagi raw sinasabi ng Propeta ﷺ:

"كان النبي -صلى الله عليه وسلم- يقول: "اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ مُنْكَرَاتِ الْأَخْلَاقِ، وَالْأَعْمَالِ، وَالْأَهْوَاءِ"

“O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga masasamang ugali at asal, mga masasamang gawa, at mga sariling pagnanasa.”

Mga kapatid sa Islam, ang pagsunod sa sariling pagnanasa ay katunayang nagdadala ng tao sa kanyang kasawian dito sa mundo at sa kabilang buhay. At katunayan na nasabi na rin ng Propeta ﷺ na ang pagsunod sa sariling pagnanasa ay isa sa mga nakakasira ng tao. Naiulat ni Ibn 'Abbaas radiyallahu anhumana na sinabi ng Propeta ﷺ:

"الْمُهْلِكَاتُ ثَلَاثٌ: شُحٌّ مُطَاعٌ، وَهَوًى مُتَّبَعٌ، وَإِعْجَابُ الْمَرْءِ بِنَفْسِهِ"

“Ang mga bagay na nakakasira ay tatlo; ang pagdadamot, ang pagsunod sariling pagnanasa, at ang pagkamangha sa sarili.”

At sinabi naman ni Ali radiyallahu anhu:

"إِنَّ أَخَوْفَ مَا أَتَخَوَّفُ عَلَيْكُمْ اثْنَتَانِ: طَوْلُ الْأَمَلِ، وَاتِّبَاعُ الْهَوَى؛ فَأَمَّا طَوْلُ الْأَمَلِ فَيُنْسِي الْآخِرَةَ، وَأَمَّا اتِّبَاعُ الْهَوَى فَيَصُدُّ عَنِ الْحَقِّ"

"Ang pinakakinatatakutan ko sa inyo ay dalawa: Ang mahabang pag-asa (sa mundo), ang pagsunod sa sariling pagnanasa; Ang mahabang pag-asa ay ipinapalimot nito ang kabilang buhay, at ang pagsunod naman sa sariling pagnanasa ay humahadlang sa katotohanan"

O sangkatauhan, O kayong mga Muslim, katotohanan na ang pagsunod sa mga ipinag-uutos ng Islam, ang pagsunod sa mga Sugo at Propeta, at ang paggawa ng mga mabubuting bagay na ikakabuti o magbibigay ng benepesyo sa maraming mga indibidwal at sa pamayanan ay isa sa mga katangian ng mga mabubuting tao at mga tunay na naniniwala sa Allah.

At katotohanan na sinuman ang mag-iwan ng isang bagay alang-alang sa Allah ay papalitan ito ng Allah ng mas magandang bagay. Sinuman ang kilalanin niya at gunitain niya ang Allah sa panahon ng kapayapaan at kasaganahan ay kikilalanin siya ng Allah sa panahon ng kagipitan at kalungkutan. Sinuman ang tulongan niya ang kanyang kapwa ay tutulongan siya ng Allah. At sinuman ang kanyang alalahanin ang Allah sa bawat kilos at salita ay igagawad sa kanya ng Allah ang kaligtasan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Kaya iwasan natin at layuan ang pagsunod sa ating mga sariling pagnanasa. Isagawa at isabuhay natin ang mga kautusan sa atin ng Allah. Ipalaganap natin ang kabutihan, pagpapayuhan at pagmamahalan. Pag-ingatan natin ang ating pagiging magkakapatid at magkakapamilya, upang sa ganun ay mahalín tayo ng Allah at ilayo niya tayo mula sa mga masasama at mga pagsubok.

﴿إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ سَيَجْعَلُ لَهُمُ الرَّحْمَنُ وُدًّا﴾ [مريم:96]

“Katiyakan, yaong mga naniwala at gumawa ng mga gawaing matuwid, ang Mahabagin ay maggagawad para sa kanila ng pagmamahal.”



Mga Malalaking Palatandaan Ng Huling Araw

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, mayroong mga minor o maliliit na senyales ng pagdating ng huling araw, at ang mga senyales na ito ay mga panimula lamang sa iba pang mga malalaking senyales na naghuhudyat ng nalalapit na paggunaw ng mundo. At ang mga malalaking senyales na ito ay sampu tulad ng nabanggit ng Propeta Muhammad ﷺ sa Hadith.

Naiulat ni Hudhayfa bin Usayd radiyallahu anhu na kanyang sinabi; Noong kami ay nakaupo kasama ng iba pa ay inaalala namin ang huling araw, at ang Propeta ﷺ ay nakita kami at nagtanong siya kung ano ang ginagawa namin. At sumagot naman kami na inaalala namin ang huling araw. At pagkatapos ay sinabi ng Propeta ﷺ sa amin na hindi darating ang huling araw maliban na lamang kapag dumating ang sampung palatandaan;

"الدخان، والدجال، والدابة، وطلوع الشمس من مغربها، ونزول عيسى ابن مريم عليه السلام، ويأجوج ومأجوج، وثلاثة خسوف: خسف بالمشرق، وخسف بالمغرب، وخسف بجزيرة العرب؛ وآخر ذلك نار تخرج من اليمن تطرد الناس إلى محشرهم"

"Ang usok, ang paglabas ni Dajjal, ang hayop, ang pagsikat ng araw sa kanluran, ang pagbaba ni Isa, ang Ya'jooj at Ma'jooj o Gog at Magog, ang tatlong mga pagguho ng lupa; pagguho sa silangan, sa kanluran, at sa lugar ng mga arabo, at ang panghuli o pangsampu ay ang apoy na lalabas mula sa Yemen na lilipunin nito ang mga tao papunta sa pagtitipunan nila."

Mga alipin ng Allah, ngunit walang naiulat na Hadith o Ayah na nagsasabi ng totoong pagkasunod-sunod nito, dahil ang mga Hadith na nagsasabi ng mga senyales na ito ay magkakahiwalay, na ang isang senyales ay nabanggit sa isang Hadith habang ang iba ay hindi nabanggit sa Hadith na yaon.

Ngunit, kapag ang isang senyales ay mangyari ay siguradong ang isang senyales naman ay susunod na mangyayari. Ang sampung senyales na ito ay parang mga bato sa isang alahas o bracelet, na ang mga ito ay magkakalapit sa isa't-isa at magkakasunod. Tulad ng sa Hadith na sinabi ng Propeta ﷺ:

"وأيهما كانت قبل صاحبتهما فالأخرى على إثرها قرية"

"Kung anuman ang maunang mangyari sa mga senyales na ito ay tiyak na malapit na ring mangyari ang kasunod nito."

At bago natin pag-usapan ang malalaking senyales na ito ay talakayin natin ng kaunti si Al-Mahdi. Dahil katotohanan na siya ay lalabas at lilitaw bago mangyari ang mga senyales na ito, at ang mga Muslim o Mu'min o mga naniniwala ay sasama sa kanya upang kalabanin ang Dajjal. At pagkatapos nito ay bababa si Isa alayhis-salam at siya ay magsa-Salah sa likod ni Al-Mahdi.

Sino nga ba si Al-Mahdi? Siya ay isang lalaki na lalabas mula sa (isang bansa sa) silangan sa huling panahon, at siya ay magmumula sa angkan ng Propeta Muhammad ﷺ. Ang kanyang totoong pangalan at ng kanyang tatay ay tulad ng pangalan ng Propeta Muhammad ﷺ at ng kanyang tatay. Siya ay maghahari at mamumuno sa loob ng pitong taon, at ang katarungan ay maghahari sa buong mundo pagkatapos maghari ng kasamaan sa mundo ng maraming taon. Ang mga halaman sa kalupaan ay tutubo ng masagana, ang kalangitan ay mag-bubuhos ng mabubuting ulan, at ang mga kayamanan ay lalago at darami sa sanlibutan. Siya ay mamuno para sa sangkatauhan at pati si Isa alayhis-salam ay magsa-Salah sa kanyang likuran.

Mga alipin ng Allah, ang una o isa sa mga senyales ng paggunaw ng mundo ay ang paglabas ni Dajjal. At si Dajjal ay isang lalaki mula sa mga anak ni Adam, siya'y may malaking katawan at malaking ulo. At kasama sa kanyang mga katangian ay pagiging binata na may maputing balat, putot, may makapal at magulong buhok (hindi kulot at hindi naman tuwid), ang kanyang kanang mata ay bulag at parang namamagang ubas, at nakasulat sa pagitan ng kanyang mga mata (noo) ang salitang 'Kafir'.

Siya ay ang Maseeh o Messiah. At ang Maseeh ay ang literal nitong kahulugan ay pumupunas o ang napunas. At tinawag siyang Maseehud Dajjal dahil ang kanyang kanang mata ay napunas o nawala, o dahil kanyang pupunasin o dadaanan ang buong kalupaan sa loob ng apatnapung araw (40).

Marami pa siyang mga katangian na madaling malaman ng mga tao. Na kapag siya ay lumitaw ay malalaman at makikilala agad siya ng mga Muslim upang sila ay makaligtas at makaiwas mula sa kanyang kasamaan. Ang isa sa mga hayag na katangiang ito ay tulad ng nabanggit nating nakasulat na 'Kafir' sa kanyang noo. Siya ay lalabas mula sa silangang bahagi ng Khurasan, mula sa mga Hudyo ng Asbahaan, at sasama sa kanya at susunod ang pitumpong-libong mga hudyo (70,000).

Pagkatapos ay kanilang lilibutin at pupuntahan ang bawat sulok ng mundo maliban sa Makkah at Madinah, dahil bawal nila itong pasukin at mayroong nakabantay rito na mga anghel. At ang marami sa magiging tagasunod niya ay mga hudyo, mga Turk, mga taong may mabibilog na mukha at maliliit na mga mata, at iba't-ibang mga tao na ang karamihan sa kanila ay mga taong taga-desyerto o bundok, at mga kababaihan.

At pagkatapos ay sa kapahintulotan ng Allah ay makakagawa si Dajjal ng mga hindi pangkaraniwang mga bagay na magiging dahilan ng pagsunod sa kanya ng mga tao.

Gagawin niya ito at siya ay mananatili sa kalupaan sa loob ng apatnapung (40) araw; na kung saan ang isang araw ay kasintagal ng isang taon, at isang araw na kasintagal ng isang buwan, at isang araw na kasintagal ng isang linggo, at ang ibang mga araw ay tulad ng mga normal na araw. At pagkatapos ay darating ang kanyang katapusan at siya ay matatalo sa mga kamay ni Isa na anak ni Maryam.

Isa sa mga kaya niyang gawin –sa pahintulot ng Allah- ay mayroon siyang dalang paraiso at impyerno. Na ang paraiso ay impyerno at ang impyerno ay paraiso. Kanyang uutusan ang langit na umulan at ito ay uulan at kanyang uutusan ang halaman na tumubo at ito ay tutubo. Kaya niyang libutin ang buong kalupaan dahil siya’y kasimbilis ng hangin, at kanyang aakuin na siya ay panginoon. At sa mga panahong iyon, ay hindi na maliligtas ang isang tao na hindi naniwala bago pa man mangyari ang mga sandaling iyon.

Pangalawang senyales; ang pagbaba at muling pagbabalik ni Isa na anak ni Maryam. Na siya ay may katamtamang tangkad, hindi matangkad at hindi naman pandak. Siya ay maputi, may malalapad na dibdib, at may mahabang buhok. Siya ay lilitaw na para bang galing siya sa banyo na bagong ligo, at ang kanyang buhok ay maayos na nasuklay na umaabot sa kanyang mga balikat.

Siya ay ipapadala ng Allah sa mga taong naniniwala, sa mga Muslim, pagkatapos ng paglabas ni Dajjal at ang kanyang ginawang pamiminsala sa kalupaan. Siya ay bababa sa may puting Minaret doon sa silangan ng Damascus sa Shaam. Siya ay bababa na ang kanyang mga kamay ay nakahawak sa mga pakpak ng dalawang anghel.

"فَلَا يَحُلُّ لِكَاْفِرٍ يَجِدُ رِيْحَ نَفْسِهِ إِلَّا مَاتَ، وَنَفْسُهُ يَنْتَهِي حَيْثُ يَنْتَهِي طَرْفُهُ"

“At walang kafir o hindi Muslim ang makakaamoy sa kanyang hininga o paghinga maliban na siya ay mamamatay, at ang kanyang hininga o paghinga ay umaabot sa kung saan umaabot ang kanyang paningin.”

Na ang ibig sabihin ay kaya niyang paslangin ang maraming mga taong hindi naniniwala o mga kuffar, dahil ang kanyang hininga o paghinga ay sumasama sa hangin.

Kakalabanin niya si Dajjal, at kanya ring kakalabanin ang mga hudyo. Wawasakin niya ang mga krus at siya ay mag-huhukom o ang kanyang gagamiting batas ay ang batas ng Propeta Muhammad ﷺ. Siya ay mabubuhay sa loob ng pitong taon at pagkatapos ay siya ay mamamatay at mag-aalay sa kanya ng Salah ang mga Muslim. At pagkatapos nito ay magpapadala ang Allah ng mabuting hangin dito sa kalupaan upang kunin at bawian ng buhay ang lahat ng mga mananampalataya.

Sa pagbaba at muling pagbabalik ni Isa ay siya'y magiging isa sa mga tagasunod ng Propeta Muhammad ﷺ at hindi siya magdadala ng bagong batas. Dahil ang relihiyong Islam ang magtatapos at magkukumpleto sa lahat ng relihiyon, at ito'y mananatili hanggang sa huling araw. Kaya si Isa ay isasabatas nito ang batas ng Islam at kanya itong isasabuhay.

Pangatlong senyales; ang paglabas ng Ya'jooj at Ma'jooj o ang mga Gog at Magog. Sila ay mga tao rin na sobrang dami, hindi maayos ang kanilang pagsasalita, maliliit ang kanilang mga mata, matitigas ang kanilang buhok, malalapad ang kanilang mga mukha; na para bang mga kalasag, na ang kanilang hitsura at kulay ay tulad ng mga taong may lahing Turk.

Sila ay lalabas pagkatapos ng pagbaba ni Isa at sila ay maghahasik ng lagim at kapinsalaan sa kalupaan. Dahil dito ay magdu-Dua o mananalangin si Isa laban sa kanila kaya sila ay pupuksain ng Allah. At pagkatapos ay magpapadala ang Allah ng ulan, itatapon sila sa dagat, malilinis ang kalupaan mula sa kanilang baho, at ang mga tao ay maliligtas mula sa kanilang kasamaan.

Pang-apat, panglima, at pang-anim na senyales; ang pagguho ng lupa sa tatlong lugar. Una ay sa bandang silangan, pangalawa ay sa bandang kanluran, at pangatlo ay sa isla o lugar ng mga arabo. At noong tinanong ni Ummu Salamah radiyallahu anha ang Propeta ﷺ kung guguhu ba ang lupa sa mga tao na mayroon sa kanilang mabubuti. At ang sagot ng Propeta ﷺ:

"إِذَا أَكْثَرَ أَهْلِهَا الْخَبْثَ"

"Kapag dumami at lumaganap na ang kasamaan."

At ang mga pagguhong ito ng mga lupa sa silangan, kanluran, at sa lugar ng mga arabo ay napakalaki. Na ang mga ito ay hindi basta-bastang guguhu, bagkus kakainin nito ang mga bagay na nasa ibabaw ng kalupaan at ibabaon nito sa kailaliman. At katunayang sinabi ng Propeta ﷺ na kapang mangyari ang mga pagguhong ito ay matatakot ng matindi ang mga tao at mag-iiwan ito ng bakas sa kanilang puso.

Pampitong senyales; ang usok. Ang usok na ito ay magmumula sa kalangitan na napakaklaro at napakalinaw, at makikita ito ng sinuman. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿فَارْتَقِبْ يَوْمَ تَأْتِي السَّمَاءُ بِدُخَانٍ مُبِينٍ﴾ [الدخان:10]

"Na kung kaya, hintayin mo, (O Muhammad, para sa kanila na mga sumasamba ng iba), ang Araw na ang kalangitan ay magdadala ng mga malinaw na usok."

At ang usok na ito ay papalibot at sasakop sa lahat ng tao at pagkatapos ay sasabihin sa kanila, 'Iyan ang masidhing kaparusahan', upang sila ay mangamba at matakot.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ang pangwalong senyales; ay ang hayop. At ang hayop na ito ay lalabas mula sa Makkah sa panahon ng punong-puno ng kasamaan at kapag laganap na ang paggawa ng mga kasalanan. Sa panahon na kapag ang relihiyon ay

ipagpalit na ng maraming tao, at kanilang iwan at balewalain ang mga kautusan ng Allah, ay lalabas ang isang hayop na kakausap sa kanila.

﴿ وَإِذَا وَقَعَ الْقَوْلُ عَلَيْهِمْ أَخْرَجْنَا لَهُمْ دَابَّةً مِّنَ الْأَرْضِ تُكَلِّمُهُمْ أَنَّ النَّاسَ كَانُوا بِآيَاتِنَا لَا يُوقِنُونَ ﴾ [النمل: 82]

“At kapag ang takda (o salita) ay ipatutupad sa kanila, Kami ay magdadala sa kanila ng isang nilikha (isang hayop) na nagmula sa kalupaan na magsasalita sa kanila, (nagsasabi) ang mga taong iyan ay walang katiyakan (sa pananampalataya) sa Aming mga ayaat (kapahayagan).”

Ang hayop na nilalang na ito ay ilalabas ng Allah sa silang mga hindi naniniwalang mga tao, dahil ang normal na hayop ay hindi nagsasalita at hindi nakakapag-isip, kaya naman ang hayop na ito ay tanda o isang senyales mula sa Allah bilang babala sa silang mga hindi naniniwala.

At ang dapat sa atin ay ang maniwala na ito nga ay totoong hayop na lalabas mula sa lupa, at ito ay magsasalita at kakausapin ang mga tao. Ngunit walang tunay at tamang Hadith na nakabanggit ng mga katangian nito o anyo nito.

Pangsiyam na senyales; ang pagsikat ng araw sa bandang kanluran. Tulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ يَوْمَ يَأْتِي بَعْضُ آيَاتِ رَبِّكَ لَا يَنْفَعُ نَفْسًا إِيْمَانُهَا لَمْ تَكُنْ ءَامَنَتْ مِن قَبْلُ أَوْ كَسَبَتْ فِي إِيمَانِهَا خَيْرًا ﴾ [الأنعام: 158]

“Sa Araw (na iyon) na ang ibang mga tanda ng iyong Panginoon ay darating, walang kaluluwa ang makikinabang mula sa pananampalataya nito kung ito ay hindi naniwala noong una o nagsikap na makagawa ng ibang kabutihan sa pamamagitan ng pananampalataya nito.”

Ang mga tao ay normal nilang titingnan ang paglubog at pagsikat ng araw sa normal na lubogan at sikatan nito ngunit, biglaan, ay sisikat ang araw sa kanluran at doon ay

maniniwala silang lahat! At sa panahong iyon ay hindi na makakabigay ng pakinabang pa o wala ng magiging saysay ang kanilang paniniwala kung sila ay hindi naniwala bago pa mangyari iyon. At sa panahon ding iyon ay hindi na matatanggap ang pagta-Tawbah ng sinumang tao.

Katunayan ngang napakadakila at napakamalaking bagay para sa isang tao na masaksihan ang mga pangyayaring ito, ang mga senyales na ito na gagawin silang matatakutin. Na sila ay magiging Mu'min o muslim sa sandaling makita nila ang mga tanda na ito na mula sa Allah, na naghuhudyat ng paggunaw na ng mundo.

Pansampung senyales; ang huling senyales na mangyayari at magtatapos sa mga sunod-sunod na senyales na ito ay ang apoy na magmumula sa Yemen. At ang apoy na ito ay maglilipon at maggagabay sa mga tao patungo sa iisang lugar na kanilang pagtitipunan. At ayon sa ulat sa isang Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

نار تحشر الناس من المشرق إلى المغرب

"Apoy na iipunin ang mga tao mula sa silangan patungong kanluran."

At sa ibang Hadith:

"ستخرج نار قبل يوم القيامة من بحر حضرموت، أو من حضرموت، تحشر الناس"

"Bago mangyari ang huling-araw ay may apoy na lalabas sa dagat ng Hadramawt o mula Hadramawt ay iipunin ang lahat ng tao."

Tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang dapat gawin sa panahong iyon, at kanyang sinabi:

"عليكم بالشام"

"Pumunta kayo sa Shaam."

At sa paglabas ng apoy na ito ay mahahati ang mga tao sa tatlong uri; ang unang uri ay silang mga may nasasakyan at nasa unahan. Ang pangalawang uri ay silang mga naglalakad lang at minsan ay nakasakay sa isang hayop; sila ay magpapalitan sa pagsakay, at minsan ay dalawang sakay sa isang hayop, ang iba naman ay tatlo ang sakay, at ang iba ay sampu ang nakasakay sa isang hayop dahil sa walang masakyan. At ang pangatlong uri, ay silang mga nasa likod; na ang apoy ay nakapalibot sa kanila at minsan ang mga nahuhuli ay kinakain na ng apoy.

Ito'y tulad ng sa Saheehul Bukhari na sinabi ng Propeta ﷺ:

"يَحْشُرُ النَّاسَ عَلَى ثَلَاثَةِ طَرَائِقَ: رَاغِبِينَ وَرَاهِبِينَ، وَاثْنَانِ عَلَى بَعِيرٍ، وَثَلَاثَةً عَلَى بَعِيرٍ، وَأَرْبَعَةً عَلَى بَعِيرٍ، وَعَشْرَةً عَلَى بَعِيرٍ؛ وَيَحْشُرُ بِقَيْتِهِمُ النَّارَ تَقِيلُ مَعَهُمْ حَيْثُ قَالُوا، وَتَبِيتَ مَعَهُمْ حَيْثُ بَاتُوا، وَتَصَبَّحَ مَعَهُمْ حَيْثُ أَصْبَحُوا، وَتَمَسَّى مَعَهُمْ حَيْثُ أَمْسَوْا"

"Ang mga tao ay maiipon sa tatlong paraan. Mga taong nagugustuhan nila ito at mga taong natatakot dito, at dalawang tao sa isang kamelyo, at tatlo sa isang kamelyo, at apat sa isang kamelyo, at sampu sa isang kamelyo. At maiipon sa apoy ang natitira sa kanila, ang apoy ay kasama nila sa oras ng tanghali, kasama rin nila sa oras ng gabi, kasama rin nila sa oras ng umaga at kasama rin nila sa oras ng hapon"

Mga alipin ng Allah, waajib sa atin na paniwalaan ang mga tanda at mga senyales, na ang mga ito'y totoong mangyayari. At atin ring paniwalaan ang lahat ng mga sinabi sa atin ng Propeta Muhammad ﷺ. Dahil katotohanang hindi makukumpleto ang ating Imaan o paniniwala hanggang sa paniwalaan natin ang mga bagay na ito, at katunayang ito ay kasama sa mga haligi ng paniniwala.

O sangkatauhan! katunayan na ang pinakanararapat na gawin ng isang tao para sa mga bagay na ito ay ang paghandaan niya ito at siya ay makipag-unahan sa paggawa

ng maraming mabubuting mga bagay. At nararapat na siya ay magbalik-loob ng tapat sa Allah at humingi siya ng kapatawaran. Dahil katotohanan na ang Propeta ﷺ ay bago niya sabihin ang mga senyales na ito ay kanyang sinabi:

"بادروا بالأعمال"

"Magmadali kayo sa paggawa ng kabutihan"

Kaya naman, gumawa kayo ng maraming mabubuting bagay upang kayo ay maligtas sa masidhing araw na ito, ang araw na kung saan ang lahat ng tao ay nakatayo sa harap ng kanilang Panginoon.



Mga Maliliit Na Palatandaan Ng Huling Araw

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ أَقْتَرَبَ لِلنَّاسِ حِسَابُهُمْ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ مُّعْرِضُونَ ﴾ [الأنبياء:1]

“Ang Oras ng kanilang pagtutuos ay lumapit na para sa sangkatauhan habang sila ay nasa kapabayaang nagsisilayo.”

Ang mundo sa panahon ngayon ay katunayang nakakaranas ng maraming mga pagbabago. Na kung magmamasid tayo sa ating paligid ay makikita natin ang maraming mga di kaaya-ayang mga bagay at mga bagay na hindi natin nakita sa mga nagdaang mga panahon. Ngunit sinuman ang mahilig magbasa at kanyang nakita sa mga Hadith ng Propeta ﷺ ang maraming mga bagay ay masasabi niyang ang mundo ngayon at ang mga tao ay namumuhay sa huling panahon ng mundo at sa nalalabing mga oras nito.

At sa panahong ito, ay ang lahat ng mga Muslim, mga Kristiyano, at mga Hudyo ay nagkaisa at sumang-ayon na ang huling araw ay katotohanang nalalapit na at ang mundo ay nalalapit na rin sa paggunaw nito. Ang kasaysayan ng mundong ito ay malapit ng matapos at pati na rin ang pamumuhay ng lahat ng nilalang sa mundong ito. At katotohanang nasabi na rin ito sa atin ng Allah:

﴿ أَقْتَرَبَ لِلنَّاسِ حِسَابُهُمْ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ مُّعْرِضُونَ ﴾ [الأنبياء:1]

“Ang Oras ng kanilang pagtutuos ay lumapit na para sa sangkatauhan habang sila ay nasa kapabayaang nagsisilayo.”

Katunayang naging malapit na ang paggunaw ng mundo noong ipinadala ang huling Propeta na si Muhammad ﷺ. Dahil katotohanan na naipadala na ng Allah ang Kanyang mga Sugo at mga Propeta; mula kay Adam na unang Propeta, at kay Nuh na unang Sugo, hanggang sa ipadala niya ang huli at kukumpleto sa lahat ng mga Sugo at Propeta na si Muhammad ﷺ.

At ngayon ay babanggitin natin ang mga tanda na tumutukoy sa paglapit ng pagdating ng katapusan ng mundo at pagdating ng huling oras. At ang mga senyales na ito ay tinatawag na Al-'Alaamat As-Sugra o ang mga minor o maliliit na senyales, upang ito ay magsilbing babala sa mga tao sa nalalapit na pagtatapos ng mundo at upang mapaghandaan nila ito.

Una sa mga senyales na ito ay ang pagpapadala ng Allah sa huling Propeta na si Muhammad ﷺ. Kanyang sinabi sa isang Hadith:

"بعثت أنا والساعة كهاتين" وفرق بين السبابة والوسطى

"Ako'y ipinadala at ang huling araw ay katulad nito; (at kanyang pinagdikit ang kanyang hintuturo at hinlalato."

At kabilang sa mga senyales na ito ay ang pagdami ng maraming Fitnah o mga pagsubok. Isang araw ay gulat na bumangon ang Propeta Muhammad ﷺ mula sa kanyang pagkakatatulog at kanyang sinabi:

"سبحان الله! ماذا أنزل الله من الفتن، ثم قال -عليه الصلاة والسلام-: من يوقظ صواحب الحجرات كي يصلين؟ رب كاسية في الدنيا عارية يوم

القيامة

"Subhanallah! Ano itong binaba ng Allah na mga Fitna! At pagkatapos kanyang sinabi: "Sino ang gigising sa mga kababaihan sa kanilang mga silid upang sila'y makapag-salah? Maaaring may damit sa mundo ngunit hubo't-hubad naman sa kabilang buhay"

Tumingin ka sa iyong paligid, magbasa ka at manood ka ng mga balita, at malalaman mo ang mga Fitnah na kumakalat sa mundo. Daan-daang mga Fitnah ang nangyayari sa kung saan-saan, at marami ang mga namamatay at pinapaslang. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"يأتي يوم يكثر فيه الهرج - يعني: القتل - فلا يعرف القاتل لم قُتل، ولا يعرف المقتول لم قتل، حتى إن الرجل ليمر على القبر فيتمرغ فيه، فيقول: يا ليتني كنت مكانك"

"Darating ang araw na darami ang Haraj (ibig sabihin ay ang pagpaslang). At hindi alam ng pumatay bakit niya pinatay at hindi alam ng pinatay bakit siya pinatay. Hanggat sa ang lalaki ay dadaan sa isang libingan at hihiga siya rito at magpaikot-ikot at kanyang sasabihin: 'sana ako na lang ang nasa lugar mo'.

Tumingin ka sa iyong paligid at iyong isipin ang mga Fitnah sa relihiyon. Ang mga kasalanan at kasamaan ay kusang lumalapit sa mga tao kahit na hindi nila ito hanapin. Sinabi ng Allah:

﴿ اقْتَرَبَ لِلنَّاسِ حِسَابُهُمْ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ مُّعْرِضُونَ ﴿١﴾ مَا يَأْتِيهِمْ مِّن ذِكْرٍ مِّن رَّبِّهِمْ يُخَذِّتْ إِلَّا أَسْتَمَعُوهُ وَهُمْ يَلْعَنُونَ ﴿٢﴾ ﴾

[الأنبياء: 1-2]

"Ang Oras ng kanilang pagtutuos ay lumapit na para sa sangkatauhan habang sila ay nasa kapabayaang nagsisilayo. Walang paalalang dumarating sa kanila bilang isang panibagong (kapahayagang) nagmula sa kanilang Panginoon malibang sila ay nakikinig dito habang sila ay nagsisipaglaro"

At kasama sa mga senyales ng nalalapit na ang pagdating ng huling araw ay ang sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ na may isang malaking apoy ang lalabas mula sa Hijaz (sa Saudia). Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لن تقوم الساعة حتى تخرج نار من أرض الحجاز تضيء لها أعناق الإبل ببصرى"

“Hinding-hindi mangyayari ang huling-araw maliban na lumabas ang apoy mula sa lugar ng Hijaaz na ang liwanag nito ay maliliwanagan ang mga leeg ng mga kamelyo sa Basra.”

Ibig sabihin na ang mga taga-Shaam (o ang lugar ng Palestine, Jordan, Lebanon, at Syria) ay makikita nila ang apoy na ito na lalabas sa lugar ng Hijaaz. Ang sitwasyong ito ay sinabi ng Propeta ﷺ noong siya ay nabubuhay pa.

At katunayang nangyari nga ito noong taon na pitong daan (700) pagkatapos ng Hijra o noong nakalipas na pitong daang taon ay lumabas ang apoy na ito sa Hijaaz. Ito ay lumabas sa mga panahon na maraming mga Ulama o Iskolar ng Islam ang namumuhay, at ang apoy na ito ay lumabas malapit sa Madinah. At bago ito lumabas ay nagkaroon muna ng maraming paglindol sa lupa na naging sanhi ng pagkatakot ng mga tao. Sa mga panahon ding iyon, ay nakakarinig ang mga tao ng mga boses na hindi nila alam kung saan nanggagaling, at nakikita nila ang lupa na nanatiling lumilindol na tumagal ng ilang mga araw.

Ang mga ito ay nangyari bago lumabas ang apoy, at kalaunan ay ito’y lumabas malapit sa Madinah. Ang apoy ay pumapaitaas at nagsimulang dumaloy sa lupa na parang ilog. Dumadaloy ang apoy sa lupa na ito’y naglalagablab at sumisiklab. Ang mga tao noon ay kanilang inaalala ang Hadith ng Propeta ﷺ at kanilang alam na ang katapusan ng mundo ay nalalapit na nga. Kaya ang mga Ulama ay pumunta sa mga Lider at mga huwes upang payuhan sila patungkol sa Allah, pinaalalahanan sila na mag-utos sila ng mabuti at magbawal ng masama. At ang mga tao naman sa panahong iyon ay nagsisi-iyakan sa Masjid ng Propeta ﷺ.

Ang mga bata, kababaihan, mga matatanda, mga kalalakihan, pati ang mga lider at huwes ay nagsipuntahan sa Masjid. Hanggang ang mga mayayaman, at bawat tao ay

pumunta sa Masjid upang sila ay magbalik-loob sa Allah, gunitain at alalahanin ang Allah, at ibalik nila sa mga tao ang kanilang mga nakuha o inagaw, sila ay nagpatawaran, at humingi sila ng kapatawaran sa Allah.

Hanggang sa dumating ang balita na ang mga taga-Shaam ay kanilang sinabi na nakita nila ang liwanag ng apoy na ito sa kanilang lugar. Subhanallah, ang Allah ang ganap na dakila, paanong nagkatotoo ang sinabing ito ng Propeta Muhammad ﷺ?

At kabilang sa mga senyales ng pagdating ng huling-araw ay ang sinabi ng Propeta ﷺ:

"يأتي على الناس سنون خداعة، يكذب فيها الصادق، ويصدق فيها الكاذب، ويخون فيها الأمين، ويؤمن فيها

الخائن"

"Darating sa mga tao ang mga panahong manluluko. Pasisinungalingan dito ang taong matapat, at paniniwalaan dito ang sinungaling, at kanilang pagbibintangan ng pagtatraydor ang taong mapagkakatiwalaan at kanilang pagkakatiwalaan ang taong traydor"

At kung iisipin lang natin ang sitwasyon ngayon ng mga tao, at tingnan natin ang mga nasa pamahayagan o Media, ay makikita natin na ang mga masasamang tao, sinungaling, mga di mapagkakatiwalaan ay sila yaong pinupuri ng mga tao, sila ay nagiging bayani na kanilang iniidolo, na kanilang sinusunod at ginagaya. Habang ang mga mabubuting tao, ang mga nasa katotohanan at mga mapagkakatiwalaan ay kanilang binabalewala at di pinapansin. At katotohanang lagapan ito sa mundo ngayon, at ang totoong relihiyon ay bihira ng lumantad at maipaabot sa maraming tao.

At kabilang rin sa mga senyales na ito ay ang pagiging papular ng Musika at paglaganap ng mga instrumentong musikal sa kung saan-saan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"سيكون في آخر الزمان خسف وقذف ومسح، قالوا: متى يا رسول الله؟ قال: إذا ظهرت المعازف والقينات"

"Lilitaw sa huling mga panahon ang pagguho ng mga lupa, ang pag-ulan ng mga bato mula sa langit, at pagiging baboy at unggoy ng mga tao. At nagtanong ang mga Sahabah: 'Kailan ito mangyayari, O Sugo ng Allah?' At sagot ng Propeta ﷺ: 'Kapag lumitaw na ang musika at mga babaeng aliping mang-aawit.'"

At katotohanan nga na napaka-laganap na ng musika sa ating paligid. Dahil kung saan-saan, sa mga sasakyan, sa eroplano, sa mga restaurant, hanggang sa mga hotel, pati na rin sa mga banyo o palikuran ay nakakarinig tayo ng pinapatugtog na mga musika. At hanggang sa ating mga Masjid, sa pamamagitan ng ating mga telepono o smartphones, ay pinapakinggan natin ang mga kanta at musika habang tayo ay nasa loob nito. ولا حول ولا قوة إلا بالله

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ang pagpapaganda sa mga Masjid at ang paglalagay rito ng maraming mga disenyo ay kasama rin sa mga senyales ng nalalapit na pagtatapos ng mundo. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"لا تقوم الساعة حتى يتباهى الناس بالمساجد"

"Hinding-hindi mangyayari ang huling-araw hanggang sa magpapagandahan ang mga tao ng kanilang mga Masjid."

At maging ang pagpapaganda, at pagpapataasan ng mga bahay ay kasama rin sa mga senyales nito. Sinabi ng Propeta ﷺ noong siya ay tinanong ni Jibreel alayhis-salamkung ano ang mga tanda ng pagdating ng huling araw ay kanyang sinagot sa kanya:

"أن تلد الأمة ربتها، وأن ترى الحفاة العراة العالة رعاء الشاء يتطاولون في البنيان"

“Kapag ipinanganak ng babae ang kanyang magiging amo at kapag makita mo ang mga walang tsinelas at walang saplot, at silang mga nagpapastol lang ng mga kambing ay nagpapataasan ng mga bahay.”

Isang senyales din ng nalalapit na paggunaw ng mundo ay ang paglalapit at pagbilis dumaan ng mga araw. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"يتقارب الزمان فتصبح السنة كالشهر، والشهر كالأسبوع، والأسبوع كيوم، واليوم كساعة، والساعة كحرق

السعفة"

“Magkakalapit-lapit ang panahon, kaya’t ang isang taon ay parang isang buwan, at ang isang buwan ay parang isang linggo, at ang isang linggo ay parang isang araw, at ang isang araw ay parang isang oras, at ang isang oras ay parang pagkasunog ng isang tuyong dahon”

At kabilang din sa mga senyales ay ang naiulat ng Propeta Muhammad ﷺ sa isang Hadith:

"مِنْ اقْتِرَابِ السَّاعَةِ أَنْ يُرَى الْهَلَالُ قُبُلًا فَيُقَالُ: لِلَّيْلَتَيْنِ وَأَنْ تُتَّخَذَ الْمَسَاجِدُ طُرُقًا وَأَنْ يَظْهَرَ مَوْتُ الْفَجَاءَةِ".

“Kabilang sa mga senyales ng huling-araw ay ang Hilal (crescent moon) o bagong buwan ay lolobo na kapag ito’y lumitaw sa unang gabi ay para bagang ito ay buwan para sa ikalawang gabi, at ang mga masjid ay magiging daanan lamang ng mga tao, at kapag dumami ang mga biglaang pagkamatay.”

At sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا تقوم الساعة حتى تظهر الفتن، ويكثر الكذب، وتتقارب الأسواق"

“Hindi mangyayari ang huling-araw hanggang sa lumitaw at dumami ang mga Fitnah, dumami ang mga kasinungalingan, at dumami at magsilapitan ang mga palengke.”

At katunayan nga na kahit lumingon ka ng kaunti sa iyong paligid ay makakahanap ka ng palengke, mahahanap mo ito sa magkabilaan o kaliwat-kanan ng mga daanan. At sa mga panahon natin ngayon ay makikita natin ang mga kumpol-kumpol o mga grupo-grupo ng mga nagtitinda o mga tindahan sa iba't-ibang mga lugar na maliban pa sa lugar ng palengke.

Ang pagkalaban at pang-aapi ng maraming nasyon sa atin, o sa ating Ummah ay isa ring senyales ng nalalapit na pagtatapos ng mundo. Sa Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"يُوشِكُ أَنْ تَدَاعَى عَلَيْكُمْ الْأُمَمُ كَمَا تَدَاعَى الْأَكْلَةُ عَلَى قِصْعَتِهَا"

"Ang lahat ng nasyon ay magsasalo o magsasama-sama at magtitipon-tipon laban sa inyo na tulad ng kanilang pagsasalo-salo o pagtitipon-tipon sa isang hapagkainan." Tinanong ang Propeta ﷺ kung dahil ba kaunti ang bilang ng mga Muslim sa panahong iyon? At kanyang sinabi:

"لا، وَلَكِنَّكُمْ غَتَاءٌ كَغَتَاءِ السَّيْلِ، تُنَزَعُ الْمَهَابَةُ مِنْ قُلُوبِ عَدُوِّكُمْ مِنْكُمْ، وَيُوضَعُ فِي قُلُوبِكُمُ الْوَهْنُ" قالوا: يَا رَسُولَ

اللَّهِ وَمَا الْوَهْنُ؟ قال: "حُبُّ الدُّنْيَا وَكَرَاهِيَةُ الْمَوْتِ".

"Hindi. Bagkus kayo ay parang mga tuyong damo na inanod ng baha, aalisin ang takot sa puso ng inyong kalaban sa inyo, at ilalagay sa inyong mga puso ang wahn. Kanilang sinabi: Ano ang wahn o Sugo ng Allah? Kanyang sinabi: "pagmamahal sa mundo at pagkamuhi sa kamatayan"

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ito ang ilan sa mga maliliit na senyales ng pagdating ng katapusan ng mundo, at katunayang ang lahat ng mga ito ay nangyari na at ating nasasaksihan. Kaya naman, katotohanang ang katapusan ng mundo ay napakalapit na nga, at hindi natin alam kung maabutan natin ito o hindi. Ngunit sinuman ang hindi ito maabutan ay katotohanang ang kanyang huling-araw o ang kanyang katapusan ay kapag siya ay pumanaw, kaya dapat niya itong paghandaan.

Ating alamin na ang Allah ay ipinadala niya ang mga senyales na ito para sa atin upang maging babala at paalala na huwag tayong magpabulag at magpakalunod sa mundong ito, na magreresulta sa paglimot natin sa kabilang-buhay.

﴿ أَنْ تَقُولَ نَفْسٌ يَحْسَرَتْنِي عَلَى مَا قَرَّطْتُ فِي جَنْبِ اللَّهِ وَإِنْ كُنْتُ لَمِنَ السَّاجِدِينَ ﴾ ٥٦ أَوْ تَقُولَ لَوْ أَنَّ اللَّهَ هَدَانِي لَكُنْتُ مِنَ الْمُتَّقِينَ ﴿٥٧﴾ أَوْ تَقُولَ حِينَ تَرَى الْعَذَابَ لَوْ أَنَّ لِي كَرَّةً فَأَكُونَ مِنَ الْمُحْسِنِينَ ﴿٥٨﴾ بَلَى قَدْ جَاءَتْكَ آيَاتِي فَكَذَّبْتَ بِهَا وَاسْتَكْبَرْتَ وَكُنْتَ مِنَ الْكَافِرِينَ ﴿٥٩﴾ وَيَوْمَ الْقِيَامَةِ تَرَى الَّذِينَ كَذَبُوا عَلَى اللَّهِ وُجُوهُهُم مُّسْوَدَّةٌ أَلَيْسَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْمُتَكَبِّرِينَ ﴿٦٠﴾ وَيَسْجَى اللَّهُ الَّذِينَ أَنفَقُوا بِمَفَازِهِمْ لَا يَمَسُّهُمُ السُّوءُ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦١﴾ [الزمر: 56-61]

“Upang huwag na di magsabi ang isang kaluluwa; ‘Ahh (kay laki ng) aking siphayo para sa anomang aking nakaligtaan (o napabayaan) hinggil sa Allah; na ako ay naging kabilang sa mga mapanuya’. O (maaaring) ito ay magsasabing; ‘Kung ako lamang ay pinatnubayan ng Allah, marahil ako ay naging kabilang ng mga natatakot (sa Kanya)’. O (maaaring) ito ay magsasabi kapag makikita nito ang parusa; ‘Kung mayroon lamang akong isa pang pagkakataon (na makabalik sa mundo) upang ako ay mapabilang sa mga mapaggawa ng kabutihan’. Ngunit (Oo), katiyakan, mayroon ng dumating sa iyo na Aking mga ayaat (babala) ngunit ikaw ay nagtakwil sa mga ito, at ikaw ay naging mapagmalaki at ikaw ay naging kabilang ng mga di-naniniwala. At sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, iyong makikita yaong mga nagsisinungaling laban sa Allah (na), ang kanilang mga mukha ay nangitim. Hindi ba sa Impyerno ay (may) isang tirahan para sa mga mapagmalaki? At ililigtas ng Allah yaong mga natatakot (sa Kanya) sa pamamagitan ng kanilang mga napagtagumpayan (o natamong buti); walang kasamaan ang sasaling sa kanila at sila ay walang madaramang kalungkutan.”



Ang Mabuting Salita

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿أَلَمْ تَرَ كَيْفَ ضَرَبَ اللَّهُ مَثَلًا كَلِمَةً طَيِّبَةً كَشَجَرَةٍ طَيِّبَةٍ أَصْلُهَا ثَابِتٌ وَفَرْعُهَا فِي السَّمَاءِ ﴿٢٤﴾ تُؤْتِي أُكْلَهَا كُلَّ حِينٍ بِإِذْنِ رَبِّهَا وَيَضْرِبُ اللَّهُ الْأَمْثَالَ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٢٥﴾ وَمَثَلُ كَلِمَةٍ خَبِيثَةٍ كَشَجَرَةٍ خَبِيثَةٍ اجْتُثَّتْ مِنْ فَوْقِ الْأَرْضِ مَا لَهَا مِنْ قَرَارٍ ﴿٢٦﴾﴾ [إبراهيم: 24-26]

“Hindi ba ninyo nakikita (o isinalang-alang) kung paano naglahad ng paghahalintulad ang Allah, (Kanyang ginagawa) ang mabuting salita (La ilaha illallah) na tulad ng isang mabuting punongkahoy, na ang ugat ay matatag na nakatirik, at ang mga sanga nito ay (nagtataasan) sa kalangitan? Ito ay nagbubunga ng kanyang mga prutas sa lahat ng panahon, sa pamamagitan ng Kapahintulutan ng Panginoon nito, at ang Allah ay nagbibigay ng mga paghahalintulad para sa sangkatauhan upang sakali sila ay (matutong) makaalala. At ang kahalintulad ng masamang salita (pagtatambal sa Allah) ay tulad ng isang masamang punongkahoy, (ito ay) binunot mula sa ibabaw ng lupa na walang anopamang katatagan.”

Ang ‘Al-Kalimah A-Tayyibah’, mabuting salita ay katunayan na gamot sa maraming sakit, tulad ng palaging pagiging nerbyoso, lubos na kalungkutan, pagiging magalitin, at kawalan ng pag-asa. Kaya naman ipinag-utos ito ng Allah sa kanyang mga alipin.

﴿وَقُلْ لِعِبَادِي يَقُولُوا الَّتِي هِيَ أَحْسَنُ ﴿٥٣﴾﴾ [الإسراء: 53]

“At sabihin mo (O Muhammad) sa aking mga alipin na sila ay magsabi ng magagandang salita”

﴿وَقُولُوا لِلنَّاسِ حُسْنًا ﴿٨٣﴾﴾ [البقرة: 83]

“At kayo ay magsabi at mangusap sa mga tao ng mabubuti at magagandang salita.”

At katunayan na ang mabuting salita ay bunga ng isang mabuting puso, na hindi ito makikita maliban sa taong may mabuting kalooban. Ang mabuting salita ay siyang susi sa mga puso at kaluluwa ng mga tao, at ito rin ay ang magdadala sa isang tao sa langit upang makuha nito ang gantimpala o kabutihan ng kanyang salita. Sinabi ng Allah:

﴿مَنْ كَانَ يُرِيدُ الْعِزَّةَ فَلِلَّهِ الْعِزَّةُ جَمِيعًا إِلَيْهِ يَصْعَدُ الْكَلِمُ الطَّيِّبُ وَالْعَمَلُ الصَّالِحُ﴾ [فاطر: 10]

“Tungo sa Kanya (sa Allah) umaakyat ang mabubuting salita at itinataas Niya patungo sa Kanya ang mabuting gawain.”

At sa pamamagitan ng mabuting salita ay natutuklasan natin kung gaano kalinis at kaganda ang puso at pag-iisip ng isang tao. Tulad ng sinabi ng isang manunula:

وزن الكلام إذا نطقت فإنما *** يُبدي عقول ذوي العقول المنطق

“At timbangin mo ang iyong salita pagkatapos mo itong bigkasin, dahil sa mga salita nalalaman ang nilalaman ng isip ng bawat may isip.”

O kayong mga nanampalataya, ang mabuting salita ay siyang mga salitang magaganda na lumalabas sa bunganga ng isang tao; kapag gusto niyang isalaysay ang kanyang saloobin o kapag siya ay sumagot. Lahat ng salita na kanyang bibigkasin ay nagdadala ng kabutihan at benepisyong sa mga tao. At ang kanyang mga salita ay malayo sa mga maruruming salita tulad ng pangungutya o pagmumura.

Ang ‘Al-Kalimah A-Tayyibah’ o mabuting salita ay siya ring ‘Dhikrullah’ o pag-alaala sa Allah. Ang pag-Tasbih, Tahlil, at Takbir; Subhaanallah, Laa Hawla Wa Laa Quwwata Illa Billah, at Allahu Akbar. Ito rin ay ang pagluwalhati at pasasalamat sa Allah; Alhamdulillah. At ang Dua o pananalangin ay mabuting salita rin. Ang

pagbabasa ng Qur'an, pagtuturo ng kaalaman, pag-uutos ng mabuti, pagbabawal ng masasama, at pagbibigay ng payo; lahat ng mga ito ay mabubuting mga salita na binibigkas ng ating mga dila bilang pagsamba sa Allah Subhaanahu Wa Taala.

Ang mabuting salita ay malinis mula sa mga salitang nakakasugat ng kapwa, nakakasakit sa taenga, at nakakadurog ng puso. At ang mabuting Mu'min o naniniwala ay hindi magsasalita maliban sa mabuting salita. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ الْحَيِّثُ لِلْحَيِّثِينَ وَالْحَيِّثُونَ لِلْحَيِّثَاتِ وَالطَّيِّبَاتُ لِلطَّيِّبِينَ وَالطَّيِّبُونَ لِلطَّيِّبَاتِ ﴾ [النور: 26]

“Lahat ng mga masasama na mga kalalakihan, mga kababaihan, mga salita at mga gawa ay para rin sa mga masasama na katulad din nito, at para sa lahat ng mabubuti na mga kalalakihan, mga kababaihan, mga salita at ang mga gawa ay para rin sa mga mabubuti na katulad din nito.”

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na sinuman ang may mabuting kalooban ay hindi siya mauubusan ng bokabolaryo. Bagkus mayroon siyang isang malaki at makapal na diksyonaryo na punong-puno ng mga matatamis na pangungusap at mapang-akit at mabubuting mga salita. Na kung saan kanyang nagagamit kailan niya gustuhin, ng hindi na siya gumagamit pa ng masasama at masasakit na salita, kahit siya man ay nagbibiro o nakikipagkatuwaan.

Katotohanan na ang mabuting salita ay isang mabuting halaman, na kahit anumang oras ay ibibigay nito ang kanyang mga bunga sa kung sinuman, sa kapahintulutan ng Allah. Ang mga bunga nito ay hindi nauubos sa kahit anong panahon, at ang mga tao ay nakikinabang mula rito anumang oras. Tulad ng pamamahagi ng kaalaman o ng silang mga nagda-Da'wah, sila ay nagsasabi ng mga mabubuting salita na ikakabuti ng maraming tao, at ikakabuti rin ng kanilang mga sarili. Kapag mayroong

makinabang sa kanilang mabubuting salita ay magkakaroon sila ng gantimpala. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من دل علي خير فله مثل أجر فاعله"

“Sinuman ang magturo ng isang mabuti ay magkakaroon siya ng gantimpala tulad ng gantimpala ng gumawa nito.”

O kayong mga nanampalataya, katotohanan na ang malinis na puso, disiplinadong pamilya, at mapayapang kapaligiran, ay mga bunga at halaman na hindi tutubo maliban sa isang Muslim na mabubuti at magaganda ang kanyang mga salita.

Ang mabuting salita ay nagmumula sa puso ng isang Mu'min na naniniwala na sa kabila ng kanyang mabubuting salita ay mayroong isang napakalaking gantimpala. Ito rin ay nagmumula sa puso na walang gusto para sa mga tao maliban sa kabutihan.

Ang mabuting salita ay nagmumula sa puso ng sinumang tunay na matapang. At ang tunay na matapang ay siyang hindi makakapanakit gamit ang kanyang kamay o ng kanyang dila. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"ليس الشديد بالصرعة، إنما الشديد الذي يملك نفسه عند الغضب"

“Ang taong malakas ay hindi sa pakikipagbuno(wrestling), ngunit ang tunay na malakas ay ang siyang nakokontrol niya ang kanyang sarili sa oras na siya ay galit”

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na napapaloob sa tao ang maraming masasama at kapinsalaan na hindi mabibilang. Tulad halimbawa na minsan ay magagalit nang lubos ang kanyang sarili na kalaunan ay magiging dahilan ng kanyang pagsasalita ng masasama. At dito ay magsisimula ang kanyang sarili na subukang kontrolin ang kanyang galit, kanyang lalabanan ang kanyang sarili, at susubukang hindi ito

makapagbigkas ng masama. Kanyang pipilitin na makapagbigkas ng mabuti kaysa sa masama dahil mas gusto niya ang gantimpala ng Allah. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"والكلمة الطيبة صدقة"

"Ang mabuting salita ay Sadaqah."

At kanya ring sinabi:

"إِنَّ الْعَبْدَ لَيَتَكَلَّمُ بِالْكَلِمَةِ مِنْ رِضْوَانِ اللَّهِ لَا يُلْقِي لَهَا بَالًا يَرْفَعُهُ اللَّهُ بِهَا دَرَجَاتٍ، وَإِنَّ الْعَبْدَ لَيَتَكَلَّمُ بِالْكَلِمَةِ مِنْ

سَخَطِ اللَّهِ لَا يُلْقِي لَهَا بَالًا يَهْوِي بِهَا فِي جَهَنَّمَ"

"Katunayan na ang isang alipin ay makakabigkas ng salita na magugustushan ng Allah, at di niya alam na itataas ng Allah ang kanyang katayuan dahil dito. At katunayan na ang isang alipin ay makakabigkas ng salita na ikakagalit ng Allah, at di niya alam na magiging dahilan pala ng kanyang pagkahulog sa impyerno."

Mga alipin ng Allah, katotohanan na napakamabuti ng isang tao na magagandang salita lamang ang lumalabas sa kanyang bibig kapag nakikipag-usap siya sa mga tao. Ngunit mas magiging napakamabuti pa niya kung sa kanyang mga magulang ay napakaganda rin ng kanyang mga salita, kahit hindi man mabuti ang pagtrato sa kanya ng kanyang mga magulang halimbawa, ay nanatiling maganda pa rin ang kanyang pakikipag-usap sa kanila. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبُلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَهَرَّبْهُمَا

وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ﴿٢٣﴾ [الإسراء: 23]

"At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa kanya, at maging mabuti sa (pakikitungo) sa mga magulang. Maging ang isa sa kanila o silang dalawa ay kapwa umabot na sa katandaang gulang. (Habang sila ay) nasa iyong piling, huwag kang mangusap sa kanila ng (salitang kawalang-galang tulad

ng) ‘Uff’, at huwag mo silang hiyawan (o sigawan) bagkus mangusap sa kanila ng salitang kapita-pitagan.”

At ang mabuting salita ay kailangan din ng mga mag-asawa kapalit ng mga masasama at nakakasugat na salita na kanilang sinasabi sa isat-isa. Ang mabuting salita ay kailangan din ng mga magkakapatid, magkakamag-anak, at magkakapamilya. At tunay na napakaganda kung mabubuting salita lamang ang ating naririnig sa ating mga bahay, sa mga kapitbahay, sa palengke, sa trabaho, at sa mga pampublikong lugar.

Kailangan din ang mabubuting salita sa pagitan ng boss at ng kanyang mga empleyado, ng guro at ng kanyang mga estudyante, ng tsuper at ng kanyang mga pasahero, ng tindero at ng kanyang mga kustomer; upang sa gayon ay ang pagmamahal at pagkakaisa ay manaig sa ating pamayanan.

Ang mabuting salita ay isang Sadaqah mula sa mayaman para sa mahirap, at ng mahirap para sa mayaman. At tunay na ang mabuting salita ay mas mainam na ibigay o bigkasin kaysa sa malakas at nakakasakit na boses kapag may isang taong humihingi o namamalimos.

﴿وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ﴾ [الضحى: 10]

“At huwag mong ipagtabuyan ang sinumang namamalimos.”

At ang mabuting salita ay nararapat na bigkasin kahit sa harap ng isang kaafir o di naniniwala.

43[44- ﴿أَذْهَبَ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُ طَغَىٰ﴾ ﴿فَقُلْنَا لَهُ قَوْلًا لِّئَلَّا يَعْلَمَ يَتَذَكَّرُ أَوْ يَخْشَىٰ﴾ ﴿طه: 43﴾

“Magtungo kayong dalawa kay Fir’awn. Katotohanang siya ay sumuway. Kaya, mangusap sa kanya ng mahinahong pananalita, upang sakali siya ay tumanggap ng paalala at matakot (sa Akin).”

At kahit sa mga kaaway o kalaban ay dapat rin tayong magsalita ng mabuti.

﴿وَلَا تَسْتَوِ الْحَسَنَةُ وَلَا السَّيِّئَةُ ادْفَعْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ فَإِذَا الَّذِي بَيْنَكَ وَبَيْنَهُ عَدَاوَةٌ كَأَنَّهُ وَلِيٌّ حَمِيمٌ﴾ [فصلت: 34]

“At hindi maaaring magkaparehas ang mabuting gawa at ang masamang gawa. Iwaksi (ang kasamaan sa pamamagitan) ng (paggawa ng) mabuti, sanhi nito, siya na may namamagitan galit sa iyo ay (magiging) tila isang matalik na kaibigan.”

At kahit sa pakikipag-usap sa mga hayop ay inutusan din tayo ng Islam na magsabi ng mabuti. Isang beses ay may isang babae na ang kanyang mga kagamitan ay nakalagay sa isang kamelyo. At ng sila ay paakyat sa isang bundok ay parang nahihirapang umakyat ang kamelyo, at sabi ng babae rito, ‘Nawa’y isumpa ka ng Allah’. At nang marinig ito ng Propeta ﷺ ay kanyang sinabi:

"لا تصاحبنا ناقة عليها لعنة"

“Hindi tayo sasamahan ng isang kamelyong isinumpa”

Sa madaling salita, lahat ng mga hayop na kasama ng Propeta ﷺ ay hindi isinumpa. At maiintindihan din natin sa Hadith na ito na walang hayop ang karapat-dapat na isumpa ng tao.

At maging sa mga bagay-bagay ay inutusan rin tayo ng Islam na magsalita ng mabuti. Naiulat ni Ibn ‘Abbaas radiyallahu anhumana na may isang lalaki na hinagip ng hangin ang kanyang damit at ang lalaking iyon ay minura o isinumpa ang hangin. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا تلعنّها؛ فإنّها مأمورة، وإنه من لعن شيئاً ليس له بأهل رجعت اللعنة عليه"

“Huwag mong isumpa ang hangin dahil ito’y napag-utusan lang. Katunayan na sinuman ang kanyang isumpa ang isang bagay na hindi naman karapat-dapat ay babalik sa kanya ang kanyang sumpa.”

Kaya naman, katotohanang walang lugar ang masasamang salita sa buhay ng isang Muslim.

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang isa lamang salita ay napakaimportante sa buhay ng isang tao ngayon. Ito ay magiging pinto ng kabutihan o pinto ng kasamaan. Dito nagsisimula ang mga malalaking bagay, ito ang nagiging panggatong sa apoy ng digmaan, at ito ang nagiging pundasyon ng totoong labanan sa mga panahon natin ngayon. Tingnan niyo kung ano ang nagagawa ng media ngayong araw; mabuti man o masama, ay pakaingatan ninyong maigi. Dahil katotohanan na anumang salita ang manggaling sa kahit kaninung bibig ay maaring makapagpaliwanag sa buong mundo o makakapagpadilim nito.

Kayong mga naniniwala, katotohanang ang pagsasabi ng mabuting salita ng isang tao ay walang naidudulot kundi mabuti sa mga tao o di kaya ay sa sarili niya mismo, maging ito man ay makita niya ngayon o sa sumunod na mga araw. Dahil ilan nga sa mga mabubuting salita ang nakakapagpabago ng isang pamayanan mula sa kasamaan tungo sa kabutihan, mula sa pagtangga tungo sa paniniwala, at mula sa paggawa ng kasalanan tungo sa pagsamba at pagsunod sa Allah.

Katulad ni Mus’ab bin ‘Umayr radiyallahu anhu na pumunta sa Madina upang mag-Da’wah para sa Allah. Isang araw na siya ay nakaupo kasama si As’ad bin Zuraarah ay dumating sa kanila si Usayd bin Hudhayr at kanyang sinabi sa kanilang dalawa, ‘Bakit kayo nandito sa amin? Mumurahin, pagtatawanan niyo ang mga mahihina sa amin? Umalis kayo rito sa amin.’ Sumagot si Mus’ab sa kanya, ‘Baka gusto mong umupo muna kasama namin at makinig. Kung may magustuhan kang bagay ay

tanggapin mo at kung ayaw mo ay iwan mo.’ At pumayag naman si Usayd at siya ay umupo at nakinig. Kinausap siya ni Mus’ab patungkol sa Islam at siya ay nagbasa ng ilang Ayah mula sa Qur’an. At pagkatapos ay sinabi ni Usayd, ‘Sumpa ko sa Allah, nalaman ko na ang Islam sa mukha ni Mus’ab bago pa man siya magsalita. Napakamabuti at napakaganda ng kanyang salita”

Pagkatapos ay dumating sa kanila si Sa’ad bin Mu’aaz at kanya ring sinabi ang tulad ng sinabi ni Usayd. At pagkatapos masabi sa kanya ang patungkol sa Islam niyakap niya ito. Pagkatapos ay pumunta siya sa kanyang mga angkan at kanyang sinabi sa kanila, ‘O kayong mga anak ni Abdul Ash’hal; Sino ako sa tingin ninyo?’ Sumagot sila sa kanya, ‘Ikaw ang aming pinuno at ang may pinakamainam at mabuting pag-iisip sa amin...’. At kanyang sinabi sa kanila, ‘Kung gayun, ang salita o ang pakikipag-usap sa akin ng sinuman sa inyo ay Haram maliban na kayo ay maniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo.’

At hindi natapos ang araw na iyon maliban na ang bawat lalaki at babae ay yumakap ng Islam.

At inyong narinig ang kwento ng pag-Islam ng isang buong angkan dahil lamang sa mabubuting salita at pakikipag-usap ni Mus’ab bin Umayr Radiyallahu anhu:

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, kabilang sa mabubuting resulta nang pagsasabi ng mabubuting salita ay ang pagkakaisa ng mga tao, ang paglalapit ng kanilang mga puso, ang pag-aayos ng mga magkaaway, ang pag-alis ng mga inggit at galit, at ang pagtulong nito sa ikakaayos ng mga bagay.

Naikwento na si Ali na anak ni Husayn at si Hasan na anak ni Hasan Rahimahullah, mga apo ni Ali Bn Abi Taalib radiyallahu anhu ay nagkaroon ng hidwaan sa pagitan nila. Isang araw na kasama ni Ali ang kanyang mga kasamahan sa Masjid ay dumating si Hasan, at lahat ay pinagsasabi ni Hasan kay Ali, at si Ali naman ay nanatiling tikom ang bibig. Nang dumating ang gabi, pumunta si Ali sa bahay ni Hasan at kanyang kinatok ang pinto, at lumabas naman si Hasan. Sinabi ni Ali kay Hasan, 'O aking kapatid, kung ang lahat ng sinabi mo sa akin ay totoo ay patawarin sana ako ng Allah. Ngunit kung ang lahat ng sinabi mo ay kasinungalingan ay patawarin ka sana ng Allah.' Umiyak si Hasan at humingi ng kapatawaran kay Ali at pinatawad naman siya ni Ali.

At kabilang sa mga mabubuting resulta na makakamit ng isang taong nagsasabi ng mabubuting salita ay ang pagkagusto sa kanya ng mga tao, pagrespeto nila sa kanya, at pagtingin nila ng mataas sa kanya.

Pagkaligtas mula sa mga kasamaan ng huling araw ay maibibigay rin sa taong nagsasabi ng mabubuting salita. Naiulat sa Hadith na may isang lalaki ang pumunta sa Propeta ﷺ, at tinanong ang propeta kung anong bagay ang magpapapasok sa kanya sa Paraiso. At sagot ng Propeta ﷺ:

"عليك بحسن الكلام وبذل السلام"

“Nararapat sa iyo ang pagsalita ng mabubuti at pagbati ng Salam”

At sinabi ng Propeta ﷺ:

"اتَّقُوا النَّارَ وَلَوْ بِشِقِّ تَمْرَةٍ، فَمَنْ لَمْ يَجِدْ فِي كَلِمَةٍ طَيِّبَةً"

“Katakutan ninyo ang Apoy ng Impyerno kahit sa pamamagitan lamang ng kalahating datiles, kung sinuman ang walang matagpuan ay sa pamamagitan na lamang ng mabuting salita”

Kaya katakutan ninyo ang Allah, O kayong mga alipin ng Allah, at mag-ingat kayo sa isang salita. Dahil katotohanang ito ay Paraiso o impyerno, tagumpay o kalugian, at kasiyahan o kalungkutan. Magmadali kayo at sikapin ninyong makapagsalita ng mabubuting salita kahit gaano man ito kasimple o kaliit, at huwag na huwag niyo itong maliitin. Dahil katotohanang ito ay parang binhi o buto na kalaunan ay tutubo kahit di mo alam kung saang lupa ito naitanim. At katotohanan na ang panahon at ating mga edad ay lilipas ngunit ang bawat salitang ating nabigkas ay mananatili.

Kaya nararapat sa isang Muslim na bigkasin lamang ng kanyang dila ang mga magaganda, mabubuti, at nakakabuting mga salita dahil katotohanan na sinabi ng Propeta ﷺ:

"مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكُلْ خَيْرًا أَوْ لِيَصُمْتُ"

“Sinuman ang nananampalataya sa Allah at sa kabilang buhay, siya’y magsabi ng kabutihan o siya’y tumahimik”



Ang Pag-Uugali Ng Propeta Muhammad ﷺ Tungo Sa Kanyang Mga Asawa

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, kapag napag-usapan natin ang talambuhay ng mahal nating Propeta Muhammad ﷺ ay siguradong sasarap ang ating magiging usapan, magagalak ang ating mga puso at makikinig ng maayos ang ating mga tainga. Paanong hindi sasarap ang usapang ito kung ang ating tatalakayin ay patungkol sa taong dahil sa kanya ay nabigyang buhay ang sangkatauhan; inalis nya ang sangkatauhan mula sa kadiliman patungo sa liwanag. Paanong hindi tatamis ang ating mga salita sa taong pinili ng Allah at kanyang minahal, dinakila siya ng Allah at ginawa siyang liwanag na ating gabay sa tuwid na landas. Magiging iba lang ang usapan natin ngayon dahil hindi ito magiging tungkol sa mahal nating Propeta bilang isang pinuno o mangangaral, bagkus patungkol sa ating mahal na Propeta bilang isang asawa at kinakasama.

Ngayon ay higit nga nating kailangan na malaman kung ano ang sapat at wastong gabay mula sa Propeta Muhammad ﷺ kung paano natin haharapin ang napapanahong problema na pagtaas ng bilang ng diborsyo o hiwalayan sa ating pamayanan. At dahil katotohanan na laganap na rin ang awayang mag-asawa at mga problema sa loob ng pamilya.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, katotohanan na ang Propeta ﷺ ay naging isang napakagandang modelo o ehemplo sa kung paano niya tratuhin ang kanyang pamilya sa pinakamagandang paraan. Siya ay naging pinakamabuting asawa sa isang mabuting pamilya. Paanong hindi, at siya ay nagsabi:

"خيركم خيركم لأهله، وأنا خيركم لأهلي"

“Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanyang pamilya. At ako ang pinakamabuti sa inyo tungo sa aking pamilya”

Ang Allah ay biniyayaan ang Kanyang Propeta ng kumpletong ugali at mabubuting mga katangian. Kaya ang Propeta ay mahal na lubos ng kanyang mga asawa, siya ay gumagabay at nagpapayo ng maayos sa kanila, at siya rin ay isang napakabuting kasama.

Ang Propeta ﷺ ay nakikipaglaro sa kanyang mga asawa sa oras ng kasiyahan, sila ay pinapanatag naman ng Propeta sa oras ng kalungkutan, pinakikinggan ng Propeta ang kanilang mga reklamo, kanyang pinupunas ang kanilang mga luha. Hindi sila sinasaktan ng Propeta gamit ang kanyang dila o hindi niya sinasaktan ang kanilang damdamin sa kanyang mga salita. Tinitiiis naman ng Propeta kung may masasakit silang salita sa kanya. Kailanman ay walang napagbuhatan ng kamay ang Propeta ﷺ. Kailanman ay hindi siya naghanap ng mali o pagkukulang, hindi niya pinapalaki ang mga problema at hindi niya ito pinapatagal. Kanyang pinapasan ang kahirapan at kagipitan, hindi sumisisi ng iba, ngunit palaging nagpapasalamat at tumatanaw ng kagandahang loob at kabutihan.

Siya ay tumitingin lang sa kung ano ang mabubuting katangian ng babae at ito’y kanyang minamahal at iniingatan. Kanyang sinabi:

"لا يفرك مؤمن مؤمنة، إن كره منها خلقاً رضي منها آخر"

“Hindi kamuhian ng isang lalaking mananampalataya ang isang babaeng mananampalataya, kapag siya’y may katangian na hindi niya magustuhan, magugustuhan niya naman sa kanya ang iba niyang katangian”

Mga alipin ng Allah, tayo ay lumapit sa bahay ng Propeta Muhammad ﷺ at ng sa gayon ay makita natin ang mga nakasulat sa Hadith kung paano makitungo ang Propeta ﷺ sa kanyang pamilya. At para malaman natin kung gaano kadakila ang Propeta ﷺ sa kanyang simpleng pamumuhay.

Sa ating unang paglapit ay makikita natin ang isang maliit na bahay ngunit punong-puno ng paniniwala at karunungan, maliit nga na bahay ngunit nilinis ng

Allah mula sa anumang marurumi at kasamaan. Tayo ay makakasilip sa loob sa pamamagitan ng isang maliit na butas o bintana na bubuksan sa atin ng ating Ina, na si Aisha radiyallahu anha. Sa maliit na bintanang ito kung saan nagtatanong ang mga tao sa kanya, ‘ano ang ginagawa ng Propeta ﷺ sa iyong bahay?’ Sagot niya:

"كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - ألين الناس وأكرم الناس، كان رجلاً من رجالكم إلا أنه كان ضحاًكاً بساماً، كان يكون في مهنة أهله يخفض نعله، ويرقع ثوبه، ويخدم نفسه، فإذا حضرت الصلاة خرج إلى الصلاة".

“Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay siyang pinakamaawaing tao at pinakamapagbigay. Siya’y isang lalaki na katulad din ng inyong mga kalalakihan maliban na siya’y laging tumatawa at laging nakangiti. Siya’y tumutulong sa kanyang pamilya. Kanyang kinukumpuni ang kanyang tsinelas at kanyang tinatahi ang kanyang damit. At kanyang pinagsisilbihan ang kanyang sarili. At kapag dumating na ang oras ng pagdarasal, siyang lumalabas patungo sa pagdarasal”

Siya ay hindi naging Propeta na ang pamumuno ng nasyon, ang pagda-Da’wah (paghihikayat sa Islam) o ang pagsasa-ayos ng kumunidad ay naging sagabal sa kanyang pagbibigay ng kabutihan o pagseserbisyo sa mga taong malalapit sa kanya o sa kanyang pamilya.

Siya ay “laging tumatawa at laging nakangiti”, katotohanang matindi ang ating pangangailangan na magaya ang ugaling ito ng Propeta ﷺ kasama ng ating mga pamilya. Kasi magugulat na lang tayo sa ibang tao na napakaganda ng kanyang mga salita at napakaaliwalas ng kanyang mukha kapag kasama niya ang kanyang mga kaibigan ngunit kapag siya ay nasa kanyang bahay ay magbabago na ang kanyang pagkatao, wala kang makikita sa kanya kundi ang masamang mukha, naiinis na kilos o masasamang mga salita. Hindi ba’t ang kanyang sariling pamilya na dapat pinagmumulan ng saya at pagmamahal ay mas karapatdapat na tratuhin niya ng maayos? At isipin natin ang sinabi ni Aisha radiyallahu anha, “siya ay matulungin sa kanyang pamilya.”

Tanungin mo ang iyong sarili, “Gaano ba kalaki ang bahay ng Propeta ﷺ para tumulong pa sa kanyang pamilya. At nagreklamo ba si Aisha radiyallahu anha sa dami o hirap ng trabaho sa kanilang bahay para tumulong pa ang Propeta?”

Katotohanan na namuhay ang Propeta ﷺ at ang kanyang asawa na si Aisha radiyallahu anha sa isang bahay na mas maliit pa sa isang kwarto, at lumilipas ang dalawang buwan na hindi sila nakakapagluto ng anumang makakain.

Ngayon ay mayroon bang mahirap na trabaho o gawain na kailangan pang tumulong ang Propeta ﷺ? Mayroon! Ang ginagawang pagtulong ng Propeta ﷺ sa mga bagay na kung tingnan ng iba ay mga simpleng gawaing bahay lamang ay nagdudulot at nagdadala sa kanyang ng mensahe sa puso ng kanyang asawa. Ang simpleng gawaing ito ng Propeta ﷺ ay nagbibigay ng pagmamahal sa kanyang asawa na hindi mahihigitan ng anumang napakatamis na mga salita.

Ang mga simpleng gawaing ito ay parang nagsasabing, ‘Ang pagsali at pagtulong sa babae sa kanyang mga gawaing-bahay ay nagtatanim ng pagkakaisa, nagbubunga ng pagmamahal, at nagpapatagal ng mabuting buhay mag-asawa’. Dahil ang babae ay makikita niya ang kanyang asawa na malapit sa kanya, na siya ay tumutulong sa pagpasan ng kanyang mga dinadala o trabaho. Tataas ang paningin ng babae sa kanyang asawa dahil sa kanyang pagpapakumbaba. At dadakilain siya ng babae dahil sa simpleng pamumuhay ng kanyang asawa.

Isang eksena sa mapagpalang bahay ng Propeta ﷺ. Nakaupo noon ang Propeta ﷺ kasama ang kanyang asawa na si Aisha radiyallahu anha at sila ay nag-uusap sa isang tahimik na mga oras nang biglang may kumatok sa pinto, at ito ay ang katulong ni Zaynab Bint Jahsh, ina ng mga mananampalataya, na may dalang pagkain na ginawa ni Zaynab radiyallahu anha para sa Propeta ﷺ. Namuo sa puso ni Aisha radiyallahu anha ang kanyang selos, at nakaramdam siya ng matinding bagay na pilit kumakawala sa kanyang damdamin tulad ng nararamdaman din ng bawat babae. Kinuha ni Aisha radiyallahu anha ang plato mula sa kamay ng katulong at kanya itong hinagis at ito’y nabasag at nagkalat ang pagkain sa ibaba.

Ano ang ginawa ng Propeta ﷺ sa harap ng sitwasyong iyon? Inisip ba niya na ang nangyari ay isang kalapastanganan o pangbabastos sa kanya? Hindi, at hindi. Wala siyang sinabi sa sitwasyong iyon bagkus ang kanyang ginawa sa pagkakamaling iyon ay isang mabuting halimbawa na dapat nating tularan.

Isinaisip ng Propeta ﷺ ang personalidad ng isang babae at ang dahilan ng kanyang kamalian (ang selos). Kanyang inipon gamit ang kanyang kamay ang mga nagkalat na pagkain. Kanya itong ginawa habang sinasabi:

"غارت أمكم، غارت أمكم"

"Nagselos ang inyong Ina. Nagselos ang inyong Ina."

Inilagay ng Propeta ﷺ ang pagkain sa platong pagmamay-ari ni Aisha at ibinigay ito sa katulong. At ang platong pagmamay-ari naman ni Zaynab radiyallahu anha na nabasag ay nasa kay Aisha radiyallahu anha. Ganoon natapos ang problema na sinolusyonan ng Propeta ﷺ sa mahinahong paraan.

At siguro ay madadagdagan pa ang iyong pagkamangha kapag nalaman mo na ang pinaka-mabuting tao sa balat ng lupa ay iniiwan rin ng isa sa kanyang mga asawa. Ang isa sa kanila ay lalayuan ang Propeta ﷺ at hindi niya siya kakausapin. Isinalaysay sa atin ni Omar Bn Alkhattab radiyallahu anhu at kanyang sinabi pagkatapos nilang mag-Hijra mula Makkah tungong Madinah, "O tayong mga Quraysh, dati ay natatalo natin ang ating mga asawa ngunit nang tayo ay dumating sa Madinah ay nalaman nating tinatalo ng mga kababaihan dito ang kanilang mga asawa. Kaya naman ngayon ay ginagaya ng ating mga asawa ang mga kababaihan ng Madinah". Sinabi rin ni Omar, "Nasigawan ko ang aking asawa at siya ay sumagot pabalik sa akin. Sinabihan ko siya na huwag sumagot ngunit kanyang sinabi 'bakit hindi, katotohanan na ang mga asawa ng Propeta ﷺ ay sinasagot rin siya, at ang isa pa nga sa kanila ay nilayuan ang Propeta ﷺ mula umaga hanggang gabi.'"

Nagulat si Omar sa sinabi sa kanya at siya ay pumunta sa kanyang anak na si Hafsa radiyallahu anha na asawa ng Propeta ﷺ para patunayan ang kanyang narinig. Kanyang sinabi: "O Hafsa, may nagagalit ba sa inyo sa Propeta ﷺ?" Oo, sagot ni Hafsa.

“at nilalayuan ang Propeta ﷺ hanggang gabi?”, Oo, sagot ni Hafsa sa kanyang ama. Sinabi ni Omar, “Kalugian at kapahamakan. Mapapanatag ka ba na magagalit ang Allah dahil nagalit din ang Propeta ﷺ, at dahil doon ikaw ay mapapahamak?”

Ngunit ang Propeta ﷺ, dahil sa paglayo ng isang asawa mula sa kanya, ay walang nabago maliban na siya ay mas naging mahinahon. Kapalit ng masamang ginawa sa kanya ay siya ay mas naging mapagtiis. Kaluwalhatian sa Kanya na siyang gumawa ng mabubuting katangian at binigay ito sa Propeta ﷺ.

Mga kapatid sa Islam, isa pang sitwasyon na magpapakita sa atin ng kagalingan ng Propeta ﷺ sa kung paano niya lutasin ang problema ng kanyang pamilya. Pumasok siya sa kanyang bahay at kanyang natagpuan ang kanyang asawa na si Safiyyah Bint Huyay radiyallahu anha na pinupunasan ang kanyang mga luha. Tinanong siya ng Propeta ﷺ kung ano ang dahilan ng kanyang pag-iyak. At sinabi sa kanya na si Hafsa, anak ni Omar radiyallahu anhuma, ay sinaktan ang kanyang damdamin, sinabi umano ni Hafsa kay Safiyyah na siya ay anak ng isang Hudyo. Dahil dito sinabi ng Propeta ﷺ kay Safiyya:

"قولي لها: زوجي محمد، وأبي هارون، وعمي موسى"

“Sabihin mo sa kanya, ‘Asawa ko si Muhammad, Tatay ko si Haarun, at Tito ko si Musa”

At lumingon ang Propeta ﷺ kay Hafsa at sinabi sa kanya,

"اتقي الله يا حفصة"

“Katakutan mo ang Allah O Hafsa.”

Ganito nilutas ng Propeta ﷺ ang nangyaring problema gamit ang simpleng mga salita na nagpaginhawa ng damdamin at nagpaalala sa isang nagkamali.

Mga alipin ng Allah, kasama sa kung paano pakitunguhan ng Propeta ﷺ ang kanyang mga asawa ay ang palagi niyang pagsasangguni sa kanila at pagsabi ng kanyang mga nararamdaman sa kanila.

Noong nakikipag-ayos ang Propeta ﷺ sa mga Mushrikun sa Hudaybiyah, kanyang inutusan ang mga Sahabah, ang kanyang mga kasamahan, na mag-alay o magkatay at magkalbo. Hindi agad sinunod ng mga Sahaabah ang utos na ito ng Propeta ﷺ dahil intensyon nilang mag-Umrah sa Makkah at doon dapat nila gawin ang ipinag-uutos ng Propeta ﷺ. Dahil sa di-pagsunod sa kanya ng mga Sahaabah ay pumasok siya sa kanyang tolda na may galit at lungkot sa kanyang mukha. Nakita siya ng kanyang asawa na si Ummu Salama radiyallahu anha at tinanong niya ang Propeta ﷺ kung anong nangyari. Sinabi ng Propeta ﷺ. “Ako ay nag-uutos ngunit walang namang sumunod!”, at sinabi ng Propeta ﷺ sa kanya ang buong kwento. Kaya naman, nagbigay si Ummu Salama ng opinyon at ito’y malugod namang tinanggap ng Propeta ﷺ. Sinabi ni Ummu Salama sa Propeta,

"اخرج ولا تكلم أحداً، ثم انحر هديك واحلق رأسك، فإنهم سيفعلون كما تفعل".

“Lumabas ka at huwag kang magsasalita. Pagkatapos ay katayin mo ang iyong sakripisyo at gupitin mo ang iyong buhok. At tiyak na gagawin nila ang gagawin mo.”

At ginawa naman ng Propeta ﷺ ang sinabi sa kanya. Nang makita ng mga Sahabaah ang ginawa ng Propeta ﷺ ay agad-agad nila itong ginawa hanggang sa sila ay muntik magkasakitan dahil sa pagmamadali na magawa ang ginawa ng Propeta ﷺ.

Ang mga nabanggit natin, ay ang mga sitwasyon o kung paano makitungo ang Propeta ﷺ sa kanyang pamilya o mga asawa na sana ay dapat nating tularan at sundin.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ang mabubuting katangiang ito at kung paano makitungo ang Propeta ﷺ sa kanyang mga asawa ay isang mensahe sa mga mali ang pagakaintindi sa pagiging malakas at pagkalalaki ng mga kalalakihan.

Iyong alamin, ikaw na asawang lalaki, na ang bahay na puno ng pagmamahal ay hindi maitatayo gamit ang matitigas at malalakas na mga pundasyon, kisame at dingding. Ito'y maitatayo gamit ang magagandang salita at mabubuting ugali.

Tandaan mo, ikaw na asawang lalaki, na ang iyong asawa ay isang Amanah (ipinagkatiwala) na nakapatong sa iyong leeg, kinuha mo siya mula sa kanyang pamilya bilang Amanah sa Allah. Naging Halal siya sayo dahil sa salita ng Allah. Katakutan mo ang Allah sa anumang kanyang kahinaan at pakitunguhan mo siya ng mabuti. Ibigay mo ng kumpleto ang kanyang mga karapatan at huwag mo siyang utusan na lagpas sa kanyang kakayahan.

Iyong alamin, ikaw na asawang lalaki, na ang pagiging mabuti sa asawa ay tanda ng pagkalalaki, at ang pagmaltrato naman ng masama sa kanya ay pruweba ng pagkasira o pagkawala ng iyong pagkalalaki.

Ikaw na mapagpalang asawang lalaki, gawin mong gabay ang mga kautusan at katuruan ng Propeta Muhammad ﷺ sa iyong buhay may-asawa. Kung may makita kang hindi magandang katangian sa iyong asawa ay mas tingnan mo at mas mahalin mo ang mabubuti niyang katangian. Tandaan mo na lahat ng nilikha ay may kakulangan, kaya naman itama at kumpletuhin ito sa maayos na paraan. At pakatatandaan mo palagi at itaga sa iyong utak at isipan ang sinabi ng Propeta ﷺ:

"استوصوا بالنساء خيراً"

"Tratuhin ninyo ng mabuti ang mga kababaihan"



Ang Pagkubli Ng Kamalian

الخطبة الأولى:

Sa mga oras ng pagkalimot at paghina ng kanyang pagkatao, ay pinaganda ni Satanas kay Maa'ez Al-Aslamiy ang paggawa ng Haram at siya ay nakipaglaro sa apoy. Nakagawa ng kasalanan si Maa'ez sa kanyang Panginoon at alam niyang nakagawa siya ng gawain n Satanas. Kaya siya ay nagsisi at sa mga sumunod na araw ay nakakaramdam siya ng pagkadismaya, pagkalungkot, at kawalan ng pag-asa. Hindi nagdaan ang maraming araw ay sinabi niya ang kanyang nagawa sa isa niyang kamag-anak na si Hazzaal Bn Zayd at sinabihan siyang umamin at sabihin ang kanyang kasalanan sa Propeta Muhammad ﷺ.

Pumunta si Maa'ez sa Propeta ﷺ na pilit hinahakbang ang kanyang mga paa tungo sa pag-asang makakakuha siya ng pagmamahal at gabay at kapatawaran. Sinabi niya ang kanyang nagawa sa Propeta ﷺ ngunit tumalikod sa kanya ang Propeta bilang sagot. Ngunit inamin at ideneklara ni Maa'ez ang kanyang nagawa ng apat na beses at nagpumilit na ipataw sa kanya ang kaparusahan.

At nakuha nga ni Maa'ez ang kanyang gusto at hinatol sa kanya ng mga Sahaba ang masakit na kaparusahan hanggang siya ay binawian ng buhay. Nag-alay ang Propeta ﷺ sa kanya ng Salah at nanalangin para sa kanya. Humingi rin ang Propeta ﷺ ng kapatawaran at kanyang pinuri ang pagiging totoo ni Maa'ez sa kanyang pagta-Tawbah(pagbabalik-loob).

At nang malaman ng Propeta ﷺ na sinabihan ni Hazzaal si Maa'ez na umamin ay kanya siyang tinawag at kanyang sinabi,

"يا هَزَّالُ، لو سترته بَثْوَبِكَ، كان خَيْرًا لَكَ مما صنعت به"

"O Hazzaal, kung tinakpan mo lang siya gamit ang iyong damit (kung ikinubli mo ang kanyang nagawa), ay mas mabuti pa kaysa sa iyong ginawa."

Mga alipin ng Allah, napakaganda at napakadakilang bagay ang Pagkukubli o pagtakip ng kasalanan ng iba. Ito ay gawain ng mga Propeta at tanda ng mga

mabubuting tao. Ito'y isang magandang ugali at isang pagsunod sa Islam at pagiging malapit ng isang alipin sa Allah. Sa pamamagitan nito'y naiingatan ang ating Ummah, nanatili itong nakatayo nang matatag at konektado sa bawat-isa. Nagdadala ito ng iba pang mabuting ugali, nagdudulot rin ng pagmamahalan, nagpapaganda ng hinala, at pumapatay sa apoy ng kasiraan.

Isa sa mga katangian ng Allah ay ang kanyang pagiging *Sitteer*, na ibig sabihin ay palaging nagkukubli ng mga kasalanan ng Kanyang alipin, at Kanyang gusto ang mga mapagkubli. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ

"إِنَّ اللَّهَ حَيِّيٌّ سِتِيرٌ، يُحِبُّ الْحَيَاءَ وَالسَّتْرَ"

"Ang Allah ay Mahiyain at Laging Nagtatakip (ng kasalanan ng Kanyang mga alipin), Kanyang iniibig ang Hiya at Pagkukubli"

Mga alipin ng Allah, katotohanan na kaibig-ibig sa Islam ang ugaling ito, hinihikayat ito at ginagantimpalaan ang gumawa nito. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"وَمَنْ سَتَرَ مُسْلِمًا فِي الدُّنْيَا، سَتَرَهُ اللَّهُ فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ"

"Sinuman ang ikubli niya ang kamalian ng isang Muslim dito sa mundo, ay ikukubli ng Allah ang kanyang kamalian dito sa mundo at sa kabilang buhay"

Kaya naman, dahil sa magandang katangiang ito, ay inilagay ng Islam ang parusa sa Qadhef o ang pang-aakusa o pamamaratang, para hindi madungisan ang dangal ng bawat-isa. At dahil din sa ugaling Pagkukubli ay isinabatas din ng Islam na magkaroon ng apat na saksi sa paratang na pangangalunya upang mapangalagaan din ang dangal ng isang tao. At dahil din sa katangiang ito ay pinangakuan ng Allah ang mga taong gustong magkalat ng mga masasamang balita o salita na nakakasira sa dangal ng ibang tao. Sinabi ng Allah sa Qur'an.

﴿ إِنَّ الَّذِينَ يُحِبُّونَ أَنْ تَشِيعَ الْفَاحِشَةُ فِي الَّذِينَ ءَامَنُوا لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ وَاللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنْتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ١٩ ﴾

[النور:19].

“Katiyakan, yaong mga nasisiyahan na ang kahalayan ay ipagkalat (o ipamalita) sa mga nanampalataya, para sa kanila ay isang mahapding parusa sa mundong ito at sa kabilang buhay.”

At dahil din sa katangiang Pagkukubli ay ipinagbawal ng Islam ang pagmamanman sa mga tao. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اجْتَنِبُوا كَثِيرًا مِّنَ الظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ الظَّنِّ إِثْمٌ وَلَا تَجَسَّسُوا﴾ [الحجرات:12]

“O kayong mga naniwala, Iwasan ninyo ang labis na hinala; sapagka’t ang ibang hinala ay kasalanan. At huwag kayong maniktik o manirang puri sa isa’t-isa.”

Sinabi ng mga ‘Ulama na ang *Tajassus*, Paniniktik o Pagmamanman ay ang paghahanap ng kasalanan, kakulangan, o kapintasan ng ibang tao.

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na ang Propeta Muhammad ﷺ ay mapagkumbaba at mahiyain, malinis ang dila at gusto niya ang katangiang pagkukubli. Sinisikap niyang maikubli ang mga kakulangan, kamalian, at mga kapintasan ng ibang tao. At kapag nakita niya ito sa ibang mga tao ay itatama niya ang kanilang mali sa pamamagitan ng pagpaparinig at hindi sasabihin ang kanilang mga pangalan. Kanyang sasabihin,

"ما بال أقوام يقولون كذا وكذا"

“Ano ang kalagayan ng mga tao na nagsasabi ng ganito at ganyan?”

Katotohanan na tinuruan ng Propeta Muhammad ﷺ ang kanyang nasyon ng napakagandang katuruan. Noong siya ay tumayo sa harapan ng mga tao at nagbigay ng Khutbah ay kanyang sinabi,

"يَا مَعْشَرَ مَنْ آمَنَ بِلِسَانِهِ وَلَمْ يَدْخُلِ الْإِيمَانُ قَلْبُهُ لَا تَعْتَابُوا الْمُسْلِمِينَ وَلَا تَتَّبِعُوا عَوْرَاتِهِمْ؛ فَإِنَّهُ مَنِ يَتَّبِعْ عَوْرَاتِهِمْ يَتَّبِعِ

اللَّهُ عَوْرَتَهُ، وَمَنْ يَتَّبِعِ اللَّهَ عَوْرَتَهُ يَفْضَحْهُ فِي بَيْتِهِ"

“O ikaw na siyang naniwala sa pamamagitan ng dila ngunit hindi pa pumasok ang pananampalataya sa kanyang puso, huwag ninyong libakin ang mga Muslim at huwag ninyong manmanan ang kanilang mga kamalian. Dahil tunay na sinuman ang manmanan niya ang kamalian nila ay manmanan rin ng Allah ang kanyang

kamalian. At sinuman ang manmanan ng Allah ang kanyang kamalian ay Kanya siyang ipapahiya sa kanyag tahanan"

Sa gabay at katuruan na ito ay nadisiplina ang mga Sahaaba ng Propeta ﷺ, kaya kanilang ikinubli ang mga kapintasan ng mga tao. Sinabi ni Abu Bakr As-Siddiq Radiyallahu anhu, "Kung wala akong mahanap na pantakip para sa isang magnanakaw, isang gumawa ng pangangalunya, isang lulong sa alak, maliban sa aking damit ay itatakip ko ito sa kanya."

At si Omar Bn Al-Khattab naman Radiyallahu anhu, nang kanyang marinig ang isang lalaki na umamin sa Propeta ﷺ; "ako'y nakipaglambingan sa isang babae ngunit wala namang nangyari sa amin..." ito ang sabi ng lalaki sa Propeta. Ngunit sinabi naman ni Omar sa lalaking iyon, "ikinubli ng Allah ang iyong ginawa, dapat ay ikinubli mo rin iyon (at di na sinabi sa Propeta)."

At si Aisha Radiyallahu anha naman ay kanyang sinabi, "O kayong mga babaeng mananampalataya, kapag nagkasala ang isa sa inyo ay huwag niyang ipagsabi sa mga tao. At siya'y humingi ng kapatawaran sa Allah at magbalik-loob sa Kanya. Tunay na ang mga tao ay naninirang-puri at walang nababago (sa mga taong nagkasala) at Allah naman ay siyang bumabago (sa mga taong nagkasala) at hindi naninirang-puri".

Mga mananampalataya! Ang unang nararapat na pagtakpan ng isang alipin ay ang kanyang sarili. Dapat na ikubli niya ang kanyang kamalian, dahil hindi nararapat sa isang alipin na kanyang ilantad ang kanyang ginawang kasalanan at kanya pa itong ipagmalaki. Hindi nararapat na iparinig pa o ipaalam sa mga tao ang mga nakatagong kamalian. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"كُلُّ أُمَّتِي مُعَاذِي إِلَّا الْمُجَاهِرُونَ، وَإِنَّ مِنْ الْمُجَاهِرَةِ أَنْ يَعْمَلَ الرَّجُلُ بِاللَّيْلِ عَمَلًا، ثُمَّ يَصْبِحُ وَقَدْ سَتَرَهُ اللَّهُ، فَيَقُولُ: يَا

فُلَان، عَمِلْتَ الْبَارِحَةَ كَذَا وَكَذَا، وَقَدْ بَاتَ يَسْتَرُهُ رَبُّهُ، وَيَصْبِحُ يَكْشِفُ سِتْرَ اللَّهِ عَلَيْهِ"

"Lahat ng aking Ummah ay mapapatawad maliban sa mga taong naglalantad ng kanilang mga kasalanan. At tunay na ang paglalantad ng kasalanan ay; ang gumawa ang isang tao ng kasalanan sa gabi at pagkatapos dumating ang umaga at

siya'y pinagtakpan ng Allah. At kanyang sasabihin: "O Polano, gumawa ako kagabi ng ganito at ganyan". Tunay na lumipas sa kanya ang gabi habang siya'y pinagtakpan ng Allah, ngunit dumating ang umaga at kanyang inalis ang pantakip sa kanya ng Allah".

Iyong alamin na ang pagkukubli sa iyong sariling kamalian ay isang utos. Dahil inaasam natin sa Allah na ikukubli niya ito sa huling araw. Sa Hadith, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ,

"إِنَّ اللَّهَ يُدْنِي الْمُؤْمِنَ، فَيَضَعُ عَلَيْهِ كَنَفَهُ وَيَسْتَرْهُ: فَيَقُولُ: أَعْرِفْ ذَنْبَ كَذَا أَعْرِفْ ذَنْبَ كَذَا فَيَقُولُ: نَعَمْ أَيُّ رَبِّ حَتَّى إِذَا قَرَّرَهُ بِذُنُوبِهِ، وَرَأَى فِي نَفْسِهِ أَنَّهُ هَلَكَ قَالَ: سَتَرْتُهَا عَلَيْكَ فِي الدُّنْيَا وَأَنَا أَعْفُوهَا لَكَ الْيَوْمَ".

"Tunay na ang Allah ay ilalapit Niya sa Kanya ang Kanyang alipin (sa araw ng paghuhukom) at Kanyang ilalagay sa kanya ang pantakip at Kanya siyang pagtakpan at Kanyang sasabihin: "Alam mo ba ang kasalanan na ganito, alam mo ba ang kasalanan na ganyan?". Kanyang (alipin) sasabihin: "Oo, O aking Panginoon" hangga't siya'y paaminin sa kanyang mga kasalanan at kanyang aakalain na siya'y napahamak. Sasabihin ng Allah: "Ito'y pinagtakpan ko sa iyo sa mundo at ito nama'y ipapatawad ka sa iyo sa araw na ito"

Kabilang sa mga dapat nating ikubli ang kanilang kapintasan ay ang mga taong may magagandang katangian at kagalang-galang. Sila ay yaong mga hindi naglalantad ng paggawa ng kasalanan at hindi sila malapit sa paggawa ng mga kasamaan. Ang pagkubli natin sa kanilang mga kapintasan ay tiyak na ipinag-uutos ng Islam. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"أَقْبِلُوا ذَوِي الْهَيْئَاتِ عَثْرَتَهُمْ إِلَّا الْهَدُودَ"

"Ipatawad ninyo sa mga kagalang-galang na mga tao ang kanilang mga pagkakamali maliban sa Hudud/mga kasalanang may karampatang kaparusahan"

O Kayong mga mananampalataya, kung titingnan natin ang sitwasyon ng mamamayan ng mga kamusliman ngayon ay makikita natin na laganap ang

pagpapakalat ng mga ng mga kamalian at kapintasan ng mga tao. Nangyayari ito at kumakalat sa pamamagitan ng Social media, sa telebisyon, sa ating mga telepono o pag-uusap o pagtsitsismisan. At malawakang nangyayari ito nang mabilis na wala man lang nagbabawal na relihiyon o pumipigil na indibidwal.

Makikita mo ang kalahati sa mga tao ay masayang nakikinig sa masasamang salita, kanyang pinaparating ang mga usap-usapang nakakasira, masaya siya sa paggawa nito, hindi siya nagsasawa na paulit-ulit itong pag-usapan at iparating sa iba, at hindi siya mauubusan ng masasamang mga balita.

Katotohanan na katulad siya ng taong inilarawan ni Ibn Al-Qayyim rahimahullah, kanyang sinabi: “May mga tao na ang kanilang asal ay tulad ng baboy. Mapapadaan sila sa mga mabubuting bagay ngunit di nila ito kukunin. Tulad ng maraming tao na kapag may narinig silang mabuti sa’yo ay makikita nila itong mali kaya di nila ito papag-usapan o ipararating sa iba. Ngunit kapag may nakita silang mali sa’yo o isang maling salita ay kukunin nila ito na parang prutas/mansanas na kanilang ibabahagi sa iba.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagpapalaganap ng mga kamalian at kapintasan ng mga tao ay napakadelikadong bagay at peligrong sakit. Sinisira nito ang relihiyon at ang pamumuhay dito sa mundo. At kapag napunit ang takip na nagkukubli sa ating mga kamalian at kapintasan ay maalís ang pagkahiya sa ating mga sarili, at kapag nawalan na tayo ng kahihyan ay lalaganap ang kasamaan. Ang bawat tao ay magkakaroon ng lakas na gumawa ng kasamaan at maghasik ng kasakiman. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"إِنَّكَ إِنِ اتَّبَعْتَ عَوْرَاتِ النَّاسِ، أَفْسَدْتَهُمْ أَوْ كَدْتَ أَنْ تَفْسِدَهُمْ".

“Tunay na kapag iyong manmanan ang kamalian ng mga tao ay iyo silang sinira, o muntik mo silang sirain”

Katotohanan na ang pagkalat ng kasamaan sa lupa, ang unang dahilan nito ay ang pagkasiwalat ng masasamang balita at pagkasiwalat ng mga nakatagong masasamang gawain. At ang mga mahihinang nilalang naman na mahilig sa marumi

at di maayos na pamayanan ay ikinakalat nila ito at pinapalaganap nang walang nararamdamang hiya sa mga tao at takot sa Allah. At kapag ito nga ay nangyari, ay huwag na tayong maghanap pa ng tiwala sa mga tao, o hindi na magtitiwala ang mga tao sa kapwa nila tao at pagkatapos ay magkakaroon na ng pag-aaway at galit sa kanilang mga puso.

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagkukubli sa mga kamalian ay hindi nangangahulugan na iwan natin ang pagpapayo sa bawat-isa, ang pagsabihan ang nagkamali sa tamang oras, o ang pag-iwan ng parusa kapag kailangan ang kaparusahan.

At ang pagkukubli ng kamalian ay hindi rin nangangahulugan na maliitin natin ang kasamaan, na hindi ito kamuhian ng ating mga puso, dahil kapag minaliit na ng ating mga puso o hindi kamuhian ng ating mga puso ang kamalian na ating nagawa ay tiyak na ang pusong ito ay kulang sa Iman o paniniwala.

Mga alipin ng Allah, kung ang mga nagpapakalat ng mga ikahihiya ng mga tao o ang pagpapahiya sa kanila ay ipinagbawal ng Islam ay paano pa kung ang iba ay namamaratang ng masamang haka-haka sa iba. Kapag sila ay nagbato ng mga salitang walang katotohanan sa iba o kapag sila'y gumawa ng mga bagay-bagay na ikakasira ng mabubuti at inosenteng tao. Katotohanan na sila ay nakagawa ng malaking kasalanan sa Allah.

﴿إِذْ تَلَقَّوْنَهُ بِأَلْسِنَتِكُمْ وَتَقُولُونَ بِأَفْوَاهِكُمْ مَا لَيْسَ لَكُم بِهِ عِلْمٌ وَتَحْسَبُونَهُ هَيِّئًا وَهُوَ عِنْدَ اللَّهِ عَظِيمٌ﴾ [النور: 15].

“Nang ito ay inyong tinanggap sa inyong mga dila, at namutawi sa inyong mga bibig ang alinmang wala kayong kaalaman, at ito ay inakala ninyo na isa lamang maliit na bagay, samantalang sa paningin ng Allah, ito ay sadyang napakalaki.”

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagsasapubliko ng masamang gawain, ang pagpapahiya ng tao dahil sa kanyang kasalanan o kapintasan o kakulangan ay isang napakasamang ugali at hindi katanggap tanggap sa isang taong may mabuting kaisipan. Sinabi ni Al-Fadhl bin Iyaadh, “Ang taong naniniwala ay ikukubli niya ang mali ng iba at siya ay magpapayo. At ang masamang tao naman ay nagpapahiya ng taong nagkamali.” At sinabi naman ni Al-Hasan Al-Basri, “May mga nagsasabi na kapag ang isang tao ay ipinahiya niya ang isang tao dahil sa isang kamalian o kapintasan ay ililipat ito ng Allah sa kanya.”

Kaya ikaw na nagnanais na patawarin ng Allah, ingatan mo ang iyong dila na makabanggit ng mga kapintasan ng iba. Ingatan mo ang iyong mga taenga at mga mata na magmanman o mag-imbetiga sa mga kamalian ng iba. Alalahanin mo na tulad nilang may kapintasan, ikaw ay mayroon ding mga kapintasan. Tulad nilang may mga kasalanan, ikaw ay mayroon ding mga kasalanan.

Alalahanin ninyo na ang gantimpala o parusa ay nakadepende sa gawa. Kapag inyong ipinahiya ang ibang tao ay siguradong may matatalim na dila ang magpapahiya rin sa inyo. Sinabi ng ibang Salaf, “May naabutan akong mga tao na wala silang mga kapansanan ngunit binabanggit nila ang kapansanan ng ibang mga tao. Kalaunan ay nagkaroon sila ng mga kapansanan. At may naabutan naman akong mga tao na may mga kapansanan ngunit di nila binabanggit ang kapansanan ng ibang mga tao. Kaya kalaunan ay nawala at nakalimutan na rin ang kanilang mga kapansanan.”

Mga alipin ng Allah, kapag ang isang alipin ay isinapuso at isinaisip na kanyang papasanin ang lahat ng kanyang salitang sasabihin ay ititikom niya ang kanyang bibig at titimbangin niya ang kanyang salita. Sinuman ang totoong naniniwala sa Allah at sa huling araw ay magsalita ng mabuti o di kaya ay manahimik na lamang.

Sa huli, ang katangiang pagkukubli ng pagkakamali ay ang pundasyon sa kung paano solusyunan ang isang mali. Maliban na lamang na ang nagkamali ay kanyang isinapubliko ang kanyang kamalian at siya pa ay nanghihikayat na gawin ito. Sa pagkakataong ito, nararapat ay isapubliko rin na mali ang kanyang ginagawa at kung kailangang ipahiya ay dapat itong gawin upang siya ay tumigil at hindi na makapinsala sa ibang tao.

At nararapat din na isapubliko ang kamalian ng ibang tao kapag ang kanilang kamalian ay makakasira sa pamayanan. Tulad ng pagpapakalat ng maling 'Aqeedah o paniniwala, paggamit ng itim na salamangka, pagpapalaganap ng mga droga, at iba pang makakapinsala ng malaki.

Sila ay dapat na malaman ang kanilang masamang ginagawa upang maprotektahan ang relihiyon, makapagbigay ng payo sa lahat, at maprotektahan ang dangal at pag-iisip ng bawat-isa.



Ang Katapatan

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, ang tatalakayin natin ngayon ay patungkol sa pinakadakila sa lahat ng mabubuting ugali at ang pinakaulo ng mga gawaing mabubuti. Ang Allah ay pinuri ang kanyang sarili dahil sa bagay na ito. Sinabi niya sa Qur'an,

﴿وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ اللَّهِ قِيلًا﴾ [النساء: 122]

“At sino ba ang higit na matapat sa pananalita kaysa sa Allah.”

﴿وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ اللَّهِ حَدِيثًا﴾ [النساء: 87]

“At sino ba ang higit na matapat sa pagsasalaysay kaysa sa Allah.”

At pinuri din ng Allah ang kanyang mga sugo at propeta dahil sa katangiang katapatan. Kanyang sinabi sa Qur'an,

﴿وَأَذْكُرُ فِي الْكِتَابِ إِسْمَاعِيلَ إِنَّهُ كَانَ صَادِقَ الْوَعْدِ وَكَانَ رَسُولًا نَبِيًّا﴾ [مريم: 54]

“At banggitin sa Aklat, si Ismael. Katotohanan siya ay tapat sa kanyang pangako, at siya ay isang sugo at isang propeta.”

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ﴾ [التوبة: 119].

“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah at makibilang kayo sa mga matatapat.”

Ang totoong katapatan ay ang pagsabi ng kung ano ang katotohanan, ang ipalabas ang isang bagay kung ano ang tunay nitong anyo. Dahil katotohanan na ito ang Islam, ito ang pundasyon nito, ito ang sukatan ng Iman o paniniwala. Ito ay isang napakagandang ugali na kapuri-puri ang sinumang magkaroon nito. Katotohanan na ang Allah ay nag-utos na palaging maging matapat at totoo ang kanyang mga alipin.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ﴾ [التوبة: 119].

“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah at makibilang kayo sa mga matatapat.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagiging tapat at totoo ay isang katangian ng Allah. Kanyang sinabi sa Qur'an,

﴿وَإِنَّا لَصَادِقُونَ﴾ [الأنعام:146]

“At katiyakan, Kami ay makatotohanan”

At sasabihin ng mga tao sa Paraiso kapag pumasok sila dito,

﴿وَقَالُوا الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي صَدَقَنَا وَعْدَهُ وَأَوْرَثَنَا الْأَرْضَ نَتَبَوَّأُ مِنَ الْجَنَّةِ حَيْثُ نَشَاءُ فَنِعْمَ أَجْرُ الْعَمِلِينَ﴾ [الزمر:74]

[74]

At sasabihin ng mga mananampalataya: “Lahat ng papuri ay sa Allah na Siyang tumupad para sa amin ng Kanyang pangako at kami ay Kanyang ginawang magmana (nitong) lupain upang kami ay manatili sa Paraiso saanman namin naisin; kaya, sadyang pinagpala ang gantimpala ng mga (mabubuting) manggagawa”

Kaya nga sinabi ng Allah:

﴿وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ اللَّهِ قِيلًا﴾ [النساء:122]

“At sino ba ang higit na makatotohanan (matapat) sa pananalita kaysa sa Allah.”

﴿وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ اللَّهِ حَدِيثًا﴾ [النساء:87]

“At sino ba ang higit na makatotohanan (matapat) sa pagsasalaysay kaysa sa Allah.”

Ang katapatan o pagiging tapat ay katangian na ng Propeta ﷺ bago pa man dumating ang Islam sa kanya, at mas lalong nadagdagan ang kanyang pagiging tapat at katapatan. Siya ay sikat na kilala bilang “Assaadiq Al-Ameen” o ang “Matapat at ang Mapagkakatiwalaan”. At nang ginusto ng Allah ang napakarami at kumpletong kabutihan para sa sangkatauhan ay ipinadala niya ang Propeta Muhammad ﷺ.

Nang nagtanong si Hiraclus kay Abu Sufyan noong hindi pa siya naniniwala sa Propeta Muhammad ﷺ, “Ano ang ipinag-uutos niya sa inyo?”. Sumagot si Abu Sufyan, “Sambahin ninyo ang Allah at wala ng iba. Iwan ninyo ang mga sinasamba ng inyong mga ninuno. At inutusan niya kaming magdasal, maging matapat, maging mabuti sa mga kamag-anak, at pagiging malinis ng kalooban.”

At nang nagkasalungat ang mga Quraysh sa kung sino ang maglalagay ng itim na bato sa Ka'bah ay nagdesisyon silang ipapagawa nila ito sa kung sino man ang una nilang makitang lalaki na lalapit sa kanila. At unang dumating ang Propeta ﷺ, at kanilang sinabi, "Siya ay isang matapat at mapagkakatiwalaan. Pumapayag kami sa desisyong ito."

Katotohanan na ang katapatan ay katangian at ugali ng mga propeta na pinili ng Allah upang ipahatid ang mensahe ng Islam at upang magbigay ng mga payo at katuruan sa sangkatuhan. Sinabi ng Allah patungkol kay Ibrahim Alayhis salam:

﴿وَأَذْكُرُ فِي الْكِتَابِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّهُ كَانَ صِدِّيقًا نَبِيًّا﴾ [مریم: 41]

"At banggitin sa Aklat (ang kasaysayan ni) Abraham, katotohanang siya ay makatotohanan o matapat (at) isang propeta."

At sinabi ng Allah patungkol kay Ismael alayhis salam,

﴿وَأَذْكُرُ فِي الْكِتَابِ إِسْمَاعِيلَ إِنَّهُ كَانَ صَادِقَ الْوَعْدِ وَكَانَ رَسُولًا نَبِيًّا﴾ [مریم: 54]

"At banggitin sa Aklat, si Ismail. Katotohanan siya ay tapat sa kanyang pangako, at siya ay isang sugo at isang propeta."

At sinabi ng Allah patungkol kay Idris alayhis salam,

﴿وَأَذْكُرُ فِي الْكِتَابِ إِدْرِيسَ إِنَّهُ كَانَ صِدِّيقًا نَبِيًّا ﴿٥٦﴾ وَرَفَعْنَاهُ مَكَانًا عَلِيًّا﴾ [مریم: 56-57]

"At banggitin sa Aklat, si Idris (Enok). Katotohanan, siya ay isang makatotohanan o matapat, (at) isang propeta. At siya ay Aming itinaas sa isang mataas na kalagayan."

At ang katapatan ay ugali ng mga Mu'min tulad ng kasinungalingan ay ugali ng mga Munaafiq. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ,

"أَرْبَعٌ مَنْ كُنَّ فِيهِ كَانَ مُنَافِقًا خَالِصًا، وَمَنْ كَانَتْ فِيهِ خَصْلَةٌ مِنْهُنَّ كَانَتْ فِيهِ خَصْلَةٌ مِنَ الْبِقَاقِ حَتَّى يَدْعَهَا إِذَا حَدَّثَ كَذَبَ..."

"Kasama sa apat na bagay na kapag makumpleto sa isang tao ay tiyak na siya ay purong Munaafiq o Hipokrito. At kapag meron ang isa nito sa isang tao ay siya ay

nagtataglay ng isang kaugalian ng isang Munaafiq hanggang sa iwan niya ito. Isa mula rito ay kapag siya ay nagsalita, siya ay nagsisinungaling...”

Katotohanan na ang Mu'min (naniniwala) naman ay kabaliktaran nito dahil kapag siya ay magsalita siya ay tapat at totoo.

O alipin ng Allah, ang katapatan ay may maraming uri; Katapatan ng isang alipin sa kanyang Panginoon, katapatan ng isang alipin sa kanyang sarili, at katapatan sa mga tao. At ang pinakadakila at importante dito ay ang katapatan niya sa kanyang Panginoon. Siya ay magiging tapat sa kanyang sarili sa kanyang mga salita at gawa, lantaran man o nakatago. Lahat ng kanyang mga kilos, gawa, at kuro-kuro ay totoo at tapat para sa Allah. Siya ay magiging tapat sa kanyang relihiyon, sa kanyang paniniwala, at siya ay malayo sa kahipokrituhan at sa pandaraya.

Ang katapatan naman ng alipin sa kanyang sarili ay ang pag-iwas nito sa anumang pandaraya at kaligawan, ang tanungin nito ang kanyang sarili sa lahat ng kanyang gagawin upang siya ay may kontrol sa anumang gagawin ng kanyang sarili. Dapat niyang dalhin ang kanyang sarili sa tuwid na landas at hindi sa mga daan ng kaligawan.

Ang katapatan naman ng alipin sa mga tao ay ang gustuhin niya sa kanila ang kabutihan, ang magbigay siya ng mga payo sa kanila, ang pagbutihin niya ang pag-aakala sa kanila, at ang lumayo siya sa mga bagay na kanilang ikakasama at ikakapinsala. Magsasabi siya ng mga katotohanan lamang sa kanila at kanyang gagawin at tutuparin ang lahat ng mga ipinagkatiwala ng mga tao sa kanya. Tutuparin niya ang dapat niyang gawin sa pinakamaayos na paraan.

O Kayong mga naniniwala, katotohanan na ang katapatan ay may napakaraming kabutihan. Kabilang dito, ang katapatan ay katangi-tanging ugali ng silang mga totoong naniniwala. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا وَجَاهَدُوا بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنْفُسِهِمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ أُولَٰئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ ١٥ ﴾

[الحجرات:15].

“Katiyakan, ang mga (maituturing bilang) naniniwala ay yaong (tapat na) naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at pagkaraan ay hindi nag-alinlangan bagkus sila ay nagpupunyagi (at nakikipaglaban) sa pamamagitan ng kanilang yaman at ng kanilang mga buhay para sa landas ng Allah. Sila yaong mga makatotohanan at tapat.”

Kabilang din sa mga kabutihan ng katapatan ay ang pagkapanatag ng kalooban. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"الصِّدْقُ طُمَأْنِينَةٌ، وَالْكَذِبُ رِيَّةٌ."

“Ang katapatan ay kapanatagan, at ang kasinungalingan ay pag-aalinlangan.”

Kabilang rin sa mga kabutihan nito ay ang pagkaligtas at pagkaresolba ng mga mahihirap na sitwasyon o problema sa sinuman ang piliin niyang maging matapat. Tulad ng kwento ng tatlong hindi sumali sa pakikipaglaban ng Propeta ﷺ sa Tabuk. Sila ay naging tapat sa Allah at sa kanyang sugo at sila ay umamin na wala silang sapat na dahilan upang hindi sumama sa Propeta ﷺ.

﴿وَعَلَى الثَّلَاثَةِ الَّذِينَ خُلِفُوا حَتَّىٰ إِذَا ضَاقَتْ عَلَيْهِمُ الْأَرْضُ بِمَا رَحُبَتْ وَضَاقَتْ عَلَيْهِمْ أَنْفُسُهُمْ وَظَنُّوا أَنَّا لَا مَلْجَأَ مِنَ اللَّهِ إِلَّا إِلَيْهِ

ثُمَّ تَابَ عَلَيْهِمْ لِيَتُوبُوا إِنَّ اللَّهَ هُوَ التَّوَّابُ الرَّحِيمُ﴾ [التوبة: 118]

“At (Kanyang pinatawad din) ang tatlong nagpaiwan (hindi nakipaglaban sa digmaang Tabuk na ang kaso ay ipinagpaliban ng Propeta) para sa pagpapasiya ng Allah, hanggang sa ang bahagi ng lupa, sa kabila ng lawak nito, ay naging masikip at ang kanilang sarili ay naging masikip para sa kanila, at kanilang napagtanto na walang makatatakas mula sa Allah, at walang mapagkakanlungan maliban sa Kanya. Pagkaraan, sila ay Kanyang pinatawad (tinanggap ang kanilang pagsisisi) upang sa gayon sila ay magsisi. Katotohanan, ang Allah ang Siyang Nagpapatawad at tumatanggap ng pagsisisi, ang Maawain.”

At pagkatapos ng Ayah na ito ay sumunod naman ang Ayah na sinabi ng Allah:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ﴾ [التوبة: 119]

“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah at makibilang kayo sa mga makatotohanan at matatapat.”

Ang barakah/biyaya naman sa mga nagtitinda at bumibili ay kabilang din sa kabutihan ng pagiging matapat ng tao. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"الْبَيْعَانِ بِالْخِيَارِ مَا لَمْ يَتَفَرَّقَا فَإِنْ صَدَقَا وَبَيَّنَّا بُرُوكَ لهُمَا فِي بَيْعِهِمَا، وَإِنْ كَذَبَا وَكُنَّا مُحِقَّتْ بَرَكَهُ بَيْعِهِمَا"

“Ang nagbebenta at mamimili ay maaring pumili hangga’t sila’y hindi pa nagkahiwalay. Kapag sila’y naging matapat at kanilang pinahayag (nang tapat ang patungkol sa binenta at presyo) ay magiging mabiyaya sa kanilang dalawa ang kanilang pagbenta at pagbili. At kung sila naman ay nagsinungaling at kanilang tinago (ang totoo patungkol sa binenta at presyo) ay mawawala ang biyaya ng kanilang pagbenta at pagbili”

Isa rin sa mga kabutihan nito ay ang pagtanggap ng Allah sa mga panalangin ng taong matapat. Sinabi ng Propeta ﷺ.

"مَنْ سَأَلَ الشَّهَادَةَ بِصِدْقٍ بَلَغَهُ اللَّهُ مَنَازِلَ الشُّهَدَاءِ وَإِنْ مَاتَ عَلَى فِرَاشِهِ"

“Sinuman ang tapat na humungi sa Allah na siya’y mamatay na isang Shaheed/Martyr ay ilalagay siya ng Allah sa antas ng mga Shaheed kahit na siya’y namatay sa kanyang kama”

Kabutihan din para sa taong matapat at totoo, na siya ay pagkatiwalaan ng maraming tao at mapapanatag sila sa kanya. At Kabilang din sa kabutihan ng katapatan ay magiging dahilan ito ng pagpasok sa Paraiso. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ قَالَ اللَّهُ هَذَا يَوْمُ يَنْفَعُ الصَّادِقِينَ صِدْقُهُمْ لَهُمْ جَنَّاتٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ

﴿[المائدة:119]

“Ang Allah ay magsasabi: ‘Ito ang Araw na ang mga (taong) makatotohanan (matatapat) ay makikinabang sa kanilang pagiging makatotohanan’. Sa kanila ay mga hardin (ng Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos. Sila ay

mamamalagi roon ng walang hanggan. Ang Allah ay nasisiyahan sa kanila at (gayon din) naman sila sa Kanya. Iyan ang dakilang tagumpay.”

At sinabi ng Propeta ﷺ,

"إِنَّ الصِّدْقَ لِيَهْدِيَ إِلَى الْبِرِّ، وَإِنَّ الْبِرَّ لِيَهْدِيَ إِلَى الْجَنَّةِ وَلَا يَزَالُ الْعَبْدُ يَصْدُقُ وَيَتَحَرَّى الصِّدْقَ حَتَّى يُكْتَبَ عِنْدَ اللَّهِ صِدْقًا".

“Katotohanan na ang katapatan ay gabay tungo sa kabutihan, at ang kabutihan ay gabay tungo sa Paraiso. Habang ang isang alipin ay nanatili sa pagiging tapat at nagsisikap na maging matapat hanggang sa siya’y isusulat na matapat sa talaan ng Allah”

Kabilang din sa kabutihan ng silang mga matatapat, ay makakasama nila ang mga Sugo at mga Propeta. At sila’y malalapit sa Allah sa Paraiso. Sinabi ng Allah sa Qur’an,

﴿وَمَنْ يُطِعِ اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ مِنَ النَّبِيِّينَ وَالصِّدِّيقِينَ وَالشُّهَدَاءِ وَالصَّالِحِينَ وَحَسُنَ أُولَٰئِكَ رَفِيقًا﴾ [النساء: 69].

“At sinumang sumunod sa Allah at sa Sugo (si Muhammad), -sila yaong mga makakasama niyaong mga pinagpala ng Allah- ang mga propeta, ang mga makatotohanan, ang mga nasawi (sa landas ng Allah), at ang mga matutuwid. At sila yaong mga mabubuting kasamahan.”

O kayong mga nanampalataya, katotohanan na ang katapatan ng isang tao ay tiyak na makakatulong sa kanya. Makikita ng isang taong matapat ang mga kakaibang bagay na mangyayari dahil sa kanyang katapatan. Tulad ng mga Sahaabah radiyallahu anhum, ang mga kasama ng Propeta Muhammad ﷺ, sila ang pinakamatapat na tao at kanilang nakita ang mga magagandang bagay na nangyari dahil sa kanilang katapatan.

Tulad ni Abu Bakr As-Siddiq radiyallahu anhu, dahil sa kanyang pagpapatotoo sa mga sinasabi ng Propeta Muhammad ﷺ habang pinasinungalingan siya ng mga kalaban ay binansagan siyang As-Siddiq, ang nagpatotoo o ang matapat na kasama ng Propeta ﷺ.

At si Anas bin An-Nadhr radiyallahu anhu, hindi siya nakasali sa unang labanan sa Badr kasama ang Propeta ﷺ, at kanyang sinabi na kapag makasali siya sa labanan kasama ang Propeta ay ipapakita niya at patutunayan ang kaya niyang gawin para sa Islam. Dumating ang labanan sa Uhud at siya ay nakipaglaban nang matindi. Siya ay nakipaglaban hanggang siya ay mapatay. At nang makita ng mga Sahaba ang kanyang katawan, ito'y nagtamo ng humigit walumpung (80) mga sugat; mula sa ama ng espada, tama ng pana, at mga palaso. Sinabi ng mga Sahaba na siya at ibang pang mga Sahaba na silang nakipaglaban nang husto ang silang tinutukoy sa Ayah:

﴿مِنَ الْمُؤْمِنِينَ رِجَالٌ صَدَقُوا مَا عَاهَدُوا اللَّهَ عَلَيْهِ فَمِنْهُمْ مَّنْ قَضَىٰ نَحْبَهُ وَمِنْهُمْ مَّنْ يَنْتَظِرُ وَمَا بَدَّلُوا بَدِيلًا﴾ [الأحزاب:23].

“At mula sa mga naniniwala ay mga lalaking makatotohanan (matatapat) sa anumang kanilang pangako sa Allah; at kabilang sa kanila ay isang tumupad sa kanyang pangako (hanggang kamatayan) at kabilang sa kanila ay isang naghihintay (ng kanyang pagkakataon), at hindi nila binago (ang kasunduan) ng alinmang pagbabago.”

At tanda rin ng pagiging matapat ng mga Sahaabah ay ang kanilang pagtitiis habang kanilang dala-dala ang mensahe ng Islam pagkatapos ng Propeta ﷺ. Kanilang dinala at pinarating sa atin ang mga katuruan ng Islam nang tapat, totoo, nang may hustisya at paniniwala. Kanilang pinarating sa sanlibutan nang kumpleto nang walang kulang o sobra.

Mga alipin ng Allah, ganito ang nagiging resulta ng katapatan ng mga taong matatapat. Kaya maging tapat tayo sa ating paniniwala sa Allah, sa lahat ng ating mga salita at gawa. Dahil hindi tayo maliligtas sa kaparusahan ng Allah maliban na tayo ay maging at manatiling matapat.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, lubos tayong nangangailangan ng katapatan sa ating pakikitungo. Kailangan natin ito sa pagsasabuhay ng ating relihiyon. Gawin natin na

ang katapatan ang pundasyon ng lahat ng ating mga ginagawa na alinsunod sa katuruan ng Islam. At lubos din nating kailangan ang katapatan sa ating pagbabalik-loob sa Allah mula sa ating mga kasalanan, maging matapat tayo sa ating pagsisisi, maging matapat tayo na huwag na tayong bumalik sa paggawa ng masama, at maging matapat tayo at totoo sa pagsasauli ng mga karapatan ng mga tao na ating kinuha.

Lubos tayong nangangailangan sa katapatan ng pananalig sa Allah sa lahat ng bagay. Ang katapatan na tayo ay maging mabuting tao at sumunod sa tuwid na daan. Ang katapatan na linisin natin ang ating mga bahay at pamilya mula sa maling paniniwala. Ang katapatan na ang sasamahan lang natin ay ang mabubuting tao upang di tayo makagawa ng anumang panlilibak, paninirang puri, o pagkakalat ng masasamang salita. Ang katapatan na makikitungo tayo ng maganda sa ating mga magulang lalo na sa kanilang katandaan, ibibigay natin ang kanilang mga pangangailan, at mamahalin natin sila.

Lubos tayong nangangailangan na maging matapat sa pakikitungo sa ating mga asawa, anak, mga kapamilya at kamag-anak sa ating pamamahay.

Lubos rin tayong nangangailangan na maging matapat sa pagprotekta sa ating pamayanan at nasyon mula sa anumang nakakasira rito. Maging tunay tayong matapat sa pagprotekta rin sa ating mga pinuno at lider sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mabubuting mga utos at ang itama sila sa kanilang maling ginagawa sa tamang paraan.

At lubos rin tayong nangangailangan na maging matapat at totoong tagapagbalita na kanilang iniingatan na makapaghatid ng mga hindi totoo, mali, masasama, at mapanirang balita. Matatapat at totoong mga Da'ee, ustadh, 'Aalim, pinuno, lider na may kabuuang pagkaintindi sa totoong nangyayari sa mga tao, alam niya kung paano at ano ang dapat na ipahatid at ipaalam sa mga tao, at alam niya ang totoong solusyon at makapag-gagabay sa mga tao sa kanilang pamumuhay.

Lubos rin tayong nangangailangan ng mga matatapat at totoo na magtuturo sa Ummah ng Islam, at magsisikap na makapagbigay ng kabutihan dito.



Ang Pagsisinungaling

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, nanatiling ang katapatan ay kaibig-ibig sa lahat ng lugar at lahat ng oras. Kaya naman pinuri ng Allah ang lahat ng kanyang mga Propeta at Sugo sa magkakaibang panahon. Kanyang sinabi sa Qur'an,

﴿وَأَذْكُرْ فِي الْكِتَابِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّهُ كَانَ صِدِّيقًا نَبِيًّا ٥١﴾ [مریم: 41]

“At banggitin sa Aklat (ang kasaysayan ni) Abraham, katotohanang siya ay makatotohanan o matapat (at) isang propeta.”

At sinabi ng Allah patungkol kay Ismael:

﴿وَأَذْكُرْ فِي الْكِتَابِ إِسْمَاعِيلَ إِنَّهُ كَانَ صَادِقَ الْوَعْدِ وَكَانَ رَسُولًا نَبِيًّا ٥١﴾ [مریم: 54]

“At banggitin sa Aklat, si Ismael. Katotohanan siya ay tapat sa kanyang pangako, at siya ay isang sugo at isang propeta.”

At sinabi ng Allah patungkol kay Idris:

﴿وَأَذْكُرْ فِي الْكِتَابِ إِدْرِيسَ إِنَّهُ كَانَ صِدِّيقًا نَبِيًّا ٥١ وَرَفَعْنَاهُ مَكَانًا عَلِيًّا ٥٢﴾ [مریم: 56-57]

“At banggitin sa Aklat, si Idris (Enok). Katotohanan, siya ay isang makatotohanan o matapat, (at) isang propeta. At siya ay Aming itinaas sa isang mataas na kalagayan.”

At kapuri-puri rin ang Propeta Muhammad ﷺ na simulang makilala ng mga tao hanggang sa siya ay pumanaw ay tinatawag pa rin siya na ‘ang Matapat at ang Mapagkakatiwalaan’. Walang isang beses na siya ay nalamang nagsinungaling o nagsabi ng mga bagay na taliwas sa reyalidad. Sinabi sa kanya ng Allah Jalla Wa ‘Ala,

﴿فَإِنَّهُمْ لَا يَكْذِبُونَكَ وَلَكِنَّ الظَّالِمِينَ بَيَّاتٍ اللَّهُ يَجْحَدُونَ ٣٣﴾ [الأنعام: 33].

“Katotohanan, hindi ikaw ang kanilang itinatakwil, kundi, ang mga ayaat (o kapahayagan) ng Allah ang tinututulan ng mga mapaggawa ng kamalian.”

Mga alipin ng Allah, ang pagsisinungaling ay kabaliktaran ng Iman (paniniwala). At ang pagsisinungaling at ang Iman ay kailanman ay hindi magsasama. “Maaring magawa lahat ng isang Mu’min (naniniwala) ang lahat ng bagay maliban sa pagtataksil at pagsisinungaling”, “at ang Mu’min ay hindi nagsisinungaling.”

Sinabi ng ating Ina, na si Aisha radiyallahu anha:

"ما كان خلق أبغض إلى رسول الله - صلى الله عليه وسلم - من الكذب، ولقد كان الرجل يكذب الكذبة فلا يزال في نفس رسول الله - صلى الله عليه وسلم - شيء حتى يعلم أنه قد أحدث منها توبة".

“Walang pag-uugali ang lubos na kinamumuhian ng Propeta ﷺ maliban sa pagsisinungaling. At tunay na kapag ang isang lalaki ay nagsinungaling, nanatili sa sarili ng Propeta (ang pagkamuhi at galit) hanggat sa kanyang malaman na ito’y nagbalik-loob”

At karamihan ngayon sa mga tao mula umaga hanggang gabi, sa loob o labas man ng kanyang bahay ay laging nagsisinungaling -alagaan nawa tayo ng Allah-.

"إن الكذب يهدي إلى الفجور، وإن الفجور يهدي إلى النار وما يزال الرجل يكذب ويتحرى الكذب حتى يكتب عند الله كذاباً".

“Tunay na ang pagsisinungaling ay gabay tungo sa kasamaan. At tunay na ang kasamaan ay gabay tungo sa apoy. At habang nananatili ang isang lalaki sa pagsisinungaling at nagsisikap sa pagsisinungaling hanggang siya’y maisulat na sinungaling sa Allah”

Mga alipin ng Allah, sapat ng kasamaan ng pagsisinungaling ang gawin ito ng Allah na palatandaan sa mga di naniniwala at sa mga Munaafiq (mga hipokrito). Sinabi ng Allah sa Qur’an,

﴿ إِنَّمَا يَفْتَرِي الْكَذِبَ الَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِآيَاتِ اللَّهِ وَأُولَئِكَ هُمُ الْكَافِرُونَ ﴾ [النحل: 105]

“Katiyakan, ang tagapag-imbento ng kasinungalingan, sila yaong mga dinaniniwala (o nagtatakwil) sa mga ayaat (kapahayagan) ng Allah, at sila yaong mga sinungaling.”

At sinabi ng Propeta ﷺ:

”آيَةُ الْمُنَافِقِ إِذَا حَدَّثَ كَذَبَ وَإِذَا وَعَدَ أَخْلَفَ وَإِذَا أُؤْتِيَ حَانَ.”

“Ang mga palatandaan ng isang Munaafiq (hipokrito); kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling, kapag nangako siya ay di tumutupad, at kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil”

Ang mga Kuffar, mga hindi naniniwala, sila ay nagsinungaling nang sila’y gumawa ng katambal ng Allah Subhaanahu Wa Taala. Sila ay nagsinungaling nang kanilang sinabing may mga kasama at anak ang Allah. Subhaanallah!

﴿ مَا اتَّخَذَ اللَّهُ مِنْ وَلَدٍ وَمَا كَانَ مَعَهُ مِنْ إِلَهٍ إِذَا لَذَهَبَ كُلُّ إِلَهٍ بِمَا خَلَقَ وَلَعَلَّ بَعْضُهُمْ عَلَى بَعْضٍ سُبْحَنَ اللَّهِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴾

﴿ ٩١ ﴾ 1 عَلَيْهِ السَّلَامُ وَالشَّهَادَةُ فَتَعَالَى عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿ ٩٢ ﴾ [المؤمنون: 91-92]

“Hindi nagkaroon ang Allah ng sariling anak, at walang sinumang diyos na sinasamba bukod sa Kanya; dahil walang pag-aalinlangan, kung maraming diyos na nararapat sambahin, ang bawa’t isa sa kanila ay ibubukod ang anuman na kanyang nilikha, at ang iba sa kanila ay maaaring magtangkang pangibabawan (talunin o daigin) ang iba. Ngunit luwalhati sa Allah, Siya ay Mataas sa anumang kanilang iniaakibat (sa kanya). (Siya ang) Maalam ng Ghaib (di-nakikita) at nakikita (o nasasaksihan). Siya ay Mataas nang higit kaysa sa anumang kanilang itinatambal (sa kanya).”

﴿ كَبُرَتْ كَلِمَةً تَخْرُجُ مِنْ أَفْوَاهِهِمْ إِنْ يَقُولُونَ إِلَّا كَذِبًا ﴾ ﴿ ٥ ﴾ [الكهف: 5].

“Sila ay walang (tamang) kaalaman tungkol dito, at maging ang kanilang mga ninuno. Sadyang kakila-kilabot ang salitang namumutawi sa kanilang mga bibig; (sapagkat) sila ay walang sinasabi maliban sa kasinungalingan.”

Ang mga Munaafiq naman ay nagsisinungaling sa lahat ng kanilang mga salita at gawa. Hindi nagtutugma ang panlabas at panloob nilang katauhan at di nagtutugma ang kanilang mga salita sa kanilang mga gawa.

Mga alipin ng Allah, kung ating titingnan ng mabuti ang kalagayan ng ating pamayanan ngayon ay makakakita tayo ng ibat-ibang uri ng kasinungalingan. At ang pinakamasama at karumal-dumal na kasinungalingan ay ang mga sumusunod;

Una: ang kasingungalingan sa Allah. Sasabihin ng isang dila na “Ito ay Halal, ito naman ay Haram”, sasabihin ito nang walang kasiguraduhan at walang katibayan sa Qur’an at Hadith. At katotohanan nga na napakaraming ganitong mga dila sa panahon natin ngayon.

Hindi sasabihin ng kanyang dila na “Allahu A’lam” dahil takot siya na makaapekto o makapagpababa ito sa kanyang katayuan. Katunayan na di niya alam ang sinabi ng Allah sa Qur’an,

﴿ وَلَا تَقُولُوا لِمَا تَصِفُ أَلْسِنَتُكُمُ الْكَذِبَ هَذَا حَلَالٌ وَهَذَا حَرَامٌ لِتَفْتَرُوا عَلَى اللَّهِ الْكَذِبَ إِنَّ الَّذِينَ يَفْتَرُونَ عَلَى اللَّهِ الْكَذِبَ

لَا يُفْلِحُونَ ﴿١١٦﴾ مَتَّعٌ قَلِيلٌ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١١٧﴾ ﴾ [النحل: 116-117].

“Huwag ninyong sabihin bilang pagsisinungaling na sinasabi ng inyong mga dila; na ito ay ipinahihintulot samantalang ipinagbabawal naman, at ito ay ipinagbabawal samantalang ito ay ipinahihintulot ng Allah; dahil nag-iimbento kayo laban sa Allah. Katiyakan, ang mga yaong nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allah, kailanman ay hindi sila magtatagumpay. (Ito ay) isa lamang maikling kasiyahan, at para sa kanila ay isang mahapding parusa.”

Pangalawa: ang pagsisinungaling sa Propeta ﷺ. Katunayan nga na napakarami na ring kumakalat na mga peke at di totoong mga Hadith sa ngayon, at ang iba pa ay sukdulan sa sama at kasinungalingang mga Hadith. Ang iba ay sasabihin, “I-share

mo sa sampung tao at bibiyayaan ka ng Allah, at kung hindi ay paparusahan ka ng Allah.” Purong kasinungalingan! Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ كَذِبًا عَلَى لَيْسَ كَذِبٍ عَلَى أَحَدٍ، مَنْ كَذَبَ عَلَيَّ مُتَعَمِّدًا فَلْيَتَّبِعُوا مَقْعَدَهُ مِنَ النَّارِ".

“Ang kasinungalingan patungkol sa akin ay di tulad ng kasinungalingan patungkol sa iba. Sinuman ang gumawa ng kasinungalingan patungkol sa akin ay manahanan sa kanyang upuan mula sa Apoy”

Pangatlo: ang pagsisinungaling sa mga gawa. Ito ay kapag gumawa ang isang tao ng isang bagay na hindi naman totoo. Sa madaling salita ay pagpapakitang-tao lamang, kanyang gagalawin ang kanyang mga bibig para magmukhang nagdi-Dhikr (umaala-ala sa Allah) ngunit -ang Allah ang totoong nakakaalam- hindi naman siya totoong nagdi-Dhikr. O kunwari ay matulungin siya at mapagbigay ngunit sa harapan lamang ng mga tao. Sinabi ng Allah, patungkol sa mga nagsisinungaling sa kanilang gawa bago sila magsinungaling sa kanilang salita,

﴿وَجَاءُوا آبَاهُمْ عِشَاءَ يَبْكُونَ ۖ﴾ [يوسف:16]

“At nagtungo ang mga kapatid ni Yusuf sa kanilang ama sa oras ng gabi, na sila ay umiiyak.”

Ngunit kasinungalingan ang kanilang pag-iyak, at pagkatapos ng kanilang pagsisinungaling gamit ang kanilang kilos o aksyon ay nagsisinungaling naman sila sa kanilang salita.

﴿قَالُوا يَا أَبَانَا إِنَّا ذَهَبْنَا نَسْتَبِقُ وَتَرَكَنَا يُوسُفَ عِنْدَ مَتْلَعِنَا فَانْكَرَ الْكَذِبَ ۖ﴾ [يوسف:17]

“Kanilang sinabi: ‘O aming ama! Katotohanan, kami ay naglaro ng habulan, at iniwan namin si Yusuf doon sa pinaglagyan namin ng mga baon at mga damit, subalit kinain siya ng lobo.’”

Ganito sila nagsinungaling, nagkukunwari sila sa kanilang mga kilos pagkatapos ay nagsisinungaling sila sa kanilang mga salita.

Pang-apat: ang pagsisinungaling sa mga bagay na wala sa atin. Ito ay kapag nagkunwari ang isang tao na mayroon siyang maraming alam, maraming kayaman, o may kapangyarihan ngunit ang mga ito'y walang katotohanan. Ipagmamalaki niya ang sasakyang hindi sa kanya, ipagmamalaki niya ang kanyang mga damit o alahas na hindi sa kanya, ipaparinig niya na mataas daw ang kanyang natapos. Lahat ng ito'y kasinungalingan at kanyang ginagawa para lamang maganda ang masabi sa kanya ng mga tao.

Panglima: ang pagsisinungaling sa panaginip. Magkukunwari ang isang tao na siya ay may napanaginipan daw na importanteng bagay. Ito'y para makapag-utos siya ng mabuti, makapagbawal ng masama, o para lang magkaroon siya ng katayuan sa mga tao. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"من أفرى الفرى أن يُرى الرجل عينيه ما لم تريا، يقول: "رأيت في المنام كذا وكذا". وعقوبته أن "من تحلم بما لم يرى كُلف يوم القيامة أن يعقد بين شعيرتين وليس بفاعل".

"Kabilang sa pinakasinungaling na kasinugalingan ay ang magpanggap ang tao na kanyang napanaginipan ang isang bagay na hindi naman totoo, kanyang sasabihin: 'nakita ko sa panaginip ang ganito at ganyan'. Ang kanyang kaparusahan, sa sinumang nagpanggap na kanyang napanaginipan ang isang bagay na hindi naman totoo; siya'y uutusan sa araw ng paghuhukom na kanyang pagdugtungin ang dalawang butil ng barley at hindi niya kayang gawin"

At ang pinakamatindi at pinakamasama nito ay kapag sabihin niya na kanyang nakita sa kanyang panaginip ang Propeta Muhammad ﷺ ngunit di naman totoo. Sila ay yaong0 mga sinungaling at manloloko na kapag gusto nilang pagandahin o gawing banal ang isang bagay ay sasabihin nilang nakita nila ang Propeta na ginagawa o ipinag-utos ito sa kanilang panaginip.

At kapag mayroong nagsabing nakita niya ang Propeta Muhammad ﷺ sa kanyang panaginip ay nararapat na itanong sa kanya kung ano ang katangian ng

Propeta o ilarawan niya ang Propeta. Dahil si Abdullah bin ‘Abbaas radiyallahu anhuma, kapag may dumating sa kanyang isang lalaki at kanyang sinabi na kanyang nakita ang Propeta ﷺ ay kanyang sinasabi sa kanya, “Ilarawan mo sa akin, ilarawan mo kung sino ang napanaginipan mo.”

Kaya alamin ninyo at intindihin na ang makita ang Propeta ﷺ sa panaginip ay hindi magbibigay ng anumang kautusan sa Shariah o magbibigay ng anumang karapatan mula sa mga karapatan.

O mga Muslim, katotohanan na mayroon tayong sukatan at timbangan ng katotohanan, timbangan o sukatan ng katuruan ng Islam. Dito natin ibabase ang mga bagay-bagay at hindi sariling opinyon o kagustuhan ng tao. Hinding-hindi tayo magbabase sa mga panaginip ng silang gustong manloko o gumawa ng kwento para lang makapangligaw ng tao.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, **Pang-anim**, mula sa mga uri ng pagsisinungaling: ang pagsisinungaling ng pinuno sa kanyang mga tauhan. Siya man ay maging hari, presidente, ministro, kapitan o sinumang nabigyan ng awtoridad. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"ثلاثة لا يكلمهم الله يوم القيامة ولا يزيهم وهم عذاب أليم: شيخ زانٍ وملك كذاب وعائل مستكبر"

“Tatlong tao na di kakausapin ng Allah sa huling araw, hindi sila dadalisayin ng Allah at mapasakanila ang mabigat na kaparusahan; matanda na nakikiapid, Hari na sinungaling, at mahirap na mapagmalaki.”

Pampito: ang pagsisinungaling sa pamamagitan ng pagtatago ng mga kapintasan o depekto sa isang binebentang bagay. Ang isang tao ay itatago niya ang sira o depekto sa kanyang ibinebenta, papagandahin niya ang kanyang produkto na parang maayos ito, pero may nakatagong depekto. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"الْبَيْعَانِ بِالْخِيَارِ مَا لَمْ يَتَفَرَّقَا فَإِنْ صَدَقَا وَبَيَّنَّا بُورِكَ لَهُمَا فِي بَيْعِهِمَا، وَإِنْ كَذَبَا وَكَتَمَا مُحِقَّتْ بَرَكَةُ بَيْعِهِمَا"

“Ang nagbebenta at mamimili ay maaring pumili hangga’t sila’y hindi pa nagkahiwalay. Kapag sila’y naging matapat at kanilang pinahayag (nang tapat ang patungkol sa binenta at presyo) ay magiging mabiyaya sa kanilang dalawa ang kanilang pagbenta at pagbili. At kung sila naman ay nagsinungaling at kanilang tinago (ang totoo patungkol sa binenta at presyo) ay mawawala ang biyaya ng kanilang pagbenta at pagbili”

Nagsisinungaling din ang isang tao kapag sinabi niya na ang kanyang binebentang bagay ay nabili niya sa presyong hindi totoo. Sasabihin niyang malaki o mahal ang kanyang bili rito ngunit mura lang naman ang kanyang pagkabili. Katunayan na siya ay nasa kalugian. Sinabi ng Propeta ﷺ sa ibang Hadith:

"ثلاثة لا ينظر الله إليهم يوم القيامة ولا يزيهم لهم عذاب أليم.. وذكر منهم: "ورجل حلف على سلعة أنه أعطي بها كذا وكذا وهو كاذب".

“Tatlong tao na di kakausapin ng Allah sa huling araw, hindi sila dadalisayin ng Allah at **mapa sa kanila ang mabigat na kaparusahan” at kanyang binanggit mula sa kanila; “lalaking sumumpa sa kanyang ibenebenta na ito’y kanyang nabili sa ganitong halaga at siya’y sinungaling”**

Mga alipin ng Allah, ang pagsisinungaling ay Haram, ito ay kasuklam-suklam, ngunit may mga bagay naman na ipinahintulot ang pagsisinungaling dito ng tao. Sinabi ni Ummu Kulthum na anak ni ‘Uqbah radiyallahu anha:

"ما سمعت رسول الله -صلى الله عليه وسلم- يرخّص في الكذب مما يقول الناس إلا في ثلاثة؛ في الحرب وإصلاح ذات البين وكلام الرجل لامرأته والمرأة لزوجها".

“Hindi ko narinig ang Propeta ﷺ na nagpahintulot ng pagsisinungaling maliban sa tatlo; sa digmaan, sa pag-aayos ng dalawang panig na magkaaway, at sa salita ng lalaki sa kanyang asawa at ng babae sa kanyang asawa.”

Dahil sa gyera, pinahintulutan ang isang tao na magsinungaling para maisahan ang kalaban, kalaban ng Islam. Sa pag-aayos ng dalawang magkaaway naman at sa mga salita ng mag-asawa sa isat-isa ay hindi matatawag na pagsisinungaling ang anumang sabihing mabuting bagay sa kanila kahit ito ay hindi totoo. Ito ay kailangan, dahil ang mga mabubuting salita kahit ito man ay gawa-gawa lamang ay nagdudulot ng mabuting relasyon sa pagitan ng dalawang tao at sa mag-asawa.

Tulad halimbawa kapag sabihin ng lalaki sa kanyang asawa, “Ikaw ang pinakamagandang babae sa buong mundo”, o ng babae sa kanyang asawa, “Ikaw ang pinakamatapang at mapagbigay na lalaki sa lahat ng tao.”

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ingatan ninyo ang makapagsinungaling at layuan ninyo ito. Linisin ninyo ang inyong dila mula rito dahil katotohanan na ang pagsisinungaling ay pinto mula sa mga pinto ng Impyerno. Katulad ng katapatan na ito ay pinto mula sa mga pinto ng Paraiso.



Ang Pagbaba Ng Paningin

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, tunay na kabilang sa layunin ng Shariah ay ang pagpigil sa lahat ng daan patungo sa haram at paglapit dito. Dahil sa ang Zina ay kabilang sa mga malalaking kasalanan at kabilang sa mga kasuklam-suklam na gawain na kung saan sinabi ng Allah:

﴿وَلَا تَقْرَبُوا الزِّنَىٰ إِنَّهُ كَانَ فَحِشَةً وَسَاءَ سَبِيلًا﴾ [الإسراء:32]

“At huwag kayong lumapit sa gawaing pakikiapid, dahil katiyakang ito ay karumal-dumal na gawain at napakasamang pamamaraan”

Dahil dito, ipinagbabawal sa sinumang Muslim ang lahat ng mga bagay na pwedeng magdala sa kanya na gumawa sa karumal-dumal na gawaing ito. Tulad ng pagbabawal sa lalaki na sumama sa isang babae na hindi niya Mahram. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"لا يخلون رجل بامرأة إلا مع ذي محرم"

“Huwag na huwag magsama ang lalaki at babae maliban na lamang kapag kasama ng kanyang mahram”

Kaya pinagbawal din sa babae na maglakbay nang wala siyang kasamang lalaki na kanyang Mahram, tulad ng kanyang ama, kapatid o mga anak na lalaki. Ito’y para sa kanyang kaligtasan at proteksyon mula sa mga masasamang pwedeng mangyari.

Kabilang dito ay ang pag-uutos sa mga lalaki na ingatan nila ang kanilang mga paningin. Kailangang di nila ibaling ang kanilang mga paningin sa mga bagay na di nila dapat tinitingnan. Dahil maaring ang pagtingin nila sa bagay na bawal ay magdulot ng paggawa nila ng mga Haram na bagay. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿قُلْ لِّلْمُؤْمِنَاتِ بَعْضُهُنَّ مِنَّ أَبْصَارِهِمْ وَيَحْفَظْنَ فُرُوجَهُمْ﴾ [النور:30]

“Sabihin mo, O Muhammad sa mga mananampalatayang kalalakihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin (mula sa mga bawal na bagay), at pangalagaan ang

kanilang maseselang bahagi ng katawan (upang hindi makagawa ng kahalayan) Iyan ay higit na dalisay para sa kanila. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakababatid sa anumang kanilang mga ginagawa.”

Pag-isipan mo kapatid ang sinabi ng Allah; **“Sabihin mo, O Muhammad sa mga mananampalatayang kalalakihan”**. Ang Allah ay inutusan ang kanyang Propeta ﷺ na kausapin at sabihan ang mga naniniwalang kalalakihan, silang mga sumusunod sa mga kautusan ng Islam. Sabihin mo, O Muhammad sa mga mananampalatayang kalalakihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin; ang ipinag-utos ng Allah na ingatan natin ay hindi ang ating mga mata bagkus ang ating mga paningin. Ang kautusan ay ang hindi tayo tumingin sa mga bagay na Haram. Ibaba o ilayo natin ang ating mga paningin mula sa Haram at ibalin natin ito sa mga mabubuting bagay o sa mga bagay na di makakasama sa atin.

﴿إِنَّ السَّمْعَ وَالْبَصَرَ وَالْفُؤَادَ كُلُّ أُولَئِكَ كَانَ عَنْهُ مَسْفُورًا﴾ [الإسراء:36].

“Katiyakan, ang tao ay mananagot sa anuman na ginamitan niya ng kanyang pandinig, paningin at puso”

﴿لِلْمُؤْمِنِينَ يَعْضُونَ مِنْ أَلْبَانِهِمْ وَيَحْفَظُوا فُرُوجَهُمْ﴾

“Na ibaba nila ang kanilang mga paningin, at pangalagaan ang kanilang maseselang bahagi ng katawan.” Magkasunod na nabanggit ang paningin at ang maselan o pribadong parte ng katawan, dahil ang nakita sa paningin ay pupunta sa puso, at pagkatapos ay makakaramdam ang puso ng pagnanasa. At katunayan na ang puso, ang ating damdamin, ang kumukontrol ng ating katawan. Kapag ang puso ay mabuti, mabuti rin ang ating katawan. Ngunit kapag ito’y masama, masama rin ang ating katawan. Tulad ng nabanggit sa Hadith,

"ألا إن في الجسد مضغة إذا صلحت صلح الجسد كله، وإذا فسدت فسد الجسد كله، ألا وهي القلب".

“Tunay na sa katawan ay mayroong isang laman, kapag ito’y naging maayos ay maayos din ang buong katawan. At kapag ito naman ay nasira ay sira din ang buong katawan. Tunay na ito ay ang puso”

Ang paningin ay bintana ng puso. At hindi tatagal ay lahat ng nakikita ng paningin ay magpapagalaw sa nararamdaman ng puso. Kaya kung Haram na mga bagay ang nakikita ng paningin ay gagalawin nito ang pagnanasa ng puso at kalaunan ay kokontrol sa katawan na gumawa ng masama. Kaya sa Ayah ay magkasunod ang pag-iingat sa paningin at sa pribadong parte ng katawan dahil ang pag-iingat sa pribadong parte ng katawan ay depende sa anong makikita ng paningin.

Ang sumunod naman sa Ayah na ating nabanggit na nag-uutos sa pag-iingat ng kalalakihan sa kanilang paningin ay ang Ayah na nag-uutos sa mga kababaihan na ingatan rin ang kanilang paningin at ang kanilang pribadong parte ng katawan. Ito'y para maiparating sa lahat na ang isyu rito ay sinasaklaw ang parehong lalaki at babae.

﴿ وَقُلْ لِلْمُؤْمِنَاتِ يَعْضَضْنَ مِنْ أَبْصَرِهِنَّ وَيَحْفَظْنَ فُرُوجَهُنَّ ﴾ [النور: 31].

“At sabihin mo rin sa mga mananampalatayang kababaihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin (mula sa mga bawal na bagay), at pangalagaan ang kanilang maseselang bahagi ng katawan (upang hindi makagawa ng kahalayan).”

Ikaw na babaeng Muslim at ikaw na lalaking Muslim, kayong dalawa ay pinag-utusan na ingatan ang inyong mga paningin. Huwag kayong tumingin sa ipinagbawal sa inyo, dahil katotohanan na ito ay mas mabuti at mas dalisay sa inyong mga puso at sitwasyon. Dahil dito sinabi ng Propeta ﷺ:

"إياكم والجلوس في الطرقات"

“Huwag kayong umupo sa mga daanan.” “Wala naman kaming ginagawang masama o Propeta ng Allah”, sagot ng mga Sahabah.

"إن كنتم لا بد فاعلين فأعطوا الطريق حقه"

“Kung talagang nararapat ninyo itong gawin ay inyong ibigay ang karapatan ng daanan” . “Ano ang karaptan nito o Propeta ng Allah?” Tanong ng ga Sahaba. Sagot ng Propeta ﷺ:

"كف الأذى، وغيض البصر، وإفشاء السلام، والأمر بالمعروف، والنهي عن المنكر"

“Pagpigil sa nakakapinsala (sa mga tao), pagbaba ng paningin, pagpalaganap ng Salam, pag-utos ng mabuti at pagbawal ng masama”

Kabilang sa karapatan ng daanan sa mga tumatambay dito ay ang kanilang ingatan ang kanilang mga paningin sa mga dumadaan na kababaihan. Karapatan din ng kalye na huwag nilang itingin ang kanilang mga mata sa mga masasama o Haram na bagay. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"لا تُتَّبِعِ النَّظْرَةَ النَّظْرَةَ؛ فَإِنَّ لَكَ الْأُولَى وَلَيْسَتْ لَكَ الثَّانِيَّةُ"

“Huwag mong sundan ang unang tingin dahil tunay na sa iyo ang unang tingin at hindi para sa iyo ang pangalawa”

Ibig sabihin na baka makakita ka ng babae nang biglaan sa unang pagkakataon. Dapat sa iyo ay ilihis mo ang paningin mo sa kanya, at di na pwedeng tingnan siya sa pangalawang beses.

Sinabi ni Jareer bin Abdullah radiyallahu anhu, tinanong ko ang Propeta ﷺ patungkol sa biglaang pagtingin, at ang sagot ng Propeta ay ilihis ko ang aking paningin. Inutusan siya na ilihis ang kanyang paningin dahil katotohanan na ito ay magpoprotekta sa kanya mula sa maaring paggawa niya ng Haram.

Kapatid sa Islam, katotohanan na kapag inilihis mo ang iyong paningin o kapag iningatan mo ito mula sa pagtingin ng bagay na hindi Halal sa iyo ay magdudulot ng isang magandang bagay. Sa Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ :

"من نظر إلى محاسن امرأة ثم غَضَّ بصره أورثه الله إيماناً في قلبه يجد حلاوة ذلك".

“Sinuman ang nakita niya ang mga kagandahan ng isang babae at pagkatapos ay kanyang binaba ang kanyang paningin, siya ay biyayaan ng Allah ng pananampalataya sa kanyang puso na kanyang malalasap ang tamis nito”

Kapatid sa Islam, katakutan mo ang Allah sa iyong sarili at katakutan mo ang Allah sa ukol sa mga Muslim. Iyong alamin na anumang masama o pambabastos na iyong gagawin ay tiyak na babalik sa iyo. Kung irerespeto mo ang mga kababaihan ng ibang

tao ay irerespeto rin nila ang iyong mga kababaihan. Iwasan mo na makasira o makasama sa dangal ng ibang tao dahil dito’y maaalagaan ang iyong dangal at ang iyong pagkatao.

Kapatid sa Islam, katotohanan na ang iyong paningin ay pwede mong ikapahamak. Titingin ka sa isang bagay na hindi mo kayang kontrolin at hindi mo kayang tiisin. Pagkatapos ay magkakasakit ang iyong puso at hindi mapapanatag, at ang makakagamot lang nito ay kapag nahulog ka sa Haram. Kaya sinabi ng Allah sa mga asawa ng Propeta ﷺ:

﴿يَسَاءَ النَّبِيُّ لَسُنَّكَ أَحَدٌ مِنَ النِّسَاءِ إِنَّ أُنْثَىٰ تَبْتَئِينَ فَلَا تَخْضَعْنَ بِالْقَوْلِ فَيَطْمَعَ الَّذِي فِي قَلْبِهِ مَرَضٌ وَقُلْنَ قَوْلًا مَّعْرُوفًا ۚ﴾

[الأحزاب:32]

“O mga asawa ng Propeta, kayo ay hindi katulad ng ibang karaniwang mga babae. Kung inyong kinatatakutan (ang Allah) samakatuwid, huwag kayong maging malambot sa pagsasalita (sa mga lalaki) upang di magnasa ang sinuman na ang puso ay may sakit bagkus magsalita nang kapita-pitagang salita.”

Pinagbawalan sila ng Allah na makipag-usap ng malumanay o mahinhin sa kalalakihan. Dahil ang mahinhin na pagsasalita o pakikipag-usap ng babae sa estrangherong lalaki ay nakakapagpalambot sa puso ng lalaki at pwedeng mauwi sa hindi inaasahang masamang bagay.

Mga alipin ng Allah, ang Propeta ﷺ ay kanyang binilang ang di pag-iingat sa paningin ay maituturing na Zina ng mga mata. Kanyang sinabi,

"كتب الله الزنا على ابن آدم، فهو مدرك ذلك لا محالة، فزنا اللسان النطق، وزنا الأذنين الاستماع، وزنا العينين النظر، وزنا اليدين البطش، وزنا الرجلين الخطى، والنفس تتمنى وتشتهي، والفرج يصدق ذلك أو يكذبه".

“Isinulat ng Allah ang Zina sa anak ni Adam, at hindi siya makakawala mula rito. Ang Zina ng dila ay ang pagsasalita, ang Zina ng mga taenga ay ang pakikinig, ang Zina ng mga mata ay ang pagtingin, ang Zina ng mga kamay ay ang paghawak, at ang Zina ng mga paa ay ang paghakbang. At ang sarili ay nangangarap at

nagnanasa, na ang pribadong parte ng katawan ay isakatuparan ito o pasinungalingan”

Ang ibig sabihin ng Zina ng mga mata rito ay kapang tumingin ito sa mga Haram. Kaya kayo’y matakot sa Allah. Pangalagaan ninyo ang inyong relihiyon, at ingatan ninyo ang inyong mga paningin. At sa mga kababaihan, katakutan ninyo ang Allah at huwag na huwag kayong gumawa ng mga bagay na maging sanhi ng Fitnah. Katakutan ninyo ang Allah sa inyong mga sarili. Dahil katotohanan na ang karamihan sa mga kababaihan ay nagsimula nang magkulang sa kanilang pananamit. Lalabas sila at pupunta sa ibat-ibang lugar na sila ay may malalakas na pabango at nakasuot ng sobrang pampaganda. Kaya naman sila ay nakakatawag ng atensyon sa mga kalalakihan, at dahil dito ay sinasamahan sila ng ibat-ibang uri ng kasamaan.

Kaya matakot kayo sa Allah o kayong kababaihan. Ingatan at pangalagaan ninyo ang inyong mga dangal at lumayo kayo sa mga Fitnah. Maging isang mabuti kayong Muslimah na lumalayo sa mga bagay na kanyang ikakapahamak. Hindi siya gumagawa ng mga bagay na gagawin siyang sentro ng atensyon ng mga kalalakihan.

At para sa lahat ng kalalakihan at kababaihan, lumayo kayo sa anumang fitnah at inyong pangalagaan ang inyong relihiyon at matakot kayo sa Allah.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, may mga ilang bagay na tutulong sa inyo sa pag-iingat sa inyong paningin sa pahintulot ng Allah, In shaa Allah;

Una: Ang pagsasaisip na palaging nakamasid ang Allah at alam niya ang lahat ng nararamdaman at naiisip ng kanyang mga alipin. Dahil dito ay mahihiya ang isang alipin sa Allah kapag siya ay gumawa ng isang kasalanan.

Pangalawa: Ang pagpaparami ng mabubuting gawa at pagsamba upang madagdagan ang kanyang Imaan o paniniwala. Dahil dito, malalasap niya ang tamis ng pagsamba at kasusuklaman niya na bumalik sa paggawa ng kasalanan.

Pangatlo: Ang pagtatayo ng Salah sa paraang ikalulugod ng Allah. Dahil nakadepende sa kung paano ialay at gawin ng isang alipin ang kanyang Salah. Ang resulta nito ay mapigilan siyang gumawa ng masama.

﴿إِنَّ الصَّلَاةَ تَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ﴾ [العنكبوت: 45].

“Katotohanan, ang pagdarasal ay pumipigil sa mga kahalayan at kasamaan.”

Pang-apat: Ang pagtatayo ng mga Sunnah o boluntaryong mga Salah pagkatapos o bago ang limang obligadong Salah. Dahil isinalaysay ng Propeta ﷺ na sinabi ng Allah: "وما يزال عَبْدِي يَتَقَرَّبُ إِلَيَّ بِالنَّوَافِلِ حَتَّى أُحِبَّهُ، فَإِذَا أَحَبَبْتُهُ، كُنْتُ سَمْعَهُ الَّذِي يَسْمَعُ بِهِ، وَبَصَرَهُ الَّذِي يَبْصُرُ بِهِ، وَيَدَهُ الَّتِي يَبْطِشُ بِهَا، وَرِجْلَهُ الَّتِي يَمْشِي بِهَا".

“habang nanatiling lumalapit sa Akin ang Aking alipin sa pamamagitan ng mga boluntaryong pagsamba hanggat sa Akin siyang maibigan. Kapag Akin siyang naibigan, Ako ang kanyang pandinig na kanyang ipinangdidinig, at kanyang paningin na kanyang ipinaniningin, at kanyang kamay na kanyang panhawak, at kanyang paa na kanyang panlakad”

Na ang ibig sabihin, ang makikita niya lamang ay ang mga ipinahintulot ng Allah.

Panglima: Ang pagtitiis sa pagsunod sa kautusang ito. Dahil sinuman ang magtiis sa kanyang pag-iingat ng kanyang paningin ay tutulongan siya ng Allah. At sinuman ang magpumilit na tumingin sa ipinagbawal sa kanya ay hinding hindi niya ito maabot at siya ay tiyak na malulugi.

Pang-anim: Ang pag-alaala sa resulta ng pag-iingat ng paningin. Dahil sinuman ang ingatan niya ang kanyang paningin, gagantimpalaan siya ng Paraiso. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿فِيهِنَّ قَصْرٌ مِّمَّنْ الْأَطْرَفِ لَمْ يَطْمِئِنَّهُنَّ إِنَّهُنَّ فَبَأَمَهُمْ وَلَا جَانٌّ﴾ [الرحمن: 56]

“At nandoroon sa mga higaan na yaon ang kanilang mga asawa, na ang kanilang paningin ay para lamang sa kanilang mga asawa, at hindi sila tumitingin sa iba, na sapat sa kanila ang kanilang kinalalagyan, na hindi sila nahipo (o nagalaw) ng kahit na sinumang tao o ‘jinn’ bago ang kanilang mga sariling asawa.”

At ang Pampito: Ang pag-iwas na pumunta sa mga lugar na puno ng Fitnah, at sa mga lugar na puno ng pagnanasa.



Ang Inggit

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanang isa sa mga bagay na dapat pagtuonan ng pansin o dapat pahalagahan ng isang Muslim, upang maging maayos ang kanyang relihiyon, ang kanyang pamumuhay sa mundo at kabilang-buhay, ay ang pagiging malinis ng kanyang puso mula sa mga sakit o masasamang mga bagay, na makakapag-pabulag sa kanya mula sa mga bagay na ikalulugod ng kanyang Panginoon. At kasama sa mga sakit na ito ay ang sakit na Hasad o inggit. At katotohanan, na kapag ang inggit ay manatili sa isang puso ay tiyak na ito'y masisira. At sapat ng kasamaan, sa silang mga may inggit sa kanilang puso, na dahil sa kanilang inggit ay masisira pati ang kanilang relihiyon at ang kanilang ugnayan sa mga tao.

At ang Allah ay kinamuhian Niya ang mga taong may inggit sa kanilang mga puso;

﴿أَمْ يَحْسُدُونَ النَّاسَ عَلَى مَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ﴾ [النساء: 54]

“O kanila bang kinaiinggitan ang mga tao para sa anomang ipinagkaloob sa kanila ng Allah mula sa Kanyang biyaya?”

At sa Hadith naman ay katotohanan na ang Propeta Muhammad ﷺ ay kanya ring kinamuhian ang inggit, at kanya itong ipinagbawal at iniutos na layuan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا تحاسدوا"

“Huwag kayong mainggit sa bawat-isa.”

At katunayang ipinagbawal ng Propeta ﷺ at inutusan tayong lumayo sa sakit na ito dahil alam niya ang matindi at mabilis na pagkalat nito sa mga tao at sa mga

pamayanan, at dahil alam niyang nagdudulot ito ng pagkawasak at pagkasira ng maraming tao. Kanyang sinabi:

"دَبَّ إِلَيْكُمْ دَاءُ الْأُمَمِ قَبْلَكُمْ الْحَسَدُ وَالْبَغْضَاءُ"

“Umabot na sa inyo ang sakit ng mga naunang nasyon; ang inggit at galit sa isat-isa”

Mga alipin ng Allah, ano nga ba ang Hasad o inggit? Ang inggit ay ang pagkadismaya o di-pagkatuwa kapag nakita mong ang isang tao (o ang kapatid mo) ay tumatamasa ng isang biyaya (o siya’y mayroong biyaya na wala ka), ito man ay gustuhin mo o hindi na mawala sa kanya ang kanyang biyaya.

At katunayang isa ito sa mga dapat nating malaman na sakit dahil napaka-delikado nito sa ating mga puso, sa ating mga sarili, at pati na rin sa ibang tao. Kaya naman, aalamin natin ang mga masasamang dahilan kung bakit nagkakaroon ng inggit ang isang tao. At ang pinakamasama at pinakamatinding nagdudulot nito ay ang pag-kagalit at pag-aaway-away ng bawat-isa.

Kapag sinaktan ng isang tao ang ibang tao, ay kamumuhian niya siya at magagalit ito sa kanya. At kapag magalit siya sa kanya ay gugustuhin niya sa kanya ang masamang bagay, na kung saan, kalaunan ay gugustuhin niyang mawala kung anumang mabuting bagay ang mayroon siya.

Isa sa mga dahilan din ng inggit ay ang takot na mawala ang isang mabuti. At kadalasang nangyayari ito sa pagitan ng dalawang tao na kanilang parehong gusto ang nag-iisang mabuting bagay. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ الْخَالِطَةِ لَيَتَّبِعِي بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ ۖ﴾ [ص:24]

“At katotohanan, karamihan sa mga magkakasama (o magkakasosyo) ay naglalamangan sa isat-isa.”

Ang mga halimbawa nito ay kapag ang mga asawang babae ay nag-away sa kanilang asawang lalaki, kapag ang mga anak ay nag-away dahil sa atensyon o pagmamahal ng kanilang magulang, kapag ang mga empleyado ay nag-away sa promosyon, kapag ang mga negosyante ay nag-away sa mga kustomer, at marami pang iba. Ang kanilang parehong pagkagusto sa iisang bagay ay nagdudulot ng inggit sa bawat-isa. Nagsisikap ang bawat-isa sa kanila na makuha ang mabuting bagay na iyon, ang bawat-isa sa kanila ay natatakot na maunahan o malamangan ng kanilang karibal o katunggali, ang bawat-isa sa kanila ay hindi hahayaang maging mababa ang kanilang posisyon o imahe dahil sa pagkatalo nila sa kanilang karibal.

Mga alipin ng Allah, ang Hasad o inggit ay may tatlong uri:

Una; ang kainggitan ng isang tao ang ibang tao dahil sa ibinigay sa kanila ng Allah na biyaya. At ito’y papangarapin niya na mawala at maglaho sa mga kamay ng pinagbigyang iyon ng Allah. At hanggang sa hindi niya lang pangarapin ito, bagkus sasaktan niya ang kanyang kinainggitan sa pamamagitan ng kanyang puso, dila, at katawan. At katunayang ito ang pinakamasamang uri ng inggit. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ أَمْ يَحْسُدُونَ النَّاسَ عَلَى مَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ ۖ فَقَدْ آتَيْنَا آلَ إِبْرَاهِيمَ الْكِتَابَ وَالْحِكْمَةَ وَآتَيْنَاهُمْ مُلْكًا عَظِيمًا ۚ ﴾

[النساء: 54]

“O kanila bang kinainggitan ang mga tao para sa anomang ipinagkaloob sa kanila ng Allah mula sa Kanyang biyaya? Ngunit, katiyakan, Aming naipagkaloob na sa mga angkan ni Abraham ang kasulatan at karunungan (sa larangan ng relihiyon), at naipagkaloob sa kanila ang isang dakilang kaharian.”

Pangalawa; ang pangarapin ng isang tao na manatili sa kahirapan ang ibang tao. Ang mas gustuhin niyang maghirap, manatiling mangmang, manatiling mahina at mababa ang ibang mga tao, at ang madismaya siya o di niya magustuhang nakikita ang mga tao na gumanda ang kanilang pamumuhay o umangat ang kanilang estado sa buhay. Papangarapin niya na sana'y manatili ang kahirapan, kamangmangan, at kasamaan sa maraming mga tao.

Pangatlo; Hasadul Ghibtah, ang inggit na tinatawag na Ghibtah. Ito ay ang pangarapin ng isang tao na magkaroon siya ng tulad ng biyaya na ibinigay ng Allah sa ibang tao, at di niya pangarapin na mawala ito sa kanila. At ang inggit na ito ay hindi masama, kung ang kanyang intesyon ay mabuti at para lamang sa ikalulugod ng Allah.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"لَا حَسَدَ إِلَّا فِي اثْنَتَيْنِ: رَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ مَالًا، فَسَلَّطَهُ عَلَى هَلَكَةٍ فِي الْحَقِّ، وَرَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ حِكْمَةً، فَهُوَ يَقْضِي بِهَا وَيُعَلِّمُهَا

“Hindi maaari ang pagka-inggit maliban sa dalawa: Lalaking binigyan ng Allah ng kayamanan at kanya itong ginamit sa tama. At lalaking binigyan ng Allah ng karunungan, kanya itong isinasagawa at itinuturo”

Ito ang inggit na Ghibtah, na kung saan, ang taong mainggit sa ganitong paraan ay katunayang siya ay marangal, gusto niya ang mga mabubuting bagay, gusto niyang magkaroon nito, at gusto niyang mapabilang sa kanila (na gumagawa ng kabutihan).

At ang Ghibtah ay isa sa mga katangian ng mga Mu'min o naniniwala, habang ang Hasad o inggit naman ay isa sa mga katangian ng mga Munaafiq (hipokrito) at mga Kuffar (hindi naniniwala). Ang Ghibtah ay hindi nagdudulot ng pag-aaway o galit sa kapwa, habang ang inggit naman ay nagdudulot ng pagkagalit, pagkamuhi, at pag-

aaway ng mga tao. At katotohanan na dahil sa inggit ng mga Hudyo ay naging dahilan ito ng pagkagalit nila sa Propeta Muhammad ﷺ. Sinabi ng Allah:

﴿وَدَّ كَثِيرٌ مِّنْ أَهْلِ الْكِتَابِ لَوْ يَرُدُّوكُم مِّنْ بَعْدِ إِيمَانِكُمْ كُفَّارًا حَسَدًا﴾ [البقرة: 109]

“At karamihan sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay naghahangad na kayo ay kanilang maibalik sa pagiging di-naniniwala pagkaraang kayo ay naniwala (sa Allah) sanhi ng paninibugho (inggit) mula sa kanilang mga sarili.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang inggit ay maraming naidudulot na masama at peligrong mga bagay. At ang mga ito ay napaka-delikado sa bawat indibidwal pati na rin sa kumonidad.

Kabilang sa mga ito, ay ang pagtutol ng isang tao sa kung ano ang itinadhana ng Allah, at pag-aakala niya na hindi makatarungan ang pagbibigay ng Allah ng mga biyaya. Nakikita niya na ang taong kanyang kinaiinggitan ay di karapat-dapat sa biyayang ibinigay sa kanya ng Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿لَا يُسْأَلُ عَمَّا يَفْعَلُ وَهُمْ يُسْأَلُونَ﴾ [الأنبياء: 23]

“Siya (ang Allah) ay di maaaring tanongin sa anomang Kanyang ginagawa, subalit sila ay (Kanyang) tatanongin.”

Kabilang sa mga ito; ay ang pagkwestiyon ng isang tao sa dunong at kaalaman ng Allah sa kung paano Siya namahala. Na kung saan sa kabila ng lubos na kaalaman at dunong ng Allah sa lahat ng bagay, ay ang isang tao ay kukwestiyonin niya ito sa pamamagitan ng kanyang pagkainggit sa iba. Katotohanan, ang Allah ay Kanyang pinagsabihan ang mga inggiterong tao at di Niya nagustuhan ang kanilang ginagawa.

﴿أَهُمْ يَقْسِمُونَ رَحْمَتَ رَبِّكَ لَنَحْنُ قَسَمًا بَيْنَهُمْ مَّعِيشَتُهُمْ فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا وَرَفَعْنَا بَعْضَهُمْ فَوْقَ بَعْضٍ دَرَجَاتٍ لِّيَتَّخِذَ بَعْضُهُم بَعْضًا سَخِرِيًّا﴾

﴿وَرَحْمَتُ رَبِّكَ خَيْرٌ مِّمَّا يَجْمَعُونَ﴾ [الزخرف: 32]

“Sila ba ang namamahagi sa habag ng iyong Panginoon? Kami (Allah) ang Siyang namamahagi sa kanila ng kanilang ikabubuhay sa mundong ito, at Aming itinataas ang iba sa kanila ng higit kaysa sa iba sa mga antas (ng katayuan) upang kanilang gamitin ang isat-isa (para) sa paninilbihan. Ngunit ang habag ng iyong Panginoon ay higit na mabuti kaysa sa anomang (yamang) kanilang pinagtipunan.”

Kabilang sa mga ito; ang inggit ay gumagawa ng galit at away sa pagitan ng mga tao. At ito’y sumasalungat sa pagiging magkakapatid dapat ng mga Muslim at mga naniniwala. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا تحاسدوا... وكونوا عباد الله إخواناً"

“Huwag kayong mainggit sa bawat-isa... at kayo’y maging magkakapatid O mga alipin ng Allah.”

Kabilang sa mga ito; ang inggit ay binubura nito ang maraming kabutihan na ginawa ng isang tao. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إياكم والحسد، فإن الحسد يأكل الحسنات كما تأكل النار الحطب"

“Layuan ninyo ang inggit, dahil katotohanan na ang inggit ay kinakain nito ang mga kabutihan tulad ng pagkain ng apoy sa panggatong”

Mga kapatid sa Islam, ang pagkakaroon ng inggit sa ating mga puso ay katunayang inilalagay nito ang ating mga sarili sa pagkwestiyon sa batas ng Allah, at sa paglaban sa mga tao. At katunayang ang inggit sa ating mga puso ay walang maidudulot kundi lungkot at pighati, at masalimuot na katapusan.

Kumuha tayo ng aral sa kwento nina Iblees at Adan alayhis-salam; katotohanang si Iblees ay kinainggitan niya si Adan at kanya siyang kinamuhian. Si Iblees ay kinalaban ang kanyang Panginoon, na kung saan sa huli ay wala siyang natanggap

mula sa Allah maliban sa sumpa at paglayo niya mula sa awa at pagmamahal ng Allah. Sinabi ng Allah:

﴿ قَالَ يَا إِبْلِيسُ مَا مَنَعَكَ أَنْ تَسْجُدَ لِمَا خَلَقْتُ بِإِيْدِي أَسْتَكْبَرْتَ أَمْ كُنْتَ مِنَ الْعَالِينَ ﴾ قَالَ أَنَا خَيْرٌ مِّنْهُ خَلَقْتَنِي مِنْ نَّارٍ وَخَلَقْتَهُ مِنْ طِينٍ ﴿٧٦﴾ قَالَ فَأَخْرُجْ مِنْهَا فَإِنَّكَ رَجِيمٌ ﴿٧٧﴾ وَإِنَّ عَلَيْكَ لَعْنَتِي إِلَى يَوْمِ الدِّينِ ﴿٧٨﴾ ﴿ [ص: 75-78]

“(Ang Allah) ay nagsabi; O Iblees, ano ang pumipigil sa’yo mula sa pagpapatirapa sa isang nilikha Ko sa dalawa Kong Kamay? Ikaw ba ay nagmamalaki o ikaw ay kabilang sa mga mapagmataas? Siya (si Iblees) ay sumagot: Ako ay higit na mabuti kaysa sa kanya. Nilikha Mo ako mula sa apoy, at nilikha Mo siya mula sa putik. (Ang Allah) ay nagsabi: Kung gayon, ikaw ay lumabas dito (sa Paraiso) sapagkat, katotohanan, ikaw ay isinumpa. At katotohanan, ang Aking sumpa ay sasaiyo hanggang sa Araw ng Pagbabayad.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, kasama ng pagbabawal at pag-uutos ng Islam na umiwas tayo sa inggit. Ang Islam ay ginabayan at tinuruan tayo ng paraan upang masolusyunan o magamot ang sakit na ito. At kasama sa mga paraan upang makaiwas tayo sa inggit ang mga sumusunod;

Ang pagbati ng ‘Mubarak’ at ang pagsabi ng Maa Shaa Allah! sa lahat ng bagay na makita mo sa ibang tao na maganda o nakamamanghang bagay. Dahil naiulat ni ‘Amer bin Rabee’ah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِذَا رَأَى أَحَدُكُمْ مِنْ نَفْسِهِ أَوْ مَالِهِ أَوْ أَخِيهِ مَا يَعْجِبُهُ فَلْيَدْعُ لَهُ بِالْبَرَكَةِ"

“Kapag makita ng isa sa inyo sa kanyang sarili, o sa kanyang yaman, o sa kanyang kapatid ang isang bagay na kanyang ikakamangha, siya’y mag-Dua para dito ng Barakah o biyaya.”

Isa ring paraan upang hindi mainggit, ay ang pagtanggap at pagkagusto sa kung anuman ang pasya ng Allah sa Kanyang pamamahagi ng biyaya sa Kanyang mga alipin. Katotohanan na ang Allah ay lubos na mayaman sa lahat ng bagay, at kailanman ay hindi Niya inaayawan ang mga humihingi sa Kanya. Kaya nararapat sa isang alipin na humingi sa kabutihan at kagandahang-loob ng Allah at huwag niyang kainggitan ang ibang tao sa kung anong ibinigay sa kanila ng Allah.

Mga Alipin ng Allah, para naman sa mga taong kinainggitan ng iba ay mayroon ding mga paraan upang sila ay makaiwas mula sa masamang bagay na ito. At ilan sa mga paraang ito ay ang mga sumusunod;

Una; ang pagpapakupkop sa Allah mula sa kasamaan ng mga taong naiinggit. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ۝ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ۝ وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝ وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ ۝ وَمِنْ شَرِّ

حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝﴾ [الفلق: 1-5]

“Sabihin: Ako ay humahanap ng paglilingap (at nagpapakupkop) sa Panginoon ng buhang-liawayway. Mula sa kasamaan ng anomang Kanyang nilikha. At mula sa kasamaan ng kadiliman ng gabi kapag ito ay tahimik. At mula sa kasamaan ng mga taong tagapag-hip sa mga buhol (salamangkero). At mula sa kasamaan ng isang mainggitin kapag siya ay nainngit.”

Pangalawa; ang pagkakaroon ng Taqwa o pagkatakot sa Allah. Dahil sinuman ang matakot sa Allah, ang Allah mismo ang mangangalaga sa kanya at hindi Niya siya papabayaang kahit isang kisap-mata.

﴿وَإِنْ تَصْبِرُوا وَتَتَّقُوا لَا يَضُرُّكُمْ كَيْدُهُمْ شَيْئًا إِنَّ اللَّهَ بِمَا يَعْمَلُونَ مُحِيطٌ ۝﴾ [العمران: 120]

“Subalit, kung kayo ay mananatiling matiisin at may takot (sa Allah), ang kanilang masamang balak ay hindi makapipinsala sa inyo kahit anupaman, katotohanan, saklaw ng (kaalaman ng) Allah ang anumang kanilang mga ginagawa.”

At katotohanan, sino naman ang layuan niya ang Taqwa o hindi siya magkaroon nito, at sinuman ang magpakalunod sa paggawa ng mga kasalanan ay tiyak na madadapuan siya ng maraming masamang bagay.

﴿ وَمَا أَصْبَحُكُمْ مِنْ مُصِيبَةٍ فِيمَا كَسَبَتْ أَيْدِيكُمْ وَيَعْفُوا عَنْ كَثِيرٍ ﴾ [الشورى: 30]

“At anumang dumating na sakuna sa inyo, ito ay bunga ng anomang kasamaang pinagsumikapan ng inyong mga kamay. At Siya ay Labis na Nagpapatawad.”

At hinding-hindi maalis ang kasamaang ito na dumapo sa kanila maliban sa pagbabalik-loob sa Allah. Kaya naman, nararapat sa isang Muslim na panatilihin niya ang palagiang pagbabalik-loob sa Allah at paghingi niya ng kapatawaran sa Allah.

﴿ وَتُؤْتُوا إِلَى اللَّهِ جَمِيعًا إِنَّهُ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ ﴾ [النور: 31]

“At magbalik-loob sa Allah, kayong lahat, upang sakali kayo ay magtagumpay.”

Pangatlo; ang pagtitiwala sa Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ وَمَنْ يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ إِنَّ اللَّهَ بَلِغُ أَمْرِهِ قَدْ جَعَلَ اللَّهُ لِكُلِّ شَيْءٍ قَدْرًا ﴾ [الطلاق: 3]

“At sinuman ang magbigay ng kanyang tiwala sa Allah, samakatuwid, Siya (ang Allah) ay sapat na para sa kanya. Katiyakang ipatutupad ng Allah ang Kanyang kautusan. Katotohanan, ang Allah ay nakapagtakda na para sa lahat ng bagay.”

At katunayang ang pagtitiwala o pananalig sa Allah ay isa sa pinakamalakas na paraan upang malayo ang isang tao sa anumang panganib o kasamaan, dahil ang sinumang totoong naniniwala at nanalig sa Allah ay nakatitiyak siya na walang

makakapagbigay ng kabutihan, at makakasama o makakapagbigay ng pinsala maliban sa Allah.

﴿وَإِنْ يَمْسَسْكَ اللَّهُ بِضُرٍّ فَلَا كَاشِفَ لَهُ إِلَّا هُوَ وَإِنْ يُرِدْكَ بِخَيْرٍ فَلَا رَادَّ لِفَضْلِهِ يُصِيبُ بِهِ مَنْ يَشَاءُ مِنْ عِبَادِهِ وَهُوَ الْغَفُورُ

الرَّحِيمُ ﴿١٠٧﴾﴾ [يونس: 107]

“At kung ikaw ay datnan ng kapinsalaan ng Allah, walang makapapawi nito maliban sa Kanya, at kung Siya ay maglayon ng kabutihan para sa iyo, walang makapipigil sa Kanyang pagpapala. Kanyang pinapangyaring ito ay maabot ng sinomang Kanyang nais sa Kanyang mga alipin. At Siya ang Mapagpatawad, ang Maawain.”

Pang-apat; ang hindi pagpansin sa mga inggeterong mga tao. Hindi siya titingin sa kanya, huwag siyang katakutan, at magtiis o magtimpi siya sa anumang masamang gawin sa kanya. Ngunit, sinuman ang gusto niyang patayin ang apoy ng inggit ng isang tao ay maging mabuti siya sa kanya. Kanyang palitan ng mabuting pag-uugali at mabubuting payo ang kasamaan ng mga naiinggit sa kanya, at mahaliniya sila. Katotohanang ito ay kabilang sa mga nakakaalis ng inggit sa kanilang puso, ngunit ang pinakamahirap namang gawin ng ating mga puso. At walang makakagawa nito maliban sa kung sinuman ang ginabayan ng Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَلَا تَسْتَوِ الْحَسَنَةُ وَلَا السَّيِّئَةُ ادْفَعْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ فَإِذَا الَّذِي بَيْنَكَ وَبَيْنَهُ عَدَاوَةٌ كَأَنَّهُ وَلِيٌّ حَمِيمٌ ﴿٣٤﴾ وَمَا يُلْقَاهَا إِلَّا

الَّذِينَ صَبَرُوا وَمَا يُلْقَاهَا إِلَّا دُوْرٌ حَظٌّ عَظِيمٌ ﴿٣٥﴾﴾ [فصلت: 34-35]

“Hindi magkatulad ang mabuting gawa at ang masamang (gawa). Iwaksi (ang kasamaan sa pamamagitan) ng (paggawa ng) mabuti, sanhi nito, siya na may namamagitan galit sa iyo ay (magiging) tila isang matalik na kaibigan. Ngunit walang ginagawaran nito maliban yaong matiisin (sa mga pagsubok), at walang ginagawaran nito maliban ang isang nag-aangkin ng malaking bahagi (ng kabutihan).”

Panglima; ang pagbibigay ng Sadaqah. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

(الصدقة تطفئ الخطيئة)

“Ang Sadaqah ay binubura nito ang kasalanan.”

At katotohanan na ang pagbibigay ng Sadaqah ay may napakalaking epekto sa pagkawala ng masasamang mga bagay, kabilang dito ang inggit ng mga tao, kaya’t huwag balewalain ng isang Muslim ang pagbibigay ng Sadaqah.

Katakutan ninyo ang Allah, O kayong mga alipin ng Allah, at inyong layuan at iwasan ang mga bagay na nakakadulot ng sakit na ito. Hilingin ninyo sa Allah na protektahan niya kayo, at bigyan niya kayo ng mga biyaya mula sa kanyang kabutihan at kagandahang-loob. Gayahin ninyo ang mga Sahabah ng Propeta Muhammad ﷺ, at ang mga mabubuting tao na nauna sa inyo na kung saan sinabi sa kanila ng Allah:

﴿وَالَّذِينَ جَاءُوا مِنْ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ وَلَا تَجْعَلْ فِي قُلُوبِنَا غِلًّا لِلَّذِينَ ءَامَنُوا رَبَّنَا إِنَّكَ

رَءُوفٌ رَحِيمٌ ﴿١٠﴾ [الحشر: 10]

“At yaong mga nagsirating pagkaraan nila, na nagsasabing: Aming Panginoon, patawarin Mo po kami at yaong aming mga kapatid na nauna sa amin sa Imaan (pananampalataya) at huwag Mo pong ilagay sa aming mga puso ang (anomang) hinanakit sa kanila na naniniwala. Aming Panginoon, Tunay na Ikaw ay Mabait, Maawain.”



Ang Kabutihan Ng Pagpapakain

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, sinuman ang tingnan niya ng mabuti ang ating relihiyon ay makikita niya na isa sa mga prayoridad nito ay ang pagpapahalaga sa kabuhatan ng mga tao at ng kanilang mga biyaya. Ipinagbawal ng Islam ang lahat ng bagay na magdudulot ng pag-iimbak ng mga pagkain na makakasama sa iba, o ang paghihigpit sa mga tao na makuha nila ang kanilang makakain. At hinihikayat naman nito ang mga paraan upang makapag-pakain o makapagbigay ng pagkain sa mga tao, at nagbigay rin ito ng mga karampatang gantimpala sa gagawa nito.

Katotohanan nga na ang pagkain ay napakahalagang bagay sa tao. Ito ay kailanman ay hindi maiaalis sa buhay ng isang tao at hindi niya ito kayang pagtiisan kapag nawala. At katotohanan na ang pagkawala nito sa maraming tao ay magdudulot ng kaguluhan, kapinsalaan, at pagkawala ng kapayapaan. At saksi rito ang kasaysayan ng mundo noong unang panahon hanggang ngayon. Dahil totoo nga na ang dahilan ng maraming kaguluhang nangyari ay dulot ng kawalan ng trabaho, kahirapan, at gutom o kawalan ng makakain.

Dahil dito, ang pagpapakain o ang pagbibigay ng mga pagkain ay naging simbolo ng Islam, at sinuman ang gumawa nito ay nagpapatunay ng kanyang pagiging mabuting tao at mabuting Muslim. Kaya naman, tayong mga Muslim ang karapat-dapat na unang magsagawa nito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَيُطْعَمُونَ الْطَّعَامَ عَلَى حَيْهٍ مَسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا﴾ إِنَّمَا نُطْعِمُكُمْ لِوَجْهِ اللَّهِ لَا نُرِيدُ مِنْكُمْ جَزَاءً وَلَا شُكْرًا ﴿٩﴾ [الإنسان: 8-9]

“At sila ay namamahagi ng pagkain, sa kabila ng pagmamahal para rito, sa mga dukha, at ulila, at bihag. (Sila ay nagsasabing); Kami ay nagpapakain sa inyo para sa Mukha (o Lugod) ng Allah. Wala Kaming hangarin mula sa inyo ng kabayaran o pasasalamat.”

At isipin ninyo ang sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ noong nagsisimula pa lamang ang Islam, na kung saan wala pa siyang mga kasama maliban sa kaunting bilang ng mga taong malaya at mga alipin. Ang kanyang mga sinaunang utos ay napakaimportante sa lahat. Noong siya ay tinanong kung ano ang Islam ay ang kanyang sinagot:

"طِيبُ الْكَلَامِ، وَإِطْعَامُ الطَّعَامِ"

“Mabuting pananalita at pagpapakain ng pagkain”.

Ang pagpapakain ay isa sa mga unang utos ng Islam noong nasa Makkah pa ang Propeta ﷺ, at nang siya ay dumating sa Madinah ay mahahanap rin natin ang pagpapakain sa kanyang mga unang inutos.

Naiulat ni Abdullah bin Salaam radiyallahu anhu na noong unang dumating ang Propeta ﷺ sa Madinah ay narinig niyang sinabi ng Propeta ﷺ:

"يا أيها الناس: أفشوا السلام، وأطعموا الطعام، وصلوا بالليل والناس نيام، تدخلوا الجنة بسلام"

“O Sangkatauhan! Inyong ipalaganap ang pagbati ng Salam, at kayo’y magpakain ng pagkain, at inyong pagbutihin ang inyong relasyong magkamag-anak, at kayo’y magdasal sa gabi habang ang mga tao ay tulog; kayo’y makakapasok sa paraiso nang mapayapa”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagbibigay ng pagkain sa mga tao at pagpapakain sa mga nagugutom ay maaaring madali lang na uri ng pagsamba sa Allah. Ngunit sa mga mata ng Allah ito’y napakadakila, gagantimpalaan Niya rin ito ng dakila, at katotohanan na ito’y isa sa mga katangi-tanging palatandaan ng relihiyong Islam.

Katotohanan na ang Propeta ﷺ ay naituro niya rin sa atin na ang pagpapakain o pagbibigay ng pagkain ay isa sa mga pinakamabuti at kaibig-ibig na gawain para sa Allah. Sinabi ni Omar bin Al-Khattab radiyallahu anhu: “tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang pinakamagandang gawa?” ang sagot ng Propeta ﷺ:

"إدخالك السرور على مؤمن؛ أشبعت جوعته، أو كسوت عورته، أو قضيت له حاجته"

“Ang pagbibigay mo ng kasiyahan sa isang mananampalataya; binusog mo siya mula sa kanyang pagkagutom, o dinamitan mo siya, o nilutas mo ang kanyang pangangailangan”

At naiulat naman ni Suhayb Ar-Rumi radiyallau anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"خَيَّرْتُكُمْ مَنْ أَطْعَمَ الطَّعَامَ، وَرَدَّ السَّلَامَ"

“Ang pinakamabuti sa inyo ay sinumang magpakain ng pagkain, at sumagot sa pagbati ng Salam”

Katotohanan na kung ginagawa lamang natin ang katuruang ito ng Islam ay wala ng matitirang taong gutom, mahirap, walang makain, o may mga pangangailangan.

Ang pagpapakain o pagbibigay ng pagkain ay may maraming mabuting naidudulot; Una; pagkakaroon ng pagmamahalan at pagkakamabutihan. Dahil katotohanang sinuman ang magbigay ng pagkain sa isang tao ay magiging dahilan ito ng pagkagusto o pagmamahal ng nabigyan sa taong nagbigay sa kanya ng pagkain. Ang pagbibigay rin ng pagkain ay katunayang nag-iiwan ito ng malaking epekto sa mga puso ng mga nabigyan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"تهادوا تحابوا"

“Magbigay kayo ng regalo sa bawat-isa at kayo’y magmahalan”

At naiulat ni Abdullah bin 'Amr radiyallahu anhu na mayroong isang lalaking nagtanong sa Propeta ﷺ kung anong Islam ang pinakamabuti. Ang sagot ng Propeta ﷺ sa kanya:

"تطعم الطعام، وتقرأ السلام على من عرفت ومن لم تعرف"

"Magpakain ka ng pagkain, at magabti ka ng Salam sa taong kilala mo at hindi mo kilala"

Dahil katotohanan na kapag ikaw ay nagbigay ng pagkain at nagsabi ng Salam sa mga kakilala mo at hindi mo kakilala ay nag-aalis ito ng mga masamang panghihinala at mga masamang impresyon at iba pa. Nagdudulot rin ito na mapaglapit ang malalayo at mapag-ayos ang mga magkaaway. Ito'y magpapagaan ng mga mabibigat na bagay, at gagawa ng maraming kaibigan.

Pangalawa; ang pagpapakain ay nagtutulak palayo ng puwedeng masamang mangyari. Dahil noong unang matanggap ng Propeta ﷺ ang rebelasyon, noong bumalik ang Propeta ﷺ sa piling ni Khadijah na siya ay takot na takot at nanginginig at kanyang sinabi:

"قد خشيْتُ على نفسي"

"Nag-aalala ako sa aking sarili."

Sinabi sa kanya ni Khadijah Radiyallahu anha:

"كَلَّا وَاللَّهِ، لَا يَخْزِيكَ اللَّهُ أَبَدًا؛ إِنَّكَ لَتَصِلُ الرَّحْمَ، وَتَحْمِلُ الْكَلَّ، وَتَكْسِبُ الْمَعْدُومَ، وَتَقْرِي الضَّيْفَ."

"Hindi, Sumpa man sa Allah! Hindi ka ipapahiya ng Allah kailanman; Tunay na ika'y mabuti sa iyong kamag-anak, binubuhat mo ang pasanin ng iba, tinutulungan mo ang kapus-palad at pinapakain mo ang iyong bisita"

Pangatlo; ang pagpasok sa Paraiso. Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na kanyang sinabi sa Propeta ﷺ: “O Sugo ng Allah, sabihin mo sa akin ang isang bagay na kapag ginawa ko ay makakapasok ako ng Paraiso.” At sinabi sa kanya ng Propeta ﷺ:

"أَطْعِمِ الطَّعَامَ، وَأَفْشِ السَّلَامَ، وَصَلِّ بِاللَّيْلِ وَالنَّاسُ نِيَامٌ"

“Magpakain ka, ipalaganap mo ang Salam, pagbutihin mo ang iyong relasyon sa iyong kamag-anak, magdasal ka sa gabi habang ang mga tao ay tulog”

At hindi lang ang pagpapakain ay dahilan ng pagpasok ng Paraiso, bagkus isa rin itong kinakailangang gawin upang tayo ay makapasok ng Paraiso. Dahil sa ibang Hadith ay sinabi ni Abu Shurayh radiyallahu anhu na kanyang tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang kailangan niyang gawin para makapasok siya ng Paraiso, at sagot ng Propeta ﷺ:

"طِيبُ الْكَلَامِ، وَبَذْلُ السَّلَامِ، وَإِطْعَامُ الطَّعَامِ"

“Mabuting pananalita, pagpalaganap ng Salam, pagpakain ng pagkain”

At hindi lang ang pagkapasok sa Paraiso ang naibibigay sa atin ng pagpapakain. Bagkus naibibigay rin nito sa atin ang pinakamaganda at pinakamataas na silid sa Paraiso. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ فِي الْجَنَّةِ غُرَفًا يُرَى ظَاهِرُهَا مِنْ بَاطِنِهَا، وَبَاطِنُهَا مِنْ ظَاهِرِهَا أَعَدَّهَا اللَّهُ لِمَنْ أَطْعَمَ الطَّعَامَ، وَأَفْشَى السَّلَامَ وَصَلَّى بِاللَّيْلِ وَالنَّاسُ نِيَامٌ"

“Tunay na mayroong isang silid sa paraiso, nakikita ang labas nito mula sa loob, at ang loob nito mula sa labas. Hinanda ng Allah para sa sinumang nagpakain ng pagkain, nagpalaganap ng Salam, at nagdasal sa gabi habang ang mga tao ay tulog”

Pang-apat; ang pagkaligtas mula sa apoy ng Impyerno at mula sa masasamang mangyayari sa araw ng paghuhukom. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿ فَلَا اقْتَحَمَ الْعَقَبَةَ ۚ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْعَقَبَةُ ۚ فَكُ رَقَبَةً ۚ أَوْ إِطْعَمٌ فِي يَوْمٍ ذِي مَسْغَبَةٍ ۚ يَتِيمًا ذَا مَقَرٍّ ۚ أَوْ مَسْكِينًا ذَا مَتَرٍ ۚ ۞ ﴾

﴿ ۞ ﴾ [البلد: 11-16]

“Subali’t siya ay hindi (nagsikap upang) tumahak sa matarik na landas. At ano ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang matarik na landas? (Ito ay) ang pagpapalaya ng isang alipin, o ang pagpapakain sa araw ng matinding paghihikahos. Sa isang ulilang malapit na kamag-anak, o sa isang dukha sa (gitna ng) kahirapan.”

At sinabi rin ng Allah sa Qur’an:

﴿ وَيُطْعَمُونَ عَلَىٰ حَيْثُ مَسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا ۚ إِنَّمَا نُطْعِمُكُمْ لِوَجْهِ اللَّهِ لَا نُزِيدُ مِنْكُمْ جَزَاءً وَلَا شُكْرًا ۚ إِنَّا نَخَافُ مِنْ رَبِّنَا يَوْمًا عَبُوسًا قَتَطِيرًا ۚ ۞ ﴾

﴿ ۞ ﴾ [الإنسان: 8-11]

“At sila ay namamahagi ng pagkain, sa kabila ng pagmamahal para rito, sa mga dukha, at ulila, at bihag. (Sila ay nagsasabing); Kami ay nagpapakain sa inyo para sa Mukha (o Lugod) ng Allah. Wala Kaming hangarin mula sa inyo ng kabayaran o pasasalamat. Katotohanan, kami ay nangangamba mula sa aming Panginoon, ng (isang) mahigpit, kasakit-sakit na Araw.”

At sa araw nga na iyon na magiging malungkot at sobrang takot ang mga mukha ay darating ang ginawa ng isang taong pagpapakain at ito’y magiging dahilan ng kanyang paglayo mula sa impyerno. At katunayan na sinabi rin ng Propeta ﷺ:

"اتَّقُوا النَّارَ وَلَوْ بِشِقِّ تَمْرَةٍ"

“Katakutan ninyo ang Apoy ng Impyerno kahit sa pagbigay lang ng kalahati ng Tamr.”

Mga alipin ng Allah, at katotohanan na ang mga nauna sa ating mga mabubuting tao ay napakagaling sa pagpapakain at pagbibigay ng pagkain sa iba. At nabanggit pa

nila na ang kabutihan ay naroroon sa isang bahay na mayroong mga pagkain ang ipinamimigay sa ibang tao.

Tulad ni Al-Hasan Al-Basri na kapag dumating sa kanyang bahay ang kanyang mga kasama ay papakainin o ibibigay niya sa kanila kung anong pagkain ang meron siya. At minsan ay sasabihin ng kanyang mga kasama, “Ilabas mo ang pagkain sa ibaba ng kama mo”, at ilalabas nga ito ni Al-Hasan, at naroroon ang kanyang mga tamr, at kanyang sasabihin, “Itinabi ko nga ito para sa inyo.”

At isinalaysay ni Abu Khalda, na isang araw ay binisita niya kasama si Abdullah bin Awf ang kaibigan nilang si Ibn Sirin. At sinabi ni Ibn Sirin, “Di ko alam kung ano ang ipapakain ko sa inyong dalawa, dahil ang bawat isa sa inyo ay may tinapay at karne sa inyong mga bahay. Ngunit ngayon ay ipaghahanda ko kayo ng pagkain na wala sa inyong mga bahay.” At naglabas si Ibn Sirin ng isang uri ng pagkaing minatamis at hinati-hati niya ito at ibinigay sa amin.

At isinalaysay naman ni Al-A’mash, na kanyang sinabi patungkol kay Khaythama. “Si Khaythama ay gumagawa ng mga matatamis na pagkakain at pagkatapos ay iimbitahan niya kami sa kanyang bahay at kanyang sasabihin, ‘Kumain kayo sa pagkaing gusto ko, at hindi ko ito ginawa maliban na matikman ninyo.’”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, para sa silang mga nagpapakain o nagbibigay ng mga makakain ay katotohanan na di lang ito basta-bastang pamamahagi ng isang bagay. Kundi ang pagpapakain ay isa ring uri ng pasasalamat sa Allah, dahil binigyan sila ng Allah ng makakain o kakayanang makakuha ng kanilang ikabubuhay hindi tulad ng iba. Ito ay pasasalamat din sa Allah dahil ginabayan sila ng Allah na makagawa ng mabuting bagay sa kanilang kapwa. Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إن الله -عز وجل- يقول يوم القيامة: يا ابن آدم استطعمتك فلم تطعمني، قال: يا رب وكيف أطعمتك؟ وأنت رب العالمين، قال: أما علمت أنه استطعمتك عبدي فلان، فلم تطعمه؟ أما علمت أنك لو أطعته لوجدت ذلك عندي "

“Katotohanan na ang Allah ay sasabihin niya sa huling araw, ‘O anak ni Adam, humingi ako sa’yo ng makakain pero di mo ako pinakain’. At siya ay sasagot, ‘O aking panginoon, paano kita papakainin at ikaw ang Panginoon ng sanlibutan?’. At sasabihin ng Allah, ‘Hindi mo ba alam na humingi sa’yo ng pagkain si Fulaan at hindi mo siya binigyan? Hindi mo ba alam na kung pinakain mo siya ito ay matatagpuan mo sa akin”

Kung alam lang ng mga Muslim kung paano sila magiging tunay na mga Muslim at kung aalamin lang nila kung paano. Paano nga ba?! Hahanapin nila ang mga nangangailangan at mag-aalala sila sa sitwasyon ng kanilang mga kapitbahay. Katotohanang sinabi ng Propeta ﷺ:

"مَا آمَنَ بِي مَنْ بَاتَ شَبَعَانًا وَجَارُهُ جَائِعٌ إِلَى جَنْبِهِ وَهُوَ يَعْلَمُ بِهِ"

“Hindi tunay na naniniwala sa akin ang sinuman ang matulog habang alam niya na ang kanyang kapit-bahay ay nagugutom.”

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na kung magpapakain lamang o magbibigay ng pagkain at tutulong sa mga nangangailangan ang bawat Muslim na may kakayanan ay tiyak na masosolusyonan natin ang problemang kahirapan at gutom sa ating pamayanan. Iyon ay kung iiwasan rin natin ang gumastos sa mga bagay na walang kabuluhan, at sa mga bagay na ipinagbawal sa atin ng Islam. Nararapat sa atin na pahalagahan ang mga mahihirap nating kapatid sa Islam, bigyan sila ng mga makakain at kabuhayan, at gabayan sila at tulongan hanggang sa makaahon sila sa kahirapan.

Kaya katakutan ninyo ang Allah o kayong mga alipin ng Allah. Pagbutihin at pagandahin ninyo ang pakikisama sa bawat-isa, magpakain kayo at magbigay ng mga pagkain, palakasin ninyo ang inyong relasyong magkaka-anak, at alamin at pakatandaan ninyo na ang Allah ay kailanman hindi niya binabalewala o kinalilimutan ang sinumang gumawa ng mabuti kahit gaano man ito kaliit o kasimple.



Ang panlilibak

الخطبة الأولى:

Katotohanan ang pinakamainam na salita ay ang aklat ng Allah -ﷻ-, at ang pinakamainam na gabay ay ang gabay ni Propeta Muhammad -ﷺ-, at ang pinakamasama sa mga bagay ay ang mga pagbabago sa relihiyong Islam, at lahat ng pagbabago sa Islam (dagdag o bawas) ay Bid'a, at lahat ng Bid'a ay kaligawan, at lahat ng kaligawan ay sa Impiyerno.

Mga kapatid sa pananampalataya! Tunay na ang ating relihiyon ay isang dakilang relihiyon, at mayroon tayong kumpletong panuntunan at ganap na mabuting kaparaanan ng buhay, pinapahalagan dito na mapanatili ang malakas na ugnayan sa pagitan natin bilang mga magkakapatid, na kung saan hindi ito hinahayaang matinag ng anumang pinsala at hihina, sinabi sa hadith :

"المسلم أخو المسلم، لا يخذله ولا يحقره"

“Ang Muslim ay kapatid ng kapwa niyang Muslim, hindi niya ito dinadaya at pinapabayaan, at hindi niya ito minamaliit”

At katotohanan ang masamang salita ay kabilang sa napakadelikadong pinsala na nawawasak ang lipunan sa pamamagitan nito at ganoon din sinisira ang ugnayan ng mga mamamayan. Tunay na dumating ang kautusan sa mga alipin ng Allah -ﷻ- na sila ay magsalita ng may kabutihan at pawang katotohanan, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ وَقُلْ لِعِبَادِي يَقُولُوا الَّتِي هِيَ أَحْسَنُ إِنَّ الشَّيْطَانَ يَنْزِعُ بَيْنَهُمْ ﴾ [الإسراء: 53]

“At sabihin mo sa Aking mga alipin na mananampalataya, na sabihin nila sa kanilang pakikipag-usap sa mga tao ang maganda at mabuting pananalita; dahil kapag ito ay hindi nila ginawa ay ilalagay ni Shaytan sa pagitan nila ang paglalaban-laban, pamiminsala at pagtatalu-talo”

Ang Satanas ay hindi niya masisira ang mga tao sa pamamagitan ng mabubuti at magagandang salita sa pagitan nila, at hindi rin siya makapagtanim ng anumang samaan ng loob sa pagitan nila. Ilan na nga ba sa mga masasamang salita na ginagamit ng mga kumakalaban sa Allah -ﷻ- upang sirain ang dalawang magkakapatid sa Islam, malalaswang salita na nagmumula sa isang tao na ang layunin ay maghasik ng kasamaan at kasiraan sa kalupaan, o kaya magmumula sa isang taong pabaya sa kabutihan at kaayusan sa lipunan.

Hindi nga ba, na katotohanan ang panlilibak ay siyang pinaka-delikadong pinsala ng dila, na kung saan napakalaki ng masamang epekto nito sa mga puso, na parang isang napakalakas na armas na tumatama sa mga puso at sinisira nito at binubura ang anumang pagmamahal na mayroon dito. Sinisira nito ang pagtitiwala at ganoon din ang relasyon sa pagitan ng dalawang tao. Tunay na ito ay pinsala at isang matinding sakit. Walang lugar na kung saan kumakalat ito maliban na naging tila isang pamilihan ng mga masamang hinala, tumubo dito ang pagmamanman at pagsilip sa kamalian ng iba, at lumaganap dito ang masamang inggit, at minsan umabot ito sa pagkasira ng buong bayan ng mas malala pa kaysa sa apektado ng digmaan.

Ang Qur'an at Sunnah ng Propeta -ﷺ- ay hindi hinayaan ang delikadong sakit na ito, bagkus nagbigay pa ito ng gamot o lunas, at sobra tayong pinag-iingat mula sa gawain na ito, at nilarawan sa atin ang napakasa ma at napakapangit na larawan nito na kung saan pagkatapos itong marinig ng isang tao ay tiyak na masusuklam siya sa gawaing ito at hindi na ito lilingunin, maliban na lamang sa mga taong hindi tumatanggap ng payo at punung-puno ng kasamaan ang puso. Kaya sa kabanata Al-hujurat sa Qur'an napapaloob dito ang ilan sa mga magagandang asal o kung paano makitungo ng mabuti sa kapwa tao ng may mataas at kumpletong pamamaraan, subalit sa kabila nito may mga ilang magulang parin na pinapangaralan ang kanilang

mga anak ng mga aral na hindi alam kung saan ito nanggagaling o kaya minsan ay galling pa sa mga hindi mapagkakatiwalaang tao, pinapayo namin na huwag agad kumuha ng mga ganitong aral maliban na matapos itong siyasating mabuti, ng sa ganoon ay hindi tayo makakuha ng panuntunan na siyang pagsis isihan natin sa bandang huli. At pagkatapos ng mga kautusan at mga paalaala na siyang nanawagan tungo sa pagkaroon ng kaayusan sa pagitan ng tao, at binigyan ng panuntunan ang bawat pananalita at mga sinasabi ng mga muslim, ay matatagpuan natin na kasama dito ang pagbabawal sa panlilibak na kung saan ito ay kabilang sa mga dahilan ng kaguluhan at pagkasira ng maraming ugnayan at relasyon at pagkakawatak-watak, at matagpuan rin natin na ito ay nilarawan sa atin nang napakapangit at napakasamang larawan na hindi kayang tanggapin ng isang malinis na puso, nilarawan ito sa isang lalaki na kumakain ng laman ng kanyang patay na kaptid, at ito ay makahayop na gawain at hindi matatanggap ng tao maging sa Islam man o sa kamangmangan. Sinabi ng Allah ﷻ:-

﴿وَلَا يَغْتَبِ بَعْضُكُم بَعْضًا أَيُحِبُّ أَحَدُكُمْ أَنْ يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ تَوَّابٌ رَحِيمٌ﴾ [الحجرات:

[12

“At huwag banggitin ng iba sa inyo sa iba nang palihim ang anuman na hindi niya nagugustuhan. Dahil nais ba ng isa sa inyo na pakainin siya ng kanyang kapatid ng patay na laman ng kanyang kapatid? At kayo mismo ay kinamumuhian ninyo ito, na kung kaya, kamuhian ninyo ang paninirang-puri sa kanya at matakot kayo sa Allah-ﷻ. Katiyakan, ang Allah ay ganap na Mapagpatawad at ganap na Maawain”

At marami ang mga salaysay mula sa Propeta ﷺ na nagbabawal ng panlilibak at nilinaw sa atin kung gaano ito kadelikado at gaano kasama ang epekto nito sa lipunan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"أَتَدْرُونَ مَا الْغِيْبَةُ؟"، قَالُوا: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ. قَالَ: "ذِكْرُكَ أَخَاكَ بِمَا يَكْرَهُ"، قِيلَ: أَفَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ فِي أَخِي مَا أَقُولُ؟! قَالَ: "إِنْ كَانَ فِيهِ مَا تَقُولُ فَقَدْ اغْتَبْتَهُ، وَإِنْ لَمْ يَكُنْ فِيهِ مَا تَقُولُ فَقَدْ بَهْتَهُ".

“Alam ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng panlilibak?” Sinabi nila: Ang Allâh at ang Kanyang Sugo ang higit na nakakaalam. Sinabi niya: “Ang pagbanggit mo sa iyong kapatid ng anumang bagay na kasusuklaman niya.” May nagsabi: Kung gayon, ano po sa tingin mo kung nasa kapatid ko ang aking sinasabi? Sinabi niya: “Kung nasa kanya ang iyong sinasabi ay tiyak na nilibak mo siya, at kung wala naman ito sa kanya ay siniraang-puri mo siya.””

At sinabi rin ng Sugo -ﷺ:-

"لَمَّا عَرَجَ بِي مَرَرْتُ بِقَوْمٍ هُمْ أَظْفَارٌ مِنْ نَحَاسٍ، يَخْمِشُونَ وُجُوهَهُمْ وَصُدُورَهُمْ، فَقُلْتُ: مَنْ هَؤُلَاءِ يَا جِبْرِيلُ؟! قَالَ: هَؤُلَاءِ الَّذِينَ يَأْكُلُونَ لُحُومَ النَّاسِ وَيَقْعُونَ فِي أَعْرَاضِهِمْ."

“Noong ako ay iniakyat sa kalangitan ay napadaan ako sa isang grupo ng mga tao na mayroong mga kuko mula sa tanso, sinusugatan nila ang kanilang mga mukha at dibdib, sinabi ko: sino sila o Jibril? Sinabi niya: Sila yaong mga tao na kinakain ang laman ng kapwa nila tao at naninirang puri ”

At mula kay Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- siya ay nagsabi:

قُلْتُ لِلنَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: حَسْبُكَ مِنْ صَفِيَّةَ كَذَا وَكَذَا -تَعْنِي قَصِيرَةً- فَقَالَ: "لَقَدْ قُلْتَ كَلِمَةً لَوْ مُزِجْتَ بِمَاءِ الْبَحْرِ لَمَزَجْتُهُ"، قَالَتْ: وَحَكَيْتُ لَهُ إِنْسَانًا. فَقَالَ: "مَا أَحَبُّ إِلَيَّ حَكَيْتُ إِنْسَانًا وَأَنْ لِي كَذَا وَكَذَا". (رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ وَأَبُو دَاوُدَ وَصَحَّحَهُ الْأَلْبَانِيُّ).

“Sinabi ko sa Propeta -ﷺ- sapat ng hindi mo magustuhan si Safiyah siya ganito...ganito -ibig niyang sabihin ay pandak-, siya ay sumagot -ﷺ-: tunay na ikaw ay nakapagsalita ng isang salita na kung ito ay inilagay sa dagat tiyak na magbabago ang lasa nito”. Sinabi pa ni Aisha- kalugdan nawa siya ng Allah:- “at ako ay nagkuwento sa kanya patungkol sa isang tao at ginagaya ko ang kilos ng tao na iyon. At kanyang sinabi-ﷺ:- hindi ko nais na manggaya ng isang tao bilang panlilibak sa kanya at tunay na mayroon akong ganito..ganito..” Inulat ni Thirmidi at Abu Dawud

At patungkol sa kasamaan ng Riba' (pinagbabawal na pagpapatubo), dakilang kadelikaduhan nito at masamang epekto nito, at ito ay paghihimagsik laban sa Allah at sa Kanyang Sugo, at pagkamkam ng yaman ng iba, ay dumating din ang paghamak sa panlilibak at ginawa itong isa sa mga dakilang pagririba'. Mula kay Anas Bin Malik -ﷺ- sinabi niya: Nagbigay ng sermon sa amin ang Sugo -ﷺ- at binanggit niya ang patungkol sa Riba' at kung gaano ito kadelikado, at kanyang sinabi -ﷺ-:

"إِنَّ الدَّرْهَمَ يُصِيبُهُ الرَّجُلُ مِنَ الرِّبَا أَعْظَمَ عِنْدَ اللَّهِ فِي الْخَطِيئَةِ مِنْ سِتِّ وَثَلَاثِينَ زَيْنَةً الرَّجُلِ، وَإِنَّ أَرَى الرِّبَا عَرَضُ الرَّجُلِ الْمُسْلِمِ". (رَوَاهُ ابْنُ أَبِي الدُّنْيَا، وَقَالَ الْأَلْبَانِيُّ: صَحِيحٌ لغيره).

“Tunay na ang Dirham na natatanggap ng lalaki mula sa Riba -pagpapatubo- ay mas dakilang kasalanan ito sa paningin ng Allah -ﷻ- kaysa sa kasalanang pakikiapid ng isang lalaki ng tatlumpot anim na beses, at ang pinakamataas na uri ng Riba' ay ang paninirang puri at panlilibak sa isang muslim” inulat ni Ibnu Abi Ad-dunya

At inulat din ni Abu Dawud, na katotohanan ang Sugo -ﷺ- ay nagsabi: **“ tunay na ang pinakamataas na uri ng Riba' ay ang pagparami ng paninirang puri sa kapwa muslim ng walang katarungan”** ang hadith ay sahih ayon kay Al-albani

Ang Islam ay dumating upang pangalagaan ang puri at dangal ng tao, at ginawa itong sagrado. Pinagbabawal nito ang paninirang puri at panlilibak, at pinagbawal ang pasukin ang ganitong gawain ng walang katarungan, hanggang sa ang Sugo -ﷺ- ay ipinantay ang dangal sa kayamanan at dugo ng tao sa pagiging sagrado nito. Kanyang sinabi sa kanyang huling sermon:

"إِنَّ دِمَاءَكُمْ وَأَمْوَالَكُمْ وَأَعْرَاضَكُمْ عَلَيْكُمْ حَرَامٌ، كَحُرْمَةِ يَوْمِكُمْ هَذَا فِي شَهْرِكُمْ هَذَا فِي بَلَدِكُمْ هَذَا". (مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ).

“Tunay na ang inyong mga dugo, kayamanan, at dangal ay banal at sagrado, tulad ng pagiging sagrado nitong araw ninyo, nitong buwan, at nitong lugar”

At minsan may mga tao na ang tingin sa Islam ay relihiyon na kung saan puro panlabas na gawain ang tinuturo nito, at kinalimutan nila ang mga karapatan ng iba sa kanila at kanilang pinipinsala ang iba sa pamamagitan ng kanilang dila, hindi nila naiisip ang malaking gantimpala kung sila ay magpakabuti at hindi din iniisip ang matinding parusa sa tuwing sila ay naninira at namiminsala. Tunay na binigyang linaw ng Sugo -ﷻ- ang katangian ng isang tunay na muslim sa kanyang sinabi:

"المُسْلِمُ مَنْ سَلِمَ الْمُسْلِمُونَ مِنْ لِسَانِهِ وَيَدِهِ". (رَوَاهُ مُسْلِمٌ).

“Ang muslim ay siya yaong ligtas ang mga muslim mula sa kanyang dila at kamay”
Inulat ni Muslim

At pinaliwanag din ng Sugo -ﷻ- ang patungkol sa malaking gantimpala at kainaman ng isang taong pinag-kakasundo ang dalawang taong may alitan o inaayos ang pagitan nila. At kanyang sinabi:

"أَلَا أُخْبِرُكُمْ بِأَفْضَلِ مِنْ دَرَجَةِ الصِّيَامِ وَالصَّلَاةِ وَالصَّدَقَةِ؟!"، قَالُوا: بَلَى. قَالَ: "إِصْلَاحُ ذَاتِ الْبَيْنِ؛ فَإِنَّ فَسَادَ ذَاتِ الْبَيْنِ هِيَ الْخَالِفَةُ".

“Gusto ba ninyo na aking ibalita sa inyo ang bagay na mas mainam kaysa sa antas ng pag-aayuno, padrasal, at kawanggawa? sila ay sumagot: opo, kanyang sinabi: ang ayusin at ipagkasundo ang dalawang mayroong alitan o hindi pagkakasundo, katotohanan ang pagkalat ng kasiraan sa pagitan ng dalawa ay bagay na nakakapinsala sa relihiyon”

At pinag-iingat ang sinuman na pinsalain ang muslim sa pamamagitan ng paninirang puri at panlilibak at bilang babala sa kanila na mapapasa kanila ang Impiyerno at kaparusahan kahit sa kabila nito ay nagsasagawa sila ng pagdarasal, pag-aayuno at iba pa. Sinalaysay ni Abu Hurayra:

قِيلَ لِلنَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: يَا رَسُولَ اللَّهِ: إِنَّ فُلَانَةَ تَقُومُ اللَّيْلَ وَتَصُومُ النَّهَارَ، وَتَفْعَلُ وَتَصَدَّقُ، وَتُؤْذِي جِيرَانَهَا بِلِسَانِهَا. فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: "لَا خَيْرَ فِيهَا، هِيَ مِنْ أَهْلِ النَّارِ". قَالَ: وَفُلَانَةُ تُصَلِّي الْمَكْتُوبَةَ وَتَصَدَّقُ بِأَثْوَارٍ مِنَ الْأَقِطِ وَلَا تُؤْذِي أَحَدًا. فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: "هِيَ مِنْ أَهْلِ الْجَنَّةِ".

Binanggit sa Sugo-ﷺ: O Sugo ng Allah! Tunay na si Fulanah (babae) ay nagsasagawa ng pagdarasal sa gabi,nag-aayuno sa araw,at nagbibigay ng kawanggawa,at pinipinsala niya ang kanyang kapit bahay sa pamamagitan ng kanyang dila. Sinabi ng Sugo-ﷺ: **“walang kabutihan sa kanya, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno”** Sinabi sa kanya: At si Fulanah nagsasagawa ng obligadong pagdarasal at nagbibigay ng pagkain bilang kawanggawa at hindi namiminsala ng kapwa. Sinabi ng Sugo-ﷺ: **“siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso”**

وَقَالَ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: "أَتَدْرُونَ مِنَ الْمِفْلِسِ"، قَالُوا: الْمِفْلِسُ فِينَا مَنْ لَا دِرْهَمَ لَهُ وَلَا مَتَاعَ. فَقَالَ: "الْمِفْلِسُ مِنْ أُمَّتِي مَنْ يَأْتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ بِصَلَاةٍ وَصِيَامٍ وَزَكَاةٍ، وَيَأْتِي قَدْ شَتَمَ هَذَا وَقَذَفَ هَذَا وَأَكَلَ مَالَ هَذَا وَسَفَكَ دَمَ هَذَا وَضَرَبَ هَذَا، فَيُعْطَى هَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ وَهَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ، فَإِنْ فَنَيْتَ حَسَنَاتُهُ قَبْلَ أَنْ يُقْضَى مَا عَلَيْهِ أَخَذَ مِنْ خَطَايَاهُمْ فَطَرَحَتْ عَلَيْهِ ثُمَّ طُرِحَ فِي النَّارِ". (رَوَاهُ مُسْلِمٌ وَغَيْرُهُ).

At sinabi pa ng Sugo -ﷺ: **“Alam ba ninyo kung sino ang tunay na bagsak at nalugi? Sila ay sumagot: ang nalugi sa amin ay yaong walang salapi at walang anumang ari-arian.Sinabi niya-ﷺ: “Ang bagsak at nalugi mula sa aking sambayanan ay siyang darating sa araw ng paghuhukom (na may baong mabubuting gawa dahil sa siya’y) nagsagawa ng Salaah,nag-aayuno at nagbayad ng zakaah,subalit siya rin ay nagsagawa ng pang-aapi, paninirang puri,paglustay ng yaman ng iba, pagpatay at pananakit sa iba. Bawat isa (sa ginawan niya ng kasalanan) ay mabibigyan ng bahagi ng kanyang mabubuting gawa, kung wala ng natitira mula sa baon niyang mabuting gawa,magkagayon ang masasamang gawa (ng mga ginawan niya ng**

kasalanan) ay ililipat sa kanya, at dahil dito (siya ay magiging pulubi at nalugi) at siya ay itatapon sa Impiyerno” Inulat ni Muslim at iba pa.

Mga kapatid sa Islam! At kung ang panlilibak ay dala-dala ang ganitong kasamaan at kasalanan, ay mayroon ding katulad nito na mas malaking kasalanan ang dala at krimen at ito ay walang iba kundi ang “paninirang-puri”, ito’y pang-aapi ng isang tao sa kanyang kapatid sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga bagay na wala naman ito sa kanya bilang paninirang puri. At ito ay kabilang sa mga malalaking kasalanan na siyang binalaan ng Allah-ﷻ ang Kanyang mga alipin mula dito:

﴿وَالَّذِينَ يُؤْذُونَ الْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ بَغْيٍ مَا اكْتَسَبُوا فَقَدْ احْتَمَلُوا بُهْتَانًا وَإِثْمًا مُّبِينًا ۖ﴾ [الأحزاب: 58]

“At ganoon din niyayamot nila ang mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan sa salita o sa gawa na wala naman silang nagawang kasalanan sa kanila, katiyakan, sinuman ang nakagawa nito ay nagkasala nang matinding pagsisinungaling at paninira at nakagawa sila ng malinaw na kasalanan na magiging dahilan ng pagpaparusa sa kanila”

وَقَالَ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: "خَمْسٌ لَيْسَ لَهُنَّ كَفَّارَةٌ: الشِّرْكُ بِاللَّهِ، وَقَتْلُ النَّفْسِ بَغْيٌ حَقٌّ، وَبُهْتَانُ الْمُؤْمِنِ، وَالْفِرَارُ مِنَ الرَّحْفِ، وَبَيْنُ صَابِرَةٍ يَتَّقِعُ بِهَا مَالًا بَغْيٌ حَقٌّ". (رَوَاهُ أَحْمَدُ وَحَسَنُهُ الْأَلْبَانِيُّ).

Sinabi ng Sugo -ﷻ: “Limang gawain na kung saan wala itong Kaffaara: pagtatambal sa pagsamba sa Allah, di-makatarungang pagpatay, paninirang puri, pagtalikod sa labanan at panunumpa sa harap ng husgado upang makuha ang kayamanang hindi pagmamay-ari” Inulat ni Ahmad at mabuting hadith ayon kay Al-albani.

وَقَالَ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: "وَمَنْ قَالَ فِي مُؤْمِنٍ مَا لَيْسَ فِيهِ أَسْكَنَهُ اللَّهُ رَدْعَةَ الْحَبَالِ حَتَّى يَخْرُجَ مِمَّا قَالَ". (رَوَاهُ أَبُو دَاوُدَ وَغَيْرُهُ وَصَحَّحَهُ الْأَلْبَانِيُّ)؛

At sinabi pa ng Sugo -ﷻ: “at sinumang nagsasalita laban sa kanyang kapatid (paninirang puri) ng mga bagay na wala naman ito sa kanya ay ipapatira siya ng

Allah-ﷻ sa lugar na dito dinudurog ang mga taong maninirahan sa Impiyerno hanggat sa kanyang itigil ang paninirang puri” Inulat ni Abu Dawud.

Mga alipin ng Allah! Katakutan natin ang Allah-ﷻ, hayaang umiyak ang isang tao para sa kanyang sarili at mag-ingat sa kanyang mga pagkakasala. Tunay na hindi siya nilikha ng Allah-ﷻ upang gawing tagapagmasid sa iba, kaya kung wala itong magawang mabuti sa kanyang kapatid ay huwag din niyang gawing pagmumulan ng masama ang kanyang sarili para sa kapatid niya.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam: ang nag-aangkin ng ganap at kumpletong mga katangian ay walang iba kundi ang Allah-ﷻ lamang, samantalang tayo bilang mga anak ni Adan, tayong lahat ay likas na sa atin ang palaging nagkakamali at nagkakasala, at mga mahihina. Sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿وَخُلِقَ الْإِنْسَنُ ضَعِيفًا﴾ [النساء: 28]

“at nilikha ang mga tao na mga mahihina”

At kung pagnilay-nilayan ng bawat isa sa atin kung anong kakulangan mayroon tayo sa ating sarili at pag-uugali, at ganoon din ang ating pagiging mahina at mga pagkukulang, at iisa-isahin ang mga kahihiyang nagawa at mga kasalanan ay tiyak na sapat na ito para hindi sirain ang puri ng iba at pintasan sila, kaya kaawaan ng Allah-ﷻ ang isang taong nagsabi: “Ako ay umiiyak para sa aking sarili at hindi ko iniinyakan ang sarili ng iba, iniinyakan ko ang aking sarili dahil sa pagiging abala nito sa mga pagkukulang ng ibang tao”.

Dahil ang pagiging abala sa pagtingin sa ibang tao, ay magdudulot ng pagkabulag at hindi na makita ang sariling pagkakamali dahil sa inaakala niyang

hindi na siya nagkakamali. At nagiging pabaya at hindi na mapansin ang kamalian kahit na ito ay lumaki at dumami. At maari siyang susubukan ng hindi niya namamalayan sa panlilibak sa kanyang kapwa, at gagawing malaking usapin ang maliit nilang nagawa. Totoo nga ang sinabi ng Sugo ﷺ:-

"يُصِرُّ أَحَدُكُمْ الْقَدَاةَ فِي عَيْنِ أَخِيهِ وَيَتَسَّى الْجَذَعَ فِي عَيْنِهِ". (رَوَاهُ ابْنُ حَبَّانَ وَصَحَّحَهُ الْأَلْبَانِيُّ).

“Nakikita ng isa sa inyo ang maliit na dumi sa mata (muta, puwing at iba pa) ng kanyang kapatid at sa kabila nito ay kinakalimutan ang napakalaking pagkakamali ng sarili niya” Inulat ni Ibnu Hibban at tamang hadith ayon kay Al-albani.

Mga alipin ng Allah! Ang mabuting hinala at pag-iisip ng mabuti sa kapwa, at ang pag-iwan ng pagmamanman at pagbabantay sa pagkakamali ng iba ay nagdudulot ito ng kabutihan sa ating sarili, dahil ang sinumang naging abala sa panlilibak sa iba at paninirang puri ay ganito rin ang ibabalik nila sa taong ito, at pagbibintangan siya ng masama at aakusahan siya, at hahanapan din siya ng mga ito ng butas at pagkakamali bilang paghihiganti sa kanya. Ano na lang kaya ang aasahan natin sa isang lipunan kung ganito ang nagaganap? At kung puro kabutihan at magandang pananalita ang bibitiwan ito ay magdudulot ng pagmamahal nila pagpaparangal nila sa iyo, pagrespeto at paggalang at magiging maayos ang lipunan at pamumuhay kung ganito ang pinapairal.

Katakutan ninyo ang Allah ﷻ mga kaptid sa Islam, at magbalik loob sa Kanya at humingi ng kapatawaran mula sa inyong mga kasalanan, at inyong alamin na ang panlilibak ay kabilang sa mga malalaking kasalanan, at nararapat na humingi ng tawad at paumanhin sa sinumang inyong nilibak at siniraan ng puri ng sa ganoon ay makawala sa kasalanan bago pa dumating ang araw ng paghuhukom.



Ang Pagmamataas

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam! alamin po ninyo na katotohanan ang pagmamataas o kibr ay kabilang sa mga malalaking nakakapahamak na kasalanan, at ito ay isa sa mga katangian o palatandaan ng mga taong may kakulangan sa pag-iisip, at ito ay nababagay sa mga mangmang na tao, subalit hindi natin ito matatakas, dahil bawat isa sa atin ay maaring magkaroon nito o bahagi na ng ating pagkatao, at ang pag-alis nito o pagtanggali mula sa ating sarili ay isang gawaing obligado sa bawat isa sa atin, ngunit hindi ito matatanggali sa pamamagitan ng adhikain o kaya paghahangad nang walang gagawing hakbang. Bagkus mawawala ito sa pamamagitan ng paglunas at paggamit ng mga gamot na siyang wawasak dito. At kapag nakilala ng isang alipin ang kanyang Panginoon, ay kanya ring mabatid na ang kadakilaan at kaluwalhatian ay nababagay lamang sa Allah -ﷻ- Ang kataas-kataasan, Ang Pinakadakila.

Mga kapatid! Ang pagmamataas o kibr, ito ay ang pagtanggali sa katotohanan at pagmamaliit sa mga tao, mula sa Propeta -ﷺ-, kanyang sinabi:

"لا يدخل الجنة من كان في قلبه مثقال ذرة من كبر! فقال رجل: إن الرجل يحب أن يكون ثوبه حسناً، ونعله حسنة؟ قال: إن الله جميل يحبُّ الجمال، الكبر: بطن الحقِّ وغمط النَّاسِ" (مسلم: 7031)،

"Hindi makakapasok ng paraiso ang sinumang mayroong kibr sa kanyang puso kahit na ito ay kasing liit lang ng atom. At sinabi ng isang lalaki; May isang tao na minamahal niya ang pagsusuot ng magagandang damit at magagandang sapatos. Sumagot siya -ﷺ-: katotohan ang Allah -ﷻ- ay Al-jameel at minamahal niya ang kagandahan. Ang kibr o pagmamataas ay pagtanggali sa katotohanan, at pagkamuhi o pagmamaliit sa mga tao" Inulat ni Muslim 7031.

At ang pagmamataas ay isa sa mga dulot ng sobrang paghanga sa sarili at pagiging malupit, at alinmang puso na punong-puno ng kamangmangan at pang-aapi, ay nililisan ito ng pagpapakumbaba at pagpapasakop, at papasok dito ang pagkamuhi at pagkasuklam. Kaya mababa ang tingin nito sa mga tao, at lalakad sa pagitan nila ng mayroong pagmamataas, iniisip na siya ang laging tama at hindi makikinig sa iba, at hindi niya nakikita ang karapatan ng iba sa kanya.

Mga alipin ng Allah! kabilang sa mga katangian ng isang mapagmataas: ay ang pangungutya sa mga talata ng Allah -ﷻ- at ang gawin itong bagay na katatawanan. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَيَلْ لِكُلِّ أَفَّاكٍ أَثِيمٍ ۖ يَسْمَعُ ءَايَاتِ اللَّهِ تُنْزِلُ عَلَيْهِ ثُمَّ يُصِرُّ مُسْتَكْبِرًا كَأَن لَّمْ يَسْمَعْهَا فَبَشِّرْهُ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ﴾ [الجاثية: 8-7]

“Kahahamakan at matinding pagkawasak sa sinumang maraming ginawang kasinungalingan at kasalanan. Na naririnig niya ang mga talata ng Aklat ng Allah na binibigkas sa kanya, pagkatapos ay patuloy pa rin siya sa kanyang di-paniniwala, pagmamataas sa kanyang sarili, na para bagang hindi niya narinig ang mga binibigkas na mga talata ng Allah sa kanya. Kung gayon, ipamalita mo, O Muhammad, sa kanya ang masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay”

Tunay ngang napakamangmang nitong mga mapagmataas.

At kabilang sa kanyang katangian: ay ang kanyang pagtanggap sa katotohanan, at pagmamaliit sa mga tao, at minamahal niya ang pagsuporta ng mga tao at pagsunod sa kanya, at ang pag-upo niya sa unahan o kaya kalagitnaan ng pagtitipon, at paglalakad nito nang mayroong pagmamayabang, at kadalasan ay hindi lumalabas maliban na mayroong mga kasamang sumusunod sa likuran nito, at hindi binibisita ang sinuman bilang pagmamalaki, at tinatanggi ang pag-upo ng iba sa tabi nito at iba pa.

At ang mga palatandaan ng pagmamataas ay napakarami : isa na dito ay ang matatagpuan natin sa mga pag-uugali at ikinikilos ng isang tao, tulad halimbawa ng; pagtalikod sa kausap bilang pagmamaliit, pagtingin ng may pagmamayabang, pagangat ng ulo, at minsan mapapansin din sa kanyang boses at paraan ng pagsasalita, at ang iba naman ay lumilitaw sa kanyang paglakad, pagtayo, pag-upo, kilos at ganoon din kahit sa pagpapahinga nito, sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿وَلَا تُصَغِّرْ خَدَّكَ لِلنَّاسِ وَلَا تَقْشِرْ فِي الْأَرْضِ مَرْحًا إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ كُلَّ مُخْتَالٍ فَخُورٍ﴾ ١٨ وَأَقْصِدْ فِي مَشْيِكَ وَأَعْصِضْ مِنْ صَوْتِكَ إِنَّ أَنْكَرَ

الْأَصْوَاتِ لَصَوْتُ الْحَمِيرِ ﴿١٩﴾ [لقمان: 18-19]

“At huwag mong talikuran ang mga tao habang ikaw ay nakikipag-usap sa kanila o sila ay nakikipag-usap sa iyo; bilang pagmamaliit sa kanila at pagmamayabang sa harapan nila, at huwag maglakad sa ibabaw ng kalupaan na may pagmamayabang sa harapan ng mga tao, katiyakan, hindi naiibigan ng Allah ang sinumang mapagmayabang at mapagmataas sa kanyang sarili at sa kanyang salita. Magpakumbaba ka sa iyong paglalakad, at hinaan mo ang iyong boses dahil katiyakang ang pinakamasama sa lahat ng mga boses at kinamumuhian ay boses ng isang asno.”

At mayroong ilan sa mga mapagmataas ang naiipon lahat ng mga ito sa kanya, at ang ilan naman sa kanila, ay mapagmataas sa ibang tao at nagpapakumbaba naman sa iba.

Mga alipin ng Allah! at ang mga kadahilanan ng pagmamataas at pinagmumulan nito ay apat: pagkamangha sa sarili, pagkamuhi, masamang inggit, at pakitang-tao. At ang pagmamataas ay isang katangiang panloob, kaya kung anumang ating nasasaksihang mga kilos at salita na nagpapahiwatig ng pagiging mapagmataas, lahat ng ito ay bunga na lamang ng kibr o pagmamataas na panloob, na kung saan ito ay tumutukoy sa pagmamalaki at pagpuri sa sarili, at pagtingin sa kanyang kakayahan ng mas nakakahigit kaysa sa kakayahan ng iba.

Tunay na ang isang tao kapag ang kanyang puso ay nawalan ng pananampalataya sa Allah -ﷻ-, at hindi maramdaman ang kadakilaan ng nag-iisang Tagapaglika, ay pananatilihan ito ng pagmamayabang at pagmamataas sa mga kamayanan nito, posisyon, lakas, at kagandahan ng anyo, at mga bagay na maaring maging dahilan ng pagmamataas at paghanga sa sarili. At ang pagmamataas ay kinapootan ito ng Allah -ﷻ- dahil sa pagmamaliit at pagkalimot sa mga biyaya (hindi pagpapasalamat), at ito ay kinasusuklanan rin ng mga taong nasa paligid ng taong mayroon nito dahil sa pagmamayabang at pagmamalaki, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَلَا تَمْشِ فِي الْأَرْضِ مَرَحًا إِنَّكَ لَن تَخْرِقَ الْأَرْضَ وَلَن تَبْلُغَ الْجِبَالَ طُولًا﴾ [الإسراء: 37]

“At huwag kang lumakad o mamuhay sa kalupaan nang may pagmamataas; dahil sa ikaw ay katiyakang walang kakayahang galugurin ang buong kalupaan sa pamamagitan ng paglalakbay dito ni magkakaroon ka ng kakayahan na abutin ang mga tuktok ng kabundukan sa pamamagitan ng iyong pagmamataas at pagmamalaki”

Mga kapatid sa Islam! At ang pagmamataas o kibr ay mayroong tatlong uri:

Una: ang pagmamataas sa Allah -ﷻ-: at ito ang pinakamasama sa lahat ng uri nito, at ito ay nagmumula sa sinumang nag-aangkin na siya ay dapat sambahin katulad ng ginawa ni Paraon at iba pa. At sila ay binantaan ng Allah -ﷻ- sa Kanyang sinabi:

﴿إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ﴾ [غافر: 60]

“katiyakan, ang mga yaong nagmamataas na di-naniniwala sa pagsamba lamang ng Bukod-Tangi sa Akin at sa Aking pagiging ‘Ilah’ (Diyos) na sinasamba, walang pag-aalinlangan, makapapasok sila sa Impiyerno na mga hamak at kaaba-aba”.

Pangalawa: ang pagmamataas sa mga Sugo -ﷺ: na ito ay pagkakaroon ng pagpupuri at mataas ang tingin sa sarili, na siyang dahilan ng hindi pagtanggap at pagsunod sa mga Sugo, dahil ang tingin sa mga ito ay walang pinagkaiba sa mga karaniwang tao. At ito ay magdudulot ng paglihis o pagtalikod mula sa kaalaman at pagkuha sa liwanag na mayroon sa mga aral na pinaparangaral nila, kaya mananatili sa kadiliman ng kamangmangan dahil sa pagmamataas. Kaya naman hindi makikitaan ng pagsunod at hinding hindi susunod, at hindi rin magkukusa ang sarili na tumanggap ng katotohanan at magpakumbaba sa mga Sugo -ﷺ, katulad ng sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿ وَقَالَ الَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَاءَنَا لَوْلَا أُنْزِلَ عَلَيْنَا الْمَلَائِكَةُ أَوْ نَرَى رَبَّنَا لَقَدِ اسْتَكْبَرُوا فِي أَنْفُسِهِمْ وَعَتَوْا عُتُوًّا كَبِيرًا ۝ ﴾ [الفرقان:

[21

“At sinabi ng mga yaong hindi umaasam na makatagpo nila ang kanilang Rabb na Tagapaglikha: “Ano kaya kung magpababa Siya sa amin ng mga anghel, na magsasabi sa amin na si Muhammad ay totoo, o di kaya ay makikita namin ang aming Rabb sa pamamagitan mismo ng aming mga mata.” Katiyakan, labis silang nagtiwala sa kanilang mga sarili at sila ay nagmataas kaya nagawa nila na magsabi nang ganito, at lumangpas na sila sa hangganan sa pamamagitan ng kanilang pagmamalabis sa kasamaan at di-paniniwala”

Pangatlo: ang pagmamataas sa mga kapwa nilalang: at ito ang pagpupuri sa sarili at pagmamaliit sa iba, hindi ito susunod sa iba at hindi tatalima. Nagyayabang sa iba at mapagmataas, kukutyain ang iba at mamaliitin, at hindi papayag na ipantay sa kanila, at ito ay binigyang linaw na ng Sugo -ﷺ sa kanyang sinabi:

"الْكِبْرُ بَطْرُ الْحَقِّ وَغَمَطُ النَّاسِ" (مسلم: 91)

“Ang kibr o pagmamataas ay pagtangi sa katotohanan, at pagkamuhi o pagmamaliit sa mga tao” Inulat ni Muslim 91.

Kaya ang bawat tumanggi sa katotohanan samantalang kanya naman itong nalalaman at nauunawaan, at hindi nagpapasakop sa Allah -ﷻ- sa pamamagitan ng pagsamba at pagsunod sa Sugo -ﷻ-, ay tunay ngang nagmataas siya sa Allah -ﷻ- at sa Kanyang Sugo-ﷻ- sa hindi pagtanggap ng katotohanan. At sinuman ang tingin sa sarili ay mas mainam at nakakahigit kaysa sa kanyang kapatid, at kinukutya niya ito at tinitingnan nang may pagmamaliit, at tinatanggi ang mga sinasabi nito na katotohanan, ay tunay ngang nagmataas siya -nagmataas sa kanyang kapwa-.

Mga kapatid sa Islam! katotohanan ang Allah -ﷻ- ay Siya ang lumikha ng mga kalangitan, kalupaan at anumang nasa pagitan nitong dalawa, at nilikha Niya ang araw at gabi, buwan at araw, at mga bituin. Nilikha Niya ang mga Anghel na kung saan ang mga bilang nito ay walang nakakaalam maliban sa Kanya, nilikha ang lahat ng mga bagay, at lahat ng mga nabanggit natin ay sumusunod at sumusuko sa Allah -ﷻ-, tumatalima sa Kanyang mga kautusan, sumasamba sa Kanya lamang. At kailan lamang ay nagmataas ang tao sa pagsamba sa Allah -ﷻ- matapos nilang malaman ang mga malalaking tanda at mga dakilang nilikha ng Allah -ﷻ-, at lahat maliban sa kanila ay sumasamba at nagluluwalhati sa Allah -ﷻ- maging ang mga ito ay nakatira sa kalangitan o kaya ay sa kalupaan. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَلِلَّهِ يَسْجُدُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مِنْ دَابَّةٍ وَالْمَلَائِكَةُ وَهُمْ لَا يَسْتَكْبِرُونَ﴾ [النحل: 49]

“Bukod-Tangi na sa Allah lamang nagpapatirapa ang lahat ng mga nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan, ang mga gumagalaw na mga nilikha at ang mga Anghel ay nagpapatirapa rin sa Allah, at kailanman ay hindi sila nagmataas sa pagsamba sa Kanya”

At Kanya pang sinabi:

﴿إِنْ أَسْتَكْبَرُوا فَالَّذِينَ عِنْدَ رَبِّكَ يُسَبِّحُونَ لَهُ بِاللَّيْلِ وَالنَّهَارِ وَهُمْ لَا يَسْأَمُونَ﴾ [فصلت: 38]

“At kapag sila ay nagmataas na mga sumasamba ng iba bukod sa Allah na di sila nagpatirapa sa Allah, ay katiyakang ang mga anghel na nasa iyong ‘Rabb’ na Tagapaglikha ay hindi sila nagmamataas, sa halip sila ay nagpapatirapa sa Kanya sa gabi at araw at dinadakila nila na inilalayo sa anumang kakulangan, at hindi sila nagsasawa at hindi sila napapagod”

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah! At ang pagmamataas o kibr ay nagagamot sa pamamagitan ng dalawang bagay:

Una: Ang pagtanggap (ng ugat) nito mula sa puso, at mangyayari ito sa pamamagitan ng pagkilala ng tao sa kanyang Panginoon at pagkilala sa kanyang sarili, ganoon din kung paano siya nalikha.

﴿يَتَأْتِيهَا الْإِنْسَنُ مَا عَرَفَ بِرَبِّكَ الْكَرِيمِ﴾ [الإنفطار: 6]

“O ikaw na tao, na hindi naniwala sa Muling Pagkabuhay, ano бага ang nakapaglinlang sa iyo, upang masamba mo ang iba bukod sa Allah, na ito ang ipinantay mo sa Allah”

Pangalawa: Sinuman ang nagmataas dahil sa kanyang pamilyang kinabibilangan, ay nararapat niyang isipin na marami rin ang katulad niya. Sinuman ang nagmataas dahil sa kagandahan ng hitsura o anyo, ay nararapat niyang tingnan ng maayos ang kanyang panloob at sariling dumi. Sinuman ang nagmataas dahil sa kanyang lakas, ay nararapat niyang alamin kung sumakit ang isa sa mga ugat niya, ay bumabagsak siya at nagkakasakit at nanghihina. Sinuman ang nagmataas dahil sa kanyang pera o ari-arian, ay nararapat niyang alamin na ang mga Hudyo ay mas mayaman kaysa sa kanya, at tunay na ang Allah -ﷻ- ay nasusuklam at napopoot sa kanila. Nararapat na malaman na ang pamilya o posisyon at kayamanan ay hindi ito makakatulong sa

isang tao para makaligtas sa kaparusahan, mula kay Abu Hurayra -radiyallahu anhu- kanyang sinabi: tumindig ang Sugo -ﷺ- noong binaba sa kanya ng Allah -ﷻ:-

﴿وَأَنْذِرْ عَشِيرَتَكَ الْأَقْرَبِينَ﴾ [الشعراء: 214]

“At balaan mo, O Muhammad, ang mga malalapit sa iyo na mga kamag-anak mula sa parusa ng Allah na maaaring mangyari sa kanila”

At kanyang -ﷺ- sinabi:

" يَا مَعْشَرَ قُرَيْشٍ - أَوْ كَلِمَةً نَحْوَهَا - اشْتَرُوا أَنْفُسَكُمْ ، لَا أُغْنِي عَنْكُمْ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا ، يَا بَنِي عَبْدِ مَنَافٍ لَا أُغْنِي عَنْكُمْ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا ، يَا عَبَّاسُ بْنُ عَبْدِ الْمُطَّلِبِ لَا أُغْنِي عَنْكَ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا ، وَيَا صَفِيَّةُ عَمَّةَ رَسُولِ اللَّهِ لَا أُغْنِي عَنْكَ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا ، وَيَا فَاطِمَةُ بِنْتُ مُحَمَّدٍ سَلِّبِي مَا شِئْتَ مِنْ مَالِي لَا أُغْنِي عَنْكَ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا " (البخاري: 2753، ومسلم: 206).

“O sa inyong lahat na mga Quraysh! Bilihin ninyo ang inyong mga sarili mula sa Allah, katotohanan wala akong magagawang kapinsalaan sa inyo at kabutihan, wala akong maitutulong sa inyo mula sa Allah. O angkan ni Abdu Manaf! wala akong maitutulong sa inyo mula sa Allah. O `Abbas ibno Abdul Muttalib! Wala akong maitutulong sa iyo na anumang kaligtasan mula sa Allah. O Safiyah na tiyahin ng Sugo ng Allah! Wala akong maitutulong sa iyo na anumang kaligtasan mula sa Allah. O Fatimah binto Muhammad! Hilingin mo sa akin ang anumang nagugustuhan mo mula sa aking kayamanan, wala akong maitutulong sa iyo na anumang kaligtasan mula sa Allah ” Inulat ni Albukari 2753 at Muslim 206.

Mga kapatid sa pananampalataya! Tunay na ang hantungan ng pagmamataas at kaparusahan nito ay masidhi sa mundo at kabilang buhay.

Kabilang sa kaparusahan ng isang taong nagmamataas dito sa mundo ay; katotohanang lalamunin siya ng kalupaan, katulad ng nabanggit sa hadith patungkol sa salaysay ng isang lalaki na naglalakad ng may kayabangan at pagmamataas ganoon din sa kanyang pananamit: “pinalamon siya ng Allah -ﷻ- sa kalupaan,

mananatili dito hanggang sa araw ng muling pagkabuhay. At katulad din ng nabanggit sa Qur'an patungkol sa nangyari kay Qarun:

﴿ فَخَسَفْنَا بِهِ وَبِدَارِهِ الْأَرْضَ ﴾ [القصاص: 81]

“Na kung kaya, pinalamon Namin si Qārûn at ang kanyang tahanan sa kalupaan”

At kabilang sa parusa ng Allah -ﷻ- dito sa mundo para sa kanilang mga mapagmataas; ay ang pagtama sa kanila ng mga palatandaan mula sa Allah -ﷻ- at mga trahedya at pipinsalain sila sa pamamagitan ng mga ito, katulad ng parusa kay paraon at sambayanan niya, bilang parusa sa kanilang pagiging mapagmataas:

﴿ فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمُ الطُّوفَانَ وَالْجَرَادَ وَالْقُمَّلَ وَالضَّفَادِعَ وَالْذَّمَ أَيْتٍ مُفْصَلَةٍ فَاسْتَكْبَرُوا وَكَانُوا قَوْمًا مُّجْرِمِينَ ﴾

[الأعراف: 133]

“Kaya ipinadala Namin sa kanila ang baha at ganoon din ang mga tipaklong, nagpadala rin kami ng mga insekto; nagpadala rin kami ng mga palaka; at ganoon din nagpadala rin kami ng mga dugo. Kaya ito ay mga palatandaan mula sa Allah na walang sinuman ang makagagawa nito kundi Siya lamang. At ito ay magkakasunod na mga palatandaan, subali't magkagayon pa man ay nagmataas pa rin ang mga tagasunod ni Fir'awn at tumanggi na maniwala sa Allah, kaya sila ang mga tao na sukdulan ang kasamaan at paghihimagsik”

At sa kabilang buhay naman; ay katotohanan ang impiyernong apoy ay kaparusahan ng bawat nagmamataas: Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ فَأَلْيَوْمَ يُجْزَوْنَ عَذَابَ الْهُونِ بِمَا كُنتُمْ تَسْتَكْبِرُونَ فِي الْأَرْضِ بِغَيْرِ الْحَقِّ وَبِمَا كُنتُمْ تَفْسُقُونَ ﴾ [الأحقاف: 20]

“kung kaya, sa araw na ito pagbabayaran kayo ng kahamak-hamak na parusa sa Impiyernong-Apoy; dahil sa inyong pagmamataas sa kalupaan nang wala kayong karapatan at dahil sa inyong paglabag at di-pagsunod sa Allah”

At Kanya pang sinabi:

﴿ وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ﴾ [غافر: 60]

“At sinabi ng Allah na inyong ‘Rabb’ na Tagapaglikha, O kayong mga alipin! Manalangin kayo sa Akin at Ako lamang ang inyong sambahin at tutugunan Ko kayo, katiyakan, ang mga yaong nagmamataas na di-naniniwala sa pagsamba lamang ng Bukod-Tangi sa Akin at sa Aking pagiging ‘Ilah’ (o Diyos) na sinasamba, walang pag-aalinlangan, makapapasok sila sa Impiyerno na mga hamak at kaabaaba”

At ang pagmamataas kaunti man o marami, inuobliga nito na pagbawalan ang tao na makapasok sa Paraiso:

﴿ إِنَّ الَّذِينَ كَذَبُوا بِعَاثِرَتِنَا وَاسْتَكْبَرُوا عَنْهَا لَا تُفَتَّحُ لَهُمْ أَبْوَابُ السَّمَاءِ وَلَا يَدْخُلُونَ الْجَنَّةَ حَتَّى يَلِجَ الْجَمَلُ فِي سَمِّ الْخِيَاطِ وَكَذَلِكَ نَجْزِي الْمُجْرِمِينَ ﴾ [الأعراف: 40]

“Katiyakan, ang mga walang pananampalataya, na hindi pinaniwalaan ang Aming mga katibayan at mga palatandaan bilang pagmamataas, ay hindi bubuksan ang mga pintuan ng kalangitan, para sa kanilang mga mabubuting gawa na ginawa dito sa daigdig; at ganoon din, hindi rin bubuksan ang mga pintuan ng kalangitan para sa kanilang mga kaluluwa kapag sila ay namatay na, at kailanman, ang mga walang pananampalataya ay hindi maaaring makapasok ng ‘Al-Jannah’ (Hardin) sa Araw na kapag binuhay sila na mag-uli, maliban na lamang kung makapapasok ang kamelyo sa butas ng karayom at ito ay imposible. At sa ganito tinutumbasan ang sinumang sukdulan ang kanyang pagkakasala at matindi ang kanyang paglabag”

"لَا يَدْخُلُ الْجَنَّةَ مَنْ كَانَ فِي قَلْبِهِ مِثْقَالُ ذَرَّةٍ مِنْ كِبَرٍ" (مسلم: 91)

“Hindi makakapasok sa ng paraiso ang sinumang mayroon sa kanyang puso na kibr (pagmamataas) kahit na ito ay kasing liit lang ng atom”

Tunay na sobra silang nalugi dito sa mundo at sa kabilang buhay. Mayroon pa bang mas nalugi kaysa sa pagkalugi sa pananampalataya at kawalan ng pag-

aalinlangan sa paniniwala dito sa mundo, at pagkatapos ay pagkalugi mula sa pagkalugod ng Allah -ﷻ- at biyaya sa Paraiso, at pagkatapos ay kaparusahan sa impiyerno ang naghihintay para sa mga yaong mapagmataas?

Mga alipin ng Allah! tunay na nararapat sa isang tao ang umiwas sa pagmamataas at layuan ito, alamin ang pinagmumulan nito, paglago nito sa puso at kung paano ito malunasan, at alalahanin palagi ang biyaya sa kanya ng Allah -ﷻ- at isipin palagi ang araw na siya ay haharap sa kanyang Rabb, at isipin ang hantungan ng mga taong mapagmataas sa araw ng paghuhukom at kanyang isipin na wala siyang takas mula sa init ng apoy sa Impiyerno.



Ang Pagkukunwari

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah! ang isang tunay na naniniwala sa Allah, ay yaong tinutupad ang kanyang mga sinasabi, nabubuhay bilang dalisay ang pagkatao, panatag at buo ang kaluluwa, may masayang puso, at masigasig sa pagsagawa ng mga pagsamba, nakikilala ang kanyang Rabb bilang Diyos na karapat-dapat sambahin, kaya sinasamba niya ito nang nag-iisa at walang katambal, at naniniwala sa Propeta ﷺ at sinusunod nito ang kanyang mga aral at pamamaraan, maging sa salita man o sa gawa, kaya naging matuwid itong sumusunod sa batas at tumatalima sa katotohanan.

Kabaliktaran ng isang taong lumihis ang pangangatwiran, na kung saan hindi tinanggap at hindi nanatili sa kanyang puso ang pananampalataya, kaya lumihis mula sa matuwid na landas kasama ng mga taong nangaligaw, kaya naman ay pinapakita niya ang pagsunod sa Islam at ipinamalita ang kanyang pagiging mananampalataya sa pamamagitan ng kanyang bibig, ngunit ang lahat ng kanyang sinasabi at pinapakita ay hindi umaabot ang pagiging totoo nito sa kanyang puso, kaya namuhay na isang mapagkunwari (hipokrito), puno ng pag-aalinlangan hindi alam kung kanino papanig at sasama sa mga mananampalataya ba o hindi, dala-dala ang matigas at masamang puso, ang kanyang buhay ay puno ng kalituhan at walang kapayapaan, at ito ang tinatawag na “Nifaaq” o pagkukunwari, at ito ay katulad ng pagsisinungaling, pinapakita o sinabi ang isang bagay at nililihim ang kabaliktaran nito.

Ang mga mapagkunwari ay kanilang pinapakita ang panlabas nilang pagtanggap sa pananampalataya at inililihim nila ang pagtangga sa relihiyong Islam, hindi naniniwala sa Allah ﷻ at ganoon din sa Kanyang mga Sugo, sinabi ng Allah - ﷻ:

﴿وَمِنَ النَّاسِ مَنْ يَقُولُ ءَامَنَّا بِاللَّهِ وَيَأْتِيهِمُ الْآخِرُ وَمَا هُمْ بِمُؤْمِنِينَ ۝ يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَالَّذِينَ ءَامَنُوا وَمَا يَخْدَعُونَ إِلَّا أَنفُسَهُمْ وَمَا

يَشْعُرُونَ ۝﴾ [البقرة: 9-8]

“At mayroon sa mga tao na nag-aalinlangan at sila ay yaong mga mapagkunwari (Munâfiq) na binibigkas ng kanilang mga labi at sinasabing: ‘Kami ay naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay,’ gayong sa katotohanan, ang nasa kanilang mga kalooban ay kasinungalingan at di-paniniwala. Iniisip nila na dahil sa kanilang kamangmangan ay malilinlang nila ang Allâh (ﷻ) at ang mga mananampalataya, sa pamamagitan ng kanilang pagkukunwa-kunwarian na pagpapakita ng panlabas nilang pagtanggap sa pananampalataya at inililihim nila ang pagtanggi, gayong sa paggawa nila nito ay wala silang nililinlang kundi ang kanilang mga sarili lamang dahil ang bunga ng kanilang panlilinlang ay bumabalik sa kanilang mga sarili nang hindi nila ito nararamdaman”

Kaya ang kanilang paglalantad o pagpapakita ng ilang lantarang ritwal at bahagi ng Islam ay isang kasinungalingan at paglapastanganan, panloloko at panlilinlang sa mga Muslim. Iba ang sinasabi ng kanilang dila at iba ang nasa kanilang mga puso, iniisip nila na ito ay maitatago nila mula sa Allah-ﷻ, sinabi ng Allah-ﷻ sa banal Qur'an:

﴿وَاللَّهُ يَعْلَمُ إِنَّكَ لَرَسُولُهُ وَاللَّهُ يَشْهَدُ إِنَّ الْمُتَفِيقِينَ لَكَاذِبُونَ ۝﴾ [المنافقون: 1]

“Ganap na Nababatid ng Allah na ikaw ay Kanyang Sugo, at ang Allah ay tumitestigo na ang mga mapagkunwari ay mga sinungaling sa kanilang panlabas na pagpapakita ng pagtestigo sa iyo, na sila ay sumusumpa sa pamamagitan ng kanilang mga bibig at inililihim nila sa kanilang kalooban ang pagtanggi at di-paniniwala”

Mga kapatid sa Islam! Ang pagkukunwari (Nifaq) ayon sa batas ng Islam: ang kahulugan nito ay ang pagpapakita ng pagsunod o pagsang-ayon (sa Islam), at

nililihim o tinatago ang pagtangga at kasamaan. At nararapat nating malaman na ang pagkukunwari ay may dalawang uri:

Una: Ang Nifaq Al-I'tiqadiy (pagkukunwari sa paniniwala), at ito ang pinakamalaking pagkukunwari na kung saan ang sinumang mayroon nito ay kanyang pinapakita ang pagsunod sa Islam at nililihim ang kufr o kawalan ng pananampalataya, at itong uri ng pagkukunwari ay nagpapalabas sa tao mula sa Islam, katulad ng; hindi paniniwala, pagtangga, pangungutya sa relihiyon at ganoon din sa mga tagasunod nito at panlalait, at ang pagpanig o pagtatanggol sa mga kumakalaban sa Islam. Ang pagkukunwaring ito ay napapaloob dito ang pagkasuklam sa Sugo -ﷻ- at pinasisinungalingan ang anumang aral niya, at pagkasuklam sa sinumang nagtatanggol sa kanya, at pagkatuwa sa tuwing pinipinsala ang Sugo -ﷻ-.

At ang pangawalang uri: Ang Nifaq Al-a'maliy (Ang pagkukunwari sa gawa), at ito ay nangyayari sa pag-iiba iba ng sitwasyon (lantaran o palihim) sa pagtugon sa mga obligadong gawain, at iyon ay sa pamamagitan ng pagsagawa ng isa sa mga gawain ng mga munafiq (mga mapagkunwari) at sa kabila nito ay nanatili pa rin ang pananampalataya sa kanyang puso at ang taong gumagawa nito ay hindi nakakalabas sa Islam, at hindi inaalís mula sa kanya ang pangkalahatang paniniwala o Iman, at ganoon din ang pagiging muslim, subalit siya ay paparusahan dahil dito katulad ng ibang mga gawaing paglabag sa Islam, ngunit hindi siya mananatili sa Impiyerno habang buhay. At ang taong gumagawa nito ay kabilang pa rin siya sa mga taong makikinabang mula sa mga shafaah (ng mga tagapamagitan) na pahihintulatan ng Allah - ﷻsa kabilang buhay.

At itong uri ng pagkukunwari ay nararapat na iwasan at layuan; sa kadahilanan na ito ay pauna at nagiging daan tungo sa malaking pagkukunwari sa sinumang tinahak ito at ito ang kanyang gawain. At ang ilan sa mga halimbawa nito

ay ang sumusunod; ang pagsisinungaling sa pakikipag-usap, hindi pagtupad sa pangako, hindi nagiging matapat sa mga bagay na pinagkatiwala, pagiging mahalay sa tuwing nakikipagtalo, pagiging taksil kapag nakipag-kasundo, pakitang tao, at pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at inaaliw ito ngunit kasabay nito ang pagsasapuso at sinasarili ang kabaliktaran nito. At ang katibayan ay ang sinabi ng Sugo -ﷺ:

"أربع من كن فيه كان منافقاً خالصاً، ومن كانت فيه خصلة منهن كانت فيه خصلة من النفاق حتى يدعها: إذا أؤتمن خان، وإذا حدث كذب، وإذا عاهد غدر، وإذا خاصم فجر" (متفق عليه)

"Apat na bagay, kapag mayroon ito sa isang tao ay naging isang ganap na mapagkunwari, at sinumang mayroon sa kanya ang isa sa mga ito, ay mayroon sa kanya ang katangian ng isang munafiq (mapagkunwari) hanggang sa ito ay kanyang iwanan: kapag siya pinagkatiwalaan siya ay hindi nagiging matapat, at kapag siya ay nagsasalita siya ay nagsisinungaling, at kapag siya ay nakipag kasundo siya ay nagiging taksil, at kapag siya ay nakikipagtalo siya ay nagiging mahalay"

At kabilang sa mga palantadaan ng Munafiqun -mga kapatid sa Islam- ay ang katotohanan sila ay mga mapanlinang, sinabi ng Rabb ng sanlibutan -ﷺ:

﴿إِنَّ الْمُنَافِقِينَ يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَهُوَ خَادِعُهُمْ﴾ [النساء: 142]

"Katiyakan, ang pamamaraan ng mga yaong mapagkunwari upang linlangin ang Allâh (ﷻ) sa kanilang panlabas na ipinakikitang sila ay totoong may paniniwala at paglihim sa kanilang kalooban ng pagtangga; na iniisip nilang ito ay wala sa kaalaman ng Allâh (ﷻ); samakatuwid, hindi sila ang naglinlang sa Allâh (ﷻ) kundi sila ang nalinlang ng Allâh (ﷻ) bilang kabayaran ng kanilang ginawa"

Kanilang iniisip na malinlang nila ang kanilang Rabb, tunay napakasama ang kanilang pananaw at pag-iisip.

At sa kabila ng mga iyon, sila ay puno ng katamaran sa lahat ng kabutihan, sila ay napakalayo sa anumang gawaing may kahigitan at kainaman, hindi sila nagsusumikap maliban sa pagdalo sa mga pagdiriwang at aliwan, at hindi nila sinasamba ang Allah -ﷻ- maliban na mayroong kasamang pakitang tao, nilarawan ng Allah -ﷻ- ang kanilang kalagayan sa pagpapatupad ng Salah, at Kanyang -ﷻ- sinabi:

﴿وَإِذَا قَامُوا إِلَى الصَّلَاةِ قَامُوا كُتَّالًا يُرَاءُونَ النَّاسَ وَلَا يَذْكُرُونَ اللَّهَ إِلَّا قَلِيلًا﴾ [النساء: 142]

“At kapag silang mga mapagkunwari ay tumindig para magsagawa ng ‘Salah,’ tumitindig sila nang may katamaran, na ang kanilang hangarin ay para lamang makita at marinig ng mga tao; at hindi nila pinupuri at inaalaala ang Allâh (ﷻ) kundi kakaunti lamang”

Kung ganito ang kalagayan nila sa pagtupad sa Salah na siyang haligi ng Islam paano pa kaya sa iba pang mga gawain?

At kabilang din sa kanilang mga katangian o palantadaan: ang pagmamahal sa mga gawain na may pakitang-tao at paglalantad ng mga gawaing kabutihan at pagpapasikat nito. Kapag sila ay nakasama sa mga grupo ng mga mananampalataya, makikita mo na sila ay mga masisipag na mga palasamba, at mga pantas at maaalam, subalit kapag sila ay nakabalik na sa kanilang hanay at mga kasamahan makikita mo na tiniyak nila na sila ay nagkakaisa sa hindi pananampalataya at pagtanggì sa Islam.

﴿وَإِذَا لَقُوا الَّذِينَ ءَامَنُوا قَالُوا ءَامَنُوا وَإِذَا خَلَوْا إِلَى شَٰطِئِهِمْ قَالُوا إِنَّا مَعَكُمْ إِنَّمَا نَحْنُ مُسْتَهْزَءُونَ﴾ [البقرة: 14]

“Kapag nakaharap ng mga mapagkunwari ang mga may pananampalataya noon, sinabi nila: ‘Kami ay naniwala sa Islâm na katulad ninyo,’ at kapag sila ay tumalikod na at umalis patungo sa kanilang mga pinunong walang pananampalataya, na kumakalaban sa Allâh (ﷻ), tiniyak nilang sila ay magkakasama sa kanilang pagtanggì na hindi nila ito kinaliligtaan; na nilililang at kinukutya lamang nila ang mga may pananampalataya”

At kabilang sa kanilang palatandaan: ay ang magpahukom sila sa mga batas na gawa ng mga tao, at umiiwas silang magpahukom sa batas ng Allah-ﷻ:

﴿يُرِيدُونَ أَنْ يُتَحَاكَمُوا إِلَى الطَّاغُوتِ وَقَدْ أُمِرُوا أَنْ يَكْفُرُوا بِهِ﴾ [النساء: 60]

“ninanais nila na magpahukom para maayos ang kanilang mga dinapagkakasunduan, sa batas na hindi batas ng Allâh (ﷻ), na isang batas na hindi makatarungan; gayong ipinag-utos sa kanila ng Allâh (ﷻ) na tanggihan at dipaniwalaan ang mga ito”

At ang mga mapagkunwari ay nilalayo nila ang loob ng mga tao mula sa relihiyon ng Allah-ﷻ- at ang magpahukom dito, at pinapahina ang mga tao sa pagsagawa ng mga mabubuting gawain. Sa araw ng Al-ahzab (isa sa mga labanan ng Sugo -ﷻ-) ay hindi sila nagtimpi, at ninais nilang pahinain ang hanay ng mga Sahaba, at namutawi mula sa kanila:

﴿مَا وَعَدَنَا اللَّهُ وَرَسُولُهُ إِلَّا غُرُورًا﴾ [الأحزاب: 12]

“Walang ipinangako sa amin ang Allah at ang Kanyang Sugo na tagumpay at pangingibabaw kundi pawang kasinungalingan na mga salita at panlilinlang lamang”

At binanggit ng Allah-ﷻ- ang ilan sa mga krimen na kanilang ginawa sa araw ng Al-ahzab, kanyang sinabi -ﷻ-:

﴿إِذْ يَقُولُ الْمُنَافِقُونَ وَالَّذِينَ فِي قُلُوبِهِمْ مَرَضٌ عَرَّ هَؤُلَاءِ دِينَهُمْ﴾ [الأنفال: 49]

“At alalahanin ninyo, noong sinabi ng mga mapagkunwari at saka yaong may sakit ang puso mula sa pagtanggì, dahil sa nakikita nilang kakaunti ang mga Muslim at marami ang kanilang mga kalaban: “Ang mga Muslim na ito ay nalinlang ng kanilang Deen”

At ang mga munafiq o mga mapagkunwari ay mga taong dala-dala ang bandila ng kapinsalaan para sa isang pamayanan, hindi mo sila makikita maliban na palaging

kumakalaban sa kabutihan at tama, at nasusuklam sila sa pagpapayuhan tungo sa katotohanan, at sila ay nanawagan tungo sa katiwalian at mga masasamang gawain, sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿الْمُنَافِقُونَ وَالْمُنَافِقَاتُ بَعْضُهُمْ مِنْ بَعْضٍ يَأْمُرُونَ بِالْمُنْكَرِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ الْمَعْرُوفِ﴾ [التوبة: 67]

“Ang mga munafiqun na mga kalalakihan at mga kababaihan ay pare-pareho lamang sila sa kanilang paglantad ng paniniwala at pagkimkim ng pagtangga sa Allah, pinag-uutos nila ang pagtangga sa Allah at paglabag sa Kanyang Sugo at ipinagbabawal nila ang paniniwala at pagsunod”

Mga alipin ng Allah! Ang mga munafiq ay nanawagan tungo sa pagsagawa ng kapinsalaan sa isang pamayanan sa ngalan ng kabihasnan, at kinakalat ang katiwalian sa ngalan ng kalayaan, at pinaglalaban ang pagsalungat sa mga bagay na mainam at nakakabuti sa ngalan ng sibilisasyon, at nanawagan tungo sa pagpalaganap ng mga kasamaan sa ngalan ng pag-unlad, sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ لَا تُفْسِدُوا فِي الْأَرْضِ قَالُوا إِنَّمَا نَحْنُ مُصْلِحُونَ ﴿١١﴾ أَلَا إِنَّهُمْ هُمُ الْمُفْسِدُونَ وَلَكِنْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿١٢﴾﴾ [البقرة: 11-12]

[12]

“At kapag pinayuhan sila, na huwag silang gagawa ng kapinsalaan at katiwalian sa ibabaw ng kalupaan sa pamamagitan ng pagtangga, paggawa ng mga kasalanan, pagsisiwalat sa mga lihim ng mga mananampalataya at pagpanig sa mga walang pananampalataya, sasabihin nila bilang pagsisinungaling at pakikipagtalo: ‘Kami ay mga taong mabubuti. Ang ginagawa nilang ito at pag-angkin na sila ay mabubuti, ay sa katunayan ito ay masamang gawain, subali’t dahil sa kanilang kamangmangan at pagtangga, hindi nila ito namamalayan.”

At kabilang sa mga palatandaan ng mga mapagkunwari: ang kanilang ugaling pagkutya sa relihiyon ng Allah -ﷻ, at nilalapastanganan ang mga ritwal at mga kautusan sa Islam, at ginawang pagtatawanan ang mga mananampalatayang

gumagawa ng kabutihan maging ito man ay sa social media, o kaya sa kanilang mga tagpuan at iba pang pamamaraan bilang panlalait at pagkutya sa mga mananampalataya, sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿الَّذِينَ يَلْمِزُونَ الْمُطَّوِّعِينَ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ فِي الصَّدَقَاتِ وَالَّذِينَ لَا يَجِدُونَ إِلَّا جُهْدَهُمْ فَيَسْخَرُونَ مِنْهُمْ﴾ [التوبة: 79]

“At bukod sa pagiging maramot ng mga Munafiqin ay hindi ligtas ang mga nagbibigay ng mga kawanggawa sa kanilang paninira at pag-aalipusta; na kung kaya, kapag nagbigay ang mga mayayaman na mga Muslim nang maraming kawanggawa ay inaakusahan nila na mga mapagkunwari sila na mga mayayaman na nagpapakitang-tao lamang, at kapag nagbigay ng kawanggawa ang mga mahihirap ayon sa kanilang kakayahan ay minamaliit nila ito”

At kabilang sa krimen ng mga mapagkunwari: Ang hindi pagdakila at pagpapahalaga sa mga ritwal at mga kautusang ng Islam, hindi nila ginagalang ang mga Sahaba -radiyallahu anhum- at hindi nirerespeto ang mga pinuno sa Islam, ganoon din ang mga pantas o mga Ulama’ hindi nila binibigay ang mga karapatan ng mga ito. Sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿وَلَيْن سَأَلْتَهُمْ لَيَقُولُنَّ إِنَّمَا كُنَّا نَخُوضُ وَنَلْعَبُ قُلْ أَبِاللَّهِ وَآيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنْتُمْ سَاهُونَ﴾ [التوبة: 65]

“At kapag tinanong mo sila, O Muhammad, kung ano ang paninira na sinasabi nila laban sa iyo, at sa inyong mga Sahabah, tiyak na sasabihin nila: “Sa katunayan, ang pinag-uusapan lamang namin ay mga bagay na wala kaming intensiyon (na ito ay sa salita lamang), sabihin mo sa kanila, O Muhammad: “At sa Allah ba at sa Kanyang mga talata at sa Kanyang Sugo ang inyong pag-aalipusta?”

Mga alipin ng Allah! iwasan ninyo ang lahat ng kanilang mga gawain, mga kaparaanan, mga pinapakalat sa social media, at huwag makihalubilo sa kanilang pagtitipon, dahil hindi malayo na ikaw ay matukso sa tuwing makisali ka sa kanila

at makakuha ka ng bahagi mula sa kanilang kasalanan, at ikaw ay madamay sa parusang paparating para sa kanila. Sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿ فَلَا تَقْعُدُوا مَعَهُمْ حَتَّىٰ يَخُوضُوا فِي حَدِيثٍ غَيْرِهِ ۚ إِنَّكُمْ إِذَا مِثَلْتُمْ ۖ إِنَّ اللَّهَ جَامِعُ الْمُنَافِقِينَ وَالْكَافِرِينَ فِي جَهَنَّمَ جَمِيعًا ۝١٤٠ ﴾ [النساء:

[140

“at huwag kayong makiumpok sa kanila na mga walang pananampalataya at mga mapang-alipusta; maliban na lamang kung babaguhin nila ang usapan na hindi nila ito ipatutungkol sa pagtanggì at paghamak sa mga talata ng Allâh (ﷻ).Walang pag-aalinlangan, kapag kayo ay nakiumpok sa kanila sa gayong kalagayan ay magiging katulad nila kayo dahil sinang-ayunan ninyo ang kanilang mga salitang paglabag at paghamak; at ang pagsasang-ayon sa kasalanan ay katumbas din ng pagsasagawa nito.Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pagsasama-samahin Niya ang mga mapagkunwari at mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy;at doon ay malalasap nila ang masidhing kaparusuhan”

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah! Tunay na ang Allah-ﷻ ay nagbanta sa mga mapagkunwari na mapapasa kanila ang matinding kaparusahan sa kabilang buhay at kawalan ng kapanatagan dito sa mundo, ibinalita sa atin ng Allah-ﷻ sa banal na Qur'an ang isa sa mga matinding tagpo na siyang kakaharapin ng mga mapagkunwari sa araw ng paghuhukom, at Kanyang sinabi-ﷻ:

﴿ يَوْمَ يَقُولُ الْمُنَافِقُونَ وَالْمُنَافِقَاتُ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا انظُرُونَا نَقْتِسِسْ مِنْ دُورِكُمْ قِيلَ ارْجِعُوا وَرَاءَكُمْ فَالْتَمِسُوا نُورًا فَضُرِبَ بَيْنَهُم بِسُورٍ لَهُ بَابٌ

بَاطِنُهُ فِيهِ الرَّحْمَةُ وَظَاهِرُهُ مِنْ قِبَلِهِ الْعَذَابُ ۝١٣ ﴾ [الحديد: 13]

“Sa Araw na sasabihin ng bawa’t mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan sa kanila na mga mananampalataya habang sila ay nasa ‘Sirât:’ “Hintayin ninyo kami upang magkaroon kami ng liwanag mula sa inyong liwanag,” at sasabihin sa kanila ng mga anghel: “Bumalik kayo sa pinagmulan

ninyo at doon kayo humingi ng liwanag (ito ay bilang pangungutya sa kanila)!” Na kung kaya, lalagyan ng harang (na pader) ang pagitan nila, na sa loob ay mayroong pintuan na malapit sa mga mananampalataya na ang nilalaman ng nasa loob ng pintuang ito ay awa, at ang nasa labas naman nito na nasa gawing malapit sa mga mapagkunwari ay kaparusahan”

At pinagtibay ng Allah -ﷻ- ang panghabang buhay na kaparusahan sa Impiyerno para sa mga mapagkunwari at mga hindi mananampalataya, at Kanyang sinabi:

﴿وَيُعَذِّبُ الْمُنَافِقِينَ وَالْمُنَافِقَاتِ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُشْرِكَاتِ الظَّالِمِينَ بِاللَّهِ ظُنَّ السُّوءَ عَلَيْهِمْ دَائِرَةُ السَّوْءِ وَغَضِبَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ وَلَعَنَهُمْ وَأَعَدَّ

لَهُمْ جَهَنَّمَ وَسَاءَتْ مَصِيرًا ﴿٦﴾ [الفنح: 6]

“At parurusahan ng Allah ang mga mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan at ang mga sumasamba sa iba bukod sa Allah na mga kalalakihan at mga kababaihan na nag-isip ng masama laban sa Allah na inisip nilang ang Allah ay hindi Niya tutulungan kailanman ang Kanyang Propeta at ang mga mananampalataya na kasama niya laban sa kanilang kalaban, at hindi Niya pangingibabawin ang Kanyang ‘Deen’ (o Relihiyon), na kung kaya, nakapatay sa kanila ang kaparusahan at ang anumang hindi kanais-nais para sa kanila, at maging ang pagkamuhi ng Allah (ﷻ) sa kanila, at pagtataboy sa kanila mula sa Kanyang awa, at inihanda ng Allah para sa kanila ang Impiynong-Apoy na napakasamang tirahan na kanilang patutunguhan”

Mga kapatid sa Islam! Tunay na ang Allah -ﷻ- ay napakabait at maawain sa kanyang mga alipin at mga nilikha, hindi isinara ang pintuan ng Kanyang awa at habag sa kaninuman, bagkus binuksan ang pintuan ng pag-asa sa sinumang tahakin ang daan ng pagbabalik loob, at paghingi ng kapatawaran, at aayusin ang anumang pinsalang nagawa. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ إِنَّ الْمُنَافِقِينَ فِي الدَّرَكِ الْأَسْفَلِ مِنَ النَّارِ وَلَنْ تَجِدَ لَهُمْ نَصِيرًا ﴾ ١٤٥ إِلَّا الَّذِينَ تَابُوا وَأَصْلَحُوا وَاعْتَصَمُوا بِاللَّهِ وَأَخْلَصُوا دِينَهُمْ لِلَّهِ

فَأُولَٰئِكَ مَعَ الْمُؤْمِنِينَ وَسَوْفَ يُؤْتِي اللَّهُ الْمُؤْمِنِينَ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿١٤٦﴾ [النساء: 145-146]

“Katiyakan, ang mga mapagkunwari ay nasa kaila-ilaliman ng Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at kailanman ay hindi ka na makatatagpo pa, O Muhammad (r), ng tutulong sa kanila para sila ay iligtas mula sa napakasamang patutunguhang ito.*Maliban sa mga yaong nanumbalik sa Allâh (ﷻ) at nagsisi, at itinuwid nila ang kanilang mga sarili (sa panlabas at sa panloob) sa pamamagitan ng pagsunod sa Allâh (ﷻ) at ganap na pagtitiwala sa Kanyang mga aliping mananampalataya; at pagsunod sa Relihiyon ng Allâh (ﷻ) nang taos-puso na ito ay para lamang sa Kanya, kung gayon, sila ay mapapabilang sa mga mananampalataya, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. At walang pag-aalinlangan, ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya ang dakilang gantimpala”

Katakutan ninyo ang Allah -ﷻ- mga alipin ng Allah, at huwag na huwag kayong makisali sa mga mapagkunwari, inyong tahakin ang tamang daan na tinuro ng inyong relihiyon at magpakatatag dito. At ugaliing umupo at makitipon sa mga may kaalaman at mga mabubuting tao, at mga matutuwid. At huwag magpadala at magpalinlang sa mga gawaing pinapauso ng mga mapagkunwari at mga taong sumusunod sa sariling pagnanasa at kagustuhan.



Ang Pagpapakumbaba

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, kasama sa mga ugali o katangian na hinihikayat ng Islam ang pagsabuhay nito ay ang pagpapakumbaba. Ang pagpapakumbaba ay isang napakamabuting katangian at kapuri-puring ugali. At ang taong mapagkumbaba ay makukuha niya ang pagmamahal ng Allah at ang pagmamahal ng mga tao. Dahil katotohanan na magugustuhan siya ng mga tao at mapapanatag ang kanilang loob sa kanya.

Ang tunay na pagpapakumbaba ay ang pag-iwan at pag-iwas ng pagmamataas at pagmamalaki ng sarili sa mga tao. At ang tunay na Muslim ay ang mahal niya ang kanyang mga kapatid na Muslim, siya ay gumagalang sa kanila. At kahit na sila ay magkakaiba at magkakalayo ng antas; sila man ay mayaman o mahirap, malakas o mahina, may napag-aralan o wala, siya ay titingin sa kanila ng pare-pareho. Ang tunay na Muslim ay nakikitungo ng maayos sa lahat ng mga tao anuman ang kanilang estado sa buhay. At katotohanan, ang pagpapakumbabang ito, o ang pagtrato niya sa mga tao ng pantay-pantay ay gagawin siyang dakila.

Kapatid sa pananampalatayang Islam, ang Allah ay nag-utos ng pagpapakumbaba sa Qur'an at kanya ring inutusan ang kanyang Sugo na magpakumbaba. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَأَخْفِضْ جَنَاحَكَ لِلْمُؤْمِنِينَ﴾ [الحجر: 88]

“At magpakumbaba ka sa mga mananampalataya”

﴿وَعِبَادُ الرَّحْمَنِ الَّذِينَ يَمْشُونَ عَلَى الْأَرْضِ هَوْنًا وَإِذَا خَاطَبَهُمُ الْجَاهِلُونَ قَالُوا سَلَامًا﴾ [الفرقان: 63]

“Ang mga alipin ng Pinakamahabaging Allah na mga mabubuti ay naglalakad sila sa kalupaan nang malumanay at mga nagpapakumbaba, at kapag nakipag-usap sa

kanila ang mga mangmang bilang pangungutya, sila ay tutugunan nila ng mabuting salita”

﴿وَلَا تَمْشِ فِي الْأَرْضِ مَرَحًا إِنَّكَ لَن تَخْرِقَ الْأَرْضَ وَلَن تَبْلُغَ الْجِبَالَ طُولًا﴾ كُلُّ ذَلِكَ كَانَ سَيِّئُهُ عِنْدَ رَبِّكَ مَكْرُوهًا ﴿٣٧﴾ [الإسراء: 37-]

[38]

“At huwag kang maglakad sa lupa ng lubhang nagagalak (labis ang tuwa). Katotohanan, hindi mo magagawang punitin (o sirain) ang lupa, o hindi mo magagawang maabot ang katayuang tulad ng (matayog na) mga bundok. Lahat ng mga iyan (na unang nabanggit), ang kasamaan nito ay lagi nang, sa (paningin ng) iyong Panginoon, kinamumuhian.”

At sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ أَوْحَى إِلَيَّ أَنْ تَوَاضَعُوا حَتَّى لَا يَفْخَرُ أَحَدٌ عَلَى أَحَدٍ، وَلَا يَبْغِيَ أَحَدٌ عَلَى أَحَدٍ".

“Tunay na ang Allah ay nagbigay sa akin ng rebelasyon(kautusan) na kayo’y magpakumbaba upang hindi magmalaki ang sinuman sa kahit kanino, at (upang) hindi gumawa ng walang katarungan ang sinuman sa kahit kanino”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagpapakumbaba ay katangian ng mga Sugo at Propeta ng Allah tulad ng kanyang paglalarawan sa kanila sa Qur’an. Halimbawa ay si Propeta Musa Alayhis salam, ikinuwento ng Allah noong tinulungan ni Propeta Musa ang dalawang dalagang nangangailangang makapag-igib ng tubig ngunit di nila magawa. Sinabi ng Allah.

﴿وَلَمَّا وَرَدَ مَاءَ مَدْيَنَ وَجَدَ عَلَيْهِ أُمَّةً مِنَ النَّاسِ يَسْقُونَ وَوَجَدَ مِنْ دُونِهِمْ امْرَأَتَيْنِ تَذُودَانِ قَالَ مَا خَطْبُكُمَا قَالَتَا لَا سَقَى

حَتَّى يُصْدِرَ الرِّعَاءَ وَأَبُونَا شَيْخٌ كَبِيرٌ ﴿٢٣﴾ فَسَقَى لَهُمَا ﴿٢٤﴾ [القصص: 23-24]

“At nang siya (si Musa) ay makarating sa lugar na pinagkukunan ng tubig ng mga taga Madyan ay natagpuan niya roon ang grupo ng mga kalalakihan na nagpapainom ng kanilang mga inaalagaang hayop, at maliban sa kanila ay natagpuan niya ang dalawang kababaihan na nagpapastol (ng kanilang hayop), pagkatapos ay sinabi niya: “Ano ba ang problema ninyong dalawa (bakit nakatigil

lamang kayo diyan)?” Sinabi ng dalawa: “Hindi namin kayang painumin ang aming mga inaalagaang hayop hanggang hindi pa natatapos magpainom ang mga kalalakihan, at ang aming ama naman ay matanda na. Kaya, kanyang pinainom (ang kanilang mga hayop) para sa kanilang dalawa.”

At pagkatapos nito, nang gustong ipakasal ng ama ng dalawang dalaga ang isa sa kanyang mga anak kay Propeta Musa ay kanyang ginawang Mahr o dowry ang pagserbisyo ni Propeta Musa. Aalagaan ni Propeta Musa ang kanilang mga kambing sa loob ng walo hanggang sampung taon. Tinanggap naman ito ni Propeta Musa ng dahil sa kanyang pagpapakumbaba.

At patungkol naman kay Propeta Isaa Alayhis salam, ay sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ قَالَ إِنِّي عَبْدُ اللَّهِ ﴾ [مریم: 30]

“Sinabi ni Isa, ‘Ako ay alipin ng Allah.”

Nagpakumbaba si Propeta Isa Alayhis salam sa kanyang pagsabi na siya ay alipin lamang ng Allah. At katotohanan na ang alipin ay nagpapakumbaba sa kung sino ang may-ari sa kanya.

Mga alipin ng Allah, ang mahal nating Propeta Muhammad ﷺ na siyang may pinakamabuting pag-uugali sa lahat ng tao ay katotohanang ang pagpapakumbaba ay isa sa pinakatanyag niyang katangian. Siya ay mapagkumbaba sa kanyang bahay o sa kanyang paglalakbay man. Siya ay nagpapakumbaba sa kanyang mga kasamahan at sa kanyang mga kaaway, sa mga mayayaman at mahihirap, at sa mga bata at matatanda.

Katotohanan na ang kanyang pagpapakumbaba ay makikita sa lahat ng kanyang kilos at gawa. Minsan siya ay nakasakay sa donkey at siya ay naka-angkas lamang, kahit

na ang mga arabo ay nakikita nilang hindi ito nararapat gawin ng mga may estado sa buhay, at minsan naman ay magsa-Salaam siya sa mga bata ng Madinah at hihimasin niya ang kanilang mga ulo. At minsan naman ay titigil siya sa kanyang ginagawa para lamang tulungan ang isang babaeng alipin o matanda.

At isang beses na may isang lalaki ang pumunta sa Propeta ﷺ at siya ay natatakot at kinakabahan na makipag-usap sa Propeta ﷺ. Kaya sinabi sa kanya ng Propeta ﷺ:

"هَوْنٌ عَلَيْكَ! إِنَّمَا أَنَا ابْنُ امْرَأَةٍ مِنْ قُرَيْشٍ تَأْكُلُ الْقَدِيدَ"

"Huminahon ka. Ako lamang ay isang anak ng babae mula sa Quraysh na kumakain ng pinatuyong karne."

At nang tinanong si Aisha *radiyallahu anha* patungkol sa kung ano ang ginagawa ng Propeta sa kanyang bahay, kanyang sagot:

"كَانَ يَشْسَعُ نَعْلَهُ، وَيَرْقَعُ ثَوْبَهُ، وَكَانَ فِي حَاجَةٍ أَهْلَهُ، فَإِذَا أَذَّنَ الْمُؤَذِّنُ خَرَجَ إِلَى الصَّلَاةِ"

"Kanyang kinukumpuni ang kanyang tsinelas at tinatahi ang kanyang damit. At siya'y tumutulong sa kanyang pamilya. Kapag tumawag na ng Azan ang Muazzin siya'y lalabas tungo sa Salah"

At ang pagpapakumbaba ay siyang katangian ng mga Muslim. Tulad ng paglalarawan ng Allah sa Qur'an patungkol sa mga Sahaba at sa mga Muslim:

﴿مُحَمَّدٌ رَسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاءُ عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاءُ بَيْنَهُمْ﴾ [الفتح: 29]

"Si Muhammad ay Sugo ng Allah, at ang mga yaong kanyang kasamahan sa kanyang 'Deen' ay mga matatapang laban sa mga walang pananampalataya na kumakalaban sa kanila, at mga maawain sa kanilang pakikitungo sa isa't isa"

﴿وَالْمُؤْمِنُونَ وَالْمُؤْمِنَاتُ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَاءُ بَعْضٍ﴾ [التوبة: 71]

"Ang mga mananampalataya, na mga kalalakihan at mga kababaihan na naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo ay nagtutulungan sila sa isa't isa, nagmamahalan sa isa't isa, nagpapakumbaba sa isa't isa."

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, katotohanan na ang pagpapakumbaba ay may mga mabubuting gantimpala o resulta sa sinumang nagtataglay nito.

Mula sa mga kabutihan nito ay ang pagkagusto ng Allah sa sinumang nagpapakumbaba. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا مَنْ يَرْتَدَّ مِنْكُمْ عَنْ دِينِهِ فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُ أَذِلَّةٌ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٌ عَلَى الْكَافِرِينَ يُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَائِمٍ ۖ﴾ [المائدة: 54]

“O kayong mga naniwala sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo! Sinuman sa inyo ang tatalikod sa kanyang ‘Deen’ (Islam). Walang pag-aalinlangan, ang Allah ay lilikha ng panibagong mga tao na higit pa kaysa sa kanila, na sila ay mamahalin ng Allah at mamahalin (din) nila ang Allah, at sila ay maawain at mapagkumbaba sa mga mananampalataya, at mga matatatag laban sa mga walang pananampalataya, at makikipaglaban sila sa mga kalaban ng Allah.”

Kasama rin sa mga kabutihan nito ay ang karagdagang antas o posisyon para sa silang mga mapagkumbaba. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ,

"ومن تواضع لله رفعه"

“Sinuman ang magpakumbaba para sa Allah, siya’y itataas ng Allah.”

At ang pagkapasok sa Paraiso ay isa rin sa mga kabutihan ng pagpapakumbaba.

﴿تِلْكَ الْأَمْثَلُ الْآخِرَةُ لِّلَّذِينَ لَا يُرِيدُونَ عُلُوًّا فِي الْأَرْضِ وَلَا فَسَادًا وَالْعَاقِبَةُ لِّلْمُتَّقِينَ﴾ [القصص: 83]

“Ito ang tahanan sa kabilang buhay na Aming ilalaan para sa mga hindi naghahangad ng pagmamataas sa kalupaan at ng katiwalian. At ang (mabuting) wakas ay para sa mga natatakot (sa Allah).”

Kapatid sa pananampalatayang Islam, kung gusto mong ugaliin ang napakamabuting ugali o katangian ng pagpapakumbaba ay mayroong mga bagay na pwedeng

makatulong sa'yo. Tulad ng pag-sasaisip mo sa kung saan ka nanggaling at kung saan ka gawa. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿لَمْ يَكُنْ نُطْفَةً مِنْ مَنِيٍّ يُُمْنَىٰ﴾ [القيامة: 37]

“Hindi ba nagmula lamang siya sa isang patak na nagmula lamang sa semilyang lumalabas (o dumadaloy)?”

Isaisip mo at tandaan mo ang iyong pagiging mahirap at mahina. Na kahit gaano karami ang iyong kayamanan o gaano ka man kalakas ay isa ka pa ring mahinang nilalang, at hindi ka mabubuhay ng wala ang Allah Subhaanahu Wa Taala.

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ أَنْتُمُ الْفُقَرَاءُ إِلَى اللَّهِ وَاللَّهُ هُوَ الْغَنِيُّ الْحَمِيدُ﴾ [فاطر: 15]

“O sangkatauhan! Kayo ang siyang nangangailangan sa Allah sa lahat ng pagkakataon, samantalang ang Allah ay Mayaman (walang pangangailangan sa inyo), ang Kapuri-puri.”

Tandaan mo at isaisip mo ang iyong pagiging mahina, ang mga sakit at kapansanan na pwedeng tumama sa iyo. Na kung ikaw ay magkasakit ay wala kang magagawa at hindi ito malulunasan maliban sa pahintulot ng Allah.

Tandaan mo ang kadakilaan ng Allah. Tandaan mo ang kumpleto at mabubuti Niyang mga Pangalan at Katangian. Tandaan mo kung gaano siya kaperpekto at kataas. Magpakumbaba ka sa Kanya at iyon ang magtataas sa iyong antas.

Makakatulong din sa iyong pagpapakumbaba kung iisipin mo ang buhay o paglalakbay mo sa mundong ito. Dahil kahit gaano man tumagal ang iyong pamamalagi rito ay tiyak na iiwan mo rin ang mundong ito. Kaya dapat kang magpakumbaba at gumawa ng maraming mabubuting bagay.

Tandaan mo at alamin ang talambuhay ng Propeta Muhammad ﷺ na siyang may pinakakumpleto at pinakaperpektong ugali, at makikita mo ang kanyang mga pagpapakumbaba. Gawin mo ang Propeta Muhammad ﷺ na ehemplo.

Sumama ka at pakitunguhan mo ng mabuti ang mga mahihirap, magpakumbaba ka sa kanila.

Maging mapagkumbaba ka sa lahat ng mga bagay para ikaw ay maging kabilang sa mga matatakutin sa Allah. Huwag kang magpalinlang sa Shaitan na nagsasabi sayo na ang pagpapakumbaba ay magpapahina sayo. Bagkus pakatandaan mo na ang pagpapakumbaba ay siyang nagtataas ng katayuan at kadakilaan sa mga nagtataglay nito kapag ginawa ito para sa Allah.

الخطبة الثانية:

Kapatid sa Islam, magpakumbaba ka sa Allah, ang Pinakadakila. Magpakumbaba ka sa Allah sa iyong puso.

﴿لَنْ يَسْتَكْفِ الْمَسِيحُ أَنْ يَكُونَ عَبْدًا لِلَّهِ وَلَا الْمَلَكُ الْمَقْرُونُ﴾ [النساء: 172]

“Kailanman, hindi magmamataas at hindi tatanggihan ng ‘Al-Masih’ (ang Messiah) na siya ay maging alipin ng Allah; at ganoon din, hindi rin magmamataas ang mga malalapit na anghel sa Allah, sa pag-amin ng kanilang pagiging alipin ng Allah.”

Magpakumbaba ka sa Allah ng sa gayun ay maging madali sayo ang pagsunod sa Kanyang mga utos at pag-iwan sa Kanyang mga ipinagbabawal. At para di mo masuway ang Allah at di mo masunod ang iyong sarili. Ikaw ay magiging mapagkumbaba at sumusunod lang sa Allah.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَرَسُولَهُ وَلَا تَوَلَّوْا عَنْهُ وَأَنْتُمْ تَسْمَعُونَ ﴿٢٠﴾ وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِينَ قَالُوا سَمِعْنَا وَهُمْ لَا يَسْمَعُونَ ﴿٢١﴾﴾

[الأنفال: 20-21]

“O kayong mga naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, sundin ninyo ang Allah at ang Kanyang Sugo sa ipinag-utos Niya at ipinagbawal, at huwag suwayin ang Allah at ang Kanyang Sugo, samantalang naririnig ninyo ang mga binibigkas sa inyo sa Qur’an. At huwag kayong maging katulad niyaong mga nagsasabing: ‘Narinig namin,’ samantalang sila ay hindi (tunay na) nakarinig.”

Kapatid sa Islam, magpakumbaba ka sa Propeta Muhammad ﷺ. Dakilain mo ang kanyang mga Sunnah, buhayin at isagawa mo ang kanyang mga Sunnah, at hikayatin mo ang mga tao na gawin ang mga ito. Unahin mo ang kanyang mga sinabi kaysa sa sinumang tao dito sa mundo.

Magpakumbaba ka sa iyong Ina. Magpakumbaba ka sa iyong Ama. Pagbutihin mo ang pakikisama sa kanilang dalawa. Gawin mo na ang huli ninyong pagsasama ay ang pinakamagandang parte ng kanilang buhay. Dahil katotohanan na kung sakali, ay may isang mabuting Dua ang manggagaling sa kanila at magbibigay sa iyo ng kaligayahan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Mahal na ama, magpakumbaba ka sa iyong mga anak sa pamamagitan ng pagdidisiplina sa kanila at sa pag-gabay sa kanila. Para matutunan nila sayo ang ugaling pagpapakumbaba at magaya kanila sa kanilang pagtanda.

Ikaw naman na binigyan ng Allah ng kaalaman, sana’y maging dahilan ng iyong pagpapakumbaba ang iyong mga napag-alaman. At ingatan mo na ito’y maging dahilan ng iyong pagkaligaw, pagkalinlang, pagmamayabang o pagmamalaki sa mga alipin ng Allah. Magpakumbaba ka sa mga alipin ng Allah. Turuan mo ang mga walang alam at gabayan mo ang mga naligaw. Sagutin mo ng mabuti ang kanilang mga tanong at ingatan mong sumagot na hindi maintindihan.

Ikaw naman na Da'ey sa landas ng Allah, ikaw na nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama. Gawin mo kaming mga mapagkumbaba. Na huwag naming isara ang pinto para sa silang mga masasamang tao at huwag kaming mawalan ng pag-asa sa awa ng Allah. Na sana ay buksan namin para sa kanila ang pinto ng pag-asa at mahikayat namin sila sa paggawa ng mabuti. Pagbabawalan namin sila na gumawa ng masama. Na hindi namin dismayahin ang mga tao at hindi namin sabihing sila ay naligaw ng landas. Tulungan mo kami at gawin mo kaming nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama.

Huwag mong maliitin ang mga makasalanan. Huwag mo silang pagsalitaan ng masasama. Dahil katotohanan na sila ay nangangailangan ng kamay na gagabay sa kanila. Kailangang mamulat ang kanilang mga mata. Kailangan nilang makabalik sa tamang landas. Sila lamang ay mga taong nagkamali katulad natin, at dapat bang pagsalitaan sila ng masama ng hindi sila itatama at gagabayan muna?

Katotohanan na ang Propeta ﷺ ay pinarusahan ang isang lalaki na palaging umiinom ng alak. At paulit-ulit pa rin siyang umiinom ng alak kahit na paulit-ulit rin siyang pinaparusahan. Hanggang sa ang iba sa mga Sahaba ay sinumpa siya at pinagmumura. At ang sinabi lang ng Propeta ﷺ,

"لا تعين الشيطان عليه، ألا تعلم أنه يحب الله ورسوله؟"

"Huwag ninyong tulungan ang Shaitan laban sa kanya. Hindi niyo ba alam na minamahal niya ang Allah at ang Kanyang Sugo?"

Ikaw naman na siyang kabilang sa mga mamamayan, katakutan mo ang Allah at magpakumbaba ka sa mga alipin ng Allah. Harapin mo ang lahat ng pumupunta sayo na may kailangan, alagaan mo sila at ibigay mo ang kanilang kailangan. Huwag mong sabihin na ang taong ito ay hindi nakakaintindi, mangmang. Hindi! Ang taong iyon ay may kailangan at alam niyang karapatan niya iyon, alam niyang karapatan niya na

hingiin iyon at karapatan niya ring makakuha siya ng sagot o solusyon sa anumang kanyang kailangan.

Ikaw na Muslim, magpakumbaba ka sa mahihirap at mahihina. Huwag kang magpalinlang sa Shaitan na kanyang sasabihing ‘iyan ay mahina, iyan ay mangmang’. Hindi! Lahat tayo ay mga alipin ng Allah. Ang mga mayayaman, mahihirap, malalakas at mahihina ay lahat alipin ng Allah. Ang pinakamainam at mabuti sa atin ay sinuman ang pinakamatatakutin sa Allah. At ang pinakadakila sa atin ay sinuman ang mas dumadakila sa Allah.

Ang Allah ay hindi tumitingin sa ating mga anyo at kayamanan bagkus sa ating mga puso at mga gawa. Dahil ilan sa mga tao na kung titingnan mo ay napakababa at napakahina ngunit sa tingin ng Allah ay napakataas at napakadakila. At di mo alam na mas mainam pa sila sayo sa paningin ng Allah.

﴿إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللَّهِ أَتْقَاهُ﴾ [الحجرات: 13]

“Ang pinakamarangal sa inyo para sa Allah ay ang sinumang pinakamatatakutin sa Kanya.”

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا يَسْخَر قَوْمٌ مِّن قَوْمٍ عَسَىٰ أَن يَكُونُوا خَيْرًا مِّنْهُمْ وَلَا نِسَاءٌ مِّن نِّسَاءٍ عَسَىٰ أَن يَكُنَّ خَيْرًا مِّنْهُمْ﴾ [الحجرات: 11]

“O kayong mga naniwala, huwag hayaang kutyain ng isang grupo ng mananampalataya sa inyo ang ibang grupo ng mananampalataya; maaring sila ay higit na mabuti kaysa sa kanila. Ni hayaang kutyain ng mananampalatayang kababaihan ang ibang mananampalatayang kababaihan; dahil maaring sila ay higit na mabuti kaysa sa kanila.”

Huwag kang magmamalaki sa isang tao dahil sa kanyang sakit, o dahil siya ay mahina, maliit ang trabaho, o mababa ang posisyon. Dahil katotohanan na ang Allah na gumawa sayo nang maayos, malusog at malakas ay maaari Niya rin iyong gawin sa iba. Kaya naman magpakumbaba ka sa Allah. Ingatan mo, at matakot ka na baka

bawiin sayo ng Allah ang mga binigay niya sa iyong mga biyaya dahil sa iyong pagmamalaki o pagmamayabang.

Katotohanan, nararapat sa lahat ng Muslim na maging mapagkumbaba sa lahat ng kanilang mga kilos at salita. Maging mapagkumbaba tayo parati ng sa gayun ay makapanghikayat tayo tungo sa maraming kabutihan at makapagbawal tayo ng mga kasamaan.



Ang Hiya

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, Katotohanan na ang mabuting pag-uugali ay isang napakadakilang pagsamba at ito ay may napakalaki at napakaimportanteng lugar sa Islam. Tinanong ang Propeta Muhammad ﷺ kung anong bagay ang pinakamaraming dahilan na makapasok ang tao sa Paraiso, sagot ng Propeta ﷺ:

"تقوى الله وحسن الخلق"

"Ang pagkatakot sa Allah at mabuting ugali."

At kanya ring sinabi sa ibang Hadith:

"ما من شيء أثقل في ميزان المؤمن يوم القيامة من حسن الخلق"

"Walang bagay ang mas bibigat pa sa kabutihan ng ugali sa timbangan ng Mu'min (naniniwala) sa araw ng paghuhukom."

At katotohanan na ang pagkakaroon ng Hiya ay isang napakabuting katangian. Ito ang siyang pundasyong ng mabuting pag-uugali at mga magandang katangian. Ang pagkaramdam ng hiya sa sarili sa paggawa ng masamang bagay ay napakagandang ugali. Ito ang siyang pinagmumulan ng iba pang maraming mabuting ugali. Dahil ang Hiya, ay pinagbabawalan nito ang isang alipin na makagawa ng mga pinagbawal ng Allah, at makagawa ng mga bagay na marurumi at masasama sa mga salita at kilos. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"الحياء خير كله"

"Ang Hiya ay kabutihan ang lahat nito"

Ito ang ulo ng lahat ng mabubuting ugali. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ لِكُلِّ دِينٍ خُلُقًا، وَخُلُقُ الْإِسْلَامِ الْحَيَاءُ"

“Tunay, na sa bawat relihiyon ay may pag-uugali. At ang pag-uugali ng Islam ay ang Hiya”

At nang tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang tunay na Hiya? Kanyang sinabi:

"أَنْ تَحْفَظَ الرَّأْسَ وَمَا وَعَى، وَالْبَطْنَ وَمَا حَوَى، وَأَنْ تَذْكُرَ الْمَوْتَ وَالْبَلَى؛ وَمَنْ أَرَادَ الْآخِرَةَ تَرَكَ زِينَةَ الدُّنْيَا، فَذَلِكَ الْحَيَاءُ مِنَ اللَّهِ"

“Ang pag-ingatan mo ang iyong isipan at anuman ang iniisip nito. At ang iyong tiyan at anuman ang pumapasok dito. At ang alalahanin mo ang kamatayan at ang pagsubok. At sinuman ang ninanaish niya ang kabilang buhay ay kanyang iiwan ang palamuti sa mundo, at ito ang Hiya sa Allah”

At katotohanan na ang Hiya ay kasama sa mga katangian ng Allah Subhaanahu Wa Taala. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ حَيٌّ كَرِيمٌ يَسْتَحْيِي مَنْ عَبْدُهُ أَنْ يَبْسُطَ إِلَيْهِ يَدَيْهِ، ثُمَّ يَرْدُّهُمَا حَائِثَتَيْنِ"

“Tunay na ang Allah ay Mahiyain at Mapagbigay. Siya’y nahiihiya sa Kanyang alipin na kanyang itataas ang kanyang dalawang kamay sa Kanya (sa Allah upang manalangin) at pagkatapos kanya(alipin) itong ibaba at siya’y bigo”

Kaya naman, ang Allah ay Kanyang minamahal ang mga taong nagtataglay ng Hiya. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ يَكْرَهُ الْبُؤْسَ وَالتَّبَاؤُسَ، وَيَبْغِضُ الْمَلْحَفَ فِي الْمَسْأَلَةِ، وَيُحِبُّ الْحَيَّ الْعَفِيفَ الْمُتَعَفِّفَ"

“Tunay na ang Allah ay kinasusuklanan Niya ang pagpapakita ng pagiging mahirap at pangangailangan (sa mga tao). At Kanya ring kinamumuhian ang panlilimos. At Kanya (namang) naiibigan ang mahiyaing hindi nanlilimos at nagsisikap na hindi manhingi/manlimos”

At ang Hayaa ay ugali rin ng Propeta Muhammad ﷺ. Sinabi ni Abu Saeed Al-khudri radiyallahu anhu:

"كان رسول الله -صلى الله عليه وسلم- أشد حياءً من العذراء في خدرها، وكان إذا كره الشيء عرف ذلك في وجهه"

"Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay mas mahiyain pa kaysa sa berhen na nasa kanyang silid.

At kapag meron siyang hin

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay desente, may hiya sa kanyang sarili at mahinhin, na mahinhin pa sa isang berhen sa kanyang kwarto. Kapag nakakita siya ﷺ ng bagay na hindi niya gusto, ay makikita ito sa kanyang mukha."

At ang Hiya ay kasama sa mga antas ng Imaan o paniniwala. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"الإِيمَانُ بَضْعٌ وَسَبْعُونَ شُعْبَةً، أَعْلَاهَا قَوْلُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَدْنَاهَا إِمَاطَةُ الْأَذَى عَنِ الطَّرِيقِ، وَالْحَيَاءُ شُعْبَةٌ مِنَ الْإِيمَانِ"

"Ang Imaan ay may higit pitumpung bahagi, ang pinakamataas nito ay ang pagsabi ng Laa ilaaha illa Allah, at ang pinakamababa naman ay ang pag-alis ng mga bagay na nakakapinsala sa daan. At ang Hiya ay bahagi ng Imaan"

At ang Qur'an at Sunnah ay pinapatunayan at pinupuri rin ang napakagandang ugaling ito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿يٰٓأَيُّهَا آدَمُ قَدْ أَنْزَلْنَا عَلَيْكَ لِبَاسًا يُؤْوِي سَوَآتَكَمُ وَرِيشًا وَلِبَاسَ التَّقْوَىٰ ذَٰلِكَ خَيْرٌ ذَٰلِكَ مِنْ ءَايَتِ اللَّهِ لَعَلَّهُمْ يَذَّكَّرُونَ ﴿٢٦﴾﴾

[الأعراف:26]

"O mga angkan ni Adan! Katiyakan, Lumikha Kami para sa inyo ng kasuotan na inyong itatakip sa inyong mga 'Awrah' (o pantakip sa mga katawan lalung-lalo na sa mga maseselan na bahagi nito) na ang kasuotang ito ay napakahalaga at magsisilbi rin ito bilang palamuti. At ang kasuotan ng pagkatakot sa Allah ang siyang tunay na nakahihigit na kasuotan ng isang mananampalataya."

Sinabi ng mga Mufasssirun, na ang 'Libaas At-Taqwa' o kasuotan ng pagkatakot sa Allah ay ang Hiya.

At nabanggit sa Qur'an ang patungkol sa dalawang babae na tinulungan ni Propeta Musa:

﴿ فَجَاءَتْهُ إِحْدَاهُمَا تَمْشِي عَلَى اسْتِحْيَاءٍ ﴾ [القصص: 25]

“At dumating ang isa sa dalawang kababaihan na nahihiyang naglalakad.”

At sinabi ng Propeta ﷺ bilang babala, na ang mga Sugo at Propeta ay kanilang hinikayat ang mga tao sa pagkakaroon ng Hiya. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ مِمَّا أَدْرَكَ النَّاسُ مِنْ كَلَامِ النَّبِيِّ الْأُولَى: إِذَا لَمْ تَسْتَحْ فَاصْنَعْ مَا شِئْتَ"

“Tunay na kabilang sa inabutan ng mga tao mula sa salita ng mga naunang Propeta; ‘kung hindi ka nahihiya ay gawin mo kung anumang naisin mo’.”

Ito ay may dalawang ibig-sabihin. Una ay kapag hindi ka nakaramdam ng hiya sa iyong sarili na gumawa ng masama ay gawin mo ang gusto mo, ngunit kahihyan ito para sa’yo. Pangalawa, ay kung alam mo na walang masama sa iyong ginagawa tulad ng pag-Salah sa publikong lugar ay huwag kang mahiya na isagawa iyon.

At isang beses na narinig ng Propeta ﷺ ang isang lalaki na sinasabihan ang isang lalaki na huwag mahiya, sinabi sa kanya ng Propeta ﷺ:

"دعه؛ فإن الحياء من الإيمان"

“Hayaan mo siya, dahil katotohanan na ang hiya ay kabilang sa paniniwala.”

At sinabi rin ng Propeta ﷺ:

"اسْتَحْيُوا مَنْ اللَّهَ حَقَّ الْحَيَاءِ"

“Mahiya kayo sa Allah ng tunay na pagkahiya.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang ugaling mahiyain ay may maraming kabutihan na bumabalik sa sinuman nagtataglay nito. Kasama sa mga kabutihan nito ay ang pagbubukas nito sa lahat ng mabubuting bagay at pagsasara nito sa mga masasama. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"الْحَيَاءُ لَا يَأْتِي إِلَّا بِخَيْرٍ"

“Ang Hiya ay walang naidudulot maliban sa kabutihan.”

Napapaganda at napapalamutian din ng Hiya ang mga bagay. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"مَا كَانَ الْفُحْشُ فِي شَيْءٍ إِلَّا شَانَهُ، وَمَا كَانَ الْحَيَاءُ فِي شَيْءٍ إِلَّا زَانَهُ"

“Ang masamang salita sa isang bagay ay dinudungisan ito. At ang Hiya sa isang bagay ay pinapaganda ito”

Kabilang rin sa mga kabutihan ng pagkakaroon ng hiya ay ang pagsilong ng isang alipin sa lilim ng Allah sa araw ng paghuhukom. Dahil isa sa pitong uri ng tao na nabanggit ng Propeta ﷺ na makakasilong sa lilim ng Allah sa araw na iyon ay ang isang lalaki na niyaya siya ng isang babaeng may kapangyarihan at posisyon na makipagtalik. Ngunit dahil ang lalaking iyon ay may hiya, siya’y tumanggi at kanyang sinabi sa babae, “Inni Akhaafullah/Natatakot ako sa Allah.”

At ang Hiya ay dahilan din ng pagkapasok ng tao sa Paraiso. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"الْحَيَاءُ مِنَ الْإِيمَانِ، وَالْإِيمَانُ فِي الْجَنَّةِ"

“Ang hiya ay kabilang sa pananampalataya, at ang pananampalataya ay (daan tungo) sa Paraiso”

O kayong mga nanampalataya, ang pagiging mahiyain ng isang tao ay palaging kapuri-puri kapag ito ay nasa katotohahanan. Ang katulad nito ay ang pagiging

mahiyain mo sa iyong Panginoon, ang naglikha sa iyo at ang nagbibigay sa'yo ng mga biyaya. Mahihiya ka sa Kanya dahil alam mong palagi ka Niyang nakikita, alam niya ang iyong nasa isip at puso, naririnig ka Niya at nakikita saan ka man magpunta, at wala kang maitatago sa kanya.

﴿ وَمَا تَكُونُ فِي شَأْنٍ وَمَا تَتْلُوا مِنْهُ مِنْ قُرْآنٍ وَلَا تَعْمَلُونَ مِنْ عَمَلٍ إِلَّا كُنَّا عَلَيْكُمْ شُهُودًا إِذْ تُفِيضُونَ فِيهِ وَمَا يَعُزُّبُ عَنْ رَبِّكَ مِنْ

مَثْقَلٍ ذَرَّةٍ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ وَلَا أَصْغَرَ مِنْ ذَلِكَ وَلَا أَكْبَرَ إِلَّا فِي كِتَابٍ مُبِينٍ ﴾ [يونس: 61]

“Anuman ang iyong ginagawa, O Muhammad, sa iyong mga sariling gawain, at kung anuman ang iyong binibigkas mula sa Qur'an na mga talata, at kung anuman ang ginawa ng sinuman sa iyong sambayanan na mabuting gawain o masama, ay tiyak na nababatid Namin ito at Kami ay nakamasid habang ito ay inyong ginagawa, at walang anuman ang naililihim sa kaalaman ng iyong Panginoon, O Muhammad, na kahit na kasinliit ng atomo (o 'atom'), dito sa kalupaan at gayundin sa mga kalangitan. Kahit na maliit pa o malaki kaysa rito ay nakatala ito nang malinaw sa talaan (ng Allah).”

Katotohanan na sinuman ang magsaisip sa Ayah na ito at ang reyalidad na ito ay mahihiya siya sa kanyang Panginoon na gawin ang kanyang mga ipinagbawal o ang iwan ang Kanyang mga ipinag-utos.

At katunayan na dapat ka ring mahiya sa mga anghel na nagsusulat ng iyong mga kilos at salita. Dahil katotohanan na ang Allah ay nagtalaga ng dalawang anghel sa bawat tao na palaging nakabantay sa kanila, na kanilang isinusulat ang bawat mabuti at masamang ginagawa ng isang tao. Sinabi ng Allah:

﴿ وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَافِظِينَ ۖ كَرَامًا كَتِبِينَ ۖ يَعْلَمُونَ مَا تَفْعَلُونَ ﴾ [الانفطار: 10-12]

“At katotohanan (itinalaga para) sa inyo ang mga tagapagbantay (na mga anghel). Mararangal na tagapagtala. Kanilang nababatid ang anomang inyong mga gawa.”

At sinabi ng Propeta ﷺ,

"إِنَّ مَعَكُمْ مَنْ لَا يُفَارِقُكُمْ إِلَّا عِنْدَ الْغَائِطِ وَحِينَ يُفْضَى الرَّجُلُ إِلَى أَهْلِهِ، فَاسْتَحْيُوهُمْ وَأَكْرِمُوهُمْ"

“Katotohanan na mayroon kayong kasamang (mga anghel) hinding hindi kayo iniwan, maliban na kapag kayo’y nasa palikuran at kapag ang lalaki ay nakikipagtalik sa kanyang asawa. Kaya mahiya kayo sa kanila at igalang niyo sila.”

At katotohanang sinuman ang magsaisip nito ay mahihiya na maisulat sa kanya ng dalawang anghel ang isang masamang gawain.

At mahiya ka rin sa iyong sarili kapag ikaw ay nag-iisa. Huwag kang gumawa ng masama! Tinanong ng isang Sahaba ang Propeta ﷺ, “O sugo ng Allah, sa aming mga katawan, ano ang dapat naming takpan at ano ang hindi?”, at sagot ng Propeta ﷺ, **“Ingatan, takpan mo ang iyong *Awrah*, mula puson hanggang tuhod, maliban kapag kasama mo ang iyong asawa”**. At nagtanong ulit ang Sahaba, “O Sugo ng Allah, paano kung ang isang lalaki ay kasama ng isang lalaki?”, at sagot ng Propeta ﷺ, **“Kung kaya mong hindi ito makita ng iba ay gawin mo.”** “Kung mag-isa lang siya?” huling tanong ng Sahaba, at sagot ng Propeta ﷺ:

"فَاللَّهُ أَحَقُّ أَنْ يُسْتَحْيَا مِنْهُ مِنَ النَّاسِ"

“Ang Allah ang mas karapat-dapat na kahiyaan kaysa sa mga tao”

Kabilang din sa mga dapat kang mahiya sa kanila ay ang iyong mga magulang. Mahiya ka sa kanila sa pamamagitan ng pagsasalita, pakikipag-usap, at pagtrato sa kanila ng maayos.

﴿وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرُهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا﴾ [الإسراء:23]

لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ﴿٢٣﴾ [الإسراء:23]

“At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya, at maging mabuti (sa pakikitungo) sa mga magulang. Maging ang isa sa kanila o silang dalawa ay kapwa umabot na sa katandaang gulang. (Habang sila ay) nasa iyong piling, huwag kang mangusap sa kanila ng (salitang kawalang-galang tulad ng) ‘Uff’, at huwag mo silang hiyawan (o sigawan) bagkus mangusap sa kanila ng salitang kapita-pitagan.”

At katunayan na dapat ka ring mahiya sa mga tao. Mahihiya ka sa kanila na masaktan mo sila o makasakit ka sa kanila dahil sa iyong masasakit na salita, o ang libakin mo sila, o ang masuntok o masaktan mo sila gamit ang iyong mga kamay. Nabanggit sa Hadith:

"الْمُسْلِمُ مَنْ سَلِمَ الْمُسْلِمُونَ مِنْ لِسَانِهِ وَيَدِهِ، وَالْمُؤْمِنُ مَنْ أَمِنَهُ النَّاسُ عَلَى دِمَائِهِمْ وَأَمْوَالِهِمْ"

“Ang Muslim ay siyang ligtas ang mga Muslim mula sa kayang dila at kamay. At ang mananampalataya ay sinumang panatag ang mga tao sa kanilang buhay at kayamanan mula sa kanya”

Katotohanan, na ang pagkakaroon mo ng hiya ay dapat na mapanatili mo ito saan ka man mapunta, sa iyong pamayanan, sa iyong bahay, sa iyong trabaho, sa mga kaibigan mo at sa sinuman. Iyon ang pagkakaroon ng hiya na ilalayo ka sa masasama at dadalhin ka sa mga mabubuti.

Ngunit, aking kapatid sa Islam, iyong alamin na hindi lahat ng pagiging mahiyain ng isang tao ay makabubuti sa kanya. Dahil may mga bagay na hindi dapat ikahiya ng isang Muslim. Tulad ng kanyang pagtatanong patungkol sa kanyang relihiyon o ang solusyon sa kanyang problema. Kapag mahiya ang isang Muslim sa paggawa nito ay hindi ito kapuri-puri. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

﴿ فَسْأَلُوا أَهْلَ الذِّكْرِ إِنْ كُنْتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴾ [النحل: 43، الأنبياء: 7]

“Kaya, inyong tanungin ang mga taong pinagkalooban ng kapahayagan (o kaalaman) kung ito ay hindi ninyo nalalaman.”

At dahil dito, hindi napigilan ang mga Sahaba, lalaki man o babae, na sila ay magtanong patungkol sa kaalaman. Naiulat ni Ummu Salamah radiyallahu anha na may isang babae ang nagtanong sa Propeta ﷺ kung ang babae ba ay maliligo kung labasan siya. At sinagot siya ng Propeta ﷺ ng **“Oo, dapat sa kanya na maligo”**.

At si Abu Musa Al-Ash'ari, siya ay pumunta kay Aisha radiyallahu anha, na may gusto siyang itanong. Sinabi niya kay Aisha, “O ina ng mga naniniwala, may gusto akong itanong ngunit nahihiya ako”. “O Abu Musa, ako ay iyong ina, huwag kang mahiyang magtanong” sagot niya. At nagtanong si Abu Musa, “Kailan po ba nagiging waajib o obligado ang pagligo?”. Ang sagot ni Aisha radiyallahu anha, “Kapag nilabasan ang lalaki, kapag nakapatong ang apat na parte ng katawan ng lalaki sa babae (ang kanyang mga kamay at mga paa), at kapag nagkadikit ang kanilang mga ari, ay magiging obligado ang pagligo.”

Kasama sa mga hindi kapuri-puring pagkahiya ay kapag mahiya ka na mag-utos ng mabuti at magbawal ng masama. Dahil katotohanan na ang pag-utos at pagbawal ng mga ito ay katangian ng Islam.

﴿وَلْتَكُنْ مِنْكُمْ أُمَّةٌ يَدْعُونَ إِلَى الْخَيْرِ وَيَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ﴾ [آل عمران: 104]

“At hayaang magkaroon mula sa inyo ng isang (mabuti at huwarang) pamayanang mag-aanyaya (sa sangkatauhan) ng kabutihan, nag-utos ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan. At sila yaong mga magtatagumpay.”

At hindi rin nararapat na hindi mo gawin ang isang waajib na bagay dahil nahihiya ka sa mga tao. O di kaya, gumawa ka ng haram dahil nahihiya ka sa kanila. Tulad ng kapag mahiya ka na mag-Salah kasama ng Jamaah o grupo sa Masjid dahil may iilang tao roon na nahihiya ka sa kanila. At katulad din halimbawa, na ikaw ay

magsisigarilyo o iinom ng alak dahil nahihiya ka sa iyong mga kasama kapag hindi mo iyon ginawa.

Lumayo ka sa ganitong mga tao na hihilain ka nila sa kanilang mga hindi mabuting ginagawa. Huwag mo silang pakisamahan sa kanilang mga masasamang ginagawa at sabihin mo sa kanila na mali ito. Payuhan mo sila at sikapin mong kunin sila pabalik sa tuwid na landas. At kapag hindi sila sumunod ay umiwas ka at layuan mo sila.

﴿وَقَدْ نَزَّلَ عَلَيْكُمْ فِي الْكِتَابِ أَنْ إِذَا سَمِعْتُمْ آيَاتَ اللَّهِ يَكْفُرُ بِهَا وَيَسْتَهْزِئُ بِهَا فَلَا تَقْعُدُوا مَعَهُمْ حَتَّى يَخُوضُوا فِي حَدِيثٍ غَيْرِهِ إِنَّكُمْ إِذَا

مَثَلُهُمْ ۖ﴾ [النساء: 140]

“At katiyakan, ito ay naipahayag na sa inyo sa Aklat (Qur’an) na kapag inyong marinig ang mga ayaat (kapahayagan) ng Allah (na binigkas) at ito ay itinakwil at kinutya, huwag kayong makiupo (o makisalamuha) sa kanila, hanggang sila ay pumasok sa naiibang pag-uusap. (Kung kayo ay mananatiling kasama nila) katiyakang kayo ay matutulad sa kanila.”

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, maging mahiyain tayo sa lahat ng bagay. Magkaroon tayo ng hiya sa pakikitungo natin sa mga tao, sa ating pamilya, at sa pakikitungo natin sa Panginoon.

Ikaw na asawang lalaki, maging mahiyain ka sa iyong asawa. Solusyunan mo ang inyong mga problema ng mahinahon at may respeto. Magkaroon ka ng hiya sa iyong asawa at sa kanyang pamilya, tratuhin mo siya at ang kanyang pamilya ng maayos. Sikapin mo na maresolba ang inyong mga problema sa kahit anong paraan ng matiwasay at maayos.

Ikaw rin na asawang babae, maging mahiyain ka sa iyong asawa. Katakutan mo ang Allah, at tulungan mo ang iyong asawa sa paggawa ng mabubuting mga bagay. Magkaroon ka ng hiya na hindi tratuhin nang maayos ang iyong asawa. Huwag kang magsasalita ng masasama at hindi totoo na ikakasama ng loob ng iyong asawa dahil ito'y kahihiyan.

Kayong mga dumidisiplina sa mga kabataan, katakutan ninyo ang Allah sa pagtuturo at paggabay niyo sa mga bata. Turuan niyo sila ng lahat ng uri ng pagiging mahiyain, upang magkaroon sila ng hiya sa kanilang sarili. Dahil katotohanan na ito ay mahalagang ugali sa Islam.

Kapatid sa Islam, maging mahiyain ka sa lahat ng bagay, kahit sa iyong kaaway. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi na isa sa mga katangian ng mga taong Munaafiq o Hipokrito ay kapag sila ay nakipag-away ay nagiging marahas sila. Nagsisinungaling sila, isisiwalat nila ang kapintasan ng kanilang kaaway, at mamaliitin nila sila. Hindi ito maaari. Kung may kaaway ka ay panatilihin mo ang pagiging mahiyain. Hingin mo

sa kanya ang iyong karapatan ng maayos. Huwag kang gumawa ng kahit anong bagay na ikakasama niya o ikakasama mo. Iwasan mong malagay sa kahihiyang.

Kapatid sa Islam, huwag na huwag mong isapubliko, ipagsabi, o ikuwento ang iyong mga kasalanan at kamaliang ginawa. Huwag mong ikalat ang mga masasama mong ginawa, dahil isa itong malaking kasalanan. Sinabi ng Propeta ﷺ,

"كُلُّ أُمَّتِي مُعَاذِي إِلَّا الْمُجَاهِرِينَ، وَإِنَّ مِنْ الْمُجَاهِرَةِ أَنْ يَعْمَلَ الرَّجُلُ بِاللَّيْلِ عَمَلًا ثُمَّ يُصْبِحُ وَقَدْ سَتَرَهُ اللَّهُ وَيُمْسِي

وَقَدْ سَتَرَهُ اللَّهُ، وَقَدْ بَاتَ يَسْتُرُهُ عَلَيْهِ فَيَقُولُ: يَا فُلَانُ: عَمِلْتُ الْبَارِحَةَ كَذَا وَكَذَا"

"Lahat ng aking Ummah ay papatawarin ng Allah, maliban sa mga Mujahirun (pinagsasabi/pinagmamalaki ang kanilang mga masamang gawain). Ito ay kapag ang isang lalaki ay gumawa ng isang kasalanan sa gabi, at dumating ang umaga na siya'y pinagtakpan ng Allah. At kanyang sasabihin: 'O fulan, gumawa ako ng ganito at ganyan kagabi'"

Katotohanan na ang gawaing ito ay kawalan ng hiya sa sarili, at ito ay naghihikayat na gumawa rin ng kasalanan ang ibang tao.

Hilingin natin sa Allah na ilayo niya tayo sa paggawa ng kasalanan at ang maisapubliko ito.



Ang Pagpapatawad

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, ang puso ng isang mananampalataya ay wala rito ang salitang pagkainggit o pandaraya. Mas inuuna nito ang karapatan ng ibang tao at alam niya na ang pamumuhay sa mundong ito ay hindi mananatili at kalaunan ay maglalaho. Kaya ano pang silbi ng mundong ito kung hindi ito magiging tulay tungo sa kabilang buhay. At anong silbi ng pamumuhay sa mundong ito kung itatanim niya sa kanyang puso ang mga masasama; inggit, yabang, kamuhian, galit at iba pang mga nakakasama sa puso.

Katunayan na napakarami sa atin ang naghahanap ng mga dahilan o mga bagay na makakapagpadakila sa kanilang sarili. Kanila itong hinahanap sa kung saan-saan at kanilang inuubos ang kanilang lakas at mga yaman para lamang matagpuan ang mga ito. Ngunit di nila alam na may susi at isang paraan para mahanap nila ang mga bagay na ito. Iyon ay ang kanilang ibigay muna ang karapatan ng kanilang mga puso. Kanila munang bubuksan ang kanilang mga puso at linisin ito mula sa mga pansariling interes, pagnanasa, at makasariling pamumuhay.

Kapag nakuha na nila ang susing ito, para maging dakila ang kanilang mga sarili, ay pwede na nilang pasukan ang mga pinto ng pagpapatawad, pakikitungo ng maayos, pakikipagkapwa, at pagtanggap. Magiging payapa ang kanilang damdamin, magiging mabuti ang tingin nila sa mga tao, tatanggapin nila ang kanilang mga rason, palalampasin nila ang kanilang mga pagkakamali, lulunokin nila ang kanilang galit, at papatawarin nila ang mga tao. Ang mga ito ay katangian at pag-uugali na pinuri ng Islam na gamitin at ugaliin ng mga tao sa kanilang pakikipagkapwa at pakikitungo sa mga tao.

Kaya naman, katotohanan na sinuman ang mag-ugali ng mga ito ay katunayan na kabilang sa silang mga dakila at may matataas na karangalan. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"ما نَقَصَتْ صَدَقَةٌ مِنْ مَالٍ، وما زاد الله عبداً بعفوٍ إلا عِزًّا، وما تواضَعَ أحدٌ لله إلا رفعه"

"Hindi nakukulangan ng Sadaqah ang kayamanan. At hindi dadagdagan ng Allah ang kanyang alipin na nagpatawad maliban sa kadakilaan. At walang alipin na nagpakumbaba sa Allah maliban na siya ay itinaas ng Allah."

At sa ibang Hadith:

"ما مِنْ عَبْدٍ ظَلِمَ بِمَظْلَمَةٍ فَيُغْضِي عَنْهَا اللَّهُ إِلَّا أَعَزَّهُ اللَّهُ تَعَالَى بِهَا وَنَصَرَهُ"

"Walang isang alipin na siya'y inapi, at kanya lamang itong pinaubaya sa Allah, maliban na siya ay gagawing dakila ng Allah at tutulongan siya ng Allah."

Ikaw na gusto ng kadakilaan, ito ang tunay na kadakilaan. Ikaw na gusto ng mataas na posisyon at karangalan, ito ang tunay na karangalan.

Mga alipin ng Allah, ang pagpapatawad, ito ang kadakilaan at mataas na posisyon dito sa mundo at sa kabilang buhay. Ito'y pinangako na ng Allah sa silang mga nagtataglay nito. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿ وَسَارِعُوا إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا السَّمُوتُ وَالْأَرْضُ أُعِدَّتْ لِلْمُتَّقِينَ ﴿١٣٣﴾ الَّذِينَ يُنْفِقُونَ فِي السَّرَّاءِ وَالضَّرَّاءِ

وَالْكَاظِمِينَ الْغَيْظَ وَالْعَافِينَ عَنِ النَّاسِ ۗ وَاللَّهُ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ ﴿١٣٤﴾ ﴾ [العمران: 133-134]

"At magmadali at maging maagap kayo sa paghingi ng kapatawaran mula sa inyong Panginoon, at sa Paraiso na kasing-lawak ng mga kalangitan at kalupaan, na inihanda para sa mga natatakot (sa Allah). Yaong mga gumugugol (para sa landas ng Allah) sa (panahon ng) kasaganahan at kahirapan, yaong mga nagtitimpi ng kanilang galit, at nagpapatawad sa tao, at ang Allah ay nagmamahal sa mga mapaggagawa ng kabutihan."

Sila yaong pinipigilan nila at nilulunok nila ang kanilang galit, at kanilang pinipigilan ang kanilang mga sarili na makaganti at makasakit. At sila rin yaong mga nagpapatawad ng sinumang mga nanakit sa kanila, kaya walang matitira sa kanilang mga puso kundi pagpapatawad. Sila yaong mga naghahangad ng gantimpala mula sa Allah, at sila yaong mga pinangakuan ng Allah ng karangalan at mataas na posisyon sa Paraiso.

At sinuman ang magtaglay ng ugaling ito ay matuwa siya at magalak dahil sa pagmamahal sa kanya ng Allah. Dahil katotohanang silang mga nagpapatawad ay kanilang naabot ang isa sa mga antas ng. Sinabi ng Allah:

﴿وَاللَّهُ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ﴾ [العمران: 134]

“At ang Allah ay kanyang nagugustuhan ang mga mabubuti.”

Tunay na sinuman ang naging mabuti ay nagustuhan ng Allah. At sinuman ang nagustuhan ng Allah ay kanyang pinapatawad.

﴿إِنَّ رَحْمَتَ اللَّهِ قَرِيبٌ مِّنَ الْمُحْسِنِينَ﴾ [الأعراف: 56]

“Katotohanan na ang Rahmah, awa ng Allah, ay malapit sa kanilang mga mabubuti.”

Mga nanampalataya sa Allah, ang pagpapatawad ay tanda ng silang mga mabubuting tao, mga malilinis ang kalooban, at mga may kakaibang pagkatao at personalidad. Dahil katotohanan na ang pagpapatawad sa mga tao ay hindi madaling bagay. Nagdudulot ito ng bigat sa puso na hindi maiaalis maliban na kalabanin ang sarili sa pagkagusto nitong makaganti. At hindi ito mangyayari maliban sa silang mga malalakas, na kanilang nilalaban ang kanilang mga sarili mula sa mga posibilidad na makagawa ng masama o ang makaganti.

Ngunit kapag ang kanilang ipinaglalaban naman ay ang kanilang karapatan o ang kanilang mga sarili kapag sila na ay naagrabyado o naapi ay walang problema kung ipagtanggol nila ang kanilang sarili.

Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَلَمَّا أَتَصَرَّ بَعْدَ ظُلْمِهِ فَأُولَٰئِكَ مَا عَلَيْهِمْ مِّن سَبِيلٍ﴾ [الشورى: 41]

“At sinuman ang ipinagtanggol niya ang kanyang sarili laban sa nang-api sa kanya pagkatapos siyang apihin, siya ay walang pagkakasala.”

At mula rito, ay malalaman natin ang mga silang tunay na malalakas at matatapang. Tulad ng nabanggit sa Hadith na ang totoo at tunay na matapang ay ang sinumang makontrol niya ang kanyang sarili kapag siya'y nagagalit. At sa ibang Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"من كظم غيظاً وهو قادرٌ على أن ينفذه دعاه الله على رؤوس الخلائق حتى يخيره من أيِّ الحور شاء"

“Sinuman ang kanyang pigilan ang kanyang galit na kaya naman nyang gumanti o gumawa ng aksyon ay tatawagin ng Allah ang kanyang pangalan sa sanlibutan hanggang siya ay makapili ng sinomang gusto nya mula sa mga Hurul ‘Ein (sa magagandang babae ng Paraiso).”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang Islam noong ipanghikayat nito sa mga Muslim ang ugali ng pagpapatawad at pagpapalampas o pagtanggap ay hindi lamang ito para sa mga iilan at maliliit na mga bagay. Bagkus ang pagpapatawad ay napakalaki at napakalawak na kautusan na sinasaklaw nito ang maraming parte ng buhay. Tulad ng pamumuno, ang ugaling pagpapatawad ay isa sa mga mabubuti at magagandang katangian ng isang matagumpay na pinuno. Tulad ng iniutos ng Allah sa Kanyang Propeta ﷺ:

﴿خُذِ الْعَفْوَ وَأْمُرْ بِالْعُرْفِ وَأَعْرِضْ عَنِ الْجَاهِلِينَ﴾ [الأعراف: 199]

“Kunin (at ugaliin mo O Muhammad) ang pagpapatawad, ipag-utos mo ang anomang mabuti at lumayo sa mga taong mangmang.”

Ang pagpapatawad na nabanggit rito ay ang pagtanggap at pagpapalampas, katulad ng sa sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فِيمَا رَحِمَهُ مِنَ اللَّهِ لَئِنْ لَمْ يَأْتِ بِدَلِيلٍ لَوَّيْتُمْ بِأَلْسِنَتِكُمْ وَتَلَايْتُمْ بِأَعْيُنِكُمْ لَسَوَّيْتُ أَعْيُنَكُمْ فَأَتَوْا بِهِمْ فَاتَّخِذُوا مِنْ حَوْلَتِي أَعْنَافُ ۝١٥٩﴾

[159] ﴿[العمران:]

“At sa pamamagitan ng habag ng Allah, ikaw (O Muhammad) ay naging mahinahon sa kanila. At kung ikaw ay naging marahas (sa pananalita) at naging matigas ang puso, marahil sila ay nagsilayo sa iyong paligid. Kaya, maging mapagparaya (sa kanilang mga kakulangan), at magsumamo ng kapatawaran (sa Allah) para sa kanila, at isangguni sa kanila ang mga pangyayari.”

Hinihikayat din ng Islam ang pagpapatawad sa kaso ng mga pinaslang at sa paghatol ng parusa sa mga nakagawa ng krimeng ito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

[45] ﴿ فَمَنْ تَصَدَّقَ بِهِ فَهُوَ كَفَّارَةٌ لَّهُ ۝٤٥﴾ [المائدة:]

“Subalit ang sinumang nagpatawad at ipinagsawalangbahala na lamang niya ang kanyang karapatang gumanti, para sa kawanggawa, ito ay kabayaran para sa kanya.”

At ang pagpapatawad sa kaso ng mag-asawang naghiwalay.

﴿ وَإِنْ طَلَّقْتُمُوهُنَّ مِنْ قَبْلِ أَنْ تَمْسُوهُنَّ وَقَدْ فَرَضْتُمْ لَهُنَّ فَرِيضَةً فَرْصَةٌ مِمَّا فَرَضْتُمْ إِلَّا أَنْ يَعْفُونَ أَوْ يَعْفُوا الَّذِي بِيَدِهِ عُقْدَةُ

النِّكَاحِ وَأَنْ تَعْفُوا أَقْرَبُ لِلتَّقْوَى ۝٢٣٧﴾ [البقرة: 237]

“At kapag hiniwalayan o diniborsiyo ninyo ang kababaihan pagkatapos ninyo silang pakasalan, nang hindi pa ninyo sila nahihipo (hindi pa kayo nakipagtalik sa kanila), subalit naitakda na ninyo sa inyong mga sarili ang kaukulang halaga

bilang ‘Mahr’ nila, magiging obligado sa inyo kung gayon, na ibigay sa kanila ang kalahati nito na inyong napagkasunduan, maliban na lamang kung pagbibigyan kayo ng mga hiniwalayan ninyo at ibibigay nila ang kalahating ito sa inyo na sa halip ay para sa kanila; o di kaya ay ibibigay (na lamang) ng lalaki ang kabuuang ‘Mahr’ sa babaing hiniwalayan. At ang pagpapasensiya ninyo, kayong mga kalalakihan at kababaihan, ang mas malapit sa ‘At-Taqwa’ – pagkatakot at pagsunod sa Allah.”

At ang pagpapatawad naman ng isang tao sa umutang sa kanya kapag nakita niyang nahihirapan siyang bayaran ito. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"كان تاجرٌ يداين الناس، فإذا رأى معسرًا قال لفتيانہ: تجاوزوا عنه لعلَّ الله أن يتجاوز عنا، فتجاوز الله عنه"

“May isang mangangalakal na nagpapautang sa mga tao. Kapag nakita niyang may nahihirapang magbayad ng utang sa kanya ay sasabihin niya sa kanyang mga tauhan; Patawarin ninyo siya (hayaan na lang at hindi na pagbayarin) baka sakaling patawarin rin tayo ng Allah, (dahil dito’y) pinatawad siya ng Allah”

At ang pagpapatawad naman sa lahat at sinumang indibidwal. Ito ay tulad ng nabanggit sa Hadith, na may nagtanong na lalaki sa Propeta ﷺ at kanyang sinabi; ‘O sugo ng Allah, ilang beses natin papatawarin ang ating katulong?’ Tumahimik lang ang Propeta ﷺ at inulit ng lalaki ang kanyang tanong. At tumahimik ulit ang Propeta ﷺ, at noong nagtanong ang lalaki sa pangatlong beses ay sumagot ang Propeta ﷺ:

"اعفوا عنه في كلِّ يومٍ سبعين مرة"

“Patawarin mo siya ng pitumpong beses araw-araw.”

Kayong mga naniniwala sa Allah, katotohanan na ang pagpapatawad ay hindi nangangahulugan ng kahinaan at kababawan. Bagkus ito’y dahil sa tindi ng katapangan ng isang tao at sa kanyang pag-kontrol sa kanyang sarili. Lalo na kung

ang kanyang pagpapatawad ay sa oras na kaya nyang gumanti o gumawa ng aksyon. At katunayan na si Imam Al-Bukhari ay gumawa ng espesyal na pinto o leksyon sa kanyang libro na may pamagat na “Ang pagkapanalo laban sa nang-aapi” dahil ito sa sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿وَالَّذِينَ إِذَا أَصَابَهُمُ الْبَغْيُ هُمْ يَنْتَصِرُونَ﴾ [الشورى: 39]

“At yaong kapag dumanas ng (di-makatwirang) pag-usig, sila ay nagtatanggol ng kanilang mga sarili.”

Sa leksyong ito ay binanggit ni Imam Al-Bukhari rahimahullah ang sinabi ni Ibrahim An-Nakha’ei rahimahullah; “Ang mga mabubuting tao ay ayaw nilang maapi o maagrabyado. At kung may kaya silang gawin ay magpapatawad sila.” At ang sinabi ni Al-Hasan bin Ali radiyallahu ahuma; “Kapag may isang lalaki na minura ako sa isa kong taenga at nagpaumanhin siya sa kabila kong taenga ay tatanggapin ko ang kanyang rason at papatawarin ko siya.” At ang sinabi ni Ja’far As-Saadiq rahimahullah; “Ang magsisi ako sa ginawa kong pagpapatawad ng dalawampung beses ay mas mainam pa kaysa sa aking pagsisisi sa makaganti ako ng isang beses.” At ang sinabi naman ni Al-Fudhayl bin ‘Eyadh rahimahullah; “Kapag may dumating sa’yong lalaki na inirereklamo ang isang tao ay sabihin mo sa kanya na patawarin siya. At kung sabihin niya sa’yo na hindi niya siya kayang patawarin at siya ay gaganti tulad ng iniutos sa kanya ng Allah, ay sabihin mo sa kanya na gumanti siya kung kaya niyang gawin ito ng maayos, at kung hindi ay bumalik siya sa pinto ng pagpapatawad dahil napakalawak nito. Dahil katotohanan na sinumang nagpatawad ay ang kanyang gantimpala ay ang Allah mismo ang mag-aabot sa kanya.”

Mga alipin ng Allah, nakakalungkot pero tunay na marami sa mga tao ang umabot na sa puntong hindi na nila kayang magpatawad o di kaya ay magpalampas ng anumang bagay. Hindi sila mabubuhay hanggat sa di sila makaganti, na sila’y tulad ng makapal na ulap na di basta-basta maalís. Malabong mahintay ang kanilang pagpapatawad,

nagagalit sila sa simpleng kasalanang nagawa sa kanila, at hindi nila tatanggapin ang rason na mas maliwanag pa sa araw sa umaga.

Kapag ganito na ang kanyang sitwasyon ay katunayang naging kalaban na niya ang kanyang pag-iisip, at nakontrol na siya ng Shaitan. Na kung saan hindi na niya makikita ang mga kabutihan ng pagpapatawad. Sinabi ni Aesha radiyallahu anha:

"ما ضرب رسول الله -عليه الصلاة والسلام- شيئاً قطّ بيده، ولا امرأة ولا خادماً، إلا أن يجاهد في سبيل الله،

وما نيل منه شيء قطّ فينتقم من صاحبه إلا أن يُنتَهك شيء من محارم الله فينتقم لله -عز وجل-".

"Hindi nanakit ang Propeta ng Allah (ﷺ) ng anuman sa pamamagitan ng kanyang kamay, babae man o alipin. Maliban na lamang kapag siya ay nakikipagdigma sa landas ng Allah. At hindi siya nasaktan ng sinuman at siya ay gumanti maliban na lamang kapag gagawin ang anuman sa mga ipinagbawal ng Allah at dito'y siya ay gaganti para sa Allah"

Katotohanan na iyong karapatan ang pagtatanggol sa sarili kapag ikaw ay inaapi. Ngunit kapag pinili mong magpatawad ay iyon ang mas kumpleto, mas kapuri-puri, at mas malapit sa pagkatakot sa Allah.

﴿ وَجَزَاءُ سَيِّئَةٍ سَيِّئَةٌ مِّثْلُهَا فَمَنْ عَفَا وَأَصْلَحَ فَأَجْرُهُ عَلَى اللَّهِ إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الظَّالِمِينَ ﴾ [الشورى: 40]

"At ang kabayaran para sa isang nagawang kasamaan ay isang kasamaanng nakakatulad nito; ngunit sinuman ang nagpatawad at gumawa ng pakikipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay nasa (kapasiyahan ng) Allah. Katotohanan, Siya ay hindi nagmamahal sa mga mapaggagawa ng kamalian."

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, ang paghihikayat ng Islam sa pagpapatawad ay hindi lang sa panlabas ngunit sa panloob din. Ang salitang 'Afw ay ginagamit sa pagpapatawad sa panlabas. At ang salitang 'Saf'h naman ay ginagamit sa panloob o ang ibig sabihin ay

ang pagpapatawad kasama ng pagpapalagpas, pagtanggap at pagtalima sa isang tao na nakagawa sa'yo ng masama. Papatawarin mo siya na parang walang nangyaring masama, kaya tatanggapin mo siya at papalagpasin mo ang anumang nagawa niya sa'yo. Ito ang pinagkaibahan ng 'Saf'h sa 'Afw kung saan ang 'Afw ay pagpapatawad lang sa panlabas. Dahil dito ay inutusan ng Allah ang kanyang Propeta ﷺ na magpatawad at magpalampas o tumanggap:

﴿ فَأَصْفَحَ أَصْفَحَ الْجَمِيلِ ﴾ [الحجر: 85]

“Na kung kaya, magpatawad ka, (O Muhammad) ng magiliw na pagpapatawad.”

At katotohanan na sa ibang mga Ayah ay parehong nabanggit ang salitang 'Afw at 'Saf'h ng magkasama.

﴿ فَأَعْفُ عَنْهُمْ وَأَصْفَحْ ﴾ [المائدة: 13]

“Na kung kaya, patawarin mo sila (sa masamang pakikitungo nila sa iyo) at palampasin mo na lamang ang mga nagawa nila.”

﴿ فَأَعْفُوا وَأَصْفَحُوا حَتَّى يَأْتِيَ اللَّهَ بِأَمْرِهِ ﴾ [البقرة: 109]

“Patawarin ninyo sila sa kanilang kamangmangan hanggang sa dumating ang kautusan ng Allah (hinggil sa kanila upang sila ay kalabanin at patayin).”

﴿ وَلَا يَأْتِلْ أُولُو الْفَضْلِ مِنْكُمْ وَالسَّعَةِ أَنْ يُؤْتُوا أُولَى الْقُرْبَى وَالْمَسْكِينِ وَالْمُهَاجِرِينَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلْيَعْفُوا وَلْيَصْفَحُوا أَلَا تُحِبُّونَ أَنْ يَغْفِرَ

اللَّهُ لَكُمْ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ ﴾ [النور: 22]

“At huwag sumumpa ang sinumang mabubuti sa kanilang Relihiyon at maluwag sa kanyang pananalapi na iwasan ang pakikipag-ugnayan sa kanyang mga kamag-anak na mga mahihirap, mga nangangailangan at ng mga nangibang-bayan, at itigil niya ang paggasta sa kanila; dahil sa kasalanan na kanilang nagawa, at patawarin niya ang anuman na mali na kanilang nagawa. Hindi ba ninyo nais na ang Allah ay magpatawad sa inyo? At ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain.”

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِنَّ مِنْ أَزْوَاجِكُمْ وَأَوْلَادِكُمْ عَدُوًّا لَكُمْ فَاحْذَرُوهُمْ وَإِنْ تَعَفَّوْا وَتَصَفَّحُوا وَتَغْفِرُوا فَإِنَّ اللَّهَ

عَفُورٌ رَحِيمٌ ﴿١٤﴾ [التغابن: 14]

“O kayong mga naniwala, katotohanan, kabilang sa inyong mga asawa at sa inyong mga anak ay inyong mga kaaway, kaya mag-ingat kayo sa kanila. Ngunit kung kayo ay maging magparaya at magpaumanhin, at magpatawad (sa kanila), magkagayon katotohanan, ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain.”

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pagpapatawad at pagpapalampas o ang buong pagtanggap sa isang tao ay katangian at ugali ng Propeta ﷺ, kaya nasaan na kayong mga tagasunod niya at tumatahak ng kanyang landas!? Sinabi ni Aisha radiyallahu anha patungkol sa ugali ng Propeta ﷺ:

"لم يكن فاحشًا ولا متفحشًا ولا صحابًا في الأسواق، ولا يجزي بالسيئة السيئة، ولكن يعفو ويصفح"

“Kailanman hindi naging masama sa pag-uugali ang Propeta ﷺ at hindi siya kailanman naging mapanggawa ng masasama at hindi rin siya nagtataas ng boses sa mga palengke. At hindi niya sinusuklian ng masama ang masama ngunit siya’y nagpapatawad at nagpapalampas(tumatanggap)”



Ang Kawalang-Katarungan

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na kasama sa pagiging makatarungan ng Allah, pagiging Maawain Niya, at pagkakumpleto ng Kanyang kabutihan ay ang Kanyang pagbabawal ng kawalang-katarungan sa Kanyang sarili; kaya naman, Kanya ring ipinagbawal ang kawalang-katarungan sa Kanyang mga alipin. Tulad ng nabanggit sa Hadith Al-Qudsi na sinabi ng Propeta ﷺ:

"قال الله -عز وجل-: يا عبادي: إني حرمت الظلم على نفسي وجعلته بينكم محرماً فلا تظالموا"

"Sinabi ng Allah ﷻ : O Aking mga alipin, tunay na Aking ipinagbawal sa Aking sarili ang kawalang-katarungan at Akin itong ginawang awal sa pagitan ninyo kaya't huwag kayong gumawa ng kawalang-katarungan sa bawa't-isa"

Katotohanan na ang kawalang-katarungan ay may maraming uri ngunit ang pinakamasama nito at pinakamapaminsala ay ang pag-usig sa kung anuman ang nasa ibabaw ng lupa ng walang katanggap-tanggap na dahilan. Ang pag-usig sa mga tao; ng kanilang relihiyon, ng kanilang mga sarili, kayamanan, dangal, pag-iisip, at ng kanilang kalayaan, sa kahit anumang paraan ay siyang ikinamuhi, ikinainis, at ikinagalit ng mga taong nasa tamang pag-iisip. Kanilang iniwasan at kinamuhian ang sinumang gumawa nito sa mga tao. Kaya naman, ipinagbawal ng Allah ang pag-usig gamit ang Ayah sa Qur'an na nagpapaliwanag ng mga pinagmumulan ng maraming kasamaan. Upang ipaalam na ang pag-usig ay may kaakibat na napakalaking kasalanan. Sinabi ng Allah:

﴿ قُلْ إِنَّمَا حَرَّمَ رَبِّيَ الْفَوَاحِشَ مَا ظَهَرَ مِنْهَا وَمَا بَطَنَ وَالْإِثْمَ وَالْبَغْيَ بِغَيْرِ الْحَقِّ وَأَنْ تُشْرِكُوا بِاللَّهِ مَا لَمْ يُزَلْ بِهِ سُلْطَانًا وَأَنْ تَقُولُوا عَلَى

اللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴾ [الأعراف:33]

"Sabihin mo, O Muhammad: "Ang ipinagbabawal lamang ng aking Panginoon ay ang mga kahalayan, anomang nakahayag nito at anomang nakatago, at kasalanan

at pag-usig ng walang katarungan, at ang inyong pagtatambal sa Allah (sa pagsamba) na wala naman Siyang ibinabang kapahintulutan, at ang inyong pagsasabi ng anuman sa Allah na wala naman kayong nalalaman.”

At nangako rin ang Allah ng matinding kaparusahan sa mga nang-aapi at gumagawa ng mga kasalanan. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿ إِنَّمَا السَّبِيلُ عَلَى الَّذِينَ يَظْلِمُونَ النَّاسَ وَيَبْغُونَ فِي الْأَرْضِ بِغَيْرِ الْحَقِّ أُولَٰئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴾ [الشورى: 42]

“Ang dahilan ng pagkakasala ay laban lamang sa mga mapaggawa ng di-makatarungan sa mga tao at nang-api (naniil, nagmalupit) sa kalupaan ng walang katuwiran. Sila yaong mga magtatamo ng mahapding parusa.”

Ang masidhing kaparusahan na ito ay ang kanilang gantimpala sa huling araw, ngunit mayroon din silang mabigat na kaparusahan dito sa mundo. Tulad ng nabanggit sa Hadith na naiulat ni Abu Bakr radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ: "ما من ذنب أجدر أن يجعل الله -تعالى- لصاحبه العقوبة في الدنيا مع ما يدخره له في الآخرة من البغي وقطيعة

الرحم"

“Walang kasalanan ang mas karapat-dapat na padaliin ng Allah ﷻ sa gumagawa nito ang kaparusahan sa Mundo at maliban pa rito ang naghihintay na kaparusahan sa kabilang buhay, sa pag-usig at pagputol ng relasyong kamag-anak”

Kasama sa pangunahing kaparusahan na ito sa silang mga nang-aapi at mapang-abuso ay ang pagbaliktad ng mundo sa kanila at pagbalik sa kanila ng mga masasama nilang ginawa. Malalasap nila ang kahihyan at kasakiman na kanilang ginawa sa iba. Malalasap nila ang pagkatalo, at hindi nila maabot ang kanilang pinapangarap. Tulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فَلَمَّا أَتَتْهُمْ إِذَا هُمْ يُبْغُونَ فِي الْأَرْضِ بِغَيْرِ الْحَقِّ يَتَأَيُّهَا النَّاسُ إِنَّمَا بَغْيُكُمْ عَلَىٰ أَنْفُسِكُمْ ﴾ [يونس: 23]

“Ngunit nang sila ay Kanyang iniligtas, pagmasdan! sila ay sumuway (sa Kanya) sa kalupaan ng walang katuwiran. O sangkatauhan, ang inyong pagsuway ay laban sa inyong mga sarili.”

Mga alipin ng Allah, ilang mga kasaysayan at kwento ba ang nasa ating mga kamay patungkol sa silang mga naunang mga tao, sila ay nang-api, nag-abuso, nagmalabis, at nanira sa kalupaan? Ilang mga kwento ba ang alam natin na mapagkukunan natin ng leksyon? Ilang mga pruwera ba ang kakailanganin natin para mapatunayan at maisaisip ang kaparusahan ng silang mga naminsala sa kalupaan? Ano nga ba ang kinahinatnan ni Fir’awn? Nang siya ay nagmalaki at dinakila ang kanyang sarili dito sa lupa; na kanyang pinahirapan ang kanyang mga kinasasakupang mga tao, kanyang kinatay ang mga bata at inalipin ang mga kababaihan. Hanggang sa makalimutan niyang isa siyang nilalang at tawagin niya ang kanyang sarili na panginoon. Hindi ba ang kanyang kinahinatnan ay ang kanyang pagkasawi at pagkawasak.

﴿ فَأَخَذْنَاهُ وَجُودَهُ فَنَبَذْنَاهُمْ فِي الْيَمِّ فَأَنْظَرَ كَيْفَ كَانَتْ عَاقِبَةُ الظَّالِمِينَ ﴾ [الفصل: 40]

“Kaya, siya (si Fir’awn) at ang kanyang mga kawal ay Aming kinuha (hinablot), at sila ay itinaon sa dagat. Kaya, inyong tunghayan kung paano ang naging wakas ng mga mapaggawa ng kamalian.”

﴿ فَأَلْيَوْمَ نُنَجِّيكَ بِبَدَنِكَ لِتَكُونَ لِمَنْ خَلَقَكَ آيَةً ﴾ [يونس: 92]

“Na kung kaya, sa araw na ito, Aming ililigtas ang iyong (patay na) katawan (mula sa dagat) upang ikaw ay maging tanda (aral o halimbawa) para sa mga susunod (na salinlahi) sa iyo.”

At ano ang kinahinatnan ni Qaarun nang siya ay nagmalabis at nang-abuso sa mga tao noong siya ay binigyan ng Allah ng napakaraming mga kayamanan? Hindi ba ang kanyang kinahinatnan ay ang kanyang pagkasawi at pagkawasak.

﴿ فَخَسَفْنَا بِهِ وَبِدَارِهِ الْأَرْضَ فَمَا كَانَ لَهُ مِنْ فِئَةٍ يَنْصُرُونَهُ مِنْ دُونِ اللَّهِ وَمَا كَانَ مِنَ الْمُنتَصِرِينَ ﴾ [الفصل: 81]

“Kaya, Aming pinangyaring siya at ang kanyang pamamahay ay lulunin ng lupa. Kaya, wala siyang kasamahan upang tumulong sa kanya bukod sa Allah, at hindi rin siya kabilang sa mga maaring magtanggol sa kanilang mga sarili.”

At ano ang kinahinatnan ng mga tao sa Thamoud na ang kanilang mga tahanan ay kanilang ginawa sa mga matatayog at matitibay na bundok? Hanggang sa kanilang sinabi:

﴿ وَقَالُوا مَنْ أَشَدُّ مِنَّا قُوَّةً ﴾ [فصلت: 15]

“At sino pa nga ba ang mas malakas kaysa sa amin?”

At ano ang kinahinatnan ng mga tao sa ‘Aad, silang mga tao na walang katulad ang kanilang higanteng pangangatawan at pambihirang lakas?!

﴿ فَأَمَّا ثَمُودُ فَأُهِلُّوا بِأَطَاغِيَةِ ۖ وَأَمَّا عَادُ فَأُهْلِكُوا بِرِيحٍ صَرْصَرٍ عَاتِيَةٍ ۖ سَخَّرَهَا عَلَيْهِمْ سَبْعَ لَيَالٍ وَتَنِينَ أَيَّامٍ حُسُومًا فَتَرَى الْقَوْمَ فِيهَا صَرْعَى كَأَنَّهُمْ أُعِجَزُ

نَخْلٍ حَاوِيَةٍ ۖ فَهَلْ تَرَى لَهُم مِّنْ بَاقِيَةٍ ﴾ [الحاقة: 5-8]

“Kaya (tungkol) sa (mga Tribo ng) Thamoud, sila ay winasak ng isang (kakila-kilabot at nakatutulig na) pagsabog. At (tungkol) sa (mga mamamayan ng) ‘Aad; sila ay winasak ng isang nagngangalit (na ihip) ng hangin. Na Kanyang itinalaga (ipinataw) sa kanila ng pitong gabi at walong araw na magkakasunod, kaya iyong makikita ang mga tao roon na nakalugmok na tila sila ay mga puno ng datiles na nakahandusay. Kaya, may nakikita ka bang alinman sa kanilang mga naiwang (buhay)?”

At anong kinahinatnan ng pang-aapi ni Namrud, at ng mga lider ng Roma at Persiyano? Anong kinahinatnan ni Abu Jahl, ni Umayyah bin Khalaf, ni ‘Uqbah bin Abi Mu’eet, at ng silang mga tao na nagyabang at nagmalaki dito sa mundo. Na sila ay nang-abuso at nag-api sa mga taong mahihina at sa mga naniniwala sa Allah. Katunayan na kanilang natanggap ang kasamaan at sakit ng kaparusahan.

At noong hindi na nakapagtiis ang mga tao, at umabot na sa kasukdulan ang pagmamalabis, pang-aabuso, at pang-aapi ng mga kalaban ay itinaas ng Propeta Muhammad ﷺ ang kanyang mga kamay sa langit at kanyang ipinalangin:

"اللهم عليك بقريش، اللهم عليك بأبي جهل، اللهم عليك بعقبة ابن أبي معيط، اللهم عليك بفلان وفلان"

“O Allah, parusahan Mo ang Qurasysh, O Allah parusahan mo si Abu Jahl, O Allah parusahan mo si Uqbah bin Abi Muiyt, O Allah parusahan mo si fulan at si fulan”

Hanggang sa nabanggit ng Propeta ﷺ ang pitong mga pangalan.

At dumating nga ang tugon ng Allah ﷻ sa panalangin ng Propeta ﷺ. Na noong labanan sa Badr ay lahat ng pitong tao na kanyang binanggit ay namatay at nakaranas ng matinding pagpanaw. Hanggang sa naiulat na ang kanilang mga katawan ay lumubo dahil sa sama ng kanilang pagkamatay.

Kaya napaka-masalimoot na buhay para sa silang mga lubos ang kanilang pandaraya sa kanilang mga sarili. Gumagawa sila ng mga kasalanan sa bawat araw at gabi. Kanilang sinusunod ang kanilang mga pagnanasa at pansariling interes, ngunit ang kanila lamang makukuha ay wala kundi ang maraming kasalanan na magpapahirap sa kanila sa araw ng paghuhukom.

Mga alipin ng Allah, huwag kayong magpalinlang at magpatalo sa lakas ng silang mga mandaraya, silang nang-aapi at nang-aabuso. Huwag rin kayong mawalan ng pag-asa at matakot sa dami ng kanilang kasakiman at sa haba ng kanilang kasamaan, dahil katotohanan na ang kanilang kahihinatnan ay ang kanilang pagkawasak at pakgkasawi.

Ayon kay Abu Musa Al-Ash’ariy radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ يَمْلِكُ لِلظَّالِمِ فَإِذَا أَخَذَهُ لَمْ يَفْلِتْهُ"

"Katotohanan na ang Allah ay hinahayaan muna at hindi agad paparusahan ang gumagawa ng kawalang-katarungan at kung siya ay Kanyang paparusahan hindang-hindi siya makakaligtas"

Pagkatapos ay binasa ng Propeta ang sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَكَذَلِكَ أَخْذُ رَبِّكَ إِذَا أَخَذَ الْفُرْقَىٰ وَهِيَ ظَلِمَةٌ إِنَّ أَخَذَهُ أَلِيمٌ شَدِيدٌ﴾ [هود:102]

"At ganyan ang pananalanta ng iyong Panginoon nang Kanyang salantain (o patawan ng parusa) ang (mamamayan ng) mga bayan habang sila ay gumagawa ng kamalian. Katotohanan, ang Kanyang pananalanta ay mahapdi, (at) matindi."

Mga alipin ng Allah, kapag tumindi na ang pagmamalabis at pang-aabuso ng silang mga nang-aapi, nang-aabuso at mga mandaraya, kapag naging mas delikado na ang kanilang mga ginagawa, at kapag mas lumalaki at lumalawak na ang kanilang paghihimagsik at pang-aalipusta, ay katunayang senyales na 'yon ng kanilang pagkatalo at pagkabigo. Katunayang ito ay Sunnah ng Allah para sa kanila, o ang normal ng takbo ng buhay dito sa mundong ibabaw para sa mga namuno, mga lider ng bawat pamayanan na kanilang inakalang magpapatuloy ang kanilang pagkakaroon ng pansamantalang kapangyarihan. Ito na ay Sunnah ng Allah na katapusan ng mga mandaraya, mapang-api, at mapang-abuso sa kasaysayan ng mundo.

At katunayan na ang kaparusahan ng silang mga mandaraya sa huling araw ay napakasidhi at napakatindi. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَلَا تَحْسَبَنَّ اللَّهَ غَفْلًا عَمَّا يَعْمَلُ الظَّالِمُونَ إِنَّمَا يُؤَخِّرُهُمْ لِيَوْمٍ تَشْخَصُ فِيهِ الْأَبْصَارُ﴾ [إبراهيم:42]

"At huwag mong isipin kailanman, na ang Allah ay hindi nakakatalos sa anumang ginagawa ng mga mapaggawa ng kamalian, sila ay Kanyang binibigyan (lamang)

ng (sapat na) palugit hanggang sa Araw na ang mga mata ay nakatulala sa ligalig (sanhi ng matinding sindak)."

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na hindang-hindi magtatagumpay ang kawalang-katarungan; walang mananatiling hari o lider sa kanyang pwesto kapag siya ay gumawa ng kawalang-katarungan at walang sibilisasyon ang uunlad o lalago kapag laganap ang kawalang-katarungan rito. At katotohanan na ang katarungan naman ay isang kayamanan at proteksyon ng isang hari, at kapayapaan para sa silang kanyang mga kinasasakupan. Ang lahat ng tao ay mapapanatag ang kanilang kalooban kapag alam nilang ang katarungan ay siyang laganap at nasusunod sa kanilang pamayanan. At kahit na ang isang hari o lider ay kaafir kung siya naman ay makatarungan ay maliligtas siya sa kasamaan. Sinabi ng Allah:

﴿ وَمَا كَانَ رَبُّكَ لِيُهِلِكَ الْفُرَىٰ يُظْلِمُوا أَهْلُهَا مُضِلًّا ﴾ [هود: 117]

"At kailanman, hindi wawasakin ng iyong Panginoon ang mga pamayanan (o mga bayan) nang di-makatarungan kung ang mga mamamayan nito ay mapaggawa ng matuwid."

Sinabi ni Imam Ibn Taimiyah rahimahullah, "Katotohanang ang Allah ay Kanyang itatayo ang isang bansang makatarungan kahit pa ito ay bansa ng mga hindi naniniwala. At hindi niya itatayo ang isang bansang kawalang-katarungan kahit pa ito ay bansa ng mga Muslim." At nagsabi nga ng totoo ang ating Imam patungkol rito, dahil nakasulat na rin ito sa kasaysayan ng mundo.

﴿ سُنَّةَ اللَّهِ الَّتِي قَدْ خَلَتْ مِنْ قَبْلُ وَلَنْ يَجِدَ لِسُنَّةِ اللَّهِ تَبْدِيلًا ﴾ [الفتح: 23]

"Ito ang pamamaraan ng Allah (na umiral na) noon pa man. At kailanman, wala kang matatagpuang alinmang pagbabago sa kaparaanan (o landas) ng Allah."

Mga alipin ng Allah, nalaman na natin kung gaano kasama ang kawalang-katarungan at ano ang kahihinatnan ng silang mga gumagawa nito. Alam na rin natin na wala silang patutunguhan maliban na mahaharap at malalasap nila ang kaparusahan ng Allah dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Kaya naman, nararapat na alisin natin ang salitang kawalang-katarungan at iwasan natin itong mangyari. At siguro ay makakatulong ang mga bagay na ating babanggitin upang maalis ang kawalang-katarungan sa ating paligid;

Una; ang pagiging maayos ng bawat indibidwal, ang pagiging maayos ng kanilang mga puso at mga gawain. Dahil kapag ang isang tao ay magiging mabuti o maayos, ay magiging maayos rin ang kanyang pamilya, at pagkatapos ay magiging maayos rin ang buong pamayanan.

﴿ وَمَا كَانَ رَبُّكَ لِيُهْلِكَ الْقُرَىٰ بِظُلْمٍ وَأَهْلِهَا مُصْلِحُونَ ﴾ [هود:117]

“At kailanman, hindi wawasakin ng iyong Panginoon ang mga pamayanan (o mga bayan) nang di-makatarungan kung ang mga mamamayan nito ay mapaggawa ng matuwid.”

Dahil katunayan na bago mo kamuhian ang pandaraya at silang mga mandaraya ay tignan mo muna ang iyong sarili. Ikaw ba ay kasama sa mga mabubuti at mga maayos na tao?

Pangalawa; ang hindi pagsali sa pandaraya at mga mandaraya at hindi pag-kampi sa kanila, hindi sa salita o gawa. Dahil isa ito sa mga dahilan ng paglaganap ng mga pandaraya. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ وَلَا تَرْكَبُوا إِلَى الَّذِينَ ظَلَمُوا فَتَمَسَّكُمُ النَّارُ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ اللَّهِ مِنْ أَوْلِيَاءَ ثُمَّ لَا تُنصَرُونَ ﴾ [هود:113]

“At huwag ninyong kampihan ang mga walang pananampalataya na mga masasama, dahil masusunog kayo sa Impiyernong-Apoy, at walang sinuman ang makatutulong sa inyo ni mangangalaga bukod sa Allah, sa gayon, kayo ay hindi matutulungan.”

At ang pagkampi sa kanila ay ang pananahimik sa kanilang kasamaan, kawalang-katarungan, pang-aapi at pang-aabuso.

Pangatlo; ang paglayo, pag-iwan, at pag-iwas sa kawalang-katarungan at sa silang mga gumagawa nito, at ang hindi pagtulong sa kanila. Sinabi ng Allah:

﴿وَإِذَا رَأَيْتَ الَّذِينَ يَخُوضُونَ فِي آيَاتِنَا فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ حَتَّى يَخُوضُوا فِي حَدِيثٍ غَيْرِهِ وَإِمَّا يُنسِيَنَّكَ الشَّيْطَانُ فَلَا تَقْعُدْ بَعْدَ الذِّكْرِى مَعَ

الْقَوْمِ الظَّالِمِينَ ﴿٦٨﴾ [الأنعام:68]

“At kapag nakita mo, O Muhammad, yaong mga nakikipagtalo (ng may panunuya) hinggil sa Aming mga kahayagan (ng Qur’an), ikaw ay lumayo sa kanila hanggang kanilang baguhin ang paksa. At kung ipang-adya ng satanas na ikaw ay makalimot, huwag kang manatiling nakikiupo sa mga taong mapaggawa ng kamalian pagkaraan mong maalala.”

Pang-apat; ang pananalangin na maalis ang kawalang-katarungan at silang mga gumagawa nito. At sa Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"وَاتَّقِ دَعْوَةَ الْمُظْلُومِ؛ فَإِنَّهُ لَيْسَ بَيْنَهَا وَبَيْنَ اللَّهِ حِجَابٌ"

“Katakutan mo ang panalangin ng taong inapi, dahil tunay na walang harang sa pagitan nito at ng Allah”

Kaya naman, ang lahat ng mga Propeta at mga Sugo ay kapag nawalan na sila ng pag-asa sa silang mga masasamang tao; mapang-api at mapang-abuso ay nagdu-Dua na lang sila sa Allah at pinapaubaya na lang nila ang kanilang kasamaan sa Allah. Tulad ng nabanggit sa Qur’an patungkol kay Propeta Nuh alayhis-salam:

﴿ رَبِّ اغْفِرْ لِي وَلِوَالِدَيَّ وَلِمَنْ دَخَلَ بَيْتِي مُؤْمِنًا وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ وَلَا تَزِدِ الظَّالِمِينَ إِلَّا تَبَارًا ﴾ [نوح: 28]

“Aking Panginoon, patawarin Mo po ako at ang aking mga magulang at ang sinomang pumasok sa aking tahanan bilang isang naniniwala, at ang mga naniniwalang lalaki at ang mga naniniwalang babae. At huwag Mo pong dagdagan ang mga mapaggawa ng kamalian maliban sa kapariwaraan.”

At si Propeta Musa alayhis-salam naman ay kanyang ipinaubaya rin ang kasamaan ni Fir’awn sa Allah.

﴿ وَقَالَ مُوسَىٰ رَبَّنَا إِنَّكَ ءَاتَيْتَ فِرْعَوْنَ وَمَلَأَهُ زِينَةً وَأَمْوَالًا فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا رَبَّنَا لِيُضِلُّوا عَنْ سَبِيلِكَ رَبَّنَا اطْمِسْ عَلَىٰ أَمْوَالِهِمْ

وَأَشْدُدْ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَلَا يُؤْمِنُوا حَتَّىٰ يَرَوْا الْعَذَابَ الْأَلِيمَ ﴾ [يونس: 88]

“At sinabi ni Musa: “O Allah na aming Panginoon, tunay na ikaw ay nagkaloob kay Fir’awn at sa kanyang mga punong-kawal ng karangyaan at yaman ng buhay sa mundong ito, Aming Panginoon, upang kanilang mailigaw (ang mga tao) mula sa iyong landas. Aming Panginoon, sirain (pawiin) Mo po ang kanilang yaman, at patigas in Mo po ang kanilang mga puso, upang sila ay hindi maniwala hanggang kanilang makita ang mahapding parusa.”

At ang Propeta Muhammad ﷺ ay kanya ring ipinagdu-Dua sa kanyang Salah ang silang mga masasamang loob; mga mapanggawa ng kawalang-katarungan, mapang-api at mapang-abuso. Kanyang sinasabi:

"اللهم عليك بقريش، اللهم عليك بقريش"

“O Allah parusahan Mo ang Qurasyh, O Allah parusahan Mo ang Quraysh”

At kanyang binanggit ang mga pangalan ng mga taong gumagawa ng kawalang-katarungan.

Panglima at panghuli; ang paghikayat sa kanila ng makatarungan at maayos, payuhan sila ng mabuti, at kausapin sila ng mahinahon. Tratuhan sila ng maayos sa pananalita at pakikipagkapwa. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿ اَدْعُ إِلَى سَبِيلِ رَبِّكَ بِالْحُكْمِ وَالْمَوْعِظَةِ الْحَسَنَةِ وَجِدْ لَهُمُ الْبَالِغَ فِي إِحْسَنِ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنْ ضَلَّ عَنْ سَبِيلِهِ وَهُوَ

أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ ﴿١٢٥﴾ [النحل: 125]

“Hikayatin mo, O Muhammad, ikaw at ang sinumang sumunod sa iyo, (ang sangkatauhan) sa landas ng iyong Panginoon ng may karunungan at mahusay na talakayan, at makipagtalo sa kanila sa paraang pinakamahusay. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Lubos na Nakakabatid kung sino ang napaligaw mula sa Kanyang Landas, at Kanyang Lubos na nakababatid kung sino ang (matuwid na) napatnubayan.”

Kaya nararapat lang sa bawat tao na mag-Tawbah o magbalik-loob sa lahat ng mga pandaraya na kanyang nagawa, at sa lahat ng uri ng kasalanan sa kanyang sarili at sa ibang tao. Dahil katotohanan na ang kawalang-katarungan ay kadiliman sa huling araw. At hindi mapapatawad ang silang mga gumagawa ng kawalang-katarungan; mapang-abuso at mapang-api, maliban na sila ay magbalik-loob sa Allah at kanilang ibalik ang inagaw nilang mga karapatan at humingi sila ng tawad sa kanilang mga nasaktan.

Hilingin natin sa Allah na gabayan tayo at alagaan sa lahat ng ating mga ginagawa, at tulungan tayong maayos ang lahat ng mga bagay-bagay, at biyayaan tayo na makagawa at makapagsalita ng mga ikalulugod Niya.



Ang Karapatan Ng Dalawang Magulang

الخطبة الأولى:

O kayong mga Muslim! likas na sa isang tao ang pagmamahal sa sinumang naging mabuti sa kanya, at ang mga puso ay panatag at laging hinahanap kung sino ang may mas mataas na katayuan at mas malapit dito, at wala ng mas hihigit pa sa usaping pagpapakita ng kabutihan at kagandahang loob pagkatapos ng Allah -ﷻ- sa kabutihan ng dalawang magulang at pagmamahal nila. At tunay na iniugnay ng Allah -ﷻ- ang kanilang karapatan sa Kanyang karapatan, ganoon din iniugnay ang pagpapasalamat sa kanila sa pagpapasalamat sa Kanya, at tinagubilin Niya ang pagiging mabuti sa kanila matapos ang pag-uutos na sambahin Siya.

﴿وَأَعْبُدُوا اللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا﴾ [النساء: 36]

“At sambahin ninyo ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi at magpasailalim kayo sa Kanyang Kaisahan, at huwag na huwag kayong gagawa ng pagtatambal sa Kanyang pagiging ‘Rabb’ na Tagapaglikha at sa pagsamba sa Kanya; at makitungo kayo nang mabuti sa inyong mga magulang”

Ang pasasalamat ay sa Allah -ﷻ- dahil sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay nilikha tayo at ginawa tayong umiiral sa mundong ito, at pasalamatan din natin ang dalawang magulang dahil sa pamamagitan ng pahintulot ng Allah -ﷻ- ay nakuha natin ang biyayang pag-aaruga at pagsilang nila sa atin. Sinabi ni Ibnu Abbas - radiyallahu anhum- : “Tatlong talata ang iniugnay sa tatlo (ginawa itong magkapares): hindi matatanggap ang isa nito kung wala ang kapares niya:

﴿وَأَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ﴾ [المائدة: 92]

“Sumunod kayo, O kayong mga Muslim sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (r)”

Kayat sinuman ang sinunod niya ang Allah-ﷻ subalit hindi niya sinusunod ang Sugo -ﷻ- ay hindi iyon tatanggapin mula sa kanya.

﴿وَأَقِمْوْا الصَّلَاةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ﴾ [النور: 56]

“At isagawa ninyo nang ganap ang pagsa-Salah, at ibigay ninyo ang obligadong kawanggawa”

Kayat sinumang nagsagawa ng pagdarasal subalit hindi nagbibigay ng obligadong kawanggawa ay hindi iyon tatanggapin mula sa kanya,

﴿أَنْ أَشْكُرَ لِي وَلَوْلَا ذَلِكَ﴾ [لقمان: 14]

“Magpasalamat ka sa Allah, at pagkatapos ay magpasalamat ka sa iyong mga magulang”

Kayat sinuman ang nagpasalamat sa Allah-ﷻ subalit hindi nagpasalamat sa dalawang magulang niya ay hindi iyon matatanggap, dahil nalulugod ang Allah-ﷻ sa kung ano ang nagpapalugod sa dalawang magulang, at nasusuklam sa kung ano ang kinasusuklanan ng dalawang magulang.

O kayong mga mananampalataya! Ang kabutihan ng dalawang magulang ay isang napakadakilang bagay, at ang kainaman nila ay higit na mas nauuna at nakakalamang, inyong pagnilay-nilayan ang kalagayan ng isang bata sa musmos nitong gulang, at ang pagiging mahina nito, sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿رَبِّ أَرْحَمُهُمَا كَمَا رَبَّيْنِي صَغِيرًا﴾ [الإسراء: 24]

“Aking Panginoon kaawaan at mahabag ka sa aking dalawang magulang tulad ng kanilang pag-aaruga at pag-aalaga sa akin noong ako’y maliit pa”

Ikaw ay dinala ng iyong nanay sa kanyang sinapupunan sa loob ng siyam na buwan, at sa mga panahong ito ay patong-patong na hirap at pagod ang kanyang dinanas, at sinilang ka niya, sa sobrang sakit ay kailangan niyang lumaban kahit na ayaw niya itong maramdaman at habang ikaw ay pinapalaki at inaaruga ay walang nadadagdag sa kanya kundi hirap, pasakit at kawalan ng pahinga.

Habang ikaw ay isinisilang ay tunay ngang nasaksihan ng kanyang dalawang mata ang kamatayan, subalit sa isang iglap na nakita kang nakahiga sa kanyang tabi ay agaran ding nakalimutan ang mahabang hirap at sakit na kanyang naranasan, at itinuon sa iyo ang lahat ng mga mabubuti at magagandang pangarap, pinangarap sayo lahat ng mabubuting bagay at mga palamuti na mayroon sa buhay na ito, hanggang sa naging abala lagi ang ang kanyang araw at gabi upang pagsilbihan ka, napapakain ka niya sa pamamagitan ng buong kalusugan niya, nagsisilbing pagkain mo ang gatas na nagmumula sa kanya, at ang tahanan mo ay ang kandungan at dibdib niya, at ang sasakyan mo ay ang kanyang kamay, dibdib at likuran.

Inaalala ka at inaalagaan, nagugutom para lamang mabusog ka, napupuyat para lamang makatulog ka ng maayos, siya saiyo ay napakamaawain, sa tuwing hindi mo siya nakikita ay tinatawag mo siya, at kapag hindi ka niya pinansin ay sinusuyo mo siya, at kapag may masamang tumama saiyo ay hinihingian mo siya ng saklolo, lagi mong inaasahan ang lahat ng mabuti mula sa kanya, at napapanatag ka at mapayapa sa tuwing karga ka, kayakap at pinagmamasdan ka.

At ang iyong Ama ikaw ay para sa kanya ay kaduwagan niya at nagiging madamot siya alang-alang saiyo, umaalis at pumupunta kung saan-saan, at pinagtatangol ka mula sa anumang kapahamakan, palipat-lipat sa paglalakbay, binabay-bay ang mga malalawak na lupain at disyerto, tinitii ang lahat ng hirap at pagod para mahanap ang biyaya ng Allah at kabuhayan, sinusustentuhan ka at inaayos ang kalagayan mo at inaaruga ka, kapag ikaw ay pumasok sa kanya siya ay nasisiyahan at puno ng ngiti ang kanyang labi, at kapag siya ay lumabas pinipigilan mo siya, at kapag dumarating ay niyayakap mo siya, ito silang dalawa ang magulang mo, at iyon ang kabataan mo at noong musmos kapa, kaya bakit ngayon masama ang

iganti sa kabutihan, at paghigpitan at pagiging matapang ang ipinalit na para bagang ikaw ang nag-aruga at nagbigay ng lahat ng kabutihan sa kanila?

Isinalaysay ni Bukari at Muslim mula kay Abdullah Bin Amr Bin Al'as - radiyallahu anhu- sinabi niya:

"أقبل رجل إلى رسول الله -صلى الله عليه وسلم- فقال: أبايعك على الجهاد والهجرة أبتغي الأجر. قال: "فهل من والديك أحد حي؟" قال: نعم بل كلاهما. قال: "فتبتغي الأجر من الله؟". قال: نعم. قال: "فارجع إلى والديك فأحسن صحبتهما"

"Dumating ang isang lalaki sa Rasulullah -ﷺ- at kanyang sinabi: ako ay nangangako na sumama sa jihad at paghijra (pangingibang bayan) gusto ko ng gantimpala. Sinabi niya-ﷺ-: **"buhay pa ba ang isa sa mga magulang mo? Siya'y sumagot: Oo bagkus dalawa sila ay buhay pa, sinabi niya -ﷺ-: at gusto mo ng gantimpala mula sa Allah? Sinabi niya: Oo. Sinabi niya-ﷺ-: bumalik ka sa iyong dalawang magulang at iyong paghusayan ang mabuting pakikitungo sa kanila"**

O aking mga kapatid sa Allah! Tunay na ang karapatan ng magulang ay isang dakilang Karapatan, at ang kabutihan nila ay hindi matutumbasan, at kabilang sa karapatan nila ay ang mahalín at kilalanin ang mataas na katayuan nila, sundin sila, igalang at maging matapat sa pakikipag-usap sa kanila, at ibigay ang mga mabuting bagay na nais nila ,gumugol ka ng iyong yaman para sa kanila sa abot ng iyong makakaya, nabanggit sa hadith: **"ikaw at ang iyong kayamanan ay para sa iyong Ama"**

Ipagtanggol sila sa anumang kapahamakan tulad ng pagtatanggol nila sa iyo, huwag magtaas ng boses sa kanila, at ipaiwas sila sa mga bagay na ikagagalit nila, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿ فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا ﴾ [الإسراء: 23]

“At huwag kang magbitiw sa kanila nang anumang salita nang kawalang-paggalang, kahit pagsasabi lamang ng ‘Oop’ na nagpapahiwatig ng pagkayamot, at huwag na huwag mangyari sa iyo ang pagsasabi ng anumang masamang salita laban sa kanila”

Makiusap sa kanila ng may kababaang loob, at magalang na pakikipag-usap at malumanay. Magpakumbaba sa kanila, magpakita ng magandang asal at awa sa kanila, tunay na sumapit na sa kanila ang kahinaan, pagkalimot at matanda na matapos nilang gugulin ang lahat ng mayroon sa kanila para sa iyo, pagnilay-nilayan mo kapatid ang sinabi ng Allah:

﴿إِمَّا يَبْتَغِ عِنْدَكَ الْكِبَرَ﴾ [الإسراء: 23]

“Maging mabuti sa kanila lalung-lalo na kapag inabot nila ang katandaan sa iyong kapanahunan”

Tumutukoy ito sa kanilang pangangailangan dahil noong kanilang natapos na ang kanilang tungkulin sa iyo, at nagampanan ang kanilang papel sa buhay mo ay nagsisimula naman ngayon ang tungkulin mo sa kanila at ito ay mahalagang layunin na dapat mong gampanan:

﴿فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا﴾ [الإسراء: 23]

“At huwag kang magbitiw sa kanila nang anumang salita nang kawalang-paggalang, kahit pagsasabi lamang ng ‘Oop’ na nagpapahiwatig ng pagkayamot, at huwag na huwag mangyari sa iyo ang pagsasabi ng anumang masamang salita laban sa kanila, bagkus ay maging mahinahon ka sa pakikitungo sa kanila, at makipag-usap ka sa kanila ng may pagpaparangal na pakikipag-usap at pawang mabubuting salita lamang ang iyong sasabihin”

Sinabi ng isang lalaki kay Umar Bin Al-khattab -radiyallahu anhu:- katotohanan mayroon akong isang Ina at siya ay matanda na, hindi makakagalaw para sa mga pangangailangan niya maliban na lamang na aking likuran ay sandalan at sasakyan niya, sa ganitong gawain ba ay naibigay ko ang karapatan niya at natumbasan ang kabutihan niya? Sinabi ni Umar-radiyallahu anhu- : hindi, sa

kadahilanang ang iyong ina ay ginawa niya ang lahat upang pagsilbihan ka noong bata kapa dahil pinapangarap niyang manatili ka at lumaki ng tama at maayos, samantalang ikaw ginagawa mo ito ngayon at nangangarap ka na mawala siya at mahiwalay siya sa iyo, pero sa ginawa mong ito ikaw ay kabilang sa mga mabubuti, at ang Allah -ﷻ- nagbibigay ng maraming gantimpala sa kaunting gawain.

Totoo mga kapatid, tunay na ang karapatan nila ay dakilang karapatan, kaya nararapat na isama sila sa ating mga panalangin sa panahong nabubuhay sila o kaya sa libingan na, bilang pag-ako ng ating pagkukulang at paghahangad sa kung anong mayroon sa Allah -ﷻ-.

﴿ رَبِّ ارْحَمْهُمَا كَمَا رَبَّيْتَنِي صَغِيرًا ﴾ [الإسراء: 24]

“O aking Rabb! kaawaan po Ninyo sila tulad ng kanilang pag-aruga at pagmamahal sa akin noong ako ay maliit pa”

Mga kapatid ko sa pananampalataya! tunay ngang nakakalungkot at isang bagay na kahiya-hiya, ay ang biglain ang dalawang magulang na suklian ang kabutihan nila ng kasamaan, wala silang ginawa kundi puro kabutihan ang binigay sa anak nila at pinagtitibay ang relasyon nila sa pamamagitan ng kabutihan, at ngayon bakit bigla na lamang nakalimutan nitong anak ang dating siya na mahina at walang-wala, nalinlang siya ng kanyang kalakasan, kabataan, propesyon at naabot na edukasyon, naging mapagmataas, mayabang at ngayon ay pinipinsala ang dalawang magulang, tinataasan ng boses at minsan umaabot na saktan sila pisikal, sampalin, at baka suntukin o sipain, at minsan kasuklaman sila dahil sa gusto nitong mawala na sila sa buhay niya, at minsan umabot sa punto na sisihin sila dahil sa pinanganak siya, pakikitungo na hindi kayang kainin ng konsensya at nakakadurog ng puso.

O ikaw na isang hamak at walang utang na loob! Ngayon bang matanda na sila at nangangailangan sila sa iyo ay gagawin mo ba silang pinaka-walang kwenta sa

paningin mo? Samantalang sa ibang tao ay nagawa mong magpakabuti, tinumbasan mo ang kabutihan nila ng pagkalimot, at nahihirapan kang harapin sila at nagpapasikip sa dibdib mo ang pananatili nila sa mundo. Hindi mo ba alam, sinuman ang naging mabuti sa kanyang magulang ay maging mabuti din sa kanya ang kanyang mga anak, darating ang panahon na kakailanganin mo din ang kabutihan ng iyong mga anak, at ang tao ay gagawin din sa kanya kung ano ang ginawa niya sa iba, at ang gantimpla ay nakadepende sa gawain. Sinabi ng Propeta ﷺ:-

"ما من ذنب أجدر أن تعجل لصاحبه العقوبة في الدنيا مع ما يدخر له في الآخرة من البغي وقطيعة الرحم."

“Walang kasalanan na mas pinapauna ang parusa nito sa mundo pa lang at naiipon din ito (bilang kasalanan) para sa gumawa nito sa kabilang buhay maliban sa paggawa ng hindi makatarungan sa tao at pagputol sa ugnayang pagkakamag-anakan “

At ang pinakadakilang kasalanan ay ang shirk (pagtatambal) at pagiging suwail at masamang pakikitungo sa dalawang magulang, at maraming hadith ang mababasa patungkol dito, ilan dito ay ang sumusunod:

عن جابر -رضي الله عنه- قال: خرج علينا رسول الله -صلى الله عليه وسلم- فقال: "يا معشر المسلمين إياكم وعقوق الوالدين، فإن ریح الجنة توجد من مسيرة ألف عام، والله لا يجد ريحها عاق"

Inulat ni Jabir -radiyallahu anhu-sinabi niya : lumabas ang Propeta ﷺ- at kanyang sinabi: **“O kayong mga muslim! inyong iwasan ang masamang pakikitungo sa magulang, tunay na ang halimuyak ng Paraiso ay maaamoy kahit sa layo ng isang libong taon, sumpa sa Allah hindi matagpuan ang halimuyak nito ng isang taong masama ang pakikitungo niya sa kanyang magulang”**

عن علي -رضي الله عنه- عن النبي -صلى الله عليه وسلم- قال: "من سره أن يمد له في عمره ويوسع له في رزقه ويدفع عنه ميتة السوء فليتق الله وليصل رحمه"

Mula kay Ali -radiyallahu anhu- mula sa Propeta ﷺ-sinabi niya: **"Sinumang nagagalak na pahabain ang kanyang buhay, at paramihin ang kanyang biyaya at ilayo sa kanya ang masamang katapusan sa mundong ito ay marapat niyang katakutan ang Allah ﷻ at palakasin ang ugnayan niya sa kanyang mga kamag-anak"**

At walang duda na ang magulang ay sila ang pinakamalapit na kamag-anak. Ako ay nagpapakupkop sa Allah ﷻ-mula sa sinumpang Satanas :

﴿ وَفَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبُلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا

رَبُّكَ أَعْلَمُ بِمَا فِي نُفُوسِكُمْ وَأَخْفِضْ لَهُمَا جَنَاحَ الذُّلِّ مِنَ الرَّحْمَةِ وَقُلْ رَبِّ ارْحَمْهُمَا كَمَا رَبَّيَانِي صَغِيرًا ۝ وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ۝

[الإسراء: 23-25] إِنْ تَكُونُوا صَالِحِينَ فَإِنَّهُ كَانَ لِلْأَوَّابِ غَفُورًا ۝

"At ipinag-utos ng iyong Rabb, O ikaw na tao, na wala kang karapat-dapat na sambahin kundi Siya na Bukod-Tangi, at ipinag-utos din Niya na ikaw ay maging mabuti sa iyong mga magulang lalung-lalo na kapag inabot nila ang katandaan sa iyong kapanahunan, huwag kang magbitiw sa kanila nang anumang salita nang kawalang-paggalang, kahit pagsasabi lamang ng 'Oop' na nagpapahiwatig ng pagkayamot, at huwag na huwag mangyari sa iyo ang pagsasabi ng anumang masamang salita laban sa kanila, bagkus ay maging mahinahon ka sa pakikitungo sa kanila, at makipag-usap ka sa kanila ng may pagpaparangal na pakikipag-usap at pawang mabubuting salita lamang ang iyong sasabihin. At magpasailalim ka sa panuntunan ng pagsunod at pagpapakumbaba sa iyong mga magulang bilang awa sa kanila at hilingin mo sa iyong Rabb na kaawaan sila sa pamamagitan ng Kanyang napakalawak na pagkaawa, buhay man sila o patay na, na tulad ng kanilang pagtitiis noong ikaw ay pinapalaki nila na bata pa na mahina na walang anumang kakayahan.* Ang inyong Rabb ay ganap na Nakaaalam sa mga ikinikimkim ninyo sa inyong mga sarili, mabuti man ito o masama. Kung ang hangarin ninyo ay kalugdan kayo ng Allah at gumawa ng anumang ikalalapit ninyo

sa Kanya, ay katiyakan, ang Allah ay higit na Mapagpatawad sa lahat ng pagkakataon sa sinumang nagbabalik loob”

الخطبة الثانية:

Katakutan ninyo ang Allah-ﷻ- mga kapatid sa Islam, kabilang sa kabutihan ay ang kilalanin ng isang tao ang mga kaibigan ng kanyang magulang, at paghusayan ang pakikitungo sa kanila at ibigay ang karapatan nila, tunay na sinabi ng Sugo -ﷻ-:

"إن من أبر البر صلة الولد أهل ود أبيه"

“katotohanan kabilang sa pinakamabuting gawain ay ang mapanatili ng anak ang ugnayan niya sa mga taong kamahal-mahal sa kanyang Ama”

Walang pag-aalinlangan mga kapatid nawa mapasa inyo ang habag ng Allah, ang lahat ng uri ng pagiging mabuti sa magulang ay napapaloob dito ang: paghaba ng buhay, pagdami ng biyaya, at kaayusan sa mga anak, sinumang naging mabuti sa magulang niya, ay ganon din ang mga anak niya pagdating ng araw ay maging mabuti din sa kanya, at ang masamang pakikitungo sa magulang ito ay kapahamakan, at kawalan ng utang na loob, at nabanggit na natin kanina: na ang Allah-ﷻ- ay pinapadala niya ang paunang parusa sa isang masamang anak dito palang sa mundo, at dinadagdagan niya ang kabutihan at buhay ng isang mabuting anak.



Ang Karapatan Ng Mga Anak

الخطبة الأولى:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam! Ang mga anak ay kabilang sa mga dakilang pagpapala at biyaya ng Allah -ﷻ- sa Kanyang mga alipin. At sinuman ang biniyayaan ng mga anak ay maaring hindi niya binibigay ang nararapat sa kanya sa biyayang ito o kaparatan nito sa kanya, at mayroon din iilang tao na hindi nabigyan ng anak, kaya ginugol ang lahat ng mayroon sa kanilang mag-asawa, palipat-lipat sa mga ospital para lamang magkaroon ng anak.

At ang anak -lalaki man o babae- kapag ito ay nadisiplina at napalaki sa pagsunod sa Allah -ﷻ-, ay walang duda na makinabang dito ang dalawang magulang niya maging sila man ay buhay pa sa mundong ito o kaya ay pagkatapos ng kamatayan. Kaya dahil dito binanggit ng Sugo -ﷻ- ang patungkol sa mga bagay na mapapakinabangan ng anak ni Adan pagkatapos ng kanyang buhay sa mundong ito, at kabilang sa nabanggit ay ang anak, ngunit marapat na ang katangian nito ay mabuting anak (waladun salih).

Bawat magulang ay pinapangarap para sa kanilang mga anak na maging pinakamabuting tao (sa larangan ng relihiyon o kaya estado sa buhay). Subalit ang usaping ito ay hindi ganoon kadali, hindi siya bagay na kinukuha lamang o binibigay, mangyayari lamang ito matapos na gawin ang sobrang pagsisikap at pasukin lahat ng mga mabubuting paraan upang matamo ang kanilang tagumpay dito sa mundo at kabilang buhay. At hindi rin ito katulad ng iniisip ng iba na boluntaryong tungkulin lamang bagkus ito ay obligadong gawain na inutos sa atin ng Allah -ﷻ-:

﴿يَأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَظٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ

مَا يُؤْمَرُونَ ﴿٦﴾ [التحریم: 6]

“O kayong mga naniwala sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo, pangalagaan ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos ng

Allah at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal sa inyo, at pangalagaan ninyo ang inyong pamilya na tulad ng pangangalaga ninyo sa inyong mga sarili mula sa Impiyernong-Apoy na ang panggatong ay mga tao at bato, na ang mga nagpaparusa roon na nasa Impiyrno ay mahihigpit na mga anghel at masisidhi sa kanilang pagpaparusa, at hindi nila nilalabag ang anumang ipinag-utos ng Allah sa kanila, at ipinatutupad nila ang anumang ipinag-utos sa kanila”

At sinuman ang naging pabaya sa tungkuling ito, ay nabanggit din mula sa mga salaysay ang patungkol sa matinding babala at pagbabanta laban sa kanila. Mula kay Ma’qil Bin Yasaar, kanyang sinabi: Narinig ko ang Propeta -ﷺ- nagsasabi:

"ما مِنْ عَبْدٍ اسْتَرْعَاهُ اللَّهُ رَعِيَّةً فَلَمْ يَحْطُهَا بِنَصِيحَةٍ، إِلَّا لَمْ يَجِدْ رَائِحَةَ الْجَنَّةِ" (رواه البخاري 7150، ومسلم 142).

Sa malapit na kahulugan nito “walang alipin na pinili ng Allah bilang tagapangalaga sa isang bagay na pinagkatiwala sa kanya, at hindi niya binigay ang karapatan at tungkuling nararapat dito (dahil sa pagpapabaya), maliban na hindi niya matagpuan o maamoy ang halimuyak ng Paraiso”

Mga kapatid sa Islam! Alamin po ninyo, katotohanan kabilang sa mahalagang tungkuling itinakda sa atin ng Allah -ﷻ- ay ang pagdidisiplina sa mga anak; tunay na sila ay mga ipinagkatiwala sa atin at pinili tayo ng Allah -ﷻ- para pangalagaan sila at ito ay pananagutan natin pagdating ng kabilang buhay, at lilitisin tayo sa kung ano ang nagawa nating tungkulin para sa kanila, kung ang ating nagawa ay mabuti ay mabuti rin ang katumbas nito na gantimpala, at kung masama ay masama din kapalit, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿يَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا فَوْاْ أَنفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَفُودُهَا النَّاسُ وَالْجِبَارُ عَلَيْهَا مَلَكٌ ءَكٌ غَلَظُ شِدَادٍ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ

مَا يُؤْمُرُونَ ﴿٦﴾ [التحریم: 6]

“O kayong mga mananampalataya, pangalagaan at iligtas ninyo ang inyong mga sarili, at pangalagaan ninyo ang inyong pamilya na tulad ng pangangalaga ninyo

sa inyong mga sarili mula sa Impiyernong-Apoy na ang panggatong ay mga tao at bato, na ang mga nagpaparusa roon na nasa Impiyerno ay mahihigpit na mga anghel at masisidhi sa kanilang pagpaparusa, at hindi nila nilalabag ang anumang ipinag-utos ng Allah sa kanila, at ipinatutupad nila ang anumang ipinag-utos sa kanila”

Sinabi ni Ibnu Kathir -kaawaan nawa siya ng Allah- bilang pagpapaliwanag nitong talata, ayon kay Ali -radiyallahu anhu- “inyo silang disiplinahin at turuan”, at ayon naman kay Ibnu Abbaas -radiyallahu anhuma- “isagawa ninyo ang mga kautusan ng Allah bilang pagsunod, layuan ninyo ang paglabag at pagsuway sa Allah -ﷻ- Allah, at at inyong utusan ang inyong pamilya ng pagdakila at pag-alaala sa Allah -ﷻ- ililigtas Niya kayo mula sa Impiyerno”, at sinabi ni Qataada: “inyo silang utusang sumunod sa Allah at pagbawalan ninyo sila sa pagsuway at paglabag nang sa ganoon ay lalayuan nila ito at iwanan. Sinabi ng Sugo -ﷻ-:

"مرو أولادكم بالصلاة لسبع، واضربوهم عليها لعشر" (رواه أبو داود 494، 495، والترمذي 407).

“Tutos ninyo sa inyong mga anak ang pagsasalaah sa edad na pito, at inyo silang paluin (bilang pagdisiplina) sa edad na sampo upang isagawa ang Salah” Inulat ni Abu Dawud 494 at Thirmidhi 407.

Mga alipin ng Allah! Tunay na ang kamusmusan ay mayroong mahabang panahon bilang bahagi ng buhay ng isang tao, at ito ang pinakamainam na yugto o panahon ng pagsasanay sa pananampalataya at pagtanim ng mga mabubuting katangian na siyang marapat na angkinin nito hanggang sa paglaki, at ganoon din ang mga matinong pag-unawa at mga kaisipan. Sa kadahilanang; ang mga bata sa ganitong edad ay nakikinig, nagsasaliksik, mabilis gumaya sa mga nakikita, at madaling maimpluwensyahan, at sobra ang kanilang pangangailangan na gabayan sa panahon na ito. Kaya kabilang ba sa relihiyon o matanggap ba ng matinong pag-iisip ang pabayaang silang uhaw at natutuyuan sa kabila ng mga ganitong paghihirap? Ang ganitong kapinsalaan (pag-iwan at pagpapabaya) ay hindi maaring maging daan

tungo sa pagsuko at pagtalima, kundi nararapat na ito ay magpapagising sa atin at magpaalaala na iwanan ang pagtulog at katamaran, at tumindig upang isagawa ang mga bagay na nararapat harapin at isagawa. Tama na mga kapatid! At sapat na ang ating mga nakalipas na mga pagkukulang. At sa sinumang nagnanais ng kaligtasan at tagumpay, ay nararapat niyang tahakin ang mga daan tungo rito, at kabilang sa mga daan nito ay ang pagsunod sa Sugo -ﷻ- at gawin siyang pamarisan, at mamalagi sa mga kaparaanan niya sa pagdisiplina sa mga pinapangalaan niya, at ganoon din kabilang din dito ay ang pag-aalaga at ang ibigay sa mga anak ang kanilang mga Karapatan.

Mga kapatid sa Islam! Tunay na ang isang bata ay lumalaki sa kung paano ang pagpapalaki sa kanya ng kanyang Ama. Kung ito ay pumili ng isang mabuting kapaligiran at binabantayan ang anak sa pagpunta at pagbalik nito, at nagmamasid sa anak sa bawat paglabas at pagpasok nito, at sinusulit ang mga bagay na tinitingnan at pinapakinggan nito, kung ito ba ay nagpapahalaga sa pakikinig sa Qur'an at mga salita ng mga taong may kaalaman (Ulamaa'), at pakikisalamuha nito sa mga mabubuting tao at matatakutin sa Allah -ﷻ-, hindi malulugod maliban na ang mga kasama nito ay mga taong matino ang pag-iisip, at hindi hahayaang umaalis maliban na ang mga kasama ay mga taong may mabubuting hangarin.

Ang aking masasabi, kung ang ating mga nabanggit ay siya ang kalagayan ng isang ama sa kanyang anak, ay tiyak na masasaksihan niya sa bata ang puro kabutihan lalo na sa paglaki nito, at wala itong maiiambag sa lipunan maliban na puro kabutihan. Subalit kung ang ama ay pinalaki ang anak sa isang magulo at masamang kapaligiran, narito ang mga kapahayagan, magasin, at mga iba-ibang tsanel (daluyan ng mensahe o channel), mga palaruan (video games) na nagpapaubos ng oras at dito nakukuha ang paglipat-lipat ng mga masasamang salita at mga kilos, at minsan natutunan sa mga larong ito ang paggawa ng krimen at mga pamamaraan nito, at sa

kabila ng ganitong kapaligiran na pinili ng ama ay naging pabaya pa ito sa pagbabantay at pagmamasid sa kanyang anak at hinahayaan itong makipagbarkada sa mga masasamang kabataan at makihalubilo sa mga masasamang tao, at wala siyang pakialam kung saang lambak ng kasamaan man sila mapunta, gumagawa ng kapinsalaan at hindi gumagawa ng kabutihan maging sa mga publikong lugar, pribado, mga kainan, gilid ng kalsada at iba pa. Ang aking masasabi, kung ganito ang kalagayan ng bata at kapaligirang kanyang kinakalakihan ay walang duda na napakasama ang magiging hinaharap nito, at kasawian para sa kanyang dalawang magulang at kahihiyan. Napipinsala nito ang lipunan na kung saan naghahangad mula sa kanya ng kabutihan o kaya maging isang marangal.

At tunay na ito ay isang malinaw na pagtataksil at pagkanulo, pagpapabaya sa obligasyon at hindi pagiging matapat sa bagay na pinagkatiwala sa kanya, na kung saan biniyayaan ng Allah -ﷻ- ang isang tao ng malinis, dalisay at malusog na anak. At pagkatapos ay dudungisan niya ang dalisay at malinis na biyayang ito sa pamamagitan ng pagpapalaki sa mabasurang kapaligiran, at hindi maniya ito inaalagaan. Hindi man lang itinanim sa puso nitong bata ang pagmamahal sa Allah -ﷻ- at pagmamahal sa Kanyang sugo -ﷻ-, at hindi pinangalagaan ang likas na pagkilala nito sa tama, at hindi ito inuutusang gumawa ng kabutihan at hindi pinipigilan mula sa kasamaan, hindi niya ito hinihikayat magsagawa ng pagdarasal at hindi rin sinasanay sa gawaing pagsunod sa Allah -ﷻ-, hindi ito nilalayo mula sa mga malalaking kasalanan at hindi rin humaharang sa pagitan nito at mga gawaing pagsuway sa relihiyon. Sinabi ng Sugo -ﷻ- ayon sa ulat ni Albukari:

"ما من عبد يسترعيه الله رعية فلم يحطها بنصحه إلا لم يجد رائحة الجنة"

“walang alipin na pinili ng Allah bilang tagapangalaga sa isang bagay na pinagkatiwala sa kanya, at hindi niya binigay ang karapatan at tungkuling nararapat dito (dahil sa pagpapabaya), maliban na hindi niya matagpuan o maamoy ang halimuyak ng Paraiso” at sa iba pang salaysay ayon kay Muslim :

"ما من عبد يسترعيه الله رعية يموت يوم يموت وهو غاش لرعيته إلا حرم الله عليه الجنة."

"walang alipin na pinili ng Allah bilang tagapangalaga sa isang bagay na pinagkatiwala sa kanya, at mamamatay sa araw na siya ay babawian ng buhay subalit kanyang dinaya ang anumang pinagkatiwala sa kanya, maliban na ipagbawal sa kanya ang Paraiso"

Mga alipin ng Allah! katakutan natin ang Allah -ﷻ-, at tunay na napakalaki ng impluwensya ng mga magulang sa pagpapalaki sa mga anak, sila ang gumagabay sa mga ito sa maayos na paraan ng paggabay at iniingatan ang orihinal o likas na pagkalikha sa kanila at lalo na ang likas na pagkilala sa Tagapaglikha. At sila rin bilang pagsalungat sa nauna ang humaharag sa pagitan ng mga anak at ng gabay, at pinatatahak sa mga anak ang landas ng kasamaan at kaligawan. Mula kay Abu Hurayra -radiyallahu anhu- kanyang sinabi: sinabi ng Sugo -ﷺ-:

"ما من مولود إلا يولد على الفطرة، فأبواه يهودانه وينصرانه ويمجسانه،...."

"Ang bawat bata ay isinilang sa Fitrah (likas na paniniwala) sa Islam (mapayapang pagsuko sa Diyos), at ang mga magulang nila ang nagpalaki sa kanila para maging isang Hudyo, Kristiyano o sumasamba sa apoy" At sinabi ni Abu Hurayra -t-: at kung nais ninyo ay basahin ninyo ito:

﴿فَظَرَّتْ أَلَلَهُ أَلَى فَطَرَ النَّاسَ عَلَيْهَا لَا تَبْدِيلَ لِخَلْقِ اللَّهِ﴾ [الروم: 30]

"Na ito ang 'Fitrah' o likas na pagkakalikha ng Allah sa sangkatauhan, na kung kaya, ang pagpanatili ninyo at paghawak ninyo rito ay siyang tunay na pagpanatili sa likas na nilikha ng Allah na paniniwala na bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya. Walang pagbabago sa nilikha ng Allah at sa Kanyang 'Deen'"

Ako ay nagpapakupkop sa Allah -ﷻ- laban sa sinumpang Satanas:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَخُفُوا اللَّهَ وَالرَّسُولَ وَتَخُفُوا أَمَنَتَكُمْ وَأَنْتُمْ تَعْلَمُونَ﴾ ﴿٢٨﴾ وَأَعْلَمُوا أَنَّمَا أَمْوَالُكُمْ وَأَوْلَادُكُمْ فِتْنَةٌ وَأَنَّ اللَّهَ

عِنْدَهُ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٢٩﴾ [الأنفال: 27-28]

“O kayong mga naniwala sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo, huwag ipagkanulo ang Allah at ang Kanyang Sugo sa pag-iwas ng Kanyang ipinag-utos sa inyo at pagsagawa ng Kanyang ipinagbawal sa inyo, at huwag ninyong ipagkanulo ang ipinagkatiwala ng Allah sa inyo, dahil kayo alam ninyo na ito ay ipinagkatiwala na nararapat na pag-ingatan at isakatuparan.*At dapat ninyong mabatid, O kayong mga mananampalataya, na ang inyong mga kayamanan ay ipinagkatiwala ng Allah sa inyo, at ganoon din ang inyong mga anak ay ipinagkaloob ng Allah sa inyo bilang pagsubok na mula sa Kanya. At dapat ninyong mabatid, ang Allah sa katunayan ay nasa Kanya ang ganap at dakilang gantimpala sa sinumang natakot at sumunod sa Kanya”

الخطبة الثانية:

O kayong mga muslim! Tunay na ang inyong relihiyon ay siyang pinakamahalagang pagmamay-ari na mayroon kayo, at ang pagsunod sa inyong Rabb -ﷻ- ay siyang pinakamarangal na ipon ninyo, at katotohanan ang pagiging pabaya sa relihiyon, pagtakas mula sa mga kautusan nito, at paglayo mula sa mga magagandang asal at mabuting pag-uugali, at hinahayaang makita ang mga anak na mahina ang pagsabuhay ng relihiyon, at hindi nakakaramdam ang ama ng kahit anumang selos para dito at hindi rin inuutusan ang mga anak na alagaan ang kanilang pananampalataya, tunay na ito ay malinaw na halimbawa ng pagiging may mahinang pananampalataya at isa itong uri ng pagkukunwari. At tunay na walang alipin na nalasap ang linamnam at tamis ng pananampalataya, at magkahalo ang kasiyahan sa kanyang mukha at kaligayahang mayroon sa kanyang puso, at natagpuan ang malamig na pakiramdam dahil sa kanyang walang pag-aalinlangan sa kanyang paniniwala, maliban na makikita mo siyang mupupuri at dumadakila sa Allah -ﷻ- sa

biyayang gabay at pananampalataya, nagpapasalamat sa mga biyaya ng Kanyang Rabb at iniingatan ang mga ito, at nilalayuan ang mga mapanlinlang na bagay at ganoon din ang pagsuway sa Dakilang Tagapaglikha. Masigasig sa pagbabahagi ng kabutihan sa ibang tao at lalong-lalo na sa silang mga nasa pangangalaga nito. Sinabi ng Sugo -ﷺ-:

"ثلاث من كن فيه وجد حلاوة الإيمان: أن يكون الله ورسوله أحب إليه مما سواهما، وأن يحب المرء لا يحبه إلا الله، وأن يكره أن يعود في الكفر كما يكره أن يقذف في النار."

"Tatlong katangian na kapag mayroon ang mga ito sa isang tao ay kanyang makakamtan o matitikman ang tamis ng tunay na pananampalataya: ang mahalín niya ang Allah -ﷻ- at ang Kanyang Sugo -ﷺ- ng pagmamahal na walang katulad at walang kapantay, ang mahalín niya ang kapatid niyang muslim alang-alang sa Allah -ﷻ-, ang kamuhian niya ang pagbalik sa kufr (lihis na landas o masasamang gawain) tulad ng pagkamuhi niya na makapasok sa impiyerno"

Mga magulang at silang mga may pinapangalagaan! Kailan ninyo tutuldukan ang inyong mga pagkukulang at hanggang kailan ang inyong pagpapabaya? At kung tunay ngang nalasap ninyo ang tamis ng pananampalataya at namuhay kayong kasama nito, hanggang kailan ang pagpapabaya sa pagdisiplina sa mga anak? hanggang kailan mga kapatid? At ang ilan sa mga ama ang hindi napaghuhusayan ang pagdisiplina at pagtuturo sa mga anak, liban na ang itinanim lamang sa mga puso nito ay kung paano kasuklaman ang ibang tao, at ang mahalín ang pananakit sa kapwa, pang-aapi, pandaraya at pagkuha ng karapatan ng iba, dahil ba ang ang mga iyon ay hindi niya kalahi o kaya ay hindi katribo, o kaya dahil sa hindi kabilang sa kamag-anak? Paano nila nagagawang pabayaan sila at hindi ipinapaalala ang kadakilaan ng mga biyayang natatanggap sa kabila nito ay inaangkin nila na sila ay mga mananampalatayang muslim? Bagkus ay pinapabayaang lamang silang ubusin ang kanilang oras at gugulin ang kabataan nila sa panood ng mga palabas at paglalaro

kung saan na siyang sumisira sa kanilang pagkatao? Tunay na hindi malalasap ang tamis ng pananampalataya ng isang taong nasasaksihan ang kanyang mga anak ay kinukuha ng mga masasamang tao subalit parang balewala lamang sa kanya. Hindi malalasap ang tamis ng pananampalataya ng isang taong natutulog, ngunit ang mga masasama at malalaswang palabas sa mga telebisyon at iba pa ay nasa loob ng bahay niya at sinisira nito ang kanyang pamilya. Hindi malalasap ng isang taong natutulog subalit ang kanyang mga anak ay nagpupuyat sa pagsagawa ng mga gawaing labag sa Islam at gawaing nagpapahamak sa kanila, tunay na ito ay isang malaking trahedya, hindi nga ba nararapat na disiplinahin ng ama ang kanyang anak at hindi hahayaang sirain ng iba ang orihinal na pagkatao ng mga ito kung paano sila nilikha ng Allah -ﷻ-!

At mula dito, mula sa minbar na ito, na kung saan sa katulad din nito ay tumayo ang Sugo -ﷻ-, katotohanan ay aming ipinapayo sa inyo na katakutan ninyo ang Allah -ﷻ- sa inyong mga anak, ilabas ninyo mula sa inyong bahay ang mga “gadget” na kung saan pagmumulan ng kasamaan at nagliligaw sa mga bata, ingatan ninyo ang inyong anak at ilayo sila sa mga kaibigang mapanira at mga masasama, at harangin ninyo sila mula sa pakikihalubilo sa mga pagtitipon na hindi kalugod-lugod sa paningin ng Allah -ﷻ-, at hikayatin silang sumama sa mga mabubuting tao at gumawa ng kabutihan, sanayin silang sumama sa mga gawaing pagtuturo, pag-aaral at pangangaral tungo sa relihiyon ng Allah -ﷻ-, at makiisa sa katahimikan ng pamayanan, at pakikipagtulungan sa kabutihan.



Ang Karapatan Ng Asawang Lalaki

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah! binigyang linaw ng Allah -ﷻ- ang patungkol sa ugnayan sa pagitan ng mga alipin at ng kanilang Rabb, at ganoon din ang ugnayan ng tao sa kanyang kapwa tao, at kabilang dito ang ugnayan ng mag-asawa at kung anumang obligasyon ng bawat isa sa kanila o kaya mga karapatan ng bawat isa sa kanila. Kaya nabanggit sa Qur'an at ganoon din sa mga hadith ang patungkol sa pangkalahatang panuntunan sa buhay ng mag-asawa, at karamihan sa mga detalye nito ay hinayaang hindi pinaliwanag dahil ito ay babalik sa mga nakasanayan ng mga tao sa isang lugar o tribo hanggat hindi sumasalungat sa katuruan ng Islam. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَعَاشِرُوهُنَّ بِالْمَعْرُوفِ﴾ [النساء: 19]

“At pakitunguhan sa kanila (asawang bababe) ng may kabutihan”

At sa ating sermon sa araw na ito, ay ating tatalakayin ang karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay, at bago natin ito simulan ay hayaang banggitin muna natin ang katayuan at posisyon ng asawang lalaki sa Islam sa buhay ng kanyang maybahay. Dahil tunay nga na ang karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay ay isang dakilang karapatan. Sinalaysay ni Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- kanyang sinabi :

"سألت رسول الله -صلى الله عليه وسلم-: أيُّ الناس أعظم حقًّا على المرأة؟ قال: "زوجها" (أحمد والحاكم وصححه),

“Tinanong ko ang Sugo -ﷺ-; sino ang mayroong higit na karapatan sa isang babae? Siya ay sumagot -ﷺ-: ‘**ang kanyang asawa**’. Inulat ni Ahmad at Hakim at tamang hadith ayon sa kanya. At sinabi pa ng Sugo -ﷺ-:

لو كنت امرأةً أحدًا أن يسجد لغير الله؛ لأمرت المرأة أن تسجد لزوجها، والذي نفس محمد بيده، لا تؤدي المرأة حق ربها؛ حتى تؤدي حق زوجها كله" (أحمد وصححه الألباني)

“Kung ako ay may kakayahang mag-utos sa isang tao na magpatirapa sa kapwa niyang nilalang, tiyak na utusan ko ang babae na magpatirapa sa kanyang asawa, sumpa sa Kanya na may hawak ng aking buhay, hindi nagagampanan ng babae ang karapatan ng kanyang Rabb hanggat hindi niya nagagampanan ang lahat ng karapatan ng kanyang asawa” Inulat ni Ahmad at tamang hadith ayon kay Al-albani. At sinabi pa ng Sugo -ﷺ-:

"لو تعلم المرأة حق الزوج، لم تقعد ما حضر غداؤه وعشاؤه حتى يفرغ منه" (صحيح الجامع).

“Kung nalalaman lamang ng isang babae ang karapatan ng kanyang asawa, hindi ito uupo at magpapahinga maliban na natapos niyang ipaghanda ang tanghalian at hapunan nito” Sahih Aljami’.

Sinabi ni Ibnu Taymiyah: “wala ng hihigit pa na obligadong karapatan na dapat gampanan ng babae pagkatapos ng karapatan ng Allah -ﷻ- at ng Kanyang Sugo -ﷺ- maliban sa karapatan ng asawang lalaki”.

Naging ganito kalaki ang karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay dahil sa kahigitan ng lalaki sa kanyang asawa, at dahil narin sa mga kautusang inobliga ng Allah -ﷻ- sa lalaki para sa kanyang maybahay tulad ng; tirahan, sustento, at tagapangalaga sa babae at marami pang iba. Sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿الرِّجَالُ قَوَّامُونَ عَلَى النِّسَاءِ بِمَا فَضَّلَ اللَّهُ بَعْضَهُمْ عَلَى بَعْضٍ وَبِمَا أَنْفَقُوا مِنْ أَمْوَالِهِمْ﴾ [النساء: 34]

“Ang mga kalalakihan, sila ang mga tagapagtuwid ng mga kababaihan, tagapangisawa at tagapangalaga; dahil sa pagtatangi ng Allâh (ﷻ) sa kanila ng mga katangian, na sila’y naging karapat-dapat hinggil sa mga bagay na ito; at dahil din sa kanilang naibigay na mga ‘Mahr’ at sa obligasyon nila bilang tagapagtustos”

At kung anumang inubliga ng Allah -ﷻ- sa babae para sa kanyang asawa iyon ay dahil bilang pagtumbas lamang sa mga kabutihan ng lalaki, at tunay na sinabi ng Sugo -ﷺ-:

"لا يشكر الله من لا يشكر الناس" (رواه أحمد وأبو داود وصححه الألباني)

“Hindi nagpapasalamat sa Allah-ﷻ ang sinumang hindi nagpapasalamat sa mga tao” Inulat ni Ahmad at tamang hadith ayon kay Al-albani.

Ang pagbigay sa lalaki ng ganitong karapatan ay hindi ibig sabihin nito ay nagiging mababa na ang tingin ng Islam sa kababaihan o kaya binababa ang kanyang karapatan bilang isang maybahay at lalong hindi rin bilang pagmamaliit sa kanya.

Mga alipin ng Allah! Tunay na kabilang sa mga bagay na inobliga ng Allah-ﷻ sa isang maybahay para sa kanyang asawa ay ang mga sumusunod na mga bagay:
-Karapatang makipagtalik sa asawa: Sinabi ng Propeta -ﷺ-:

"إذا دعا الرجل امرأته إلى فراشه فأبت أن تجيء؛ لعنتها الملائكة حتى تصبح" (البخاري ومسلم)

“Kapag tinawag ng lalaki ang kanyang maybahay tungo sa higaan nito, at tumanggi ang babae, ay isusumpa siya ng mga anghel hanggang sa mag-umaga” Al-bukari at Muslim.

Kaya kung hindi niya napagbigyan ang kanyang asawa sa kahilingan nito nang wala namang katanggap-tanggap na dahilan, at natulog ang asawa nito ng may sama ng loob sa kanya ay sinumpa siya ng mga Anghel, sa kadahilanang siya ay inutusang sumunod sa kanyang asawa maliban sa mga bagay na paglabag sa Allah-ﷻ.

Kaya hindi pinapahintulot sa isang babae na pigilan ang asawa niya mula sa mga pagnanasa nito sa kanya (sa pagsagawa ng halal na gawain) upang mapangalagaan ang maselang bahagi nito at ganoon din ang kanyang pananamplataya, dahil kung pipigilan niya, maaring tuksuin ito ng Shaytan at makapag-isip ng gawaing ipinagbabawal sa kanya. Sa ganitong pangyayari ay naging kabahagi siya ng lalaki sa kasalanan. At dahil sa kanyang pagtangga sa kagustuhan ng lalaki ay nararapat at nababagay nga sa kanya ang ganitong parusa at kasalanan.

At ang buwanang dalaw ay hindi sapat na dahilan upang tanggihan ng babae ang pagtugon sa kanyang asawa; dahil may karapatan parin ang kanyang asawa na

pasayahin (paghalik at iba pa..) niya ito kahit sa ganitong sitwasyon sa kundisyon na hindi ito makipagtalik sa kanya. Mula kay Anas radiyallahu anhu: “Tunay na ang mga Hudyo kapag ang babae sa kanila ay may buwanan ng dalaw ay hindi nila ito hinahayaang maghanda ng pagkain at hindi rin lumalapit sa kanila (pakikipagtalik at iba pang ginagawa ng mag-asawa), kaya tinanong ng mga sahaba ang Propeta -ﷺ-, at ibinaba ng Allah -ﷻ- ang talatang ito:

﴿وَيَسْأَلُونَكَ عَنِ الْمَحِيضِ قُلْ هُوَ أَذَى فَأَعْتَزِلُوا النِّسَاءَ فِي الْمَحِيضِ﴾ [البقرة: 222]

“At tinatanong ka nila, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa ‘Al-Haydh’ – likas na dugo na lumalabas sa mga kababaihan sa takdang panahon (buwanang dalaw), – sabihin mo sa kanila, “Ito ay nakasisira sa sinumang lalapit dito at marumi para sa inyo. Kaya’t iwasan ninyo ang makipagtalik sa inyong mga asawa habang sila ay nasa gayong kalagayan”

فقال رسول الله -صلى الله عليه وسلم-: "اصنعوا كل شيء إلا النكاح" (رواه مسلم).

At sinabi ng Sugo -ﷻ-: **“gawin ninyo ang lahat ng gusto ninyo (habang ang babae ay may buwanang dalaw) maliban sa pakikipagtalik”** Inulat ni Muslim.

At dahil din dito ay inbliga ng Allah -ﷻ- sa isang babae na iwanan ang anumang bagay o gawain na nagiging dahilan ng hindi pagkamit ng lalaki sa kanyang pangangailangan sa kanyang maybahay, kahit pa man ang mga gawaing ito ay mga boluntaryong pagsamba, kabaliktaran ng mga obligadong pagsamba dahil hindi niya ito maaring iwanan at ipagpaliban, tulad ng obligadong pag-sasalah, at obligadong pag-aayuno, ayon sa sinabi ng Sugo -ﷻ-:

"لا يحل للمرأة أن تصوم وزوجها شاهد إلا بإذنه" (البخاري ومسلم)

“Hindi ipinapahintulot sa isang babae ang mag-ayuno (boluntaryong pag-aayuno) kung kasama ang asawa, maliban na lamang na ipinahintulot ito ng kanyang asawa” Al-bukari at Muslim.

Pinagbawalan siyang gawin ang boluntaryong pag-aayuno dahil may karapatan sa kanya ang asawa na paligayahin ito anumang oras, at ang karapatang ito ay obligadong ibigay ng babae sa oras na kailangan ito ng asawa niya at hindi maaring ipagpaliban dahilan lamang ng boluntaryong pagsamba.

At kabilang din sa mga karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay: ay ang hindi paglabas nito ng bahay maliban sa pahintulot ng lalaki. Sinabi ng Allah -ﷻ:

﴿وَقَرْنَ فِي بُيُوتِكُنَّ﴾ [الأحزاب: 33]

“At manatili kayo sa inyong mga tahanan”

Ang orihinal na hatol ng Islam para sa isang babae ay ang pananatili nito sa bahay, at ang paglabas nito ng bahay ay salungat sa orihinal na hatol, subalit maaring lumabas ang babae para sa mga bagay na kinakilangan, at hindi ibig sabihin noon ay pinagbawalan silang lumabas at manatili lamang sa bahay na parang isang bilanggo.

Kaya nararapat sa lalaki ang pahintulutan ang maybahay nito kung hiningi ang pahintulot niya para sa ugnayang magkakamag-anak, pagbisita sa isang may karamdaman, o kaya para sa mga personal nitong pangangailangan (pangangailangan sa bahay o kaya ng mga anak). Kabilang sa pagkakamali na minsan ay nagagawa ng ilang mga kalalakihan ay ang pigilan at pagbawalan ang kanilang mga asawa na lumabas papuntang palengke upang bilihin ang sariling pangangailangan nito, hindi niya pinahintulutang lumabas, hindi sasamahang lumabas at hindi rin tatayo upang bilihin ang mga pangangailangan na gusto nito. At sa ganitong gawain ay makakaapekto ito sa kanilang samahan bilang mag-asawa. Ang nararapat at mas mainam ay ang lumabas siya kasama ng kanyang maybahay upang bilihin ang mga nais nito at maglaan ng oras para dito.

At kabilang din sa karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay: ang hindi papasukin ng babae sa loob ng bahay ang sinumang hindi kinalulugdan ng lalaki na ipasok ito, kaya

hindi pinahihintulot sa babae ang payagang pumasok sa bahay ng kanyang asawa ang sinumang lalaki o babae mula sa kanyang malalapit o malalayong kamag-anak maliban sa mga iilang tao na alam nito na hindi nasusuklam sa kanila ang kanyang asawa, dahil ang orihinal na hatol ay ang pagbabawal pumasok sa bahay ng ibang tao maliban na may pahintulot ang may-ari nito o kaya mga naatasang mangalaga dito. O kaya pumasok dahil sa nakasanayan na itong nangyayari sa pagitan niya at pagitan ng may-ari. Sa hadith ni Jabir radiyallahu anhu:

"ولكم عليهن أن لا يُوطئنَ فرشَكُنَّ أحدًا تَكْرَهُونه" (رواه مسلم).

“At kabilang sa inyong mga karapatan (kalalakihan) sa kanila na mga maybahay, ay ang hindi nila ipapasok sa inyong tahanan ang sinumang inyong kinasusuklaman” Inulat ni Muslim. At sinabi pa ng Sugo -ﷺ:

"ولا يؤمن الرجل الرجل في سلطانه, ولا يقعد في بيته على تكريمته إلا بإذنه" (رواه مسلم).

“At hindi pamumunuan ng isang lalaki ang lalaki sa kanyang pinamumunuan (tulad ng bahay ..at iba pa),at hindi uupo sa inuupuan nito (tulad ng higaan at ipa pa) maliban sa pahintulot nito” Inulat ni Muslim.

At kabilang sa karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay: Ang karapatang maging tagapagtuwid, tagapangasiwa, at tagapangalaga sa kanya bilang maybahay ng lalaki, kaya obligado sa kanya na sumunod sa asawang lalaki sa lahat ng ipinag-uutos nito na mabuti. Sinabi ng Allah-ﷻ:

﴿الرِّجَالُ قَوَّامُونَ عَلَى النِّسَاءِ بِمَا فَضَّلَ اللَّهُ بَعْضَهُمْ عَلَى بَعْضٍ وَبِمَا أَنْفَقُوا مِنْ أَمْوَالِهِمْ﴾ [النساء: 34]

“Ang mga kalalakihan, sila ang mga tagapagtuwid ng mga kababaihan, tagapangisawa at tagapangalaga; dahil sa pagtatangi ng Allâh (ﷻ) sa kanila ng mga katangian, na sila’y naging karapat-dapat hinggil sa mga bagay na ito; at dahil din sa kanilang naibigay na mga ‘Mahr’ at sa obligasyon nila bilang tagapagtustos”

Ano mang gawain mayroon sa mga tao maliit man ito o malaki ay nararapat na mayroong taong may pananagutan dito o tatayo bilang mananagot sa mga ito, at

pangangalagaan ang mga pananagutang ito mula sa anumang pagkasira at pagkawasak.

At ang pamilya ay magsisimula sa mag-asawa, kaya nararapat na isa sa kanila ang tatayo bilang haligi nito at tatayo bilang may pananagutan sa pamilya. At kung titingnan natin ang kalagayan at katangian ng isang babae ay hindi siya nababagay sa posisyon na mangasiwa sa pamilya, ng dahil dito binigay ang posisyon na ito sa asawang lalaki dahil sa mga pagtatangi ng Allah sa lalaki ng wala sa babae o mas nakakahigit kaysa sa babae tulad ng pananaw, katalinuhan, lakas at iba pa. Kaya nararapat lamang na sa kanya binigay ang pagiging tagapangasiwa sa babae, katulad ng nabanggit ng Allah-ﷻ:

﴿وَالرِّجَالُ عَلَيْهِنَّ دَرَجَةٌ﴾ [البقرة: 228]

“Subali’t nakahihigit ng isang antas ang mga kalalakihan sa kanilang mga asawa”

Binigay sa lalaki ang pagiging tagapangalaga at tagapangasiwa sa babae, at ganoon din ang pagdidisiplina sa kanya at pangangalaga sa kanya mula sa anumang maaring tatama at makakasira sa pamilya.

At ang kabutihan nitong karapatang ito ay babalik sa babae, na kung saan inobliga sa lalaki ang mga gawain bilang pangangalaga sa babae sa katawan nito, kayamanan, dangal, kaisipan at lalo na ang relihiyon nito. At hindi ito bilang pagmamaliit, pagmamaltrato sa kanya at hindi rin upang bawasan ang karapatan niya bilang isang babae, at hindi rin ito kakulangan sa kanyang pagkatao, kundi ang ganitong batas ay inaayon lamang sa likas na pagkalikha sa tao.

Kaya ang karapatang pangangasiwa ng lalaki ay isang tungkulin na mayroon sa loob ng pamilya upang pangalagaan ito at proteksiyunan, at ang tamang pangangasiwa dito ay magdudulot ng kaligayahan sa mundo at kabilang buhay. Kabilang sa mga kamalian ang isipin na ito ay isang pag-aalila at hindi pagpapahalaga

sa damdamin ng iba, at hindi pagkuha ng opinyon ng mga kababaihan pagdating sa usaping pamilya.

Ang pagpigil mula sa anumang pananaw o opinyon at paghihigpit dito dahil sa hindi nababagay na sitwasyon, kahit sa kabila nito ay nagpapabilis at nagpapadali sa mga bagay-bagay, subalit hindi sa lahat ng panahon na puro mabuti ang maidudulot nito, minsan dahil sa mga opinyon ang pagsunod ay nauuwi sa pagsuway at hindi pakikinig, at kung titingan natin ang ating paligid marami ang mga ganitong pangyayari dahil sa mas ginusto ng mga kababaihan na sila ang masunod. Sinabi ng Sugo -ﷺ-:

"لَمْ يَدْخُلِ الرَّفْقُ فِي شَيْءٍ إِلَّا زَانَهُ، وَلَمْ يُنَزَعْ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا شَانَهُ" (رواه مسلم).

“Ang kabaitan ay hindi pumapasok sa isang bagay maliban na ito ay magiging mabuti, at hindi ito inaalís sa isang bagay maliban na ito ay ikakasama nito” Inulat ni Muslim.

الخطبة الثانية:

Mga alipin ng Allah! At kabilang din sa karapatan ng lalaki sa kanyang asawa: ay ang paninilbihan nito sa kanyang bahay, at kung magbabalik tanaw tayo sa mga katibayang mayroon sa ating relihiyon patungkol dito tiyak na matatagpuan natin na ito ay obligado sa isang maybahay. Sa isang salaysay mula kay Ali -radiyallahu anhu- : nabanggit na si Fatimah -kalugdan nawa siya ng Allah- ay nagrereklamo mula sa pagkaroon ng kalyo sa kanyang kamay dahil sa mga gawaing bahay, kaya pumunta ito sa Sugo -ﷺ- upang humingi ng pabor na bigyan siya ng makakatulong sa gawaing bahay, subalit hindi niya nakita ang Sugo -ﷺ-, bagkus ang nakita lamang niya ay si Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- kaya dito niya na lamang ikinuwento. Sinabi ni Ali: dumating sa amin ang Sugo -ﷺ- at kanyang sinabi: **“kakausapin ko kayong dalawa patungkol sa bagay na mas higit na mainam kaysa sa pabor na hinihingi ninyo, kapag kayo ay nakahiga na at matutulog ay dakilain (pagsabi ng Allahu**

Akbar) ninyo ang Allah -ﷻ- ng apatnapu't apat na beses, at luwalhatiin (pagsabi ng Subhanallah) ninyo Siya ng tatlumpu't tatlong beses, at purihin (pagsabi ng Alhamdulillah) ninyo Siya ng tatlumpu't tatlong beses, tunay na ang mga ito ay mas higit na mainam kaysa sa katulong" Inulat ni Albukari at Muslim.

At sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَلَهُنَّ مِثْلُ الَّذِي عَلَيْهِنَّ بِالْمَعْرُوفِ﴾ [البقرة: 228]

"At ang para sa mga kababaihan ay mga karapatan sa kanilang mga asawa na katulad din ng mga karapatan ng kanilang mga asawa sa kanila sa tamang pamamaraan"

Ang paninilbihang ginagawa ng babae sa bahay ng kanyang asawa ay kabilang ito sa kabutihan para sa silang mga kinausap ng Allah -ﷻ- sa pamamagitan ng Kanyang mga talata, ang mga kababaihan noong bumaba ang talata sa Qur'an sila ay ginagampanan na nila ang paninilbihan sa bahay ng kanilang mga asawa, at sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿الرِّجَالُ قَوَّامُونَ عَلَى النِّسَاءِ﴾ [النساء: 34]

"Ang mga kalalakihan, sila ang mga tagapagtuwid ng mga kababaihan, tagapangisawa at tagapangalaga"

At ang paninilbihan ng babae sa kanyang asawa ay kabilang sa kahulugan ng tagapangasiwa ng lalaki sa babae.

At ang ating mga nabanggit katulad ng karapatan ng lalaki na pagsilbihan siya ng kanyang maybahay, ay hindi ito nangangahulugang inaalas ang pagiging kanais-nais (sunnah) na tumulong at makisali ang lalaki sa gawaing bahay at iba pa. Bagkus ang pagtulong ng lalaki sa asawa ay kabilang sa mabuting pakikitungo at asal ng isang lalaki, at magdulot ng magandang samahan ng mag-asawa, at ito ang aral ng Sugo-ﷻ- mula kay Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- kanyang sinabi:

"كان النبي -صلى الله عليه وسلم- يكون في مَهْنَةِ أهله، تعني خدمة أهله، فإذا حضرت الصلاة خرج إلى الصلاة" (رواه البخاري).

"Nakaugalian ng Propeta -ﷺ- ang pagtulong sa gawain ng kanyang maybahay, at kapag dumating na ang oras ng pagsasalah ay tutungo na ito sa pagsasalah" Inulat ni Albukari.

Itong mga nabanggit natin mga kapatid ay iilan lamang sa mga karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay, at huwag ninyong kalimutan na ang pagiging makatarungan ay isang dakilang bagay para sa atin bilang mga anak ni Adan. At ang ating sarili ay likas na dito ang hinahanap lagi ang karapatan nito, at nais din nito na magparaya ang iba sa kanilang mga karapatan. Kaya nararapat na panatilihin ang mabuting pakikitungo at pagmamahalan sa pamamagitan ng pagmamagandang loob at pagpapakabuti sa kapwa.

Ang pakikitungo sa mga tao ay may dalawang antas ang una nito: ang pagiging makatarungan, at ito ang kunin ang mga bagay na inobliga para sa iyo at ibigay mo ang bagay na inobliga sa iyo para sa iba. Ang pangalawa; pagmamagandang loob at pagpapakabuti at ito ang pagbibigay ng mga bagay na hindi naman obligadong ibigay at ganoon din ang pagpaparaya sa mga karapatang hindi nakuha, at itong antas ang siyang ipinangaral ng Allah -ﷻ- na dapat maganap sa pagitan ng mag-asawa, sinabi ng Allah -ﷻ-:

﴿وَلَا تَسْأُوا الْفَضْلَ بَيْنَكُمْ﴾ [البقرة: 237]

"At huwag ninyong kalimutan, O kayong mga tao, ang karapatan ng inyong ugnayan at ang pagiging mabuti sa isa't isa"

Mga alipin ng Allah! kung pinapangalaan lamang ng isang babae ang mga bagay na inobliga sa kanya ng kanyang Panginoon mula sa mga karapatan ng

kanyang asawa, tunay na mapapasa kanya ang lugod ng Allah at ipapasok siya sa Kanyang Paraiso, at ito ang pinakadakilang hinihingi ng isang alipin ng Allah-ﷺ- sinabi ng Propeta -ﷺ-:

"أَيُّمَا امْرَأَةٍ مَاتَتْ وَزَوْجُهَا عَنْهَا رَاضٍ، دَخَلَتْ الْجَنَّةَ" (رواه الترمذي)

“Sinumang babae na binawian ng buhay at ang kanyang asawa ay nalulugod sa kanya, ay makakapasok siya sa Paraiso” Inulat ni Tirmidhi.



Ang Karapatan Ng Asawang Babae

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang pinagpalang pamilya ay ang pamilyang umiiral rito ang pagmamahalan, pagtutulongan, pagmamabutihan, pag-aalalay sa bawat-isa, pagsusuportahan, at ang pag-uutos ng maganda at pagbabawal ng masama. At ang di-pinagpalang pamilya naman ay ang pamilyang ang umiiral rito ay ang masasamang ugali at asal, ang pagwawatak-watak at pag-aaway-away ng mga miyembro ng pamilya, at wala ang pag-uutos ng maganda at pagbabawal ng masama. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ أَنْ خَلَقَ لَكُمْ مِنْ أَنْفُسِكُمْ أَزْوَاجًا لِتَسْكُنُوا إِلَيْهَا وَجَعَلَ بَيْنَكُمْ مَوَدَّةً وَرَحْمَةً إِنَّ فِي ذَلِكَ لَآيَاتٍ لِقَوْمٍ يَعْتَفِرُونَ ٢١﴾ [الروم: 21]

“At kabilang sa mga ayaat (palatandaan) ng Allah, ay Kanyang nilikha para sa inyo ang mga asawang nagmula (rin) sa inyong mga sarili, upang inyong matagpuan sa kaila ang kapanatagan (ng loob) at Kanyang inilagay sa inyong pagitan ang pagmamahal at habag. Katotohanan, naririto ang mga palatandaan para sa mga taong nag-iisip.”

At katotohanan, na kasama sa pagiging mapagpalang pamilya ay kapag ang mag-asawa ay kanilang binigay ang karapatan ng bawat-isa, at kapag sila'y naging sinsero sa paggawa at pagsasatupad ng kanilang mga obligasyon sa bawat-isa. At alamin ninyo na ang asawang babae ay may mga karapatan sa kanyang asawa na tulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَلَهُنَّ مِثْلُ الَّذِي عَلَيْهِنَّ بِالْمَعْرُوفِ وَلِلرِّجَالِ عَلَيْهِنَّ دَرَجَةٌ وَاللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ٢٨﴾ [البقرة: 228]

“At sila (mga asawang babae) ay may karapatan (hinggil sa gastusin) katulad din ng karapatan ng kanilang mga asawa (na sila ay sundin at igalang) ng ayon sa

paraang matuwid. Ngunit ang mga kalalakihan ay nakahihigit (sa tungkulin) sa kanila. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan."

At naiulat naman ni Omar bin Al-Ahwas radiyallahu anhu na kanyang narinig ang Propeta Muhammad ﷺ noong Hajjatul Wadaa (huling pagha-Hajj ng Propeta) na kanyang sinabi:

"ألا واستوصوا بالنساء خيرا، فإنما هن عوان -أي: أسيرات- عندكم، ليس تملكون منهن شيئا غير ذلك، إلا أن يأتين بفاحشة مبينة، فإن فعلن فاهجروهن في المضاجع، واضربوهن ضربا غير مبرح، فإن أطعنكم فلا تبغوا عليهن سبيلا، ألا إن لكم على نسائكم حقا، ونسائكم عليكم حقا"

"Maging mabuti kayo sa mga kababaihan, tunay na sila'y nasa inyong pamamahala, wala kayong ibang maaaring gawin maliban doon, maliban na sila'y gumawa ng maliwanag na kahalayan. Kapag kanila itong ginawa, sila'y inyong hiwalayan sa kanilang higaan at inyo silang paluin nang hindi masakit. At kapag sila'y sumunod sa inyo ay huwag niyo silang saktan. Tunay na kayo'y may karapatan sa inyong mga asawang babae, at ang inyong mga asawang babae rin ay may Karapatan sa inyo"

Mga alipin ng Allah, ito ang ilan sa mga karapatan ng babaeng asawa sa kanyang asawa;

Una; ang pag-utos sa kanya sa mga kautusan ng Allah. At ang pag-uutos na ito ay ang siyang pinakadakila at pinaka-importanteng karapatan ng asawang babae sa kanyang asawa. Dahil sa karapatan na ito, ay naitatayo at naitatatag ang mabuting tahanan ng sinumang mag-asawa, at dahil dito, ay nagiging tuloy-tuloy ang mabuting pamumuhay ng mag-asawa.

Waajib o obligado sa isang asawang lalaki na utusan niya ang kanyang asawa ng mga kautusan ng Allah, at pagbawalan niya siya ng mga bagay na ipinagbawal ng Allah.

Upang mailigtas siya sa kaparusahan ng Allah at kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno. At katotohanan nga na naibalita na rin sa atin ng Allah ang patungkol sa importanteng bagay na ito. Kanyang sinabi sa Qur'an:

﴿وَأْمُرْ أَهْلَكَ بِالصَّلَاةِ وَاصْطَبِرْ عَلَيْهَا ۖ﴾ [طه:132]

“At iyong ipag-utos ang Salah (pagdarasal) sa iyong pamilya (o mag-anak) at maging matiisin ka.”

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَظٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ

وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ ۖ﴾ [التحریم:6]

“O kayong mga naniniwala, inyong pangalagaan ang inyong mga sarili at ang inyong mag-anak laban sa Apoy (ng Impyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato, doon ay (may itinalagang) mga anghel na mababagsik (at) mahihigpit, sila ay hindi sumusuway sa Allah sa anomang Kanyang ipinag-utos sa kanila at kanilang ginagawa ang anomang ipinag-utos.”

Kaya, nararapat sa asawang lalaki na siya'y gumanap na tagapag-utos ng mabuti at tagapagbawal ng masama kapag siya'y nasa kanyang bahay. At kapag makita niya ang isang mabuting bagay ay tulungan niya ang kanyang asawa na isagawa ito, at kapag masama naman ang kanyang makita ay ilayo niya siya mula rito. Bigyan niya siya ng babala, at paalalahanan siya ng mahinahon na huwag gawin ang masamang bagay na iyon, at kung hindi (siya sumunod), ay pupwersahin niya siya na maging matuwid at mapunta sa katotohanan. Hanggang sa maitayo niya o maisatupad ang karapatan sa kanila ng Allah, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kanyang mga kautusan, dahil katotohanan, ito ang dahilan ng pagkakauha ng maraming biyaya, maraming kabutihan, at pagkakaroon ng payapa at maayos na buhay mag-asawa.

Pangalawa; ang paggasta ng lalaking asawa sa kanyang asawa ng mga makakain, maiinom, mga damit, at matitirahan nito ng maayos na tahanan. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿لِيُنْفِقَ ذُو سَعَةٍ مِّن سَعَتِهِ ۖ وَكَفَّرَ عَلَيْهِ رِزْقُهُ ۖ فَلْيُنْفِقْ مِمَّا آتَاهُ اللَّهُ لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا مَاءً آتَاهَا ۖ﴾ [الطلاق:7]

“Hayaang ang isang lalaking nakaririwasa na gumugugol ng ayon sa kanyang kakayahan. At sa sinoman na ang panustos ay lubhang kapos, hayaan siyang gumugol ng ayon sa anomang ipinagkaloob sa kanya ng Allah. Hindi nagbibigay ng pasanin ang Allah sa isang tao maliban (ng ayon) sa anumang Kanyang ipinagkaloob dito.”

At sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ sa lalaking tinanong siya patungkol sa kung ano ang karapatan ng asawang babae sa kanyang asawa;

"أَنْ تَطْعَمَهَا إِذَا طَعَمْتَ، وَتَكْسُوَهَا إِذَا اكْتَسَيْتَ، وَلَا تَضْرِبَ الْوَجْهَ، وَلَا تَقْبَحَ وَلَا تَهْجُرَ إِلَّا فِي الْبَيْتِ"

“Ang pakainin mo siya kapag hiniling niya, at ang suotan o bilihan mo siya ng damit kapag hiniling niya. At huwag mo siyang pagbuhatan ng kamay sa kanyang mukha, at huwag siyang pagsabihan o layuan maliban sa loob ng inyong pamamahay.”

At sinabi rin ng Propeta ﷺ sa ibang Hadith:

"أَلَا وَحَقَّهُنَّ عَلَيْكُمْ: أَنْ تَحْسِنُوا إِلَيْهِنَّ فِي كَسْوَتِهِنَّ وَطَعَامِهِنَّ"

“Tunay na ang karapatan nila(mga babae) sa inyo: Ang maging mabuti kayo sa kanila sa pagbigay ng kanilang kasuotan at makakain”

At noong nagreklamo si Hind sa Propeta ﷺ patungkol sa kanyang asawa na si Abu Sufyan; “Si Abu Sufyan ay napakadamot na lalaki, at wala akong nakukuha mula sa kanya maliban sa aking pagkain.” Kaya ang sinabi sa kanya ng Propeta ﷺ:

"خُذِي مَا يَكْفِيكِ وَوَلَدَكَ بِالْمَعْرُوفِ"

“Kunin mo sa kanya ang magiging sapat sa’yo at sa iyong mga anak sa maayos na paraan.”

Pangatlo; ang pagtulog ng asawang lalaki kasama ng kanyang asawa sa kanilang bahay. Dahil katotohanan na ang pagpupuyat, pamamalagi o pananatili ng lalaki sa labas ng kanilang bahay sa huling oras o sa kailaliman ng gabi ay nagdudulot ng masamang bagay sa puso ng kanilang mga asawang babae, at posibleng makapag-isip sila ng Fitnah sa kanilang mga puso.

Kaya’t katakutan ninyo ang Allah sa pagiging mabuti sa inyong mga asawang babae, dahil maaaring makita ninyo sa inyong mga asawa at mga anak na babae ang mga bagay na hinding-hindi ninyo magugustuhan. Inyong buhayin ang inyong pamamahay kahit sa inyong presensya, pasayahin ninyo ang inyong pamilya sa pakikipag-usap sa kanila, at tingnan ninyo ang kanilang mga mata gamit ang inyong sariling mga mata.

At alamin ninyo na ang pagpupuyat pagkatapos ng oras ng Isha ay hindi kaaya-ayang gawain, at ito’y ipinagbabawal kung ang dahilan nito ay walang kabuluhanang bagay. At paano pa kaya kung ang pagpupuyat ay dahil sa Haram na bagay, tulad ng panlilibak at paninirang puri ng mga tao? Katunayan, na mas matindi ang pagbabawal nito at napakatindi ng kasalanang ito. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"لَا سَمَرَ بَعْدَ الصَّلَاةِ - يَعْنِي: الْعِشَاءُ -، إِلَّا لِأَحَدٍ رَجُلَيْنِ: مُصَلٍّ، أَوْ مُسَافِرٍ"

“Hindi maaari ang pagpupuyat pagkatapos ng Salat-ul-Isha maliban sa isa sa dalawang lalaki; Ang nag-sasalah, o naglalakbay”

At sinabi naman ni Aisha radiyallahu anha:

"ما رأيت رسول الله - صلى الله عليه وسلم - نائما قبل العشاء ولا لاغيا بعدها، إما ذاكرا فيغتم، وإما نائما فيسلم"

“Hindi ko nakita ang Propeta ﷺ na natulog bago ang Salah ng Isha, o gumagawa ng di-makabuluhang bagay pagkatapos ng Isha. Maliban na lamang na siya’y nag-aalala sa Allah kaya’t siya’y makakakuha ng gantimpala, o siya’y tulog kaya’t siya’y makakaligtas sa anumang walang makabuluhang bagay”

Pang-apat; ang pakikipaglambingan ng asawang lalaki sa kanyang asawa. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿لِّلَّذِينَ يُؤْلُونَ مِن نِّسَابِهِمْ تَرِضُ أَزْوَاجُهُ شَهْرًا فَإِنِ لَّمْ يَرْضُواْ مَعَافٍ فَهَسْبِيَ خَمْرٌ أَوْ نِكَاحٌ﴾ [البقرة: 226]

“Yaong sumumpa na sila ay hindi makikipagtalik sa kanilang mga asawa, (sila ay) nararapat na maghintay ng apat na buwan, subalit kung sila ay nagsibalik (sa karaniwang ugnayan sa loob ng panahong ito) Katotohanan, ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain.”

At sa Hadith naman ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"يا عبد الله! ألم أخبر أنك تصوم النهار، وتقوم الليل؟ ... فلا تفعل؛ صم وأفطر، قم ونم، فإن لجسدك عليك حقاً، وإن لعينك عليك حقاً، وإن لزوجتك عليك حقاً"

“O Abdullah, totoo ba ang ibinalita sa akin na ikaw ay nag-aayuno sa araw at nagsalah sa gabi(nang tuloy-tuloy)? Huwag mong gawin (bagkus) ikaw ay mag-ayuno at mag-iftar, at ika’y magsalah at matulog dahil tunay na ang katawan mo ay mayroong karapatan sa iyo, at ang iyong mata ay may karapatan sa iyo, at ang asawa mo ay may karapatan sa iyo”

Ngunit pakatandaan na hindi pwedeng makipagtalik ang lalaki sa kanyang asawa kapag siya ay may regla, dahil ito ay Haram. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿وَيَسْأَلُونَكَ عَنِ الْمَحِيضِ قُلْ هُوَ أَذَى فَأَعْتَزِلُوا النِّسَاءَ فِي الْمَحِيضِ وَلَا تَقْرُبُوهُنَّ حَتَّى يَطْهَرْنَ فَإِذَا تَطَهَّرْنَ فَأُولَهُنَّ مِنْ حَيْثُ أَمَرَكُمُ

اللَّهُ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُتَوَّابِينَ وَيُحِبُّ الْمُتَطَهِّرِينَ﴾ [البقرة: 222]

“At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa regla (ng mga kababaihan). Sabihin: Ito ay adha (marumi). Kaya, lumayo kayo (huwag makipagtalik) sa mga kababaihan (mga asawa) sa panahon ng kanilang pagrereгла, at sila ay huwag ninyong lalapitan (huwag makipagtalik sa kanila) hanggang sila ay maging malinis (matapos ang regla at makapagligo). At kung sila ay naging malinis na, sila ay maaari na ninyong lapitan (upang makipagtalik) sa bahagi na kung saan ay ipinag-utos ng Allah sa inyo. Katotohanan, ang Allah ay nagmamahal sa (sinomang) lagi ng nagbabalik-loob sa Kanya (sa pagsisisi) at Siya ay nagmamahal sa mga nagpapadalisa (ng kanilang mga sarili).”

At sa Hadith naman na naiulat ni Anas radiyallahu anhu na ang mga Hudyo ay kapag may regla ang kanilang mga asawa ay kanila silang pinapalabas ng bahay; hindi sila sumasabay sa kanila sa pagkain at pag-inom , at hindi sila nakikipaglambingan sa kanila. At tinanong ang Propeta ﷺ patungkol rito at ibinaba ng Allah ang Ayah na ating kababanggit lamang. At sinabi ng Propeta ﷺ:

"اصنعوا كل شيء إلا النكاح"

“Gawin ninyo ang lahat sa kanila maliban sa pakikipagtalik”

Panglima; ang makatarungang pagtrato sa mga asawang babae kung ang isang lalaki ay may dalawa o higit pang mga asawa. Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"من كانت له امرأتان يميل لإحدهما عن الأخرى؛ جاء يوم القيامة يمر أحد شقيه ساقطا أو مائلا"

“Sinuman ang lalaking may dalawang asawa, at siya ay mas pinapahalagahan niya ang isa kumpara sa isa, ay darating siya sa Araw ng Paghuhukom na kanyang hila-hila ang kalahating parte ng kanyang katawan na nahuhulog at tumatagilid.”

Pang-anim; ang hindi pagsasabi o paglalahad ng mga kapintasan ng babae, dahil ang paglalahad nito ay Haram. At kahit na ang mag-asawa ay maghiwalay o mag-

deborsyo ay mananatiling Haram ang pagsasabi nito sa iba. Sa hadith na naiulat ni Abu Sa'eed Al-Khudri radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إِنَّ مِنْ أَشْرِ النَّاسِ عِنْدَ اللَّهِ مَنْزِلَةَ يَوْمِ الْقِيَامَةِ: الرَّجُلُ يَفْضِي إِلَى امْرَأَتِهِ وَتَفْضِي إِلَيْهِ، ثُمَّ يَنْشُرُ سِرَّهَا"

"Katotohanan na ang may pinakamasamang katayuan sa Allah sa araw ng paghuhukom; ang lalaking nakipagtalik sa kanyang asawa at pagkatapos ay kanyang pinagkalat ang kanyang sekreto"

Pampito; ang tulongan ng lalaking asawa ang kanyang asawa na palakasin ang kanyang ugnayan sa kanyang mga kamag-anak. Kanilang bibisitahin ang pamilya at mga kamag-anak ng babae, kung wala namang masamang mangyayari o masamang maidudulot ang pagbisitang ito sa kanila, at kung kanilang kakayanin.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, huwag na huwag ninyong layuan ang inyong mga asawang babae, at huwag na huwag ninyo silang saktan ng walang makatarungang dahilan, dahil katotohanang ito ay magdudulot ng pagkalungkot sa kanilang mga puso at baka magtanim ito ng galit at pagkamuhi sa kanilang mga sarili. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فَإِنْ أَطَعْتَكُمْ فَلَا تَبْغُوا عَلَيْهِمْ سَبِيلًا إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلِيمًا كَدِيرًا ﴾ [النساء: 34]

"Subalit kung sila'y naging masunuring muli sa inyo, huwag ninyong hangarin ang daan (ng pagkayamot) laban sa kanila. Katotohanan, ang Allah ay Lagi ng Kataas-taasan, Dakila."

At sa Hadith naman na naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu ay sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"استوصوا بالنساء خيرا، فإن المرأة خلقت من ضلع، وإن أعوج ما في الضلع أعلاه، فإن ذهبت تقيمه كسرته، وإن

تركته لم يزل أعوج، فاستوصوا بالنساء"

“Maging mabuti kayo sa inyong mga asawag babae, dahil tunay na ang babae ay nilikha mula sa tadyang, at ang pinakabaluktot na parte ng tadyang ay ang itaas nito, kapag ito’y iyong itutuwid tunay na ito’y binali mo at kapag ito nama’y hinayaan mo mananatili itong baluktod, kaya’t maging mabuti kayo sa mga kababaihan”

At ang pagiging baluktot na ito ay normal at natural ng katangian ng mga kababaihan. Hindi mo kakayaning ituwid o itaas ito. Ngunit, sa pamamagitan ng dunong, kaalaman sa mga katuruan ng Panginoon, ang Allah, ay makakaya nating tratruhin at pakisamahan ng maayos at mabuti ang baluktot na ito. Sinabi ng Allah sa Qur’an:

﴿وَعَايَشُنَّهُنَّ بِالْمَعْرُوفِ فَإِنْ كَرِهْتُمُوهُنَّ فَعَسَى أَنْ تَكْرَهُوا شَيْئًا وَيَجْعَلَ اللَّهُ فِيهِ خَيْرًا كَثِيرًا ۝﴾ [النساء: 19]

“At kayo ay dapat mamuhay sa kanila ng may kabaitan. Sapagkat kung sila ay inyong kinamuhian marahil inyong kinamuhian ang isang bagay, at ginagawa ng Allah dito ang maraming (kaakibat na) kabutihan.”

At sa Hadith ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"لا يفرق مؤمن مؤمنة، إن كره منها خلقًا رضي منها آخر."

“Hindi hihiwalayan ng isang lalaking Mu’min ang isang babaeng Mu’mina, kung may ayaw siyang katangian sa kanya ay magugustuhan naman niya ang iba niyang katangian.”

Sinabi ni Imam As-Shawkaani rahimahullah: “Naririto sa Hadith na ito ang gabay sa kung paano magkaroon ng mabuting buhay mag-asawa, at pagbabawal sa agarang pagkagalit ng asawang lalaki sa kanyang asawa sa iilang mga hindi maganda nitong ugali o katangian. Dahil katotohanang hindi siya makakaligtas mula sa pagkukulang sa kung anumang gustuhin sa kanya ng kanyang asawang lalaki.”

Kaya't nararapat sa asawang lalaki na maging mabuti at mapagmahal sa kanyang asawang babae; siya ay matutuwa kapag siya'y kanyang nakikita, siya'y magiging masaya kapag kinakausap siya, siya'y makipaglaro o makipagbiruan rin kasama siya, at pagaanin ang kanyang kalooban kapag nahihirapan siya, at siya ay pasayahin kapag nalulungkot siya, at ipapalapit siya sa pagmamahal at pag-aaruga ng kanyang puso.

At maaari ang inaakala ng karamihan na ang pakikipaglambingan o pakikipaglaro ng lalaki sa kanyang asawang babae ay nagdudulot ng pagkababa ng kanyang pagkalalaki. At katotohanang ang paniniwalang ito ay napakamali, at ito ay nagpapatunay lamang na silang mga nag-iisip nito ay matitigas ang kanilang mga puso, magagaspang ang kanilang pagkatao, at mangmang sila sa mga batas at katuruan ng Islam.

Kaya katakutan ninyo ang Allah, O kayong mga alipin ng Allah, at ingatan ninyong maging masikip at mahigpit ang pagkuha ng mga karapatan ng inyong mga asawang babae. Gabayan ninyo sila sa mga mabubuting bagay, mabuting ugali, at paggawa ng mabubuting gawa.

At bigyan ninyo sila ng babala na kanilang lapitan ang mga walang-kabuluhang mga bagay, gumawa sila ng mga kasalanan, at magsalita ng mga di-kaaya-ayang mga bagay. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ فَأَمْسِكُوهُمْ يَمْعُورِفٍ أَوْ سَرْحُوهُمْ يَمْعُورِفٍ وَلَا تَمْسِكُوهُمْ ضُرَارًا لِّتَعْتَدُوا وَمَنْ يَفْعَلْ ذَلِكَ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُ وَلَا تَتَّخِذُوا عَٰلِيَتِ اللَّهِ هُورًا وَادْكُرُوا نِعْمَتَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ وَمَا أَنزَلَ عَلَيْكُمْ مِنَ الْكِتَابِ وَالْحِكْمَةِ يَعِظُكُمْ بِهِ وَاتَّقُوا اللَّهَ وَاعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ ﴿٣١﴾ ﴾ [البقرة: ٣١]

[231

“Sila ay inyong maaaring panatilihin muli ng ayon sa paraang matuwid o sila ay tuluyang bigyang-laya ng ayon sa paraang matuwid. Subalit sila ay huwag ninyong

panatilihin upang sila ay pasakitan at suwayin (laban sa kanilang kalooban). Sinoman ang gumawa nito, katiyakan na kanya lamang ginawan ng kamalian ang sarili. At huwag ninyong ituring bilang isang biro ang mga ayaat (batas) ng Allah. At inyong alalahanin ang pagpapala ng Allah sa inyo mula sa Aklat (ang Qur'an) at karunungan na Kanyang ipinaaalala sa inyo. At inyong katakutan ang Allah at inyong alalahanin na ang Allah ay Maalam sa lahat ng bagay.”



Ang Karapatan Ng Kapitbahay

الخطبة الأولى:

Mga alipin ng Allah, kabilang sa mabubuting katuruan ng Islam ay ang pag-uutos nito ng mabuting pakikipag-kapwa sa ating mga kapitbahay, ang paghihikayat na ating ibigay ang kanilang mga karapatan, at nang tratuhin natin sila ng mabuti. At katotohanan na napakaraming mga Daleel o pruweba mula sa Qur'an at Sunnah ang magpapatunay sa katuruang ito. Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿وَأَعْبُدُوا اللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا وَبِذِي الْقُرْبَىٰ وَالْيَتَامَىٰ وَالْمَسْكِينِ وَالْجَارِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَالْجَارِ الْجُنُبِ وَالصَّاحِبِ بِالْجَنبِ وَابْنِ السَّبِيلِ وَمَا مَلَكَتْ أَيْمَانُكُمْ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن كَانَ مُخْتَالًا فَخُورًا﴾ [النساء: 36]

“Sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magtambal ng anupaman sa Kanya. At gumawa ng mabuti sa inyong mga magulang, at sa mga kamag-anakan, sa mga ulila, sa mga mahihirap, sa mga malalapit na kapitbahay, sa mga malalayong kapitbahay, sa inyong mga kasamahan, sa mga manlalakbay, at sa mga (aliping) taglay ng inyong kanang kamay (sa ilalim ng inyong pangangasiwa). Katotohanan, ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapagmagaling (sa kapwa-tao) at mapagyabang.”

At sa sobrang pagpapahalaga ng Islam sa mabuting pakikitungo sa mga kapitbahay ay naisama ang pag-uutos nito sa mga dakila at importanteng mga kautusan sa Islam tulad ng Tawheed, at ang pagbabawal ng Shirk. At ito nga ang pinakamalaking Daleel na nagpapatunay sa kahalagahan ng ating mga kapitbahay.

At hanggang sa ang Propeta Muhammad ﷺ, sa lubos na pagbibigay halaga ng Islam sa mga kapitbahay ay kanyang nabanggit:

"ما زال جبريل يوصيني بالجار، حتى ظننت أنه سيورثه"

“Lagi akong pinapayuhan ni Jibreel (ng kabutihan) sa kapitbahay, hanggang sa inakala kong mamanahin niya (ng isang tao) ang kanyang kayamanan (ng kanyang kapitbahay)”

At katotohanan na ang pagtrato ng mabuti sa kapitbahay ay tanda ng Imaan o paniniwala. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"من كان يؤمن بالله واليوم الآخر فليكرم جاره"

“Sinuman ang naniniwala sa Allah at sa kabilang buhay ay kanyang pagsilbihan ang kanyang kapitbahay”

At magagawa natin ito, ang pagsisilbi at pakikitungo ng maayos sa ating mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng maraming mabubuting asal at ugali sa abot ng ating makakaya; tulad ng pagbibigay ng Salam sa kanila, pag-ngiti o ang pagharap sa kanila ng may maaliwalas na mukha, ang pagtanong sa kanilang kalagayan, ang pagbibigay sa kanila ng regalo, ang pagtulong sa kanila kung sila’y may kailangan, ang pagpapayo sa kanila, at ang pagpapaalaala o pagtuturo sa kanila ng mga bagay na nakalimutan nila o di nila alam.

Kasama sa mga karapatan ng iyong kapitbahay sa iyo ay ang mag-Salam ka sa kanila kapag makasalubong mo sila, ang tumugon ka o paunlakan mo ang kanilang imbitasyon o paanyaya, ang bisitahin mo sila kapag sila’y nagkasakit, ang gawin mo o gampanan mo ang pagtulong sa kanila sa pamamagitan ng pag-alalay o pagtayo ng mga gawaing kanilang di kayang gawin; tulad ng matatanda, babaeng balo, at iba pa. At ang mga ito’y para rin sa’yo upang makatanggap ka ng mabuting papuri at gantimpala mula sa Allah.

At isang Hadith ang umabot sa atin patungkol sa mabuting pakikitungo sa kapitbahay na magpapalambot ng ating mga puso at magpapamahala sa ating mga kapitbahay,

hanggang sa tayo'y maging tulad ng iisang pamilya. At ito ay ang Hadith na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إذا طبخت مرقة فأكثر ماءها وتعاهد جيرانك"

"Kapag naglutoka ng sinabawang pagkain ay paramihin mo ang tubig (sabaw) nito at bigyan mo ang iyong kapitbahay."

Ang Hadith na ito ay magpapatunay ng totoong pagmamahal ng isang tao sa kanyang kapitbahay. Kung saan, kanyang pinapasama o pinapasalo ang kanyang kapitbahay sa kanyang pagkain o anumang biyaya na binigay sa kanya ng Allah. At hindi naman importante na ang kanyang kapitbahay ay gutom o nangangailangan ng pagkain, ngunit ito'y isang gawain na nagpapakita ng mabuting kalooban ng isang tao; na hindi niya magagawang kalimutan ang kanyang kapitbahay. Nais lamang niya na kahit papaano ay pasayahin o ipakita sa kanyang kapitbahay na mahalaga sila para sa kanya.

Ngunit, naisip ba natin na bigyan sila o padalhan sila ng pagkain; para umusbong at lumago ang pagmamahalan at pag-aayos sa pagitan natin at ng ating mga kapitbahay?

Katunayan nga, na ang pinakamabuting kasama at kapitbahay ay silang mga mabubuti sa kanilang mga kasama at sa kanilang mga kapitbahay. Tulad ng sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ:

"خَيْرُ الْأَصْحَابِ عِنْدَ اللَّهِ خَيْرُهُمْ لِصَاحِبِهِ، وَخَيْرُ الْجِيرَانِ خَيْرُهُمْ لِجَارِهِ"

"Ang pinakamabuting kasama para sa Allah ay sila yaong mabubuti sa kanilang mga kasama. At ang pinakamabuting kapitbahay ay sila yaong pinakamabuti sa kanilang mga kapitbahay."

At ang mabuting pagsisilbi sa ating mga kapitbahay ay walang limitasyon, na kung saan dapat na magsumikap ang isang Muslim na maghanap ng anumang mga paraan na kaya niyang gawin upang mapakitunguhan niya ng maayos ang kanyang kapitbahay. At isipin niya habang ginagawa niya ito ay mas napapalapit siya sa Allah at sa kanyang pagkalugod sa Kanya. At isipin rin niya na siya ay mananatiling nasa kabutihan habang siya ay minamahal at nagugustuhan ng kanyang mga kapitbahay, dahil sa mabubuting ugali at asal niya sa kanila. At dahil katotohanan, na ang mga kapitbahay ay sila ang unang saksi at testigo sa kung anumang pagkatao ang meron ang isang tao.

Dumating ang isang lalaki sa Propeta ﷺ, at siya'y nagtanong; "O Sugo ng Allah, paano ko malalaman na kapag gumawa ako ng isang mabuting bagay ay mabuting bagay nga ito, at kapag gumawa ako ng masamang bagay ay masama nga ito? At sagot ng Propeta sa kanya:

إذا قال جيرانك: قد أحسنت، فقد أحسنت، وإذا قالوا: إنك قد أسأت فقد أسأت"

"Kapag sabihin ng iyong mga kapitbahay na 'tunay na naging mabuti ka, tunay na naging mabuti ka'. At kapag kanilang sabihin: 'tunay na naging masama ka, tunay na naging masama ka'"

At sinabi rin ng Propeta Muhammad ﷺ, na ang mabuti o masamang pamumuhay dito sa mundo ay depende rin sa kung sino ang magiging kapitbahay ng isang tao. Kanyang sinabi sa isang Hadith:

"من سعادة ابن آدم ثلاثة، ومن شقوة ابن آدم ثلاثة، من سعادة ابن آدم: المرأة الصالحة، والمسكن الصالح، والمركب الصالح، ومن شقوة ابن آدم: المرأة السوء، والمسكن السوء، والمركب السوء"

"Kabilang sa kasiyahan ng anak ni Adan ay tatlo, at kabilang sa kabiguan/kalungkutan ng anak ni Adan ay tatlo. Kabilang sa kasiyahan ng anak ni Adan ay; Mabuting asawa, maayos na tirahan, at maayos na sasakyan. At kabilang

sa kabiguan/kalungkutan ng anak ni Adan ay; Masamang asawa, masamang tirahan, at masamang sasakyan”

At katunayan na ang isang tirahan ay hindi masusukat ang pagiging maganda o mabuti nito sa pisikal nitong anyo. Bagkus ito’y nakadepende sa kung sinu-sinong mga kapitbahay ang mga nakapaligid rito. Kaya naman, nararapat sa isang Muslim na kapag gusto niyang magpatayo o pumili ng isang bahay ay kanyang isaisip ang mga taong magiging kanyang kapitbahay, dahil nakasalalay rin sa kanila ang kanilang magiging pamumuhay sa bahay na iyon, mabuti man o masama. At sabi nga sa isang tula:

اطلب لنفسك جيراناً تجاورهم *** لا تصلح الدار حتى يصلح الجار

“Humanap ka para sa sarili mo ng kapitbahay na magiging kapitbahay mo, hindi magiging maayos ang pamamahay hanggat maayos ang kapitbahay”

At kung sa hindi inaasahan na ika’y sinubok, dahil sa pagiging masama o mapaminsala ng iyong kapitbahay, ay magtiis ka hanggang sa dumating sa’yo ang pasya o tulong ng Allah. Dahil katotohanan na ang mabuting pakikitungo sa kapitbahay ay ang pagtitiis mo sa kanyang kasamahan.

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, tratuhin ninyo ng mabuti ang inyong mga kapitbahay at huwag ninyo silang perwisyuhin. At alamin ninyo at tandaan ninyo na ang mga Salaf o ang mga mabubuting tao na nauna sa inyo ay nakapagbigay ng mabubuting halimbawa kung paano pakitunguhan ng mabuti ang kanilang mga kapitbahay.

Si Abu Bakr radiyallahu anhu ay siyang kumukuha ng gatas mula sa mga kambing ng kanyang kapitbahay para sa kanila. Ginagawa niya ito hanggang sa siya ay naging Khalifa, ngunit siya’y pinatigil ng mga tao upang hindi siya mapagod ng husto.

At si Abu Jahmin Al-'Adawi noong kanyang ibenta ang kanyang bahay sa halagang isandaang-libong Dirham ay kanyang sinabi, "At magkano niyo naman bibilhin ang pagiging kapitbahay ko kay Sa'eed bin Al-'Aas?" Sagot ng mga tao, "Bakit, nabibili ba ang iyong kapitbahay?" At sagot naman ni Abu Jahmin, "Ibalik ninyo sa akin ang (binili ninyong) bahay ko, at eto, kunin ninyo ang ibinayad ninyo. Dahil hindi ko iiwan ang pagiging magkapitbahay ko sa taong kapag nawala ako ay hahanapin niya ako, kapag makita niya ako ay sasalubongin niya ako, kapag wala ako sa aking bahay ay hindi niya ako pagsasalitaan ng masama, kapag nakita niya ako ay lalapit siya sa akin, kapag nagpatulong ako sa kanya ay tutulongan niya ako, at minsan pa ay kusa siyang tutulong sa akin, at kapag nalungkot ako ay papasayahin niya ako." At pagkatapos ay umabot ang mga salitang ito kay Sa'eed na kanyang kapitbahay at binigyan niya si Abu Jahmin ng isandaang-libong Dirham.

At si Imam Abdullah bin Al-Mubaarak naman ay may isang kapitbahay na Hudyo at gusto nitong ibenta ang kanyang bahay sa halagang dalawang-libong Dirham. Ngunit sinabi sa kanya, "Hindi aabot sa dalawan-libong Dirham ang halaga ng bahay mo!" At ang kanyang sagot, "Oo, tama kayo. Ngunit isang-libong Dirham para sa bahay, at isang-libong Dirham dahil kapitbahay ko si (Imam) Abdullah bin Al-Mubaarak." At nabalitaan ito ni Imam Abdullah at kanyang tinawag ang kapitbahay niyang hudyo, at binigyan siya ng halaga ng kanyang bahay, at sinabihan siyang huwag ibenta ang kanyang bahay.

Mga alipin ng Allah, katotohanan na ang paggawa ng masasamang bagay sa kapitbahay ay isa sa mga masasamang ugali at asal na kailanman ay hindi nararapat na ugaliin ng isang Muslim. Habang ang pagpapahalaga sa kapitbahay at pagtrato sa kanila ng mabuti ay isa sa mga tanda ng pagiging kumpleto ng Imaan o paniniwala

ng isang Muslim. At katotohanan nga na tulad sa ibang Hadith, ay sinabi ng Propeta ﷺ:

"من كان يؤمن بالله واليوم الآخر فلا يؤذ جاره"

“Sinuman ang naniniwala sa Allah at sa kabilang buhay ay huwag niyang saktan ang kanyang kapitbahay”

At sa isang Hadith naman na naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na may isang lalaki ang pumunta sa Propeta Muhammad ﷺ na kanyang nirereklamo ang kanyang kapitbahay. Sinabi sa kanya ng Propeta na magtiis, ngunit bumalik ang lalaki na nagrereklamo pa rin hanggang umabot sa dalawang beses o tatlo. At doon ay sinabi ng Propeta ﷺ sa lalaking nagrereklamo na itapon niya ang kanyang mga gamit sa daan, at ginawa nga ito ng lalaki. Kalaunan ay tinanong ng mga tao ang lalaki kung bakit niya tinapon ang kanyang mga gamit sa daan, at kinuwento niya sa kanila ang nangyari. Kaya, nagsimulang pagsusumpain at pagsabihan ng mga tao ng masasamang salita ang kapitbahay ng lalaking iyon. Hanggang sa ang kapitbahay ng lalaki ay pumunta sa kanya at sinabi sa kanya na bumalik na sa kanyang bahay at ititigil na niya ang pananakit at pamimirwesyo sa kanya.

At sa ibang Hadith naman ay lubos na nagbabala ang Propeta Muhammad ﷺ sa mga taong kanilang napeperwisyo ang kanilang mga kapitbahay. Sinabi ng Propeta ﷺ:

"والله لا يؤمن، والله لا يؤمن، والله لا يؤمن"

“Sumpa sa Allah, siya’y hindi nananampalataya! siya’y hindi nananampalataya! siya’y hindi nananampalataya!”

“Sino, O sugo ng Allah?” tanong sa Propeta. At kanyang sagot:

"الذي لا يأمن جاره بوائقه"

“Siyang hindi ligtas ang kanyang kapitbahay mula sa kanyang kasamaan”

Kaya katakutan mo ang Allah, O ikaw na Muslim, sa pamamagitan ng pag-iwas mo na makasama sa iyong kapitbahay. At paalalahanan mo rin ang iyong asawa at mga anak na iwasang magawa ito. Iwasan ninyong makasama o makapanakit ng inyong kapitbahay gamit ang inyong salita o gawa. At huwag na huwag ninyong samantalahin ang pagiging mahina o mahirap ng inyong mga kapitbahay, dahil katotohanan na ang Allah na lubos na may kakayanan sa lahat ng bagay, ay baka sakaling iganti sila sa mga gumagawa ng masasama at nang-aalipusta sa kanila.



Ang Karapatan Ng Kabataan

الخطبة الأولى:

Mga nanampalataya sa Allah, sila ang unang lakas ng pamayanang Muslim at alinmang pamayanan sa mundo. Sa kanilang determinasyon, sa kanilang pag-uugali at sa kanilang mga sakripisyo nakasalalay ang pag-angat at pagbangon ng isang nasyon. Sa kanila makikita kung nasa wasto o nasa balanse ba ang katayuan ng isang pamayanan. Sa kanilang mga balikat maitatayo ang isang bansa at lalago ang isang kabihasan. Sa pamamagitan nila ay matatalo ang kamalian at kasamaan, at mananalò ang katotohanan at kabutihan, mabubunot ang mapaminsalang tinik at maitatanim ang butil ng kaginhawaan.

Sila ang pinagmumulan ng mga ideya at sila ang gumagawa ng pagbabago. Maglalahò ang lahat ng problema kapag kanila itong sinolusyunan, at darami at lalakas ang mga mahihina kapag kanila silang tinulungan.

Sa kanila nakasalalay ang pagtatagumpay ng isang bagay. Dahil katotohanan na anumang bagay ay mapagtatagumpayan kapag malakas ang paniniwala nila rito, taos-puso sila sa paggawa nito, lumalim ang pagkagusto nila rito at kapag matindi ang paghahanda nila para rito. Pagtatagumpayan nila ang isang bagay dahil gagawin nila ito ng mahusay at isasakripisyo nila ang dapat na isakripisyo.

Sino ba sila? Katotohanang sila ang Kabataan.

Simula pa noong mga unang panahon hanggang sa ngayon ay katunayang sila na ang naging dahilan ng pag-bangon ng isang nasyon. Sila ang naging lakas at kapangyarihan, at sila ang nagdala at nagwagayway ng bandera ng kanilang nasyon.

﴿إِنَّهُمْ فَتْيَةٌ ءَامَنُوا بِرَبِّهِمْ وَزِدَّكَهُمْ هُدًى﴾ [الكهف:13]

“Aming isalaysay sa iyo (O Muhammad) ang kanilang kasaysayan nang makatotohanan. Tunay nga na sila ay mga kabataang na naniniwala sa kanilang Panginoon, at sila ay Aming dinagdagan sa patnubay.”

Mga alipin ng Allah, ang haligi ng bawat nasyon ay ang kanilang kabataan. Na kapag mabuti ang kanilang mga kabataan ay mabuti rin ang pagtayo ng kanilang nasyon. At kung sira o masama sila ay masama rin ang pagtayo ng kanilang nasyon. At kung tingnan natin ang unang Islamikong nasyon na naitayo ay makikita natin ng malinaw ang epekto ng mga kabataan nito sa matayog na pagtayo nito at ang pagpapakumbaba ng mundo sa nasyong ito.

Dahil kung pagtutuunan nga natin ng pansin ang Islamikong pamayanan sa panahon ng Propeta Muhammad ﷺ ay makikita natin na ang mga kabataan nito ay sila yaong mga mananampalataya, sila yaong mga Mujaahidun o nakikibaka, sila yaong mga Ulama o mga Iskolar, sila yaong mga Da'ey o nanghihikayat sa landas ng Islam, at sila ay matatagpuan sa lahat ng antas ng pamumuhay. Dahil nalalaman nila kung paano tratuhin o tingnan ang pamumuhay rito sa mundo ng tama at wasto. Ginagawa nila ang nararapat at dinadala nila ang mga pasanin para sa ikabubuti ng kanilang nasyon.

Kayong mga nanampalataya, katotohanan nga na ang kabataan sa lahat ng panahon at lugar ay ang haligi ng isang nasyon. Sila ang dahilan ng pag-usbong nito, sila ang nagdadala ng mga bandila nito, at sila rin ang nangunguna sa pagtatanggol nito.

At katotohanan na ang Islam ay hindi naging kilala ng sangkatauhan, hindi lumawak ang mga nasasakupan nito, at hindi rin umabot sa buong mundo ang mensahe nito, maliban na ito ay nangyari sa mga kamay ng grupo ng mga kabataan na nadisiplina, natuto, at nakapagtapos sa paaralan ng Propeta Muhammad ﷺ.

Sila ang kabataan ng unang Islamikong pamayanan na nagdala ng bandila ng Da'wah para sa Allah. Kanilang itinaas ang banal na watawat ng Islam. Kaya naman sa kanila iginawad ng Allah ang pinakamatagumpay na pagkapanalo at ang pagtatayo ng matatag ng Islamikong bansa.

“Ang Allah ay nag-iisa at dakila”, ito ang kanilang pinanghahawakan at pinaniniwalaan mula noon hanggang sa ngayon. At walang kabataan ang gagawa nito at manghihikayat nito maliban na magkaroon siya ng tama at wastong kaalaman patungkol sa Islam, patungkol sa pagda-Da'wah, at patungkol sa pakikipagkapwatao. Ang isang kabataan ay dapat na matutunan ang tatlong ito ng sama-sama bago niya magampanan ang kanyang tunay na tungkulin.

Tayong mga Muslim, kung gusto nating lumago at umunlad ang Ummah o ang ating nasyon sa lahat ng larangan ay magsimula tayo sa ating kabataan. Dahil katotohanang sila ang makakapitan natin sa ngayon at sila ang ating kinabukasan. Manggagaling sa kanila ang isang magiging pinuno, isang magiging huwes, magiging ambassador, magiging guro o trabahador, doktor o inhenyero, o magiging Iskolar.

Kaya naman, ang pagdidisiplina at pagtuturo at pangangalaga sa kabataan ay hindi madali at basta-basta. Nangangailangan ito ng matinding pagbabantay at paggabay sa kanila ng kanilang mga magulang at mangangaral. At kasama sa mga Waajib o nararapat ay ang maagang paggabay at pagdidisiplina sa kanila ng kanilang mga magulang habang sila ay bata pa. At ito'y dapat na magtuloy-tuloy hanggang sa

maabot ng bata ang wastong edad at hanggang sa siya ay magkaroon ng wasto at tamang pag-iisip at pagkikilos.

Mga kapatid sa Islam, at kung maligaw ang mga kabataan at malayo sila sa tamang landas, ay katunayang masisira at babagsak ang isang nasyon. At pagkatapos ay magiging biktima sila ng ibang mga nasyon na ang nais ay ang pagkawasak at paglaho ng iba, o ang pagkatalo ng Ummah o ng Islam. At sinuman ang pansinin niya ang kalagayan ng mga kabataang Muslim ngayon ay tiyak na luluha ang kanyang mga mata, madudurog ang kanyang puso at manghihina ang kanyang mga binti. Dahil katotohanan na ang oras o panahon ay sinasayang ngayon ng kabataan maliban sa mga nagabayan ng Allah. Marami ang nagpupuyat sa gabi at natutulog ng mahimbing sa umaga. Marami ang nalulong sa mga ipinagbabawal at nakakasamang droga o bisyo. Marami ang naninigarilyo, umiinom ng alak, nagsusugal, naglalakwatsya, nakikipaglaro sa apoy, at dahil dito'y naiwan nila ang pagtatayo ng mga Salah at iba pang importanteng mga pagsamba. Wala sila sa kanilang mga pamamahay, sa mga Masjid, o sa mga paaralan dahil sila ay pumupunta at tumatambay sa mga lugar na laganap ang Fitnah, at kung saan malaya silang gumawa ng kanilang sariling pagnanasa.

At hanggang sa sila ay mahuli at mabilanggo, hindi ng mga pulis, bagkus ng mga kalaban ng Islam. At hindi nahuli ang kanilang katawan bagkus ang kanilang mga pag-iisip at mga puso. Makikita mo sila na ginagaya ang mga Kuffar sa kanilang pananamit, pananalita, at pag-iisip. Na kung ang mga Kuffar ay papasok sa isang maliit at masikip na lungga ay papasok din sila kasama nila. Makikita mo sila na kumakanta, sumasayaw, at gumagawa ng mga anumang bagay na malayo sa katuruan ng Islam, at mga bagay na ang gumagawa lang ay mga wala sa matinong pag-iisip.

At kung ganito ang mangyari, na ang mga kabataan ng Islam ay malunod sa kanilang mga luho at pagnanasa, at sila ay malunod sa mga masasama at makamundong bagay, ay sino pa ang mag-aahon sa kanila? Sino ang magpapatayo, tutulong at magtatanggol sa relihiyong ito?

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِن تَصُورُوا اللَّهَ يَضُرُّكُمْ وَتَبَيَّنْتَ أَفْدَامَكُمْ﴾ [محمد: 7]

“O kayong mga naniwala, kung kayo ay makikipagtulongan sa (landas ng) Allah, kayo ay Kanyang tutulongan (laban sa inyong mga kaaway), at gagawing matatag ang inyong mga paa (o kinatatayuan).”

Kung lunod sa kanilang mga sariling interes at pagnanasa ang mga kabataan, ay sinong magliligtas sa ibang mga kabataang muslim na nasa mga kamay ng mga

hudyo at kristiyano? Sino ang magtatanggol sa mga naulilang mga kabataang Muslim na inagaw ang kanilang lupa?

Sino ang magpapalaya sa Masjid Al-Aqsa sa Jerusalem, Palestine, mula sa mga kamay ng mga Hudyo?

Mga kapatid sa Islam, katotohanan na ang pinakamaliwanag na dahilan kung bakit naliligaw ng landas ang isang kabataan ngayon ay dahil sa kanyang ama. Ilan nga sa mga ama ngayon ang dahilan ng pagkasira ng kanyang anak, alam niya man o hindi.

Dahil katotohanan na sinumang tatay ang pabayaang niya ang kanyang anak ng ito ay bata pa ay tiyak na magiging suwail at matigas ang ulo maliban sa sinumang iligtas ng Allah. Kaya naman, nararapat na magabayan at madisiplina ang isang bata simula sa kanyang murang edad. At kapag umabot na siya sa katamtamang gulang ay dadagdagan pa ang paggabay at pagdisiplina sa kanya. At ng sagayon ay magkaroon sa kanya ang balanseng pag-iintindi sa mga katuruan ng Islam.

At nararapat sa tatay na magsumikap ring hanapan ng mabubuting makakasama o mga kaibigan ang kanyang anak, ng sagayon ay maitanim sa kanya ang kahalagahan ng paggawa ng mabubuting bagay at pagpapahalaga sa bawat oras at panahon.

Mga mahal naming ama, huwag ninyong pababayaang ang inyong mga anak. Dahil ang kabutihan at pagiging maayos ng inyong mga anak ay magdudulot rin ng pagiging mabuti at maayos ng inyong bahay at ng inyong pamayanan. At katotohanan na sila ang magbibigay sa inyo ng kabutihan kapag kayo'y pumanaw na.

Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"إذا مات الإنسان انقطع عمله إلا من ثلاث: صدقة جارية، أو علم ينتفع به، أو ولد صالح يدعو له"

"Kapag namatay ang isang tao ay mapuputol lahat ng kanyang mga gawa, maliban sa tatlo; kawang-gawa na nagpapatuloy, kaalaman na napapakinabangan, at mabuting anak na mananalangin sa kanya."

الخطبة الثانية:

Mga kapatid sa Islam, katunayan na isa sa mga dahilan ng pagbalik ng mga kabataan sa tuwid at tamang landas ay ang pagtuturo sa kanila ng Qur'an at Sunnah. Ang pagpapaintindi sa kanila ng tamang mga katuruan at idolohiya. Ito ay magagawa sa pamamagitan ng mga pagtitipon para mag-aral, seminaryo o iba pa, upang maipahatid at maituro sa kanila kung ano ang tama, at mapagbawalan sila sa mga mali at makakasirang bagay.

Ipaalala rin natin sa kanila, ang mga kabataang lalaki at babae, na saksi ang kasaysayan at mundo sa kanilang mga mabuting nagawa. Ipaalala natin sa kanila na kahit sinumang kabataan ay pwedeng makapag-iwan ng mabuting legasiya dito sa mundo para magaya ng iba pang kabataan. Ipaalala at banggitin natin sa kanila ang mga kabataang ito na pwede nilang maging inspirasyon at ehemplo.

Una; isang dalaga na lumaki sa pagsasamba sa Allah.

Siya si Maryam na anak ni Imraan. Siya ay nabanggit sa Qur'an na palasamba at nagpapatotoo sa mga salita ng kanyang Panginoon. Kaya naman, nakuha niya ang karangalan ng Allah dahil sa kanyang pamamalagi sa bahay (Masjid) ng Allah. Siya ay palaging nag-aalay ng Salah o pagdarasal sa Masjid, at kanya rin itong iniingatan at pinapangalagaan. At dahil dito, siya ay makakasama sa pitong uri ng mga tao na makakasilong sa lilim ng Allah sa araw ng paghuhukom.

Naiulat ni Abu Hurairah radiyallahu anhu na sinabi ng Propeta ﷺ:

"سبعة يُظْلَمُ اللَّهُ فِي ظِلِّهِ، يَوْمَ لَا ظِلَّ إِلَّا ظِلُّهُ: الإمام العادل، وشاب نشأ في عبادة ربه.."

"Pito na makakasilong sa silong ng Allah sa araw na walang masisilungan maliban sa kanyang lilim; Makatarungang Imaam, at kabataan na lumaki sa pagsamba sa Allah..."

Pangalawa; isang dalaga na inialay ang kanyang sarili sa Allah.

Siya si Asmaa na anak ni Abu Bakr. Siya ay napaka-importanteng karakter nang nag-Hijra ang Propeta ﷺ kasama si Abu Bakr mula Makkah tungong Madinah. Siya ang nagdadala ng mga pagkain para sa Propeta ﷺ at sa kanyang ama, habang siya ay naglalakad sa ilalim ng init ng araw, tinatahak niya ang nakakatakot na daan, at habang may nakaambang panganib mula sa mga kalaban. Kanya itong ginagawa para sa Allah kahit anuman ang mangyari sa kanya. Kanyang inialay ang kanyang sarili para sa Allah at para maprotektahan ang Islam noong mag-Hijra ang kanyang tatay kasama ang Propeta ﷺ.

Pangtalo; mga kabataan na nag-Hijra o nagpakalayo dahil sa kanilang Imaan o paniniwala.

Sila ang mga kabataan na nabanggit sa Surah Al-Kahf. Sila ang mga kabataan na lumayo mula sa kasamaan ng kanilang hari. Kaya naman, noong ginabayan sila ng Allah tungo sa Islam, ay ginusto ng Hari na subukin ang kanilang Imaan o paniniwala, o patayin sila o parusahan sila ng matinding parusa. At dahil dito, nag-Hijra o lumayo

ang mga kabataan na ito hanggang sa mapunta sila sa isang kuweba. Kanilang iniwan ang kanilang mga pamilya at mga tahanan para sa Allah. Kanila ring iniwan ang mga makamundong bagay na pinamumunuan ng kanilang masamang Hari. At katotohanan nga na sila ay pinuri ng Allah sa Qur'an,

﴿إِنَّهُمْ فِتْيَةٌ آمَنُوا بِرَبِّهِمْ وَزِدَّكَهُمْ هُدًى﴾ [الكهف:13]

“Aming isalaysay sa iyo (O Muhammad) ang kanilang kasaysayan nang makatotohanan. Tunay nga na sila ay mga kabataang (lalaki) na naniniwala sa kanilang Panginoon, at sila ay Aming dinagdagan sa patnubay.”

Pang-apat; isang binata na inipon ang Mus'haf.

Siya si Zaid Bn Thaabit radiyallahu anhu. Kanyang inipon ang Mushaf (ang Qur'an) dahil sa utos ng Khalifa na si Abu Bakr radiyallahu anhu, at siya noon ay binata pa lamang. Sinabi sa kanya ni Abu Bakr radiyallahu anhu,

"إِنَّكَ رَجُلٌ شَابٌّ عَاقِلٌ وَلَا نَتَّهِمُكَ، كُنْتَ تَكْتُبُ الْوَحْيَ لِرَسُولِ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-، فَتَتَّبِعِ الْقُرْآنَ فَاجْمَعُهُ"

"Katotohanang ikaw ay isang binatang lalaking may pag-iisip at hindi kami naghihinala sa iyo. Ikaw ay nagsusulat ng rebelasyon sa Propeta ﷺ kaya't iyong hanapin at ipunin ito."

Maiintindihan natin sa sinabi ni Abu Bakr radiyallahu anhu na ang binatang si Zaid ay gumana ng isang napakaimportanteng bagay noong nabubuhay pa ang Propeta ﷺ. Si Zaid ay mayroong natatanging lakas at talino, siya ay matatakutin sa Allah at makatarungan, kaya naman, pinili siya ni Abu Bakr sa isang mahalagang misyon. At dahil sa kanyang misyon na pag-ipon ng Mushaf ay nakaukit na sa kasaysayan ng Islam ang kanyang pangalan dahil sa nagawa niyang napakaimportanteng kontribusyon.

Panglima; binatang kumander na namumuno ng isang kasundaluan.

Siya si Usaamah Bn Zaid radiyallahu anhu, na itinalaga ng Propeta ﷺ na maging kumander ng kasundaluan ng mga Muslim laban sa pwersa ng Roma. Siya ang naging kumander ng mga nakakatanda sa kanyang mga Sahaba.

At pang-anim; ang unang ambasadador sa Madinah.

Siya si Mus'ab Bn 'Umayr radiyallahu anhu. Ang kauna-unahang ambasadador ng Islam. Siya ay naging ambasadador at tagapagturo ng Islam sa Madinah noong siya ay binata pa.

O kayong mga Muslim, nararapat sa atin na tulungan at gabayan ang ating mga kabataan. Dahil katotohanan na sila ngayon ay namumuhay sa panahon na punong-puno ng Fitnah o pagsubok. At sila rin ay sinisikap nilang kontrolin ang kanilang mga sarili, at sila ay nakikipagbuno sa mga bulong ng Shaitan. Kaya naman, dapat na tulungan natin sila at gabayan sa tama, wasto, at mahinahong paraan. At dapat na maging masipag, matiyaga, at taos-puso tayo sa pagtulong sa kanila upang sila ay maituwid o mapunta sa tuwid na landas.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ﴾ [التحریم: 6]

“O kayong mga naniwala, inyong iligtas ang inyong mga sarili at ang inyong mga mag-anak laban sa Apoy (ng impyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato.”

At kayo naman, mga kabataan, hanggang kailan kayo mananatili sa mga bakanteng oras ninyo at pagpupuyat, sa inyong pagkaligaw at pagkasira, sa inyong pagkamangha sa inyong mga sarili, sa pagsuway niyo sa inyong mga magulang, sa pag-iwan niyo ng mga Salah, sa pagsasayang niyo ng pera, sa paggaya niyo sa mga Kuffaar, sa pagsama niyo sa mga masasamang tao, sa inyong pagsisinungaling, sa inyong panlilibak, sa inyong pagmumura, sa inyong pagiging bading at tumboy, sa inyong panonood ng pornograpiya, sa inyong pagkakanta, sa inyong pagsasayaw, sa inyong pagpapalunod sa mga makamundong bagay, hanggang kailan? Hanggang kailan o kayong kabataan?

Magbalik-loob kayo sa Allah habang hindi pa huli ang lahat. Samantalahin at gamitin ninyo ang inyong mga lakas sa mga bagay na nagugustuhan ng Allah habang di pa kayo nanghihina. Dahil katotohanan na kayo ay tatanungin sa huling araw kung saan ninyo ginamit ang inyong lakas ngayong kayo ay mga bata pa.

﴿قَوْمًا لَّنَسْأَلَنَّهُمْ أَجْمَعِينَ﴾ ﴿عَمَّا كَانُوا يَعْمَلُونَ﴾ [الحجر: 92-93]

“At sumpa ko sa Allah, na silang lahat ay aming tatanungin. Kung saan at ano ang kanilang mga pinag-gagagawa.”

مست

TALAN NG NILALAMAN:

Panimula	5
Ang Tawheed Arrububiyyah	9
Ang Tawheed Al-Uluhiyyah	17
Ang Kaisahan Ng Allah Sa Kanyang Mga Pangalan At Katangian	26
Ang Tunay Na Konsepto Hinggil Sa Pagsaksi Na	37
Si Muhammad ﷺ Ay Sugo Ng Allah ﷻ	37
Ang Paniniwala sa Allah ﷻ	44
Ang Paniniwala sa mga Anghel	53
Ang Paniniwala sa mga Kasulatan	60
Ang Paniniwala sa mga Propeta	68
Ang Paniniwala sa Huling Araw	75
Ang Paniniwala Sa Qadr	81
Ang Panganib Ng Pag-Takfir	91
Ang Paniniwala Ng Ahlus-Sunnah Patungkol Sa Mga Sahaba	100
Ang Kaigihan Ng Pananaliksik Ng Kaalaman	110
Ang Kaigihan Ng Mga Ulama	117
Ang Kongregasyon Na Pagdarasal	125
Ang Araw Ng Biyernes	135
Ang Salah Ng Taong May 'Udhur	144
Ang Pamamaraan Ng Propeta ﷺ Sa Buwan Ng Pag-Aayuno	154
Ang Laylatul Qadr	166
Ang Mga Pinahihintulatang Huminto Sa Pag-Aayuno At Mga Alituntunin Ng Pagbabayad	173
Ang Tamang Pamamaraan Ng Diborsyo At Maling Pamamaraan Nito	181
Khutba ng Eid Al-adha	191
Khutba ng Eid Al-fitr	201
Pagdadakila Sa Mga Palatandaan Ng Allah At Mga Ginawa Niyang Sagrado	210
Ang Mga Gawain ng Puso, Mga Antas at Kahalgahan nito	223
Ang Lubos Na Pangangailangan Ng Tao Sa Allah	229
Ang Pagsunod Sa Sariling Pagnanasa	240

Mga Malalaking Palatandaan Ng Huling Araw	249
Mga Maliliit Na Palatandaan Ng Huling Araw	259
Ang Mabuting Salita	268
Ang Pag-Uugali Ng Propeta Muhammad ﷺ Tungo Sa Kanyang Mga Asawa	279
Ang Pagkubli Ng Kamalian	287
Ang Katapatan	296
Ang Pagsisinungaling	305
Ang Pagbaba Ng Paningin	314
Ang Inggit	322
Ang Kabutihan Ng Pagpapakain	333
Ang panlilibak	342
Ang Pagmamataas	352
Ang Pagkukunwari	363
Ang Pagpapakumbaba	374
Ang Hiya	385
Ang Pagpapatawad	397
Ang Kawalang-Katarungan	407
Ang Karapatan Ng Dalawang Magulang	418
Ang Karapatan Ng Mga Anak	427
Ang Karapatan Ng Asawang Lalaki	436
Ang Karapatan Ng Asawang Babae	447
Ang Karapatan Ng Kapitbahay	458
Ang Karapatan Ng Kabataan	466
TALAAN NG NILALAMAN:	474

Para sa karagdagan impormasyon o mungkahi ay
makipag-ugnayan lamang sa mga Social Media
Account ng LastMsg Project

Jazakumullah Khayran



lastmsg



@laastmsg
info@lastmsg.org

